# CALIFORNIA

# PANGKALAHATANG ELEKSIYON

## MARTES, NOBYEMBRE 4, 2008

## OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

*Sertipiko ng Katumpakan*

Ako, si Debra Bowen, Sekretarya ng Estado ng Estado ng California, sa pamamagitan nito ay nagpapatunay na ang mga panukalang-batas na kasama rito ay isusumite sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pangkalahatang Eleksiyon na gaganapin sa buong Estado sa Nobyembre 4, 2008, at ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas.

Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-11 araw ng Agosto, 2008.

Debra Bowen
*Sekretarya ng Estado*

# *Sekretarya ng Estado*

Mahal na Kapwa Botante:

Sa pagpaparehistro upang makaboto, gumawa ka ng unang hakbang sa pagganap ng isang aktibong papel sa pagpapasiya ng hinaharap ng California. Ngayon, upang tulungan ka na gawin ang iyong mga desisyon, ginawa ng aking opisina itong Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na nagtataglay ng mga titulo at buod na inihanda ni Pangkalahatang Abugado Edmund G. Brown Jr., walang-pinapanigang pagsusuri ng batas at maaaring maging mga gastos ng mga nagbabayad ng buwis na inihanda ni Pambatasang Manunuri Elizabeth G. Hill, mga pangangatwirang panig at laban sa mga panukalang-batas sa balota na inihanda ng mga tagapagtaguyod at kalaban, teksto ng mga iminumungkahing batas na binasa para sa katumpakan ni Pambatasang Abugada Diane F. Boyer-Vine, at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon. Ang paglilimbag ng patnubay na ito ay ginawa sa ilalim ng pangangasiwa ni Tagalimbag ng Estado Geoff Brandt.

Sa Nobyembre 4, 2008, magkakaroon tayo ng pagkakataon na tumulong na piliin ang susunod na presidente ng ating bansa, gayon din ang mga kinatawang pangkongreso at pambatasan ng estado. Magpapasiya rin tayo sa maraming panukalang-batas na inilagay sa balota ng mga mambabatas at miyembro ng publiko. Sa ilang komunidad, ang mga kandidato sa lokal na pamahalaan at mga panukalang-batas sa balota ay ilalagay rin sa balota.

Ang pagboto ay madali, at sinumang nakarehistrong botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o sa isang lugar ng botohan. Ang huling araw upang humiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay Oktubre 28.

Maraming iba pang paraan upang lumahok sa proseso ng halalan. Ikaw ay maaaring:

- Maging isang manggagawa sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksiyon, tutulong na gawing mas madali ang pagboto para sa lahat ng karapat-dapat na botante;
- Ikalat ang salita tungkol sa mga huling araw ng pagpaparehistro ng botante at mga karapatan sa pagboto sa pamamagitan ng mga email, tawag sa telepono, polyeto, at mga paskil; at
- Tumulong na edukahan ang ibang mga botante tungkol sa mga kandidato at isyu sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga grupong tumatalakay o paglahok sa mga pakikipagtalakayan sa mga kaibigan, pamilya, at mga lider ng komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano at saan boboto, at ang iba pang mga paraan na makakalahok kayo sa proseso ng halalan, tumawag sa 1-800-339-2957 o bisitahin ang *www.sos.ca.gov.*

Isang magandang pribilehiyo sa isang demokrasya na magkaroon ng mapipili at ng karapatan na isatinig ang iyong opinyon. Ipinatatala mo man ang iyong balota sa isang lugar ng botohan o sa isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, hinihimok kita na mag-ukol ng panahon upang basahing mabuti ang tungkol sa iyong mga karapatan sa pagboto at ang bawat panukalang-batas sa balota sa patnubay na impormasyon na ito.

Salamat sa pagiging seryoso mo sa iyong sibikong responsibilidad at pagpaparinig ng iyong tinig!

# MGA NILALAMAN

PAHINA


**MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY** 6

**MGA PROPOSISYON**

**1** Mga bono para sa mabilis na riles. Pambatasang inisyatibong susog. ....... 12
**2** Mga pamantayan para sa pagkulong sa mga hayop sa bukid. Inisyatibong batas. ....... 16
**3** Batas sa bono para sa ospital ng mga bata. Programang gawad. Inisyatibong batas. ....... 20
**4** Panahon ng paghihintay at paunawa sa magulang bago ang pagtatapos ng pagbubuntis ng menor. Inisyatibong susog sa saligang-batas. ....... 24
**5** Mga di-marahas na pagkakasala na kaugnay ng droga. Pagsentensiya, parol at rehabilitasyon. Inisyatibong batas. ....... 30
**6** Pagpopondo sa pulisya at pagpapatupad ng batas. Mga parusang pangkrimen at batas. Inisyatibong batas. ....... 40
**7** Paglikha ng nababagong enerhiya. Inisyatibong batas. ....... 46
**8** Nag-aalis ng karapatan ng mga magkapareho ang kasarian na magpakasal. Inisyatibong susog sa saligang-batas. ....... 54
**9** Sistema ng hustisyang pangkrimen. Mga karapatan ng mga biktima. Parol. Inisyatibong susog sa saligang-batas at batas. ....... 58
**10** Mga sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong at nababagong enerhiya. Mga bono. Inisyatibong batas. ....... 64
**11** Pagbabago ng distrito. Inisyatibong susog sa saligang-batas at batas. ....... 70
**12** Batas sa bono ng 2008 para sa mga beterano. ....... 74

**ISANG PANGKALAHATANG-TANAW SA UTANG SA BONO NG ESTADO** 78

**TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS** 80

**BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE** 143

**MGA PAHINA NG IMPORMASYON**

Saan Boboto ....... 4
Impormasyon Tungkol sa Pansamantalang Balota ....... 4
Mga Pang-estado at Pederal na Iniaatas na Pagkakakilanlan ng Botante ....... 4
Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ....... 4
Impormasyon Tungkol sa Pahayag ng Kandidato sa Pagka-Presidente ng Estados Unidos ....... 5
Impormasyon Tungkol sa Pahayag ng Pambatasang Kandidato ....... 5
Suplementong Impormasyon Para sa Botante ....... 5
Mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na Nasa Malalaking Letra at Audio ....... 142
Maglingkod Bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan ....... 142
Impormasyon Tungkol sa Pagpaparehistro ng Botante ....... 142


**BISITAHIN ANG WEBSITE NG SEKRETARYA NG ESTADO UPANG:**

- Tingnan ang impormasyon sa mga pambuong-estadong panukalang-batas sa *www.voterguide.sos.ca.gov*
- Magsaliksik tungkol sa mga kontribusyon sa kampanya at mga aktibidad na paglolobi *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign*
- Hanapin ang iyong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksiyon sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_ppl.htm*
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_m.htm*
- Manood ng aktuwal na mga resulta ng eleksiyon sa Araw ng Eleksiyon sa *http://vote.sos.ca.gov*

## Saan Boboto

Kapag natanggap mo sa koreo ang buklet ng halimbawang balota ng inyong county ilang linggo bago ang Araw ng Eleksiyon, tingnan ang iyong lugar ng botohan sa panlikod na pabalat ng buklet. Kung hindi mo natanggap ang iyong buklet ng halimbawang balota, makipag-ugnayan sa opisina sa mga eleksiyon ng inyong county. Maaari mong malaman ang iyong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pagtawag sa walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957 o sa pamamagitan ng pagbisita sa *www.sos.ca.gov.*

Ang buklet ng halimbawang balota ay may kasama ring mga tagubilin kung paano nakakaboto nang pribado at independiyente ang mga botanteng may mga kapansanan at ipapakita ang Pandaigdig na Simbolo ng Kakayahang Magamit kung ang iyong lugar ng botohan ay madaling mapupuntahan ng mga botanteng may kapansanan.

## Mga Pansamantalang Balota

Ang mga pansamantalang balota ay mga balotang binotohan ng mga botante na:

- Naniniwala na sila ay nakarehistro upang makaboto kahit na ang kanilang mga pangalan ay hindi lumitaw sa opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante;
- Naniniwala na ang opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante ay hindi wastong naglilista sa kanilang kinasasapiang partidong pampulitika; o
- Bumoboto sa pamamagitan ng koreo pero hindi matagpuan ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at gustong bumoto sa isang lugar ng botohan.

Lahat ng balidong pansamantalang balota na sa pasiya ng mga opisyal sa mga eleksiyon ng county ay binotohan ng mga karapat-dapat na botante ay binibilang at isinasama sa mga opisyal na resulta ng eleksiyon. Ang mga opisyal sa eleksiyon ay may 28 araw upang kumpletuhin ang prosesong ito, tinatawag na panahon ng "opisyal na kambas," at dapat iulat ang mga resulta sa Sekretarya ng Estado 35 araw pagkaraan ng petsa ng eleksiyon.

## Mga Pang-estado at Pederal na Iniaatas na Pagkakakilanlan ng Botante

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga botante ay hindi inaatasan na ipakita ang pagkakakilanlan bago nila iboto ang kanilang balota. Kung ikaw ay bumoboto sa unang pagkakataon pagkatapos magparehistro sa pamamagitan ng koreo at hindi ibinigay ang numero ng iyong lisensiya sa pagmamaneho, numero ng pagkakakilanlan o identipikasyon sa California, o ang huling apat na numero ng iyong numero ng seguridad sosyal sa kard ng pagpaparehistro, maaaring hingin sa iyo na ipakita ang isang anyo ng pagkakakilanlan kapag pumunta ka sa presinto. Tiyakin na magdadala ka ng pagkakakilanlan sa lugar ng botohan o isama ang isang kopya nito sa iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Para sa isang listahan ng higit sa 30 tinatanggap na anyo ng pagkakakilanlan, makipag-ugnayan sa opisina sa mga eleksiyon ng inyong county o bisitahin ang website ng Sekretarya ng Estado at hanapin ang "HAVA ID Regulations" sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_regs.htm.*

## Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Maaari mong ibalik ang iyong binotohang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng:

1. Pagpapakoreo nito sa inyong opisyal ng county sa mga eleksiyon;
2. Pagbabalik nito nang personal sa isang lugar ng botohan o opisina sa mga eleksiyon sa loob ng inyong county sa Araw ng Eleksiyon; o
3. Pagpapahintulot sa isang legal na mapahihintulutang ikatlong partido (asawa, anak, magulang, lolo o lola, apo, kapatid, o isang taong kasama mo sa bahay) na ibalik ang balota para sa iyo sa alinmang lugar ng botohan o opisina sa mga eleksiyon sa loob ng inyong county sa Araw ng Eleksiyon.

Sa anumang kaso, ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo <u>ay dapat matanggap</u> bago magsara ang mga lugar ng botohan sa ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksiyon. Ang nahuling-dumating na mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi isasama sa pagbilang.

Lahat ng balidong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo na ipinasiya ng mga opisyal sa mga eleksiyon ng county ay binotohan ng mga karapat-dapat na botante ay binibilang at isinasama sa mga opisyal na resulta ng eleksiyon. Ang mga opisyal sa eleksiyon ay may 28 araw upang kumpletuhin ang prosesong ito, tinatawag na "opisyal na kambas," at dapat iulat ang mga resulta sa Sekretarya ng Estado 35 araw pagkaraan ng petsa ng eleksiyon.

## Mga Pahayag ng Kandidato sa Pagka-Presidente ng Estados Unidos

Para sa impormasyon tungkol sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan ng Presidente ng Estados Unidos, mangyaring bisitahin ang website ng Sekretarya ng Estado sa *www.voterguide.sos.ca.gov* o tawagan ang walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957 para sa impormasyon na ipapakoreo sa iyo.

## Mga Pahayag ng Pambatasang Kandidato

Itong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ay sumasakop sa mga pambuong-estadong panukalang-batas sa balota. Ang bawat katungkulan sa Senado at Asembleya ng Estado ay may kaugnayan sa mga botante sa isa lamang o ilang county, kaya ang ilang pahayag ng kandidato ay maaaring makuha sa buklet ng halimbawang balota ng inyong county.

Ang Proposisyon 34, ipinasa ng mga botante noong Nobyembre 2000, ay nagtatag ng mga boluntaryong limitasyon sa paggasta para sa mga kandidato na tumatakbo para sa pambatasang katungkulan sa estado. Ang mga pambatasang kandidato na pumiling panatilihin ang kanilang mga gugulin sa kampanya na mas mababa kaysa mga partikular na dolyar na halagang ito ay maaaring bumili ng espasyo sa mga halimbawang balota ng county para sa isang 250-salitang pahayag ng kandidato.

Ang mga kandidatong boluntaryong pumili na limitahan ang kanilang paggasta sa mga kampanya para sa Senado ng Estado ay maaaring gumasta ng hindi hihigit sa $724,000 sa isang primaryang eleksiyon at $1,086,000 sa isang pangkalahatang eleksiyon. Ang mga kandidato sa asembleya ay maaaring gumasta ng hindi hihigit sa $483,000 sa isang primaryang eleksiyon at $845,000 sa isang pangkalahatang eleksiyon.

Upang tingnan ang isang listahan ng mga pambatasang kandidato na tumanggap ng mga limitasyon sa paggasta sa kampanya, mangyaring pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_cand_stat.htm.*

## Suplementong Impormasyon Para sa Botante

Itong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ay pangkasalukuyan sa petsa ng paglilimbag. Kung may karagdagang pambuong-estadong panukalang-batas na naging kuwalipikado para sa balota, ang isang suplementong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ay ihahanda at ipapakoreo sa iyo. Kung ikaw o isang kakilala mo ay hindi nakatanggap ng patnubay, maaari mong tingnan ang impormasyon sa *www.voterguide.sos.ca.gov* o humiling ng karagdagang kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957. Ang mga kopya ay makukuha rin sa lokal na aklatan at opisina sa mga eleksiyon ng inyong county. Ang mga kopya ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng estado at ang buklet ng halimbawang balota ng inyong county ay makukuha rin sa iyong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksiyon.

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## PROP 1 — MGA BONO PARA SA MABILIS NA RILES. PAMBATASANG INISYATIBONG SUSOG.

### BUOD

*Inilagay sa balota ng Lehislatura*

Ang batas na ito ay nagtatadhana ng Batas sa Bono Para sa Ligtas, Maaasahang Mabilis na Pampasaherong Tren para sa Ika-21 Siglo. Para sa layunin na bawasan ang trapiko sa mga haywey at daan, pagpapahusay ng transportasyon ng nagbibiyahe, pagpapabuti ng kakayahan ng mga tao na ligtas na makapunta sa mga lungsod, pagpapagaan ng pagsisikip sa mga paliparan, pagbawas ng pagdumi ng hangin, at pagkakaloob para sa lumalaking populasyon ng California, ang estado ba ay dapat magtayo ng sistema ng mabilis na tren at pabutihin ang mga kasalukuyang linya ng riles ng pasahero na naglilingkod sa mga pangunahing sentro ng populasyon ng estado sa pamamagitan ng paglikha ng isang ipinagkakatiwalang pondo sa riles na mag-iisyu ng mga bono na may kabuuang $9.95 bilyon, binabayaran mula sa mga kasalukuyang pondo ng estado sa pangkaraniwang halaga na anim na raan at apatnapu't-pitong milyong dolyar ($647 milyon) kada taon sa 30-taong buhay ng mga bono, na ang lahat ng gugulin ay napapailalim sa isang independiyenteng pagsusuri? Tama sa Pananalapi: Gastos ng estado na $19.4 bilyon sa higit sa 30 taon upang bayaran ang pareho ng prinsipal at interes ng mga bono. Ang mga pagbabayad ay magiging humigit-kumulang na $647 milyon kada taon. Hindi alam na mga gastos sa pagpapatakbo at pagpapanatili, malamang na higit sa $1 bilyon taun-taon; ang bahagi ay maibabalik ng mga pamasahe ng pasahero.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay maaaring magbenta ng $9.95 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono, upang planunin at pondohan ang bahagi ng konstruksiyon ng isang mabilis na sistema ng riles sa California, at upang gumawa ng mga kapital na pagpapabuti sa mga pang-estado at lokal na serbisyong riles.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi maaaring magbenta ng $9.95 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa mga layuning ito.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Ang sistema ng transportasyon ng California ay sira: napakataas na mga presyo ng gasolina, mga nagbabarang priwey, at mga paliparan. Ang mabilis na tren ay ang bagong mapipiling transportasyon na nagbabawas ng nakakulong na gas na nagdudulot ng pandaigdig na pag-init at pagkadepende sa langis ng ibang bansa. Ang mabibilis na tren ay mas mura kaysa pagtatayo ng mga bagong haywey, paliparan, at daanan ng eruplano upang matugunan ang paglaki ng populasyon nang walang MGA BAGONG BUWIS.

**LABAN** Ang pag-aaksayang ito na pampulitika ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng $19,200,000,000 sa prinsipal at interes. Kailangan natin ang perang iyon para sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, at kaligtasan ng publiko. Maaaring aksayahin ng mga burukrata ang bilyun-bilyon ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis bago tayo makakita ng isang pulgada ng daang-bakal. Sa panahon ng pinakamalaking krisis sa badyet ng California hindi natin makakayang gumasta ng bilyun-bilyon sa isang mahirap maabot na pangarap.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

Robert Pence
Californians For High Speed Trains – Yes on Proposition 1
455 Capitol Mall, Suite 801
Sacramento, CA 95814
(916) 551-2513
www.californiahighspeedtrains.com

**KONTRA**

Jon Coupal
Howard Jarvis Taxpayers Association
921 11th Street, Suite 1201
Sacramento, CA 95814
(916) 444-9950
info@hjta.org
www.hjta.org

## PROP 2 — MGA PAMANTAYAN PARA SA PAGKULONG SA MGA HAYOP SA BUKID. INISYATIBONG BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Nag-aatas na ang mga partikular na hayop sa bukid ay pahintulutan, para sa karamihan ng bawat araw, na lubos na unatin ang mga binti o pakpak ng mga ito, mahiga, tumayo at umikot. May mga limitadong eksepsiyon. Tama sa Pananalapi: Maaaring hindi alam na kabawasan sa mga kita sa pang-estado at lokal na buwis mula sa negosyong paghahayupan, na posibleng umabot ng maraming milyong dolyar taun-taon. Maaaring maliliit na gastos sa lokal at pang-estadong pagpapatupad at pag-uusig, ang bahagi ay maibabalik ng mas mataas na kita sa multa.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Simula sa 2015, ang batas ng estado ay magbabawal, nang may mga partikular na eksepsiyon, sa pagkulong sa isang bukid ng mga buntis na baboy, mga guyang inaalagaan para sa karne, at mga umiitlog na manok sa isang paraan na hindi nagpapahintulot sa mga ito na malayang umikot, humiga, tumayo, at lubos na unatin ang kanilang mga binti.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang batas ng estado ay hindi magtataglay ng mga pagbabawal na partikular na nauukol sa pagkulong sa mga buntis na baboy, guyang inaalagaan para sa karne, at mga umiitlog na manok.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** *OO sa Prop. 2* ay nagpoprotekta sa mga hayop, mamimili, mga magsasakang pamilya, at sa ating kapaligiran. Ang mga hayop ay nararapat sa makataong pagtrato. Ang pagkakait sa kanila ng espasyo upang umikot o unatin ang kanilang mga binti ay malupit at mali. Mga tagasuporta: Humane Society of the United States, California Veterinary Medical Association, Consumer Federation of America, Center for Food Safety. *www.YesOnProp2.org*.

**LABAN** Ang Proposisyon 2 ay labis na MAPANGANIB. Ang mga taga-California ay nagtatamasa ng mga ligtas, lokal, abot-kayang itlog. Ang isang pag-aaral ng UC Davis ay nagsabi na inaalis ng Proposisyon 2 ang produksiyon ng itlog sa California. Sa halip, ang ating mga itlog ay manggagaling sa labas ng estado at Mexico. Ang mga eksperto sa kalusugan ng publiko ay salungat sa Proposisyon 2 dahil ito ay NAGBABANTA ng karagdagang pagkahantad ng tao sa Salmonella at Trangkaso ng Ibon. Bumoto ng Hindi.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

Jennifer Fearing
Yes on Prop. 2 – Californians for Humane Farms
1700 L Street
Sacramento, CA 95814
(323) 896-1126
info@YesOnProp2.org
www.YesOnProp2.org

**KONTRA**

Californians for SAFE Food
P.O. Box 71541
Los Angeles, CA 90071
(213) 362-9539
www.safecaliforniafood.org

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## PROP 3

**BATAS SA BONO PARA SA OSPITAL NG MGA BATA. PROGRAMANG GAWAD. INISYATIBONG BATAS.**

### BUOD

***Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon***

Nag-aawtorisa ng $980,000,000 na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa konstruksiyon, pagpapalawak, pagbabago ng yari, pagkukumpuni, paglalagay ng mga muwebles at kagamitan ng mga ospital ng mga bata. Tama sa Pananalapi: Gastos ng estado na humigit-kumulang na $2 bilyon sa higit sa 30 taon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($980 milyon) at interes ($933 milyon) ng mga bono. Mga pagbabayad na humigit-kumulang na $64 milyon kada taon.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay maaaring magbenta ng $980 milyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa konstruksiyon, pagpapalawak, pagbabago ng yari, pagkukumpuni, paglalagay ng mga muwebles, paglalagay ng mga kagamitan, pagtustos, o muling pagtustos ng mga ospital ng mga bata.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi magbebenta ng $980 milyon na mga pangkalahatang obligasyong bono na iminungkahi para sa mga layuning ito.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Araw-araw, ang mga Ospital ng mga Bata sa California ay nagliligtas ng mga buhay. Mga batang may leukemia, kanser, cystic fibrosis, sakit sa puso, traumatikong pinsala. 80% ng may leukemia ay nakakaligtas. 90% ay dumaraan sa delikadong pag-opera ng puso. Ang Proposisyon 3 ay hindi nagtataas ng mga buwis. Ito ay nagbibigay sa mga may pinakamalubhang sakit sa California ng pagkakataon para sa mas mabuting buhay. Isipin ninyo iyon.

**LABAN** Naglilipat ng halos $2 Bilyon (prinsipal at interes) ng *inyong* dolyar ng buwis sa mga espesyal na interes na medikal na nagtataguyod ng bonong ito, habang ang Milyun-milyon mula sa isang katulad na Panukalang-batas ng 2004 ay nananatiling hindi nagagasta. "Ito'y para sa mga Bata" ang pang-akit nila. pero ang ating mga anak ang ibinabaon nila sa utang. Karagdagang utang na hindi makakaya ng mga taga-California. Bumoto ng Hindi.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

Charity Bracy
California Children's Hospital Association
1215 K Street, Suite 1930
Sacramento, CA 95814
(916) 552-7111
cbracy@ccha.org
www.imaginewithus.org

**KONTRA**

National Tax Limitation Committee
151 N. Sunrise Ave. #901
Roseville, CA 95661
(916) 786-9400
NTLC@Surewest.net
www.Limittaxes.org

## PROP 4

**PANAHON NG PAGHIHINTAY AT PAUNAWA SA MAGULANG BAGO ANG PAGTATAPOS NG PAGBUBUNTIS NG MENOR. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.**

### BUOD

***Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon***

Binabago ang Saligang-batas ng California, nagbabawal sa aborsiyon para sa di-pinalayang menor hanggang 48 oras pagkatapos bigyan ng paunawa ng doktor ang magulang, legal na tagapangalaga, o, sa mga limitadong kaso, panghaliling kamag-anak na may sapat na gulang ng menor. Nagtatadhana ng eksepsiyon para sa emerhensiyang medikal o pagtalikdan ng magulang. Tama sa Pananalapi: Maaaring hindi alam na netong mga gastos ng estado na maraming milyong dolyar taun-taon para sa mga pinagsamang programang pangkalusugan at panlipunan, pangangasiwa ng hukuman, at pangangasiwa ng ahensiyang pangkalusugan ng estado.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang Saligang-batas ng Estado ay papalitan upang mag-atas na ang isang doktor ay magbigay ng paunawa, na may mga partikular na eksepsiyon, sa isang magulang o legal na tagapangalaga ng isang buntis na menor nang hindi kukulangin sa 48 oras bago gawin ang isang aborsiyon.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga menor ay patuloy na tatanggap ng mga serbisyong aborsiyon na katulad ng natatanggap ng mga may sapat na gulang. Ang mga doktor na nagsasagawa ng mga aborsiyon sa mga menor ay hindi isasailalim sa mga iniaatas na paunawa.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Ang mga doktor, nars, guro, at TAGAPAGPATUPAD NG BATAS ay nag-eendorso sa Proposisyon 4—Batas ni Sarah. Ang mga batas sa pagbibigay ng paunawa sa tatlumpung ibang estado ay nagbabawas ng pagbubuntis ng tinedyer at mga sakit na sekswal na naililipat at nagpoprotekta sa mga kabataang babae upang hindi mabiktima ng mas matatandang lalaki. *PATIGILIN ANG MGA SEKSWAL NA MANINILA*. Samahan ang mga Abugado ng Distrito ng California na nagsasabi na *BUMOTO NG OO* sa Prop. 4.

**LABAN** Ang Prop. 4 ay mapanganib. Ang mga batas sa sapilitang pag-uulat ay hindi makakapilit sa mga natatakot, buntis na tinedyer na makipag-usap sa mga magulang, kundi maaaring pilitin silang pumunta sa mga tagong lugar, o sa mas masama, ang Prop. 4 ay hindi magpoprotekta sa mga tinedyer laban sa mga maninila. Ang Prop. 4 ay hindi magiging mabisa, nag-uudyok ng mga karagdagang habla, at inilalagay ang mga tinedyer sa panganib. Upang protektahan ang mga tinedyer, Bumoto ng HINDI. (www.NoonProposition4.org)

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

Friends of Sarah
YES on 4 / Child and Teen Safety and Stop Predator Act: Sarah's Law
1703 India Street
San Diego, CA 92101
(866) 828-8355
info@YESon4.net
www.YESon4.net

**KONTRA**

Campaign for Teen Safety
555 Capitol Mall, Suite 510
Sacramento, CA 95814
(916) 804-4456
www.NoonProposition4.org

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## PROP 5 — MGA DI-MARAHAS NA PAGKAKASALA NA KAUGNAY NG DROGA. PAGSENTENSIYA, PAROL AT REHABILITASYON. INISYATIBONG BATAS.

**BUOD** *Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Naglalaan ng $460,000,000 taun-taon upang mapabuti at palawakin ang mga programang paggamot. Naglilimita sa awtoridad ng hukuman na ibilanggo ang mga nagkasala na nakagawa ng mga krimeng kaugnay ng droga, lumabag sa mga tuntunin sa paggamot o lumabag sa parol. Tama sa Pananalapi: Mas mataas na mga gastos ng estado na maaaring humigit sa $1 bilyon taun-taon pangunahin ay para sa pagpapalawak ng mga programang paggamot sa nagkasala. Mga matitipid ng estado na maaaring humigit sa $1 bilyon taun-taon sa mga pagwawasto. Netong isang-beses na matitipid ng estado sa kapital na paglalaan sa bilangguan na maaaring humigit sa $2.5 bilyon.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga na makukuha pangunahin ng mga taong naakusahan o napatunayang nagkasala ng hindi marahas na krimeng pagdadala ng droga ay palalawakin. Ang ilang lumabag sa parol ay ililipat mula sa bilangguan ng estado at ang mga panahon para sa parol ay babawasan para sa iba. Ang mga bagong programang rehabilitasyon ay palalawakin para sa mga nakagawa ng pagkakasala bago at pagkatapos nilang umalis sa bilangguan. Ang ilang bilanggo ay maaaring tumanggap ng mga karagdagang kredito upang bawasan ang panahon ng pamamalagi nila sa bilangguan ng estado. Ang pagdadala ng kulang sa 28.5 gramo ng marihuwana ay magkakaroon ng parusang mas mababa kaysa nasa ilalim ng kasalukuyang batas.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay magpapasiya kung palalawakin ang mga kasalukuyang paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga sa hinaharap. Ang mga opisyal ng estado sa pagwawasto ay patuloy na magkakaroon ng desisyon na ibalik ang iba't ibang kategorya ng mga lumabag sa parol sa bilangguan ng estado, at ang mga panahon para sa parol ay mananatiling tatlong taon para sa karamihan ng mga parolado. Ang estado ay hindi uubligahan na higit na palawakin ang mga programang rehabilitasyon para sa mga bilanggo, parolado, at ibang mga nagkasala. Ang mga kasalukuyang tuntunin para sa paggawad ng mga kredito sa mga bilanggo upang mabawasan ang kanilang panahon sa bilangguan ay magpapatuloy. Ang parusa para sa pagdadala ng kulang sa 28.5 gramo ng marihuwana ay mananatiling hindi nagbabago.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Ang Proposisyon 5 ay ligtas na nagbabawas ng pagsisikip ng bilangguan. Para sa mga kabataan, ito ay lumilikha ng mga programang paggamot na may kinalaman sa droga. Wala ngayon nito. Para sa mga hindi marahas na nagkasala at mga parolado, ito ay nagpapalawak ng rehabilitasyon. Ang Prop. 5 ay nagpapalaki ng matagumpay, inaprobahan ng botante na Proposisyon 36 (2000), nagkakaloob ng paggamot na may malapit na pangangasiwa at mahigpit na pananagutan para sa mga hindi marahas na nagkasala na kaugnay ng droga. Ang Prop. 5 ay nakapagtitipid ng $2.5 bilyon.

**LABAN** Pinaiikli ang parol para sa mga nagbebenta ng methamphetamine mula sa 3 taon—ay gagawing 6 buwan. Ang butas na lusutan ay nagpapahintulot sa mga nasasakdal na inakusahan ng pang-aabuso ng bata, karahasan sa tahanan, pagpatay na kaugnay ang sasakyan, at ibang mga krimen na mabisang tumakas sa pag-uusig. Malakas na sinasalungat ng Mothers Against Drunk Driving (MADD). Nagtatatag ng mga bagong burukrasya. Nagbabawas ng pananagutan. Maaaring magtaas nang malaki sa mga lokal na gastos at buwis.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**
NORA Campaign – Yes on 5
c/o Drug Policy Alliance Network
3470 Wilshire Blvd. #618
Los Angeles, CA 90010
(213) 382-6400
prop5@drugpolicy.org
www.Prop5yes.com

**KONTRA**
Tim Rosales
People Against the Proposition 5 Deception
2150 River Plaza Drive #150
Sacramento, CA 95833
info@NoOnProposition5.com
www.NoOnProposition5.com

## PROP 6 — PAGPOPONDO SA PULISYA AT PAGPAPATUPAD NG BATAS. MGA PARUSANG PANGKRIMEN AT BATAS. INISYATIBONG BATAS.

**BUOD** *Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Nag-aatas ng pinakamababang $965,000,000 ng pagpopondo ng estado bawat taon para sa pulisya at lokal na pagpapatupad ng batas. Gumagawa ng humigit-kumulang na 30 pagbabago sa batas na pangkrimen ng California. Tama sa Pananalapi: Mas mataas na netong mga gastos ng estado na humihigit sa $500 milyon taun-taon dahil sa tumataas na paggasta sa mga programa sa hustisyang pangkrimen sa hindi kukulangin sa $965 milyon at sa mga gastos sa pagwawasto. Maaaring isang-beses na mga gastos ng estado sa kapital na paglalaan sa bilangguan na humihigit sa $500 milyon.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay aatasan na dagdagan ang paggasta para sa mga tinukoy na pang-estado at lokal na programang hustisyang pangkrimen upang maging hindi kukulangin sa $965 milyon sa 2009-10, nadagdagan ng $365 milyon, madaragdagan sa mga susunod na taon. Ang mga sentensiya ay madaragdagan din para sa mga partikular na krimen—tulad ng mga krimeng may kaugnayan sa mga gang, pagbebenta ng methamphetamine, at pagnanakaw ng sasakyan—magreresulta sa mas maraming nagkasala na ipinadadala sa bilangguan ng estado at para sa mas matagal na panahon. Ang panukala ay gagawa rin ng iba't ibang mga pagbabago sa hustisyang pangkrimen na may kaugnayan sa mga bagay na tulad ng bilang ng mga kaso ng ahente ng parol at paggamit ng sabi-sabing ebidensiya.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang Lehislatura at Gobernador ng estado ay patuloy na magtataglay ng kanilang kasalukuyang awtoridad sa mga antas ng pagpopondo ng estado na ipinagkakaloob para sa mga tinukoy na programang hustisyang pangkrimen. Ang mga parusang pangkrimen ay hindi itataas. Ang bilang ng mga kaso ukol sa parol at paggamit ng sabi-sabing ebidensiya ay mananatiling hindi nagbabago.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Bawat Siyerip ng California ay sumusuporta sa Proposisyon 6. OO sa 6 ay isang komprehensibong panukalang-batas laban sa gang at para sa pagbawas sa krimen na magdadala ng mga karagdagang pulis at mas mahusay na kaligtasan sa ating mga kalye. Ibinabalik nito ang pera ng mga nagbabayad ng buwis sa lokal na tapagpapatupad ng batas nang hindi nagtataas ng mga buwis at magdaragdag ng kahusayan at pananagutan para sa mga programa sa kaligtasan ng publiko.

**LABAN** Ang Proposisyon 6 AY kukuha ng $1,000,000,000 mula sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, proteksiyon laban sa sunog, at mga subok na programa sa kaligtasan ng publiko. Ang Prop. 6 ay HINDI gagarantiya ng karagdagang pulis sa kalye at HINDI magpopondo sa mga programang pagpigil sa gang. Ang Prop. 6 AY gagasta ng karagdagang pera sa mga bilangguan at kulungan. Bumoto ng HINDI sa Prop. 6!

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**
Yes on Prop. 6 – Safe Neighborhoods Act
925 University Ave.
Sacramento, CA 95825
(916) 214-5709
info@safeneighborhoodsact.com
www.safeneighborhoodsact.com

**KONTRA**
Richard Rios
No on Propositions 6 & 9
555 Capitol Mall, Suite 1425
Sacramento, CA 95814
(916) 442-2952
www.votenoprop6.com

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## PROP 7 — PAGLIKHA NG NABABAGONG ENERHIYA. INISYATIBONG BATAS.

**BUOD** *Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Nag-aatas sa mga utilidad na pag-aari ng pamahalaan na lumikha ng 20% ng kanilang kuryente mula sa nababagong enerhiya bago lumampas ang 2010, isang pamantayan na kasalukuyang angkop sa pribadong mga korporasyon ng kuryente. Nagtataas ng iniaatas para sa lahat ng utilidad sa 40% bago lumampas ang 2020 at 50% bago lumampas ang 2025. Tama sa Pananalapi: Mas mataas na mga gastos ng estado sa pangangasiwa na hanggang $3.4 milyon taun-taon, binabayaran ng mga fee. Hindi alam na tama sa mga gastos at kita ng estado at lokal na pamahalaan dahil sa hindi tiyak na epekto ng panukalang-batas sa mga presyo sa pagtitingi ng kuryente.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga tagapagkaloob ng kuryente sa California, kabilang ang mga utilidad na pag-aari ng publiko, ay aatasan na dagdagan ang bahagi ng kanilang nililikhang kuryente mula sa mga nababagong tagapagdulot, tulad ng enerhiya ng araw at hangin, higit sa kasalukuyang iniaatas na 20 porsiyento bago lumampas ang 2010, sa 40 porsiyento bago lumampas ang 2020 at 50 porsiyento bago lumampas ang 2025, o haharap sa mga tinukoy na parusa. Ang iniaatas sa mga tagapagkaloob ng kuryente na may pribadong pag-aari na kumuha ng nababagong kuryente ay lilimitahan lamang sa isang hangganan ng halaga na nag-aatas ng mga naturang pagtatamo kapag ang halaga ay hindi hihigit sa 10 porsiyento na mas mataas sa isang tinukoy na presyo ng kuryente sa pamilihan. Ang mga tagapagkaloob ng kuryente na hindi nakatugon sa mga iniaatas na nababagong tagapagdulot ay maaaring isailalim sa multang 1 sentimo kada kilowatt na oras na itinakda sa batas, nang walang hangganan sa kabuuang taunang halaga ng multa. Ang mga iniaatas na takdang panahon para sa pag-aproba ng mga bagong planta ng nababagong kuryente ay paiikliin.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga tagapagkaloob ng kuryente sa California, maliban sa mga pag-aari ng publiko, ay patuloy na aatasan na dagdagan ang kanilang bahagi sa kuryenteng nililikha mula sa mga nababagong tagapagdulot ng 20 porsiyento bago lumampas ang 2010. Ang mga kasalukuyang iniaatas sa mga utilidad na may pribadong pag-aari na bumili ng nababagong kuryente ay patuloy na lilimitahan ng taunang hangganan ng halaga sa kabuuang halaga ng mga naturang pagbili. Ang mga tagapagkaloob ng kuryente ay patuloy na isasailalim sa mga kasalukuyang proseso ng multa, kung saan ang antas ng multa (sa kasalukuyan ay 5 sentimos kada kilowatt-oras) at isang kabuang taunang hangganan ng multa (sa kasalukuyan ay $25 milyon kada tagapagkaloob) ay itinatakda sa pangangasiwa. Ang mga iniaatas na takdang panahon para sa pag-aproba ng mga bagong planta ng nababagong kuryente ay hindi paiikliin.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Bumoto ng Oo sa 7 upang atasan ang lahat ng utilidad na magkaloob ng 50% nababagong kuryente bago lumampas ang 2025. Suportahan ang enerhiya ng araw, hangin, at geothermal upang labanan ang mga tumataas na gastos sa enerhiya at pandaigdig na pag-init. Ang Proposisyon 7 ay nagpoprotekta sa mga mamimili, at pinapaboran ang enerhiya ng araw at malinis na enerhiya sa halip ng mga mahal na gatong na galing sa labi ng hayop at halaman at mapanganib na pagdril na malayo sa pampang.

**LABAN** Ang Prop. 7: ay sinasalungat ng mga nangungunang grupong pangkapaligiran, mga tagapagkaloob ng nababagong enerhiya, mga nagbabayad ng buwis, negosyo, at paggawa. 7 ay mahina ang pagkakasulat, nagreresulta sa *mas kaunting* nababagong enerhiya, *mas mataas* na presyo ng kuryente, at maaaring isa pang krisis sa enerhiya. 7 ay pumipilit sa maliliit na kompanya ng nababago na lumabas mula sa pamilihan ng California. Ang mga tagapagkaloob ng enerhiya ay laging maaaring sumingil ng 10% mas mataas sa mga presyo sa pamilihan. *www.NoProp7.com*

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

Jim Gonzalez
Californians for Solar and Clean Energy
1830 N Street
Sacramento, CA 95811
(916) 444-2425 / 449-6190
jim@jimgonzalez.com
www.Yeson7.net

**KONTRA**

Californians Against Another Costly Energy Scheme
(866) 811-9255
www.NoProp7.com

## PROP 8 — NAG-AALIS NG KARAPATAN NG MGA MAGKAPAREHO ANG KASARIAN NA MAGPAKASAL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

**BUOD** *Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Binabago ang Saligang-batas ng California upang alisin ang karapatan ng mga magkapareho ang kasarian na magpakasal. Nagtatadhana na tanging ang pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ang balido o kinikilala sa California. Tama sa Pananalapi: Sa susunod na ilang taon, maaaring maging pagkawala ng kita, pangunahin sa mga buwis sa pagbebenta, may kabuuan na maraming sampu-sampung milyong dolyar, sa estado at mga lokal na pamahalaan. Sa pangmatagalan, malamang na maliit na tama sa pananalapi sa estado at mga lokal na pamahalaan.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Tutukuyin ng Saligang-batas ng California na tanging ang pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ang balido o kinikilala sa California.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang kasal ng mga indibidwal na magkapareho ang kasarian ay patuloy na magiging balido o kinikilala sa California.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Ang Proposisyon 8 ay nagbabalik ng inaprobahan na ng 61% ng mga botante: ang kasal ay sa pagitan lang ng isang lalaki at isang babae. Hindi dapat pinawalang-bisa ng apat na hukom sa San Francisco ang boto ng mga tao. Ang Prop. 8 ay nag-aayos ng pagkakamaling iyon sa pamamagitan ng muling pag-aapirma ng tradisyunal na kasal, pero hindi inaalis ang anumang mga karapatan o benepisyo mula sa mga gay na domestikong kinakasama.

**LABAN** Ang pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas ay isang pundamental na kalayaan. Anuman ang ating nadarama tungkol sa kasal, ang pagtatangi sa mga tao upang tratuhin nang naiiba ay mali. Ang Prop. 8 ay hindi makakaapekto sa ating mga paaralan, pero ito ay mangangahulugan na ang mga nagmamahalan ay tatratuhin nang naiiba sa ilalim ng ating Saligang-batas at pagkakaitan ng pantay na proteksiyon sa ilalim ng batas. www.NoonProp8.com

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

ProtectMarriage.com – Yes on Proposition 8
915 L Street #C-259
Sacramento, CA 95814
(916) 446-2956
www.protectmarriage.com

**KONTRA**

Equality for ALL
NO on Proposition 8
921 11th Street, 10th Floor
Sacramento, CA 95814
(916) 717-1411
www.NoonProp8.com

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## PROP 9 — SISTEMA NG HUSTISYANG PANGKRIMEN. MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA. PAROL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Nag-aatas ng paunawa sa biktima at pagkakataon para sa ambag sa mga yugto ng proseso ng hustisyang pangkrimen, kabilang ang piyansa, mga sagot sa paratang, pagsentensiya at parol. Nagtatatag na ang kaligtasan ng biktima ay isaalang-alang para sa piyansa o parol. Tama sa Pananalapi: Maaaring pagkawala ng mga matitipid ng estado sa mga pagpapatakbo ng bilangguan at mas mataas na mga gastos sa kulungan ng county na nagkakahalaga ng daan-daang milyong dolyar taun-taon. Maaaring mga netong matitipid na nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa mga pamamaraan sa parol.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga biktima ng krimen ay magkakaroon ng mga karagdagang karapatan na ginagarantiyahan ng saligang-batas, tulad ng karapatang lumahok sa anumang mga pampublikong pamamaraang pangkrimen. Ang mga pagbabayad ng restitusyon sa mga biktima ng krimen ay iaatas nang walang eksepsiyon, at ang anumang mga pondong nasingil mula sa mga nagkasala na inutusang magbayad ng restitusyon ay gagamitin upang bayaran ang obligasyong iyon bago ang anumang iba. Ang mga bilanggo na may mga sentensiyang habambuhay na pinagkaitan ng parol ay pangkaraniwang kailangang maghintay ng mas matagal bago muling isaalang-alang para ilabas. Ang ilang parolado na humaharap sa pagpapawalang-saysay at pagbabalik sa bilangguan ay hindi na maaaring katawanin ng abugado. Ang anunang pagpapalabas ng mga bilanggo upang bawasan ang pagsisikip ng bilangguan o kulungan ay tatakdaan sa mga partikular na pagkakataon.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga biktima ay patuloy na magkakaroon ng karapatan sa batas na bigyan ng paunawa ng mga partikular ng pamamaraan ng hustisyang pangkrimen, tulad ng mga pamamaraan ng pagsentensiya at parol. Kung ipag-uutos ang restitusyon sa biktima ay mananatiling napapailalim sa pagpapasiya ng isang hukom, at ang paraan na ang perang nasingil mula sa mga nasasakdal ay ipamamahagi ay mananatiling hindi nagbabago. Ang mga kasalukuyang panahon ng paghihintay para sa mga pagdinig ukol sa pagpapawalang-saysay ng parol at pagsasaalang-alang para sa parol ay mananatiling hindi nagbabago. Lahat ng parolado ay patuloy na magiging karapat-dapat tumanggap ng legal na pagkatawan sa mga pagdinig tungkol sa parol. Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay maaaring gumawa ng mga hakbang upang ilabas ang mga bilanggo nang maaga upang bawasan ang pagsisikip sa kulungan at bilangguan.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Ang Saligang-batas ng California ay nagbibigay sa mga napatunayang nakagawa ng krimen ng maraming karapatan. Ang mga biktima ng krimen ay wala ng mga katulad na proteksiyon. Ang Prop. 9 ay nagpapabuti ng kaligtasan ng publiko at hustisya, nagbibigay sa mga biktima ng maipatutupad na mga karapatan ayon sa saligang-batas. Ito ay nakakapagtipid ng milyun-milyon at pumipigil sa mga pulitiko na palabasin ang mga kriminal para mawala lamang ang pagsisikip. Ito ay ineendorso ng mga biktima, tagapagpatupad ng batas, mga Republikano at Demokratiko. Bumoto ng OO.

**LABAN** Ang Prop. 9 ay humihiling sa mga botante na suportahan ang mga karapatan ng mga biktima na protektado na sa ilalim ng batas ng estado. Ang daan-daang milyong kinukuha nito mula sa estado at lokal na pamahalaan ay hindi nakakarating sa mga biktima ng krimen, ito ay pumupunta sa paggawa ng mga karagdagang bilangguan! Ito ay naglalagay ng mga masalimuot, nagdodobleng batas sa Saligang-batas, ginagawang halos imposible ang pagsasamoderno. Bumoto ng Hindi.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

Randle Communications
925 L Street, Suite 1275
Sacramento, CA 95814
(916) 448-5802
Yesonprop9@gmail.com

**KONTRA**

Richard Rios
No on Propositions 6 & 9
555 Capitol Mall, Suite 1425
Sacramento, CA 95814
(916) 442-2952
www.votenoprop9.com

## PROP 10 — MGA SASAKYANG GUMAGAMIT NG ALTERNATIBONG GATONG AT NABABAGONG ENERHIYA. MGA BONO. INISYATIBONG BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Nag-aawtorisa ng $5 bilyon na mga bono na binabayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado, upang tulungan ang mga mamimili at ibang mga tao na bumili ng mga partikular na sasakyan, at upang pondohan ang pananaliksik sa nababagong enerhiya at mga sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong. Tama sa Pananalapi: Gastos ng estado na humigit-kumulang na $10 bilyon sa higit sa 30 taon upang mabayaran ang mga bono. Mas mataas na mga pang-estado at lokal na kita, maaaring may kabuuan na maraming sampu-sampung milyong dolyar hanggang 2019. Maaaring mga gastos ng estado sa pangangasiwa na hanggang humigit-kumulang na $10 milyon taun-taon.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay maaaring magbenta ng $5 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa iba't ibang layunin na may kinalaman sa nababagong enerhiya, alternatibong gatong, kahusayan ng enerhiya, at pagbawas ng inilalabas sa hangin.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi magbebenta ng $5 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa mga layuning ito.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** OO SA 10: KALAYAAN SA ENERHIYA AT MALINIS NA HANGIN. GUMAGAWA ng mga karagdagang kuryente mula sa nababagong tagapagdulot, kabilang ang araw at hangin. NAGBIBIGAY sa mga taga-California ng mga rebate upang bumili ng mga sasakyang gumagamit ng malinis na alternatibong gatong. INAALIS ang mga nakakaduming diesel sa mga daan. NAGDARAGDAG ng mga gawad sa mga unibersidad ng California upang bumuo ng mas mabilis na mga alternatibo sa gas. NAG-AATAS ng mahigit na pananagutan/pagsusuri. Walang mga bagong buwis.

**LABAN** Ang Proposisyon 10 ay isang pagbabatas ng espesyal na interes na nagbibigay ng $10 bilyon na mga dolyar ng nagbabayad ng buwis upang pakinabangan pangunahin ng isang kompanya na maliit ang pananagutan at WALANG mga garantiya ng pakinabang na pangkapaligiran. Huwag saktan ang ating mga paaralan at mga serbisyo sa isang panahon ng krisis sa badyet. Bumoto ng HINDI sa Prop. 10!

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

Californians for Energy Independence – Yes on Prop. 10
1415 L Street, Suite 430
Sacramento, CA 95814
info@prop10yes.com
www.prop10yes.com

**KONTRA**

Consumer Federation of California
520 S. El Camino Real, Suite 340
San Mateo, CA 94402
(650) 375-7840
www.votenoonprop10.com

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## PROP 11 — PAGBABAGO NG DISTRITO. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Nagbabago sa awtoridad para sa pagtatag ng mga hanggahan ng opisina ng estado mula sa mga inihalalal na kinatawan patungo sa komisyon. Nagtatatag ng maraming antas na proseso upang piliin ang mga komisyoner mula sa mga nakarehistrong botante. Komisyon na binubuo ng mga Demokratiko, Republikano, at mga kinatawan na hindi mula sa mga partidong ito. Tama sa Pananalapi: Maaaring pagtaas sa mga gastos sa pagbabago ng distrito ng estado minsan sa sampung taon dahil sa dalawang entidad na gumagawa ng pagbabago ng distrito. Ang anumang pagtaas sa mga gastos ay malamang na hindi malaki.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga hangganan para sa mga distrito ng Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado ay iguguhit ng isang bagong komisyon na binubuo ng mga nakarehistrong botante ng California. Ang mga hangganan para sa mga distrito ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos ay patuloy na iguguhit ng Lehislatura.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga hangganan para sa mga distrito ng Senado, Asembleya, Lupon ng Pagpapantay, at Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos ay patuloy na iguguhit ng Lehislatura.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** OO sa 11 ay nagtatapos sa kasalungat na interes ng mga pulitiko na gumuguhit ng kanilang mga sariling distritong pang-eleksiyon. 11 ay nangangahulugang *mga patas na distrito ng isang komisyon ng mga mamamayan na sumusunod sa malinaw na tuntunin at bukas sa publiko.* Ito ay *nagbibigay sa mga pulitiko ng pananagutan para sa paglutas ng mga problemang tulad ng mga presyo ng gas, pangangalagang pangkalusugan, at edukasyon.* Oo sa 11—BAGUHIN ang Sacramento.

**LABAN** Ang mga pulitiko ay nagbayad ng milyun-milyon upang ilagay ang Prop. 11 sa balota upang baguhin ang Saligang-batas, lumikha ng magastos na bagong burukrasya, at ibigay ang kapangyarihan ng pagguhit ng mga distrito sa mga tao na *hindi inihalal* at *hindi nananagot sa mga botante.* Kayo mismo ang bumasa nito. Pangalagaan ang kapangyarihan ng inyong boto! Bumoto ng Hindi!

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

Yes on Prop. 11
(916) 325-0056
info@yesprop11.org
www.yesprop11.org

**KONTRA**

Renée Sankus
Citizens for Accountability. No on Prop. 11
555 Capitol Mall, Suite 1425
Sacramento, CA 95814
(916) 443-5900
Stopthepowergrab@yahoo.com
www.noonprop11.org

## PROP 12 — BATAS SA BONO NG 2008 PARA SA MGA BETERANO.

### BUOD

*Inilagay sa balota ng Lehislatura*

Ang batas na ito ay nagtatadhana ng pagpapalabas ng bono na siyam na raang milyong dolyar ($900,000,000) upang magkaloob ng tulong na bukid at bahay para sa mga beterano sa California. Tama sa Pananalapi: Gastos na humigit-kumulang na $1.8 bilyon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($900 milyon) at interes ($856 milyon) sa mga bono; gastos na babayaran ng mga kalahok na beterano. Pangkaraniwang pagbabayad para sa prinsipal at interes na humigit-kumulang na $59 milyon kada taon para sa 30 taon.

### ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay makakapag-isyu ng $900 milyon na pangkalahatang obligasyong bono upang magkaloob ng mga pautang para sa programang (Cal-Vet) pagbili ng bukid at bahay ng mga beterano.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi makakapag-isyu ng mga bonong ito para sa layuning ito.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PANIG** Ang matagal nang Programang Pautang sa Bahay ng Cal-Vet ay tumutulong sa mga beterano na bumili ng mga bahay at bukid sa California nang walang gastos ng mga mambubuwis. Ang mga bonong inaprobahan ng botante ang tumutustos sa Programa at muling binabayaran, kasama ng lahat ng gastos sa programa, ng mga may utang. Ang panukalang-batas na ito ay maglalagay muli ng pagpopondo sa programa. Hinihingi namin ang inyong suporta.

**LABAN** Ang Proposisyon 12 ay mag-aawtorisa ng pagbebenta ng isa pang $900 milyon sa mga bono upang magkaloob ng mababa ang interes na pautang sa bahay (at bukid) sa "mga beterano." Ang mga botante ay maaaring maghangad na tapusin ang programa o igiit na ito ay ilimita sa mahihirap at nararapat na beterano—tulad ng mga nasugatan sa labanan.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PABOR**

JP Tremblay o Jerry Jones
California Dept. of Veterans Affairs
1227 O Street
Sacramento, CA 95814
(916) 653-2192
www.cdva.ca.gov

**KONTRA**

Gary Wesley
Attorney at Law
707 Continental Circle
Mountain View, CA 94040
(408) 882-5070
gwesley00@yahoo.com

**PROPOSISYON**
# 1 MGA BONO PARA SA MABILIS NA RILES. PAMBATASANG INISYATIBONG SUSOG.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## MGA BONO PARA SA MABILIS NA RILES. PAMBATASANG INISYATIBONG SUSOG.

- Nagtatadhana ng $9 bilyon para sa pagtatayo ng isang bagong mabilis na daang-riles sa pagitan ng San Francisco at Los Angeles.
- Nagpopondo ng pagpapalawak ng riles sa ibang mga lokasyon kung magkaroon ng pera.
- Nagtatadhana ng $950 milyon para sa mga koneksiyon sa mabilis na daang-riles at para sa pagkukumpuni, pagsasamoderno at pagpapabuti ng serbisyo ng riles ng pasahero, kabilang ang mga daang-bakal, senyas, istruktura, pasilidad at gumugulong na istak.
- Ang kabuuang pagpopondo na ipinagkakaloob ay $9.95 bilyon mula sa pangkalahatang obligasyong bono.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Gastos ng estado na humigit-kumulang na $19.4 bilyon sa higit sa 30 taon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($9.95 bilyon) at interes ($9.5 bilyon) ng mga bono. Mga pagbabayad na humigit-kumulang na $647 milyon kada taon.
- Mga karagdagang hindi alam na gastos, malamang na humigit sa $1 bilyon sa isang taon, upang patakbuhin at panatilihin ang sistema ng mabilis na riles. Ang bahagi ng mga gastos ay maibabalik ng mga kita sa pamasahe ng mga pasahero, depende sa mga sumasakay.

### MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LAHISLATURA SA SB 1856 (PROPOSISYON 1)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Oo 27 | Hindi 6 |
| Asembleya: | Oo 59 | Hindi 16 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Riles ng Lungsod, Nagbibiyahe, at Pagitan ng mga Lungsod.*** Ang California ay pinaglilingkuran ng iba't ibang uri ng mga serbisyo ng riles ng pasahero na kabilang ang mga serbisyo ng riles ng lungsod, nagbibiyahe, at pagitan ng mga lungsod. Ang mga serbisyo ng riles ng lungsod at nagbibiyahe ay pangunahing naglilingkod sa mga pangangailangan ng lokal at panrehiyong transportasyon. Sa mga halimbawa ay kabilang ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng Bay Area Rapid Transit sa San Francisco Bay Area, magaan na riles ng Sacramento Regional Transit, Metrolink sa Timog California, at ng San Diego Trolley. Ang mga serbisyong ito ay pangkaraniwang pinaplano ng mga lokal o panrehiyong pamahalaan at pinopondohan sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga lokal, pang-estado, at pederal na pera.

Ang mga serbisyo ng riles sa pagitan ng mga lungsod ay pangunahing naglilingkod sa negosyo o mga naglalakbay para maglibang sa mas malalayong distansiya sa pagitan ng mga lungsod at gayon din sa pagitan ng mga rehiyon sa California at ibang mga bahagi ng bansa. Sa kasalukuyan, ang estado ay nagpopondo at nakikipagkontrata sa Amtrak upang magkaloob ng serbisyo ng riles sa pagitan ng mga lungsod, sa pamamagitan ng mga tren na naglalakbay sa pinakamataas na mga tulin na hanggang humigit-kumulang na 90 milya kada oras. May mga serbisyo ng riles sa pagitan ng mga lungsod sa tatlong koridor: Ang serbisyo ng Koridor ng Kapitolyo mula sa San Jose hanggang sa Auburn, ang serbisyo ng San Joaquin mula sa Oakland hanggang sa Bakersfield, at ang serbisyo ng Pacific Surfliner mula sa San Diego hanggang sa San Luis Obispo. Wala sa kasalukuyang pinopondohan ng estado na mga serbisyong riles sa pagitan ng mga lungsod na nagkakaloob ng serbisyo ng tren sa pagitan ng hilagang California at timog California.

***Mabiles na Riles.*** Sa kasalukuyan ang California ay walang mabilis na sistema ng riles ng pasahero sa pagitan ng mga lungsod na nagkakaloob ng serbisyo sa mga naipagpapatuloy na tulin na 200 milya kada oras o mas mabilis. Noong 1996, nilikha ng estado ang Awtoridad ng Mabilis na Riles ng

California (ang awtoridad) upang bumuo ng sistema ng riles sa pagitan ng mga lungsod na maaaring tumakbo sa mga tulin na 200 milya kada oras o mas mabilis upang magkonekta sa mga pangunahing lungsod ng California, at magkaloob ng serbisyo sa pagitan ng hilagang California at timog California.

Sa nakalipas na 12 taon, ang awtoridad ay gumugol ng humigit-kumulang na $60 milyon para sa mga aktibidad bago ang konstruksiyon, tulad ng mga pag-aaral at pagpaplano na pangkapaligiran, na may kaugnayan sa pagbuo ng isang mabilis na sistema ng riles. Ang iminumungkahing sistema ay gagamit ng mga elektrikong tren at magkokonekta sa mga pangunahing lungsod ng San Francisco, Sacramento, daraan sa Central Valley, papasok sa Los Angeles, County ng Orange, sa Inland Empire (mga County ng San Bernardino at Riverside), at San Diego. Tinantiya ng awtoridad noong 2006 na ang kabuuang gastos upang buuin at itayo ang buong mabilis na sistema ng riles ay magiging humigit-kumulang na $45 bilyon. Habang ang awtoridad ay nagpaplano na pondohan ang konstruksiyon ng iminumungkahing sistema sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga pederal, pribado, lokal, at pang-estadong pera, wala pang pagpopondo na naipagkaloob.

## MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay nag-aawtorisa sa estado na magbenta ng $9.95 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono upang pondohan ang (1) mga aktibidad bago ang konstruksiyon at konstruksiyon ng isang mabilis na sistema ng riles ng pasahero sa California, at (2) mga kapital na pagpapabuti sa mga sistema ng riles ng pasahero na nagpapalawak ng kapasidad at/o nagbibigay ng kakayahan sa mga sumasakay sa tren na kumonekta sa mabilis na sistema ng riles. Ang mga pondo ng bono ay makukuha kapag inilaan ng Lehislatura. Ang mga pangkalahatang obligasyong bono ay sinusuportahan ng estado, ibig sabihin ang estado ay inaatasan na bayaran ang mga gastos sa prinsipal at interes sa mga bonong ito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pangkalahatang obligasyong bono, mangyaring sumangguni sa seksiyon nitong pamplet ng balota na may titulong "Isang Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado."

***Sistema ng Mabiles na Riles.*** Sa kabuuang halaga, $9 bilyon ay gagamitin, kasama ng anumang makukuhang pederal na mga pera at pondo mula sa ibang mga pinagkukunan, upang bumuo at magtayo ng isang bahagi ng sistema ng mabilis na tren mula sa San Francisco Transbay Terminal hanggang sa Los Angeles Union Station. Ang mga nalikom sa bono mula sa panukalang-batas na ito ay maaaring gamitin upang kumuha ng karapatan sa daan, mga tren, at kaugnay na kagamitan, at upang gumawa ng mga daang-bakal, istruktura, sistema ng kuryente, at mga istasyon. Gayunman, ang mga nalikom sa bono ay maaaring gamitin upang magkaloob ng hanggang kalahati lamang ng kabuuang gastos ng konstruksiyon ng mga daang-bakal at istasyon. Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa awtoridad na maghangad ng mga pribado at ibang mga pampublikong pondo upang masakop ang mga natitirang gastos.

Pagkatapos na ang konstruksiyon ng bahagi ng San Francisco hanggang Los Angeles ay lubos na napondohan, anumang natitirang mga pondo ng bono ay maaari nang gamitin upang planuhin at itayo ang mga sumusunod na karagdagang bahagi:

- Oakland hanggang sa San Jose
- Sacramento hanggang sa Merced
- Los Angeles hanggang sa Inland Empire (mga County ng San Bernardino at Riverside)
- Inland Empire hanggang sa San Diego
- Los Angeles hanggang sa Irvine

***Ibang mga Sistema ng Riles ng Pasahero.*** Ang natitirang $950 milyon sa mga pondo ng bono ay makukuha upang pondohan ang mga kapital na proyekto na nagpapabuti sa ibang mga sistema ng riles ng pasahero upang mapahusay ang kapasidad ng mga sistemang ito at/o pahintulutan ang mga sumasakay na kumonekta sa sistema ng mabilis na riles. Sa $950 milyon, $190 milyon ay itinalaga upang pabutihin ang mga serbisyo ng riles sa pagitan ng mga lungsod ng estado. Ang natitirang $760 milyon ay gagamitin para sa ibang mga serbisyo ng riles ng pasahero kabilang ang riles ng lungsod at nagbibiyahe.

## EPEKTO SA PANANALAPI

***Mga Gastos sa Bono.*** Ang mga gastos sa mga bonong ito ay depende sa mga antas ng interes na may-bisa sa panahon na ang mga ito ay ibinebenta at sa panahon na ang mga ito ay binabayaran. Ang estado ay gagawa ng mga pagbabayad ng prinsipal at interes mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado sa isang panahon na humigit-kumulang na 30 taon. Kung ang mga bono ay naibenta sa pangkaraniwang antas ng interes na 5 porsiyento, ang gastos ay magiging humigit-kumulang na $19.4 bilyon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($9.95 bilyon) at interes ($9.5 bilyon). Ang pangkaraniwang pagbabayad para sa prinsipal at interes ay humigit-kumulang na $647 milyon kada taon.

***Mga Gastos sa Pagpapatakbo.*** Kapag itinayo, ang sistema ng mabilis na riles ay magkakaroon ng hindi alam na patuloy na mga gastos sa pagpapanatili at pagpapatakbo, malamang na higit sa $1 bilyon sa isang taon. Depende sa antas ng mga sumasakay, mababawasan kahit ang bahagi lamang ng mga gastos sa pamamagitan ng kita mula sa mga pamasaheng ibinabayad ng mga pasahero.

***Para sa nilalaman ng Proposisyon 1, tingnan ang pahina 80.***

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 1 ★

Ang Proposisyon 1 ay magdadala sa mga taga-California ng isang ligtas, maginhawa, abot-kaya, at maaasahang alternatibo sa tumataas na mga presyo ng gasolina, pagsisikip sa priwey, tumataas na pamasahe sa eruplano, humihinang serbisyo ng kompanya ng eruplano, at mas kaunting biyahe.

Ito ay magbabawas ng pagkadepende ng California sa langis ng ibang bansa at magbabawas ng nakakulong na gas na nagiging dahilan ng pandaigdig na pag-init.

Ang Proposisyon 1 ay isang $9.95 bilyon na bonong panukalang-batas para sa isang 800-milya na ugnayan ng Mabilis na Tren na mag-aalis ng 70 milyon ng biyahe ng pasahero sa isang taon na nagbabara ngayon sa mga haywey at paliparan ng California—NANG HINDI NAGTATAAS NG MGA BUWIS.

Ang California ay magiging unang estado sa bansa na makikinabang sa mabuti sa kapaligiran na Mabibilis na Tren na pangkaraniwan ngayon sa Europa at Asya. Ang Proposisyon 1 ay magdadala sa California ng:

—Pinatatakbo ng kuryente na Mabibilis na Tren na tumatakbo ng hanggang 220 milya sa isang oras sa modernong daang-bakal na ligtas na nakahiwalay sa ibang trapiko na pangkaraniwang nasa mga kasalukuyang koridor ng riles.

—Mga ruta na nag-uugnay sa mga istasyon sa downtown ng SAN DIEGO, LOS ANGELES, FRESNO, SAN JOSE, SAN FRANCISCO, at SACRAMENTO, may mga pagtigil sa mga komunidad na nasa pagitan.

—Serbisyo ng Mabilis na Tren sa mga pangunahing lungsod sa COUNTY NG ORANGE, sa INLAND EMPIRE, sa SAN JOAQUIN VALLEY, at sa SOUTH BAY.

—Halos isang bilyong dolyar upang palakasin ang mga sistema ng riles ng pasahero na nagkokonekta sa mga Mabilis na Tren.

Ang Proposisyon 1 ay magtitipid ng oras at pera. Paglalakbay mula sa Los Angeles hanggang San Francisco sa humigit-kumulang na 2½ oras para sa mga $50 sa isang tao. Sa mga presyo ng gasolina ngayon, ang isang drayber ng isang 20-milya-kada-galon na awto ay gagasta ng humigit-kumulang na $87 at anim na oras sa naturang biyahe.

Ang sampung taon ng pag-aaral at pagpaplano ay ginawa sa PAGHAHANDA PARA sa pagtatayo, pagtustos, at pagpapatakbo ng isang ugnayan ng balang tren sa California na ginawang modelo ang tanyag, maaasahan, at matagumpay na mga sistema sa Europa at Asya. Ang kanilang rekord ay nagpapakita na ang mga Mabibilis na Tren ay naghahatid, pareho ng serbiyo at pagtitipid.

Ang mga naglalakbay sa himpapawid ay gumugugol ng mas maraming oras sa lupa kaysa himpapawid ngayon. Ang Proposisyon 1 ay lilikha ng isang bagong mapipiling transportasyon na nagpapabuti ng mga kondisyon sa ating mga pangunahing paliparan. Wala nang espasyo para sa mga karagdagang daanan ng eruplano. Magagawa ng Mabibilis na Tren na alisin ang pangangailangang iyon.

Ang pinatatakbo ng kuryente na Mabibilis na Tren ay magtatanggal ng higit sa 12 bilyong libra ng $CO_2$ at mga nakakulong na gas, kapantay ng pagdumi ng halos 1 milyong awto. At ang Mabibilis na Tren ay nangangailangan ng isang-ikatlo ng enerhiya ng paglalakbay sa himpapawid at isang-ikalima ang enerhiya ng paglalakbay sa awto.

Ang Proposisyon 1 ay magpoprotekta sa mga interes na nagbabayad ng buwis:

—Dalawang independiyenteng paghula ng pasahero at kita ng mga panlabas na eksperto ay napapailalim sa mabibigat na pagsusuri ng kapantay.

—Ang mga nagpapatakbo ng kasalukuyang sistema ng Mabilis na Tren ay tuwirang kalahok sa pangangasiwa ng disenyo ng sistema ng California.

—Ang bagong sistema ay sasailalim sa pagbabantay ukol sa batas at pananalapi ng Gobernador, ng Lehislatura, ng Pangkalahatang Abugado, at isang independiyenteng panlabas na eksperto.

—Ang mga pondo ng bono ng Proposisyon 1 ay magkakaloob ng panumbas para sa KAHIT ISA PANG 9 na bilyong dolyar sa pederal na pagpopondo at pribadong pamumuhunan.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon 1 upang PABUTIHIN ANG MOBILIDAD at magpasok ng bagong sigla sa ekonomiya ng California sa pamamagitan ng paglikha ng halos 160,000 trabaho na may kaugnayan sa kontruksiyon at 450,000 permanenteng trabaho sa mga kaugnay na industriya tulad ng turismo. Ang mga ito ay mga trabaho sa Amerika na hindi maaaring ipagawa sa labas.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon 1.

www.californiahighspeedtrains.com

**MICHAEL TURNIPSEED,** Tagapagpaganap na Direktor
Kern County Taxpayers Association
**GLEN CRAIG,** Komisyoner (Ret.)
California Highway Patrol
**JIM EARP,** Tagapagpaganap na Direktor
California Alliance for Jobs

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 1 ★

Hindi sa 1: ISANG PAG-AAKSAYANG PAMPULITIKA.

Ang mga pulitiko na hindi malutas ang ating krisis sa badyet, hindi maayos ang pangangalagang pangkulusugan o ang ating mga paaralan, ay inilagay ang Proposisyon 1 sa balota. Kahit sila ay umaamin na ang tren ay malamang na gastusan ng hindi kukulangin sa $40 bilyon dolyar kaya ito ay "bahagi lamang na pagbabayad" ng mga nagbabayad ng buwis, nang WALANG garantiya na ito ay matatapos.

Ang proyekto ay nag-aksaya na ng $58 milyon sa mga tagapayo, pag-aaral, paglalakbay sa Europa, at makikintab na polyeto. Ang Prop. 1 ay nagpapahintulot sa mga burukrata at pulitiko na *gumasta ng bilyun-bilyon pa nang hindi nakakapaglagay na kahit isang pulgada ng daang-bakal.* Ang mga nagbabayad ng buwis sa California ay magpapasan para sa perang iyon *kahit na sarhan ang proyekto.*

Ang mga espesyal na interes na sumusuporta sa Proposisyon 1 ay kilala sa kanilang *sobrang gastos.* Maaari silang kumita ng bilyun-bilyon sa panlolokong ito.

Hindi sa 1: GAGASTUSAN NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG $19,200,000,000.

Ang mga pulitiko ay umaamin na ang mga pagbabayad sa prinsipal at interes ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis sa California ng $640 milyong dolyar taun-taon sa 30 taon.

Paano binabalak ng mga pulitiko na bayaran ito? MGA BAGONG BUWIS o mga pagbawas sa mahahalagang programa na tulad ng ating mga paaralan? *Huwag hayaang maligaw—ang mga nagbabayad ng buwis ay magpapasan para sa buong $19,200,000,000.*

Hindi sa 1: SA HALIP AY PALAWAKIN ANG MGA KASALUKUYANG SISTEMA NG PAGHAHATID.

*Ang problema ng taga-California ay hindi ang pagbiyahe mula sa San Francisco patungong Los Angeles, ito'y kung paano makakarating sa trabaho bawat araw.*

Ang pamumuhunan sa katulad na halaga ng pera sa panrehiyong paghahatid at pag-aalis ng pagbabara sa haywey ay magbabawas ng pagdumi at pagdepende natin sa langis ng ibang bansa.

HINDI SA PROP 1: WALANG pananagutan, WALANG kaluwagan sa pagbabara para sa nagdaranas na mga nagbibiyahe, at HINDI ITO MAKAKAYA NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS!

**ANG KAGALANG-GALANG NA TOM McCLINTOCK,** Senador ng Estado
**JON COUPAL,** Presidente
Howard Jarvis Taxpayers Association
**RICHARD TOLMACH,** Presidente
California Rail Foundation



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 1 ★

*HINDI sa Prop. 1: $20 Bilyong Gastos ng mga Nagbabayad ng Buwis*

Ang Prop. 1 ay isang pag-aaksaya na gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng $20 bilyong dolyar sa prinsipal at interes.

Ang mga nagbabayad ng buwis ang sasagot sa singil na ito—ito'y hindi "libreng pera." Alinsunod sa panukalang-batas (Artikulo 3, Seksiyon 2704.10) ". . . ang buong pagtitiwala at kredito ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay ipinapangako para sa nasa oras na pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono. . . .." Ang panukalang-batas na ito ay kukuha ng $20 bilyong dolyar ng pangkalahatang pondo sa buhay ng mga bono. Iyon ay higit sa $2,000 para sa pangkaraniwang pamilya ng apat!

*HINDI sa Prop. 1: Ang mga Nagbabayad ng Buwis sa California ay Hindi Makakaya ang Mas Malalaking Kakulangan sa Badyet*

Sa ating krisis sa badyet, bilyun-bilyon sa pulang tinta, darating na mga pagbawas sa pangangalagang pangkalusugan, ang mahihirap, mga parke, at mga paaralan, ngayon ay HINDI TAMANG PANAHON upang magdagdag ng $20 bilyon pa sa utang at interes ng estado. Ang estado ay mayroon nang higit sa $100 BILYONG DOLYAR sa inaprobahan ng botante na mga bono at ang ating marka sa bono ay kabilang na sa pinakamasama sa bansa at ito ay lalo pang magpapababa dito.

*HINDI sa Prop. 1—Mas Mabubuting Paggamit ng mga Dolyar ng Nagbabayad ng Buwis*

Ang California ay may mas matataas na priyoridad kaysa dito sa $20 BILYONG DOLYAR na pag-aaksaya.

Ano ang mabibili ng $20 bilyon?

- 22,000 bagong guro, bumbero, o mga tauhan ng pagpapatupad ng batas para sa 10 taon.
- Pangangalagang pangkalusugan para sa lahat ng bata sa estado para sa maraming taon.
- Isapanahon at pabutihin ang sistema ng tubig ng California upang magkaloob ng maaasahang panustos na ligtas, malinis na tubig.
- Isapanahon at palawakin ang mga kasalukuyang sistema ng transportasyon kabilang ang mga daan at paghahatid sa buong California, *na tunay na magbabawas ng trapiko at emisyon.*

*HINDI sa Prop. 1—Walang Pananagutan*

Ang mga pulitiko at burukrata ang kokontrol sa pera.

Walang ni ISANG mamamayang miyembro sa bagong "komite sa pananalapi." Lahat sila ay pulitiko at burukrata.

Walang mga iniaatas sa pag-uulat upang makita ng publiko kung paano ginagasta ang pera.

Walang independiyente, panlabas na pagsusuri na iniaatas.

*HINDI sa Prop. 1—Isang Bukas na Libro ng Tseke ng Nagbabayad ng Buwis*

Ang kabuuang gastos ay tinatantiyang higit sa $40 bilyon at ang ilang eksperto ay umaasa na ito ay aabot sa $100 bilyon ($10,000 para sa pangkaraniwang pamilya ng apat).

Seksiyon 1(d) ay nagsasabi na ang mga pondo ng bono sa ". . . ay nilalayong himukin ang pederal na pamahalaan at pribadong sektor na gumawa ng malaking kontribusyon sa konstruksiyon. . ."

PANSININ ANG SALITANG "HIMUKIN"—iyon ay burukratikong pananalita para sa "gagastahin namin ang pera ng nagbabayad ng buwis nang hindi isinasaalang-alang kung makakuha man kami ng isang sentimos mula sa pribadong sektor o sa pederal na pamahalaan."

*Ang totoo, $58 milyon na ng pera ng nagbabayad ng buwis ay nagasta NA sa proyektong ito at wala ni ISANG TALAMPAKAN ng daang-bakal na nailalagay. Ngayon gusto nilang pagkatiwalaan natin sila ng karagdagang $10 BILYON.*

*HINDI sa Prop. 1—Itinataguyod ng mga Espesyal na Interes para sa mga Espesyal na Interes.*

Ang Association for California High Speed Trains ay nagtataguyod ng pag-aaksayang ito. Ang kanilang Lupon ay kumakatawan sa panlabas ng estado na mga espesyal na interes (France, Pennsylvania, New Jersey, Maryland, New York City, Texas, at Illinois), marami sa kanila ay maaaring kumita ng milyun-milyon kung papasa ang panukalang-batas na ito.

*Mangyaring samahan kami sa pagboto ng "HINDI" sa Prop. 1*

*Bumisita,, kumuha ng karagdagang kaalaman, at kayo mismo ang magbasa nito: www.DerailHSR.com.*

**ANG KAGALANG-GALANG NA TOM McCLINTOCK,** Senador ng Estado
**JON COUPAL,** Presidente
Howard Jarvis Taxpayers Association
**ANG KAGALANG-GALANG NA BOB DUTTON,** Senador ng Estado

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 1 ★

Ang ugnayan ng mabilis na riles ng California ay nag-aatas ng WALANG PAGTAAS NG BUWIS at napapailalim sa mahihigpt na kontrol at pagbabantay ng pananalapi.

Ito'y payak at patas—Sa sandaling makumpleto ANG MGA GUMAGAMIT NG SISTEMA AY MAGBABAYAD SA SISTEMA. Iyon ang dahilan kung bakit ang mga grupong bantay para sa nagbabayad ng buwis ay sumusuporta sa Proposisyon 1.

Ang elektrikong Mabibilis na Tren ay magbibigay sa mga taga-California ng isang *tunay* na alternatibo sa labis na tumataas na mga presyo ng gasolina at pagkadepende sa langis ng ibang bansa habang binabawasan ang mga nakakulong na gas na nagiging dahilan ng pandaigdig na pag-init. Ang pagtatayo ng mabilis na riles ay mas mura kaysa pagpapalawak ng mga haywey, paliparan, at mga daanan ng eruplano upang matugunan ang paglaki ng populasyon ng California.

Ang pagbabara, abala sa paglipad at mahabang paglalakbay sa awto ay naging labis na nakakabigat. Ang Proposisyon 1 ay magtitipid ng oras. Maglakbay sa dowtown patungo sa ibang downtown sa buong California sa Mabibilis na Tren na mas mabilis kaysa sa awto o paglalakbay sa himpapawid—SA MAS MURANG HALAGA!

Ang sistema ng transportasyon ng California ay lipas na sa panahon at nabubulok na. Kailangan natin ng mga maipapalit sa mahinang pinananatiling daan, masisikip na daanan ng eruplano at nagbabarang haywey. Kailangan ng mga taga-California ang taglay ng karamihan sa sibilisadong mundo—mabilis na riles. Naiwan tayong masyado ng ibang mga estado at bansa kaya ang ating naguguho nang impra-istruktura ay nagbabanta sa ating ekonomiya.

Ang isang 220-milya-isang-oras na pambuong-estadong sistema ng riles ay magbibigay sa mga taga-California ng mas mabilis, magiliw sa kapaligiran na alternatibo para sa paglalakbay at komersiyo.

Ang Proposisyon 1 ay ineendorso ng mga eksperto sa pagpapatupad ng batas, mga lider ng negosyo, mga tagapagtaguyod ng kapaligiran, at mga taga-California na naghahanap ng ligtas, abot-kaya, at maaasahang transportasyon.

Ang mga pumirma sa pangangatwiran laban sa Proposisyon ay mga pangkaraniwang kalaban ng mga pagpapabuti ng transportasyon sa California. Ang mga sinasabi nila ay mali.

Kailangan ng mga taga-California na mamumuhan sa isang bago, moderno, mabisang paraan ng transportasyon.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon 1.

*www.californiahighspeedtrains.com*

**MICHAEL TURNIPSEED,** Tagapagpaganap na Direktor
Kern County Taxpayers Association
**JIM EARP,** Tagapagpaganap na Direktor
California Alliance for Jobs
**TIMOTHY McCALLION,** Tagapangulo ng Lupon ng mga Direktor
Los Angeles Area Chamber of Commerce

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON

# 2

# MGA PAMANTAYAN PARA SA PAGKULONG SA MGA HAYOP SA BUKID. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## MGA PAMANTAYAN PARA SA PAGKULONG SA MGA HAYOP SA BUKID. INISYATIBONG BATAS.

- Nag-aatas na ang mga guyang inaalagaan para sa karne, mga umiitlog na manok at mga buntis na baboy ay ikulong sa mga paraan lamang na nagpapahintulot sa mga hayop na ito na humiga, tumayo, lubos na unatin ang mga binti ng mga ito at malayang makaikot.
- Mga eksepsiyon na ginawa para sa transportasyon, mga rodeo, perya, programa ng 4-H, ayon sa batas na pagkatay, pananaliksik at mga layuning beterinaryo.
- Nagtatadhana ng mga parusa sa misdemeanor, kabilang ang isang multa na hindi hihigit sa $1,000 at/o pagkabilanggo sa kulungan na hanggang 180 araw.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Maaaring hindi alam na kabawasan sa mga kita sa pang-estado at lokal na buwis mula sa negosyong paghahayupan, na posibleng umabot ng maraming milyong dolyar taun-taon.
- Maaaring maliliit na gastos sa lokal at pang-estadong pagpapatupad at pag-uusig, ang bahagi ay maibabalik ng mas mataas na kita sa multa.

# PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## KASAYSAYAN

Ang agrikultura ng hayop ay isang malaking industriya sa California. Higit sa 40 milyon na hayop ay inaalagaan para sa komersiyo sa mga bukid at rantso ng California. Ang mga pangunahing kalakal na may kaugnayan sa hayop sa California ay gatas at ibang mga produktong gawa sa gatas, baka, at mga manok.

Sa mga huling taon, may lumalaking kamalayan ng publiko tungkol sa mga paraan ng produksiyon ng hayop sa bukid, at kung paano nakakaapekto ang mga gawaing ito sa pagtrato sa mga hayop. Sa partikular, ang mga inaalala ay ipinahayag tungkol sa ilang mga gawain sa pag-aalaga ng hayop, kabilang ang tirahan ng mga partikular na hayop sa mga kulong na lugar, tulad ng mga hawla o ibang mga pumipigil na lugar.

Sa bahagi ay bilang tugon sa mga inaalalang ito, ang iba't ibang industriya ng pag-aalaga ng hayop ay gumawa ng mga pagbabago sa kanilang mga gawain sa produksiyon. Halimbawa, ang mga partikular na industriya ay bumuo ng mga patnubay at mga pinakamabuting gawain na naglalayon, sa bahagi, na pabutihin ang pangangalaga at paghawak ng mga hayop sa bukid.

Ang batas ng estado ay nagbabawal ng kalupitan sa mga hayop. Sa ilalim ng batas ng estado, halimbawa, sinumang tao na nagkukulong ng isang hayop sa isang nahaharangang lugar ay inaatasan na pagkalooban ito ng sapat na lugar ng ehersisyo, at pahintulutan ang daan sa sapat na tirahan, pagkain, at tubig. Ang ibang mga batas na partikular na may kaugnayan sa mga hayop sa bukid ay pangkaraniwang nakapokus sa makataong transportasyon at pagkatay ng mga hayop na ito. Depende sa partikular na paglabag, ang isang indibidwal ay maaaring mapatunayang nagkasala ng isang misdemeanor o felony na maparurusahan ng isang multa, pagkabilanggo, o pareho.

## MUNGKAHI

Simula sa Enero 1, 2015, ang panukalang-batas na ito ay nagbabawal nang may mga partikular na eksepsiyon sa pagkulong sa isang bukid sa mga buntis na baboy, mga guyang inaalagaan para sa karne, at mga umiitlog na manok sa isang paraan na hindi nagpapahintulot sa mga ito na malayang umikot, humiga, tumayo, at lubos na unatin ang kanilang mga binti. Sa ilalim ng panukalang-batas, sinumang tao na lumabag sa batas na ito ay nagkasala ng misdemeanor, maparurusahan ng multa na hanggang $1,000 at/o pagkabilanggo sa kulungan ng county ng hanggang anim na buwan.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Kumpara sa kasalukuyang gawain na pinakakaraniwang ginagamit ng mga magsasaka sa California sa mga apektadong industriya, ang panukalang-batas na ito ay mag-aatas ng karagdagang espasyo at/o mga panghaliling paraan ng pagbibigay ng tirahan sa mga buntis na baboy, mga guya na inaalagaan para sa karne, at mga umiitlog na manok. Bilang resulta, ang panukalang-batas na ito ay magtataas ng mga gastos sa produksiyon para sa ilan sa mga magsasakang ito. Kung ang mas matataas na gastos na ito sa produksiyon ay naging dahilan upang ang ilang magsasaka ay umalis sa negosyo, o mabawasan ang kabuuang produksiyon o kakayahang kumita, maaaring magkaroon ng mas mababang pang-estado at lokal na mga kita sa buwis. Ang laki ng epektong ito sa pananalapi ay hindi alam, pero maaaring umabot sa maraming milyong dolyar taun-taon.

Dagdag dito, ang panukalang-batas na ito ay maaaring magresulta sa hindi alam, pero malamang na maliit, lokal at pang-estadong mga gastos para sa pagpapatupad at pag-uusig ng mga indibidwal na inakusahan ng bagong pagkakasala na pagkulong sa hayop. Ang isang bahagi ng mga gastos na ito ay maibabalik ng kita mula sa pagsingil ng mga multa sa misdemeanor.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 2, tingnan ang pahina 82.*

# MGA PAMANTAYAN PARA SA PAGKULONG SA MGA HAYOP SA BUKID. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 2 ★

*OO sa Proposisyon 2—Patigilin ang Kalupitan sa Hayop*

Ang Proposisyon 2 ay isang mahinahong panukalang-batas na nagpapatigil sa malupit at hindi makataong pagtrato ng mga hayop—tinatapos ang gawain na pagsiksik sa mga hayop sa bukid sa mga kulungang napakaliliit kaya hindi magawa ng mga hayop na umikot o unatin ang kanilang mga binti.

Ang pagboto ng OO sa Proposisyon 2 ay pumipigil sa kalupitan sa hayop, nagtataguyod ng kaligtasan sa pagkain, sinusuportahan ang mga magsasakang pamilya, at nagpoprotekta sa kapaligiran. Ang mga interes ng negosyong agrikultura ay sumasalungat sa Proposisyon 2—nakatago sa madayang pangalan na Mga Taga-California para sa Ligtas na Pagkain—ay may rekord ng panloloko sa publiko, pamiminsala sa mga hayop, at pagdumi sa kapaligiran.

*Ang pagboto ng OO sa Proposisyon 2 ay nangangahulugang:*

. . . *Pagpigil sa kalupitan sa mga hayop.* Maling ikulong ang guyang inaalagaan para sa karne, pinararaming baboy, at mga umiitlog na manok sa maliliit na kulungan na bahagya lamang na mas malaki kaysa kanilang mga katawan. Ang mga guya ay tinatalian sa leeg at halos hindi makakilos, ang mga baboy sa matinding pagkakulong ay kinakagat ang mga metal na bar ng kanilang mga kulungan, at ang mga manok ay naiipit at natutuhog pa sa kanilang mga alambreng hawla. Hindi natin pipilitin ang ating mga paboritong hayop na mabuhay sa marumi, siksikang kulungan sa buong buhay nila, at hindi natin dapat pilitin ang mga hayop sa bukid na magdanas ng gayong paghihirap. Lahat ng hayop, kabilang ang mga inaalagaan para sa pagkain, ay nararapat sa makataong pagtrato.

. . . *Pagpapabuti ng ating kalusugan at kaligtasan ng pagkain.* Nasaksihan nating lahat ang malupit na pagtrato sa mga may-sakit at lumpong baka na inihantad ng isang imbestigasyon ng plantang katayan sa Chino sa taong ito, nag-udyok sa mga awtoridad na alisin ang karne sa mga menu ng paaralan at sinimulan ang isang pagbawi sa buong bansa. Inilagay ng mga magsasaka ng pabrika ang ating kalusugan sa panganib sa pagpapahintulot sa mga teribleng abusong ito, at ngayon ay walang-ingat  na nagsasabi sa atin na okey na panatilihin ang mga hayop sa mga masisikip, hindi makataong kalagayan. Ang pagsiksik ng sampu-sampung libong hayop sa maliliit na kulungan ay nagbibigay-daan sa pagkalat ng mga sakit ng hayop na maaaring makaapekto sa mga tao. Ang Proposisyon 2 ay mas mabuti para sa mga hayop—at sa atin.

. . . *Sinusuportahan ang mga pamilyang magsasaka.* Ang mga pamilyang magsasaka ng California ay sumusuporta sa Proposisyon 2 dahil naniniwala sila na ang kalidad at kaligtasan ng pagkain ay pinahuhusay ng mas mabubuting gawain sa pag-aalaga. Patuloy na lumalaki ang pagtustos nila sa mga pangunahing nagtitingi na tulad ng Safeway at Burger King. Ang mga pabrikang bukid ay nagtitipid at itinutulak mga pamilyang magsasaka palabas ng negosyo kapag inuuna ng mga ito ang mga tubo kaysa kapakanan ng hayop at ating kalusugan.

. . . *Nagpoprotekta sa hangin at tubig at nangangalaga sa kapaligiran.* Ang American Public Health Association ay tumawag ng moratoryo sa mga bagong pabrikang bukid dahil sa mapaminsalang epekto ng mga gawaing ito sa mga nakapaligid na komunidad. Ang mga pabrikang bukid ay madalas na nagkakalat ng basura sa lupang hindi nagagamot—dinunumihan ang ating mga daanan ng tubig, lawa, tubig sa lupa, lupa, at hangin. Sa pag-aalis ng mga pinakamasamang gawain sa pagkukulong ng hayop, ang Proposisyon 2 ay tumutulong na protektahan ang ating mahalagang likas na kayamanan. Iyon ang dahilan kung bakit ang California Clean Water Action at Sierra Club California ay sumusuporta sa Proposisyon 2.

. . . *Isang makatwiran at sentido komun na reporma.* Ang Proposisyon 2 ay nagkakaloob ng sapat na panahon—hanggang 2015—para sa mga magsasaka ng pabrika na gumagamit nitong matinding paraan ng pagkulong upang lumipat sa mga mas makataong gawain. Ang Arizona, Colorado, Florida, at Oregon ay nagpasa ng mga katulad na batas. Ang mga beterinaryo ng California; mga magsasakang pamilya; ang Center for Science in the Public Interest at ang prestihiyosong Pew Commission sa agrikultura ng hayop; mga Republikano at Demokratikong inihalal na opisyal; mga lider ng simbahang Episcopal at Methodist; National Catholic Rural Life Conference; ang Consumer Federation of America; at iba pa ay nagrerekomenda ng pagboto ng OO sa Proposisyon 2.

*Bisitahin ang www.YesOnProp2.org.*

**WAYNE PACELLE,** Presidente
The Humane Society of the United States
**DR. KATE HURLEY, D.V.M., M.P.V.M.,** Propesor na Pangklinika
School of Veterinary Medicine, University of California, Davis
**ANDREW KIMBRELL,** Tagapagpaganap na Direktor
Center for Food Safety

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 2 ★

BUMOTO NG HINDI sa Proposisyon 2 dahil ito ay NAKAKASAKIT sa mga pamilya ng California.

Libu-libong trabaho ang mawawala at ang mga presyo ng itlog ay mabilis na tataas para sa mga mamimili ng California.

Ang isang pag-aaral ng UC Davis ay nagsabi na inaalis ng Proposisyon 2 ang nilikha sa California na ligtas, sariwa, abot-kayang itlog. Hahantong tayo sa pagbili ng mga itlog na dinala mula sa libu-libong milya, kabilang ang Mexico.

BUMOTO NG HINDI sa Proposisyon 2 dahil ito ay NAGBABANTA sa kaligtasan ng pagkain *at* kapakanan ng hayop.

Ang mga nangungunang eksperto sa kaligtasan ng pagkain, beterinaryo, at kalusugan ng publiko ay salungat sa Proposisyon 2. Alam nila na ang mga modernong sistema ng tirahan ng mga manok na umiitlog ay ligtas, malusog, at makatao para sa mga inahin, at ang mga ito ay nagpoprotekta sa kalusugan ng tao.

Ang mga modernong sistemang ito ay idinisenyo para sa wastong pangangalaga at pagtrato, nagkakaloob ng sapat na espasyo, pagkain, tubig, ilaw, at sanitasyon, nagpapahintulot sa mga manok na tumayo, umunat, umikot, at humiga. Ang mga manok ay protektado laban sa mga dumarayong ibon at ligaw na hayop (na nagdadala ng TRANGKASO NG IBON), at mula sa paninirahan sa—pangingitlog sa—kanilang sariling dumi, na maaaring magtaglay na bakteryang *Salmonella.*

Sa pamamagitan ng mabisang pagbabawal ng modernong tirahan, ang Prop. 2 ay nakakapinsala sa mga umiitlog na manok, sinisira ang kapakanan ng hayop, inilalagay sa panganib ang kaligtasan ng pagkain, at inilalagay sa panganib ang kalusugan ng publiko.

BUMOTO NG HINDI sa Proposisyon 2 dahil ito'y MAPANGANIB.

Ang mga tagapagtaguyod ay nagsasabi na ang panukalang-batas na ito ay "katamtaman," pero ang totoo ito'y SOBRA, hindi pinapansin ang nakabase sa agham na mga patnubay sa kaligtasan ng pagkain at kapakanan ng hayop habang inilalagay sa panganib ang kalusugan ng mga pamilya ng California.

Ang mga tagapagtaguyod ay nagsasabi na ang panukalang-batas ay humaharap sa pagtrato ng hayop, pero hindi nila sinasabi sa inyo na ang batas ng California ay matagal nang nag-aatas ng makataong pagtrato sa mga hayop, at ganito pa rin ito.

MANGYARING BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 2. Panatilihing LIGTAS ang pagkain ng California.

**DEAN CLIVER,** Emeritus na Propesor ng Kaligtasan ng Pagkain
University of California at Davis, School of Veterinary Medicine
**MIKE KARLE, DVM,** Presidente
Association of California Veterinarians
**HECTOR CERVANTES, DVM,** Presidente
American College of Poultry Veterinarians

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

**PROP 2** **MGA PAMANTAYAN PARA SA PAGKULONG SA MGA HAYOP SA BUKID. INISYATIBONG BATAS.**

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 2 ★

Ang Proposisyon 2 ay HINDI KAILANGAN, MAPANGANIB, at SUKDULAN. Ito ay ibinubunsod ng isang mahusay na pinopondohang nakabase sa Washington, D.C. na grupo ng espesyal na interes at magkakaroon ng mapanganib, magastos na bunga para sa California.

Ang Proposisyon 2 ay inilalagay ang mga taga-California SA PANGANIB para sa AVIAN FLU, kontaminasyon ng *Salmonella*, at ibang mga sakit. Ang mga magsasaka ng California ay tumutulong na protektahan ang mga taga-California laban sa Avian Influenza, o TRANGKASO NG IBON, at ibang mga sakit sa pamamagitan ng paggamit ng mga modernong sistema ng tirahan upang mag-alaga ng mga umiitlog na manok—mga sistema ng tirahan na mabisang ipinagbabawal ng Proposisyon 2. Ito ay masyadong SUKDULAN kaya ito ay mabisang nagbabawal sa "walang-hawla" na mga itlog, pinipilit ang mga manok na manatili sa labas para sa malaking bahagi ng araw.

"Ang panlabas na paggamit na ito ay nagpapalakas ng kalamangan na ang naturang manukan ay magkakaroon ng tuwirang kontak sa mga dumarayo at ligaw na ibon gayon din sa ibang mga hayop, magtataas ng malaki sa panganib ng Avian Influenza, Exotic Newcastle Disease, at ibang mga sakit." — UNITED STATES ANIMAL HEALTH ASSOCIATION

Alinsunod sa WORLD HEALTH ORGANIZATION, ang paghahatid ng trangkaso ng ibon mula sa manukan patungo sa mga tao ay nagreresulta sa "napakalubhang sakit" at "maaaring magsimula ng isang pandaigdig na paglaganap (pandemiko)."

Halos lahat ng magsasaka sa California ay sumusunod sa Programang Pagtiyak ng Kalidad ng Itlog ng California ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng California, tinitiyak ang mga pinakamataas na pamantayan para sa KALIGTASAN SA PAGKAIN at KALUSUGAN NG PUBLIKO. Ang programang ito ay nagresulta sa talagang pag-aalis ng sakit na dala ng pagkain, tulad ng *Salmonella*, sa mga itlog sa California. Ang totoo, alinsunod sa Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng California, walang kaso ng *Salmonella* na natunton sa paglikha ng itlog sa California sa halos isang dekada. Ang mga itlog na nilikha at ibiniyahe mula sa labas ng estado at Mexico ay hindi inaatasan na tumugon sa kaparehong pamantayan sa kaligtasan sa pagkain na katulad ng mga itlog sa California.

Ang Proposisyon 2 ay NAKAKAPINSALA sa mga MAMIMILI ng California na umaasa sa ligtas, sariwa, abot-kayang itlog na inalagaan sa California para sa kanilang mga pamilya. Ang mga mamimili ay mapipilitang bumili ng mga itlog na ibiniyahe ng libu-libong milya mula sa labas ng estado at MEXICO. Ang mga pamilyang magsasaka ng California ay mawawalan ng negosyo. Ito ay MAGIGING DAHILAN ng pagkawala ng libu-libong TRABAHO, at higit sa $600 MILYON sa AKTIBIDAD NA PANGKABUHAYAN na mawawala, sasaktan ang pang-estado at mga lokal na ekonomiya. Ang mga itlog sa California ay magiging MAS MAHAL. Ngayon na ang mga halaga ng gasolina, bahay, at basikong groseri ay nasa pinakamataas, hindi kaya ng mga taga-California na magbayad ng mas mataas na presyo para sa pagkain.

Ang Proposisyon 2 ay nakapagliligaw dahil ito ay tumutukoy sa *paggamot* ng maraming hayop sa bukid, pero ang aktuwal na hinaharap nito ay *mga paraan ng tirahan*. Ang panukalang-batas na ito ay pangunahing makakaapekto sa umiitlog na manok. Karamihan sa mga opisyal ng kaligtasan sa pagkain, mga eksperto sa kalusugan ng publiko, mga beterinaryo, at mga tagapagtaguyod ng kapakanan ng hayop ay sumusuporta sa mga modernong sistema ng tirahan, na nagkakaloob ng pinakamahusay na posibleng pangangalaga para sa mga manok habang nagpoprotekta sa kanila, at sa mga tao, laban sa pinsala, karamdaman, at sakit.

Ang Proposisyon 2 ay HINDI KAILANGAN dahil ang batas ng California AY NAGPOPROTEKTA NA sa kapakanan at kaligtasan ng hayop.

*Proposisyon 2:*

- NAGTATAAS NG PANGANIB NG TRANGKASO NG IBON
- NAGTATAAS NG PANGANIB NG KARAMDAMANG DALA NG PAGKAIN, TULAD NG *SALMONELLA*
- NAGTATAAS NG MGA PRESYO SA GROSESI NG MGA ITLOG SA CALIFORNIA
- MAGIGING DAHILAN NG PAGKAWALA NG LIBU-LIBONG TRABAHO SA CALIFORNIA AT AALISAN NG NEGOSYO ANG MGA MAGSASAKA
- MAGIGING DAHILAN NG PAGKAWALA SA CALIFORNIA NG $615 MILYON SA AKTIBIDAD NA PANGKABUHAYAN
- PIPINSALAIN ANG KAPALIGIRAN SA PAG-AMBAG SA PANDAIGDIG NA PAG-INIT

Ang mga pamilyang magsasaka, beterinaryo, eksperto sa kalusugan ng publiko at kaligtasan ng pagkain, at mga mamimili ay humimok ng botong "HINDI" sa Proposisyon 2. Bisitahin ang *www.safecaliforniafood.org.*

*BUMOTO NG HINDI SA PROP. 2.*

PANATILIHIN ANG MGA ITLOG SA CALIFORNIA NA LIGTAS. ABOT-KAYA. SARIWA. LOKAL.

**DR. CRAIG REED, DVM,** Dating Kinatawang Tagapangasiwa
Food Safety and Inspection Service, United States Department of Agriculture (USDA)
**DR. TIM E. CARPENTER, Ph.D.,** Propesor ng Epidemiolohiya
Department of Medicine and Epidemiology, School of Veterinary Medicine, UC Davis
**DR. PATRICIA BLANCHARD, DVM, Ph.D.,** Puno ng Sangay
University of California Animal Health and Food Safety Laboratory System

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 2 ★

*OO sa Panukala 2. Nagpoprotekta sa mga Hayop. Kaligtasan ng Pagkain, at ng Kapaligiran.*

Ang mga korporasyon ng pabrikang pagsasaka ay naglabas ng "mga eksperto" na kakampi ng industriya upang takutin ang mga botante sa mga maling sinasabi at basurang agham. Sentido komun lamang na pahintulutan ang mga hayop na humiga, umikot, at unatin ang kanilang mga binti. Ang pagmungkahi na ito'y mapanganib *ay katawa-tawa.*

Sa mga nakabase sa agham, pangmaramihang organisasyon *na sumusuporta sa Prop. 2* ay kabilang ang:

- Consumer Federation of America
- Humane Society of the United States
- Union of Concerned Scientists
- Pew Commission on Industrial Farm Animal Production
- Sierra Club California
- California Clean Water Action

Ang mga kalaban ng Proposisyon 2 ay pinopondohan ng mga kompanya na inuuna ang mga tubo bago ang mga tao at hayop.

Ang isang pangunahing tagapagpondo, ang Moark LLC, ay nagbayad upang ayusin ang mga hablang kriminal na kalupitan dahil sa pagtatapon ng mga buhay na ibon sa mga bin ng basurahan. Ang isa pa, United Egg Producers, ay nagbayad upang ayusin ang maling anunsiyong nagpaparatang na dinala ng 17 abugado sa mga pangkalahatang abugado na may kaugnayan sa mga nakapagliligaw na sinasabi tungkol sa kapakanan ng hayop.

Ang totoo, ang mga hayop na nagsisikip sa mga kulungan ay MAS malamang na mahawa ng Salmonella at ibang mga sakit kaysa mga pasilidad na walang kulungan.

At ang mga taktikang pananakot tungkol sa mga gastos? Ang sariling ekonomista ng industriya ay umamin na magkakahalaga ng isang karagdagang sentimos kada itlog upang pigilan ang pagsisiksikan ng mga manok sa mga hawla.

Talagang mali ang mga kalaban. Hindi nila binanggit na ang karamihan sa mga manok sa paglikha ng pagkain ay hindi nakakulong sa maliliit na hawla. Hindi rin binanggit ang proteksiyon ng Prop. 2 sa mga guya at baboy, at sa paghihirap na dinaranas ng mga hayop na ito sa maliliit na kulungan.

Bumoto ng OO sa Prop. 2.

*www.YesOnProp2.org.*

**DR. IXCHEL MOSLEY, DVM,** Presidente
San Diego County Veterinary Medical Association
**NIGEL WALKER,** Magsasaka ng Itlog sa California
**MICHAEL JACOBSON, Ph.D.,** Tagapagpaganap na Direktor
Center for Science in the Public Interest

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON

# 3

# BATAS SA BONO PARA SA OSPITAL NG MGA BATA. PROGRAMANG GAWAD. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## BATAS SA BONO PARA SA OSPITAL NG MGA BATA. PROGRAMANG GAWAD. INISYATIBONG BATAS.

- Nag-aawtorisa ng $980,000,000 na mga bono, na babayaran mula sa Pangkalahatang Pondo, upang pondohan ang konstruksiyon, pagpapalawak, pagbabago ng yari, pagkukumpuni, paglalagay ng mga muwebles at kagamitan ng mga ospital ng mga bata.
- Nagtatalaga na ang 80 porsiyento ng mga nalikom sa bono ay dalhin sa mga ospital na nagpopokus sa mga batang may mga sakit na tulad ng leukemia, kanser, mga depekto sa puso, diyabetis, sickle cell anemia at cystic fibrosis.
- Nag-aatas na ang mga kuwalipikadong ospital ng mga bata ay magkaloob ng mga komprehensibong serbisyo sa maraming batang karapat-dapat sa mga programa ng pamahalaan at natutugunan ang ibang mga iniaatas.
- Nagtatalaga na ang 20 porsiyento ng mga nalikom sa bono ay dalhin sa mga pangkalahatang ospital ng pangangalaga ng malalang sakit ng Unibersidad ng California.

### Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Gastos ng estado na humigit-kumulang na $2 bilyon sa higit sa 30 taon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($980 milyon) at interes ($933 milyon) ng mga bono. Mga pagbabayad na humigit-kumulang na $64 milyon kada taon.

# PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## KASAYSAYAN

Ang mga ospital ng mga bata ay nagpopokus ng kanilang mga pagsisikap sa mga pangangailangan ng pangngalagang pangkalusugan ng mga bata sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga serbisyong pagsusuri, paggamot, at pagbabagong-tatag sa mga napinsala, nabalda, at may-sakit na mga sanggol at bata. Maraming bata na tumatanggap ng mga serbisyo sa mga ospital na ito ay mula sa mga pamilyang maliit ang kita at may malalaking pangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang Proposisyon 61, na inaprobahan ng mga botante sa pambuong-estadong pangkalahatang eleksiyon ng Nobyembre 2004, ay nag-awtorisa ng pagbebenta ng $750 milyon sa mga pangkalahatang obligasyong bono upang magkaloob ng pagpopondo para sa mga ospital ng mga bata. Ang pamantayan upang maging karapat-dapat ang mga ospital na tumanggap ng mga pondo sa ilalim ng Proposisyon 61 ay kapareho ng nasa ilalim ng panukalang-batas na ito. Pagsapit ng Hunyo 1, 2008, humigit-kumulang na $403 milyon ng mga pondo mula sa Proposisyon 61 ay iginawad sa mga karapat-dapat na ospital.

## MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay nag-aawtorisa sa estado na magbenta ng $980 milyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa mga proyektong kapital na pagpapabuti sa mga ospital ng mga bata. Ang panukalang-batas na ito ay partikular na tumutukoy sa mga ospital ng mga bata ng Unibersidad ng California bilang karapat-dapat tumanggap ng pondo ng bono. May mga karagdagang ospital ng mga bata na malamang na makatugon sa ibang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na tinukoy sa panukalang-batas, na batay sa pagganap ng ospital sa taon ng pananalapi na 2001-02. Kabilang sa pamantayang ito ang pagkakaloob ng hindi kukulangin sa 160 lisensiyadong kama para sa mga sanggol at bata. Ang Pigura 1 ay naglilista ng mga ospital na ito ng mga bata.

**Pigura 1**

**Mga Ospital ng mga Bata na Karapat-dapat sa mga Pondo ng Bono**

| |
|---|
| **Partikular na Tinukoy na Karapat-dapat—20 Porsiyento ng Kabuuang Pondo** |
| Mattel Children's Hospital sa University of California, Los Angeles |
| University Children's Hospital sa University of California, Irvine |
| University of California, Davis Children's Hospital |
| University of California, San Diego Children's Hospital |
| University of California, San Francisco Children's Hospital |
| **Malamang na Maging Karapat-dapat na mga Ospital—80 Porsiyento ng Kabuuang Pondo** |
| Rady Children's Hospital, San Diego (dating Children's Hospital at Health Center, San Diego) |
| Children's Hospital Los Angeles |
| Children's Hospital at Research Center sa Oakland |
| Children's Hospital ng County ng Orange |
| Loma Linda University Children's Hospital |
| Lucile Salter Packard Children's Hospital sa Stanford |
| Miller's Children's Hospital, Long Beach |
| Children's Hospital Central California |

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pangkalahatang obligasyong bono, mangyaring sumangguni sa seksiyon nitong pamplet ng balota na may titulong "Isang Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado."

Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng bono ay maaaring gamitin para sa konstruksiyon, pagpapalawak, pagbabago ng yari, pagkukumpuni, paglalagay ng mga muwebles, paglalagay ng mga kagamitan, pagtustos, o muling pagtustos ng mga ospital ng mga bata. Walumpung porsiyento ng mga pera ay makukuha ng mga di-nagtutubong ospital ng mga bata at ang natitirang 20 porsiyento ay makukuha ng mga ospital ng mga bata ng Unibersidad ng California. Ang mga perang ipinagkakaloob ay hindi maaaring humigit sa kabuuang gastos ng isang proyekto, at ang mga pinopondohang proyekto ay kailangang kumpletuhin "sa loob ng isang makatwirang panahon."

Ang mga ospital ng mga bata ay kailangang magbigay ng nakasulat na aplikasyon para sa mga pondo. Ang Awtoridad sa Pagtustos sa mga Pasilidad na Pangkalusugan ng California (CHFFA), isang kasalukuyang ahensiya ng estado, ay aatasang bumuo ng aplikasyon para sa gawad. Ito ay dapat magproseso ng mga isinumiteng aplikasyon at magbigay ng mga gawad sa loob ng 60 araw. Ang desisyon ng CHFFA na magbigay ng gawad ay ibabatay sa maraming bagay, kabilang ang kung ang gawad ay makakatulong sa pagpapalawak o pagpapabuti ng daan sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata na karapat-dapat sa mga programa ng pamahalaan sa segurong pangkalusugan, o dukha, hindi sapat na napaglilingkuran, o hindi nakaseguro; kung ang gawad ay makakatulong sa pagpapabuti ng pangangalagang pangkalusugan ng bata o mga bunga sa pasyenteng bata; at kung ang aplikanteng ospital ay magtataguyod ng mga programa sa pagtuturo o pananaliksik tungkol sa bata.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang gastos ng estado sa mga bonong ito ay depende sa mga antas ng interes na nakuha nang ang mga ito ay ibinenta at sa panahon na ang utang na ito ay babayaran. Kung ang $980 milyon na mga bono na inawtorisa ng panukalang-batas na ito ay ibinenta sa antas ng interes na 5 porsiyento at binayaran sa 30 taon, ang gastos sa Pangkalahatang Pondo ay magiging humigit-kumulang na $2 bilyon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($980 milyon) at interes ($933 milyon). Ang pangkaraniwang pagbabayad para sa prinsipal at interes ay humigit-kumulang na $64 milyon kada taon. Ang mga gastos sa pangangasiwa ay magiging limitado sa mga aktuwal na gastos ng CHFFA o 1 porsiyento ng mga pondo sa bono, alinman ang mas mababa. Tinatantiya namin na ang magiging mga gastos na ito ay maliit.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 3, tingnan ang pahina 82.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 3 ★

Ang mga magulang ng mga batang may malubhang sakit, tulad namin, ay nauunawaan ang kahalagahan ng mga Ospital ng mga Bata ng California. Ang ating mga anak ay tumanggap ng pangangalaga ng espesyalista na kailangan nila at hindi makuha sa ibang lugar.

Higit sa 1 MILYONG beses bawat taon, ang mga Ospital ng mga Bata ng California ay gumagamot ng mga bata na may pinakamalubhang sakit at pinsala. Ang mga batang humaharap sa nagbabanta sa buhay na mga sakit na tulad ng LEUKEMIA, KANSER, MGA DEPEKTO SA PUSO, SICKLE CELL ANEMIA, DIYABETIS, CYSTIC FIBROSIS, at hindi mabilang na ibang pambihirang kondisyon ay ginagamot sa panrehiyong Mga Ospital ng mga Bata araw-araw, nang hindi isinasaalang-alang ang kita ng pamilya o kakayahang magbayad.

Ang mga bata ay dinadala sa mga mahuhusay na sentrong ito ng mga bata ng ibang mga ospital at doktor mula sa buong California para sa paggamot ng espesyalista na kailangan nila. Ang mga Ospital ng mga Bata ay nagkakaloob ng:

- 88% ng pangangalaga ng panloob na pasyente para sa mga bata na kailangan ng pag-opera ng puso;
- 97% ng lahat ng pag-opera para sa mga bata na kailangan ng paglilipat ng bahagi ng katawan; at
- 71% ng pangangalaga ng panloob ng pasyente para sa mga batang may kanser.

Isipin ninyo iyon.

Ang mga Ospital ng mga Bata ay nagliligtas ng daan-daang buhay ng mga bata ARAW-ARAW. Maraming bata na napapagaling. Ang iba ay napalawig ng maraming taon ang kanilang mga buhay. Napabuti ng lahat ang kalidad ng kanilang mga buhay. Ngayon, halos 90% NG MGA BATANG ISINILANG NA MAY DEPEKTO SA PUSO ay maaaring gamutin o tulungan ng malaki ng pag-opera. Ang BILANG NG NAKAKALIGTAS NA BATA MULA SA LEUKEMIA AY 80%. Isipin ninyo iyon.

Ang pangunahing sentro ng pananaliksik ng mga bata ay nasa mga Panrehiyong Ospital ng mga Bata na ginagawa silang pinagkukunan ng mga natutuklasang medikal at pagsulong na pinakikinabangan ng lahat ng mga bata. ANG PROPOSISYON 3 AY MAGPAPAHINTULOT SA MGA OSPITAL NG MGA BATA NA BUMILI NG MGA PINAKABAGONG TEKNOLOHIYA at espesyal na kagamitan para sa mga sanggol na may-sakit na maagang ipinanganak, malaki ang kulang na timbang, o may mga depektibong bahagi ng katawan.

ANG PROPOSISYON 3 AY HINDI NAGTATAAS NG MGA BUWIS. Ang mga bono ay isang pamumuhunan sa mga buhay ng milyun-milyong bata na gagamutin sa susunod na 30 taon.

Ang mga Ospital ng mga Bata ay walang sapat na silid upang hawakan ang lumalaking bilang ng mga malubha ang sakit at napinsalang bata na ipinadadala sa kanila araw-araw. ANG MGA PONDO NG PROPOSISYON 3 AY TUTULONG SA MGA OSPITAL NA GUMAWA NG MGA KARAGDAGANG KAPASIDAD NG KAMA AT BUMILI NG MAHALAGANG KAGAMITAN UPANG MATIYAK NA ANG LAHAT NG BATA SA CALIFORNIA ay makakakuha ng katulad na mahusay na pangangalaga na nakuha ng aking mga anak.

Ang mga mapagkawanggawang ospital na ito ng Unibersidad at di-nagtutubo ay nangangailangan ng ating tulong! Ang mga bata na may Sakit sa Puso o Cystic Fibrosis o Kanser ay kailangang ipasok nang paulit-ulit sa isang Ospital ng mga Bata upang patatagin at gamutin sa kanilang mga nagbabanta sa buhay at nagpapahinang sakit. Ang mga Ospital ng mga Bata ay may mga espesyalista upang pahusayin ang kalidad ng buhay ng mga bata, tumutulong sa kanila na manatili sa bahay at manatili sa paaralan.

ANG MGA BATANG PINAKAMALUBHA ANG SAKIT AT PINSALA AY INILILIGTAS ARAW-ARAW SA ISANG OSPITAL NG MGA BATA! Ang mga doktor, nars, at tauhan ng mga Ospital ng mga Bata ay hindi tulad ng ibang mga tao na makikilala ninyo. Ang kanilang mga buhay ay nakalaan sa isang misyon. At ang misyong iyon ay gamutin ang mga batang may pinakamalubha at nakakamatay na sakit na tulad ng Leukemia, Kanser, mga Depekto sa Puso, Sickle Cell Anemia, Diyabetis, at Cystic Fibrosis.

Maiisip natin ang isang California na ang lahat ng batang may malubhang sakit at pinsala ay tumatanggap ng pangangalagang katulad ng natanggap ng aking mga anak. MAG-ISIP NA KASAMA NAMIN. Mangyaring samahan ang aming mga pamilya at milyun-milyong iba pa na ang mga anak ay nangangailangan ng mga Ospital ng mga Bata ng California. MANGYARING BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 3.

**ROBIN MEEKS,** Magulang
**MINDY VAZQUEZ,** Magulang
**DIANE GIBSON,** Magulang

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 3 ★

Ang ating ekonomiya ay mahina. Ang mga pamilya ay nahihirapan sa pananalapi. Hindi mabalanse ng pamahalaan ng ating estado ang mga libro nito. HINDI ngayon ang panahon upang ipapasan sa ating mga sarili, sa ating mga anak, at sa ating mga apo ang karagdagang utang.

Ang mga tagapamahala ng kampanya para sa Proposisyon 3 ay alam na napupukaw nila ang puso ng mga botante sa pagtawag sa Proposisyon 3 na "para sa mga bata." Ang mga tuwirang makikinabang ay ang mga bahay ng mga panustos na medikal, mga kompanya ng gamot, mga tagapangasiwa ng ospital, at ibang mga espesyal na interes. Sila ay tatanggap ng halos $1 Bilyon ng pera ng mga nagbabayad ng buwis pagkatapos "mamuhunan" ng kaunting halaga upang maging kuwalipikado at ikampanya ang inisyatibong ito. *Ito ay isang teribleng pang-aabuso ng proseso ng inisyatibo.*

Ang mga nasa likod ng Prop. 3 ay hindi nagsasabi sa inyo ng isa pang mahalagang katotohanan—ang hindi pa nagagastang pondo mula sa naunang "bono para sa ospital ng mga bata" (Prop. 61 noong 2004) ay makukuha pa rin. Sa halip na gastahin ang pera na inawtorisa na ng mga botante, sila ay humihingi pa ng karagdagan—kahit na naghihirap ang ating ekonomiya, at ang kompetisyon para sa mga dolyar na iyon ay matindi.

Sinasabi ng mga tagapagtaguyod: "Ang Proposisyon 3 ay hindi nagtataas ng mga buwis." Sino ang gusto nilang paniwalaan ninyo na nagbabayad ng singil? Ang diwata ng ngipin? Ang prinsipal at interes (halos $2 bilyon sa 30 taon) ng bonong ito ay babayaran ng ating mga anak at apo. Kaya, ang mga buwis ay itataas o ang ibang mga paggasta ng estado, tulad ng mga paaralan, tagapagpatupad ng batas o mga parke, ay babawasan. Walang "libreng tanghalian."

Sa mahihirap na panahong ito sa ekonomiya, hindi makakaya ng mga taga-California ang malaking bagong paggasta at ang malaking utang na kasama nito. *Bumoto ng HINDI sa Prop. 3.*

**LEWIS K. UHLER,** Presidente
National Tax Limitation Committee
**TED GAINES,** Miyembro ng Asembleya ng Estado ng California
**JAMES V. LACY,** Direktor
American Conservative Union



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

# BATAS SA BONO PARA SA OSPITAL NG MGA BATA. PROGRAMANG GAWAD. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 3 ★

Sa isang panahon na ang California ay lubog na sa utang, na ang kakayahan ng mga residente na bayaran ang utang sa bono ay nakapagdududa at ang marka ng kredito nito ay nagiging dahilan upang mabilis na tumaas ang antas ng interes, ang pagdagdag ng pagkakautang sa bono para sa lahat maliban sa pinakamahalagang impra-istruktura ay hindi matalino at masasabing katawa-tawa.

Pero kahit na ang karagdagang utang sa bono ay hindi isang isyu, ang panukalang-batas na ito ay napakaraming depekto. Itong halos $1 bilyon na bonong panukalang-batas ay isa pang pang-aabuso ng proseso ng inisyatibo na binili at binayaran ng mga espesyal na interes (mga ospital, ang kanilang mga tagapamahala, at mga tauhan), na makikinabang nang tuwiran, nang personal, at pinansiyal mula sa pagpasa nito.

At hindi ito ang unang pagkakataon na ang kaparehong espesyal na interes ay pumunta sa proseso ng inisyatibo. Noong 2004 ibinunsod nila ang isang katulad na katulad ng inisyatibong ito para sa $750 milyon. Eto na naman sila, ngayon para sa *mas malaki.* Samantalang daan-daang milyong dolyar mula sa naunang bono (Prop. 61) ay namamalaging hindi nagagasta. Tandaan, ang mga ito ay hindi mga naghihirap na institusyon. Marami ay bahagi ng mahusay na pinopondohan na sistema ng Unibersidad ng California, at ang iba ay may malaking pribadong suporta at suporta ng pundasyon.

Ang napakalaking paggasta na inisyatibong ito ay tinawag na tumutulong sa "mga ospital ng mga bata," ginagamit ang "mga bata" bilang pagbibigay-katwiran para sa paglusot sa karaniwang prosesong pambatasan kung saan ang mga priyoridad sa paggasta ng estado ay mas mabuting ipinapasiya. Pero ang isang maingat na pagbabasa ng pagpapakahulugan ng "mga ospital ng bata" ay naghahantad na 80% ng pera ay maaaring pumunta sa *alinmang* ospital ng malubhang sakit sa kondisyong ito ay gumagamot ng mga bata, bukod sa ibang mga pasyente. Lumilitaw na ang puwersang nagpapatakbo sa panukalang-batas na ito ay magkaloob ng likurang pinto na paraan ng pagbabayad sa mga ospital para sa paggamot ng mga mahihirap (kabilang ang mga ilegal na dayuhan) na hindi nagbabayad sa pamamagitan ng harapang pinto.

Habang ang bonong panukalang-batas na ito ay nagpapahayag na ang nalikom ay gagamitin para sa mga kapital na pagpapabuti, ang mga pagpapakahulugan ay masyadong maluwag na anyong ang mga pondo ay maaaring dumaloy upang tustusan o bayaran ang anumang proyektong ang isang malikhaing tagasulat ng gawad ay may sapat na liksi upang "ibenta" sa mga tagagawa ng desisyon sa pondo sa bono. Ang ang "pagbebenta" ay hindi mahirap, dahil ang mga tagagawa ng desiyon ay bahaging lahat ng iisang pangkat—at halos $10 milyon ng mga pondo sa bono ay makukuha para sa "mga gastos na pampangasiwaan," ito ay ang pagbabayad sa mga tagasulat ng gawad at iba pa.

Alinnman sa mga ospital ng malubhang sakit na kuwalipikado sa ilalim ng panukalang-batas ay maaaring tumanggap ng isang gawad na hanggang $98 milyon. Hindi ba nakapagtataka na ang mga ospital na makikinabang nang tuwiran mula sa panukalang-batas na ito ay sabik na pondohan ang paglikom ng pirma at ang kampanya sa panukalang-batas na ito?

Ang mga tagapagtaguyod ay umaasa na kayo ay tutugon nang madamdamin sa pagtawag nila sa panukalang-batas na ito: ito'y "para sa mga bata." Huwag padadala sa pagtawag. May pagkakataon kayong patigilin itong espesyal na interes na pang-aabuso ng proseso ng inisyatibo at pahinain ang loob ng iba sa maling paggamit nito sa hinaharap.

At tandaan kung sino ang magbabayad ng singil para sa bono sa susunod na 30 taon: ang inyong mga anak at apo. Kung talagang gusto ninyong tulungan sila, huwag silang bigyan ng karagdagang utang na may ganitong uri.

**LEWIS K. UHLER,** Presidente
National Tax Limitation Committee
**EDWARD 'TED' COSTA,** Presidente
People's Advocate
**JON FLEISCHMAN,** Publisista
Flashreport.org

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 3 ★

Ang mga kalaban ng ating mga Ospital ng mga Bata ay nagsasabi, "ang pagkakautang sa bono para sa anumang bagay pero hindi sa pinakamahalagang impra-istruktura ay hindi matalino."

Itinatanong namin sa inyo, ano ang mas mahalaga kaysa pamumuhunan sa mga ospital kung saan higit sa isang milyong beses bawat taon ang mga Bata sa California ay ginagamot para sa mga traumatikong pinsala at sakit na tulad ng kanser, leukemia, sickle cell anemia, at cystic fibrosis? Anong impra-istruktura ang mas mahalaga kaysa teknolohiya at mga pasilidad para sa pangangalaga ng bagong silang at pagpapalit ng bahagi ng katawan ng mga bata?

Ang Proposisyon 3 ay isang pamumuhunan sa kalusugan ng mga bata sa California na ang mga buhay ay maililigtas sa susunod na 30 taon.

Ang unibersidad at di-nagtutubong mapagkawanggawang mga Ospital ng mga Bata na nakakatugon sa mahigpit na pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng Proposisyon 3 ay 100% ay dedikado sa pinakamalubha ang sakit at napinsalang bata sa California. Ang mga pondo ng Bono Para sa mga Ospital ng mga Bata ay mahigpit na sinusubaybayan at kinokontrol ng Ingat-yaman ng Estado. At ang Proposisyon 3—sa prinsipal at interes—ay isa sa mga pinakamaliit na bono sa kasaysayan.

Ang mga kalabang ito ay tumawid ng linya nang atakehin nila ang integridad ng mga tao na naglaaan ng kanilang mga buhay sa pagliligtas ng ating mga bata. Ang tatlong lalaking ito ay walang-ingat na nangangatwiran na ang mga taong gumagawa ng mabuting gawain ay "tuwirang makikinabang, personal, at pinansiyal" mula sa bono. Ang kanilang buong pangangatwiran ay masama ang diwa, ipokrito, at hindi totoo. Ang Proposisyon 3 ay isang mabuting pamumuhunan na ang pakinabang ay . . . walang katumbas na halaga.

Ang mga magulang ng mga batang may malubhang sakit, tulad namin, ay nauunawaan ang kahalagahan ng mga Ospital ng mga Bata ng California. Ang aming mga anak ay tumanggap ng pangangalaga ng espesyalista na kailangan nila at hindi makuha sa ibang lugar.

Mangyaring bumoto ng Oo sa 3.

**ROBIN MEEKS,** Magulang
**MINDY VAZQUEZ,** Magulang
**DIANE GIBSON,** Magulang

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON **4**

# PANAHON NG PAGHIHINTAY AT PAUNAWA SA MAGULANG BAGO ANG PAGTATAPOS NG PAGBUBUNTIS NG MENOR. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## PANAHON NG PAGHIHINTAY AT PAUNAWA SA MAGULANG BAGO ANG PAGTATAPOS NG PAGBUBUNTIS NG MENOR. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

- Binabago ang Saligang-batas ng California upang ipagbawal ang aborsiyon para sa di-pinalayang menor hanggang 48 oras pagkatapos bigyan ng paunawa ng doktor ang magulang ng menor o legal na tagapangalaga.
- Nagpapahintulot ng paunawa sa mga partikular na kamag-anak na may sapat na gulang kung ang magulang ay iniulat ng doktor sa tagapagpatupad ng batas o Mga Serbisyong Nagpoprotekta sa Bata.
- Nagtatadhana ng eksepsiyon sa paunawa para sa emerhensiyang medikal o pagtalikdan ng magulang.
- Nagpapahintulot sa mga hukuman na talikdan ang paunawa batay sa malinaw at nakakakumbinsing ebidensiya ng pagkakaroon ng maturidad ng menor o mga makakabuti dito.
- Nag-uutos ng mga iniaatas sa pag-uulat, kabilang ang mga ulat mula sa mga doktor tungkol sa mga aborsiyon sa mga menor.
- Nag-aawtorisa ng mga bayad-pinsala laban sa mga doktor dahil sa paglabag.
- Nag-aatas ng pahintulot ng menor sa aborsiyon, na may mga eksepsiyon.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Maaaring hindi alam na netong mga gastos ng estado na maraming milyong dolyar taun-taon para sa mga pinagsamang programang pangkalusugan at panlipunan, pangangasiwa ng hukuman, at pangangasiwa ng ahensiyang pangkalusugan ng estado.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

Noong 1953, ang isang batas ng estado ay pinagtibay na nagpapahintulot sa mga menor na tumanggap, nang walang pahintulot ng magulang o paunawa dito, ng mga uri ng pangangalagang medikal para sa isang pagbubuntis na kapareho ng nakukuha ng isang may sapat na gulang. Batay sa batas na ito at mga pagsulong ng batas sa huli na may kaugnayan sa aborsiyon, nagawa ng mga menor na kumuha ng mga aborsiyon nang walang pahintulot ng magulang o paunawa dito.

Noong 1987, sinusugan ng Lehislatura ang batas na ito upang atasan ang mga menor na kumuha ng pahintulot ng alinman sa magulang o isang hukuman bago sumailalim sa aborsiyon. Gayunman, dahil sa mga pagsalungat na pambatas, ang batas ay hindi naipatupad, at sa huli ay pinawalang-bisa ito ng Korte Suprema ng California noong 1997. Bunga nito, ang mga menor sa estado ay kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyong aborsiyon na katulad ng natatanggap ng mga may sapat na gulang. Kabilang dito ang mga menor sa iba't ibang programa sa pangangalagang pangkalusugan ng estado, tulad ng programang pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal para sa mga indibidwal na maliit ang kita.

### MUNGKAHI

#### Mga Iniaatas na Paunawa

Ang panukalang-batas na ito ay nagsususog sa Saligang-batas ng Estado upang atasan, nang may mga partikular na eksepsiyon, ang isang doktor (o ang kanyang kinatawan) upang *bigyan ng paunawa* ang magulang o legal na tagapangalaga ng isang buntis na menor nang hindi kukulangin sa 48 oras bago gawin ang aborsiyon sa isang menor. (Ang panukalang-batas na ito ay hindi nag-aatas sa isang doktor o isang menor na kumuha ng pahintulot ng isang magulang o tagapangalaga.) Ang panukalang-batas na ito ay umaaplay lamang sa mga kaso na may kaugnayan sa "di-pinalayang" menor. Ang panukalang-batas ay tumutukoy sa di-pinalayang menor bilang isang babae na wala pang 18 taong gulang na hindi pa pumapasok sa isang balidong kasal, wala sa aktibong tungkulin sa mga sandatahang serbisyo ng Estados Unidos, at hindi pa naidedeklarang malaya mula sa pag-iingat at kontrol ng kanyang mga magulang o tagapangalaga sa ilalim ng batas ng estado.

Ang isang doktor ay magkakaloob ng iniaatas na paunawa sa alinman sa sumusunod na dalawang paraan:

***Personal na Nakasulat na Paunawa.*** Ang nakasulat na paunawa ay maaaring personal na ipagkaloob sa magulang

o tagapangalaga—halimbawa, kapag sinamahan ng isang magulang ang menor sa pagsusuri sa tanggapan.

***Paunawa sa Koreo.*** Ang isang magulang o tagapangalaga ay maaaring padalhan ng isang nakasulat na paunawa sa pamamagitan ng isang sertipikadong koreo sa kondisyon na ang isang ibabalik na resibo ay hiniling ng doktor at ang paghahatid ng paunawa ay para sa magulang o tagapangalaga lamang na dapat bigyan ng paunawa. Ang isang karagdagang kopya ng nakasulat na paunawa ay kailangang kasabay na ipadala sa magulang o tagapangalaga sa pamamagitan ng primera-klaseng koreo. Sa ilalim ng paraang ito, ang paunawa ay ipapalagay na nangyari pagsapit ng tanghali ng ikalawang araw pagkatapos lagyan ng tatak-pangkoreo ang nakasulat na paunawa.

## Mga Eksepsiyon sa mga Iniaatas na Paunawa

Ang panukalang-batas ay nagtatadhana ng mga sumusunod na eksepsiyon sa mga iniaatas na paunawa sa magulang:

***Mga Emerhensiyang Medikal.*** Ang mga iniaatas na paunawa ay hindi umaaplay kung ang doktor ay nagsertipika sa rekord na medikal ng menor na ang aborsiyon ay kailangan upang pigilan ang pagkamatay ng ina o ang pagkaantala ay "lilikha ng seryosong panganib ng malaki at hindi maibabalik na pagkasira ng isang malaking ginaganap ng katawan."

***Mga Pagtalikdan na Inaprobahan ng Magulang o Tagapangalaga.*** Ang magulang o tagapangalaga ng isang menor ay maaaring tumalikdan sa mga iniaatas na paunawa at sa panahon ng paghihintay sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagpirma sa isang pormularyo ng nakasulat na pagtalikdan para sa doktor. Dapat tukuyin ng magulang o tagapangalaga sa pormularyong ito na ang pagtalikdan ay magiging balido (1) para sa 30 araw, (2) hanggang sa isang tinukoy na petsa, o (3) hanggang sa ika-18 kaarawan ng menor. Ang pormularyo ay kailangang ipanotaryo maliban kung ito ay inihatid ng magulang o tagapangalaga nang personal sa doktor.

***Paunawa sa Miyembro ng Pamilya na May Sapat na Gulang at Ulat ng Pang-aabuso.*** Ang doktor ay maaaring magbigay ng paunawa sa isang miyembro ng pamilya na may sapat na gulang sa halip na bigyan ng paunawa ang magulang ng menor batay sa nakasulat na pahayag ng menor na (1) natatakot siya sa pisikal, sekswal, o matinding pang-aabuso ng damdamin mula sa isang magulang na bibigyan ng paunawa, at (2) ang kanyang takot ay batay sa isang nakaraang naturang pang-aabuso sa kanya ng isang magulang. Ang panukalang-batas ay naglilinaw sa isang miyembro ng pamilya na may sapat na gulang bilang isang tao na hindi kukulangin sa 21 taon ang edad na isang lolo o lola, magulang na panguman, tumatangkilik na magulang, tiya, tiyo, kapatid, kalahating-kapatid, o unang-antas na kamag-anak ng menor. Ang paraan ng paunawa sa isang miyembro ng pamilya na may sapat na gulang ay dapat na kaayon ng iniaatas para sa paunawa sa magulang. Bilang karagdagan, ang panukalang-batas ay nag-aatas sa doktor na gumawa ng isang nakasulat na ulat ng alam o hinihinalang pang-aabuso sa bata sa angkop na tagapagpatupad ng batas o pampublikong ahensiya ng proteksiyon sa bata. Ang doktor ay aatasan din na isama sa paunawa ang isang liham na ipinagbibigay-alam sa miyembro ng pamilya na may sapat na gulang ang tungkol sa ulat ng pang-aabuso.

***Mga Pagtalikdan na Inaprobahan ng mga Hukuman.*** Ang buntis na menor ay maaaring humingi sa isang hukumang pangkabataan na talikdan ang mga iniaatas na paunawa. Maaaring gawin ito ng isang hukuman kung ipinasiya nito na ang menor ay may sapat na maturidad at lubos ang kaalaman upang magpasiya kung dapat sumailalim sa aborsiyon o ang paunawang iyon ay hindi makakabuti sa menor. Kung ang paghiling ng pagtalikdan ay ipinagkait, maaaring iapela ng menor ang desisyong iyon sa isang hukuman ng paghahabol.

Ang isang menor na naghahangad ng isang pagtalikdan ay hindi kailangang magbayad ng mga fee sa hukuman, bibigyan ng hukuman ng ibang tulong sa kaso, at magiging karapat-dapat sa isang abugado na hinirang ng hukuman. Ang pagkakakilanlan ng menor ay pananatilihing kompidensiyal. Ang hukuman ay pangkaraniwang dapat duminig at mag-isyu ng isang pagpapasiya sa loob ng tatlong araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang paghiling ng pagtalikdan. Ang hukuman ng paghahabol ay pangkaraniwang kailangang duminig at magpasiya sa anumang apela sa loob ng apat na araw ng trabaho.

Ang panukalang-batas ay nag-aatas din na, sa anumang kaso kung saan nakakita ang hukuman ng ebidensiya ng pang-aabusong pisikal, sekswal, o pandamdamin, dapat dalhin ng hukuman ang ebidensiya sa angkop na tagapagpatupad ng batas o pampublikong ahensiya ng proteksiyon sa bata.

## Mga Iniaatas ng Estado sa Pag-uulat

Ang mga doktor ay inaatasan ng panukalang-batas na ito na magharap ng isang pormularyo na nag-uulat ng partikular na impormasyon sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan (DHS)[1] sa loob ng isang buwan pagkatapos gawin ang isang aborsiyon sa isang di-pinalayang menor. Ang pormularyo ng pag-uulat ay magsasama ng petsa at

[1] Simula noong Hulyo 1, 2007, ang DHS ay hinati sa dalawang kagawaran: ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan at ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Ang panukalang-batas ay hindi tumutukoy kung alin sa mga kagawarang ito ang gagawa ng mga aktibidad na ito at magkakaroon ng mga kaugnay na gastos.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 4, tingnan ang pahina 84.*

pasilidad kung saan ang aborsiyon ay ginawa, ang buwan at taon ng kapanganakan ng menor, at mga partikular na ibang impormasyon tungkol sa menor at mga kalagayan kung bakit ginawa ang aborsiyon. Ang mga pormularyo na ihaharap ng mga doktor ay hindi magsasabi ng pangalan ng menor o sinumang magulang o tagapangalaga. Batay sa mga pormularyong ito, ang kagawaran ay magtitipon ng mga partikular na impormasyong pang-estadistika na may kaugnayan sa mga aborsiyon na ginawa sa mga menor sa isang taunang ulat na makukuha ng publiko.

Ang mga hukuman ay inaatasan ng panukalang-batas na mag-ulat taun-taon sa Konsehong Panghukuman ng estado ng bilang ng mga petisyon na iniharap at iginawad o ipinagkait. Ang mga ulat ay makukuha ng publiko. Ang panukalang-batas ay nag-aatas din sa Konsehong Panghukuman na magtagubilin ng isang paraan ng pag-uulat na tumitiyak ng pagkakompidensiyal ng sinumang menor na nagharap ng petisyon.

### Mga Parusa

Sinumang tao na gumawa ng aborsiyon sa isang menor at hindi sumunod sa mga tadhana ng panukalang-batas ay magkakaroon ng pananagutan para sa anumang mga pinsala sa isang aksiyong sibil na dinala ng menor, ng kanyang legal na kinatawan, o ng isang magulang o tagapangalaga na maling pinagkaitan ng paunawa. Ang panukalang-batas ay mag-aatas sa naturang aksiyong pambatas na magsimula sa loob ng apat na taon pagkatapos ng ika-18 kaarawan ng menor o sa bandang huli, sa ilalim ng mga tinukoy na kalagayan. Sinumang tao, na iba sa menor o sa kanyang doktor, na sadyang nagkaloob ng maling impormasyon na ang paunawa ng isang aborsiyon ay ipinagkaloob sa isang magulang o tagapangalaga ay nagkasala ng isang misdemeanor na maparurusahan ng multa.

### Paglaya Mula sa Pamimilit

Ang panukalang-batas ay nagpapahintulot sa isang menor na humingi ng tulong mula sa isang hukumang pangkabataan kung may nagtatangkang pumilit sa kanya na sumailalim sa aborsiyon. Ang isang hukuman ay aatasan na mabilis na isaalang-alang ang mga naturang kaso at maaaring gawin ang anumang aksiyon na ipinasiya nitong kailangan upang pigilan ang pamimilit.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang mga epekto sa pananalapi ng panukalang-batas na ito sa pamahalaan ng estado ay magiging depende pangunahin sa kung paano ang mga bagong iniaatas na ito ay makakaapekto sa pagtingin ng mga menor tungkol sa aborsiyon at pagbubuntis. Ang mga pag-aaral ng mga katulad na batas sa ibang mga estado ay nagmumungkahi na ang epekto ng panukalang-batas na ito sa bilang ng mga nanganganak na menor sa California ay magiging limitado, kung mayroon. Kung ito ay magtataas ng bilang ng mga nanganganak na menor sa California, ang netong gastos sa estado ay malamang na hindi humigit sa maraming milyong dolyar taun-taon para sa pinagsamang mga programang serbisyong pangkalusugan at panlipunan, sa mga hukuman, at sa pangasiwaan ng estado. Tinatalakay namin ang maaaring maging malalaking epekto sa pananalapi ng panukalang-batas sa ibaba.

### Mga Matitipid at mga Gastos Para sa mga Programang Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado

Ang mga pag-aaral ng ibang mga estado na may mga batas na katulad ng iminumungkahi sa panukalang-batas na ito ay nagmumungkahi na ito ay maaaring magresulta sa kabawasan sa bilang ng mga aborsiyon na nakukuha ng mga menor sa loob ng California. Ang kabawasang ito sa mga aborsiyon na ginawa sa California ay maaaring mapalitan sa hindi alam na antas sa pamamagitan ng pagtaas sa bilang ng mga aborsiyon sa labas ng estado na nakukuha ng mga menor sa California. Ang ilang menor ay maaaring umiwas sa pagbubuntis bilang resulta ng panukalang-batas na ito, lalong magbabawas sa bilang ng mga aborsiyon para sa grupong ito. Kung, sa anumang dahilan, ang panukalang-batas na ito ay nagbawas sa kabuuang bilang ng mga menor na kumukuha ng mga aborsiyon sa California, malamang din na mas kaunti ang mga aborsiyon na gagawin sa ilalim ng Programang Medi-Cal at ng ibang mga programang pangangalagang pangkalusugan ng estado na nagkakaloob ng mga serbisyong medikal para sa mga menor. Ito ay magreresulta sa hindi alam na mga matitipid ng estado para sa mga programang ito.

Ang panukalang-batas na ito ay maaari ring magresulta sa ilang hindi alam na mga karagdagang gastos para sa mga programang pangangalagang pangkalusugan ng estado. Kung ang panukalang-batas na ito ay magresulta sa kabawasan sa mga aborsiyon sa mga menor at karagdagan sa bilang ng pagsilang ng mga bata sa mga pamilyang maliit ang kita na karapat-dapat sa pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng publiko, ang estado ay magkakaroon ng mga karagdagang gastos. Sa mga ito ay maaaring kabilang ang mga gastos para sa mga serbisyong medikal na ipinagkakaloob sa panahon ng pagbubuntis, panganganak, at pansubaybay na pangangalaga.

Ang netong epekto sa pananalapi, kung mayroon, ng mga ito o ibang mga kaugnay na gastos at mga matitipid ay malamang na hindi humigit sa mga gastos na ilang milyong dolyar taun-taon sa estado. Ang mga gastos na ito ay hindi magiging malaki kumpara sa kabuuang paggasta ng estado para sa mga programang nagkakaloob ng mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Ang Programang Medi-Cal mag-isa ay tinatantiyang gagastusan ng estado ng $14.1 bilyon sa 2007-08.

## Mga Gastos sa Pangangasiwa ng Ahensiyang Pangkalusugan ng Estado

Ang estado ay magkakaroon ng unang-taon na mga gastos na hanggang $350,000 upang bumuo ng mga bagong pormularyo upang ipatupad ang panukalang-batas na ito, itatag ang sistema ng pag-uulat ng doktor, at ihanda ang unang taunang ulat na nagtataglay ng impormasyong pang-estadistika tungkol sa mga aborsiyon ng mga menor. Ang patuloy na mga gastos ng estado upang ipatupad ang panukalang-batas na ito ay maaaring magkahalaga ng hanggang $150,000 taun-taon.

## Mga Gastos sa Pangangasiwa ng Hukumang Pangkabataan at Hukuman ng Paghahabol

Ang panukalang-batas ay magreresulta sa nadagdagang mga gastos ng estado para sa mga hukuman, pangunahin bilang resulta ng mga tadhana na nagpapahintulot sa mga menor na humiling ng pagtalikdan ng hukuman sa mga iniaatas na paunawa. Ang laki ng mga gastos na ito ay hindi alam, pero maaaring umabot ng maraming milyong dolyar taun-taon, depende pangunahin sa bilang ng mga menor na naghangad ng mga pagtalikdan. Ang mga gastos na ito ay hindi magiging malaki kumpara sa kabuuang paggasta ng estado para sa mga hukuman, na tinatantiya na $2.2 bilyon sa 2007-08.

## Mga Gastos ng Programang mga Serbisyong Panlipunan

Kung ang panukalang-batas na ito ay pumigil sa ilang menor na kumuha ng mga aborsiyon at nagparami ng mga nanganganak na menor mula sa pamilyang maliit ang kita, ang mga paggasta para sa tulong na pera at mga serbisyo sa mahihirap na pamilya ay madaragdagan sa ilalim ng programang Pagkakataon sa Trabaho at Responsibilidad sa mga Bata ng California (CalWORKs). Ang laki ng mga gastos na ito, kung mayroon, ay malamang na hindi humigit sa ilang milyong dolyar taun-taon. Ang programang CalWORKs ay sinusuportahan ng pareho ng mga pang-estado at pederal na pondo, pero dahil ang lahat ng pederal na pondo ng CalWORKs ay may hangganan, ang mga karagdagang gastos na ito ay malamang na pasanin ng estado. Ang mga gastos na ito ay hindi magiging malaki kumpara sa kabuuang paggasta para sa CalWORKs, na tinatantiyang gagastusan ng humigit-kumulang na $5.3 bilyon sa mga pang-estado at pederal na pondo sa 2007-08. Sa ilalim ng mga kalagayang ito, maaaring magkaroon din ng maliit na pagtaas sa mga gastos sa kawanggawa sa bata at tumatangkilik na pangangalaga para sa estado at mga county.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 4, tingnan ang pahina 84.*

# PANAHON NG PAGHIHINTAY AT PAUNAWA SA MAGULANG BAGO ANG PAGTATAPOS NG PAGBUBUNTIS NG MENOR. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 4 ★

Panahon na upang sarhan ang butas sa batas ng California na nagpapahintulot sa mga menor na babae na dalhin para sa lihim na aborsiyong kemikal o may pag-opera ng sinuman—*kahit ng isang may sapat na gulang na nakabuntis sa kanya—NA ANG DOKTOR AY HINDI NAGBIBIGAY NG PAUNAWA SA SINUMANG MIYEMBRO NG PAMILYA.* Ang mga maninilang ito ay maaari pang magdala ng mga batang babae mula sa paaralan upang itago ang kanilang mga krimen.

*Si Sarah ay 15 lamang nang siya ay sumailalim sa isang lihim na aborsiyon. Sa loob ng ilang araw pumasok ang mataas na lagnat. Walang nakakaalam kung bakit, o kung gaano kalubha ang kanyang kalagayan. Nang makarating siya sa ospital at nalaman ng mga doktor na siya ay may nakakamatay na impeksiyon mula sa isang sirang matris, huli na. Namatay si Sarah. Kung nalaman lamang ng isang tao sa kanyang pamilya ang tungkol sa aborsiyon, ang buhay ni Sarah ay maaaring nailigtas.*

Proposisyon 4—ang Batas ni Sarah—ay mag-aatas sa mga doktor na bigyan ng paunawa ang isang magulang o, sa kaso ng pang-aabuso ng magulang, *ibang may sapat na gulang na miyembro ng pamilya,* tulad ng isang lolo o lola, tiya, o kapatid, bago gawin ang isang aborsiyon sa isang batang babae na wala pang 18 taong gulang. Ang pahintulot ng magulang ay hindi iniaatas, pero ang isang may sapat na gulang na nagmamahal sa kanya ay maaaring makatulong sa kanya na maintindihan ang lahat ng mapipili, tiyakin ang mga may-kakayahang pangangalaga, at magkaloob ng kanyang kasaysayang medikal.

Sa nakalipas na dalawampu't-limang taon, higit sa tatlumpung estado ang nagpatibay ng mga batas na katulad ng Proposisyon 4. *ANG MGA BATAS NA ITO AY NAGBABAWAS NG MGA PAGBUBUNTIS NG MGA TINEDYER AT MGA SAKIT NA SEKSWAL NA NAIPAPASA, NANG WALANG PANGANIB O PINSALA SA MGA MENOR.*

Alam ng mga propesyonal na medikal at mga mambabatas na *ang mga bata ay mas ligtas kapag alam ng isang miyembro ng pamilya ang kanilang kalagayang medikal* at may kaalaman tungkol sa mga panganib sa kanilang kalusugan at kaligtasan. Ang bagong batas ng California ay nag-aatas sa isang magulang na magkaloob ng nakasulat na pahintulot nang personal bago makagamit ng salon para sa balat ang isang menor. . .

Pero ang isang batang babae ay maaaring sumailalim sa aborsiyon *NANG WALANG PAUNAWA SA MAGULANG*—at ito ay maaaring maglagay sa panganib sa kanyang kaligtasan, *maging sa kanyang buhay.*

*KAPAG ANG MGA ABORSIYON AY PINANANATILING LIHIM, ANG MGA MAY SAPAT NA GULANG NA MANINILA AY NAKALALAYA.* Ang Batas ni Sarah ay magpoprotekta sa mga batang biktima ng sekswal na krimen.

*Ang Planned Parenthood ay gumawa ng isang aborsiyon sa isang 14 taong gulang at pagkatapos, sa kahilingan ng lalaking maninila na nagdala sa kanya, binigyan siya ng isang iniksiyon ng Depo-Provera upang magawa niyang makipagtalik muli kaagad.*

*HINDI INIUULAT NG MGA TAGAPAGKALOOB NG ABORSIYON ANG MGA KRIMENG ITO SA MGA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS.* Ang mga miyembro ng pamilya ang gagawa nito!

*Ang Planned Parenthood ay hindi nag-ulat ng sekswal na pang-aabuso ng isang 13-taong-gulang na dinala para sa isang aborsiyon ng 23-taong-gulang na gumahasa sa kanya. Pagkatapos ng lihim na aborsiyon, ang kaparehong lalaki ay binuntis siyang muli, at siya ay sumailalim sa ikalawang aborsiyon.*

Nakalulungkot, ang listahan ng mga biktima ng mga lihim na aborsiyon ay patuloy na lumalaki. Kung walang batas ni Sarah, karamihan sa mga magulang ay hindi malalaman na ang kanilang menor na anak ay naghahangad ng aborsiyon.

*ANG PAGLILIHIM AY NAGBIBIGAY NG DAAN UPANG MAGPATULOY ANG PANG-AABUSO*, maging ang pang-aabuso sa loob ng tahanan. Ang Batas ni Sarah ay magpoprotekta sa mga mahihinang batang babae sa pamamagitan ng pagtiyak na ang pang-aabuso ay iniuulat at inuuna ang kanilang kalusugan at kaligtasan.

*HUWAG HAYAAN ANG MGA BATANG BABAE NA TULAD NI SARAH NA HUMARAP SA MGA PANGANIB NG KATAWAN AT DAMDAMIN NG MGA LIHIM NA ABORSIYON NANG NAG-IISA*—o mas masama pa, *PILITIN NG ISANG SEKSWAL NA MANINILA!*

Samahan ang mga doktor, nars, guro, magulang, at mga opisyal na tagapagpatupad ng batas na humihimok sa inyo na protektahan ang ating mga anak at pigilan ang mga maninila ng bata sa pamamagitan ng *PAGBOTO NG OO sa PROPOSISYON 4!*

www.YESon4.net

**BARBARA ALBY,** Awtor
California's "Megan's Law" Child Protection Legislation
**JOSEPH R. ZANGA, M.D., FAAP,** Nakaraang Presidente
American Academy of Pediatrics
**ANG KAGALANG-GALANG NA TONY RACKAUCKAS, J.D.,** Abugado na Distrito ng County ng Orange

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 4 ★

Ang PLANNED PARENTHOOD, California AY WALANG KINALAMAN SA MGA TRAHEDYANG INILARAWAN SA ITAAS.

Ang totoo, WALA sa mga kasong ito na NANGYARI SA CALIFORNIA.

Ang mga tagapagtaguyod ay gustong maniwala kayo sa mga katawa-tawang paratang upang balewalain ninyo ang mga tunay na panganib ng 4.

Huwag hayaang maligaw.

Sa tunay na mundo, ANG MGA BATAS NA TULAD NITO AY HINDI MAARING PUMILIT SA MGA TINEDYER NA MAKIPAG-USAP SA KANILANG MGA MAGULANG kundi maaaring maging dahilan upang sila ay maghangad ng labag sa batas, hindi ligtas na aborsiyon, lumipat ng hangganan, o isaalang-alang ang pagpapakamatay.

ANG PROP. 4:

AY HINDI MAGBABAWAS NG PAGBUBUNTIS NG TINEDYER.
INILALAGAY SA PANGANIB ANG MGA TINEDYER.
HUMIHIMOK NG MGA HABLA LABAN SA MGA DOKTOR.

Ang mga katotohanan:

- Si "SARAH" (na ang tunay na pangalan ay Jammie Garcia Yanez-Villegas) ay isang may-asawang ina, may anak, nang siya ay mamatay sa Texas noong 1994. Wala sa Prop. 4 na makakapigil sa kanyang nakapanlulumong pagkamatay.
- ANG PLANNED PARENTHOOD AY NAGPOPROTEKTA SA MGA TINEDYER, HINDI SA MGA MANINILA. Ang mga tauhan nito ay sumusunod sa lahat ng batas sa pag-uulat ng pang-aabuso sa bata. 97% ng ginagawa ng Planned Parenthood ay may kaugnayan sa pagpigil na pangangalaga, komprehensibong edukasyon sa seks, at mga pagsusuri ukol sa kanser.
- Kapag ang isang buntis na tinedyer ay nangangailangan ng tulong, ang mga nagmamalasakit na tagapayo ng Planned Parenthood ay hinihimok ang mga tinedyer na makipag-usap sa mga magulang—at karamihan ay ginagawa ito . . . at KUNG NAKAKITA SILA NGA EBIDENSIYA NG PAG-AABUSO, INIUULAT NILA ITO.

Ang mga tagasuporta ay ginagamit ang takot upang isulong ang kanilang sariling adyendang pampulitika: *The San Diego Union Tribune* ay nag-ulat na ANG KANILANG TUNAY NA HANGARIN AY IPAGBAWAL ANG ABORSIYON.

Ang mga magulang ay gustong lumahok sa mga buhay ng kanilang mga tinedyer, pero ang mga ekstremista ay gumagawa ng mga walang-taros na paratang upang iligaw ang mga magulang mula sa tunay at mapanganib na bunga ng 4. Para sa mga tunay na katotohanan tungkol sa panganib nito sa mga tinedyer, bisitahin ang www.NoOnProposition4.org.

ANG PINAKAMAHALAGANG BAGAY AY PANATILIHING LIGTAS ANG MGA TINEDYER. BUMOTO NG HINDI.

**KATHY KNEER,** Presidente
Planned Parenthood Affiliates of California
**DR. RAQUEL ARIAS,** Katulong na Dekano
Pangangalaga ng Buntis at Sakit ng Babae (Keck School of Medicine)
University of Southern California
**DR. JEANNIE CONRY,** Tagapangulo
American College of Obstetricians and Gynecologists, Distrito IX



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

# PROP 4 PANAHON NG PAGHIHINTAY AT PAUNAWA SA MAGULANG BAGO ANG PAGTATAPOS NG PAGBUBUNTIS NG MENOR. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 4 ★

INILALAGAY NG PROPOSISYON 4 SA PANGANIB ANG MGA TINEDYER.
Ang AMERICAN ACADEMY OF PEDIATRICS, DISTRITO NG CALIFORNIA,
Ang CALIFORNIA MEDICAL ASSOCIATION,
Ang CALIFORNIA ASSOCIATION OF FAMILY PHYSICIANS,
Ang AMERICAN COLLEGE OF OBSTETRICIANS AND GYNECOLOGISTS, DISTRITO IX,
Ang CALIFORNIA TEACHERS ASSOCIATION,
At ang mga magulang sa buong California ay humihimok sa inyo na BUMOTO NG HINDI sa 4.

ANG MGA BATAS SA SAPILITANG PAUNAWA AY MAAARING *ANYONG* MABUTI, PERO, SA TUNAY NA MUNDO ANG MGA ITO AY INILALAGAY ANG MGA TINEDYER SA TUNAY NA PANGANIB.

ANG ISANG NATATAKOT, BUNTIS NA TINEDYER na hindi makapunta sa kanyang mga magulang ay maaaring makadama ng pagkaipit at kawalan ng pag-asa. Sa halip na maghangad ng pagpapayo at ligtas na pangangalagang medikal na kailangan niya, siya AY MAAARING PUMILI NG ISANG HINDI LIGTAS, PATAGO, LABAG SA BATAS NA ABORSIYON, TUMAWID NG HANGGANAN O MAG-ISIP NG PAGPAPAKAMATAY.

Ang Proposisyon 4 ay MAPANGANIB.

GUSTO NG MGA MAGULANG NA MAGING KALAHOK SA MGA BUHAY NG KANILANG MGA TINEDYER. Gusto natin na ang ating mga anak ay lumapit sa atin kung sila ay mabuntis. PERO, SA TUNAY NA MUNDO, HINDI LAHAT NG TINEDYER AY NAKATIRA SA MGA TAHANAN NA ANG KOMUNIKASYON AY POSIBLE, at, maging sa mga pinakamahusay na tahanan, maraming tinedyer na hindi nagagawang makipag-usap tungkol sa isang labis na sensitibong bagay na tulad ng pagbubuntis.

KUNG ANG ATING MGA ANAK AY HINDI MAKAPUNTA SA ATIN, sa anumang dahilan, ANG PINAKAMAHALAGANG BAGAY AY PANATILIHIN SILANG LIGTAS. Ang mga bagong batas ay hindi makakapilit sa ating mga tinedyer na makipag-usap sa atin, pero maaari nilang pilitin ito na pumunta sa tagong lugar . . . o mas masama.

ANG PROPOSISYON 4 AY HINDI NAGPOPROTEKTA SA MGA TINEDYER SA MGA MAPANGANIB NA TAHANAN. Ang isang natatakot na buntis na tinedyer ay hindi pupunta sa kanyang doktor, magsasabi ng maling pagtrato, at saka maghihintay habang ang tagapagpatupad ng batas ay papasok sa pinto—sa kaparehong pinto na kailangang balikan niya. Maaaring hindi na siya maghangad ng pangangalaga.

Ang Prop. 4 ay hindi tungkol sa "paglahok ng pamilya." Ang paunawa sa pamilya ay hindi hihigit sa iniskrip ng estado na pormularyong liham na ipinadala sa ibang kamag-anak na maaaring hindi nakatira sa kaparehong bayan. Ang Prop. 4 ay WALANG INIAATAS PARA SA PAGPAPAYO at walang iniaatas na ang ibang may sapat na gulang ay tumulong sa kanya kapag siya ay nasa krisis. ANG PROP. 4 AY INILALAGAY SA PANGANIB ANG ATING MGA PINAKAMAHINANG TINEDYER. . .

O PIPILIT SA KANILA NA PUMUNTA SA HUKUMAN.

Isipin ninyo ito: siya'y buntis, hindi siya makapunta sa kanyang mga magulang, at siya ay nawawalan na ng pag-asa. Hindi siya pupunta sa hukuman upang ibunyag ang lubos na pansariling detalye sa kanyang buhay sa isang hindi pamilyar na hukom sa isang impersonal na hukuman. HINDI NIYA KAILANGAN NG ISANG HUKOM; KAILANGAN NIYA NG ISANG NAGMAMALASAKIT NA TAGAPAYO AT LIGTAS, MAHUSAY NA PANGANGALAGANG MEDIKAL, NANG WALANG PAGKAANTALA.

ANG MGA BATAS SA SAPILITANG PAUNAWA AY NAGTUTULAK SA MGA NATATAKOT, BUNTIS NA TINEDYER NA HINDI MAKAPUNTA SA KANILANG MGA MAGULANG NA GUMAWA NG MGA MAPANGANIB NA BAGAY.

At *kung* sa desperasyon, ang mga tinedyer ay pumupunta sa labag sa batas, sariling bunsod, o patagong aborsiyon, SILA AY DARANAS NG MGA SERYOSONG PINSALA AT ANG ILAN AY MAMAMATAY.

ANG TUNAY NA KOMUNIKASYON NG PAMILYA AY DAPAT MAGSIMULA MATAGAL PA BAGO HUMARAP ANG TINEDYER SA HINDI NAKAPLANONG PAGBUBUNTIS. Ang pinakamabuting paraan upang protektahan ang ating mga anak na babae ay simulang makipag-usap sa kanila tungkol sa responsable, angkop na sekswal na pagtingin—kabilang ang hindi pakikipagtalik—mula sa panahon na sila ay bata at magbunsod ng atmospera ng pagtiyak na sila ay makakalapit sa atin.

Dahil WALANG BATAS NA MAAARING MAG-UTOS NG KOMUNIKASYON NG PAMILYA at habang ang mga sapilitang batas na tulad nito ay maaaring *anyong mabuti* SA TUNAY NA MUNDO INILALAGAY LAMANG NG MGA ITO ANG MGA TINEDYER SA *TUNAY* NA PANGANIB.

UPANG PROTEKTAHAN ANG MGA TINEDYER, mangyaring bumoto ng HINDI sa 4.

**DR. MYLES B. ABBOTT,** Tagapangulo
American Academy of Pediatrics, Distrito ng California
**DONNA GERBER**
California Nurses Association
**NANCY SCHUBB,** Presidente
California Association of School Counselors

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 4 ★

ANG MGA BATAS SA PAUNAWA AY NAGPOPROTEKTA SA MGA BATANG BABAE SA HIGIT SA 30 ESTADO, at ginagawa ito ng 25 taon na.

IYON ANG DAHILAN KUNG BAKIT ANG MGA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS AY SUMUSUPORTA SA PROPOSISYON 4!

Basahing mabuti ang kasalungat na pangangatwiran. Pansinin na ito ay nagsasabi ng "maaari" at "kung." Walang TUNAY NA MGA ISTORYA. Wala ni isang halimbawa ng isang "tunay" na tinedyer na napinsala ng batas sa paunawa. ITO'Y DAHIL HINDI ITO KAILANMAN NANGYARI.

Mula sa milyun-milyong batang babae, ang kalaban ay hindi nakakita ng ISANG TUNAY NA BABAE na napinsala ng batas sa paunawa.

Samantala, ang listahan ng mga biktima ng mga lihim na aborsiyon ay patuloy na lumalaki.

*Ang isang 12-taong-gulang ay binigyan ng alkohol ng isang may sapat na gulang na lalaki na gumahasa sa kanya nang mawalan siya ng malay. Ilang linggo pagkaraan, ang ina ng gumahasa ay dinala siya sa isang klinika ng aborsiyon at pagkaraan ay iniwan siya 30 milya ang layo sa bahay. Nakita siya ng pulisya pagkatapos iulat ng balisang-balisang ina na siya ay nawawala. Siya ay dumaranas ng matinding kumplikasyon sa aborsiyon na maaaring nagdala sa kanyang kamatayan kung hindi siya nakatanggap ng kaagad na paggamot na medikal.*

*Si Adam Gault, 41, ay umakit sa isang 14-taong-gulang mula sa bahay nito sa pamamagitan ng mga pangako ng mga droga at trabaho. Sa halip, siya ay naging sekswal na alipin sa isang taon, nakakulong sa bahay nito. Nang mabuntis siya, nakipag-ayos si Gault ng aborsiyon para sa kanya sa Planned Parenthood. Hindi iniulat ng PLANNED PARENTHOOD ang pambibiktima sa batang babae.*

Ang mga lihim na aborsiyon ay iniiwan ang mga batang babae na madaling maapektuhan ng higit na sekswal na pang-aabuso, pagbubuntis, aborsiyon, at sekwal na naipapasang sakit. Ang mga maninila ay libreng manila ng mga bagong biktima.

*BUMOTO NG OO SA 4* upang protektahan ang MGA TUNAY NA BABAE sa TUNAY NA MUNDO, na binibiktima ng mga lihim na aborsiyon at mga sekswal na maninila.

*www.YESon4.net*

**MARY L. DAVENPORT, M.D.,** Kasamang Iskolar
American College of Obstetricians and Gynecologists
**THOMAS MURPHY GOODWIN, M.D., FAAP, FACOG**
Propesor ng Obstetrics at Gynecology at Pediatrics
Keck School of Medicine, University of Southern California
**ANG KAGALANG-GALANG NA ROD PACHECO, J.D.,** Abugado ng Distrito
Riverside County

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

**PROPOSISYON**
# 5 MGA DI-MARAHAS NA PAGKAKASALA NA KAUGNAY NG DROGA. PAGSENTENSIYA, PAROL AT REHABILITASYON. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## MGA DI-MARAHAS NA PAGKAKASALA NA KAUGNAY NG DROGA. PAGSENTENSIYA, PAROL AT REHABILITASYON. INISYATIBONG BATAS.

- Naglalaan ng $460,000,000 taun-taon upang mapabuti at palawakin ang mga programang paggamot sa mga taong nahatulang nakagawa ng pagkakasalang kaugnay ng droga at ibang mga pagkakasala.
- Naglilimita sa awtoridad ng hukuman na ibilanggo ang mga nagkasala na nakagawa ng mga krimeng kaugnay ng droga, lumabag sa mga tuntunin sa paggamot o lumabag sa parol.
- Nagpapaikli nang malaki sa parol para sa mga partikular na pagkakasala na kaugnay ng droga; nagdaragdag ng parol para sa mga seryoso at marahas na krimen.
- Naghahati sa awtoridad ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon sa pagitan ng dalawang Kalihim, ang isa ay may anim na taong nakapirming takdang panahon at ang isa ay naglilingkod sa kagustuhan ng Gobernador. Nagtatadhana ng limang taong nakapirming takdang panahon para sa mga kinatawang kalihim.
- Lumilikha ng lupon na may 19 na miyembro upang patnugutan ang patakaran ng parol at rehabilitasyon.

### Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Mas mataas na mga gastos ng estado sa paglipas ng panahon na maaaring humigit sa $1 bilyon taun-taon pangunahin ay para sa pagpapalawak ng mga programa sa paggamot ukol sa droga at rehabilitasyon para sa mga nagkasala sa mga bilangguan ng estado, sa parol, at sa komunidad.
- Mga matitipid ng estado sa paglipas ng panahon na maaaring humigit sa $1 bilyon taun-taon pangunahin ay upang bawasan ang mga gastos sa pagpapatakbo ng bilangguan at parol.
- Mga netong isang-beses na matitipid sa kapital na paglalaan ng estado para sa mga pasilidad ng bilangguan na sa huli ay maaaring humigit sa $2.5 bilyon.
- Hindi alam na netong epekto sa pananalapi sa mga pagpapatakbo sa county at kapital na paglalaan.

---

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## BUOD

Ang panukalang-batas na ito ay (1) nagpapalawak ng paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga para sa mga nakagawa ng krimen, (2) binabago ang mga pamamaraan ng pangangasiwa sa parol at pinalalawak ang mga programang rehabilitasyon ng bilangguan at parol, (3) nagpapahintulot sa mga bilanggo na umani ng karagdagang kabawasan sa kanilang mga sentensiyang pagkabilanggo para sa kanilang paglahok at pagganap sa mga programang rehabilitasyon, (4) binabawasan ang mga partikular na parusa para sa pagdadala ng marihuwana, at (5) at gumagawa ng sari-saring pagbabago sa batas ng estado na pangunahing may kinalaman sa pangangasiwa ng estado sa mga programang rehabilitasyon at parol para sa mga nagkasala. Ang bawat isa sa mga mungkahing ito ay tinatalakay nang hiwalay sa ibaba gayon din ang pinagsamang mga epekto ng mga ito sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan.

## MGA MUNGKAHI

### Pagpapalawak ng mga Paglihis na Programang Paggamot na May Kinalaman sa Droga

### Kasaysayan

***Probasyon at Parol.*** Sa kasalukuyan, ang mga hukuman ay maaaring maglagay sa pareho ng mga nagkasalang may sapat na gulang at kabataan sa ilalim ng pangangasiwa sa komunidad, kung saan dapat silang makatugon sa mga partikular na iniaatas, tulad ng pag-uulat nang regular sa mga awtoridad. Ang mga nagkasalang pinangangasiwaan ng mga awtoridad ng county ay "nasa probasyon." Ang mga nagkasala na nakakumpleto ng isang sentensiya sa bilangguan at pinangangasiwaan ng estado ay "nasa parol."

***Tatlong Uri ng Krimen.*** Sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, may tatlong basikong uri ng krimen: Mga felony, mga misdemeanor, at mga infraction. Ang isang felony, ang pinakamatinding uri ng krimen, ay maaaring magresulta sa isang sentensiya sa bilangguan ng estado, kulungan ng county, isang multa, pangangasiwa sa probasyon ng county sa komunidad, o kombinasyon ng mga parusang ito. Ang ilang felony ay itinuturing sa batas na marahas o mga seryosong krimen na maaaring magresulta sa karagdagang parusa, tulad ng mas matagal na panahon sa bilangguan ng estado.

Ang mga misdemeanor ay itinuturing na hindi masyadong seryoso at maaaring magresulta sa isang panahon sa kulungan, probasyon, multa, o pagpapalabas sa komunidad nang walang

probasyon pero may mga partikular na kondisyon na ipinataw ng hukuman. Ang batas ng estado ay naglilinaw sa mga partikular na krimen na kaugnay ng droga bilang "hindi marahas na mga pagkakasalang pagdadala ng droga," na maaaring mga felony o mga misdemeanor. Ang mga infraction, na kabilang ang mga paglabag sa mga partikular na batas sa trapiko, ay hindi nagreresulta sa isang sentensiya sa bilangguan o kulungan.

***Sistema ng Bilangguan ng Estado.*** Ang estado ay nagpapatakbo ng 33 bilangguan ng estado at ibang mga pasilidad na may pinagsamang populasyon ng mga bilanggong may sapat na gulang na humigit-kumulang na 171,000 pagsapit ng Mayo 2008. Ang mga gastos upang patakbuhin ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California (CDCR) noong 2008-09 ay tinatantiyang humigit-kumulang na $10 bilyon. Ang pangkaraniwang taunang gastos upang ikulong ang isang bilanggo ay tinatantiyang humigit-kumulang na $46,000. Ang sistema ng bilangguan ng estado ay kasalukuyang nakakaranas ng pagsisikip dahil walang sapat na mga permanenteng kama na magagamit ng lahat ng mga bilanggo. Bilang resulta, ang mga himnasyo at ibang mga silid ay inayos upang paglagyan ng ilang bilanggo.

## Bagong mga Paglihis na Programa sa May Sapat na Gulang Itinatag

***Tatlong-Daan na Sistema.*** Sa kasalukuyan, maraming programa na nagpapahintulot sa mga nakagawa ng krimen na gumawa ng mga pagkakasalang may kaugnayan sa droga, o may mga problemang pang-aabuso ng substansiya, na ilipat mula sa bilangguan o kulungan patungo sa ibang mga anyo ng parusa. (Ang mga programang ito ay inilarawan sa katabing kahon ng teksto.) Ang panukalang-batas na ito ay nagpapalawak at sa kalakhan ay nagpapalit sa mga kasalukuyang programa ng bagong tatlong-daan na paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga. Ang Pigura 1 ay nagsasabuod kung aling mga nagkasala ang karapat-dapat para sa bawat daan at ang kanilang panahon ng paglahok.

***Pangkalahatang Epekto ng mga Pagbabagong Ito.*** Sa pangkalahatan, ang mga bagong Daan I, II, at III ay magpapalawak sa mga uri ng mga nagkasala na karapat-dapat sa paglihis, at magpapalawak at magpapatindi sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga nagkasala pangunahin sa pamamagitan ng pagdaragdag ng pagpopondong makukuha upang bayaran ang mga ito. Habang ang mga kalahok sa mga kasalukuyang programa ng Kodigo sa Parusa 1000 ay dapat na karaniwang nagbabayad sa gastos na mula sa bulsa sa kanilang paggamot na may kinalaman sa droga, ang panukalang-batas na ito ay pangkaraniwang nagkakaloob ng pagpopondo sa mga county para sa mga kalahok sa paggamot sa ilalim ng Daan I, gayon din sa ibang mga daan. Ang mga nagkasala sa lahat ng tatlong daan ay pangkaraniwang tumatanggap ng mga magkakatulad na uri ng mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga na ipinasiya ng mga pagtaya na kailangan nila. Ito ay maaaring magsama ng paggamot sa mga klinika o mga pasilidad na pantahanan, ang pagbibigay ng gamot na tulad ng methadone, o ang pagkakaloob ng mga serbisyong pangkalusugan ng isip.

Gayunman, ang tatlong daan ay mag-iiba sa mga iniaatas na pagiging karapat-dapat, panahon ng paglahok, antas ng pangangasiwa, at kung kailan at paano ang mga parusa, tulad ng pagkulong sa bilangguan o kulungan, ay maaaring ipataw sa mga nagkasala na lumabag sa paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga o gumawa ng mga bagong pagkakasalang may kaugnayan sa droga. Ang panukalang-batas ay nagpapahintulot sa mga nagkasala na nabigo sa Daan I na ilipat sa Daan II, kung saan sila ay maaaring humarap sa mas matitinding tadhanang parusa. Tulad nito, ang mga nagkasalang nabigo sa Daan II ay maaaring ilipat sa Daan III, kung saan ang mas matitinding tadhanang parusa ay maaaring posible. Ang panukalang-batas na ito ay mag-aatas din ng mga kasunod na pagdinig sa hukuman kapag ang isang nagkasala ay nabigong simulan ang nakatalagang paggamot.

Pangwakas, ang panukalang-batas na ito ay mag-aatas ng pagtitipon at paglalathala ng mga datos, tinukoy na mga ulat, at pananaliksik sa epekto ng panukalang-batas na ito at ibang mga isyu sa patakaran na may kinalaman sa droga.

***Mga Tadhana sa Pagpopondo.*** Ang *Batas sa Badyet ng 2007-08* ay naglaan ng $100 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Ipinagkakatiwalang Pondo sa Paggamot ng Pang-aabuso ng Substansiya (SATTF), na karaniwang nililikha sa ilalim ng Proposisyon 36 upang suportahan ang mga programang paggamot at ibang mga ipinahihintulot na aktibidad. Ang panukalang-batas na ito

### Mga Kasalukuyang Paglihis na Programang Paggamot na May Kinalaman sa Droga

Sa pangkalahatan, ang batas ng estado ay nag-aawtorisa ng tatlong uri ng mga paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga.

- ***Kodigo sa Parusa 1000.*** Sa ilalim ng Kodigo sa Parusa 1000 at ang mga kaugnay na batas, ang mga partikular na nagkasala ng pagdadala ng droga na walang mga naunang pagkakasala na kaugnay ng droga ay malilipat sa mga programang edukasyon o paggamot na may kinalaman sa droga, karaniwan ay sa sarili nilang gastos, sa ilalim ng "inantalang pagpasok ng hatol" na pag-aayos. Ito ay nangangahulugan na ang nagkasala ay dapat umamin ng pagkakasalang pagdadala ng droga pero ang pagsentensiya sa krimen ay sinususpinde. Kung, pagkaraan ng 18 buwan hanggang tatlong taon, ang nagkasala ay matagpuam na nakakumpleto ng programang paggamot na may kinalaman sa droga at umiwas sa gulo, ang mga paratang laban sa nagkasala ay pawawalang-saysay at ang pagkakasala ay hindi papasok sa kanyang rekord.
- ***Proposisyon 36.*** Ang Proposisyon 36, isang panukala sa balota na inaprobahan ng mga botante noong Nobyembre 2000, ay nagtatag ng isang paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga para sa mga nagkasala na napatunayang nakagawa ng mga partikular na krimen na itinuturing na hindi marahas na pagdadala ng droga. Sa ilalim ng Proposisyon 36, ang isang nagkasala ay maaaring sentensiyahan sa probasyon at paggamot, sa halip na bilangguan o kulungan. Ang ilang lumabag sa parol ay karapat-dapat din para sa paglihis ng Proposisyon 36. Ang Proposisyon 36 ay naglilimita sa kung kailan at paano ang mga parusa, tulad ng panahon sa bilangguan o kulungan, ay ipinapataw sa mga nagkasala na lumabag sa mga kondisyon ng kanilang mga programang paggamot na may kinalaman sa droga o gumawa ng mga bagong krimen na pagdadala ng droga.
- ***Mga Hukuman sa Droga.*** Sa ilalim ng mga programa sa hukuman para sa mga nakagawa ng felony na may sapat na gulang, ang mga partikular na nagkasala o nahatulan ng iba't ibang uri ng krimen, kabilang ang mga pagkakasalang kaugnay ng droga, ay inililipat sa paggamot sa halip ng pagkakulong. Ang mga kalahok sa hukuman sa droga ay napapailalim sa regular na pagsubaybay ng isang hukuman (gayon din ang mga opisyal sa probasyon at mga tagapagkaloob ng paggamot na may kinalaman sa droga), na ang mga hukom ay pangkaraniwang nagpapasiya kung kailan at kung paano ipapataw ang mga parusa kung ang mga kalahok ay hindi sumunod sa mga tuntunin ng programa o gumawa ng bagong krimen.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 5, tingnan ang pahina 86.*

Pigura 1
**Proposisyon 5**
**Mga Daan I, II, at III—Pagiging Karapat-dapat at Panahon ng Paglahok**

| | Mga Iniaatas na Pagiging Karapat-dapat | Panahon sa Paglihis |
|---|---|---|
| **Daan I** | *Sino ang Kasama:*<br>• Nagkasala na inakusahan ng hindi marahas na mga pagkakasalang pagdadala ng droga na karapat-dapat sa mga programang inantalang pagpasok ng hatol. Ang isang tagausig ay magkakaroon ng pasanin ng pagpapatunay upang ipakita na ang isang nagkasala ay hindi karapat-dapat.<br>• Isang nagkasala na inakusahan ng isa o higit na hindi marahas na mga pagkakasalang pagdadala ng droga.<br>*Sino ang Hindi Kasama:*<br>• Ang nagkasala ay hindi isasama kung siya ay may (1) kasalukuyan o naunang napatunayang pagkakasala para sa isang marahas o seryosong pagkakasala o (2) naunang napatunayang pagkakasala para sa isang felony sa loob ng naunang limang taon. Gayunman, ang isang nagkasala na may isang naunang napatunayang pagkakasala para sa isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga ay magiging karapat-dapat.<br>• Pangkaraniwan, ang isang nagkasala ay hindi isasama kung inakusahan ng pagkakasalang walang kaugnayan sa droga, pero ang isang hukom ay magpapasiya kung ipahihintulot ang paglahok. | • 6 hanggang 18 buwan. |
| **Daan II** | *Sino ang Kasama:*<br>• Pangkaraniwan, ang isang napatunayang nagkasala ng hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga na sinentensiyahan ng paggamot at probasyon.<br>*Sino ang Hindi Kasama:*<br>• Hindi maaaring isama ang nagkasala na karapat-dapat para sa Daan I.<br>• Nagkasala na pangkaraniwang hindi kasama kung naunang napatunayang nagkasala ng marahas o seryosong krimen. Gayunman, ang isang nagkasala na, sa loob ng naunang limang taon, ay hindi nabilanggo at walang partikular na mga napatunayang felony o misdemeanor ay magiging karapat-dapat.<br>• Ang nagkasala ay hindi isasama kung siya ay nagdala ng mga partikular na droga habang armado ng nakakamatay na sandata; o may lima o higit na napatunayang pagkakasala para sa anumang mga uri ng pagkakasala sa naunang 30 buwan.<br>• Ang nagkasala ay pangkaraniwang hindi isasama kung napatunayang nagkasala ng ibang mga felony o misdemeanor kasabay ng isang bagong habla na may kinalaman sa droga. Gayunman, ang isang hukom ay maaaring magdeklara na ang isang napatunayang nagkasala ng naturang misdemeanor ay karapat-dapat para sa paglihis na Daan II. | • Pangkaraniwang hanggang 12 buwan.<br>• Ang hukuman ay maaaring mag-utos ng hanggang dalawa, 6-buwan na pagpapalawig, para sa pinakamataas na 24 buwan. |
| **Daan III** | *Sino ang Kasama:*<br>• Pangkaraniwan, ang nagkasala na gumawa ng hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, pero hindi karapat-dapat para sa Daan II.<br>• Ang nagkasala na gumawa ng anumang ibang uri ng hindi marahas na pagkakasala na karapat-dapat sa paglihis na Daan III para sa pag-aabuso ng substansiya o pagkasugapa.<br>• Nagkasalang hindi kasama sa Daan II dahil sa pagkakaroon ng lima o higit na napatunayang pagkakasala sa loob ng naunang 30 buwan ay partikular na karapat-dapat para sa Daan III.<br>*Sino ang Hindi Kasama:*<br>• Ang nagkasala ay pangkaraniwang hindi isasama mula sa Daan III kung siya ay nagkasala ng isang marahas o seryosong felony. Gayunman, ang naturang nagkasala ay maaaring isama kung ang paglihis ng nagkasala ay hinangad ng isang abugado ng distrito. | • Pangkaraniwang hanggang 18 buwan.<br>• Ang hukuman ay maaaring mag-utos ng hanggang dalawa, 3-buwan na pagpapalawig, para sa pinakamataas na 24 buwan. |

ay naglalaan ng $150 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa SATTF para sa ikalawang kalahati ng 2008-09 at $460 milyon sa 2009-10, tumataas taun-taon pagkaraan, iniaakma para sa gastos sa pamumuhay at populasyon. Pagkatapos itabi ang mga pera para sa mga partikular na gastos sa pangangasiwa at programa, ang panukalang-batas ay nagtalaga ng 15 porsiyento ng natitira para sa mga programang Daan I, 60 porsiyento para sa mga programang Daan II, at 10 porsiyento para sa mga programang Daan III.

Ang isang bagong 23-miyembrong Komisyon sa Pangangasiwa at Pananagutan sa Paglihis na Paggamot ay itatatag sa ilalim ng panukalang-batas na ito upang itatag ang mga tuntunin ng programa tungkol sa paggamit at pamamahagi ng mga pondo ng SATTF at pagtitipon ng mga datos para sa iniaatas na mga pagtimbang ng mga programa at mga pangangailangan sa pagpopondo ng programa. Ang panukalang-batas ay pangkaraniwang nagbabawal sa estado o mga county na gamitin ang mga pondo ng SATTF upang palitan ang mga pondo na ginagamit ngayon para sa suporta sa mga programang paggamot sa pang-aabuso ng substansiya. Bilang karagdagan, ito ay nag-aatas na ang ibang pribado at pampublikong mga pinagkukunan ng pagpopondo ay gamitin tuwing posible upang bayaran ang paggamot bago gastahin ang mga pera mula sa SATTF para sa mga serbisyong paggamot na ito.

Ang panukalang-batas na ito ay nagpapahintulot sa mga pondo ng SATTF na gastahin sa tinatawag na mga paggamot na "pagbawas ng pinsala" na may kinalaman sa droga na "nagtataguyod ng mga paraan ng pagbawas sa pisikal, panlipunan, pandamdamin at pangkabuhayang mga pinsala na kaugnay ng maling paggamit ng droga" at iyon ay "malaya rin sa paghusga o pagsisi at tuwirang nagpapalahok sa kliyente sa pagtatatag ng kanyang sariling mga hangarin."

### Bagong Programang Paggamot ng Kabataan Itinatag

Ang panukalang-batas na ito ay lumilikha ng isang bagong programang pinatatakbo ng county para sa hindi marahas na kabataan na wala pang edad 18 na itinuturing na nanganganib na gumawa ng mga pagkakasalang kaugnay ng droga sa hinaharap. Ang programa ay tatanggap ng nakatalagang kabahagi ng pagpopondo (15 porsiyento, pagkatapos ibawas ang mga partikular na gastos sa pagpapatupad) ng SATTF na ilalaan sa mga county at maaaring gamitin para sa iba't ibang tinukoy na layunin, kabilang ang paggamot na may kinalaman sa droga, gamot at pagpapayo sa kalusugan ng isip, paggamot ng pamilya, mga sahod na pang-edukasyon para sa mas mataas na edukasyon, mga sahod sa pagtatrabaho, at mga serbisyong transportasyon.

## Mga Pagbabago sa mga Programang Parol at Rehabilitasyon ng Estado

Ang panukalang-batas na ito ay gumagawa ng maraming pagbabago sa kasalukuyang sistema ng parol ng estado, kabilang ang mga bagong tuntunin tungkol sa mga panahon ng parol, ang pagbabalik sa pag-iingat ng mga lumabag sa parol, at mga programang rehabilitasyon para sa mga nagkasala. Sa ibaba, maikli naming isinabuod kung paano tumatakbo ang sistema ng parol at kung paano ito maaapektuhan ng mga tadhanang ito.

### Kasaysayan

***Mga Panahon ng Parol.*** Sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, ang mga nagkasala ay inilalabas mula sa bilangguan at inilalagay sa parol para sa isang takdang panahon, karaniwang nakadepende sa kalikasan ng pagkakasala na napatunayang ginawa nila. Karamihan sa mga nagkasala ay napapailalim sa tatlong-taong panahon ng parol, na maaaring palawigin sa ilalim ng mga partikular na kalagayan hanggang sa apat na taon, bagaman sila ay maaaring palabasin nang mas maaga kung umiwas sila sa gulo pagkatapos ng pagpapalabas sa kanila sa komunidad. Ang mga nagkasala na gumawa ng mga partikular na krimen, partikular ay ang mararahas na sekswal na krimen o pagpatay, ay napapailalim sa mas matatagal na panahon sa parol.

***Mga Pagpapawalang-bisa sa Parol.*** Ang mga parolado na nasangkot sa gulo pagkatapos palabasin sa komunidad ay maaaring ibalik sa bilangguan ng estado sa dalawang magkaibang paraan. Ang isang paraan ay kung sila ay inusig at napatunayan sa mga hukuman na nagkasala ng isang bagong krimen—isang felony o isang misdemeanor—at sinentensiyahan ng karagdagang panahon sa bilangguan. Ang ibang paraan ay sa pamamagitan ng mga aksiyon ng mga awtoridad sa parol at ng Lupon ng mga Pagdinig sa Parol (BPH), isang proseso na tinatawag na pagpapawalang-bisa sa parol, batay sa isang pagpapasiya na ang isang paglabag sa parol ay nangyari. Ang pagpapawalang-bisa ay isang prosesong pampangasiwaan na hindi kasama ang anumang aksiyon ng isang hukuman. Sa ilang kaso, ang pagpapawalang-bisa sa parol ay hindi kasama ang mga paglabag ng mga parolado na maaaring bumuo ng isang krimen. Pero ang pagpapawalang-bisa sa parol ay maaari ring magresulta mula sa mga aksiyon, tulad ng hindi pag-uulat sa isang opisina sa parol, na sa mga sarili nito ay hindi bumubuo ng isang krimen. Ang mga ganitong uri ng mga pagkakasala kung minsan ay tinatawag na "teknikal" na mga paglabag sa parol.

***Mga Programang Rehabilitasyon Para sa mga Nagkasala.*** Ang estado ay kasalukuyang nagkakaloob ng paggamot sa pang-aabuso ng substansiya, akademikong edukasyon, pagsasanay para sa trabaho, at ibang mga uri ng mga programa para sa mga bilanggo at mga parolado upang itaas ang kalamangan ng tagumpay sa komunidad pagkatapos silang ilabas mula sa bilangguan. Gayunman, dahil sa mga limitasyon sa pagpopondo, mga hadlang ng espasyo, at sa ilang kaso ay ang mga inaalala sa seguridad, ang estado ay madalas na hindi ngayon gumagawa ng mga naturang programa na makukuha ng mga bilanggo at parolado. Gayon din, ang estado ay hindi tuwirang nagkakaloob ng mga serbisyo para sa mga nagkasala pagkatapos na palabasin sila mula sa parol. Gayunman, ang ilang dating parolado ay maaaring maging kuwalipikado para sa mga pampublikong serbisyo, tulad ng paggamot sa kalusugan ng isip o pang-aabuso ng substansiya, na tinutulungan ng estado na suportahan.

### Mga Bagong Limitasyon sa mga Panahon sa Parol

Ang panukalang-batas na ito ay nagbabawas ng panahon sa parol ng ilang parolado pero nagpapahintulot ng mas matatagal na panahon para sa iba. Tinutukoy nito na ang mga nagkasala na ang pinakahuling panahon sa bilangguan ay para sa hindi marahas na krimen na kaugnay ng droga o ari-arian, at walang seryoso, marahas, kaugnay ng gang, o sekswal na krimen sa kanilang rekord, ay ilalagay sa pangangasiwa ng parol para sa anim na buwan. Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, ang mga kaparehong parolado ay maaaring ilagay sa isang karagdagang anim na buwan ng parol sa pinakamababang mga antas ng pangangasiwa sa parol kung sila ay hindi nakakumpleto ng angkop na programang rehabilitasyon na inialok sa kanila sa unang anim na buwan.

Ang panukalang-batas na ito ay nagkakaloob din ng mas matatagal na panahon sa parol para sa ilang nagkasala. Sa partikular, ang panukalang-batas na ito ay nagbabago mula sa tatlo patungo sa limang taon ng mga panahon sa parol para sa sinumang nagkasala na ang pinakahuling sentensiya sa bilangguan ay para sa isang marahas o seryosong felony (tulad ng unang-antas na panloloob o pagnanakaw). Ang ilang nakagawa ng marahas na sekswal na pagkakasala at ibang mga parolado ay patuloy na tatanggap ng mas mahahabang panahon sa parol gaya ng itinatadhana sa ilalim ng umiiral na batas.

### Mga Bagong Tuntunin Para sa Pagpapawalang-bisa ng mga Lumabag sa Parol

Ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas na ang mga paglabag sa parol ay hatiin sa tatlong uri—mga teknikal na paglabag, mga misdemeanor, at mga felony—at pangkaraniwang nagbabawal sa mga partikular na parolado na ibalik sa bilangguan ng estado para sa mga teknikal o misdemeanor na paglabag sa parol. Ang panukalang-batas na ito ay magpapahintulot ng pagpapawalang-bisa ng mga parolado na gumawa ng mga felony na paglabag sa parol. Ito ay nagpapahintulot din ng pagpapawalang-bisa sa bilangguan ng estado ng mga gumawa ng mga teknikal o misdemeanor na paglabag na klasipikadong mataas ang panganib ng CDCR, o may marahas o seryosong mga pagkakasala sa kanilang rekord.

***Para sa nilalaman ng Proposisyon 5, tingnan ang pahina 86.***

Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, ang mga partikular na parolado na gumawa ng mga paglabag sa parol ay maaaring humarap sa mga naturang parusa tulad ng mas madalas na pagsusuri sa droga o mga pagtatalaga ng gawain sa komunidad. Ang ilang parolado na nagtago, o muling lumabag, o gumawa ng misdemeanor na mga paglabag sa parol ay maaaring magsilbi ng panahon sa kulungan, na sa ilalim ng panukalang-batas ay magiging sa gastos ng estado. Ang mga lumabag sa parol ay maaari ring ilagay sa mga programang rehabilitasyon.

### Pagpapalawak ng mga Programang Rehabilitasyon Para sa mga Nagkasala

Ang panukalang-batas na ito ay nagpapalawak sa mga programang rehabilitasyon para sa mga bilanggo, parolado, at nagkasala na pinalabas mula sa parol. Tungkol sa mga bilanggo, ang panukalang-batas ay nag-aatas na ang lahat ng bilanggo maliban sa mga may sentensiyang habambuhay ay pagkalooban ng mga programang rehabilitasyon simula sa hindi kukulangin sa 90 araw bago ang nakatakdang pagpapalabas sa kanila mula sa bilangguan. Ang panukalang-batas na ito ay nag-uutos sa CDCR na magsagawa ng pagtaya ng mga pangangailangan ng bilanggo gayon din ang kung aling mga programa ang malamang na magresulta sa kanyang matagumpay na pagbabalik sa komunidad. Ang mga parolado ay pagkakalooban ng mga programang rehabilitasyon ng CDCR na iniagpang sa mga pangangailangan ng parolado gaya ng ipinasiya sa pagtaya sa kanila. Ang mga nagkasala ay pahihintulutan na humiling ng hanggang isang taong halaga ng mga serbisyong rehabilitasyon sa loob ng isang taon pagkatapos na sila ay palabasin mula sa parol. Habang ang mga nagkasalang ito ay tatanggap ng mga serbisyong ito mula sa mga kagawaran ng probasyon ng county, ang lahat ng gastos sa pagpapatakbo ay babayaran ng CDCR sa ilalim ng mga tadhana ng panukalang-batas na ito.

### Ibang mga Pagbabago sa Sistema ng Parol

***Lupon ng Reporma sa Parol Nilikha.*** Ang panukalang-batas na ito ay lumilikha ng isang bagong 21-miyembrong Lupon ng Pangangasiwa at Pananagutan sa Parol na may awtoridad na repasuhin, patnugutan, at aprobahan ang mga programang rehabilitasyon at itatag ang mga patakaran sa parol ng estado.

***Mga Gastos Inilipat sa Estado Para sa Paglihis ng mga Parolado Mula sa Droga.*** Sa kasalukuyan, ang ilang parolado na inilihis sa paggamot na may kinalaman sa droga ay tumatanggap ng kanilang mga serbisyong paggamot mula sa mga county. Ang panukalang-batas na ito ay nagtatadhana na ang alinman sa CDCR o mga county ay maaaring magkaloob ng naturang mga serbisyong paggamot para sa mga parolado, pero ang CDCR ay kailangang magbayad sa anumang mga gastos sa pagpapatakbo ng county para sa paggawa nito.

***Mga Pagsubok na Programa Para sa mga Lumabag sa Parol.*** Ang panukalang-batas na ito ay nag-uutos sa CDCR na magtatag ng mga pagsubok na proyekto na katulad ng mga hukuman sa droga (tingnan ang naunang kahon ng teksto para sa paglalarawan) upang ilipat ang mga partikular na parolado na gumawa ng mga paglabag sa parol patungo sa mga programang pagtrato at rehabilitasyon. Sa ilalim ng panukala, ang pagpopondo upang isakatuparan ang mga programa ay maaaring manggaling mula sa badyet ng CDCR o nakahiwalay na batas sa pagpopondo.

***Mga Pagbabago sa mga Pamamaraan sa Pagpapawalang-bisa sa Parol.*** Ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas na ang mga parolado ay tumanggap ng paunawa ng mga paglabag umano sa parol sa isang pagdinig ng BPH na ginaganap sa loob ng tatlong araw ng trabaho pagkatapos na sila ay isailalim sa pag-iingat. Kaayon ng mga kasalukuyang utos ng pederal na hukuman, ang panukalang-batas na ito ay nagsususog sa batas ng estado upang magkaloob sa lahat ng mga naturang parolado ng karapatang kumuha ng abugado sa pagdinig na ito.

## Mga Kredito Para sa Pagganap sa mga Programang Rehabilitasyon

### Kasaysayan

Ang batas ng estado ay kasalukuyang nagkakaloob ng mga kredito sa mga partikular na bilanggo na lumahok sa mga programang trabaho, pagsasanay, o edukasyon. Ang mga kreditong ito ay nagbabawas ng panahon sa bilangguan na dapat ipagsilbi ng mga bilanggo. (Ang mga kredito ay maaaring alisin kung ang isang bilanggo ay gumawa ng mga pagkakasalang pandisiplina habang nasa bilangguan.) Ang ilang nagkasala na ipinasok sa bilangguan dahil sa mararahas at mga seryosong krimen ay maaaring umani ng limitado lamang na mga kredito o walang maaaring anihing kredito. Pero maraming nagkasala na karapat-dapat umani ng hanggang isang araw na kabawasan sa kanilang mga sentensiya para sa bawat araw na lumahok sila sa mga naturang programa. Ang mga nagkasala na sumang-ayong lumahok sa mga naturang programa, pero hindi pa nakatalaga sa isa, ay tatanggap ng hanggang isang araw sa mga kredito para sa bawat tatlong araw na sila ay nasa ganitong kalagayan.

### Ang mga Pinalawak na Kredito ay Ipinahihintulot

Ang panukalang-batas na ito ay magbabago sa batas ng estado upang pahintulutan ang ilang bilanggo na sinentensiyahan ng pagkabilanggo para sa mga partikular na krimen sa droga o hindi marahas na krimen sa ari-arian na umani ng mas maraming kredito upang mabawasan ang mga panahon sa bilangguan kaysa ipinahihintulot sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado. Ang lupon sa reporma sa parol na itinatag sa panukalang-batas na ito ay aawtorisahan na maggawad ng mga karagdagang kredito batay sa mga naturang bagay na tulad ng pagpapakita ng progreso ng bilanggo sa pagkumpleto sa mga programang rehabilitasyon. Ang panukalang-batas ay hindi tumutukoy o naglilimita sa halaga ng mga naturang karagdagang resulta na maaaring igawad, pero ito ay talagang nagbabawal sa mga ito na igawad sa sinumang bilanggo na napatunayang nagkasala ng marahas o seryosong felony o mga partikular na sekswal na krimen.

## Pagbabago sa mga Parusa sa Pagdadala ng Marihuwana

### Kasaysayan

Ang kasalukuyang batas ng estado ay pangkaraniwang ginagawa ang pagdadala ng kulang sa 28.5 gramo ng marihuwana ng isang

may sapat na gulang o isang menor na isang misdemeanor na maparurusahan ng isang multa na hanggang $100 (at ibang mga parusa at multa na maaaring magdala ng kabuuang gastos na hanggang $370) pero hindi kulungan. Ang pagdadala ng mas maraming marihuwana, o mga inulit na pagkakasala, ay maaaring magresulta sa pagpigil sa kulungan o piitan ng kabataan, mas malalaking multa, o pareho. Ang mga kita mula sa mga multang ito (kabilang ang mga karagdagang parusa) ay ipinamamahagi alinsunod sa batas ng estado sa iba't ibang tinukoy na mga programa ng pamahalaan ng estado at county.

### Ang mga Parusa Para sa mga Pagkakasalang Kaugnay ng Marihuwana ay Magiging Infraction

Gagawin ng panukalang-batas na ito ang pagdadala ng kulang sa 28.5 gramo ng marihuwana ng isang may sapat na gulang o isang menor na isang infraction (katulad sa isang tiket sa trapiko) sa halip na isang misdemeanor. Ang mga may sapat na gulang ay isasailalim, gaya ngayon, sa isang multa na hanggang $100. Gayunman, ang anumang uri ng mga karagdagang parusa ay ililimita sa ilalim ng panukalang-batas na ito sa isang halaga na kapantay ng multang ipinataw. (Halimbawa, ang pagpapataw ng pinakamataas na $100 multa ay maaaring magresulta sa karagdagang $100 sa mga parusa.) Ang mga taong wala pa sa edad na 18 ay hindi na isasailalim sa isang multa para sa unang pagkakasala, pero aatasan na kumumpleto ng isang programang edukasyon sa droga. Gayon din, sa ilalim ng panukalang-batas na ito, ang mga multang nasingil para sa pagdadala ng marihuwana ay idedeposito sa isang espesyal na pondo upang magkaloob ng karagdagang suporta sa mga bagong programa sa kabataan na nilikha ng panukalang-batas na ito.

### Sari-saring mga Tadhana

Ang ibang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay:

- Ayusin ang paraan na pinangangasiwaan ang mga programang rehabilitasyon at parol ng CDCR, at itatag ang isang bago, ikalawang kalihim ng kagawaran at isang punong kinatawang warden para sa rehabilitasyon sa bawat bilangguan;
- Palawakin ang BPH mula 17 patungo sa 29 komisyoner;
- Atasan ang mga kulungan ng county na magkaloob ng mga materyal at istratehiya sa kamalayan sa sobrang dosis ng droga at pagpigil sa lahat ng bilanggo bago sila palabasin;
- Tukuyin na, maliban sa mga parolado, ang mga may sapat na gulang sa mga programang paggamot na may kinalaman sa droga ay tatanggap ng mga serbisyong kalusugan ng isip na ginagamit ang pagpopondo mula sa Proposisyon 63, isang panukalang-batas sa balota ng 2004 na inaprobahan ng mga botante na nagpalawak ng mga serbisyong kalusugan ng isip sa komunidad.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang-batas na ito ay magkakaroon ng maraming epekto sa pananalapi ng mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan. Ang mga pangunahing epekto sa pananalapi na natukoy namin ay isinabuod sa Pigura 2 at tinalakay nang mas detalyado sa ibaba. Ang mga tantiya ng pananalapi na tinalakay sa ibaba ay maaaring magbago dahil sa nakabinbing litigasyon sa pederal na hukuman o mga aksiyon sa badyet.

**Pigura 2**

**Proposisyon 5**
**Buod ng mga Pangunahing Epekto sa Pananalapi**

***Mga Gastos sa Pagpapatakbo ng Estado na Maaaring Humigit sa $1 Bilyon Taun-taon.*** Mas mataas na mga gastos ng estado sa paglipas ng panahon pangunahin para sa pagpapalawak ng paggamot na may kinalaman sa droga at rehabilitasyon ng mga nagkasala dahil sa:

- Mas mataas na paggasta para sa isang tatlong-daan na paglihis na sistema ng paggamot na may kinalaman sa droga.
- Pagpapalawak ng mga programang rehabilitasyon para sa mga bilanggo, parolado, at mga nagkasalang pinalabas mula sa parol.
- Iba't ibang mga pagbabago sa mga programa ng estado, tulad ng iniataas na bayaran ng estado ang mga county para sa mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga na ipinagkakaloob ngayon para sa mga partikular na parolado.

***Mga Matitipid sa Pagpapatakbo ng Estado na Maaaring Humigit sa $1 Bilyon Taun-taon.*** Mga matitipid sa pagpapatakbo ng estado sa paglipas ng panahon pangunahin para sa pangangasiwa ng bilangguan at parol dahil sa:

- Paglilipat ng mga karagdagang nagkasala mula sa mga bilangguan ng estado patungo sa mga programang paggamot na may kinalaman sa droga.
- Hindi pagsasama ng mga partikular na kategorya ng mga lumabag sa parol mula sa bilangguan ng estado.
- Maaaring maging pagpapalawak ng mga kredito na maaaring matanggap ng mga partikular na bilanggo na magbabawas ng panahon na dapat nilang ipagsilbi sa bilangguan.
- Kabawasan sa tagal ng panahon ng pangangasiwa sa parol para sa mga napatunayang nagkasala ng mga krimeng kaugnay ng droga at hindi marahas na krimen na kaugnay ng ari-arian.

***Mga Matitipid na Kapital na Paglalaan ng Estado na Maaaring Humigit sa $2.5 Bilyon.*** Netong isang-beses na mga matitipid mula sa pagpapatayo ng mas kaunting kama ng bilangguan dahil sa kabawasan sa populasyon ng bilanggo. Ang mga matitipid na ito ay maaaring mabawasan sa bahagi ng mga gastos para sa karagdagang espasyo ng bilangguan para sa mga programang rehabilitasyon.

***Mga Gastos sa Pagpapatakbo ng County at Pagpopondo—Hindi Alam na Netong Epekto sa Pananalapi.*** Ang mga pagtaas sa mga paggasta sa county para sa bagong mga paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga at mga programang pangkabataan ay malamang na pangkaraniwang katugma ng mas mataas na pagpopondo na matatanggap nila mula sa estado. Bilang karagdagan, ang iba't ibang tadhana ay maaaring magresulta sa hindi alam na mga pagtaas at kabawasan sa mga gastos sa pagpapatakbo ng county at mga kita.

***Kapital na Paglalaan ng County—Hindi Alam na Netong Epekto sa Pananalapi.*** Ang mga county ay maaaring humarap sa mga karagdagang gastos sa kapital na paglalaan para sa lugar na paglalagyan ng mga lumabag sa parol, pero mas mababang mga gastos mula sa paglipat ng ilang nagkasala mula sa mga bilangguan patungo sa paggamot na may kinalaman sa droga.

***Iba.*** Magkakaibang ibang mga tama sa pananalapi sa mga gastos at kita ng estado at lokal na pamahalaan at mula sa paglipat ng mga karagdagang nagkasala mula sa bilangguan o kulungan o sa pagpapalabas ng ilang nagkasala nang mas maaga mula sa bilangguan.

### Pagtaas sa mga Gastos ng Estado Para sa Pagpapalawak ng Paggamot na May Kinalaman sa Droga at Rehabilitasyon

Ang panukalang-batas na ito sa huli ay magreresulta sa pagtaas ng mga gastos ng estado, maaaring humigit sa $1 bilyon taun-taon, pangunahin para sa pagpapalawak ng paggamot na may kinalaman sa droga at ibang mga serbisyo na ipinagkakaloob sa mga karapat-dapat na nagkasala at mga kaugnay na gastos sa pangangasiwa.

***Mga Paggasta Para sa Bagong Paglihis na Sistema sa Droga.*** Gaya ng binanggit sa una, ang panukalang-batas na ito ay naglalaan ng $150 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para sa ikalawang kalahati ng taon ng pananalapi na 2008-09 (Enero hanggang Hunyo 2009) sa SATTF, tataas sa $460 milyon taun-taon sa 2009-10, para sa suporta sa tatlong-daan na paglihis na programa sa paggamot na may kinalaman sa droga at sa programa para sa mga serbisyong paggamot sa mga kabataan na itinatag sa panukalang ito. Ang antas ng pagpopondo ng 2009-10 para sa mga bagong programang ito ay magiging higit sa $300 milyon na mas malaki kaysa mga paglalaan ng Pangkalahatang Pondo na itinatadhana sa *Batas sa Badyet ng 2007-08* para sa mga programang sa kalakhan ay papalitan ng mga ito (paggamot at mga hukuman sa droga ng Proposisyon 36). Sa mga kasunod na taon ng pananalapi, ang mga paglalaan para sa mga bagong programa ay awtomatikong iaakma taun-taon para sa gastos sa pamumuhay at tuwing ikalimang taon para sa mga pagbabago sa populasyon ng estado, at kaya ay malamang na tumaas nang malaki sa paglipas ng panahon.

Ang mga perang inilaan para sa bagong mga paglihis na programa sa droga ay maaaring gamitin para sa iba't ibang mga gastos sa paggamot at pangangasiwa. Malamang na kahit ilan sa mga gastos sa programa at pangangasiwa na may kinalaman sa pagpapalawak ng paglihis na paggamot na may kinalaman sa droga ay mangangailangan ng mga karagdagang paglalaan ng estado.

***Mga Paggasta Para sa mga Programang Rehabilitasyon ng Bilanggo at Parol.*** Ang panukalang-batas na ito ay magreresulta sa pagtaas ng maraming daang milyong dolyar taun-taon sa mga gastos ng estado para sa mga pinalawak na programang rehabilitasyon para sa mga nagkasala sa mga bilangguan ng estado, sa parol, at sa komunidad. Ang mga gastos na ito ay babayaran pangunahin mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

***Ibang mga Tama sa Pananalapi ng Estado.*** Maraming partikular na tadhana sa panukalang-batas na ito na magreresulta sa mga karagdagang gastos sa programa ng estado at pangangasiwa, na maaaring magkahalaga ng sampu-sampung milyong dolyar taun-taun. Kabilang sa mga tadhana na magtataas ng mga gastos ng Pangkalahatang Pondo ng estado ay ang iniaatas na bayaran ng estado ang mga county (at ilang lungsod) para sa pagkulong sa mga karagdagang lumabag sa parol sa mga kulungan. Ang iniaatas na bayaran ng estado ang mga county para sa mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga na ipinagkakaloob ng mga county sa mga partikular na parolado ay magtataas din ng mga gastos ng estado. Bilang karagdagan, ang mga tadhana sa panukalang-batas na ito na nagbabago sa mga parusa sa paggamit ng marihuwana ay magbabawas sa mga kita ng estado mula sa mga parusang pangkrimen.

***Antas ng mga Karagdagang Gastos Hindi Tiyak.*** Ang gastos ng estado sa pagsasakatuparan ng iba't ibang tadhana ng panukalang-batas na ito ay hindi alam at maaari, sa kabuuan, na mas mataas o mas mababa kaysa tinantiya namin na daan-daang milyong dolyar taun-taon, depende sa kung paano ipinatutupad ang panukalang-batas na ito. Halimbawa, ang mga gastos ng estado sa pagkakaloob ng mga serbisyong rehabilitasyon sa mga bilanggo sa kanilang huling 90 araw sa bilangguan ay maaaring makabawas nang malaki kung nagawa ng estado na ilipat ang nakahandang puwang sa edukasyon, pang-aabuso ng substansiya, at ibang mga programa patungo dito sa mga bilanggo na may maikling panahon at palayo sa mga bilanggo na may panahon na mas matagal sa 90 araw na dapat ipagsilbi sa kanilang mga sentensiya.

## Mga Matitipid sa mga Gastos sa Pagpapatakbo ng Estado Para sa mga Sistema ng Bilangguan at Parol

Ang panukalang-batas na ito ay magreresulta sa huli sa mga matitipid sa mga gastos sa pagpapatakbo ng estado, maaaring humigit sa $1 bilyon taun-taon, dahil pangunahin sa mga kabawasan sa dami ng mga kaso na pinangangasiwaan sa bilangguan at parol. Sa partikular, ang panukalang-batas na ito ay maaaring magbawas sa populasyon ng bilangguan ng estado ng higit sa 18,000 bilanggo at magbawas sa bilang ng mga parolado sa ilalim ng pangangasiwa ng estado ng higit sa 22,000. Ang mga dahilan sa mga kabawasang ito sa populasyon ay tinatalakay sa ibaba.

***Mga Tama Mula sa Paglihis na Programang Paggamot na May Kinalaman sa Droga.*** Ang tatlong-daan na paglihis na sistema ng paggamot na may kinalaman sa droga na nilikha sa panukalang-batas na ito ay maaaring makabawas nang malaki sa sukat ng populasyon ng bilangguan, kaya magbabawas ng mga gastos sa pagpapatakbo ng bilangguan. Ito ay dahil ang panukalang-batas ay (1) naglilipat sa mga karagdagang nagkasala sa mga programang paggamot na may kinalaman sa droga sa halip ng pagkulong sa bilangguan ng estado, (2) nagpapahintulot sa ilang nagkasala na lumabag sa mga tuntunin ng paglihis na programa o mga batas sa droga na manatili sa paggamot sa halip na ikulong sa bilangguan ng estado, at (3) ginagawang posible para sa mga karagdagang nagkasala na tumanggap ng partikular na uri ng paggamot na may kinalaman sa droga (tulad ng pangangalaga sa isang pasilidad na pantahanan) na magiging mas malamang na magresulta sa mas mabubuting bunga ng paggamot, at dahil dito ay mas malamang na hindi masangkot sa aktibidad na kriminal sa hinaharap.

***Ibang mga Tama sa Bilangguan.*** Ang ibang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay malamang na magresulta sa nabawasang kaso sa bilangguan at parol at mga kaugnay na matitipid sa paglipas ng panahon. Sa mga ito ay kabilang ang mga tadhana na:

- Hindi nagsasama sa mga partikular na kategorya ng mga lumabag sa parol na ibabalik sa bilangguan ng estado;
- Nagpapahintulot sa mga partikular na bilanggo sa mga programang rehabilitasyon na tumanggap ng mga karagdagang kredito na magbabawas sa panahon na dapat nilang ipagsilbi sa bilangguan;
- Nagpapalawak ng mga serbisyong rehabilitasyon, kaya maaaring magbawas ng antas na bumabalik sila sa bilangguan para sa mga bagong pagkakasala;
- Nagbabawas ng panahon ng pangangasiwa sa parol para sa mga napatunayang nagkasala ng mga krimeng kaugnay ng droga at hindi marahas na krimen na kaugnay ng ari-arian. Sa huli ang mga matitipid na ito sa bahagi ay mababawasan ng pagtaas sa mga panahon ng parol para sa ilang marahas at seryosong nagkasala.

***Mga Matitipid sa Parol sa Pangmatagalan.*** Sa panandalian, ang panukalang-batas na ito ay maaaring magtaas ng mga kaso ng parol

sa pamamagitan ng pagpigil sa mga partikular na parolado na ibalik sa bilangguan para sa mga paglabag sa parol. Sa pangmatagalan, gayunman, ang panukalang-batas na ito ay malamang na magresulta sa malaking netong kabawasan sa mga kaso ng parol. Iyon ay dahil ang malaking kabawasan sa bilang ng mga nagkasala sa bilangguan—halimbawa, dahil sa mas maraming paglihis na programa na may kinalaman sa droga—ay nangangahulugan sa huli na magkakaroon ng mas kaunting nagkasala na pinalalabas mula sa bilangguan patungo sa pangangasiwa ng parol. Ang mga tadhana sa panukalang-batas na ito na nagbabawas sa panahon na ang mga partikular na nagkasala ay pinangangasiwaan sa parol ay magbabawas din sa mga kaso ng parol.

***Antas ng mga Matitipid Para sa Bilangguan at Parol Medyo Hindi Tiyak.*** Ang antas ng mga matitipid sa mga pagpapatakbo ng bilangguan at parol mula sa lahat ng mga tadhanang ito ay hindi alam at maaari, sa kabuuan, na maging mas mataas o mas mababa kaysa tinantiya na daan-daang milyong dolyar depende sa kung paano ipinatutupad ang panukalang-batas na ito. Halimbawa, ang bagong lupon ng reporma sa parol ng estado na nilikha sa panukalang-batas na ito ay maaaring magpalawak sa paggawad ng mga kredito sa mga bilanggo sa mga programang rehabilitasyon pero hindi iniaatas na gawin ito. Gayon din, ang mga matitipid sa mga pagpapatakbo ng bilangguan at parol na resulta ng panukalang-batas na ito ay maaaring mag-iba nang malaki sa paglipas ng panahon. Halimbawa, ang ilang nagkasala na unang inilipat mula sa bilangguan patungo sa mga programang paggamot na may kinalaman sa droga sa ilalim ng panukalang-batas na ito, na hindi nagtagumpay sa paggamot, ay maaaring ibalik sa huli sa bilangguan dahil sa paggawa ng mga krimen na walang kaugnayan sa droga.

### Mga Netong Matitipid sa mga Gastos na Kapital na Paglalaan ng Estado

Ang panukalang-batas na ito ay magreresulta sa huli sa isang-beses na mga matitipid ng estado sa mga gastos na kapital na paglalaan para sa mga pasilidad ng bilangguan na sa huli ay maaaring humigit sa $2.5 bilyon. Itong netong tantiya ng mga matitipid ay nagsasaalang-alang sa pareho ng (1) malamang na mga matitipid ng estado sa paggawa ng mas kaunting kama ng bilangguan dahil sa nabawasang populasyon ng bilanggo at (2) nadagdagang mga pangangailangan ng espasyo sa programa sa bilangguan dahil sa iniaatas ng panukalang-batas para sa pagpapalawak ng mga programang rehabilitasyon sa loob ng bilangguan. Ang mga gastos para sa karagdagang espasyo sa programa ay maaaring magkaroon ng malaking kabawasan kung (1) ang inaasahang kabawasan sa populasyon ng bilanggo ay nagpapalaya sa kasalukuyang espasyo ng bilangguan na ginagamit ngayon para sa mga bilanggo na sa halip ay maaaring gamitin sa pagpapatakbo ng mga programang rehabilitasyon ng bilanggo at (2) ang iniaatas para sa pagpapalawak ng programang rehabilitasyon ng bilanggo nang hindi kukulangin sa 90 araw bago sila palabasin ay natutugunan ang bahagi sa pamamagitan ng pagbawas sa paglahok sa programa ng mga bilanggo na may higit sa 90 araw na dapat ipagsilbi sa bilangguan.

### Hindi Alam na Netong Tama sa Pananalapi sa mga Pagpapatakbo ng County at Kapital na Paglalaan

***Mga Pagpapatakbo ng County.*** Ang panukalang-batas na ito ay nagkakaloob ng higit sa $300 milyon na karagdagang pagpopondo taun-taon bago lumampas ang 2009-10 sa pamamagitan ng SATTF para sa mga programang paggamot at paglihis na may kinalaman sa droga sa mga may sapat na gulang na patatakbuhin pangunahin ng mga county. Ang mga county ay malamang magkaroon ng mga pagtaas sa mga paggasta sa paglipas ng panahon para sa mga programa, kabilang ang mga gastos sa pangangasiwa, na pangkaraniwang katugma ng pagtaas sa pagpopondo na matatanggap nila mula sa estado sa pamamagitan ng SATTF.

Bilang karagdagan, ang panukalang-batas ay maaaring magresulta sa ibang mga pagtaas at kabawasan sa mga gastos sa pagpapatakbo at mga kita ng county. Halimbawa, ang mga tadhanang nag-aatas ng paggamit ng mga pondo ng Proposisyon 63 para sa mga nagkasalang may sakit sa isip na inilagay sa mga paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga ay maaaring magtaas ng mga gastos ng county kung ang pagbabago ay magdikta sa mga county na palitan ang mga pondong inilipat sa mga nagkasalang ito ng ibang mga lokal na pondo. Gayunman, ang pagpapalawak ng mga paglihis na programang paggamot na may kinalaman sa droga sa panukalang-batas na ito ay maaaring magbawas sa mga gastos ng county para sa pagpapakulong sa mga nagkasala ng mga krimeng may kaugnayan sa droga. Ang netong tama sa pananalapi ng mga ito at ibang mga bagay sa mga county ay hindi alam at maaaring mag-iba nang malaki sa mga magkakaibang hurisdiksiyon.

***Kapital na Paglalaan ng County.*** Ang ilang county, bilang resulta ng panukalang-batas na ito, ay maaaring humarap sa mga karagdagang gastos na kapital na paglalaan para sa paglalagyan ng mga lumabag sa parol na ililipat mula sa bilangguan patungo sa mga kulungan. Gayunman, ang mga gastos na ito na kapital na paglalaan ay maaaring mabawasan ng paglipat ng mga nagkasala sa droga mula sa mga bilangguan patungo sa paggamot sa komunidad. Ang ibang mga aspeto ng panukalang-batas ay maaari ring magbawas sa mga populasyon ng kulungan. Ang netong epekto sa mga gastos na kapital na paglalaan ng county ay hindi alam at malamang na mag-iba nang malaki sa mga magkakaibang hurisdiksiyon.

### Ibang mga Tama sa Pananalapi ng Estado at mga Lokal na Pamahalaan

Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magresulta sa ibang mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan. Ito ay mangyayari, halimbawa, kung ang mga karagdagang nagkasala na inilipat mula sa bilangguan o kulungan ay nangangailangan ng mga serbisyo ng pamahalaan o gumawa ng mga karagdagang krimen na nagresulta sa mga karagdagang gastos sa tagapagpatupad ng batas o mga gastos ng pamahalaan na may kaugnayan sa biktima, tulad ng binabayaran ng pamahalaan na pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong walang pribadong seguro. Panghalili, maaaring magkaroon ng mas malaking kita ng estado at lokal na pamahalaan kung ang mga nagkasalang nananatili sa komunidad dahil sa panukalang-batas na ito ay maging mga nagbabayad ng buwis. Ang laki ng mga tamang ito ay hindi alam.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 5, tingnan ang pahina 86.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 5 ★

Ang ating mga bilangguan ng estado ay lubhang nagsisikip. Dahil ang Lehislatura ay hindi magawang lutasin ang problema, tayo, ang mga tao, ay dapat gawin ito sa Proposisyon 5.

Ang mga bilangguan ay ginagastusan natin ng $10 bilyon bawat taon, pero ang California ay gumagasta ng maliit sa rehabilitasyon. Iyon ay may maiking pananaw. Ang mga kabataan na may mga problema sa droga ay hindi nakakakuha ng paggamot. Napakaraming hindi marahas na may sapat na gulang na may mga pagkasugapa na nagpapasikip sa ating mga bilangguan. Sampu-sampung libo ay labas pasok, hindi nagagamot.

Ang Proposisyon 5, ang Batas sa Rehabilitasyon ng Hindi Marahas na Nagkasala, ay isang matalinong paraan upang lutasin ang mga problemang ito sa pamamagitan ng pagtrato sa marahas at hindi marahas na nagkasala nang magkaiba. Ang Prop. 5 ay magbabawas ng pagsisikip ng bilangguan nang ligtas, magbabayad sa sarili taun-taon, at sa paglipas ng panahon ay makakatipid ang California ng $2.5 bilyon.

Narito ang ginagawa nito:

UNA, ang Prop. 5 ay nagbibigay sa hindi marahas na kabataan na may mga problema sa droga na gumamit ng paggamot sa droga.

IKALAWA, ito ay nagbabawas ng bilang ng mga hindi marahas na nagkasala na kaugnay ng droga sa pagpasok sa bilangguan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga programang paggamot sa droga na may tunay na pananagutan.

IKATLO, ito ay nag-aatas sa sistema ng bilangguan na magkaloob ng rehabilitasyon sa mga bilanggo at parolado.

Para sa nanganganib na kabataan, ang California ay walang iniaalay ngayon na paggamot sa droga. Wala nang mapupuntahan ang mga pamilya.

Ang Prop. 5 ay lumilikha ng mga mapipiling paggamot para sa mga kabataan na walang mga problema sa droga. Ang mga ito ay maaaring irekomenda para sa paggamot ng pamilya, mga tagapayo sa paaralan, o mga doktor. Ang mga nahuling may kaunting marihuwana ay tatanggap ng mga programang maagang pamamagitan. Sa ganitong paraan, mailalayo natin ang kabataan mula sa pagkasugapa at krimen.

Para sa hindi marahas na nagkasala na kaugnay ng droga, mabisa ang paggamot. Ang inaprobahan ng botante na Proposisyon 36 (2000) ay nagkaloob ng paggamot, hindi kulungan, para sa mga hindi marahas na gumagamit ng droga. Isang-ikatlo ay nagkumpleto ng paggamot at naging produktibo, nagbabayad ng buwis na mga mamamayan. Mula noong 2000, Prop. 36 ay nakapagtapos ng 84,000 tao at nakapagtipid ng halos $2 bilyon.

Ang Prop. 5 ay nagtatayo sa bunsod ng Prop. 36 at pinabubuti ito. Ang Prop. 5 ay nag-aalay ng mas malaking responsibilidad at mas mabuting paggamot sa mga hindi marahas na nagkasala. Ang mga tao ay dapat magbayad ng kabahagi sa mga gastos sa paggamot. Ang mga hukom ay maaaring magpakulong sa mga nagkasala na hindi sumunod sa paggamot, at magbigay ng mas matagal na sentensiya sa mga paulit-ulit na lumalabag sa mga tuntunin.

Para sa mga bilangguan ng estado, ang Prop. 5 ay nag-aatas na ang lahat ng nagkasala ay gumugol ng panahon at gumawa ng restitusyon. Pagkalabas, tatanggap sila ng tulong upang muling sumama sa lipunan. Ang ilan ay mangangailangan ng edukasyon o pagsasanay para sa trabaho, ang iba ay paggamot sa droga. Ang Prop. 5 ay nagbibigay sa mga dating bilanggo ng pagkakataon na baguhin ang kanilang buhay.

Ang Prop. 5 ay pinanagot ang mga hindi marahas na parolado para sa maliliit na paglabag sa parol sa pamamagitan ng mga parusa sa komunidad, paggamot sa droga, o panahon sa kulungan. Para sa mga seryosong pagkakasala sila ay ibabalik sa bilangguan ng estado. Ang mga parolado na may kasaysayan ng karahasan, mga krimen ng gang, o mga sekswal na pagkakasala ay maaaring ibalik sa bilangguan para sa anumang paglabag sa parol.

Ang paggamot sa mga marahas at hindi marahas na nagkasala nang magkaiba ay ang matalinong pag-aayos sa nagsisikip na bilangguan. Ang Prop. 5 ay nakakapagtipid ng $2.5 bilyon sa loob ng ilang taon, alinsunod sa di-partidistang Pambatasang Manunuri.

Ang Prop. 5 ay tumitiyak na laging may lugar para sa mararahas na kriminal sa bilangguan. Ito ay nagpapahigpit din sa mga iniaatas sa parol para sa mararahas na kriminal.

OO sa Prop. 5 ay isang matalino, ligtas na paraan, upang:

- Pigilan ang krimen sa pamamagitan ng paggamot sa droga para sa kabataan;
- Magkaloob ng pagbabagong-tatag, hindi bilangguan, para sa mga hindi marahas na nagkasala kaugnay ng droga;
- Bawasan ang pagsisikip ng bilangguan;
- Panatilihin ang mararahas na nagkasala sa bilangguan; at
- Palayain ang bilyun-bilyon para sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, at mga haywey.

**JEANNE WOODFORD,** Dating Warden
San Quentin State Prison
**DANIEL MACALLAIR,** Tagapagpaganap na Direktor
Center on Juvenile and Criminal Justice
**DR. JUDITH MARTIN,** Presidente
California Society of Addiction Medicine

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 5 ★

Ang Proposisyon 5 ay magtataas ng krimen.

Ang pag-aalis ng 45,000 kriminal mula sa ating mga bilangguan at patungo sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng maagang pagpapalabas at pinaikling parol ay hindi "makakapagtipid" ng pera sa sistema ng bilangguan—ito *ay* magtataas ng krimen.

Bakit? Dahil alinsunod sa mga opisyal na pag-aaral, ang mga "nagtapos" mula sa istilong-Prop. 5 na mga programa sa California ay gumagawa ng mga bagong krimen sa *mas mataas* na antas kaysa ibang mga pinalabas na nakagawa ng felony.

Ang mga ito ay hindi mga maaamong "hindi marahas" na kriminal; ang mga ito ay mga kriminal na babalik sa ating mga kapitbahayan—nang maaga at hindi pinangangasiwaan—at muling mambibiktima sa ating mga pamilya.

Ang Proposisyon 5 ay hindi tumutulong sa ating mga kabataan.

Ang totoo, ito ay naglalagay sa kanila sa mas malaking panganib sa pamamagitan ng pagtataas ng bilang ng mga tagabenta ng droga na bumabalik sa ating mga komunidad taun-taon.

Ang Proposisyon 5 ay magtataas ng malaki sa mga gastos ng mga nagbabayad ng buwis.

Ang programang ito ay gagastusan ng $1 bilyon taun-taon na may nakapaloob na mga pagtaas. Sa isang krisis sa badyet, hindi natin kayang ilagay sa panganib ang pagpopondo sa mga paaralan at ibang mga mahahalagang serbisyo upang bayaran ang dalawang malaking bagong burukrasya at mga programa na subok na nabibigo.

Ang Proposisyon 5 ay magtataas din ng mga gastos ng mga lokal na nagbabayad ng buwis, magbubunsod ng matinding bunga sa pananalapi at mga pagtaas ng buwis para sa maraming county na kapos sa pera. Higit sa 20 county ang kailangang magtayo ng mga bagong kulungan, dahil ang mga ito ay nasa kapasidad na, pero ang mga tagapagtaguyod ay lubos na binabalewala ang bilyun-bilyon sa bagong paggasta at mga buwis na maaaring ipataw ng Proposisyon 5 sa mga lokal na nagbabayad ng buwis.

Ang Proposisyon 5 ay hindi isang tunay na reporma, ito'y isang magastos na pagkukunwari na idinisenyo upang hayaan ang mga kriminal na makalaya nang mas maaga, nang mas kaunti ang pangangasiwa.

Bumoto ng "Hindi" sa maagang parol. Bumoto ng "Hindi" sa Proposisyon 5.

**LAURA DEAN-MOONEY,** Pambansang Presidente
Mothers Against Drunk Driving (MADD)
**ANG KAGALANG-GALANG NA STEVE COOLEY,** Abugado ng Distrito
County ng Los Angeles
**SENADOR JEFF DENHAM,** Ka-Tagapangulo
People Against the Proposition 5 Deception

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 5 ★

Pinaiikli ng Proposisyon 5 ang parol para sa mga nagbebenta ng methamphetamine at ibang mga kriminal na kaugnay ng droga na mula sa 3 taon—ay gagawing 6 buwan.

Iyon ang dahilan kaya ang Proposisyon 5 ay tinawag na "Batas sa mga Karapatan ng Tagabenta ng Droga."

Pero ang pinsala ng Proposisyon 5 ay magiging dahilan upang ang ating mga paaralan at kapitbahayan ay hindi matatapos lamang sa pagbibigay ng mas madaling buhay para sa mga nagtutulak ng droga. Ang mapanganib na panukalang-batas na ito ay maaari ring magkaloob, sa epekto, ng "lumabas ng kulungan nang libre" na kard sa maraming inakusahan ng pang-aabuso ng bata, karahasan sa tahanan, pandaraya sa pautang sa bahay, pagnanakaw ng pagkakakilanlan, pandaraya sa seguro, pagnanakaw ng awto, at marami pang ibang krimen, hinahayaan ang mga ito na mabisang matakasan ang pag-uusig na pangkrimen.

Ang Proposisyon 5 ay nagkakaloob ng isang paraan upang maiwasan ang pag-uusig para sa mga inakusahan ng pagpatay sa mga inosenteng biktima habang nagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya—isa sa mga dahilan kung bakit ito ay malakas na sinasalungat ng Mothers Against Drunk Driving (MADD).

Ang mga tagapagpatupad ng batas sa California, kabilang ang mga hepe ng pulisya at tagausig ng county ay puspusang sumasalungat sa Proposisyon 5 dahil alam nila na ito ay isang nakatagong pagtatangka na bawasan ng malaki ang panahon ng parol para sa mga napatunayang nagkasala na kaugnay ng droga—kabilang ang mga nagbebenta na nadakip na may $50,000 ng meth.

Ang Proposisyon 5 ay nagtatatag din ng dalawang bagong burukrasya na walang pananagutan, at gagastusan ng daan-daang milyon ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis.

Ang mga gastos na panlipunan, gayunman, ng mas nadagdagang krimen sa droga, karahasan sa tahanan, pagnanakaw ng pagkakakilanlan, at pandaraya ng mamimili ay hindi makakalkula.

Pinahihina ng Proposisyon 5 ang mga programang rehabilitasyon sa droga sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga nasasakdal na patuloy na gumamit ng mga droga habang nasa rehabilitasyon. Ang mga pinahinang programang ito ay popondohan sa pamamagitan ng pagkuha ng pera mula sa mga tunay na programang paggamot na tunay na mabisa.

Gusto ng mga tagapagtaguyod na maniwala kayo na ito ay tungkol sa pagpapanatili sa "mga hindi marahas na nagkasala" sa labas na bilangguan, pero alinsunod kay Abugado ng Distrito ng County ng Los Angeles Steve Cooley, "Walang nagkasala sa unang pagkakataon na inaresto sa California nang dahil lamang sa pagdadala ng droga na nakulong—kahit kailan."

Ang mga tunay na makikinabang sa Proposisyon 5 ay ang mga marahas na kriminal na makakatakas sa pag-uusig para sa kanilang mararahas na aksiyon sa pamamagitan ng pagsasabi na hindi sila ang responsable—"ang meth ang nagpagawa sa akin ito."

Ang mga propesyonal sa pagpapatupad ng batas sa buong California ay naghahanda sa dami ng mga kriminal na palalabasin sa ating mga komunidad kapag ang parol para sa mga napatunayang nagbebenta ng meth ay binawasan mula sa tatlong taon patungo sa anim na buwan lamang, at kapag ang hadlang sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan, karahasan sa tahanan, at pang-aabuso ng bata ay binawasan.

Hindi natin makakaya ang maraming kaguluhan na dadalhin ng panukalang-batas na ito sa ating mga pamilya, paaralan, at kapitbahayan.

Mangyaring samahan ang mga lider ng dalawang partido na kumakatawan sa mga grupo ng biktima, mga propesyonal na medikal, mga opisyal na pangkapayapaan, at abugado ng distrito, gayon din ang mga lider ng negosyo, paggawa, at komunidad sa pagtanggi sa depektibong inisyatibong ito.

Protektahan ang ating mga kapitbahayan laban sa marahas na krimen. Bumoto ng "HINDI" sa Proposisyon 5.

Upang basahin ang mga katotohanan, bisitahin ang *www.NoOnProposition5.com*.

**CHARLES A. HURLEY,** CEO
Mothers Against Drunk Driving (MADD)
**JERRY DYER,** Presidente
California Police Chiefs Association
**BONNIE M. DUMANIS,** Presidente
California District Attorneys Association

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 5 ★

SINABI NI HUKOM JAMES P. GRAY:

Huwag paniwalaan ang mga taktikang pananakot.

Sa ilalim ng Prop. 5, ang mga hukom ang nagpapasiya kung sino sa mga hindi marahas na nagkasala ang pupunta sa paggamot at kung sino ang hindi. Alam ng mga hukom kung paano ihihiwalay ang mga mapanganib na nagkasala mula sa mga karapat-dapat na kaso. Ginagawa namin ito araw-araw.

Wala sa Prop. 5 na pumipigil sa mga hukom na magsentensiya sa mga mapanganib na nagkasala para sa mga krimen na binanggit ng mga kalaban.

Ang Prop. 5 ay isang mabuting batas na nangangalaga sa pagpapasiya ng mga hukom at nagbibigay sa amin ng mga bagong kapangyarihan na pananagutin ang mga nagkasala sa panahon ng paggamot sa droga.

SINABI NI DATING HEPE NG PULISYA NORM STAMPER:

Ang Prop. 5 ay naghihiwalay sa mga marahas na nagkasala mula sa mga hindi marahas na nagkasala. Ito ay nagbibigay sa mga hindi marahas na nagkasala na handang magbago ng pagkakataon, at dahilan, na gawin ito.

Ang Prop. 5 ay nagpoprotekta sa kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng paglilimita ng mga benepisyo nito sa mga walang kasaysayan ng seryoso o marahas na krimen, o nakapagsilbi ng kanilang panahon at walang krimen sa limang taon.

Walumpung porsiyento ng mga tao sa mga bilangguan ng California ay may problema sa abuso ng substansiya. Ang karamihan ay kumukuha ng paggamot. Pagkatapos ng bilangguan, marami ay bumabalik sa droga at bumabalik sa bilangguan.

Dapat nating putulin ang inog ng krimen. Magagawa iyon ng paggamot sa droga at rehabilitasyon.

SINABI NI ESPESYALISTA SA PAGGAMOT SA DROGA NG KABATAAN ALBERT SENELLA:

Dapat nating pigilan ang mga bata na gumamit ng mga droga at tulungan ang mga nagsimula na.

Ang Prop. 5 ay lilikha ng unang ugnayan ng California ng mga programang paggamot para sa mga kabataan. Ito ay tumutulong sa mga bata na iwasan ang pagkasugapa.

Ang League of Women Voters of California ay nag-eendorso sa Prop. 5. Ito'y ligtas, matalinong paraan upang magdala ng pagbabagong kailangan natin.

**HUKOM JAMES P. GRAY**
Orange County Superior Court
**NORM STAMPER,** Dating Katulong na Hepe ng Pulisya
San Diego
**ALBERT SENELLA,** Punong Opisyal na Tagapagpaganap
Tarzana Treatment Centers

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

# PROPOSISYON 6 PAGPOPONDO SA PULISYA AT PAGPAPATUPAD NG BATAS. MGA PARUSANG PANGKRIMEN AT BATAS. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## PAGPOPONDO SA PULISYA AT PAGPAPATUPAD NG BATAS. MGA PARUSANG PANGKRIMEN AT BATAS. INISYATIBONG BATAS.

- Nag-aatas ng pinakamababang $965,000,000 bawat taon na ilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para sa mga pulis, siyerip, abugado ng distrito, probasyon ng may sapat na gulang, mga piitan at mga pasilidad ng probasyon ng kabataan. Ang ilan sa pagpopondong ito ay tataas sa mga susunod na taon alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California.
- Gumagawa ng humigit-kumulang na 30 pagbabago sa batas na pangkrimen ng California, marami sa mga ito ay sumasakop sa mga pagkakasalang may kaugnayan sa gang. Mga pagbabago na lumilikha ng maraming bagong krimen at mga karagdagang parusa, ang ilan ay maaaring magkaroon ng mga bagong sentensiyang habambuhay.
- Nagdaragdag ng mga parusa para sa paglabag sa utos ng hukuman na kaugnay ng gang at para sa mga kriminal na nagdadala ng mga baril sa ilalim ng mga partikular na kondisyon.

### Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Netong pagtaas sa mga gastos ng estado na malamang na sa loob ng ilang taon upang humigit sa $500 milyon taun-taon, pangunahin ay dahil sa nadaragdagang paggasta ng estado para sa iba't ibang mga programa sa hustisyang pangkrimen sa hindi kukulangin sa $965 milyon, gayon din para sa mga mas mataas na gastos para sa pagpapatakbo ng bilangguan at parol. Ang mga gastos ay tataas ng sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa mga susunod na taon.
- Netong isang-beses na mga gastos na kapital na paglalaan ng estado para sa mga pasilidad ng bilangguan na maaaring humigit sa $500 milyon dahil sa mga pagtaas sa populasyon ng bilangguan.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Mga Programa at Pondo sa Hustisyang Pangkrimen.*** Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay naghahati ng responsibilidad sa pagpapatakbo at pagpopondo ng iba't ibang bahagi ng sistema ng hustisyang pangkrimen ng California. Pangkaraniwan, ang estado ay nagpopondo at nagpapatakbo ng mga bilangguan, parol, at ng mga hukuman habang ang mga lokal na pamahalaan ay responsable sa pagpapatupad ng batas sa komunidad, tulad ng pulis, siyerip, at mga pag-uusig na pangkrimen.

Ang estado ay sumusuporta sa ilang aktibidad na hustisyang pangkrimen na tradisyunal na isang lokal na responsibilidad. Noong 2007-08, ang estado ay naglaan ng daan-daang milyong dolyar para sa mga lokal na programang hustisyang pangkrimen. Kabilang dito ang $439 milyon para sa tatlong naturang programa, ang Ang Mapipili ng mga Mamamayan Para sa Kaligtasan ng Publiko, ang Batas sa Pagpigil ng Krimen Para sa Hustisyang Pangkabataan, at Pagpopondo sa Probasyon at mga Kampong Pangkabataan.

Ang estado ay nangangasiwa rin ng Pondo ng Parusa ng Estado na kumokolekta ng mga kita mula sa mga fee na tinasa sa ilang mga nakagawa ng krimen. Ang mga pondong ito ay ginagamit sa iba't ibang layunin, kabilang ang restitusyon sa mga biktima ng krimen at pagsasanay ng opisyal na pangkapayapaan. Gayon din, ang isang bahagi ay inililipat sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

***Mga Batas sa Pagsentensiya na Pangkrimen.*** Ang mga batas ng estado ay naglilinaw ng tatlong uri ng krimen: Mga felony, mga misdemeanor, at mga infraction. Ang isang felony ay ang pinakaseryosong uri ng krimen. Ang mga batas ng estado ay tumutukoy sa mga mapipiling parusa para sa bawat krimen, tulad ng pinakamataas na sentensiya na pagkabilanggo sa kulungan ng county o bilangguan ng estado. Humigit-kumulang na 18 porsiyento ng mga taong napatunayang nagkasala ng isang felony ay ipinadadala sa bilangguan ng estado. Ang ibang mga nakagawa ng felony ay pinangangasiwaan sa probasyon sa komunidad, sinesentensiyahan sa kulungan ng county, nagbabayad ng multa, o kombinasyon ng mga parusang ito.

Ang estado ay nagpapatakbo ng 33 bilangguan ng estado at ibang mga pasilidad na may pinagsamang populasyon ng mga bilanggong may sapat na gulang na humigit-kumulang na 171,000 pagsapit ng Mayo 2008. Ang mga gastos upang patakbuhin ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California noong 2008-09 ay tinatantiyang humigit-kumulang na $10 bilyon. Ang pangkaraniwang taunang gastos upang ikulong ang isang bilanggo ay tinatantiyang humigit-kumulang na $46,000. Ang sistema ng bilangguan ng estado ay kasalukuyang nakakaranas ng pagsisikip dahil walang sapat na mga permanenteng kama na magagamit ng lahat ng mga bilanggo. Bilang resulta, ang mga himnasyo at ibang mga silid sa mga bilangguan ng estado ay inayos upang paglagyan ng ilang bilanggo.

***Pangangasiwa ng mga Parolado at mga Nakagawa ng Sekswal na Pagkakasala.*** Ang mga nagkasala na napatunayang gumawa ng isang felony at nagsilbi ng kanilang panahon sa bilangguan ng estado ay pinangangasiwaan sa parol ng estado pagkatapos na palabasin sila. Ang mga patakaran ng estado ay nagpapasiya sa bilang ng mga ahente ng parol at ibang mga tauhan na kailangan upang pangasiwaan ang mga paroladong ito.

Ang Proposisyon 83 (pangkaraniwang tinatawag na "Batas ni Jessica") ay inaprobahan ng mga botante noong Nobyembrer 2006. Kabilang sa ibang mga pagbabago na may kaugnayan sa mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala, ang proposisyon ay nag-aatas na ang mga partikular na tao na napatunayang nakagawa ng felony na sekswal na pagkakasala ay subaybayan ng isang kagamitan ng Pandaigdig na Sistema na Pagposisyon (GPS) habang nasa parol at para sa nalalabi ng kanilang mga buhay. Hindi tinukoy ng proposisyon kung ang estado o mga lokal na pamahalaan ay magiging responsable sa pagbabayad ng mga gastos sa pangangasiwa ng GPS pagkatapos palabasin ang mga nagkasalang ito mula sa pangangasiwa ng parol ng estado.

## MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay gumagawa ng maraming pagbabago sa mga kasalukuyang batas na may kaugnayan sa sistema ng hustisyang pangkrimen ng California. Ang pinakamahalaga sa mga pagbabagong ito ay inilarawan sa ibaba.

***Mga Iniaatas na Antas ng Paggasta Para sa mga Partikular na Bago at Kasalukuyang Programa sa Hustisyang Pangkrimen.*** Ang mungkahi ay lumilikha ng mga bagong pinopondohan ng estado na mga programa sa hustisyang pangkrimen. Ang panukalang-batas ay nag-aatas din na ang pagpopondo para sa mga partikular na kasalukuyang programa ay ipagpatuloy kahit sa kanilang mga antas ng 2007-08. Sa kabuuan, ang panukalang-batas ay nag-aatas ng paggasta ng estado na hindi kukulangin sa $965 milyon para sa tinukoy na mga programang hustisyang pangkrimen na magsisimula sa 2009-10. Ang halagang ito ay nagpapakita ng pagtaas sa pagpopondo na $365 milyon kumpara sa halagang itinatadhana sa *Batas sa Badyet ng 2007-08*. Ang Pigura 1 ay nagsasabuod ng pagtaas sa paggasta ng estado na iniaatas ng panukalang-batas na ito, pangkaraniwan ay magsisimula sa 2009-10.

Karamihan sa bagong paggasta ng estado na iniaatas ng panukalang-batas na ito ay para sa mga aktibidad ng lokal na tagapagpatupad ng batas, nakaukol pangunahin sa mga pulis, siyerip, abugado ng distrito, kulungan, at mga opisina ng probasyon. Ang natitirang bagong paggasta ng estado ay ipagkakaloob para sa mga lokal na programang pangkabataan, rehabilitasyon ng nagkasala, tulong sa biktima ng krimen, at ibang mga programa sa hustisyang pangkrimen ng estado. Sa partikular, ang panukalang-batas ay nag-aatas ng bagong paggasta ng estado para sa mga naturang layunin gaya ng:

- Nadagdagang pangangasiwa ng mga nakaprobasyon na may sapat na gulang ng mga county ($65 milyon);
- Pagsasaayos at pagkukumpuni ng pasilidad na pangkabataan at pagpapatakbo ng mga programang probasyon ng county para sa mga kabataan ($50 milyon);
- Mga pagsisikap ng tagapagpatupad ng batas ng lungsod na asintahin ang iba't ibang krimen, kabilang ang mga krimen na marahas, kaugnay ng gang at baril ($30 milyon);
- Pag-uusig ng mga krimen na marahas, kaugnay ng gang, at pagnanakaw ng sasakyan ($25 milyon);
- Ang konstruksiyon at pagpapatakbo ng mga kulungan ng county ($25 milyon);
- Pagtulong sa siyerip ng county at katamtaman ang laki na mga ahensiya ng pulisya upang lumahok sa pang-county, panrehiyon, at pambuong-estadong aktibidad at programa sa pagpapatupad ($20 milyon);
- Mga programa upang tulungan ang mga parolado sa kanilang muling pagpasok sa mga komunidad ($20 milyon).

Ang panukalang-batas ay nagbabawal sa estado o mga lokal na pamahalaan na gamitin ang bagong pagpopondo upang palitan ang mga pondo na ginagamit ngayon para sa mga katulad na layunin. Bilang karagdagan, ang panukalang-batas ay nag-aatas na ang pagpopondo sa hinaharap para sa karamihan ng mga bago at kasalukuyang programa ay iakma taun-taon para sa implasyon.

Bilang karagdagan, ang panukalang-batas na ito ay muling namamahagi ng Pondo sa Parusa ng Estado sa isang paraan na nagdaragdag ng suporta sa pagsasanay para sa mga opisyal na pangkapayapaan, mga tauhan ng pagwawasto, mga tagausig, at mga pampublikong manananggol, gayon din sa iba't ibang programang mga serbisyo sa mga biktima ng krimen, habang inaalis ang kasalukuyang paglipat ng pera sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Humigit-kumulang na $14 milyon ang inilipat mula sa Pondo sa Parusa ng Estado patungo sa Pangkalahatang Pondo noong 2007-08. Ang panukalang-batas ay nag-aatas rin na ang mga pondo ng Blokeng Gawad sa Kabataang Nagkasala—na ipinagkakaloob ng estado upang bigyan ng gusali, pangasiwaan, at pagkalooban ng iba't ibang uri ng mga serbisyong paggamot ang mga kabataan—ay ipamahagi sa mga opisina ng probasyon ng county at alisin ang mga kasalukuyang tadhana na nagpapahintulot sa mga pondong ito na ipagkaloob nang tuwiran sa paggamot na may kinalaman sa droga, kalusugan ng isip, o ibang mga kagawaran ng county.

Ang panukalang-batas na ito ay lumilikha rin ng isang bagong opisina ng estado sa bahagi ay upang ipamahagi ang mga pahayag na pampublikong serbisyo tungkol sa dami ng krimen at mga batas sa hustisyang pangkrimen, tulad ng batas na "Tatlong Tama at Tapos Ka," at nagtatatag ng isang komisyon upang timbangin ang pinopondohan ng estado na mga programang maagang pamamagitan at rehabilitasyon na idinisenyo upang bawasan ang krimen.

***Mas Matataas na Parusa Para sa mga Partikular na Krimen.*** Ang panukalang-batas ay nagtataas ng mga parusang pangkrimen para sa mga partikular na krimen, at lumilikha rin ng ilang bagong felony at misdemeanor. Sa mga pagbabagong ito sa mga parusa ay kabilang ang mga krimen na may kaugnayan sa paglahok at pagkalap na kaugnay ng gang, pananakot ng mga indibidwal na kalahok sa mga pamamaraan ng hukuman, pagdadala at pagbebenta ng mga

**Pigura 1**
**Proposisyon 6**
**Mga Iniaatas na Antas ng Paggasta Para sa mga Bago at Kasalukuyang Programang Hustisyang Pangkrimen na Apektado ng Panukalang-batas na Ito**

*(Sa mga Milyon)*

| | Kasalukuyang Antas ng Paggasta | Proposisyon 6 | Pagbabago |
|---|---|---|---|
| Lokal na tagapagpatupad ng batas[a] | $187 | $406 | $219 |
| Mga lokal na programang pangkabataan | 413 [b] | 479 | 66 |
| Mga bagong programang rehabilitasyon at pagtimbang ng mga nagkasala | — | 23 | 23 |
| Mga bagong programang tulong sa biktima ng krimen | — | 13 | 13 |
| Ibang mga bagong programa ng estado | — | 45 | 45 |
| **Mga Kabuuan** | **$600** | **$965** | **$365** |

[a] Sa lokal na tagapagpatupad ng batas ay kabilang ang pagpopondo para sa sa mga pulis, siyerip, abugado ng distrito, probasyon ng may sapat na gulang, at mga kulungan.
[b] Kabilang ang $93 milyon para sa Blokeng Gawad sa Kabataang Nagkasala na inawtorisa ng kasalukuyang batas para sa 2009-10.
Ang detalye ay maaaring hindi magkaroon ng kabuuan dahil sa pagbuo ng bilang.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 6, tingnan ang pahina 106.*

methamphetamine, pagnanakaw ng sasakyan, pagtanggal o pag-alis ng kakayahan ng kagamitan sa GPS, at pagdadala ng baril. Ang mga ito at ibang mga iminumungkahing pagtaas sa mga parusa ay malamang na magresulta sa mga karagdagang nagkasala na masesentensiyahan sa bilangguan o kulungan ng estado para sa mas matagal na panahon para sa mga krimen na tinukoy sa panukalang-batas. Ang Pigura 2 ay naglilista sa ilang halimbawa ng mas matataas na parusa at mga bagong krimen na nililikha ng panukalang-batas na ito.

***Iba't ibang mga Pagbabago sa mga Patakaran sa Parol ng Estado.*** Ang panukalang-batas na ito ay gumagawa ng maraming pagbabago sa mga patakaran sa parol ng estado. Kabilang sa mga pinakamahalagang pagbabago sa parol ng estado ay ang kabawasan sa pangkaraniwang dami ng kasong kaugnay ng parolado ng mga ahente ng parol mula sa humigit-kumulang na 70 parolado kada ahente ng parol patungo sa 50 parolado kada ahente ng parol. Ang panukalang-batas ay nag-aatas rin sa estado na bayaran ang gastos ng pagsubaybay sa GPS ng mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala pagkatapos silang palabasin mula sa pangangasiwa ng parol.

**Pigura 2**
**Proposisyon 6**
**Mga Halimbawa ng Mas Matataas na Parusa at mga Bagong Krimen na Nililikha ng Panukalang-batas na Ito**

**Paglahok at Pagkalap na Kaugnay ng Gang**

- Ang mga miyembro ng gang[a] na napatunayang nagkasala ng panloloob ng bahay, pang-aagaw ng sasakyan, pangingikil, o mga banta sa mga testigo ay isasailalim sa mga habambuhay na panahon sa bilangguan.
- Nagdaragdag ng karagdagang limang taon sa bilangguan para sa pagkalap na kaugnay ng gang kung ang taong kinalap ay wala pang edad na 14.
- Nagdodoble sa mga parusa para sa mga bilanggo na gumawa ng isang felony bilang bahagi ng isang gang.
- Sampung-taong karagdagang parusa para sa mga miyembro ng gang na nagtatangkang gumawa ng mararahas na krimen.
- Ang hindi pagpaparehistro bilang isang miyembro ng gang sa lokal na tagapagpatupad ng batas ay isang felony o misdemeanor, depende sa napapaloob na napatunayang pagkakasala.

**Mga Krimen na Kaugnay ng Methamphetamine**

- Naglilinaw sa pagdadala ng mga methamphetamine bilang isang felony. (Ang krimeng ito ay kasalukuyang maaaring usigin bilang isang misdemeanor o isang felony.)[b]
- Nagtataas ng panahon sa bilangguan dahil sa pagbebenta, pagdadala para ibenta, at transportasyon ng mga methamphetamine pangkaraniwan sa isang taon.

**Pagnanakaw ng Sasakyan**

- Nagdaragdag ng karagdagang taon sa bilangguan para sa pagnanakaw ng kotse kung ang pagnanakaw ay para sa layunin na ibenta ang ninakaw na kotse.
- Nagpapahintulot sa mga awtoridad na tagapagpatupad ng batas na kumpiskahin ang mga sasakyan para sa hanggang 60 araw kapag ang isang baril na ginamit sa krimen ay natagpuan dito.
- Pangkaraniwang nagbabawal sa probasyon para sa isang napatunayang pagnanakaw ng kotse kung ang nagkasala ay maraming naunang napatunayang pagnanakaw ng kotse.

**Ibang Mas Matataas na Parusa at mga Bagong Krimen**

- Hanggang apat na taon na pagkabilanggo dahil sa pananakot sa isang testigo, hukom, o ibang tao dahil sa paglahok sa isang pamamaraan ng hukuman.
- Ang hindi awtorisadong pagtanggal ng nagkasala sa kagamitan sa GPS na iniaatas sa ilalim ng kasalukuyang batas o isinusuot bilang kondisyon ng probasyon o parol ay magiging isang misdemeanor o felony, depende sa napapaloob na napatunayang pagkakasala.
- Sampung karagdagang taon sa bilangguan dahil sa pagdadala ng isang nakatagong sandata ng mga partikular na napatunayang gumawa ng felony.

[a] Pangkaraniwang kung paano nilinaw Kodigo Penal 186.22.
[b] Ang panukalang-batas ay hindi nagbabago sa pagiging karapat-dapat ng ilang nagkasala para sa paglihis na paggamot na may kinalaman sa droga sa ilalim ng Proposisyon 36.

***Ibang mga Pagbabago sa Hustisyang Pangkrimen.*** Ang panukalang-batas na ito ay gumagawa ng maraming ibang mga pagbabago sa mga batas ng estado na nakakaapekto sa sistema ng hustisyang pangkrimen. Ang mas mahahalagang pagbabago ay isinabuod sa ibaba:

- ***Mga Tipunan ng mga Datos sa Gang.*** Ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas sa estado na bumuo ng dalawang tipunan ng mga datos na may kaugnayan sa impormasyon tungkol sa gang para gamitin ng mga ahensiyang tagapagpatupad ng batas.
- ***Sabi-sabing Ebidensiya.*** Sa pangkalahatan, ang testimonya ng isang testigo ay itinuturing na sabi-sabi kapag inulit nito ang naunang pahayag ng isang tao para sa layunin na patunayan na ang nilalaman ng pahayag na ito ay totoo. Ang sabi-sabing ebidensiya ay hindi tinatanggap sa hukuman maliban kung nasa ilalim ng mga limitadong kalagayan. Ang panukalang-batas ay magpapalawak sa mga kalagayan kung saan ang sabi-sabing ebidensiya ay tinatanggap sa hukuman, lalo na sa mga kaso kung saan ang isang tao ay nanakot o nakialam sa isang testigo.
- ***Mga Pamamaraang Kaugnay ng Utos ng Hukuman sa Gang.*** Ang panukalang-batas ay nagbabago sa mga lokal na pamamaraan upang gawing mas madali para sa mga lokal na ahensiyang tagapagpatupad ng batas na magdala ng mga habla laban sa mga miyembro ng mga gang ng kalye upang pigilan ang mga ito na lumahok sa mga kriminal na gawain at ginagawa ang paglabag sa mga iniutos ng hukuman na maparurusahan ng mga multa, bilangguan, o kulungan.
- ***Mga Pagsusuri ng Kasaysayang Kaugnay ng Krimen Para sa mga Residente ng Pampublikong Pabahay.*** Kabilang sa ibang mga paggasta ng estado, ang panukalang-batas ay nagkakaloob ng $10 milyon taun-taon para sa mga gawad sa mga ahensiya ng pamahalaan na responsable sa pagpapatupad ng mga iniaatas sa paninirahan sa pampublikong pabahay. Ang mga ahensiya na tumanggap ng mga pondong ito ay aatasan na gumawa ng mga pagsusuri ng kasaysayang kaugnay ng krimen ng lahat ng residente ng pampublikong pabahay minsan sa isang taon o mas madalas.
- ***Pansamantalang Pabahay Para sa mga Nagkasala.*** Ang panukalang-batas na ito ay nagpapahintulot sa mga county na may mga nagsisikip na kulungan na magpatakbo ng mga pansamantalang kulungan at mga pasilidad ng paggamot upang paglagyan ng mga nagkasala. Ang mga pansamantalang pasilidad na ito ay iaatas upang matugunan ang mga lokal na kodigo sa kalusugan at kaligtasan na umaaplay sa mga tirahan.
- ***Pagpapalabas ng mga Taong Walang Dokumento.*** Ang panukalang-batas na ito ay nagbabawal sa isang taong inakusahan ng isang felony na marahas o may kaugnayan sa gang na palabasin sa pamamagitan ng piyansa o sariling paggarantiya habang hinihintay ang paglilitis kung siya ay ilegal na naririto sa Estados Unidos.
- ***Pagiging Miyembro sa Konsehong Nag-uugnay ng Hustisyang Pangkrimen.*** Ang bawat county na tumatanggap ng mga pondo ng estado para sa mga partikular na gawad na programang pagpigil sa krimen ng kabataan ay dapat magkaroon ng isang konsehong nag-uugnay ng hustisyang pangkabataan na bumubuo ng isang komprehensibong plano kung paano magkakaloob ng mga serbisyo at pangangasiwa sa mga nagkasalang kabataan. Ang panukalang-batas na ito ay nagbabago sa mga maaaring lumahok sa konseho. Halimbawa, ang mga county ay hindi na aatasan na isama ang mga kinatawan ng mga nakabase sa komunidad na mga programang paggamot na may kinalaman sa pang-aabuso ng substansiya.
- ***Mga Kabataan sa Hukuman ng May Sapat na Gulang.*** Ang panukalang-batas ay magpapalawak sa mga kalagayan na ang mga kabataan ay magiging karapat-dapat para sa paglilitis

sa isang hukumang pangkrimen ng may sapat na gulang, sa halip na sa sistema ng hukumang pangkabataan, para sa mga partikular na pagkakasalang kaugnay ng gang.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang-batas na ito ay magkakaroon ng malalaking epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan. Ang mga pinakamahalagang epekto sa pananalapi ay isinabuod sa Pigura 3 at tinalakay nang mas detalyado sa ibaba. Ang mga tantiyang ito sa pananalapi ay maaaring magbago dahil sa nakabinbing pederal na litigasyon sa hukuman o mga aksiyon sa badyet.

***Mga Iniaatas na Antas ng Paggasta Para sa mga Partikular na Bago at Kasalukuyang Programa sa Hustisyang Pangkrimen.*** Ang panukalang-batas ay nag-aatas ng paggasta ng estado para sa iba't ibang pang-estado at lokal na mga programa sa hustisyang pangkrimen na may kabuuan na humigit-kumulang na $965 milyon simula sa 2009-10, isang pagtaas na $365 milyon kumpara sa 2007-08. Tinatantiya namin na ang halagang ito ay magtataas ng humigit-kumulang na $100 milyon sa humigit-kumulang na limang taon dahil sa mga tadhana ng panukalang-batas na nag-aatas na ang pagpopondo ng estado para sa mga partikular na programa ay iakma bawat taon para sa implasyon. Bilang karagdagan, ang muling pamamahagi ng Pondo sa Parusa ng Estado ay maaaring magresulta sa humigit-kumulang na $14 milyon na kawalan sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo kumpara sa badyet ng 2007-08.

***Mas Matataas na Parusa Para sa mga Partikular na Krimen; mga Pagbabago sa Patakaran sa Parol.*** Ang iba't ibang tadhana ng panukalang-batas na ito ay magreresulta sa karagdagang mga gastos ng estado upang patakbuhin ang sistema ng bilangguan at parol. Ang mga gastos na ito ay malamang na tumaas sa hindi kukulangin sa dalawang daang milyong dolyar taun-taon pagkaraan ng isang partikular na bilang ng mga taon. Ang mga nadagdagang gastos na ito ay dahil pangunahin sa mga tadhana na nagtataas ng mga parusa para sa mga krimen na kaugnay ng gang, mga methamphetamine, pagnanakaw ng sasakyan, at ibang mga krimen, gayon din ang mga tadhana na nagbabawas ng dami ng kaso ng ahente sa parol at nag-aatas sa estado na bayaran ang gastos ng pagsubaybay ng GPS para sa mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala na pinalabas mula sa pangangasiwa ng parol.

***Mga Gastos na Kapital na Paglalaan ng Estado.*** Ang mga tadhana na nagtataas ng mga parusang pangkrimen para sa mga partikular na krimen ay maaaring magresulta sa mga karagdagang isang-beses na gastos na kapital na paglalaan, pangunahing may kaugnayan sa konstruksiyon at pagkukumpuni ng bilangguan. Ang laki ng mga isang-beses na gastos na ito ay hindi alam pero maaaring humigit sa $500 milyon.

***Mga Hukuman sa Paglilitis ng Estado, mga Kulungan ng County, at Ibang mga Ahensiya ng Hustisyang Pangkrimen.*** Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magkaroon ng malalaking epekto sa pananalapi ng estado sa mga hukuman ng paglilitis ng estado, mga kulungan ng county, at ibang mga ahensiya ng hustisyang pangkrimen, maaaring magresulta sa pareho ng mga bagong gastos at matitipid. Ang netong epekto sa pananalapi ng iba't ibang tadhana nito ay hindi alam gaya ng higit pang tinalakay sa ibaba.

Sa kabilang banda, ang panukalang-batas ay maaaring magresulta sa mas mataas na mga gastos kung ang karagdagang pondo na ipinagkakaloob para sa mga aktibidad ng tagapagpatupad ng batas ay nagreresulta sa mas maraming nagkasala na maaaresto, uusigin, at ikukulong sa mga lokal na kulungan o mga bilangguan ng estado. Magkakaroon din ng mga karagdagang gastos sa kulungan dahil sa pagpapanatili sa mga nagkasalang walang dokumento na inaresto dahil sa mga krimen na marahas o may kaugnayan sa gang na hindi na magiging karapat-dapat para sa piyansa o pagpapalabas sa kanilang sariling paggarantiya. Ang tadhana ng panukala na nagpapahintulot sa paggamit ng pansamantalang kulungan at mga pasilidad sa paggamot ay maaaring magresulta sa mga karagdagang gastos sa mga county upang bilhin, kumpunihin, at patakbuhin ang mga naturang pansamantalang pasilidad. Ang laki ng mga gastos na ito ay depende pangunahin sa bilang at sukat ng mga bagong pansamantalang pasilidad na ginagamit ng mga county.

Sa kabilang banda, ang panukalang-batas ay nagkakaloob ng ilang karagdagang pagpopondo para sa mga programang pagpigil at pamamagitan na idinisenyo upang bawasan ang kalamangan na ang mga indibidwal ay gagawa ng mga bagong krimen. Sa antas na ang mga programang ito ay matagumpay, ang mga ito ay maaaring magresulta sa mas kaunting nagkasala na aarestuhin, uusigin, at ikukulong sa mga lokal na kulungan o bilangguan ng estado kaysa mangyayari kung hindi. Dagdag dito, ang mga tadhana ng panukalang-batas na nagtataas ng mga parusang pangkrimen para sa mga tinukoy na krimen ay maaaring magbawas ng mga gastos na may kaugnayan sa mga hukuman at ibang mga ahensiya ng hustisyang pangkrimen sa pamamagitan ng paghadlang sa ilang nagkasala na gumawa ng mga bagong krimen.

***Ibang mga Tama sa Estado at mga Lokal na Pamahalaan.*** Ang ibang mga matitipid ng mga ahensiya ng estado at mga lokal na pamahalaan ay maaaring maging resulta kung ang mga nagkasala na ibinilanggo ng mas matagal na panahon sa ilalim ng mga tadhana ng panukalang-batas ay mangangailangan ng mas kaunting serbisyo ng pamahalaan, o gumawa ng mas kaunting krimen na nagreresulta sa mga gastos ng pamahalaan na may kaugnayan sa biktima. Panghalili, maaaring magkaroon ng pagkawala ng kita kung ang mga nagkasalang nagsisilbi ng mas matatagal na panahon sa bilangguan ay hindi na magiging mga nagbabayad ng buwis sa ilalim ng kasalukuyang batas. Ang saklaw at laki ng mga tamang ito ay hindi alam.

**Pigura 3**
**Proposisyon 6**
**Buod ng mga Epekto sa Pananalapi ng Estado at mga Lokal na Pamahalaan**

| Mga Epekto sa Pananalapi | Halaga |
|---|---|
| Pagtaas sa mga netong taunang gastos ng estado pangunahin sa mga sumusunod:<br>• Nag-atas ng paggasta na $965 milyon para sa mga partikular na bago at kasalukuyang programa sa hustisyang pangkrimen, pagtaas na $365 milyon.<br>• Iniaatas na ang partikular na paggasta sa programa sa hustisyang pangkrimen ay itaas taun-taon para sa implasyon.<br>• Mas matataas na parusa para sa mga partikular na krimen na nagreresulta sa mas mataas na populasyon sa bilangguan.<br>• Mas malalaking gastos sa parol dahil sa mga nabawasang iniaatas na dami ng kaso. | Higit sa $500 milyon sa loob ng unang ilang taon, na tataas ng sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa mga susunod na taon. |
| Karagdagang isang-beses na mga gastos na kapital na paglalaan ng estado para sa mga pasilidad ng bilangguan. | Maaaring higit sa $500 milyon. |
| Mga gastos at matitipid ng mga hukuman ng paglilitis ng estado, mga kulungan ng county, at ibang mga ahensiya ng hustisyang pangkrimen. | Hindi alam na netong tama sa pananalapi. |

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 6, tingnan ang pahina 106.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 6 ★

BAWAT SIYERIP SA CALIFORNIA AY SUMUSUPORTA SA BATAS SA MGA LIGTAS NA KAPITBAHAYAN—PROPOSISYON 6

Ang Proposisyon 6 ay isang komprehensibong panukalang-batas laban sa gang at para sa pagbawas sa krimen na magdadala ng mga karagdagang pulis at mas mahusay na kaligtasan sa ating mga kalye, mas malaking kahusayan at pananagutan sa mga programa sa kaligtasan ng publiko.

Ang Proposisyon 6 ay nagbabalik ng pera ng mga nagbabayad ng buwis sa lokal na tapagpatupad ng buwis nang hindi nagtataas ng mga buwis. Ito ay lumilikha ng espesyal na komisyon sa pagbabantay upang bantayan at protektahan ang mga dolyar na buwis laban sa pag-aaksaya at pang-aabuso.

Ang California District Attorneys Association, California Police Chiefs Association, Crime Victims United, at mga organisasyong kumakatawan sa higit sa 45,000 opisyal na tagapagpatupad ng batas ay sumusuporta sa Proposisyon 6 dahil ito ay isang balanseng solusyon sa problema sa krimen ng California.

ANG KRIMEN, MGA GANG, AT KARAHASAN AY NAMAMAYANI SA ATING MGA KALYE

Sa pagitan ng 1999 at 2006, habang ang pambansang bilang ng pagpatay ay bumaba, ang bilang ng pagpatay sa California ay tumaas—bumuo ng halos 500 karagdagang pagpatay kada taon. Ang totoo, ang pagpatay sa California ay naging pinakamataas sa limang pinakamalaking estado sa bansa.

Ang mga gang ang pangunahing dahilan ng dumaraming pagpatay sa California. Alinsunod sa Pangkalahatang Abugado, pataas sa 420,000 ng mga miyembro ng gang ang gumagala sa mga kalye. Ang mga napatunayang nakagawa ng felony at mga miyembro ng gang na may baril ay gumagawa ng karamihan sa mga krimen ng baril, kabilang ang pagpatay sa mga opisyal na pangkapayapaan.

PANAHON NA UPANG LUMABAN

Ang Proposisyon 6 ay isang komprehensibong plano na humaharap sa krimen at karahasan ng gang sa maraming antas, kabilang ang:

- Pagbabawal sa piyansa sa mga ilegal na imigrante na kinasuhan ng marahas na krimen o krimen ng gang.
- Pagpataw ng 10 taong parusa na pagtaas sa mga nagkasalang miyembro ng gang na gumawa ng marahas na felony.
- Paglikha ng mas mabisa at nananagot na mga programang pamamagitan upang pigilan ang mga bata na sumali sa mga gang at sirain ang kanilang mga buhay.
- Nag-aatas sa mga napatunayang nagkasala na gang na magparehistro sa lokal na tagapagpatupad ng batas bawat taon sa limang taon kasunod na pagpapatunay ng pagkakasala o paglabas nila sa kulungan.
- Pagkakaloob ng kagamitan sa pagtunton na GPS para sa pagsubaybay sa mga nagkasalang gang, mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala, at marahas na nagkasala.
- Ang pagtataas ng mga parusa sa paggawa at pagbebenta ng methamphetamine sa antas na katulad ng sa cocaine.
- Ang pagdaragdag ng 10-taong sentensiya sa mga mapanganib na felon na nagdadala ng may-balang baril sa publiko.
- Pagtataas ng mga parusa para sa maraming aksiyon ng grapiti.

ANG MGA BIKTIMA NG KRIMEN AT TAGAPAGPATUPAD NG BATAS AY SUMASANG-AYON—OO SA PROPOSISYON 6

"Pitong buwan na ang nakalilipas namatay ang aking asawa sa karahasan ng gang. Isang kinatawan ng siyerip, binaril siya habang hinahabol ang isang pinaghihinalaan. Ang taong pumatay sa aking asawa ay isang 16-taong-gulang na miyembro ng gang.

"Ang trahedyang ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng pagpigil at pamamagitan upang ang mga nanganganib na bata ay hindi pumunta sa mga gang at krimen. Ang Proposisyon 6 ay gagawin ito at bibigyan ang tagapagpatupad ng batas ng mga kasangkapang kailangan nila upang panatilihing ligtas ang California." — Thanh Nguyen, biyuda ni Kinatawang Siyerip Vu Nguyen

"Proposisyon 6 ay isang komprehensibong plano na titiyak ng pagpopondo para sa tagapagpatupad ng batas, hihigpitan ang mga parusa para sa mga mapanganib na kriminal, at pabubutihin ang mga programang pagpigil." — Robert Lopez, Presidente, San Jose Police Officer Association

"Ang Batas sa mga Ligtas na Kapitbahayan ay nagbibigay sa atin ng mga kasangkapang kailangan natin upang makatulong na panatilihin ang mga nanganganib na bata na malayo sa mga gang." — Jerry Powers, Presidente, Chief Probation Officers of California

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 6.

Samahan ang mga tagapagtaguyod ng mga karapatan ng biktima at mga lider sa pagpapatupad ng batas sa pagsuporta sa Proposisyon 6.

Kumuha ng karagdagang kaalaman sa pamamagitan ng pagbisita sa www. SafeNeighborhoodsAct.com.

**LEE BACA,** Siyerip
County ng Los Angeles
**BONNIE M. DUMANIS,** Abugado ng Distrito
County ng San Diego
**HARRIET C. SALARNO,** Tagapangulo
Crime Victims United of California

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 6 ★

ANG PROP. 6 AY GAGASTA NG ISANG BILYONG DOLYAR SA MGA HINDI SUBOK NA PROGRAMA NA WALANG PANANAGUTAN PARA SA GINASTANG PERA.

Bumoto ng Hindi sa Prop. 6. Ang mga tagapagtaguyod ng Prop. 6 ay hindi bumabanggit na ito ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng $1,000,000,000 sa unang taon pa lamang! Iyon ay $1,000,000,000 na hindi makukuha para sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, proteksiyon sa sunog, subok na mga pagsisikap sa kaligtasan ng publiko.

Ang Prop. 6 ay maraming HINDI gagawin:

1. Ang Prop. 6 ay HINDI gagarantiya na ang isa o higit na opisyal ng pulisya ay nasa kalye.
2. Ang Prop. 6 ay HINDI magpopondo sa mga programang pagpigil sa gang ng mga kabataan na subok nang mabisa.
3. Ang Prop. 6 ay HINDI magpapahintulot sa mga lokal na komunidad na magpasiya kung paano ipupuhunan ang kanilang pera upang pabutihin ang kaligtasan ng publiko.

Pero ang Prop. 6 ay tiyak na gagasta ng mas maraming pera sa mga bilangguan at kulungan.

Ang Prop. 6 ay magpapabagal sa ating mga hukuman sa pamamagitan ng mga hindi kailangan at magastos na bagong batas.

At ang Prop. 6 ay lilikha ng karagdagang burukrasya na nagduduplika ng mga programang mayroon na tayo.

Ang bawat pag-aaral ng hustisyang pangkrimen ng mga problema sa gang at mataas na krimen na mga komunidad ay nananawagan ng magkakaugnay na balanseng pagharap na kabilang ang mga manggagawa ng serbisyo sa komunidad, kalusugan ng isip, droga at alkohol kasama ng mahigpit na pagpapatupad ng batas.

Sa kasamaang-palad, ang Prop. 6 ay binabalewala ang mga katotohanang ito, at sa halip ay nakapokus sa mga sintomas, hindi sa mga dahilan.

Hindi natin makakaya ang isa pang magastos na panukalang-batas sa balota na hindi lumulutas ng problema. Bumoto ng HINDI sa Prop. 6!

**ROY ULRICH,** Tagapangulo ng Lupon
California Tax Reform Association
**DANIEL MACALLAIR,** Tagapagpaganap na Direktor
Center on Juvenile & Criminal Justice



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 6 ★

Ang balotang ito ng Nobyembre ay puno ng mga proposisyon na anyong mabuti sa unang basa, pero sa katotohanan ay sisira sa ekonomiya ng California nang hindi maghahatid ng ipinangako ng mga ito. Ang Prop. 6 ay isang mabuting halimbawa.

*ANG PROP. 6 AY NAG-AATAS NG MALAKING BAGONG PAGGASTA*

Habang ang California ay humaharap sa pinakamasamang krisis sa kasaysayan, ang Prop. 6 ay nagpapalala sa krisis sa pamamagitan ng paggasta ng halos isang bilyong dolyar bawat taon sa hindi mabibisang programa na hindi subok na magbabawas ng krimen. Mga programang nagbabanta sa pagpopondo para sa mga paaralan, pangangalaga ng tagatangkilik, mga programa pagkalabas ng paaralan, proteksiyon sa sunog, at mabisang pagsisikap sa kaligtasan ng publiko.

*ANG PROP. 6 AY NAGTATAAS NG PAGGASTA NG ESTADO SA MGA BILANGGUAN AT NAGBABANTA SA MGA PONDO PARA SA IBANG MAHAHALAGANG PROGRAMA*

Ang Prop. 6 ay mag-aatas ng pagtatayo ng mga bagong pasilidad ng bilangguan; isang gastos na maaaring humigit sa kalahating bilyong dolyar. *Ang California ay gumasta na ng higit sa 4 na beses na mas mataas kada bilanggo kaysa kada estudyante ng pampublikong paaralan.*

> "Ang Proposisyon 6 ay gagasta ng bilyun-bilyon upang ilagay ang mga bata sa kulungan at panatilihin ang mga ito doon nang mas matagal para sa mga 'krimen' na tulad ng hindi pagsasapanahon ng kasalukuyang direksiyon ng bahay. Mas maraming 14-taong-gulang ay lilitisin bilang mga may sapat na gulang. Ang bilyun-bilyong ito ay maaaring gastahin sa mga paaralan at pangangalagang pangkalusugan ng mga bata . . . mga programang subok na nagbabawas ng krimen." — Marty Hittelman, Presidente, California Federation of Teachers

*ANG PROP. 6 AY NAG-AAKSAYA NG PERA SA MGA HINDI MABISANG PROGRAMA NANG WALANG PANANAGUTAN*

Ang Prop. 6 ay gagasta ng bilyun-bilyong dolyar bawat taon sa mga programa nang walang tunay na pagbabantay o pananagutan. Ang mga programang ito ay pipiliin nang walang paligsahang proseso o pagsusuri ng gastos-benepisyo. Ang estado ay kailangang awtomatikong magbigay ng panibagong bisa sa pagpopondo bawat taon, mabisa man o hindi ang mga programa.

Sa ilalim ng Prop. 6, ang pinakamalaking pagtaas sa pagpopondo ay para sa programang "Mga Mapipili ng mga Mamamayan Para sa Kaligtasan ng Publiko," isang programang nirepaso ng independiyenteng Pambatasang Manunuri ng estado at napag-alamang may "malilinaw na mga hangarin" at "walang mga makikilalang hangarin." *Ang Prop. 6 ay mag-aaksaya ng bilyun-bilyon sa mga programang hindi subok.*

*PROP. 6 AY GUMAGAMBALA SA MGA KASALUKUYANG PAGSISIKAP SA PAGPIGIL NG KRIMEN*

Ang mga tagapagtaguyod ay nangangatwiran na ang pagsalakay na ito sa inyong mga dolyar na buwis ay kailangan upang labanan ang mga gang. *Binabalewala nila ang katotohanan na ang Gobernador at Lehislatura ay nakagawa na ng mga matatag na hakbang upang labanan ang mga gang at krimen.* Nitong nakaraang taon, si Gobernador Schwarzenegger ay naglunsad ng "CalGRIP," dinala ang mga pondo ng mga estado sa mga programang pagpapatupad ng batas at paglaban sa gang sa komunidad sa buong estado.

Ang CalGRIP ay gumagamit ng isang balanseng pagharap, inaatake ang mga gang sa pamamagitan ng pagpigil, pamamagitan, pagsugpo, at pagkulong. Ang Prop. 6 ay lubos na gagambala sa kasalukuyang progreso na ginagawa sa California.

*PROP. 6 AY HINDI MAGTATAAS NG KALIGTASAN NG PUBLIKO*

Sumasang-ayon kami na ang estado ay maaari at dapat gumawa ng higit upang pigilan ang krimen at itaas ang kaligtasan ng publiko. Pero hindi iyon ang ginagawa ng Prop. 6. Ang Prop. 6 ay nagbubuhos ng mga dolyar na buwis sa mga hindi subok na programa na walang mga tunay na pagbabantay o pananagutan, ninanakawan ng pagpopondo ang mga mabisang programa laban sa krimen.

*PROP. 6 AY MAGBABANTA SA PAGPOPONDO NG PAARALAN*

Ang Prop. 6 ay hindi nagbabayad para sa sarili kaya mababawasan ang pera para sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, at ibang mahahalagang programa.

Bisitahin ang www.votenoprop6.com upang makita ang isang listahan ng mga grupong sumasalungat sa Prop. 6, kabilang ang dating mga opisyal na pagpapatupad ng batas, nagbabayad ng buwis at mga grupo para sa mga bata, mga lider ng pananalampalataya, ang grupo sa mga karapatang sibil.

Ang Prop. 6 ay wala kundi isang pagsalakay sa tesorerya ng estado na ibinebenta sa pamamagitan ng mga islogan ng kaligtasan ng publiko.

*Bumoto ng Hindi sa Prop. 6!*

**LOU PAULSON,** Presidente
California Professional Firefighters
**STEPHAN B. WALKER,** Punong Opisyal na Tagapagpaganap
Minorities in Law Enforcement

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 6 ★

Ang unang priyoridad ng pamahalaan ay ang kaligtasan ng mga mamamayan nito. Pero ang badyet ng ating estado ay hindi gumagawa ng sapat upang panatilihin ang ating mga kapitbahayan na ligtas sa mga gang, tagabenta ng droga, at marahas na kriminal.

Ang Lehislatura ay patuloy na hindi nagbibigay ng sapat sa pakikipaglaban ng tagapagpatupad ng batas upang alisin ang mararahas na gang sa mga kapitbahayan. Ang paggasta ng California sa kaligtasan ng publiko ay halos 14% na mas mababa kaysa noong 2003, sa mga dolyar ngayon.

OO sa 6—IBINABALIK ANG PERA NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA LOKAL NA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS

Ang Proposisyon 6 ay humihiling sa mga botante na unahin ang 1% ng Badyet ng Pangkalahatang Pondo ng California para sa lokal na tapagpagpatupad ng batas nang hindi nagtataas ng mga buwis.

"Ang Batas sa mga Ligtas na Kapitbahayan ay isang maayos na pamumuhunan sa kaligtasan ng publiko. Ito ay sumusukat sa mga resulta sa pagpigil sa gang at krimen sa pamamagitan ng bagong antas ng pananagutan na bihirang makita sa pamahalaan." — Lew Uhler, Presidente, The National Tax Limitation Committee

OO sa 6—MAS LIGTAS NA MGA PAARALAN PARA SA ATING MGA BATA

Ang Proposisyon 6 ay pinananatili ang ating mga anak na ligtas, habang ang edukasyon ay patuloy na tatanggap ng buong pagpopondo.

Ang PANGKALAHATANG ABUGADO ay nag-ulat noong 2007, na ang "ang patuloy na pananatili ng . . . mga gang ay ginagawang mahirap para sa mga estudyante na maglakbay patungo at pabalik mula sa paaralan nang ligtas. Ang mga gang ay nagbabanta, nananakot at kumakalap; sila ay namamaril, nagnanakaw, at umaatake sa mga estudyante sa malapit sa mga pasukan ng paaralan . . . at mga tigilan ng bus."

"Ang Proposisyon 6 ay tumutulong na panatilihin ang mga gang, droga, at karahasan na malayo sa ating mga paaralan—tinitiyak ang isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral para sa ating mga anak." — Jamie Goodreau, Guro ng Taon ng County ng Los Angeles, 2003

MALAWAK NA SUPORTA PARA SA BATAS SA MGA LIGTAS NA KAPITBAHAYAN

Lahat ng siyerip ng California, California Police Chiefs Association, California District Attorneys Association, Chief Probation Officers of California, at Hispanic American Police Command Officers ay sumusuporta sa Proposisyon 6.

BUMOTO NG OO SA 6.

**ROD PACHECO,** Abugado ng Distrito
County ng Riverside
**LAURIE SMITH,** Siyerip
County ng Santa Clara
**RON COTTINGHAM,** Presidente
Peace Officers Research Association of California

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON

# 7 PAGLIKHA NG NABABAGONG ENERHIYA. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## PAGLIKHA NG NABABAGONG ENERHIYA. INISYATIBONG BATAS.

- Nag-aatas sa mga utilidad, kabilang ang mga utilidad na pag-aari ng pamahalaan, na lumikha ng 20% ng kanilang kuryente mula sa nababagong enerhiya bago lumampas ang 2010, isang pamantayan na kasalukuyang angkop sa mga pribadong korporasyon ng kuryente.
- Nagtataas ng iniaatas para sa lahat ng utilidad sa 40% bago lumampas ang 2020 at 50% bago lumampas ang 2025.
- Nagpapataw ng mga parusa, napapailalim sa pagtalikdan, para sa hindi pagtupad.
- Naglilipat ng ilang hurisdiksiyon ng mga bagay ukol sa regulasyon mula sa Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad patungo sa Komisyon sa Enerhiya.
- Nagpapabilis ng pag-aproba para sa mga planta ng nababagong enerhiya.
- Nag-aatas sa mga utilidad na pumirma ng mas matagal na mga kontrata (pinakamababang 20 taon) upang kumuha ng nababagong enerhiya.
- Lumilikha ng kuwenta upang bumili ng mga karapatan-sa-daan at mga pasilidad para sa paghahatid ng nababagong enerhiya.

### Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Mas mataas na mga gastos ng estado sa pangangasiwa na hanggang $3.4 milyon taun-taon para sa mga aktibidad na nauukol sa pagkontrol ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng California at Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California, binabayaran ng mga kita sa fee.
- Hindi alam na tama sa mga gastos at kita ng estado at lokal na pamahalaan dahil sa hindi tiyak na epekto ng panukalang-batas sa mga presyo sa pagtitingi ng kuryente. Sa panandalian, ang mga inaasahan na mas matataas na presyo—at dahil dito ay mas matataas na gastos, mas mababang kita sa buwis sa pagbebenta at kita, at mas matataas na lokal na kita sa buwis sa utilidad—ay mas malamang. Sa pangmatagalan, ang tama sa mga presyo ng kuryente, at dahil doon ang mga gastos at kita ng estado at lokal na pamahalaan, ay hindi alam.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## KASAYSAYAN

### Mga Tagapagkaloob ng Kuryente sa California

Ang mga taga-California ay pangkaraniwang tumatanggap ng serbisyong kuryente mula sa isa sa tatlong uri ng mga tagapagkaloob:

- Mga utilidad ng pag-aari ng mamumuhuhan (mga IOU), na nagkakaloob ng 68 porsiyento ng pagtitinging serbisyong kuryente.
- Mga lokal, pag-aari ng publiko na utilidad, na nagkakaloob ng 24 porsiyento ng pagtitinging serbisyong kuryente.
- Mga tagapagkaloob ng serbisyong kuryente (mga ESP), na nagkakaloob ng 8 porsiyento ng pagtitinging serbisyong kuryente.

(Tingnan ang katabing kahon ng teksto para sa mga pagpapakahulugan sa mga katawagan na pangkaraniwang ginagamit sa buong pagsusuring nito.)

***Mga Utilidad na Pag-aari ng Mamumuhunan.*** Ang mga IOU ay pag-aari ng mga pribadong mamumuhunan at nagkakaloob ng serbisyong kuryente para sa tubo. Ang tatlong pinakamalaking IOU ng kuryente ay Pacific Gas and Electric, Southern California Edison, at San Diego Gas and Electric. Ang bawat IOU ay may walang-katulad, malinaw na heograpikong lugar ng serbisyo. Ang batas ng estado ay nag-aatas sa bawat IOU na magkaloob ng serbisyong kuryente sa mga parokyano sa loob

**Mga Katawagan na Karaniwang Ginagamit—Proposisyon 7**

***Komisyon sa Enerhiya (Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya).*** Ang ahensiya ng estado na humuhula ng panustos at pangangailangan ng enerhiya, nagpapatupad ng mga programang konserbasyon ng enerhiya, nagsasagawa ng pananaliksik na may kaugnayan sa enerhiya, at nagpapahintulot ng mga partikular na planta ng kuryente.

***ESP (Tagapagkaloob ng Serbisyong Kuryente).*** Isang kompanya na nagkakaloob ng serbisyong kuryente nang tuwiran sa mga parokyano na piniling huwag tumanggap ng serbisyo mula sa utilidad na naglilingkod sa kanilang heograpikong lugar.

***IOU (Utilidad na Pag-aari ng Mamumuhunan).*** Isang kuryenteng utilidad na pribado ang may-ari na may malinaw na heograpikong lugar ng serbisyo at inaatasan ng batas ng estado na maglingkod sa mga parokyano sa lugar na iyon. Ang Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ay kumokontrol sa mga presyo at tadhana ng serbisyo ng mga IOU.

***Presyo ng Kuryente sa Pamilihan.*** Isang sukatang presyo ng kuryente na ipinapasiya ng isang ahensiya ng estado alinsunod sa isang pagpapakahulugan at pamantayan sa batas ng estado.

***Utilidad na Pag-aari ng Publiko.*** Isang lokal na ahensiya ng pamahalaan, na pinamamahalaan ng isang lupon—inihalal ng publiko o hinirang ng isang lokal na inihalal na lupon—na nagkakaloob ng serbisyong kuryente sa lokal na lugar nito.

***PUC (Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad).*** Ang ahensiya ng estado na kumokontrol sa iba't ibang uri ng mga utilidad, kabilang ang mga IOU at mga ESP.

***RPS (Pamantayan sa Porpolyo ng mga Nababago).*** Iniaatas na itaas ng tagapagkaloob ng kuryente ang kanilang kabahagi sa kuryente na mula sa mga nababagong pinagkukunan (tulad ng enerhiya ng hangin o araw) alinsunod sa isang tinukoy na takdang panahon.

ng lugar ng serbisyo nito. Ang mga presyo na maaaring singilin ng mga IOU sa kanilang mga parokyano ay ipinapasiya ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California (PUC). Bilang karagdagan, ang PUC ay kumokontrol sa paraan na nagkakaloob ang mga IOU ng serbisyong kuryente sa kanilang mga parokyano. Ang mga kondisyong ito sa mga presyo at serbisyong kuryente ay tinatawag na "mga tadhana ng serbisyo."

***Mga Utilidad na Pag-aari ng Publiko.*** Ang isang kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko ay isang lokal na ahensiya ng pamahalaan, na pinamamahalaan ng isang lupon—inihalal ng publiko o hinirang ng isang lokal na inihalal na lupon—na nagkakaloob ng serbisyong kuryente sa lokal na lugar nito. Ang mga kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko ay hindi kinokontrol ng PUC. Sa halip, nagtatag sila ng kanilang mga tadhana ng serbisyo. Sa mga pangunahing kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko ng California ay kabilang ang Kagawaran ng Tubig at Enerhiya ng Los Angeles at ang Sacramento Municipal Utility District.

***Mga Tagapagkaloob ng Serbisyong Kuryente.*** Ang mga ESP ay nagkakaloob ng serbisyong kuryente sa mga parokyano na pumiling huwag tumanggap ng serbisyo mula sa utilidad na naglilingkod sa kanilang heograpikong lugar. Sa halip, ang mga parokyanong ito ay pumasok sa mga kontratang "tuwirang daan sa paggamit" sa mga ESP. Sa ilalim ng kontratang tuwirang daan sa paggamit, ang ESP ay naghahatid ng kuryente sa parokyano sa pamamagitan ng mga kawad ng paghahatid ng kuryente ng lokal na utilidad.

Sa kasalukuyan ay may 20 nakarehistrong ESP sa estado. Ang mga ESP ay pangkaraniwang naglilingkod sa malalaking parokyanong pang-industriya at pangkomersiyo. Ang mga ESP ay nagkakaloob din ng kuryente sa ilang ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan, tulad ng maraming kampus ng Unibersidad ng California at ilang lokal na distrito ng paaralan.

Ang awtoridad sa pagkontrol ng estado sa mga ESP ay limitado. Bagaman ang PUC ay hindi nagtatatag ng mga tadhana ng serbisyo ng ESP, kabilang ang mga presyo na sinisingil nito sa mga parokyano, ito ay hindi nag-aatas sa mga ESP na tumugon sa isang limitadong set ng mga iniaatas, kabilang ang katunayan na ang mga ito ay may sapat na panustos na kuryente upang matugunan ang pangangailangan.

## Impra-istruktura ng Kuryente

***Mga Pangunahing Bahagi.*** Ang apat na pangunahing bahagi na bumubuo sa sistema ng California para sa paglikha at paghahatid ng kuryente:

- Mga pasilidad na lumilikha ng kuryente.
- Ang grid ng paghahatid ng kuryente sa pagitan ng mga estado.
- Mga linya ng paghahatid ng kuryente na nagtatali sa mga pasilidad ng paglikha sa grid.
- Mga linya ng pamamahagi ng kuryente na nagkokonekta sa grid ng kuryente sa mga gumagamit ng kuryente.

Ang responsibilidad sa pagkontrol para sa pagpapahintulot sa impra-istrukturang ito ay hinahawakan ng isa o higit na pederal, pang-estado, at mga lokal na ahensiya, depende sa partikular na proyekto.

***Nagpapahintulot na Awtoridad.*** Ang nagpapahintulot na awtoridad para sa isang pasilidad na lumilikha ng kuryente ay ipinapasiya ng uri at sukat ng pasilidad na patatakbuhin. Halimbawa, ang mga haydroelektrikong pasilidad sa paglikha, tulad ng mga dam, ay pinahihintulutan ng Pederal na Komisyon sa Pagkontrol ng Enerhiya (FERC). Ang mga pasilidad ng paglikha ng thermal na kuryente—pangunahin ay mga planta ng enerhiyang pinatatakbo ng natural na gas—may kakayahang lumikha ng 50 megawatt o higit na kuryente ay iniisyuhan ng mga permiso ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya (Komisyon sa Enerhiya) ng estado. Karamihan sa ibang mga pasilidad na lumilikha ng kuryente—kabilang ang maraming uri ng mga pasilidad na lumilikha ng nababagong enerhiya, tulad ng mga turbine ng hangin at di-thermal na planta ng enerhiya ng araw—ay ipinahihintulot ng lokal na pamahalaan.

Ang nagpapahintulot na awtoridad sa mga linya ng paghahatid ng kuryente ay depende sa pagganap ng linya na gagawin, gayon din sa uri ng tagapagkaloob ng kuryente na mag-aari ng linya. Depende sa pagganap at pag-aari nito, ang isang linya ay maaaring ipahintulot ng FERC, ng Komisyon sa Enerhiya, PUC, o lokal na pamahalaan.

***Mga Takdang Panahon sa Pagproseso ng Permiso ng Komisyon sa Enerhiya.*** Ang umiiral na batas ay naglilinaw sa mga takdang panahon kung saan ang Komisyon sa Enerhiya ay dapat mag-aproba o magkait sa isang aplikasyon na gumawa at magpatakbo ng pasilidad sa paglikha ng kuryente o linya ng paghahatid sa ilalim ng hurisdiksiyon nito. Ang mga takdang panahong ito ay 18 buwan para sa karamihan ng mga aplikasyon, o 12 buwan para sa mga aplikasyon na nakakatugon sa mga partikular na kondisyon.

## Enerhiya Mula sa mga Nababagong Tagapagdulot

***Pamantayan sa Porpolyo ng mga Nababago.*** Ang kasalukuyang batas ay nag-aatas sa mga IOU at mga ESP na dagdagan ang kuryente na kinukuha nila (mula sa kanilang mga sariling pinagkukunan o binibili mula sa iba) na nalilikha mula sa mga nababagong tagapagdulot, tulad ng enerhiya ng araw at hangin. Ang iniaatas na ito ay tinatawag na pamantayan sa porpolyo ng mga nababago (RPS). Ang bawat tagapagkaloob ng kuryente na napapailalim sa RPS ay dapat magtaas ng kabahagi nito mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng hindi kukulangin sa 1 porsiyento bawat taon upang, bago matapos ang 2010, 20 porsiyento ng kuryente nito ay manggagaling sa mga nababagong pinagkukunan. (Gaya ng tinalakay sa huli, ang mga utilidad na pag-aari ng publiko ay napapailalim sa isang naiibang iniaatas sa nababagong enerhiya.)

***Mga Obligasyon ng IOU sa Ilalim ng RPS Nililimitahan ng Hangganan sa Gastos.*** Ang kasalukuyang batas ay naglilimita sa dami ng nababagong kuryente na iniaatas na kunin ng isang IOU sa ilalim ng RPS, anuman ang mga taunang inaasinta ng RPS na umaaplay sa IOU. Ang limitasyon ay batay sa dalawang bagay na may kaugnayan sa halaga.

- Ang "presyo ng kuryente sa pamilihan," kung paano nilinaw ang presyong ito ng PUC alinsunod sa pamantayang tinukoy sa batas ng estado.
- Ang halaga ng pera na dapat sanang masingil mula sa mga nagbabayad ng kuryente sa ilalim ng naunang tumatakbong programa ng estado upang tustusan ang gastos sa nababagong kuryente.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 7, tingnan ang pahina 120.*

Ang isang IOU ay iniaatas upang kumuha ng nababagong kuryente kahit sa isang halaga na humihigit sa presyo ng kuryente sa pamilihan na nilinaw ng PUC. Ang isang IOU na hindi kumuha ng sapat na dami ng nababagong kuryente ay maaaring humarap sa mga parusang pera. Gayunman, ang isang IOU ay inaatasang kumuha ng naturang mas mahal na nababagong kuryente tangi kung ang mga halaga na mas mataas sa pamilihan ay mas mababa kaysa halaga ng mga pondo na masisingil sana ng IOU sa ilalim ng naunang pinatatakbong programang pagtustos ng estado. Sa paraang ito, ang kasalukuyang batas ay naglalagay ng hangganan sa taunang gastos ng pagsunod sa RPS, pareho sa mga IOU at sa kanilang mga parokyano na sa huli ay nagbabayad ng mga gastos sa pamamagitan ng mga presyo na sinisingil sa kanila.

***Pagpapatupad ng RPS.*** Ang kasalukuyang batas ay nag-aatas sa PUC na ipatupad ang pagsunod ng IOU at ESP sa RPS. Ang mga IOU lamang ang inaatasan na magsumite ng mga plano na naglalarawan kung paano tutugunan ng mga ito ang mga inaasinta ng RPS sa pinakamaliit na posibleng gastos. Bilang karagdagan, ang mga IOU at ESP ay pangkaraniwang dapat mag-alok ng mga kontrata upang bumili ng mga nababagong tagapagdulot ng hindi kukulangin sa sampung taon.

Maaaring multahan ng PUC ang isang IOU o isang ESP na hindi nakatugon sa inaasinta ng RPS sa bawat taon. Ang PUC ay nagtatag ng halaga ng mga parusa sa 5 sentimos kada kilowatt na oras na ang IOU o ESP ay nagkulang sa inaasinta nitong RPS. Ang PUC ay naglagay ng hangganan sa kabuuang halaga ng mga parusa maaaring singilin ang isang IOU o ESP sa isang taon sa $25 milyon. Ang kasalukuyang batas ay hindi nagtatagubilin ng paggamit ng mga parusang pera na ito, na pangkaraniwan ay idinedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

***Ang mga Utilidad na Pag-aari ng Publiko Ay Nagtatatag ng Kanilang Sariling mga Pamantayan sa Nababagong Enerhiya.*** Ang kasalukuyang batas ay hindi nag-aatas sa mga utilidad na pag-aari ng publiko na tugunan ang kaparehong RPS na iniaatas na tugunan ng ibang mga tagapagkaloob ng kuryente. Sa halip, ang kasalukuyang batas ay nagtatagubilin sa bawat utilidad na pag-aari ng publiko na itatag at ipatupad ang sarili nitong pamantayan sa porpolyo ng mga nababago at pahintulutan ang bawat utilidad na pag-aari ng publiko na linawin ang pinagkukunan ng kuryente na ibinibilang nito na nababago. Walang ahensiya ng estado na nagpapatupad ng pagsunod ng utilidad na pag-aari ng publiko o naglalagay ng mga parusa sa isang utilidad na pag-aari ng publiko na hindi nakatugon sa mga hangarin ng nababagong enerhiya na itinatag nito sa para sa sarili.

***Progreso Patungo sa Pagtugon sa Hangarin ng RPS ng Estado.*** Ang iba't ibang uri ng mga tagapagkaloob ng kuryente ay magkakaiba sa kanilang pagsulong patungo sa pagkakamit ng hangarin ng RPS ng estado na pagkakaroon ng 20 porsiyento ng kuryente na nalilikha mula sa mga nababagong pinagkukunan bago lumampas ang 2010. Pagsapit ng 2006 (ang huling taon na ang mga datos ay makukuha), ang mga IOU magkakasama ay may 13 porsiyento ng mga kuryente ng mga ito na nalilikha mula sa mga nababagong tagapagdulot. Ang mga ESP ay may 2 porsiyento ng kanilang kuryente na nilikha mula sa mga katulad na uri ng mga tagapagdulot. Ginagamit ang kanilang sarili, iba't ibang pagpapakahulugan ng "mga nababagong tagapagdulot," ang mga utilidad na pag-aari ng publiko magkakasama ay may halos 12 porsiyento ng kuryente ng mga ito na nilikha mula sa mga nababagong tagapagdulot. Kung ang kasalukuyang pagpapakahulugan ng mga nababagong tagapagdulot sa batas ng estado na umaaplay sa mga IOU at ESP (na hindi kabilang ang malalaking haydroelektrikong dam, halimbawa) ay iniaaplay sa mga utilidad na pag-aari ng publiko, ang bilang ng mga nababagong tagapagdulot ng mga ito ay pumapatak sa higit sa 7 porsiyento lamang ng 2006. Gayunman, sa mga huling taon, ang mga utilidad na pag-aari ng publiko ay nagtaas ng kanilang mga paghahatid ng nababagong kuryente na mas mabilis kaysa mga IOU, alinsunod sa mga datos na tinipon ng Komisyon sa Enerhiya.

## MUNGKAHI

### Pangkalahatang-tanaw sa Panukalang-batas

Ang panukalang-batas na ito ay gumagawa ng maraming pagbabago tungkol sa RPS at sa pagpapahintulot ng mga pasilidad na lumilikha ng kuryente at mga linya ng paghahatid. Pangunahin, ang panukalang-batas ay:

- Nagtatatag ng karagdagan, mas mataas na mga RPS na inaasinta para sa mga tagapagkaloob ng kuryente.
- Ginagawa ang mga iniaatas na RPS na maipatutupad sa mga utilidad na pag-aari ng publiko.
- Binabago ang proseso para sa paglilinaw ng "presyo ng kuryente sa pamilihan."
- Binabago ang mga tadhana sa hangganan ng gastos na naglilimita sa mga obligasyon ng tagapagkaloob ng kuryente sa ilalim ng RPS.
- Nagpapalawak ng saklaw ng pagpapatupad ng RPS.
- Binabago ang panahon ng pagkontrata at mga obligasyon na may kaugnayan sa RPS.
- Nagtatatag ng mas mababang antas ng parusa sa batas at nagtatanggal ng hangganan sa kabuuang halaga ng parusa dahil sa kabiguang matugunan ang mga iniaatas na RPS.
- Nagtatagubilin sa paggamit ng mga kita sa parusa sa RPS.
- Nagpapalawak ng nagpapahintulot na awtoridad ng Komisyon sa Enerhiya.

Ang bawat isa sa mga bahaging ito ay inilarawan sa ibaba.

### Mga Indibidwal na Bahagi ng Panukalang-batas

***Nagtatatag ng mga Karagdagan, Mas Mataas na mga Inaasinta ng RPS.*** Ang panukalang-batas na ito ay nagdaragdag ng dalawang bago, mas mataas na mga inaasintang RPS—40 porsiyento bago lumampas ang 2020 at 50 porsiyento bago lumampas ang 2025. Ang bawat tagapagkaloob ng kuryente ay mangangailangan na tugunan ang mga iniaasinta sa pamamagitan ng pagtataas ng kabahagi ng kuryente na kinukuha nito na nalilikha mula sa nababagong enerhiya ng hindi kukulangin sa 2 porsiyento sa isang taon, sa halip na sa kasalukuyang 1 porsiyento kada taon. Ang panukalang-batas ay nag-aalis ng iniaatas sa ilalim ng kasalukuyang batas na ang isang tagapagkaloob ng kuryente ay nagbabayad dahil sa kabiguang matugunan ang inaasinta ng RPS

sa anumang taon sa pamamagitan ng pagtatamo ng karagdagang nababagong enerhiya sa mga susunod na taon.

***Ginagawa ang mga Iniaatas na RPS na Maipatutupad sa mga Utilidad na Pag-aari ng Publiko.*** Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa mga utilidad na pag-aari ng publiko sa pangkalahatan na sumunod sa mga katulad na RPS gaya ng iniaatas sa mga IOU at ESP, kabilang ang kasalukuyang hangarin ng RPS na tumaas sa 20 porsiyento bago lumampas ang 2010 ang bahagi ng bawat kuryente ng tagapagkaloob ng kuryente na nanggagaling sa mga nababagong tagapagdulot. Ang panukalang-batas ay nagbibigay rin sa Komisyon sa Enerhiya ng awtoridad na ipatupad ang mga iniaatas na RPS sa mga utilidad na pag-aari ng publiko. Ang panukalang-batas, gayunman, ay tumutukoy na ang Komisyon sa Enerhiya ay walang awtoridad na aprobahan o hindi aprobahan ang kontrata sa enerhiya ng mga nababagong tagapagdulot ng utilidad na pag-aari ng publiko, kabilang ang mga tadhana o kondisyon nito.

***Binabago ang Proseso Para sa Paglilinaw ng "Presyo ng Kuryente sa Pamilihan."*** Ang panukalang-batas ay gumagawa ng dalawang pangunahing pagbabago kung paano ang presyo ng kuryente sa pamilihan ay nilinaw para sa mga layunin ng pagpapatupad ng RPS. Una, ang panukalang-batas ay naglilipat mula sa PUC patungo sa Komisyon sa Enerhiya ng responsibilidad sa pagpapasiya ng presyo ng kuryente sa pamilihan. Ikalawa, ang panukalang-batas ay nagdaragdag ng tatlong bagong pamantayan sa mga iniaatas ng kasalukuyang batas na kakailanganing isaalang-alang ng Komisyon sa Enerhiya kapag nililinaw ang presyo ng kuryente sa pamilihan. Kabilang sa mga pamantayang ito ang pagsasaalang-alang sa halaga ng mga benepisyo ng mga nababagong tagapagdulot.

***Binabago ang mga Tadhana sa Hangganan ng Gastos na Naglilimita sa mga Obligasyon ng Tagapagkaloob ng Kuryente sa Ilalim ng RPS.*** Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang panukalang-batas ay nagkakaloob ng hangganan sa gastos upang limitahan ang halaga ng maaaring mas mataas ang gastos na nababagong enerhiya na dapat kunin ng IOU anuman ang mga taunang inaasinta ng RPS. Ang panukalang-batas ay nagbibigay rin ng limitasyon sa hangganan ng gastos sa mga ESP. Ang panukalang-batas ay nag-aatas na ang isang tagapagkaloob ng kuryente ay kumuha ng nababagong kuryente patungo sa pagtugon sa mga taunang inaasinta ng RPS, o harapin ang mga parusang pera, sa kondisyon na ang gastos ng naturang kuryente ay hindi hihigit sa 10 porsiyento na mas mataas sa presyo ng kuryente sa pamilihan na nilinaw ng Komisyon sa Enerhiya. Ang maaaring mas mataas na gastos ng kuryenteng nililikha mula sa mga nababagong tagapagdulot ay mababawi ng mga IOU at mga ESP sa pamamagitan ng mga presyo na sinisingil sa kanilang mga parokyano, pero napapailalim dito sa 10 porsiyentong hangganan ng gastos. Maaari ring mabawi ng mga utilidad na pag-aari ng publiko ang mga maaaring mas mataas na gastos sa pamamagitan ng mga presyo na sinisingil sa kanilang mga parokyano. Gayunman, ang mga gastos ng mga utilidad na pag-aari ng publiko ay hindi napapailalim sa hangganan ng gastos na katulad ng umaaplay sa mga IOU at ESP.

***Nagpapalawak ng Saklaw ng Pagpapatupad ng RPS.*** Ang panukalang-batas ay nagpapalawak ng mga kasalukuyang mekanismo ng PUC sa pagpapatupad na may kaugnayan sa RPS sa mga IOU upang sumakop sa mga ESP. Sa mga mekanismo ng pagpapatupad ay kabilang ang pagrepaso at pagpapatibay ng mga mga plano sa pagkuha ng mga nababagong tagapagdulot, kaugnay na awtoridad sa pagtatatag ng presyo, at awtoridad sa parusa. Ang panukalang-batas ay naggagawad sa Komisyon sa Enerhiya ng katulad na awtoridad sa pagpapatupad na kaugnay ng RPS sa mga utilidad na pag-aari ng publiko.

***Binabago ang Panahon ng Pagkontrata at mga Obligasyon na may Kaugnayan sa RPS.*** Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa lahat ng mga tagapagkaloob ng kuryente—kabilang ang mga utilidad na pag-aari ng publiko—na mag-alok ng mga kontrata sa pagkuha ng nababagong enerhiya ng hindi kukulangin sa 20 taon, na may mga partikular na eksepsiyon. Ang panukalang-batas ay nag-aatas rin sa isang tagapagkaloob ng kuryente na tanggapin ang lahat ng alok para sa nababagong enerhiya na nasa o mas mababa sa presyo ng kuryente sa pamilihan gaya ng nilinaw ng Komisyon sa Enerhiya.

***Nagtatatag ng Mas Mababang Antas ng Parusa sa Batas at Nagtatanggal ng Hangganan sa Kabuuang Halaga ng Parusa.*** Ang panukalang-batas ay nagsasama ng isang pormula upang malaman ang mga parusang pera para sa isang tagapagkaloob ng kuryente na nabigong pumirma sa mga kontrata para sa sapat na dami ng nababagong enerhiya. Ang pormula sa parusa ay 1 sentimos kada kilowatt na oras na ang tagapagkaloob ay nagkulang sa angkop na inaasinta ng RPS. Ang pormula ng panukalang-batas kung gayon ay nagpapakita ng isang *antas* na parusa na mas mababa sa 5 sentimos kada kilowatt na oras na antas ng parusa na kasalukuyang itinatag ng PUC. Gayunman, ang panukalang-batas ay tumutukoy rin na ang PUC o ang Komisyon sa Enerhiya ay hindi dapat maglagay ng hangganan sa *kabuuang* halaga ng mga parusa na maaaring ilagay sa isang tagapagkaloob ng kuryente sa anumang taon.

Bilang karagdagan, ang panukalang-batas ay nagsasaad na walang tagapagkaloob ng kuryente na dapat bumawi ng gastos ng anumang mga parusa sa pamamagitan ng mga presyong ibinabayad ng mga parokyano nito. Gayunman, hindi malinaw kung paano iaaplay ang pagbabawal na ito sa mga utilidad na pag-aari ng publiko. Ito ay dahil sa ang mga utilidad na pag-aari ng publiko ay pangkaraniwang walang ibang pinagkukunan ng mga kita na magagamit upang bayaran ang parusa na iba sa mga presyong ibinabayad ng kanilang mga parokyano.

Pangwakas, ang panukalang-batas ay tumutukoy rin sa mga kondisyon na ang PUC o ang Komisyon sa Enerhiya, gaya ng angkop, ay maaaring tumalikdan sa parusang itinatugibilin ng batas, tulad ng kapag ang tagapagkaloob ng kuryente ay nagpakita ng "matapat na pagsisikap" na matugunan ang RPS.

***Nagtatagubilin ng Paggamit ng mga Parusang Pera.*** Ang panukalang-batas ay nagtatagubilin na ang anumang mga parusa na may kaugnayan sa RPS (kasama ang ibang mga tinukoy na kita) ay gamitin upang pabilisin, sa pamamagitan ng pagkuha ng ari-arian o karapatan sa daan at konstruksiyon ng mga pasilidad ng paghahatid, ang pagbuo ng mga impra-istruktura

ng paghahatid na kailangan upang makamit ang RPS. Ang panukalang-batas ay tumutukoy na ang Komisyon sa Enerhiya ay hahawak ng titulo sa anumang mga ari-arian na kinuha sa pamamagitan ng mga naturang pondo.

***Nagpapalawak ng Nagpapahintulot na Awtoridad ng Komisyon sa Enerhiya.*** Ang panukalang-batas ay nagpapalawak sa kasalukuyang nagpapahintulot na awtoridad ng Komisyon sa Enerhiya sa dalawang pangunahing paraan, hindi limitado sa RPS. Sa partikular, ang panukalang-batas ay:

- Naggagawad sa Komisyon sa Enerhiya ng awtoridad na magpahintulot ng mga bagong di-thermal na mga planta ng nababagong enerhiya na may kakayahang lumikha ng 30 megawatt ng kuryente o higit. Ang bagong nagpapahintulot na awtoridad ay magsasama ng kaugnay na impra-istruktura, tulad ng mga linya ng paghahatid ng kuryente na isinasama ang planta sa grid ng ugnayan ng paghahatid. Sa kasalukuyan, ang nagpapahintulot na awtoridad na ito ay nasa mga lokal na pamahalaan.
- Nagbibigay sa Komisyon sa Enerhiya ng awtoridad na pahintulutan ang mga IOU na gumawa ng mga bagong linya ng paghahatid sa loob ng grid ng paghahatid ng kuryente, sa kasalukuyan ay isang responsibilidad ng PUC lamang sa antas ng estado. Hindi malinaw, gayunman, kung ang panukalang-batas ay nagtanggal sa awtoridad ng PUC sa pagbibigay nito sa Komisyon sa Enerhiya.

Ang panukalang-batas ay tumutukoy na ang Komisyon sa Enerhiya ay dapat mag-isyu ng pahintulot para sa isang nagkukuwalipikang planta ng nababagong enerhiya o kaugnay ng pasilidad sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng paghaharap ng isang aplikasyon. Gayunman, ang komisyon ay hindi inaatasan na mag-isyu ng permiso sa loob ng anim na buwan na takdang panahon kung may ebidensiya na ang pasilidad ay magiging sanhi ng malaking pinsala sa kapaligiran o sa sistema ng kuryente o sa isang paraan ay hindi sumusunod sa batas o ibang mga tinukoy na pamantayan.

***Nagdedeklara ng Limitadong Tama sa mga Singil sa Kuryente ng Nagbabayad ng Presyo.*** Sa mga pagpapasiya at deklarasyon nito, ang panukalang-batas ay nagsasaad na, sa "panandalian," ang pamumuhunan ng California sa enerhiya ng araw at malinis na enerhiya (na kasama ang pagpapatupad ng panukalang-batas) ay magreresulta sa hindi hihigit sa 3 porsiyentong pagtaas sa mga presyo ng kuryente para sa mga gumagamit. Gayunman, ang panukalang-batas ay hindi nagsasama ng mga partikular na tadhana upang ipatupad ang deklarasyong ito.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

### Mga Tama sa Pang-estado at Lokal na Pangangasiwa

***Mas Mataas na mga Gastos ng Komisyon sa Enerhiya.*** Ang panukalang-batas ay magtataas ng taunang mga gastos sa pangangasiwa ng Komisyon sa Enerhiya ng humigit-kumulang na $2.4 milyon dahil sa mga bagong responsibilidad at pagpapalawak ng mga kasalukuyang tungkulin. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga karagdagang gastos ay popondohan ng mga fee na ibinabayad ng mga parokyano ng kuryente.

Ang panukalang-batas ay nagbibigay sa Komisyon sa Enerhiya ng mga bagong responsibilidad na kasalukuyang isinasakatuparan ng PUC—ang paglilinaw ng presyo ng kuryente sa pamilihan at pagpapahintulot sa mga linya ng paghahatid na may kaugnayan sa IOU. Gayunman, ang malalaking kabawasan sa mga gastos ng PUC ay maaaring hindi maging resulta sa ilalim ng panukalang-batas na ito. Ito ay dahil sa ang panukalang-batas ay hindi nagsususog sa Saligang-batas ng Estado na tanggalin mula sa porpolyo ng mga responsibilidad ng PUC ang mga ibinigay sa Komisyon sa Enerhiya. Kung ang PUC ay patuloy na tumutupad sa mga kasalukuyang tungkulin nito, malamang na walang mga makakabawas na matitipid sa PUC.

***Mas Mataas na mga Gastos ng PUC.*** Bilang karagdagan, ang ibang mga iniaatas ng panukalang-batas ay magtataas sa taunang mga gastos sa pangangasiwa ng PUC ng hanggang $1 milyon. Ang mga karagdagang gastos na ito ay magreresulta sa mas maraming trabaho na may kaugnayan sa nadagdagang mga inaasinta ng RPS. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga karagdagang gastos na ito ay popondohan ng mga fee na ibinabayad ng mga parokyano ng kuryente.

***Hindi Tiyak na Epekto sa mga Gastos sa Pangangasiwa ng Lokal na Pamahalaan.*** Ang panukalang-batas ay naglilipat mula sa lokal na pamahalaan patungo sa Komisyon sa Enerhiya ng responsibilidad sa pagpapahintulot sa mga partikular na pasilidad ng nababagong enerhiya. Bunga nito, ang panukalang-batas ay magreresulta sa mga matitipid sa gastos sa pangangasiwa na isang hindi alam na halaga sa mga lokal na pamahalaan. Gayunman, ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring humarap sa mga bagong gastos na kaugnay ng pagkatawan sa kanilang mga interes sa mga pamamaraan ng Komisyon sa Enerhiya upang pahintulutan ang mga pasilidad ng nababagong enerhiya. Hindi tiyak kung, sa balanse, ang mga matitipid ng mga lokal na pamahalaan ay magiging mas matimbang kaysa sa mga gastos na resulta ng panukalang-batas na ito. Anuman ang mangyari, ang kabuuang netong tama sa mga gastos sa pangangasiwa ng lokal na pamahalaan sa buong estado ay malamang na maliit.

### Mga Gastos at Kita ng Estado at Lokal na Pamahalaan

Ang pangunahing epekto sa pananalapi ng panukalang-batas na ito sa estado at mga lokal na pamahalaan ay magreresulta sa anumang epekto nito sa mga presyo ng kuryente. Gaya ng tinalakay sa ibaba, ang mga pagbabago sa mga presyo ng kuryente ay makakaapekto sa mga gastos at kita ng pamahalaan.

### Hindi Alam na Epekto sa mga Gastos ng Estado at Lokal na Pamahalaan

***Pangkalahatang-tanaw.*** Ang mga pagbabago sa mga presyo ng kuryente ay makakaapekto sa mga *gastos* ng pamahalaan dahil ang estado at mga lokal na pamahalaan ay malalaking tagagamit ng kuryente. Hindi alam, gayunman, kung paano ang panukalang-batas ay makakaapekto sa mga presyo ng kuryente, pareho sa panandalian at sa pangmatagalan. Ito ay dahil mahirap hulaan ang

mga relatibong presyo ng mga nababagong tagapagdulot at ang mga kombensiyonal na pinagkukunan ng kuryente, tulad ng natural na gas. Ang panukalang-batas ay maaaring magresulta sa mas mataas o mas mababang presyo ng kuryente kaysa kung iba ang gagawin.

***Panandalian.*** Ipinapasiya namin na ang posibilidad ng mas matataas na presyo ng kuryente ay mas malamang sa panandalian, batay sa isang paghahambing ng mga kasalukuyang gastos para sa mga pangunahing nababagong tagapagdulot sa mga kombensiyonal na tagapagdulot. Sa mga gastos ay kabilang ang gastos sa konstruksiyon ng pasilidad at teknolohiya, gayon din ang pang-araw-araw na mga gastos sa pagpapatakbo, na kabilang ang gastos sa mga ipinapasok sa proseso ng paglikha ng kuryente tulad ng gatong. Sa panandalian, ang mga salik na gastos na ito ay mas malamang na panatilihin ang gastos sa kuryente na nililikha mula sa mga nababagong tagapagdulot, at kung gayon ang mga presyong ibinabayad ng mga parokyano ng kuryente para sa kuryenteng iyon, mas mataas sa gastos sa kuryenteng nalilikha mula sa mga kombensiyonal na tagapagdulot. Gayunman, ang potensiyal para sa mas mataas na presyo ng kuryente sa parokyano, kabilang ang estado at mga lokal na pamahalaan, ay maaaring limitahan ng panukalang-batas. Ito ay dahil sa ang panukalang-batas ay naglalagay ng hangganan sa gastos na dapat bayaran ng mga tagapagkaloob ng kuryente na may pribadong pag-aari para sa kuryente mula sa mga nababagong tagapagdulot. Ang hangganan ay itatatag na may kaugnayan sa presyo ng kuryente sa pamilihan, na ipapasiya ng Komisyon sa Enerhiya. Gayunman, dahil ang panukalang-batas ay nagpapahintulot sa komisyon ng malaking kapangyarihan sa pagpapasiya ng presyo ng kuryente sa pamilihan, hindi tiyak kung paano itatatag ng komisyon ang hangganang ito. Dahil dito, ang epekto ng hangganan sa presyo ng kuryenteng binabayaran ng mga parokyano ay hindi alam.

***Pangmatagalan.*** Sa pangmatagalan, may mga bagay na maaaring maapektuhan ng panukalang-batas na maaaring magtaas o magbawas sa mga presyo ng kuryente mula sa magiging kalagayan sa ibang paraan. Halimbawa, kung ang panukalang-batas ay nagsusulong ng pagbuo ng mga nababagong tagapagdulot ng enerhiya sa isang paraan na nagbababa ng mga gastos sa mga ito, ang mga parokyano ng kuryente ay maaaring makaranas ng mga pangmatagalang matitipid. Sa kabilang banda, ang mga katulad ng salik na gastos na maaaring humantong sa panandaliang mga presyo ng kuryente na mas mataas ay maaari ring humantong sa mas mataas na pangmatagalang presyo ng kuryente. Kung ang panukalang-batas ay nag-aatas sa mga tagapagkaloob ng kuryente na kumuha ng mas magastos na kuryente kaysa gagawin nila sa ibang paraan, sila ay makakaranas ng mga pangmatagalang pagtaas ng gastos. Hindi alam kung, sa balanse, ang mga salik na maaaring magtaas ng mga presyo ng kuryente sa pangmatagalan ay magiging mas matimbang kaysa maaaring magbaba na mga presyo ng kuryente sa pangmatagalan. Dahil dito, ang pangmatagalang epekto ng panukalang-batas sa mga gastos ng pamahalaan ay hindi alam.

## Hindi Alam na Epekto sa mga Kita ng Estado at Lokal na Pamahalaan

***Pangkalahatang-tanaw.*** Ang pang-estado at lokal na mga *kita* ay maaapektuhan din ng tama ng panukalang-batas sa mga presyo ng kuryente. Ito ay dahil sa dalawang dahilan. Una, ang ilang lokal na pamahalaan ay sumisingil ng buwis sa gastos sa paggamit ng kuryente sa loob ng kanilang mga hangganan. Kung ang panukalang-batas ay magresulta sa pagtaas o pagbaba sa mga presyo ng kuryente kumpara sa magiging kalagayan nito sa ibang paraan, magkakaroon ng kaukulang pagtaas o pagbaba sa mga lokal na kitang ito sa buwis. Ikalawa, ang mga kita sa buwis na natanggap ng mga pamahalaan ay apektado ng mga tubo sa negosyo, personal na kita, at mga mabubuwisang pagbebenta—ang lahat ng ito ay apektado ng ibinabayad ng mga indibidwal at negosyo para sa kuryente. Ang mas mataas na mga gastos ng kuryente ay magbababa ng mga kita ng pamahalaan, habang ang mas mababang mga gastos sa kuryente ay magtataas sa mga kitang ito.

***Panandalian.*** Sa balanse, gaya ng ipinaliwanag sa itaas, naniniwala kami na ang mga posibilidad para sa mga presyo ng kuryente na mas mataas kaysa magiging kalagayan ng mga ito sa ibang paraan ay mas malamang na panandalian. Gayunman, katulad din sa mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan, ang potensiyal na ibaba ng panukala ang mga kita ng estado at lokal na pamahalaan dahil sa mas mataas na mga presyo ng kuryente ay maaaring limitahan ng tadhana ng panukalang-batas sa hangganan ng gastos. Kaya, sa panandalian, kung ang panukalang-batas ay magresulta sa mas mataas na mga presyo ng kuryente mula sa magiging kalagayan ng mga ito sa ibang paraan, ang mga kita sa buwis sa gumagamit ng lokal na utilidad ay tataas at ang pang-estado at lokal na kita sa buwis sa pagbebenta at kita ay bababa. Ang kabuuang panandaliang netong epekto ng panukalang-batas sa mga pang-estado at lokal na kita ay hindi alam.

***Pangmatagalan.*** Sa pangmatagalan, gaya ng ipinaliwanag sa itaas, ang panukalang-batas ay may potensiyal na magtaas o magbaba ng mga presyo ng kuryente. Dahil ang epekto ng panukalang-batas sa mga pangmatagalang presyo ng kuryente ay hindi alam, ang epekto ng panukalang-batas sa mga pangmatagalang kita ng pamahalaan ay hindi rin alam.

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 7 ★

*Bumoto ng Oo sa Proposisyon 7.*

- Makakagawa tayo ng mas mabuti kaysa maruming karbon, nukleyar na enerhiya, at pagkuha ng langis sa lugar na malayo sa pampang.

Ang Proposisyon 7, Ang Batas sa Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya, ay nag-aatas sa lahat ng utilidad na magkaloob ng enerhiya ng araw, hangin, geothermal, biomass, tidal, at maliit na hydrolectric na enerhiya. Ang mga pamantayan sa nababagong enerhiya ay itinataas ng 2% kada taon, sa labingpitong taon, upang ang kalahati ng ating kuryente ay manggagaling sa mas malinis at mas murang pinagkukunan bago lumampas ang 2025.

Ang Proposisyon 7 ay isang balanseng solusyon na magbabawas sa tumataas ng gastos sa enerhiya, at lilimitahan ang mga panganib ng pandaigdig na pag-init, kabilang ang mas maraming malaking sunog, kakulangan sa tubig, mga banta sa mga nanganganib na klase, at mga sakit mula sa pagdumi na hatid ng init.

Ang Proposisyon 7 ay maingat na isinulat at nirepaso ng mga eksperto sa batas, enerhiya, at kapaligiran.

Ang Proposisyon 7 ay nag-aatas sa Komisyon sa Enerhiya ng California na italaga ang mga sona ng paglikha ng enerhiya ng araw at malinis na eherniya, pangunahin sa ating malawak na disyerto.

*Bumoto ng Oo sa Proposisyon 7 upang:*

- Gawin ang California na lider sa mundo sa teknolohiya ng malinis na enerhiya.
- Tumulong na lumikha ng 370,000 bagong trabahong mataas ang suweldo.

  Ang Proposisyon 7 ay nakakatugon sa mga proteksiyon ng kapaligiran, kabilang ang:
- Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California.
- Batas sa Proteksiyon ng Disyerto.
- Mga Pagrepaso ng Lokal na Pamahalaan.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon 7 upang makatulong na magkaroon ng malakas na pamilihan para sa malalaki, at maliliit, na negosyo ng enerhiya ng araw at nababagong enerhiya. Ang mga kompanya sa California ay bumuo nitong subok na teknolohiya na makakatugon sa ating pangkasalukuyan at panghinaharap na pangangailangan ng kuryente.

Ang independiyente, di-partidistang Pambatasang Manunuri ng California ay nagpasiya na ang pangangasiwa ng mga pamantayan ng nababagong enerhiya ng Proposisyon 7 ay gagastusan lamang ng tatlo at kalahating milyong dolyar. Gayon din, kung ang mga utilidad ay hindi nakatugon sa mga pamantayan ng nababagong enerhiya, ang mga utilidad ay pinagbabawalang ipasa ang mga gastos sa parusa sa mga mamimili.

Ang paglipat ng Proposisyon 7 sa enerhiya ng araw at malinis na enerhiya ay iginagarantiya na huwag magdagdag ng higit sa 3% kada taon sa ating mga singil sa kuryente.

*Kaya, bakit gumagasta ang mga utilidad ng sampu-sampung milyong dolyar sa "pang-aakit na luntian" na propaganda; nag-iisponsor ng mga partidong pampulitika; at nakikipagtulungan sa piling grupong pangkapaligiran upang iligaw tayo?*

Dahil ang mga kuryenteng utilidad ng California ay may maliit na maruming lihim: *Karamihan sa kuryente ng California ay nanggagaling sa sinunog na karbon at mga gatong na galing sa labi ng hayop at halaman.*

Ang mga eksperto ay sumasang-ayon na 40% ng pandaigdig na pag-init na pagdumi ay galing sa ganitong uri ng paglikha ng kuryente.

Ang kuryente mula sa mga planta ng maruming enerhiya, pag-aari, pinatatakbo, o inihahatid ng mga utilidad ng California, ay naglalabas ng 107 milyong metrikong tonelada ng nakakulong na gas na pagdumi bawat taon. Ginagawa nito ang California na ika-16 na pinakamalaking tagapagdumi sa pandaigdig na pag-init. (Kalahati ng kuryente ng Los Angeles ay nililikha ng karbon sa labas ng estado.)

Tandaan, ang mga nabigo sa krisis sa enerhiya ng 2001; at saka binayaran ang kanilang mga pangunahing tagapagpatupad ng milyong dolyar na bonus.

*Bumoto ng Oo sa Proposisyon 7.*

- Enerhiya mula sa araw, hangin, alon, at init mula sa mundo ay laging magiging malinis, libre, ligtas, at walang limitasyon.
- Ang magagastos na gatong na galing sa mga labi ng hayop at halaman, pagdril ng langis at gas, at mapanganib na nukleyar na enerhiya, ay gagastusan ng California ng higit.

Kailangan nating gumawa ng isang bagay na malaki at matalino sa kapaligiran, upang pigilan ang pagdumi na pandaigdig na pag-init.

Itigil na natin ang pag-asa sa langis ng ibang bansa, at inaangkat na enerhiya, upang ang mga susunod na henerasyon ay mabuhay nang mapayapa.

Ang California ay espesyal na biniyayaan ng mga tagapagdulot ng nababagong enerhiya.

Maaari tayong mamuno sa mundo sa malinis na enerhiya!

*Bumoto ng Oo sa Proposisyon 7*. www.solarandcleanenergy.org

**DR. DONALD W. AITKEN, Ph.D.,** Siyentista ng Nababagong Enerhiya
**JOHN L. BURTON,** Pansamantalang Presidente ng Senado ng Estado ng California (Ret.)
**JIM GONZALEZ,** Tagapangulo
Californians for Solar and Clean Energy

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 7 ★

SINO ANG PINANINIWALAAN NINYO?

Ang pahayag sa itaas ay pinirmahan ng ilang indibidwal lamang. Pero ang Prop. 7 ay SINASALUNGAT ng dose-dosenang organisasyon, kumakatawan sa milyun-milyong taga-California, namumuno sa pakikipaglaban para sa karagdagang nababagong enerhiya at laban sa pandaigdig na pag-init, kabilang ang:

- California Solar Energy Industries Association
- California League of Conservation Voters
- Natural Resources Defense Council
- Center for Energy Efficiency and Renewable Technologies
- Environmental Defense Fund
- Union of Concerned Scientists

Ang mga organisasyong ito ay maingat na nagrepaso sa Proposisyon 7 at nagpasiya na ito ay masyadong depektibo, puno ng mga butas, at magpapatigil sa pagbuo ng nababagong enerhiya. Upang mabisang labanan ang pandaigdig na pag-init, dapat nating itama ang mga solusyon. Ang Prop. 7 ay nagkakamali.

Ito ang dahilan kung bakit ang 7 ay SINASALUNGAT ng:

- California Taxpayers' Association
- Partidong Demokratiko ng California
- Partidong Republikano ng California
- Consumers Coalition of California
- Dose-dosenang organisasyon para sa kapaligiran, nagbabayad ng buwis, paggawa, nakatatanda, utilidad, at negosyo.

BASAHIN ANG MALILIIT NA LETRA

Hindi mahalaga kung ano ang *sinasabi* ng mga tagapagtaguyod na gagawin ng kanilang panukalang-batas. Ang mahalaga ay ang kung ano ang nasa aktuwal na proposisyon.

- Ang Prop. 7 pumipilit sa mga maliliit na kompanya ng nababagong enerhiya na lumabas mula sa pamilihan ng California, inaalis ang kompetisyon at libu-libong trabaho.
- WALANG PANANALITA sa teksto ng 7 na naglilimita sa mga pagtaas sa ating mga singil sa kuryente.
- Ang Prop. 7 ay nagpapahintulot sa mga tagapagkaloob ng enerhiya na laging sumingil ng 10% na mas mataas sa pamilihan ng enerhiya, hinahadlangan ang kompetisyon para sa nababagong enerhiya.
- Ang Prop. 7 ay gagastusan natin ng daan-daang milyong dolyar sa mas mataas na mga gastos sa kuryente at nagbabayad ng buwis, hindi makakamit ang mga hangarin nito, at magpapabagal sa mga pagsisikap na palitan ng mga nababago ang mga mas magastos na enerhiya.

  BUMOTO NG HINDI sa 7! *www.NoProp7.com*

**TOM ADAMS,** Presidente ng Lupon
California League of Conservation Voters
**GARY T. GERBER,** Presidente
Sun Light & Power
**BETTY JO TOCCOLI,** Presidente
California Small Business Association

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 7 ★

Ang mga tagapagkaloob ng enerhiya ng hangin, araw, at ibang nababagong enerhiya; mga grupong pangkapaligiran, mamimili, at nagbabayad ng buwis; negosyo at paggawa; at mga siyentista ng pandaigdig na pag-init ay SALUNGAT lahat sa Proposisyon 7.

Ang Prop. 7—binayaran ng isang bilyonaryo sa Arizona na walang kadalubhasaan sa enerhiya—ay isang lubhang depektibong panukalang-batas na:

- HINDI makakamit ang ipinahayag na mga hangarin at *gagambala* sa pagbuo ng nababagong enerhiya.
- Sasarhan ang maliliit na kompanya ng nababagong enerhiya sa pamilihan ng California.
- Hindi kailangang magtataas ng mga singil sa kuryente at mga gastos ng nagbabayad ng buwis ng daan-daang milyong dolyar, nang hindi nakakamit ang mga ipinahayag na hangarin.
- Lilikha ng mga kalagayan ng pamilihan na maaaring humantong sa isa pang krisis sa enerhiya.

ANG PROP. 7 AY NAGTUTULAK SA MALILIIT NA KOMPANYA NG ENERHIYA NG HANGIN AT ARAW PALABAS NG PAMILIHAN.

Ang Prop. 7 ay nagtataglay ng tadhana sa pag-aalis ng kompetisyon na nagsasara sa mas maliliit na kompanya ng nababagong enerhiya sa pamilihan ng California. Ang nababagong enerhiya mula sa mga halaman na wala pang 30 megawatt ay hindi ibibilang sa pagtupad sa batas. Ngayon, halos 60 porsiyentong ng mga kontrata sa ilalim ng mga iniaatas sa nababago ng California ay nasa mga maliit na tagapagkaloob na ito.

*"Ang Proposisyon 7 ay wawasak sa maliliit na negosyo sa araw ng California sa pamamagitan ng pagtulak na lumabas ng pamilihan—inaalis ang pangunahing pinagkukunan ng malinis na enerhiya at libu-libong trabaho."* — Sue Kateley, Tagapagpaganap na Direktor, California Solar Energy Industries Association

ANG PROP. 7 AY NAGPAPAHINTULOT SA MGA PRESYO NG ENERHIYA NA PATULOY NA NAKATALI SA 10% MAS MATAAS NA MGA PRESYO NG PAMILIHAN AT NAGLILIMITA SA KOMPETISYON.

Ang Proposisyon 7 ay nagpapahintulot sa mga tagapagkaloob ng enerhiya na laging sumingil ng 10% na mas mataas sa pamilihan ng enerhiya, hinahadlangan ang kompetisyon para sa nababagong enerhiya.

Wala sa Prop. 7 na naglilimita sa mga pagtaas sa ating mga singil sa kuryente.

ANG PROP. 7 AY NAKAKAGAMBALA SA PAMILIHAN NG MGA NABABAGO AT GINAGASTUSAN NG MGA MAMIMILI AT NAGBABAYAD NG BUWIS NG DAAN-DAANG MILYONG DOLYAR.

*"Ang Prop. 7 ay maraming nakakabahalang tadhana na magtataas ng malaki sa mga gastos ng mga mamimili ng kuryente at makakapinsala sa ekonomiya ng California."* — Philip Romero, Ph.D., Dating Punong Ekonomista, Opisina sa Pagpaplano at Pananaliksik ng California

*"Ang mga depektibong tadhana ng Prop. 7 ay gagambala sa pagbuo ng nababagong enerhiya, hindi kailangang magtataas ng mga gastos, at mag-aantala ng mga pagsisikap na palitan ng malinis na enerhiya ang mga mas magastos na pinagkukunan ng enerhiya."* — Sheryl Carter, Kasamang Direktor ng Programa sa Enerhiya, Konseho sa Depensa ng mga Likas na Kayamanan

*"Proposisyon 7 ay hahantong sa karagdagang burukrasya at kuskos-balungos at gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng daan-daang milyong dolyar."* — Teresa Casazza, Presidente, California Taxpayers' Association

NAGBABAYAD PA TAYO SA HULING KRISIS SA ENERHIYA.

Ang Prop. 7 ay lilikha ng mga kalagayan ng pamilihan na hinog sa manipulasyon, tulad ng ENRON na pinagsamantalahan ang mga mamimili sa panahon ng krisis sa enerhiya.

*"Ang mga mamimili ng California ay nagbabayad pa rin ng halos $1 bilyon bawat taon—halos $100 para sa bawat parokyano ng kuryente—para sa huling krisis sa enerhiya. Hindi natin kailangan ang mahinang isinulat na panukalang-batas na hahantong sa isa pang krisis sa enerhiya at mas mataas na singil sa kuryente."* — Betty Jo Toccoli, Presidente, California Small Business Association

SINASALUNGAT NG MGA NANGUNGUNANG ORGANISASYONG PANGKAPALIGIRAN AT MGA TAGAPAGKALOOB NG NABABAGONG ENERHIYA.

Ang California ay nangunguna sa bansa sa mga pamantayan sa malinis na enerhiya na nag-aatas sa mga utilidad na dagdagan ng malaki ang nababagong enerhiya, at pinalalawak natin ang mga pagsisikap na ito. Sinisira ng Prop. 7 ang progresong ito.

Ang mga organisasyong namumuno sa paglaban sa pandaigdig na pag-init ay SUMASALUNGAT sa Prop. 7:

- California League of Conservation Voters
- California Solar Energy Industries Association
- Sentro Para sa Pagiging Episyente ng Enerhiya at mga Teknolohiya ng Nababago
- Pondo ng Depensa sa Kapaligiran
- Konseho ng Depensa sa mga Likas na Kayamanan
- Union of Concerned Scientists

Bumoto ng HINDI sa Prop. 7. www.NoProp7.com

**SUE KATELEY,** Tagapagpaganap na Direktor
California Solar Energy Industries Association
**TOM ADAMS,** Presidente ng Lupon
California League of Conservation Voters
**TERESA CASAZZA,** Presidente
California Taxpayers' Association

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 7 ★

ANG MGA NAGTUTUBONG KOMPANYA NG UTILIDAD AY SALUNGAT SA PROPOSISYON 7

ANG MALAKING PERA AY GINAGAMIT LABAN SA ISANG PROPOSISYON NA GUMARANTIYA SA MGA TAGA-CALIFORNIA NG KURYENTE PARA SA MGA DARATING NA DEKADA.

Tatlong makapangyarihang utilidad (Pacific Gas & Electric, Southern California Edison, at San Diego Gas & Electric) ay nagpopondo sa kampanya laban sa Proposisyon 7.

Napansin ba ninyo na wala sa kanilang pangangatwiran laban sa Proposisyon 7 na sinabi nila kung paano sila tutulong na bawasan ang pandaigdig na pag-init? O lilikha ng 370,000 trabaho?

Sa halip, gumagawa sila ng hindi tumpak na paratang upang takutin ang maliliit na kompanya ng nababago at mga mamimili. Ang ulat ng independiyenteng Pambatasang Manunuri ay hindi sumusuporta sa kanilang mga maling sinasabi.

KAYO MISMO ANG MAGPASIYA:

- Bakit ang parehong partidong pampulitika ng estado ay sumasalungat sa Proposisyon 7? Hindi kaya dahil ang mga kompanya ng utilidad ay nagbigay ng $1.5 milyon sa Partidong Demokratiko ng estado at $1.1 milyon sa Partidong Republikano ng estado sa nakalipas na apat na taon? At marami pang darating!
- Bakit ang ilang tagapagkaloob ng nababagong enerhiya ay sumasalungat sa Proposisyon 7? Hindi kaya dahil sa ilalim ng Proposisyon 7 sila ay aatasan na magbayad sa kanilang mga manggagawa ng namamayaning suweldo?
- Bakit ang mga piniling organisasyong pangkapaligiran ay sumasalungat sa Proposisyon 7? Hindi kaya dahil sila ay umuupo sa mga kaparehong lupon at komite na tulad ng sa mga utilidad?

Ang California ang ika-16 pinakamalaking tagapagdumi sa pandaigdig na pag-init. Kailangan nating baguhin ang paggawa natin ng kuryente.

Ang California ay makakatulong na lutasin ang hamong moral ng ating panahon: pandaigdig na pag-init at pagbabago ng klima.

Magagawa natin ito sa mga tagapagdulot ng nababagong enerhiya at teknolohiya na taglay natin ngayon. Iyon ang mapipili.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 7. www.Yeson7.net

**DOLORES HUERTA,** Ka-Tagapagtatag
United Farmworkers Union
**KONGRESISTA PAUL "PETE" MCCLOSKEY JR.** (Ret.)
**JIM GONZALEZ,** Tagapangulo
Californians for Solar and Clean Energy

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

**PROPOSISYON**

# 8

# NAG-AALIS NG KARAPATAN NG MGA MAGKAPAREHO ANG KASARIAN NA MAGPAKASAL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** — **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## NAG-AALIS NG KARAPATAN NG MGA MAGKAPAREHO ANG KASARIAN NA MAGPAKASAL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

- Binabago ang Saligang-batas ng California upang alisin ang karapatan ng mga magkapareho ang kasarian na magpakasal sa California.
- Nagtatadhana na tanging ang pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ang balido o kinikilala sa California.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Sa susunod na ilang taon, maaaring maging pagkawala ng kita, pangunahin sa mga buwis sa pagbebenta, may kabuuan na maraming sampu-sampung milyong dolyar, sa estado at mga lokal na pamahalaan.
- Sa pangmatagalan, malamang na maliit na tama sa pananalapi sa estado at mga lokal na pamahalaan.

# NAG-AALIS NG KARAPATAN NG MGA MAGKAPAREHO ANG KASARIAN NA MAGPAKASAL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## KASAYSAYAN

Noong Marso 2000, ipinasa ng mga botante sa California ang Proposisyon 22 upang tukuyin sa batas ng estado na tanging ang pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ang balido o kinikilala sa California. Noong Mayo 2008, ang Korte Suprema ng California ay nagpasiya na ang batas na pinagtibay ng Proposisyon 22 at ibang mga batas na naglilimita sa pagpapakasal sa isang relasyon sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay lumabag sa sugnay na pantay na proteksiyon ng Saligang-batas ng California. Ipinasiya rin nito na ang mga indibidwal na may magkaparehong kasarian ay may karapatang magpakasal sa ilalim ng Saligang-batas ng California. Bilang resulta ng pasiya, ang pagpapakasal sa pagitan ng mga indibidwal na may magkaparehong kasarian ay kasalukuyang balido o kinikilala sa estado.

## MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay nagsususog sa Saligang-batas ng California upang tukuyin na tanging ang pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ang balido o kinikilala sa California. Bilang resulta, sa kabila ng pasiya ng Korte Suprema ng California noong Mayo 2008, ang pagpapakasal ay gagawing limitado sa mga indibidwal na magkaiba ang kasarian, ang mga indibidwal na magkapareho ang kasarian ay hindi magkakaroon ng karapatan na magpakasal sa California.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Dahil ang pagpakakasal sa pagitan ng mga indibidwal ng magkapareho ang kasarian ay balido sa California, malamang na magkaroon ng pagtaas sa paggasta sa mga kasalan ng mga magkapareho ang kasarian sa California sa susunod na ilang taon. Ito ay magreresulta sa nadagdagang kita, pangunahin sa kita sa buwis sa pagbebenta, sa estado at mga lokal na pamahalaan.

Sa pagtukoy na ang pagpapakasal ng mga indibidwal na magkapareho ang kasarian ay hindi balido o hindi kinilala, ang panukalang-batas na ito ay maaaring magresulta sa pagkawala ng kita, pangunahin mula sa mga buwis sa pagbebenta, sa estado at mga lokal na pamahalaan. Sa susunod na ilang taon, ang pagkawalang ito ay maaaring magkaroon ng kabuuan na nasa maraming sampu-sampung milyong dolyar. Sa pangmatagalan, ang panukalang-batas na ito ay malamang na magkaroon ng maliit na tama sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 8, tingnan ang pahina 128.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 8 ★

Ang Proposisyon 8 ay payak at diretso. Ito ay nagtataglay ng kaparehong 14 na salita na naunang inaprobahan noong 2000 ng higit sa 61% ng mga botante ng California: "Tanging ang pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ang balido o kinikilala sa California."

Dahil apat na aktibistang hukom sa San Francisco ang maling nagpawalang-bisa sa boto ng mga tao, kailangan nating ipasa ang panukalang-batas na ito bilang isang susog sa saligang-batas upang IBALIK ANG PAGPAPAKAHULUGAN NG KASAL bilang sa isang lalaki at isang babae.

Ang Proposisyon 8 ay tungkol sa pangangalaga ng kasal; *hindi ito isang atake sa istilo ng pamumuhay ng gay.* Ang Proposisyon 8 ay hindi nag-aalis ng anumang karapatan o benepisyo ng domestikong pagsasama ng gay o lesbian. Sa ilalim ng batas ng California, "ang mga domestikong nagsasama ay dapat magkaroon ng mga katulad na karapatan, proteksiyon, at benepisyo" na tulad ng mga kasal na mag-asawa. (Kodigo sa Pamilya § 297.5.) WALANG mga eksepsiyon. Ang Proposisyon 8 AY HINDI magbabago nito.

Ang OO sa Proposisyon 8 ay gumagawa ng tatlong payak na bagay:

*Ito ay nagbabalik ng pagpapakahulugan sa kasal* sa inaprobahan ng karamihan ng mga botante ng California at kung ano ang pagkakaintindi ng kasaysayan ng tao sa kasal.

*Pinawawalang-bisa nito ang kahiya-hiyang desisyon ng apat na aktibistang hukom ng Korte Suprema* na binalewala ang kagustuhan ng mga tao.

*Ito ay nagpoprotekta sa ating mga anak* laban sa pagkakataon na turuan sa mga pampublikong paaralan na ang "kasal ng magkaparehong kasarian" ay katulad ng tradisyunal na kasal.

Ang Proposisyon 8 ay nagpoprotekta sa kasal bilang isang mahalagang institusyon ng lipunan. Habang ang kamatayan, diborsiyo, o ibang mga kalagayan ay maaaring pumigil sa huwaran, ang pinakamabuting kalagayan para sa isang bata ay palakihin ng kasal na ina at ama.

Ang makitid na desisyon ng Korte Suprema ng California ay hindi lamang tungkol sa "mabuhay at hayaang mabuhay ang iba." Ang batas ng estado ay maaaring mag-atas sa mga guro na magturo sa mga bata na kasingbata ng mga nasa kindergarten ng tungkol sa kasal. (Kodigo sa Edukasyon § 51890.) Kung ang pasiya sa kasal ng gay ay hindi mapawalang-bisa, ANG MGA GURO AY MAARING ATASAN na magturo sa mga bata na *walang pagkakaiba* sa kasal ng gay at tradisyunal na kasal.

Hindi natin dapat tanggapin ang isang desisyon ng hukuman na maaaring magresulta sa mga pampublikong paaralan na nagtuturo sa ating mga anak na ang kasal na gay ay okey. Iyon ay isang isyu na dapat talakayin ng mga magulang sa kanilang mga anak alinsunod sa kanilang sariling mga pinahahalagahan at paniniwala. *Hindi ito dapat ipilit sa atin laban sa ating kagustuhan.*

Ang ilan ay magsasabi sa inyo na ang Proposisyon 8 ay nag-aalis ng mga karapatang pambatas ng mga domestikong pagsasama ng gay. Iyon ay mali. Ang Proposisyon 8 ay HINDI nag-aalis ng alinman sa mga karapatang ito at hindi nakikialam sa mga gay na nabubuhay sa istilo ng pamumuhay na pinili nila.

Gayunman, habang ang mga gay ay may karapatan sa kanilang mga pribadong buhay, *wala silang karapatan na baguhin ang kahulugan ng kasal* para sa iba.

ANG MGA TAGA-CALIFORNIA AY HINDI BUMOTO PARA SA KASAL NG MAGKAPAREHO ANG KASARIAN. Kung gusto ng mga gay na aktibista na gawing legal ang kasal ng gay, dapat nilang ilagay ito sa balota. Sa halip, pumunta sila sa likod ng mga botante at kinumbinse ang apat na aktibistang hukom sa San Francisco na baguhin ang kahulugan ng kasal para sa ibang bumubuo ng lipunan. Iyon ay maling paraan.

Ang pagboto ng OO sa Proposisyon 8 ay NAGBABALIK ng pagpapakahulugan ng kasal na inaprobahan ng higit sa 61% ng mga botante. Ang pagboto ng OO ay nagpapawalang-bisa sa desisyon ng apat na aktibistang hukom. Ang pagboto ng OO *ay nagpoprotekta sa ating mga bata*.

Mangyaring bumoto ng OO sa Proposisyon 8 upang IBALIK ang kahulugan ng kasal.

**RON PRENTICE,** Presidente
California Family Council
**ROSEMARIE "ROSIE" AVILA,** Miyembro ng Namamahalang Lupon
Santa Ana Unified School District
**BISHOP GEORGE McKINNEY,** Direktor
Coalition of African American Pastors

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 8 ★

Huwag palinlang sa mga taktikang pananakot.

- PROP. 8 AY WALANG KINALAMAN SA MGA PAARALAN

Walang SALITA SA 8 TUNGKOL SA EDUKASYON. Ang totoo, ang mga lokal na distrito at magulang—hindi ang estado—ang bumubuo ng mga programang edukasyon ng kalusugan para sa kanilang mga paaralan.

WALANG BATA NA MAPIPILIT, LABAN SA KAGUSTUHAN NG KANILANG MGA MAGULANG, NA TURUAN NG ANUMAN tungkol sa mga isyu ng kalusugan at pamilya. IPINAGBABAWAL ITO NG BATAS NG CALIFORNIA.

At WALA SA BATAS NG ESTADO NA NAG-AATAS NG PAGBANGGIT NG KASAL SA KINDERGARTEN!

Ito'y isang usok na pangharang.

- ANG MGA DOMESTIKONG PAGSASAMA at KASAL AY HINDI MAGKATULAD.

ANG MGA BATAS NG CALIFORNIA AY MALINAW NA TUMUTUKOY SA SIYAM NA TUNAY NA PAGKAKAIBA SA KASAL AT SA DOMESTIKONG PAGSASAMA. Ang kasal lamang ang nagkakaloob ng seguridad na ipinagkakaloob ng mga mag-asawa sa isa't-isa—ito ang dahilan kung bakit ang mga tao ay nagpapakasal!

Isipin ninyo ito. Ang mga kasal na mag-asawa ay umaasa sa mga asawa kapag sila ay may-sakit, nasaktan, o tumatanda. Sinasamahan nila ang mga ito sa mga ambulansiya o silid ng ospital, at tinutulungan sa mga desiyon na buhay at kamatayan, nang walang itinatanong. ANG KASAL LAMANG ANG TUMATAPOS SA MGA PAGKALITO AT GUMARANTIYA NG KATIYAKAN NA MAAASAHAN NG MGA MAG-ASAWA SA MGA PANAHON NG MALAKING PANGANGAILANGAN.

Anuman ang nadarama ninyo tungkol sa isyung ito, dapat nating igarantiya ang kaparehong mga pundamental na kalayaan sa lahat ng taga-California.

- ANG PROP. 8 AY INAALIS ANG MGA KARAPATAN NG MGA MAGKARELASYONG GAY AT LESBIAN AT TINATRATO SILA NANG NAIIBA SA ILALIM NG BATAS.

Ang pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas ay isa sa mga basikong pundasyon ng ating lipunan.

Ang Prop. 8 ay nangangahulugang isang uri lamang ng mga mamamayan ang maaaring magtamasa ng dignidad at responsibilidad ng kasal, at ang iba ay hindi. Iyon ay hindi makatarungan.

PROTEKTAHAN ANG MGA PUNDAMENTAL NA KALAYAAN. MAGSABI NG HINDI SA PROP. 8.

www.NoonProp8.com

**ELLYNE BELL,** Miyembro ng Lupon ng Paaralan
Sacramento City Schools
**RACHAEL SALCIDO,** Katulong na Propesor ng Batas
McGeorge School of Law
**DELAINE EASTIN**
Dating Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado ng California



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 8 ★

ANG SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA—ang batas ng ating estado—AY DAPAT GUMARANTIYA NG MGA KATULAD NA KALAYAAN AT KARAPATAN SA LAHAT—WALANG grupo NA DAPAT itangi upang TRATUHIN NANG NAIIBA.

Ang totoo, ang ating bansa ay itinatag sa prinsipyo na ang lahat ng tao ay dapat tratuhin nang magkakapantay. ANG PANTAY NA PROTEKSIYON SA ILALIM NG BATAS AY ANG PUNDASYON NG LIPUNANG AMERIKANO.

Tungkol diyan ang eleksiyong ito—pagkakapantay-pantay, kalayaan, at pagiging makatarungan, para sa lahat.

Ang kasal ay ang institusyon na naghahatid ng dignidad at paggalang sa buong-buhay na pagtatalaga ng sarili ng sinumang magkarelasyon. Ang PROPOSISYON 8 AY MAGKAKAIT SA MGA MAGKARELASYON NA LESBIAN AT GAY ng katulad na DIGNIDAD AT PAGGALANG.

Ito ang dahilan kung bakit ang Proposisyon 8 ay mali para sa California.

Anuman ang nadarama ninyo tungkol sa isyung ito, ang kalayaang magpakasal ay pundamental sa ating lipunan, tulad ng mga kalayaan sa relihiyon at pagsasalita.

ANG PROPOSISYON 8 AY NAG-UUTOS NG ISANG SET NG MGA TUNTUNIN PARA SA MGA MAGKARELASYON NA GAY AT LESBIAN AT IBANG SET PARA SA IBA. Iyon ay hindi makatarungan. ANG ATING MGA BATAS AY DAPAT MAGTRATO SA LAHAT NANG PANTAY-PANTAY.

Ang totoo, ang pamahalaan ay hindi dapat magsabi sa mga tao kung sino ang maaari at hindi maaaring magpakasal. Tulad ng kawalan ng karapatan ng pamahalaan na sabihin sa atin kung ano ang babasahin, panonoorin sa TV, o gagawin sa ating mga pribadong buhay. Hindi natin kailangan ang Prop. 8; HINDI NATIN KAILANGAN NG KARAGDAGANG PAMAHALAAN SA ATING MGA BUHAY.

ANUMAN ANG NADARAMA NG SINUMAN TUNGKOL SA KASAL NG MGA MAGKARELASYON NA GAY AT LESBIAN, ANG MGA TAO AY HINDI DAPAT ITANGI PARA SA HINDI MAKATARUNGANG PAGTRATO SA ILALIM NG MGA BATAS NG ATING ESTADO. Ang mga nagtatalaga ng sarili at nagmamahalan na gustong tanggapin ang responsibilidad na kasama sa kasal ay dapat tratuhin na tulad ng iba.

ANG MGA DOMESTIKONG PAGSASAMA AY HINDI KASAL.

Kapag kayo ay kasal at ang iyong asawa ay may-sakit o nasaktan, walang kalituhan: papasok kayo sa ambulansiya o silid ng ospital nang walang itatanong. SA ARAW-ARAW NA BUHAY, AT LALO NA SA MGA EMERHENSIYANG KALAGAYAN, ANG MGA DOMESTIKONG PAGSASAMA AY HINDI SAPAT. Ang kasal lamang ang nagkakaloob ng katiyakan at ng seguridad na alam ng mga tao na maaasahan nila sa kanilang mga panahon ng pinakamalaking pangangailangan.

ANG PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA ILALIM NG BATAS AY PUNDAMENTAL NA GARANTIYA NG SALIGANG-BATAS. Ang Prop. 8 ay naghihiwalay sa isang grupo ng mga taga-California sa iba at hinahadlangan sila na tamasahin ang mga katulad na karapatan na tulad ng ibang mga nagmamahalang magkarelasyon.

Apatnaput't anim na taon na ang nakaraan pinakasalan ko ang aking kasintahan sa kolehiyo, si Julia. Nagpalaki kami ng tatlong anak—dalawang lalaki at isang babae. Ang mga lalaki ang may-asawa na, may mga sariling anak. Ang aming anak na babae, si Liz, ay isang lesbian, ay maaari na ngayong magpakasal—kung pipiliin niya.

Ang tanging ginusto namin para sa aming anak na babae ay tratuhin siya ng may kaparehong dignidad at paggalang na tulad ng kanyang mga kapatid na lalaki—may mga katulad na kalayaaan at responsibilidad na tulad ng bawat ibang taga-California.

Ang aking asawa at ako ay hindi tinatrato ang aming mga anak nang naiiba, hindi namin sila minamahal sa paraang naiiba, at ngayon ang batas ay hindi rin sila tinatrato nang naiiba.

Ang bawat isa sa aming mga anak ngayon ay may mga karapatan na tulad ng iba, na pumili ng taong mamahalin, pagtatalagahan ng sarili, at pakakasalan.

Huwag alisin ang pagkakapantay-pantay, kalayaan, at pagiging patas na ang bawat isa sa California—diretso, gay, o lesbian—ay nararapat.

Mangyaring samahan kami sa pagboto ng HINDI sa Prop. 8.

**SAMUEL THORON,** Dating Presidente
Parents, Families and Friends of Lesbians and Gays
**JULIA MILLER THORON,** Magulang

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 8 ★

Ang Proposisyon 8 ay tungkol sa tradisyunal na kasal; ito ay hindi atake sa mga relasyon ng gay. Sa ilalim ng batas ng California ang mga domestikong pagsasama ng gay at lesbian ay tinatrato nang pantay; sila ay mayroon nang mga karapatang katulad ng mga kasal na magkarelasyon. Iyon ay hindi binabago ng Proposisyon 8.

Ang ginagawa ng Proposisyon 8 ay ibalik ang kahulugan ng kasal sa naiintindihan ng kasaysayan ng tao at inaprobahan ng higit sa 61% ng mga botante ng California ilang taon na ang nakararaan.

Ang inyong botong OO ay titiyak na ang kagustuhan ng mga tao ay iginagalang. Ito ay nagpapawalang-bisa sa depektibong pangangatwirang pambatas ng apat na hukom sa San Francisco na maling binalewala ang boto ng mga tao, at tinitiyak na ang kasal ng gay ay maaari lamang gawing legal sa pamamagitan ng boto ng mga tao.

Ang inyong botong OO ay titiyak na ang mga magulang ay maaaring magturo sa kanilang mga anak tungkol sa kasal alinsunod sa sarili nilang mga pinahahalagahan at paniniwala nang walang magkakasalungat na mensahe na ipinipilit sa mga bata sa mga pampublikong paaralan na ang kasal ng gay ay okey.

Ang inyong botong OO sa Proposisyon 8 ay nangangahulugang ang kasal lamang ng isang lalaki at babae ang magiging balido o kinikilala sa California, kailanman o saanman ito isinagawa. Pero ang Prop. 8 ay HINDI mag-aalis ng anumang ibang mga karapatan o benepisyo ng mga magkarelasyong gay.

Ang mga gay at lesbian ay may karapatang mamuhay ng istilo ng pamumuhay na pinili nila, pero wala silang karapatang baguhin ang kahulugan ng kasal para sa iba. Iginagalang ng Proposisyon 8 ang mga karapatan ng mga gay habang pinagtitibay pa rin ang tradisyunal na kasal.

Mangyaring bumoto ng OO sa Proposisyon 8 upang IBALIK ang pagpapakahulugan ng kasal na inaprobahan na ng mga botante.

**DR. JANE ANDERSON, M.D.,** Kasamang Iskolar
American College of Pediatricians
**ROBERT BOLINGBROKE,** Komisyoner ng Konseho
San Diego-Imperial Council, Boy Scouts of America
**JERALEE SMITH,** Direktor ng Edukasyon/California
Parents and Friends of Ex-Gays and Gays (PFOX)

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

**PROPOSISYON 9**

# SISTEMA NG HUSTISYANG PANGKRIMEN. MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA. PAROL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## SISTEMA NG HUSTISYANG PANGKRIMEN. MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA. PAROL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

- Nag-aatas ng paunawa sa biktima at pagkakataon para sa ambag sa mga yugto ng proseso ng hustisyang pangkrimen, kabilang ang piyansa, mga sagot sa paratang, pagsentensiya at parol.
- Nagtatatag na ang kaligtasan ng biktima ay isaalang-alang para sa piyansa o pagpapalabas sa pamamagitan ng parol.
- Nagtataas ng bilang ng mga taong pinahihintulutang dumalo at tumestigo sa ngalan ng mga biktima sa mga pagdinig sa parol.
- Nagbabawas sa bilang ng mga pagdinig sa parol na karapat-dapat ang mga bilanggo.
- Nag-aatas na ang mga biktima ay tumanggap ng nakasulat na paunawa ng kanilang mga karapatan ayon sa Saligang-batas.
- Nagtatatag ng mga takdang panahon at mga pamamaraan na nauukol sa mga pagdinig ng pagpapawalang-bisa ng parol.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Maaaring pagkawala ng mga matitipid ng estado sa hinaharap sa mga pagpapatakbo ng bilangguan at maaaring mas mataas na gastos sa pagpapatakbo ng kulungan ng county na magkakasama ay maaaring umabot sa daan-daang milyong dolyar taun-taon, dahil sa paglalagay ng kabawalan sa maagang pagpapalabas ng mga bilanggo upang bawasan ang pagsisikip sa pasilidad.
- Mga netong matitipid na nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon para sa pangangasiwa ng mga pagdinig at pagpapawalang-bisa sa parol, maliban kung ang mga pagbabago sa mga pamamaraan ng pagpapawalang-bisa sa parol ay ipinasiyang salungat sa mga iniaatas ng pederal na batas.

---

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## PANGKALAHATANG-TANAW SA MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay nagsususog sa Saligang-batas ng Estado at iba't ibang batas ng estado upang (1) palawakin ang mga nasa batas na karapatan ng mga biktima ng krimen at pagbabayad ng restitusyon ng mga gumawa ng krimen, (2) takdaan ang maagang pagpapalabas ng mga bilanggo, at (3) palitan ang mga pamamaraan para sa paggawad at pagpapawalang-saysay sa parol. Ang mga pagbabagong ito ay tinatalakay nang mas detalyado sa ibaba.

## PAGPAPALAWAK NG MGA NASA BATAS NA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA NG KRIMEN AT RESTITUSYON

### Kasaysayan

Noong Hunyo 1982, inaprobahan ng mga botante ng California ang Proposisyon 8, kilala bilang "Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima." Kabilang sa ibang mga pagbabago, ang proposisyon ay nagsusog sa Saligang-batas at iba't ibang batas ng estado upang gawaran ang mga biktima ng krimen ng karapatan na bigyan ng paunawa, dumalo, at sabihin ang kanilang mga pananaw sa, pagsentensiya at mga pagdinig sa parol. Ang ibang hiwalay na pinagtibay na mga batas ay lumikha ng ibang mga karapatan para sa mga biktima ng krimen, kabilang ang pagkakataon para sa isang biktima na kumuha ng utos ng hukuman na proteksiyon laban sa panliligalig ng isang nasasakdal sa krimen.

Ang Proposisyon 8 ay nagtatag ng karapatan ng mga biktima ng krimen upang kumuha ng restitusyon mula sa sinumang tao na gumawa ng krimen na naging dahilan upang sila ay mawalan. Ang restitusyon ay madalas na may kaugnayan sa pagpapalit ng nawala o napinsalang ari-arian o mga naging gastos ng biktima bilang resulta ng krimen. Ang isang hukuman ay inaatasan sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado na mag-utos ng buong restitusyon maliban kung nagpasiya ito ng mga mapuwersa at hindi pangkaraniwang dahilan na huwag gawin ito. Kung minsan, gayunman, ang mga hukom ay hindi nag-uutos ng restitusyon. Ang Proposisyon 8 ay nagtatag din ng karapatan sa mga "ligtas, matatag at mapayapang" paaralan para sa mga estudyante at tauhan ng primarya, elementarya, dyunyor na mataas, at sinyor na mataas na paaralan.

### Mga Pagbabagong Ginawa ng Panukalang-batas na ito

***Restitusyon.*** Ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas na, nang walang eksepsiyon, ang restitusyon ay iutos mula sa mga napatunayang nagkasala, sa bawat kaso kung saan ang isang biktima ay nawalan. Ang panukalang-batas ay nag-aatas rin na ang anumang pondo na nasingil ng isang hukuman o mga ahensiyang tagapagpatupad ng batas mula sa isang taong inutusang magbayad ng restitusyon ay gagamitin upang unang bayaran ang restitusyon, sa bisa ay inuuna ang mga pagbabayad na ito kaysa ibang mga multa at obligasyon na maaaring dapat bayaran ng nagkasala.

***Paunawa at Paglahok ng mga Biktima sa mga Pamamaraan ng Hustisyang Pangkrimen.*** Gaya na binanggit sa itaas, ang Proposisyon 8 ay nagtatag ng isang nasa batas na karapatan para sa mga biktima ng krimen na bigyan ng paunawa, dumalo, at sabihin ang kanilang mga pananaw sa, pagsentensiya at mga pagdinig sa

parol. Ang panukalang-batas na ito ay nagpapalawak ng mga nasa batas na karapatang ito upang isama ang lahat ng mga pampublikong pamamaraang pangkrimen, kabilang ang pagpapalabas ng mga nagkasala pagkatapos ng pagkaaresto sa kanila, pero bago ang paglilitis. Bilang karagdagan, ang mga biktima ay bibigyan ng karapatang ayon sa saligang-batas na lumahok sa ibang mga aspeto ng proseso ng hukumang pangkrimen, tulad ng pakikipagpulong sa mga tagausig tungkol sa mga paratang na isinampa. Gayon din, ang mga ahensiyang tagapagpatupad ng batas at tagausig na pangkrimen ay aatasan na magbigay sa mga biktima ng tinukoy na impormasyon, kabilang ang mga detalye sa mga karapatan ng biktima.

***Ibang mga Pagpapalawak ng mga Nasa Batas na Karapatan ng mga Biktima.*** Ang panukalang-batas na ito ay nagpapalawak ng mga nasa batas na karapatan ng mga biktima sa iba't ibang paraan, kabilang ang mga sumusunod:

- Ang mga biktima ng krimen at ang kanilang mga pamilya ay magkakaroon ng karapatan ayon sa saligang-batas ng estado na (1) pigilan ang pagpapalabas ng kompidensiyal na impormasyon o mga rekord sa mga nasasakdal sa krimen, (2) tumangging kapanayamin o magkaloob ng testimonya o ibang ebidensiya na hiniling para sa isang nasasakdal sa krimen bago ang paglilitis, (3) magkaroon ng proteksiyon laban sa pinsala mula sa mga indibidwal na inakusahan ng paggawa ng mga krimen laban sa kanila, (4) ibalik ang ari-arian na hindi kailangan bilang ebidensiya sa mga pamamaraang pangkrimen, at (5) magkakaroon ng "pagwawakas" sa mga pamamaraang pangkrimen kung saan sila ay kasangkot. Ang ilan sa mga karapatang ito ay nasa batas ngayon.
- Ang Saligang-batas ay babaguhin upang tukuyin na ang kaligtasan ng isang biktima ng krimen ay dapat isaalang-alang ng mga hukom sa pagtatatag ng piyansa para sa mga taong inaresto para sa mga krimen.
- Ang panukalang-batas ay magsasaad na ang karapatan sa mga ligtas na paaralan ay kabilang ang mga kolehiyong pangkomunidad, mga kolehiyo, at mga unibersidad.

## MGA KABAWALAN SA MAAGANG PAGPAPALABAS NG MGA BILANGGO

### Kasaysayan

Ang estado ay nagpapatakbo ng 33 bilangguan ng estado at ibang mga pasilidad na may pinagsamang populasyon ng mga bilanggong may sapat na gulang na humigit-kumulang na 171,000 pagsapit ng Mayo 2008. Ang mga gastos upang patakbuhin ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California (CDCR) noong 2008-09 ay tinatantiyang humigit-kumulang na $10 bilyon. Ang pangkaraniwang taunang gastos upang ikulong ang isang bilanggo ay tinatantiyang humigit-kumulang na $46,000. Ang sistema ng bilangguan ng estado ay kasalukuyang nakakaranas ng pagsisikip dahil walang sapat na mga permanenteng kama na magagamit ng lahat ng mga bilanggo. Bilang resulta, ang mga himnasyo at ibang mga silid sa mga bilangguan ng estado ay inayos upang paglagyan ng ilang bilanggo.

Ang pareho ng Lehislatura at ang mga hukuman ng estado ay nagsasaalang-alang sa iba't ibang mungkahi na magbabawas sa pagsisikip, kabilang ang maagang pagpapalabas sa mga bilanggo mula sa bilangguan. Sa panahon na ang pagsusuring ito ay inihanda, wala sa mga mungkahing ito na pinagtibay. Ang mga populasyon ng bilangguan ng estado ay apektado rin ng mga kreditong iginagawad sa mga bilanggo. Ang mga kreditong ito, na maaaring igawad para sa mabuting asal o paglahok sa mga partikular na programa, ay nagbabawas ng panahon na dapat ipagsilbi ng isang bilanggo bago palabasin.

Magkakasama, ang 58 county ng estado ay gumagasta ng higit sa $2.4 bilyon sa mga kulungan ng county, na may populasyon na higit sa 80,000. Sa kasalukuyan ay may 20 county kung saan ang hangganan sa populasyon ng bilanggo ay ipinataw ng mga pederal na hukuman at ang karagdagang 12 county na may hangganan ng populasyon na ipinataw sa sarili. Sa mga county na may mga hangganan sa populasyon, ang mga bilanggo kung minsan ay pinalalabas nang maaga upang sumunod sa limitasyon na ipinataw ng hangganan. Gayunman, ang ilang siyerip ay gumagamit din ng mga alternatibong paraan ng pagbawas sa populasyon ng kulungan, tulad ng pagkulong sa mga bilanggo sa detensiyon ng bahay sa pamamagitan ng mga kagamitan sa Pandaigdig na Sistema ng Pagposisyon (GPS).

### Mga Pagbabagong Ginawa ng Panukalang-batas na ito

Ang panukalang-batas na ito ay nagsususog sa Saligang-batas upang mag-atas na ang mga sentensiyang pangkrimen na ipinapataw ng mga hukuman ay isakatuparan bilang pagsunod sa mga utos na pagsentensiya ng mga hukuman at ang mga naturang sentensiya ay hindi dapat "bawasan ng malaki" ng mga patakaran sa maagang pagpapalabas upang alisin ang pagsisikip sa mga pasilidad ng bilangguan at kulungan. Ang panukalang-batas ay nagtatagubilin na ang sapat na pagpopondo ay ipagkaloob ng Lehislatura o mga lupon ng mga superbisor ng county upang paglagyan ng mga bilanggo para sa buong panahon ng kanilang mga sentensiya, maliban sa mga kredito na inawtorisa ng batas na nagbabawas sa mga sentensiyang ito.

## MGA PAGBABAGONG NAKAKAAPEKTO SA PAGGAWAD AT PAGPAPAWALANG-BISA SA PAROL

### Kasaysayan

Ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol ay nagsasagawa ng dalawang magkaibang uri ng pamamaraan na may kaugnayan sa parol. Una, bago palabasin ng CDCR ang isang indibidwal na nasentensiyahan ng habambuhay sa bilangguan na may posibilidad ng parol, ang bilanggo ay dapat humarap sa lupon para sa pagdinig sa pagsasaalang-alang sa parol. Ikalawa, ang lupon ay may awtoridad na ibalik sa bilangguan ng hanggang isang taon ang isang indibidwal na pinalabas sa parol pero pagkatapos ay gumawa ng paglabag sa parol. (Ang naturang proseso ay tinatawag na pagpapawalang-bisa sa parol.) Ang utos ng pederal na hukuman ay nag-aatas sa estado na magkaloob ng tagapayong pambatas sa mga parolado, kabilang ang tulong sa mga pagdinig ng mga paratang na may kaugnayan sa pagpapawalang-bisa sa parol.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 9, tingnan ang pahina 128.*

### Mga Pagbabagong Ginawa ng Panukalang-batas na ito

***Mga Pamamaraan sa Pagsasaalang-alang ng Parol Para sa mga May Sentensiyang Habambuhay.*** Ang panukalang-batas na ito ay nagbabago sa mga pamamaraan na susundin ng lupon kapag isinasaalang-alang nito ang pagpapalabas ng mga bilanggo na may sentensiyang habambuhay. Sa partikular:

- Sa kasalukuyan, ang mga indibidwal na hindi pinalabas ng lupon kasunod ng pagdinig na pagsasaalang-alang sa kanilang parol ay pangkaraniwang dapat maghintay sa pagitan ng isa at limang taon para sa ibang pagdinig na pagsasaalang-alang sa parol. Ang panukalang-batas na ito ay magpapalawak sa oras bago ang susunod na pagdinig sa pagitan ng 3 at 15 taon, gaya ng ipinasiya ng lupon. Gayunman, ang mga bilanggo ay magkakaroon ng kakayahan na hilingin pana-panahon na paagahin ng lupon ang petsa ng pagdinig.
- Ang mga biktima ng krimen ay magiging karapat-dapat tumanggap ng maagang paunawa bago ang mga pagdinig sa pagsasaalang-alang sa parol. Sila ay tatanggap ng 90 araw ng maagang paunawa, sa halip ng kasalukuyang 30 araw.
- Sa kasalukuyan, ang mga biktima ay nakakadalo at nakakatestigo sa mga pagdinig na pagsasaalang-alang sa parol kasama ang pinakamalapit na kamag-anak at hanggang dalawang miyembro ng kanilang pamilya, o dalawang kinatawan. Ang panukalang-batas ay magtatanggal sa limitasyon sa bilang ng mga miyembro ng pamilya na makakadalo at makakatestigo sa pagdinig, at magpapahintulot sa mga kinatawan ng biktima na dumalo at tumestigo sa pagdinig nang hindi isinasaalang-alang kung ang pamilya ng mga biktima ay naroroon.
- Ang mga dumalo sa mga pagdinig sa pagsasaalang-alang sa parol ay magiging karapat-dapat tumanggap ng isang kopya ng mga pamamaraan.

***Mga Pangkalahatang Pamamaraan sa Pagpapawalang-bisa sa Parol.*** Ang panukalang-batas na ito ay nagbabago sa mga pamamaraan ng lupon sa pagpapawalang-bisa sa parol para sa mga nagkasala pagkatapos na mabigyan sila ng parol mula sa bilangguan. Sa ilalim ng utos ng pederal na hukuman sa isang kaso na kilala bilang *Valdivia* v. *Schwarzenegger*, ang mga parolado ay karapat-dapat sa isang pagdinig sa loob ng 10 araw ng trabaho pagkatapos na akusahan ng paglabag sa kanilang parol upang ipasiya kung may malamang na dahilan upang ikulong sila hanggang ang mga paratang sa kanila na kaugnay ng pagpapawalang-bisa ay malutas. Ang panukalang-batas na ito ay nagpapalawig ng huling araw para sa pagdinig ng 15 araw. Ang kaparehong utos ng hukuman ay nag-aatas rin na ang mga paroladong inaresto para sa mga paglabag sa parol ay magkaroon ng pagdinig upang lutasin ang mga paratang na may kaugnayan sa pagpapawalang-bisa sa loob ng 35 araw. Ang panukalang-batas na ito ay nagpapalawig sa takdang panahon na ito sa 45 araw. Ang panukalang-batas na ito ay nagtatadhana rin ng paghirang ng abugado sa mga paroladong humaharap sa mga paratang na may kaugnayan sa pagwawalang-bisa tangi kung ipinasiya ng lupon, batay sa bawat kaso, na ang parolado ay dukha at, dahil sa pagiging masalimuot ng bagay o dahil sa kawalan ng kapasidad ng isip o edukasyon ng parolado, ang parolado ay anyong walang kakayahan na mabisang magsalita sa kanyang depensa. Dahil ang panukalang-batas na ito ay hindi nagkakaloob ng abugado sa lahat ng mga pagdinig sa pagpapawalang-bisa sa parol, at dahil ang panukalang-batas ay hindi nagkakaloob ng abugado sa mga parolado na hindi dukha, ito ay maaaring salungat sa utos ng hukuman na *Valdivia,* na nag-aatas na ang lahat ng parolado ay pagkalooban ng abugado.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang aming pagsusuri ay nagpapabatid na ang panukalang-batas ay magreresulta sa: (1) mga tama sa pananalapi ng estado at county dahil sa mga kabawalan sa maagang pagpapalabas, (2) maaaring mga netong matitipid ng estado mula sa mga pagbabago sa mga pamamaraan ng lupon ng parol, at (3) mga pagbabago sa pagpopondo sa restitusyon at ibang mga tama sa pananalapi. Ang mga tantiya ng pananalapi na tinalakay sa ibaba ay maaaring magbago dahil sa nakabinbing litigasyon sa pederal na hukuman o mga aksiyon sa badyet.

### Mga Tama sa Pananalapi ng Estado at County ng mga Kabawalan sa Maagang Pagpapalabas

Gaya ng binanggit sa itaas, ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas na ang mga sentensiyang pangkrimen na ipinataw ng mga hukuman ay isakatuparan nang hindi mababawasan ng malaki ng mga maagang pagpapalabas upang tugunan ang pagsisikip. Ang tadhanang ito ay maaaring magkaroon ng malaking tama sa pananalapi ng pareho ng estado at mga county depende sa mga kalagayan na may kaugnayan sa maagang pagpapalabas at kung paano bibigyang-kahulugan ng mga hukuman ang tadhanang ito.

***Bilangguan ng Estado.*** Ang estado sa pangkalahatan ay hindi ngayon nagpapalabas ng mga bilanggo nang maaga mula sa bilangguan. Kaya, sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang panukalang-batas ay malamang na walang epekto sa pananalapi ng sistema ng bilangguan ng estado. Gayunman, ang panukalang-batas ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa pananalapi sa hinaharap kung ito ay pumigil sa Lehislatura o sa mga botante na magpatibay ng isang ayon sa batas na programang maagang pagpapalabas upang tugunan ang mga problemang pagsisikip. Sa ilalim ng mga naturang kalagayan, ang tadhanang ito ng panukalang-batas ay maaaring pumigil sa maagang pagpapalabas ng mga bilanggo, kaya magreresulta sa pagkawala ng mga matitipid ng estado sa mga pagpapatakbo ng bilangguan na maaaring magkahalaga ng daan-daang milyong dolyar taun-taon.

***Mga Kulungan ng County.*** Gaya ng binanggit sa itaas, ang mga maagang pagpapalabas ng mga bilanggo sa kulungan ay nangyayari ngayon sa maraming county, pangunahin bilang pagtugon sa mga limitasyon sa populasyon na ipinataw sa mga pasilidad ng kulungan ng county ng mga pederal na hukuman. Sa mga aksiyong ito ng mga pederal na hukuman, hindi malinaw kung hanggang saan, ang pagpapatibay ng naturang panukalang-batas sa saligang-batas ng estado ay makakaapekto sa mga pagpapatakbo ng kulungan at mga kaugnay na paggasta sa mga county na ito. Halimbawa, posible na ang isang county ay maaaring sumunod sa hangganan sa populasyon sa pamamagitan ng pagpapalawak ng paggamit nito ng GPS na pagsubaybay sa bahay o sa pamamagitan ng pagbawas sa paggamit ng

detensiyon bago ang paglilitis ng mga pinaghihinalaan, sa halip na pagpapalabas ng mga bilanggo nang maaga. Sa ibang mga county na hindi napapailalim sa mga hangganan sa populasyon na iniutos ng pederal na hukuman, ang mga kabawalan ng panukalang-batas sa maagang pagpapalabas ng mga bilanggo ay maaaring makaapekto sa mga pagpapatakbo ng kulungan at mga kaugnay na gastos, depende sa mga kalagayan na may kaugnayan sa maagang pagpapalabas at kung paano bibigyang-kahulugan ng mga hukuman ang tadhanang ito. Kaya, ang kabuuang gastos ng tadhanang ito para sa mga county ay hindi alam.

## Maaaring mga Netong Matitipid ng Estado Mula sa mga Pagbabago sa mga Pamamaraan ng Lupon ng Parol

Ang mga tadhana ng panukalang-batas na ito na nagbabawas ng bilang ng mga pagdinig sa parol na natatanggap ng mga bilanggong nagsisilbi ng sentensiyang habambuhay ay malamang na magresulta sa mga matitipid ng estado na nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar taun-taon. Ang mga karagdagang matitipid sa mababang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon ay maaaring maging resulta mula sa mga tadhanang nagbabago sa mga pamamaraan ng pagpapawalang-bisa sa parol, tulad ng paglimita kung kailan ang isang abugado ay ipagkakaloob ng estado. Gayunman, ang ilan sa mga pagbabagong ito ay maaaring kasalungat ng utos ng pederal na hukuman na *Valdivia* na may kaugnayan sa mga pagpapawalang-bisa sa parol at dahil dito ay maaaring napapailalim sa mga pagsalungat na pambatas, maaaring mag-alis sa mga matitipid na ito. Bilang karagdagan, ang pareho ng mga tadhanang may kaugnayan sa pagsasaalang-alang sa parol at pagpapawalang-bisa ay maaaring magtaas sa huli sa mga gastos kung ang mga ito ay magresulta sa mga karagdagang nagkasala na ikukulong sa bilangguan ng estado nang mas matagal kaysa magiging kalagayan kung iba ang paraan. Kaya, ang kabuuang epekto sa pananalapi mula sa mga pagbabagongg ito sa mga pamamaraan sa pagpapawalang-bisa sa parol ay malamang na netong mga matitipid ng estado na nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon maliban kung ang mga pagbabago sa proseso ay ipinasiyang kasalungat ng mga pederal na iniaatas na pambatas na nakasaad sa utos ng hukuman na *Valdivia.*

## Mga Pagbabago sa Pagpopondo sa Restitusyon at Ibang mga Tama sa Pananalapi

***Pagpopondo sa Restitusyon.*** Ang mga pagbabagong ito sa proseso ng restitusyon na nakasaad sa panukalang-batas na ito ay maaaring makaapekto sa mga pang-estado at lokal na programa. Sa kasalukuyan, may mga magkakaibang pang-estado at lokal na ahensiya na tumatanggap ng pagpopondo mula sa mga multa at parusang sinisingil mula sa mga nakagawa ng krimen. Halimbawa, ang mga kitang nasingil mula sa mga nagkasala ay pumupunta sa mga pangkalahatang pondo ng mga county, sa Pondo sa Pangangalaga ng Isda at Ligaw ng Hayop para sa suporta sa iba't ibang mga programang konserbasyon ng ligaw na buhay, sa Pondo sa Traumatikong Pinsala sa Utak upang tulungan ang mga may sapat na gulang na gumaling sa mga pinsala sa utak, at sa Pondo sa Restitusyon para sa suporta sa mga programa sa biktima ng krimen. Dahil ang inisyatibong ito ay nag-aatas na ang lahat ng perang nasingil mula sa isang nasasakdal ay unang gamitin upang bayaran ang mga utos na restitusyon nang tuwiran sa biktima, posible na ang mga pagbabayad ng mga kita sa multa at parusa sa iba't ibang mga pondo, kabilang ang Pondo sa Restitusyon, ay bumaba.

Gayunman, anumang pagkawala sa mga kita ng Pondo sa Resitusyon ay maaaring mapalitan kung ang mga partikular na tadhana ng inisyatibong ito ay nagtaaas ng halaga ng restitusyon na natatanggap nang tuwiran ng mga biktima, kaya magbabawas ng kanilang pagdepende sa tulong mula sa Pondo sa Restitusyon. Katulad nito, ang inisyatibong ito ay maaari ring lumikha ng ilang matitipid para sa mga pang-estado at lokal na ahensiya kung ang mga pagtaas sa mga pagbabayad sa restitusyon sa mga biktima ng krimen ay maging dahilan upang sila ay mangailangan ng mas kaunting tulong mula sa ibang mga programa ng estado at mga lokal na pamahalaan, tulad ng mga programang mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan.

***Mga Nasa Batas na Karapatan ng mga Biktima ng Krimen.*** Dahil ang panukalang-batas ay nagbibigay sa mga biktima ng krimen at sa kanilang mga pamilya at mga kinatawan ng mas malaking pagkakataon na lumahok at tumanggap ng paunawa sa mga pamamaraan ng hustisyang pangkrimen, ang mga pang-estado at lokal na ahensiya ay maaaring magkaroon ng mga karagdagang gastos sa pangangasiwa. Sa partikular, ang mga gastos na ito ay maaaring magresulta sa mas mahabang mga pamamaraan sa hukuman at pagsasaalang-alang sa parol at mga karagdagang paunawa sa mga biktima na gagawin ng mga pang-estado at lokal na ahensiya tungkol sa mga pamamaraang ito.

Ang netong tama sa pananalapi ng mga pagbabagong ito sa restitusyon at mga nasa batas na karapatan ng mga biktima ng krimen sa mga pang-estado at lokal na ahensiya ay hindi alam.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 9, tingnan ang pahina 128.*

**PROP 9** **SISTEMA NG HUSTISYANG PANGKRIMEN. MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA. PAROL. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.**

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 9 ★

Walang kirot na mas masama pa kaysa pagkawala ng isang anak o mahal sa buhay sa isang pagpatay . . . MALIBAN KUNG ANG KIROT AY PINALAKI NG ISANG SISTEMA NA NAG-UUNA SA MGA KARAPATAN NG MGA KRIMINAL SA HALIP NG MGA KARAPATAN NG MGA INOSENTENG BIKTIMA.

Ang kirot ay tunay. Ito'y hindi rin kailangan ng mga biktima at magastos sa mga nagbabayad ng buwis.

Si Marsy Nicholas ay isang 21-taong-gulang na estudyante sa kolehiyo sa UC Santa Barbara na nag-aaral na maging isang guro para sa mga batang may kapansanan. Ang kanyang kasintahan ay tumapos sa kanyang buhay sa pamamagitan ng isang pagpaputok ng de-sabog nang malapitan. Dahil sa isang sirang sistema, ang kirot ng pagkawala ni Marsy ay nagsisimula pa lamang.

Ang ina ni Marsy, si Marcella, at pamilya ay nagdadalamhati, nakakaranas ng kirot na iba sa anumang nadama na nila. Ang tanging pampaginhawa ay ang katotohanan na ang pumatay kay Marsy ay naaresto.

Isipin ang paghihirap ng damdamin ni Marcella nang makaharap niya ang pumatay kay Marsy pagkaraan ng ilang araw . . . sa tindahan ng groseri!

Paano siya napalaya? Kapapatay pa lamang niya sa anak ni Marcella. Hindi ito maaaring mangyari, naisip niya. Ang pumatay kay Marsy ay malaya sa piyansa pero sa kanyang pamilya ay hindi binigyan ng paunawa. Maaari silang pumatay muli.

ANG SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA AY GUMAGARANTIYA NA ANG MGA KARAPATAN NG MGA NANGGAHASA, MGA PUMATAY, MOLESTIYADOR NG BATA, AT MGA MAPANGANIB NA KRIMINAL.

ANG PROPOSISYON 9 AY NAGPAPANTAY NG LABANAN, GINAGARANTIYAHAN ANG MGA BIKTIMA NG KARAPATAN SA HUSTISYA AT ANGKOP NA PROSESO, tinatapos ang higit pang pambibiktima sa mga inosenteng tao ng isang sistema na madalas na nagpapabaya, nagbabalewala, at habang panahong nagpaparusa sa kanila.

Ang Proposisyon 9 ay lumilikha ng Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima ng Krimen sa California upang:

- IATAS NA ANG KALIGTASAN NG ISANG BIKTIMA NG KANILANG PAMILYA AY DAPAT ISAALANG-ALANG NG MGA HUKOM NA GUMAGAWA NG MGA DESISYON SA PIYANSA PARA SA MGA INAKUSAHANG KRIMINAL.
- Nag-uutos na ang mga biktima ng krimen ay bigyan ng paunawa kung ang nagkasala ay pinalaya.
- NAG-AATAS NA MGA BIKTIMA AY BIGYAN NG PAUNAWA NG MGA PAGDINIG SA PAROL NANG MAAGA UPANG TIYAKIN NA SILA AY MAKAKADALO AT MAY KARAPATANG MARINIG.
- Nag-aatas na ang mga biktima ay bigyan ng paunawa at pahintulutang lumahok sa mahahalagang pamamaraan na may kaugnayan sa krimen, kabilang ang piyansa, kasunduan sa pagsagot sa sakdal, pagsentensiya, at mga pagdinig sa parol.
- Bigyan ang mga biktma ng karapatan ayon sa saligang-batas na pigilan ang pagpapalabas ng kanilang personal na kompidensiyal na impormasyon o mga rekord sa mga nasasakdal sa krimen.

Sa mahihirap na panahong ito sa badyet, ang PROP. 9 AY NAGPOPROTEKTA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.

Sa kasalukuyan, ang mga nagbabayad ng buwis ay gumagasta ng milyun-milyon sa mga pagdinig para sa mga mapanganib na kriminal na walang pag-asang makalaya. Ang "Helter Skelter" na mga bilanggo na si Bruce Davis at Leslie Van Houten, mga tagasunod ni Charles Manson na napatunayang gumawa ng maraming malupit na pagpatay, ay nagkaroon na ng 38 pagdinig para sa parol sa 30 taon. Iyon ay 38 beses na ang mga pamilyang kaugnay ay napilitang muling balikan ang masakit na krimen at bayaran ang kanilang mga sariling gastos upang dumalo sa pagdinig, at 38 pagdinig na kailangang tustusan ng mga nagbabayad ng buwis.

Ang Prop. 9 ay nagpapahintulot sa mga hukom na itaas ang bilang ng mga taon sa pagitan ng mga pagdinig sa parol. ANG DI-PARTIDISTANG PAMBATASANG MANUNURI NG CALIFORNIA AY NAGSABI NA ITO AY NAGKAKAMIT NG "MAARING NETONG MATITIPID NA NASA SAMPU-SAMPUNG MILYONG DOLYAR . . .."

PROP. 9 AY PUMIPIGIL DIN SA MGA PULITIKO NA ILABAS ANG MGA MAPANGANIB NA BILANGGO UPANG MAALIS ANG PAGSISIKIP.

Ang Prop. 9 ay gumagalang sa mga biktima, nagpoprotekta sa mga nagbabayad ng buwis, at ginagawa ang California na mas ligtas. Ito'y ineendorso ng mga lider ng kaligtasan ng publiko, mga tagapagtaguyod ng mga biktima, mga nagbabayad ng buwis, at mga nagtatrabahong pamilya.

PROP. 9 AY TUNGKOL SA PAGIGING MAKATARUNGAN PARA SA MGA MAMAMAYANG MASUNURIN SA BATAS. Nararapat sila sa mga karapatang kapantay ng mga karapatan ng mga kriminal.

*SA NGALAN NG LAHAT NG BIKTIMA NG KRIMEN SA KASALUKUYAN AT SA HINAHARAP, MANGYARING BUMOTO NG OO SA 9!*

**MARCELLA M. LEACH,** Ka-Tagapagtatag
Justice for Homicide Victims
**LaWANDA HAWKINS,** Tagapagtatag
Justice for Murdered Children
**DAN LEVEY**, Pambansang Presidente
The National Organization of Parents of Murdered Children

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 9 ★

Ang aming simpatiya ay nasa mga biktima ng mararahas na krimen at sa kanilang mga pamilya. Ang Prop. 9 ay inilagay sa balota ng isang naturang pamilya na ang miyembro ng pamilya ay pinatay 25 taon na ang nakararaan. Pero ang Prop. 9 ay hindi kailangan at gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng milyun-milyong dolyar.

Sa nakalipas na 25 taon maraming pundamental na pagbabago ang ginawa sa ating mga batas sa hustisyang pangkrimen tulad ng "Batas na Tatlong Tama;" at ang "Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima" na naglagay ng mga karapatan ng biktima sa Saligang-batas.

*Sa ilalim ng kasalukuyang batas* ang mga biktima ay may karapatang bigyan ng paunawa kung ang nagkasala sa kanila ay pinalaya, tumanggap ng maagang paunawa ng mga pamamaraang pangkrimen, at lumahok sa mga pagdinig sa parol at pagsentensiya. Mayroon nang pinopondohan ng estado na Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen upang edukahan ang mga biktima tungkol sa kanilang mga karapatan at tulungan ang mga ito sa proseso.

Iyon ang dahilan kung bakit ang Prop. 9 ay isang masamang pasanin sa mga nagbabayad ng buwis sa gitna ng krisis sa badyet. Ito ang dahilan kung bakit ang independiyenteng Pambatasang Manunuri ay nagsabi na ito ay maaaring gastusan ng "daan-daang milyong dolyar taun-taon."

Sa halip na isaayos ang pamahalaan, ang Prop. 9 ay lumilikha ng mga seryosong duplikasyon ng mga kasalukuyang batas. Ito ay naglalagay ng mga pahina ng masalimuot na batas sa ating Saligang-batas. At sa sandaling nasa Saligang-batas, kung ang mga batas ay hindi mabisa, at kailangang baguhin o isamoderno sa anumang paraan, ito ay mangangailangan ng ¾ na boto ng Lehislatura. Iyon ay isang pamantayan na mas mataas kaysa iniaatas upang ipasa ang badyet ng estado!

Bumoto ng HINDI sa Prop. 9.

**JEANNE WOODFORD**, Dating Warden
San Quentin State Prison
**REV. JOHN FREESEMANN,** Presidente ng Lupon
California Church IMPACT



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 9 ★

Hindi ba kayo napapagod sa isang indibidwal na nagbabayad ng milyun-milyon upang ilagay ang isang ideya, gaano man kaganda ang hangarin, sa balota na humahantong sa paggasta ng mga nagbabayad ng buwis ng bilyun-bilyon?

Ang Prop. 9 ay ang pinakamagandang halimbawa nito, binili at binayaran ng isang tao—si Henry Nicholas III.

Ang Prop. 9 ay isang nakakapagligaw na proposisyon na sinasamantala ang pag-aalala ng mga taga-California para sa mga biktima ng krimen. Pinagsasamantalahan nito ang ating mga damdamin upang baguhin ang Saligang-batas ng Estado at palitan ang paraan na pinamamahalaan ng California ang mga bilangguan at kulungan, nagbabanta na pasamain ang ating krisis sa pagsisikip, sa pareho ng antas ng estado at lokal.

Ang Prop. 9 ay magastos, hindi kailangang inisyatibo. Ang totoo, marami sa mga bahagi ng Prop. 9—kabilang ang mga iniaatas na ang mga biktima ay bigyan ng paunawa ng mga mahahalagang punto sa isang prosesong pambatas ng nagkasala gayon din ang mga karapatan ng mga biktima na marinig sa buong prosesong pambatas—ay inaprobahan na ng mga botante sa Prop. 8 noong 1982, ang Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima.

Iyon ang dahilan kung bakit ang Prop. 9 ay tunay na hindi kailangan at isang magastos na duplikasyon ng pagsisikap. Alinsunod sa pahayagang *Appeal Democrat*, "ang inisyatibong ito ay tungkol sa mahigit ng kaunti sa pagpapasiklab na pampulitika," ("Ang Aming Pananaw: Matapang na salita sa krimen ay mainit na hangin lamang," 3/1/08).

Kung minsan hindi nauunawaan ng mga botante na walang mekanismo para sa mga inisyatibo upang legal na repasuhin para sa duplikasyon ng kasalukuyang batas. Kaya, kung minsan kung anyong ito ay isang paraan upang ipasa ang isang bagay, ang mga sumulat ay nagsasama ng kasalukuyang batas sa kanilang mga inisyatibo. Iyon ang malinaw na ginawa sa Prop. 9.

Ang mga taga-California ay maiintindihan na nag-aalala ng tungkol sa kaligtasan at may simpatiya sa mga biktima ng krimen. Ang ilan sa mga tadhana ay anyong makatwiran. Pero hindi nila talaga kailangan ng inisyatibo upang makamit ang mga ito. Halimbawa, ang pagpasa ng Prop. 9 ay mag-aatas ng pagpapatupad ng batas upang bigyan ang mga biktima ng kard ng "Batas ni Marsy" na nakalagay ang kanilang mga karapatan. Kailangan ba talaga ng estado na ilagay ito sa Saligang-batas ng Estado? At sa anong halaga?

Ang Prop. 9 ay nangangako na patitigilin ang maagang pagpapalabas ng mga kriminal. Ang independiyenteng Pambatasang Manunuri ay nagsabi na ito ay maaaring gastusan ng "daan-daang milyong dolyar taun-taon." Ang Pambatasang Manunuri ay nagsabi rin na "ang estado sa pangkalahatan ay hindi ngayon nagpapalabas ng mga bilanggo nang maaga mula sa bilangguan.

Ang sistema ng parol ng California ay kabilang na sa pinakamahigpit sa Estados Unidos. Ang aktuwal na dami ng parol para sa mga napatunayang nagkasala ng ikalawang antas na pagpatay o hindi binalak na pagpatay ay mas mababa kaysa 1% ng mga karapat-dapat sa 20 taon! Kaya, ang pangangailangan ng masyadong magastos na mga pagbabago sa mga kasalukuyang patakaran sa parol ay hindi makatwiran dahil sa mga gastos.

Dagdag dito, anumang inaprobahan sa Prop. 9 tungkol sa mga bilanggo at parol ay napapailalim sa mga pederal na pagsalungat na pambatas. Kaya, ang kalamangan na ang Prop. 9 ay magkakaroon ng anumang epekto ay hindi gaanong mararamdaman.

Ang pagkuha ng pera mula sa kapos sa pera na badyet ng estado upang bayaran ang mga hindi kailangang inisyatibo ay maaaring mangahulugan ng mga pagbawas sa bawat ibang priyoridad ng Pamahalaan, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga serbisyo para sa mahihirap at matatanda.

Bumoto ng Hindi sa Prop. 9. Ito'y hindi kailangan. Ito'y hindi kailangan. Ito'y masamang batas.

**SHEILA A. BEDI,** Tagapagpaganap na Direktor
Justice Policy Institute
**ALLAN BREED**, Dating Direktor
California Department of Corrections

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 9 ★

Nakalulungkot kapag ang mga espesyal na interes ay gumagamit ng mga personal na atake laban sa mga biktima ng krimen at sa kanilang mga pamilya.

HUWAG MAGKAKAMALI: NGAYON, SA CALIFORNIA, ANG MGA INOSENTENG BIKTIMA AY PINARURUSAHAN NG ISANG SIRANG SISTEMA.

Narito ang dalawang halimbawa, kabilang sa libu-libo:

Si Anna Del Rio, na ang anak na babae ay pinatay ng "tagabaril para sa mga gang," ay natatakot sa mga miyembro ng gang—*sa hukuman*—at HINDI PINAHINTULUTANG MAGSALITA o magsuot ng larawan ng kanyang anak.

Umalis si Marguerite Hemphill mula sa tabi ng kama ng kanyang lumpong asawa upang dumalo sa pagdinig sa parol para sa pumatay sa kanyang anak na babae. Pagkatapos magmaneho ng 300 milya, nalaman niya na ang pagdinig ay ipinagpaliban. SI HEMPHILL AY HINDI BINIGYAN NG PAUNAWA AT WALANG MAPAGPIPILIAN . . . kailangan niyang uliting muli ang biyahe.

Kung ang mga biktima ay may mga karapatan na, bakit nangyayari ito?

ANG MGA MAMAMATAY-TAO, MANGGAGAHASA, AT MOLESTIYADOR NG BATA AY MAY MGA KARAPATAN NA IGINAGARANTIYA NG SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA. ANG MGA BIKTIMA NG KRIMEN AT ANG KANILANG MGA PAMILYA AY WALANG MGA KATULAD NA KARAPATAN AYON SA SALIGANG-BATAS.

ANG PROPOSISYON 9 AY NAGBABALIK NG HUSTISYA, ANGKOP NA PROSESO, DIGNIDAD NG TAO, AT PAGIGING MAKATARUNGAN. Pinagbabayad nito ang mga napatunayang nagkasala ng krimen ng kanilang utang sa lipunan sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga pulitiko na palabasin ang mga kriminal para lamang bawasan ang mga populasyon ng bilangguan.

Crime Victims United of California, Justice for Homicide Victims, Justice for Murdered Children, Memory of Victims Everywhere, National Organization of Parents of Murdered Children, mga hepe ng pulisya, siyerip, at mga abugado ng distrito ay nagsasabi na BUMOTO NG OO.

MAGTIWALA SA MGA TAGA-CALIFORNIA: 1.2 MILYONG TAO, MGA DEMOKRATIKO AT MGA REPUBLIKANO, AY INILAGAY ANG PROP. 9 SA BALOTA. ITO AY MAKAKAPAGTIPID SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG MILYUN-MILYON alinsunod sa di-partidistang Pambatasang Manunuri. Pinakamahalaga, ang Prop. 9 ay makakapagligtas ng mga buhay.

Tandaan ang kirot na dinanas ng mga biktimang sina Anna Del Rio at Marguerite Hemphill. Mangyaring bumoto ng OO.

**MARCELLA LEACH**, Ka-Tagapangulo
Justice for Homicide Victims
**HARRIET SALARNO,** Presidente
Crime Victims United of California
**MARK LUNSFORD,** Lumikha
Jessica's Law: Sexual Predator Punishment and Control Act of 2006

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON
# 10 MGA SASAKYANG GUMAGAMIT NG ALTERNATIBONG GATONG AT NABABAGONG ENERHIYA. MGA BONO. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## MGA SASAKYANG GUMAGAMIT NG ALTERNATIBONG GATONG AT NABABAGONG ENERHIYA. MGA BONO. INISYATIBONG BATAS.

- Nagtatadhana ng $3.425 bilyon upang tulungan ang mga mamimili at ibang mga tao na bumili ng mga partikular na sasakyan na malaki ang natitipid sa gatong o gumagamit ng alternatibong gatong, kabilang ang mga sasakyang gumagamit ng natural na gas, at upang pondohan ang pananaliksik sa teknolohiya ng alternatibong gatong.
- Nagtatadhana ng $1.25 bilyon para sa pananaliksik, pagbuo at paglikha ng teknolohiya ng nababagong enerhiya, pangunahin ang enerhiya ng araw na may karagdagang pagpopondo para sa ibang mga anyo ng nababagong enerhiya; mga insentibo para sa pagbili ng teknolohiya ng enerhiya ng araw at nababagong enerhiya.
- Nagtatadhana ng mga gawad sa mga lungsod para sa mga proyektong nababagong enerhiya at sa mga kolehiyo para sa pagsasanay sa mga teknolohiya ng nababagong enerhiya at mahusay na paggamit ng enerhiya.
- Ang kabuuang pagpopondo na ipinagkakaloob ay $5 bilyon mula sa pangkalahatang obligasyong bono.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Gastos ng estado na humigit-kumulang na $10 bilyon sa higit sa 30 taon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($5 bilyon) at interes ($5 bilyon) ng mga bono. Mga pagbabayad na humigit-kumulang na $335 milyon kada taon.
- Pagtaas sa mga kita sa buwis sa pagbebenta ng estado sa hindi alam na halaga, maaaring may kabuuan na sampu-sampung milyong dolyar, sa panahon na mula 2009 hanggang humigit-kumulang na 2019.
- Pagtaas sa mga kita sa lokal na buwis sa pagbebenta at bayad sa lisensiya ng sasakyan sa hindi alam na halaga, maaaring may kabuuan na sampu-sampung milyong dolyar, sa panahon na mula 2009 hanggang humigit-kumulang na 2019.
- Maaaring mga gastos ng estado na hanggang humigit-kumulang na $10 milyon taun-taon, hanggang humigit-kumulang na 2019, para sa mga gastos na pampangasiwaan ng ahensiya ng estado na hindi pinopondohan ng panukalang-batas.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Mga Programang Kalidad ng Enerhiya at Hangin ng Estado.*** Ang estado ay nangangasiwa ng maraming programa upang itaguyod ang nababagong enerhiya (tulad ng enerhiya ng araw at hangin), mga alternatibong malinis na gatong (tulad ng natural na gas), kahusayan ng enerhiya, at mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin. Ang ilang programa ay nagkakaloob ng mga pinansiyal na insentibo, tulad ng mga gawad, pautang, mga garantiya sa pautang, mga rebate, at mga kredito sa buwis. Ang pagpopondo sa mga programang ito ay pangunahing nanggagaling sa mga kita sa fee, bagaman ang mga pangkalahatang obligasyong bono (GO) kamakailan ay pinagkukunan ng pagpopondo para sa mga programang insentibo na may kaugnayan sa kalidad ng hangin.

***Mga Kita sa mga Pang-estado at Lokal na Buwis at Lokal na Fee sa Lisensiya ng Sasakyan (VLF).*** Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay nagpapataw ng mga buwis, kabilang ang mga buwis sa pagbebenta at paggamit (SUT). Ang SUT ay ipinapataw sa pangwakas na presyo sa pagbili ng mga nahahawakang personal na bagay, na may mga partikular na pagkalibre. Ang SUT ay may dalawang presyong bahagi: isang pang-estado at isang lokal. Ang antas ng SUT ng estado sa kasalukuyan ay 6.25 porsiyento, na ang 1 porsiyento ay ipinamamahagi sa mga lokal na pamahalaan. Ang lokal na antas ng SUT ay nag-iiba sa pagitan ng 1 porsiyento at 2.5 porsiyento, depende sa lokal na hurisdiksiyon kung saan ipinataw ang buwis. Kaya, ang kabuuang antas sa California ay nag-iiba mula sa 7.25 porsiyento hanggang 8.75 porsiyento. Bilang karagdagan, ang estado ay sumisingil ng taunang VLF sa mga sasakyang de-motor. Karamihan sa mga kitang ito ng VLF ay ipinamamahagi sa mga lungsod at county. Sa kasalukuyan, ang antas ng VLF ay kapantay ng 0.65 porsiyento ng bumabang presyo ng pagbili ng sasakyang de-motor.

## MUNGKAHI

***Awtoridad na Magbenta ng mga Bonong GO.*** Ang panukalang-ito ay nagpapahintulot ng pagbebenta ng mga $5 bilyon na mga bonong GO para sa iba't ibang layunin na may kinalaman sa nababagong enerhiya, alternatibong gatong, kahusayan ng enerhiya, at pagbawas ng inilalabas sa hangin. Ang Pigura 1 ay nagsasabuod ng mga pagpapakahulugan ng mga pangunahing katawagan na ginamit sa panukalang-batas.

**Pigura 1**

**Mga Pangunahing Katawagan Gaya ng Nilinaw sa Proposisyon 10**

***Malinis na Alternatibong Gatong.*** Ang natural na gas o anumang gatong na nagkakamit ng hindi kukulangin sa 10-porsiyentong kabawasan sa emisyon ng karbon kapag inihambing sa mga kombensiyonal na gatong na nakabase sa petrolyo.

***Sasakyang Gumagamit ng Malinis na Alternatibong Gatong.*** Sa pangkalahatan, isang sasakyang pinatatakbo ng malinis na alternatibong gatong.

***Sasakyang ang Tanging Ginagamit ay Malinis na Alternatibong Gatong.*** Isang sasakyan na pinatatakbo ng tinukoy na malinis na mga alternatibong gatong lamang—biomethane, kuryente, hydrogen, natural na gas, propane, o anumang kombinasyon ng mga ito.

***Sasakyang Malaki ang Natitipid sa Gatong.*** Isang magaan ang pagganap na sasakyan sa daan (tumitimbang ng kulang sa 8,500 libra[a]) na maaaring magkamit na matitipid sa gatong na 45 milya kada galon para sa paggamit sa haywey.

***Sasakyang Napakalaki ang Natitipid sa Gatong.*** Isang magaan ang pagganap na sasakyan sa daan (tumitimbang ng kulang sa 8,500 libra[a]) na maaaring magkamit na matitipid sa gatong na 60 milya kada galon para sa paggamit sa haywey.

[a] Sa kasalukuyan, ang pangkaraniwang magaan ang pagganap na sasakyan ng pasahero ay tumitimbang ng kulang sa 4,500 libra.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bonong GO, mangyaring sumangguni sa seksiyon nitong pamplet ng balota na may titulong "Isang Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado."

Ang Pigura 2 ay nagsasabuod ng mga nakahandang paggamit ng pera ng bono, na pangunahin ay (1) magkakaloob ng $3.4 bilyon para sa mga pinansiyal na insentibo upang bawasan ang gastos sa pagbili o pag-arkila ng mga sasakyang mataas ang natitipid sa gatong at mga sasakyang ang tanging ginagamit ay malinis na alternatibong gatong (pangunahin ay mga rebate sa mga trak at ibang mga katamtamam- at magaan ang pagganap na sasakyan), at (2) $1.6 bilyon upang pondohan ang pananaliksik, disenyo, pagbuo, at paglalagay ng teknolohiyang lumilikha ng nababagong kuryente. Ang panukalang-batas ay naglalaan ng mga pondo ng bono sa apat na kuwenta, gaya ng ipinapakita sa Pigura 2.

**Pigura 2**

**Proposisyon 10**
**Mga Paggamit ng Pondo ng Bono**

| | | *Mga Halaga (Sa mga Milyon)* |
|---|---|---|
| **Kuwenta ng Malinis na Alternatibong Gatong** | | **$3,425** |
| Mga rebate—Mula $2,000 hanggang $50,000 kada rebate. | $2,875 | |
| • Mga Sasakyang Malaki ang Natitipid sa Gatong. | *($110)* | |
| • Mga Sasakyang Napakalaki ang Natitipid sa Gatong. | *(230)* | |
| • Mga Sasakyang ang Tanging Ginagamit ay Malinis na Alternatibong Gatong: | | |
| —Magaan ang pagganap na mga sasakyan na tumitimbang ng kulang sa 8,500 libra.[a] | *(550)* | |
| —Magaan-katamtaman ang pagganap na mga sasakyan na tumitimbang ng nasa pagitan ng 8,500 libra at 13,999 libra. | *(310)* | |
| —Mabigat-katamtaman ang pagganap na mga sasakyan na tumitimbang ng nasa pagitan ng 14,000 libra at 24,999 libra. | *(650)* | |
| —Mabigat ang pagganap na mga sasakyan na tumitimbang ng nasa pagitan ng 25,000 libra o higit. | *(1,000)* | |
| • Mga rebate sa istasyon ng muling paglalagay ng gatong sa bahay ($2,000 kada rebate). | *(25)* | |
| Mga pinansiyal na insentibo—Pananaliksik, pagbuo, at pagpapakita ng mga sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong at mataas ang kahusayan, at mga alternatibong gatong.[b] | $550 | |
| **Kuwenta ng Enerhiya ng Araw, Hangin at Nababagong Enerhiya** | | **$1,250** |
| Mga pinansiyal na insentibo—Pananaliksik, disenyo, pagbuo, konstruksiyon, at paglikha ng teknolohiya ng paglikha ng kuryente na nagbabawas ng gastos sa paglikha at mga emisyon ng nakakulong na gas.[b,c] | $1,000 | |
| Mga pinansiyal na insentibo—Kagamitan upang lumikha ng kuryente mula sa mga nababagong tagapagdulot.[b] | 250 | |
| **Kuwenta ng mga Proyektong Pagpapakita at Pampublikong Edukasyon** | | **$200** |
| Mga gawad sa mga lokal na pamahalaan—Konstruksiyon at pagpapatakbo ng mga proyektong pagpapakita ng alternatibo at nababagong enerhiya. | $200 | |
| **Kuwenta ng Edukasyon, Pagsasanay, at Pag-abot** | | **$125** |
| Mga gawad sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo—Pagbuo ng mga tauhan, pagsasanay, pananaliksik, at tulong sa matrikula para sa pagkomersiyo sa alternatibong gatong at teknolohiya ng malinis na teknolohiya (ginagawa ang bagong teknolohiya na handang ibenta sa mga pamilihang pangkomersiyo) at pagbuo ng lakas paggawa. Hindi kukulangin sa $25 milyon para sa pag-abot at pampublikong edukasyon. | $125 | |
| **Kabuuan** | | **$5,000** |

[a] Sa kasalukuyan, ang pangkaraniwang magaan ang pagganap na sasakyan ng pasahero ay tumitimbang ng kulang sa 4,500 libra.
[b] Sa mga pinansiyal na insentibo ay maaaring kabilang ang mga pautang na mababa ang interes, mga garantiya sa pautang, at mga gawad.
[c] Hindi kukulangin sa 80 porsiyento ng mga pondo ($800 milyon) ay dapat sumuporta sa mga pinansiyal na insentibo para sa teknolohiya ng araw.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 10, tingnan ang pahina 133.*

***Pangangasiwa ng mga Pondo ng Bono ng Ahensiya ng Estado.*** Ang panukalang-batas ay nagtatalaga ng iba't ibang ahensiya ng estado upang pangasiwaan ang magkakaibang bahagi ng panukalang-batas. Sa partikular, ang Lupon ng Pagpapantay ng Estado (BOE) ay mangangasiwa sa mga rebate ng alternatibong gatong, ang Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ay mangangasiwa ng mga insentibo para sa pananaliksik at pagbuo ng alternatibong gatong, at ang Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng California ay mangangasiwa sa mga insentibo sa nababagong enerhiya at sa mga perang makukuha para sa mga gawad sa mga lokal na pamahalaan at mga institusyon ng pampublikong mas mataas na edukasyon. Tungkol sa pangangasiwa ng mga rebate ng BOE, ang panukalang-batas ay nagtatadhana na ang BOE ay dapat kumalkula sa SUT na angkop sa pagbebenta o pag-arkila ng isang sasakyan sa presyo ng pagbili o pag-arkila bago ang rebate.

Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa bawat nangangasiwang ahensiya ng estado na magpatibay ng mga pananda ng programa, magkaloob para sa mga taunang independiyenteng pagsusuri, mag-isyu ng mga taunang ulat ng progreso, at magtatag ng mga pamamaraan para sa pagbabantay ng paggawad ng mga insentibo. Ang panukalang-batas ay nag-aatas rin na ang mga perang inilaan sa bawat kuwenta ng bono ay gastahin sa loob ng sampung taon, na may mga makatwirang pagsisikap na gagawin upang gastahin ang mga pera para sa mga rebate sa alternatibong gatong sa loob ng limang taon.

Pangwakas, ang panukalang-batas ay tumutukoy na hindi hihigit sa 1 porsiyento ng mga pondo sa bawat kuwenta na itinatag ng panukalang-batas ang maaaring gamitin upang bayaran ang pangangasiwa ng programa.

## EPEKTO SA PANANALAPI

***Mga Gastos sa Bono.*** Ang gastos sa mga bonong ito ay depende sa mga antas ng interes na may-bisa sa oras na ang mga ito ay ibinebenta at sa panahon na ang mga ito ay binabayaran. Ang estado ay malamang na gumawa ng mga pagbabayad ng prinsipal at interes mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado sa 30 taon. Kung ang mga bono ay naibenta sa pangkaraniwang antas ng interes na humigit-kumulang na 5 porsiyento, ang gastos ay magiging humigit-kumulang na $10 bilyon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($5 bilyon) at interes ($5 bilyon). Ang pangkaraniwang pagbabayad ay humigit-kumulang na $335 milyon kada taon.

***Tama sa mga Kita sa Buwis sa Pagbebenta ng Estado.*** Ang panukalang-batas ay nagkakaloob ng $2.9 bilyon para sa iba't ibang rebate na may kaugnayan sa sasakyan. Ang mga rebate ay idinisenyo upang himukin ang pagbili o pag-arkila ng mga sasakyan na, sa pagpapalagay, ay mas mahal kaysa sa mga sasakyan na bibilhin o aarkilahin ng mga gumagamit (mga indibidwal at negosyo) kung wala ang mga rebate. Kung ang mga rebate ay magresulta sa mga indibidwal at/o negosyo na bumili o umarkila ng mga sasakyan na mas mahal kaysa bibilihin o aarkilahin nila sa ibang paraan, ang mga kita sa buwis sa pagbebenta ng estado ay tataas. Bilang karagdagan, kaayon ng karanasan sa ibang mga programang rebate sa sasakyan sa California, maaaring iakma ng mga nagtitingi ang presyo sa pagbebenta nang pataas upang mag-ulat para sa mga indibidwal at/o negosyo na naging karapat-dapat para sa rebate. Ang naturang pagtaas sa mga presyo sa pagbebenta ng mga produktong ito ay magreresulta sa pagtaas ng mga kita sa buwis ng estado. Pangwakas, ang mga rebate ay magreresulta sa mas mababang gastos mula sa bulsa para sa ilang indibidwal at/o negosyo na bumili o umarkila ng mga sasakyan. Kung ang mga indibidwal at/o negosyong ito ay gumasta ng alinman sa mga matitipid na ito sa ibang mga mabubuwisang pagbili, ito ay magreresulta sa nadagdagang kita ng SUT.

Habang ang eksaktong halaga ng mga nadagdagang kita sa buwis sa pagbebenta na magiging resulta ng panukalang-batas ay magiging depende sa bilang at aktuwal na presyo sa pagbebenta ng mga sasakyang binili o inarkila at ibang mga epektong pang-asal bilang tugon sa mga rebate, tinatantiya namin na ang halaga ay maaaring nasa mga sampu-sampung milyong dolyar mula 2009 hanggang mga 2019.

***Tama sa mga Lokal na Kita.*** Ang mga programang insentibo na pinopondohan ng bono sa ilalim ng panukalang-batas na ito ay magreresulta sa mga sumusunod na dalawang epekto sa mga lokal na kita:

- ***Nadagdagang mga Kita sa Lokal na Buwis sa Pagbebenta.*** Tulad ng tama ng panukalang-batas sa mga kita sa buwis sa pagbebenta ng estado na tinalakay sa itaas, depende sa bilang at aktuwal na presyo sa pagbebenta ng mga sasakyang binili o inarkila bilang sagot sa mga rebate, ang panukalang-batas ay magreresulta sa mga nadagdagang kita sa buwis sa pagbebenta ng mga lokal na pamahalaan, maaaring nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar mula 2009 hanggang mga 2019.
- ***Nadagdagang mga Kita sa Lokal na VLF.*** Gaya ng nakasaad sa itaas, ang panukalang-batas ay maaaring magresulta sa mga indibidwal at/o negosyo na bumili o umarkila ng mga sasakyan na mas mahal kaysa mga bibilihin o aarkilahin sa ibang paraan. Kung ang panukalang-batas ay magresulta sa pagbili o pag-arkila ng mga sasakyan na mas mahal kaysa mabibili o maaarkila sa ibang paraan, ito ay hahantong sa nadagdagang mga lokal na kita sa VLF. Habang ang eksaktong halaga ng anumang naturang pagtaas ng kita ng VLF ay magiging depende sa bilang at aktuwal na presyo sa pagbebenta ng anumang mga sasakyan na binili o inarkila bilang resulta ng mga rebate na inialay ng panukalang-batas, tinatantiya namin na ang pagtaas sa mga kita ng VLF ay maaaring mga milyun-milyong dolyar mula 2009 hanggang mga 2019.

***Mga Gastos sa Pangangasiwa ng Estado Upang Ipatupad ang Panukalang-batas.*** Ang 1-porsiyentong limitasyon ng panukalang-batas sa mga gastos sa pangangasiwa ay maaaring mag-iwan sa iba't ibang kagawaran ng estado ng hindi sapat na mga pondo upang ipatupad ang mga programang kaayon ng mga tadhana ng proposisyon. Kung ang panukalang-batas ay nabigong magkaloob ng sapat na pagpopondo para sa pangangasiwa nito, ang ibang mga pondo ng estado ay maaaring humarap sa matinding pangangailangan, maaaring batay sa kalahatan ay umabot ng humigit-kumulang na $10 milyon taun-taon, upang pondohan ang pagpapatupad ng panukalang-batas hanggang mga 2018-19.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 10, tingnan ang pahina 133.*

# MGA SASAKYANG GUMAGAMIT NG ALTERNATIBONG GATONG AT NABABAGONG ENERHIYA. MGA BONO. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 10 ★

Makakagawa kayo ng aksiyon ngayon upang bawasan ang pagkadepende ng California sa langis ng ibang bansa; bawasan ang pagdumi ng hangin na nagdudulot ng hika at kanser; at lumikha ng bagong mga trabaho sa luntiang teknolohiya upang palakasin ang ekonomiya—nang hindi nagtataas ng mga buwis. *Bumoto ng Oo sa Proposisyon 10.*

ANG PROPOSISYON 10 AY MAGKAKALOOB NG KAILANGANG-KAILANGAN PAGPOPONDO UPANG:

- Lumikha ng kuryente mula sa mga nababagong tagapagdulot, kabilang ang enerhiya ng araw, hangin, tidal, at mababang-epekto na hydropower.
- Magkaloob ng mga rebate sa mamimili para sa pagbili o pag-arkila ng mga sasakyan na gumagamit ng alternatibong gatong, kabilang ang mga hybrid, mga elektrik na sasakyan, at mga sasakyang matipid sa gatong na nakakakuha ng hindi kukulangin sa 45 milya kada galon.
- Palitan ang mga lumang nagpaparuming trak ng diesel ng mga trak na gumagamit ng malinis na alternatibong gatong.
- Pondohan ang pananaliksik at pagbuo ng mas mura at mas malinis na mga alternatibong gatong.

ANG OO SA 10 AY MAGDADALA SA ATIN SA KALAYAAN SA ENERHIYA

Ang mga taga-California ay nagbabayad ng bilyun-bilyong dolyar sa mga galit na pamahalaan ng ibang bansa habang ang presyo ng gasolina ay tumaas sa mga rekord na antas. Ang Proposisyon 10 ay magtataas ng ating kalayaan sa enerhiya sa pamamagitan ng paglikha ng kuryente mula sa hangin, araw, at ibang mga nababagong tagapagdulot at sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga motorista ng California ng mapipili upang bumili ng mga sasakyan na tumatakbo sa kuryenteng ginagawa mula sa mga nababagong tagapagdulot at mas murang domestikong alternatibong gatong.

ANG PROPOSISYON 10 AY NANGANGAHULUGAN NG MALINIS NA HANGIN AT MAS MALUSOG NA HINAHARAP PARA SA ATIN AT SA ATING MGA ANAK

Karamihan ng ating mga gatong sa transportasyon, tulad ng gasolina at diesel, ay lumilikha ng dumi na nagtataglay ng mga nagdadala ng kanser at mga lason na nagiging dahilan ng hika at kanser. Ang marurumi, lumang trak ng diesel ay pangunahing nagdadala ng dumi sa hangin. Bilang resulta, ang California ay may apat sa sampung pinakamaruming lungsod sa Amerika alinsunod sa American Lung Association.

Ang Proposisyon 10 ay tutulong na palitan ang higit sa 28,000 trak na diesel ng mga trak na tumatakbo sa mga mas malinis na alternatibong gatong. Ito ay magkakaloob din ng mga rebate para sa mga mamimili na bumibili ng mga sasakyang mas matipid sa gatong at mga sasakyan na tumatakbo sa malilinis na alternatibong gatong na nakakatugon o nakakahigit sa mga hangarin na kaugnay ng pandaigdig na pag-init ng estado.

ANG PROPOSISYON 10 AY MAGBIBIGAY SA MGA MAMIMILI NG MGA KARAGDAGANG ALTERNATIBO SA GASOLINANG MATAAS ANG PRESYO

Ang mga rekord na matataas na presyo ng gas ay gumigipit sa mga pamilya ng California at sinasaktan ang ating ekonomiya. Ang Proposisyon 10 ay namumuhunan sa pananaliksik at pagpapaunlad ng mas mura at mas malinis na mga alternatibong gatong at nagkakaloob ng mga rebate upang bigyan ang mga mamimili ng mapipili na pagbili ng mga sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong.

ANG PROPOSISYON 10 AY MAGPAPALAKAS SA EKONOMIYA NG CALIFORNIA

Sa paggawa ng malaking pamumuhunan sa mga teknolohiya ng malinis at nababagong enerhiya, ang Proposisyon 10 ay magbabawas sa ating pagdepende sa langis ng ibang bansa, bubuo ng mga bagong industriya ng malinis na enerhiya sa California, at lilikha ng libu-libong trabaho na maganda ang suweldo.

ANG OO SA 10 AY MAY MAHIGPIT NA PAMANTAYAN SA PANANAGUTAN AT SA PAGIGING EPISYENTE

Ang Proposisyon 10 ay may mahihigpit na pamantayan sa pananagutan upang igarantiya na ang mga pondo ay wastong ginagamit. Ang mga independiyenteng pag-analisa ng pananalapi at pagsusuri ay kinakailangan. Ang mga rebate para sa pagbili ng mga sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong o mataas ang milyahe ay tuwirang ibibigay sa mga mamimili. Walang mga bagong burukrasya na lilikhain ang Proposisyon 10.

ANG PROPOSISYON 10 AY HINDI MAGTATAAS NG MGA BUWIS, FEE, O MGA PRESYO NG UTILIDAD

Ang Proposisyon 10 ay hindi magtataas ng mga antas ng buwis sa pagbebenta, mga fee sa lisensiya sa sasakyan, o mga presyo ng utilidad. Ito ay lilikha ng milyun-milyong dolyar para sa mga komunidad ng California mula sa pagbebenta ng mga bagong sasakyan na gumagamit ng alternatibong gatong.

PARA SA KALAYAAN SA ENERHIYA, MAS MALINIS NA HANGIN, MAS MALUSOG NA HINAHARAP PARA SA ATING MGA ANAK, AT MAS MALAKAS NA EKONOMIYA, MANGYARING BUMOTO NG *OO* SA *PROPOSISYON 10.*

**DR. ALAN HENDERSON,** Nakaraang Presidente
American Cancer Society, California Division
**MIGUEL PULIDO,** Miyembro ng Namamahalang Lupon
South Coast Air Quality Management District
**ALLISON HART,** Tagapagpaganap na Direktor
Clean and Renewable Energy Association

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 10 ★

Ang Prop. 10 ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng halos $10,000,000,000 sa pangmatagalang utang. Pera na hindi pupunta sa mga paaralan, daan, pangangalagang pangkalusugan, o kaligtasan ng publiko. Pera na maaaring pumunta pangunahin sa isang kompanya na pag-aari ng isponsor ng inisyatibong ito. Iyon ay hindi magandang pampublikong patakaran.

Ang pera ng Proposisyon 10 ay magbibigay ng pagtustos ng nagbabayad ng buwis na hanggang $50,000 bawat isa sa mga bumili ng trak at ibang sasakyan na tumatakbo sa gatong na galing sa labi ng hayop at halaman, natural na gas. Ito ay hindi tungkol sa "mga alternatibong gatong."

Sa kabila ng mga sinasabi ng mga tagapagtaguyod, ang Prop. 10 ay tusong isinulat para sa lahat pero hindi kasama ang mga hybrid, plug-in hybrid, elektrikong awto, at ibang malilinis na gatong.

Itong mahusay na itinagong pagkiling sa isang gatong ay pakikinabangan unang-una ng isponsor ng Proposisyon 10, ang bilyonaryo sa langis mula sa Texas na si T. Boone Pickens. Ang kanyang kompanya ay pangunahing tagatustos ng natural gas para sa mga sasakyan.

Ang mga sinasabi ng mga tagapagtaguyod na mas malinis na hangin at pananagutan ay nabigong sabihin sa inyo:

- *Ang Proposisyon 10 ay hindi nag-aatas ng anumang pagpapabuti* sa kalidad ng hangin, o anumang pagbawas sa mga nakakulong na gas.
- Ito ay hindi nag-aatas na ang mga industriya na tatanggap ng sampu-sampung milyon sa mga gawad sa "malinis na enerhiya" ay makakalikha ng malinis na enerhiya.
- At hindi malinaw kung ang mga taga-California ay makikinabang mula sa milyun-milyon na tulong at gawad na babayaran nila.

Walang mga garantiya. Wala.

Ang mga ekonomista ay magsasabi rin sa inyo na ang dumaraming pangangailangan ng natural na gas ay maaari talagang *magtaas ng mga presyo ng inyong utilidad.*

Sa panahon ng krisis sa badyet, hindi tayo dapat mag-abot ng $10 bilyon na mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa mga gimik ng espesyal na interes. Bumoto ng HINDI sa Prop. 10!

**DONNA GERBER,** Direktor ng mga Relasyon ng Pamahalaan
California Nurses Association
**RICHARD HOLOBER,** Tagapagpatupad na Direktor
Consumer Federation of California
**JUDY DUGAN,** Direktor ng Pananaliksik
Consumer Watchdog

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 10 ★

Ano ang itatawag ninyo kapag ang isang kompanya ay naglagay ng isang panukalang-batas sa balota upang ilagay ang mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa kanilang mga bulsa?

Pagbabatas ng espesyal na interes. Kawanggawa na pangkorporasyon. Pandaraya sa mga nagbabayad ng buwis.

Iyon ang katotohanan tungkol sa Proposisyon 10. Isang kompanya, pag-aari ng bilyonaryo ng Texas na negosyante ng langis na si T. Boone Pickens, binayaran ang LAHAT ng gastos para sa mga pirma na naglagay sa panukalang-batas sa balota ($3,000,000!). At—sorpresa—sila ang una sa linya na kukuha ng malaking kabahagi ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis na ilalaan nito.

Ang Proposisyon 10 ay kukuha ng halos $10 BILYON NG ATING MGA DOLYAR NA BUWIS pangunahin upang tustusan ang mga trak at malalalaking sasakyan upang ang mga ito ay makatakbo sa natural na gas na ibinebenta ng—hulaan ninyo—mga kompanya na tulad ng pag-aari ni T. Boone Pickens.

Kahit na hindi ito isang espesyal na interes na pabor na pakikipag-ayos, ang Proposisyon 10 ay wala pa ring kabuluhan. Narito ang ginagawa nito:

Sa gitna ng isang krisis sa badyet, kukunin nito ang mga dolyar mula sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, kaligtasan ng publiko, at mga unibersidad upang magkaloob sa mga tagapagpatakbo ng fleet, kabilang ang napakalaki at kumikitang korporasyon, isang tulong para sa pagbili at pag-arkila ng mga trak ng natural na gas. Iyon ay hindi katanggap-tanggap. Ito ay nagbibigay sa mga korporasyong ito ng isang *$50,000 rebate kada trak* na binili o inarkila—*kahit walang iniataas na ang kanilang tambutso ay magpapabuti ng kalidad ng hangin.*

Ang estado ay mayroon nang $200 milyon na programa sa malilinis na gatong, binabayaran ng mga fee, hindi ng pagputol ng mahahalagang serbisyo. Ang kasalukuyang programa ay nagpopondo sa *lahat* ng malinis na transportasyon, nang walang pagtatangi sa natural na gas.

Ang Prop. 10 ay nagduduplika rin ng mga programa na binabayaran na ng mga nagbabayad ng presyo. Ngayon, ang nagbabayad ng presyo ng kuryente ay nagkakaloob ng bilyun-bilyon sa alternatibong enerhiya sa pamamagitan ng mga presyong binabayaran natin, na may mahigpit na binabantayang pangangasiwa ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad. Ang Prop. 10 ay pagbabayarin tayo para sa kaparehong bagay pero mas mababa ang pagbabantay—at ang mga kompanya ay babayaran nakakalikha man sila ng enerhiya o hindi!

Ang mga mamimili ay masasaktan din. Karamihan sa ating pagpapainit ng bahay at marami sa ating mga kuryente ay nanggagaling sa natural na gas. Kaya, ano ang mangyayari kung tustusan natin ang mga sasakyang gumagamit ng natural na gas, itinataas nang malaki ang pangangailangan ng mahal na natural na gas? Ang ating mga singil sa kuryente at pagpapainit ay tataas?

Sampu-sampung milyong dolyar sa Proposisyon 10 ay nakaukol sa mga relasyon sa publiko, pag-abot, at ibang mga gimik sa pagbebenta. Ang mga bono ay dapat gamitin para sa pagbabayad ng impra-istruktura na tulad ng mga daan at paaralan sa paglipas ng panahon—hindi para sa relasyon sa publiko.

Ang Prop. 10 ay hindi kung ano ang anyo nito. Basahing mabuti ang pananalita.

Tayong lahat ay may mga seryosong inaalala tungkol sa kapaligiran at gustong umakto nang responsable. Ang pagkakaloob ng sa anyo ay mga insentibo upang umakto nang mas responsable sa pagpili natin ng mga sasakyan ay anyong mahusay.

Pero ang Prop. 10 ay hindi matapat sa hangarin nito.

Ito ay nagkakaloob ng kaunting tunay, makatwirang alternatibong enerhiya o teknolohiya. Ang Prop. 10 ay nag-aatas ng pangmatagalang paghiram para sa panandaliang mga benepisyo at maaaring lipas nang teknolohiya.

Ang Prop. 10 ay masama sa nagbabayad ng buwis, masama sa mahahalagang serbisyo ng publiko, masama sa mga mamimili, at masama sa kapaligiran. Saan ito mabuti? Ito ay maaaring magkaloob ng bilyun-bilyon sa kompanya na naglagay nito sa balota.

Bumoto ng HINDI sa 10.

**LENNY GOLDBERG,** Tagapagpaganap na Direktor
California Tax Reform Association
**MARK TONEY,** Tagapagpaganap na Direktor
The Utility Reform Network (TURN)
**MARTY HITTELMAN,** Presidente
California Federation of Teachers

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 10 ★

BASAHIN ANG OPISYAL NA ULAT NG PAMBATASANG MANUNURI O PUMUNTA SA WWW.PROP10YES.COM AT BASAHIN ANG INISYATIBO. ANG MGA TAGALOBI SA SACRAMENTO NA SALUNGAT SA PROPOSISYON 10 AY HINDI NAGSASABI NG TOTOO.

NARITO ANG MGA KATOTOHANAN:

- *Ang mga pondo ng Proposisyon 10 ay pupunta sa mga mamimili sa California—hindi sa "mga negosyante ng langis sa Texas."*

Ang Proposisyon 10 ay nagbibigay ng mga rebate nang tuwiran sa mga residente ng California para sa pagbili ng mga sasakyang gumagamit ng malinis na alternatibong sasakyan; higit sa isang bilyong dolyar para sa mga proyektong paglikha ng nababagong enerhiya ng California, kabilang ang enerhiya ng araw at hangin; at mga gawad para sa mga kolehiyo at unibersidad ng California.

- *Ang Proposisyon 10 ay maglilinis ng ating hangin.*

Ang mga pag-aaral ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin sa California ay nagpasiya na ang usok sa tambutso ng diesel ay nakakatulong sa libu-libong maagang pagkamatay mula sa kanser bawat taon at magtataas ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan na $200 bilyon bago lumampas ang taon 2020.

Ang Proposisyon 10 ay nagkakaloob ng $1 bilyon upang palitan ang mga luma, nagpaparuming diesel na trak sa ating mga daan ng malilinis na trak na tumatakbo sa kuryente, hydrogen, natural na gas, o ibang mga malinis na alternatibong gatong.

- *Ang Proposisyon 10 ay nagkakaloob ng mas maraming pera para sa edukasyon—hindi mas kaunti.*

Ang Proposisyon 10 ay nagkakaloob ng $100 milyon na mga gawad sa mga kolehiyo at unibersidad ng California upang edukahan at sanayin ang mga manggagawa para sa mga trabaho ng luntiang teknolohiya. Ang isang karagdagang $500 milyon ay ipagkakaloob para sa pananaliksik at pagbuo ng mas mura at mas malinis na mga alternatibo sa gasolina.

- *Ang Proposisyon 10 ay nagpoprotekta sa ating mga anak at sa hinaharap ng California.*

Ang Proposisyon 10 ay titiyak na ating mga anak ay makakalanghap ng mas malinis na hangin, mababawasan ang pagkadepende sa langis ng ibang bansa, ay may mga alternatibo sa mga sasakyang pinatatakbo ng gasolina, at gumagamit ng kuryente na nililikha sa California mula sa araw, hangin, at ibang malinis na nababagong tagapagdulot.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 10.

**DR. ALAN HENDERSON,** Nakaraang Presidente
American Cancer Society, California Division
**JIM CONRAN,** Presidente
Consumers First, Inc.
**JOHN D. DUNLAP III,** Dating Tagapangulo
California Air Resources Board

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

**PROPOSISYON**
# 11 PAGBABAGO NG DISTRITO. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## PAGBABAGO NG DISTRITO. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

- Nagbabago sa awtoridad para sa pagtatag ng mga hanggahan ng distrito ng Asembleya, Senado, at Lupon ng Pagpapantay mula sa mga inihahalal na kinatawan patungo sa komisyon na may 14 na miyembro.
- Nag-aatas sa mga tagasuri ng pamahalaan na pumili ng 60 nakarehistrong botante mula sa listahan ng mga aplikante. Nagpapahintulot sa mga lider ng pambatasan na bawasan ang listahan, at saka ang mga tagasuri ay pipili ng walong miyembro ng komisyon sa pamamagitan ng loterya, at ang mga komisyoner ay pipili ng anim na karagdagang miyembro para sa kabuuang 14.
- Nag-aatas ng komisyon ng limang Demokratiko, limang Republikano at apat na hindi mula sa mga partidong ito. Ang Komisyon ay dapat kumuha ng mga abugado at tagapayo gaya ng kailangan.
- Para sa pag-aproba, ang mga hanggahan ng distrito ay nangangailangan ng mga boto mula sa tatlong Demokratikong komisyoner, tatlong Republikanong komisyoner o tatlong komisyoner na hindi mula sa mga partidong ito.

### Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Maaaring pagtaas sa mga gastos sa pagbabago ng distrito ng estado minsan sa sampung taon dahil sa dalawang entidad na gumagawa ng pagbabago ng distrito. Ang anumang pagtaas sa mga gastos ay malamang na hindi malaki.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

Tuwing sampung taon, ang pederal na sensus ay nagbibilang ng mga taong naninirahan sa California. Ang Saligang-batas ng California ay nag-aatas sa Lehislatura pagkaraan ng bawat sensus na iakma ang mga hanggahan ng mga distrito na ginagamit upang ihalal ang mga pampublikong opisyal. Ang prosesong ito ay tinatawag na "pagbabago ng distrito." Ang pagbabago ng distrito ay nakakaapekto sa mga distrito para sa Lehislatura ng estado (Asembleya at Senado), Lupon ng Pagpapantay ng Estado (BOE), at ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos. Ang pangunahing layunin ng pagbabago ng distrito ay itatag ang mga distrito na "makatwiring magkakapantay" sa populasyon. Pangkaraniwan, ang mga planong pagbabago ng distrito ay kasama sa pagbabatas at magiging batas pagkaraan ng pagpasa ng panukalang-batas ng Lehislatura at pirma ng Gobernador.

### MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay nagsususog sa Saligang-batas ng California upang palitan ang proseso ng pagbabago ng distrito para sa Lehislatura ng estado, BOE, at mga miyembro sa California ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos, simula sa mga sensus ng 2010.

### Mga Distrito ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos

Ang panukalang-batas ay nagpapanatili ng papel ng Lehislatura sa pagguhit ng mga distrito para sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos. Ang panukalang-batas ay nagpapataw ng mga karagdagang iniaatas na dapat isaalang-alang ng Lehislatura kapag iginuguhit ang mga distritong ito. Sa mga bagong iniaatas ay kabilang ang dapat panatilihin ng Lehislatura ang mga kapitbahayan at "mga komunidad ng interes" sa loob ng isang distrito kung ito ay posible. (Ang katawagang mga komunidad ng interes ay hindi nilinaw ng panukalang-batas.) Ang Pigura 1 ay nagkukumpara sa mga iniaatas sa ilalim ng panukalang-batas at kasalukuyang batas.

### Mga Distritong Pambatasan at BOE

Ang panukalang-batas ay naglilipat ng responsibilidad para sa pagbuo ng mga plano sa pagbabago ng distrito para sa mga distritong pambatasan at BOE mula sa Lehislatura patungo sa isang bagong Komisyon sa Pagbabago ng Distrito ng mga Mamamayan. Ang panukalang-batas ay nagpapataw ng mga iniaatas para sa pagpili ng mga komisyoner at ang kanilang pagguhit ng mga hangganan ng distrito, gaya ng inilarawan sa ibaba.

**Pigura 1**
**Mga Pangunahing Iniaatas Para sa Pagguhit ng mga Distritong Pampulitika**

| | | Proposisyon 11 | |
|---|---|---|---|
| | Kasalukuyang Batas Para sa Lahat ng Distrito | Mga Distrito ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos | Mga Distritong Pambatasan at Lupon ng Pagpapantay |
| Bumuo ng makatwiring magkakapantay na mga populasyon ng mga distrito | X | X | X |
| Sumunod sa pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto | X | X | X |
| Bawasan ang paghahati ng mga county at lungsod sa maraming distrito [a] | X | X | X |
| Panatilihin ang "mga komunidad ng interes" at mga kapitbahayan [a] | — | X | X |
| Bumuo ng mga distritong heograpikong masinsin [a] | — | X | X |
| Buuin ang mga distrito ng Senado ng dalawang magkakatabing distrito ng Asembleya at mga distrito ng BOE ng sampung magkakatabing distrito ng Senado [a] | — | — | X |
| Huwag paboran o diskriminahan ang mga nanunungkulan, kandidato, o mga partidong pampulitika | — | — | X |

[a] Kung posible nang hindi sumasalungat sa ibang mga pamantayan.

***Pagpili ng mga Komisyoner.*** Ang panukalang-batas ay nagtatatag ng isang proseso upang piliin ang 14 miyembro upang maglingkod sa

komisyon. Ang Pigura 2 ay nagsasabuod ng prosesong ito. Ang isang nakarehistrong botante sa estado ay maaaring mag-aplay upang maging komisyoner. Ang Tagasuri ng Estado, gayunman, ay magtatanggal sa mga aplikante mula sa listahan na batay sa iba't ibang salungatan ng interes. Halimbawa, ang mga aplikante—o isang malapit na kamag-anak—sa nakalipas na sampung taon ay hindi maaaring:

- Isang kandidatong pampulitika para sa pang-estado o pederal na katungkulan.
- Isang tagalobi.
- Nag-ambag ng $2,000 o higit sa anumang taon sa isang kandidatong pampulitika.

Bilang karagdagan, ang mga aplikante ay hindi maaaring nagpalit ng kanilang kinasasapiang partidong pampulitika sa nakalipas na limang taon. Ang mga aplikante ay dapat bumoto sa hindi kukulangin sa dalawa ng huling tatlong pangkalahatang eleksiyon.


Ang isang Lupon ng Pagrepaso ng Aplikante, binubuo ng tatlong tagasuri na nagtatrabaho sa estado, ay magbabawas ng mga aplikante sa 60. Ang lupon ay pipili ng mga pinakakuwalipikadong aplikante batay sa kasanayan sa pagsusuri, pagiging walang pinapanigan, at pag-unawa sa pagkakaiba-iba sa California. Ang mga lider ng Lehislatura ay maaaring magtanggal ng hanggang 24 ng mga pangalang ito. Mula sa mga natitirang pangalan, ang Tagasuri ng Estado ay sapalarang bubunot ng unang walong komisyoner. Ang walong komisyoner na ito ay pipili ng pangwakas na anim na komisyoner. Ang komisyon ay magkakaroon ng limang miyembro na nakarehistro sa bawat isa ng dalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa estado (Demokratiko at Republikano) at apat na miyembro na nakarehistro sa ibang mga partido o bilang mga independiyenteng botante.

***Mga Iniatas ng mga Hanggahan ng Distrito.*** Ang panukalang-batas ay nagdaragdag sa mga bagong iniaatas tungkol sa pagguhit ng mga hanggahan ng distrito ng komisyon para sa mga distritong pambatasan at BOE. Ang mga iniaatas na ito ay katulad ng mga bagong iniatas ng panukalang-batas para sa mga distrito ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos, gaya ng ipinapakita sa Pigura 1. Para sa mga distritong pambatasan at BOE, ang panukalang-batas ay nagbabawal din sa komisyon na iguhit ang mga distrito para sa layunin na paboran o diskriminahan ang mga nanunungkulan, kandidato, o partidong pampulitika.

***Proseso ng Pag-aproba.*** Sa pagbuo ng isang plano, ang komisyon ay kailangang magsagawa ng mga pampublikong pagdinig at tumanggap ng komento ng publiko. Upang aprobahan ang isang plano sa pagbabago ng distrito, ang komisyon ay mangangailangan ng hindi kukulangin sa siyam na botong oo, kabilang ang hindi kukulangin sa tatlong botong oo bawat isa mula sa mga miyembrong nakarehistro sa dalawang pinakamalaking partidong pampulitika at tatlong botong oo mula sa ibang mga miyembro. Sa sandaling aprobahan ng komisyon ang isang plano sa pagbabago ng distrito, ito ay gagamitin para sa susunod na dekada. Ang proseso ay uulitin tuwing sampung taon, na may bagong 14-miyembrong komisyon para sa bawat pagbabago ng distrito sa hinaharap.

***Pagpopondo.*** Ang mga miyembro ng komisyon ay tatanggap ng $300 kada araw, at mga ibinalik na gugulin, dahil sa kanilang gawain sa komisyon. Tinutukoy ng panukalang-batas na dapat ihanda ng Gobernador at Lehislatura ang pagpopondo sa badyet ng estado upang suportahan ang pagpili ng komisyon, ang gawain nito, at mga kaugnay na gastos. Ang pagpopondo ay itatatag sa mas malaki sa $3 milyon o sa halagang ginasta sa mga naunang inog ng pagbabago ng distrito, iniakma para sa implasyon. (Ang Lehislatura ay gumasta ng humigit-kumulang na $3 milyon noong 2001 mula sa sariling badyet nito, na limitado sa ilalim ng Saligang-batas ng California, upang iakma ang mga hanggahan para sa lahat ng distrito.) Ang mga pondong ito ay maaaring gamitin upang itatag ang proseso ng pagrepaso ng aplikasyon, makipagtalastasan sa publiko, bayaran ang mga komisyoner, at gumamit ng mga pambatas at ibang mga eksperto sa larangan ng pagbabago ng distrito.

**Figura 2**
**Pagpili ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito**




## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, ang Lehislatura ay patuloy na magkakaroon ng gugulin upang gawin ang pagbabago ng distrito para sa mga distrito ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos. Bilang karagdagan, ang panukalang-batas na ito ay nag-aawtorisa sa pagpopondo (sa labas ng badyet ng Lehislatura) para sa pagsisikap na pagbabago ng distrito na may kinalaman sa mga distritong pambatasan a BOE na gagawin ng komisyon ng mga mamamayan. Tinatantiya namin na ang pinakamababang halagang iniaatas para sa 2010 ay magiging humigit-kumulang na $4 milyon (ang halaga noong 2001 na ginasta sa pagbabago ng distrito na iniakma sa tinantiyang implasyon hanggang 2010). Ang pagpapagawa sa dalawang entidad—ang Lehislatura at ang komisyon—ng pagbabago ng distrito ay maaaring magtaas ng kabuuang mga paggasta sa pagbabago ng distrito. Anumang pagtaas sa mga naturang gastos sa pagbabago ng distrito, gayunman, ay malamang na hindi malaki.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 11, tingnan ang pahina 137.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 11 ★

*GUSTO NG MGA PULITIKO NA LITUHIN ANG MGA BOTANTE, PERO KAYO ANG PIPILI: Ang mga Grupo ng Dalawang Partido ay Humihimok sa Inyo na Bumoto ng OO sa Prop. 11, PARA SA PAGBABAGO sa Sacramento.*

Ang mabubuting organisasyon ng pamahalaan, nakatatanda, mamimili, negosyo, at nagbabayad ng buwis ay humihiling sa inyo na bumoto ng OO sa Prop. 11 (pansinin ang ilan sa mga pumirma sa pangangatwirang ito sa balota).

*Ang mga Pulitiko ay Salungat sa Pagbabago at Gustong Bumoto Kayo ng HINDI.*

Sa panig na HINDI ng panukalang-batas na ito ay mga pulitiko, mga tagaloob na pampulitika, at mga piling kasapi ng partidong pampulitika na gagawin o sasabihin ang kahit ano upang pigilan ang pagbabago at protektahan ang kasalukuyang kalagayan.

*OO SA PROP. 11: PAGBABAGO SA SACRAMENTO*

May isang seryosong kasalungat na interes kapag ang mga mambabatas ay pinahihintulutan na gumuhit ng kanilang mga sariling hangganan ng distrito. Pinaghahati-hati nila ang mga kapitbahayan at komunidad upang lumikha ng mga distrito kung saan sila ay nakakasiguro na muling mahahalal.

Sa sandaling mahalal, ang mga pulitikong ito ay hindi nananagot sa mga botante dahil hindi nila kailangang anihin ang ating mga boto. Sa halip, nag-uukol sila ng mas maraming atensiyon sa mga espesyal na interes.

*"Ang kasalukuyang sistema kung saan ang mga pulitiko ay gumuguhit ng kanilang mga distrito ay inayos upang matiyak na sila ay muling mahahalal. Ang Prop. 11 ay magbabalik sa pamamahala ng mga botante at gagawing mas madali na tanggalin sila sa katungkulan kung hindi nila ginagawa ang kanilang trabaho." — Pete Constant, Retiradong Opisyal ng Pulisya ng San Jose*

*OO SA PROP. 11: INILALAGAY ANG MGA BOTANTE SA PAMAMAHALA*

Ang Prop. 11 ay tatapos sa kasalungat na interes na ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang independiyenteng komisyon ng mga mamamayan upang gumuhit ng distrito kaya sila ay walang-kinikilingan. Ang mga pamantayang iniaatas ng panukalang-batas na ito ay titiyak na ang mga distrito ay iguguhit upang hindi nila hatiin ang mga kapitbahayan at komunidad.

Ang komisyon ay bubuuin ng mga Demokratiko, Republikano, at independiyente, at ang proseso ay magiging bukas sa publiko. Ito ay titiyak ng isang balanse, nagsasamang proseso na lumilikha ng mga patas na distrito.

*"Kung ang mga mambabatas ay hindi kailangang makipagtagisan upang mahalal, wala silang pananagutan sa mga botante. Iyon ay nangangahulugan na hindi nila kailangang magtrabahong magkakasama upang lutasin ang mga problemang tulad ng edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, mga daan, krimen, at ang badyet ng estado. Ang Prop. 11 ay pananatilihin ang mga pulitiko na nararamdaman ang mga pangangailangan ng mga botante." — Jodi Serrano, Guro ng Pampublikong Paaralan, Sacramento*

*OO SA PROP. 11: HAYAANG MANAGOT ANG MGA PULITIKO*

Marami sa mga problemang kinakaharap sa California ay tuwirang resulta ng mga pulitiko na hindi nananagot sa mga botante. Kapag iginuguhit nila ang kanilang mga sariling distrito, humahantong tayo sa pagbabara at walang nagagawa.

*"Panahon na upang ipadala sa mga pulitiko ang isang mensahe at baguhin ang Sacramento. Iyon ang dahilan kung bakit boboto ako ng OO sa Prop. 11." — Mike Holley, May-ari, Apogee Publications, Whittier*

Ang Proposisyon 11 ay tutulong na tapusin ang pagbabara at pipilit sa mga pulitiko na simulan ang paglutas sa mga problema. Kung hindi, makakaboto tayo upang tanggalin sila sa katungkulan dahil kailangan nilang tumakbo sa mga patas na distrito.

*"Ang mga Demokratiko, Republikano, independiyente, at mga tao mula sa lahat ng uri ng buhay at bawat sulok ng estado ay sumusuporta sa Prop. 11 upang magpadala ng malakas na mensahe sa mga pulitiko na panahon na upang tumigil sa paglalaro at matrabahong magkakasama upang ibalik sa tamang direksiyon ang California." — Eligio Nava, Presidente, Central California Hispanic Chamber of Commerce*

*MANGYARING SAMAHAN KAMI SA PAGBOTO NG OO SA PROP. 11.*
*Kayo mismo ang bumasa nito. YesonProp11.org*

**JANIS R. HIROHAMA,** Presidente
League of Women Voters of California
**TERESA CASAZZA,** Presidente
California Taxpayers' Association
**JEANNINE ENGLISH,** Presidente
AARP California

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 11 ★

ANG HINDI SASABIHIN SA INYO NG MGA PULITIKO TUNGKOL SA PROP. 11

Ibinebenta nila ang Prop. 11 bilang gamot sa lahat—at umaasa na hindi ninyo titingnan ang tatak.

HINDI NILA SASABIHIN SA INYO KUNG ANO TALAGA ANG PROP. 11.

Ang kanilang mga mamahaling tagapayo ay umaasa na hindi ninyo babasahin ang kanilang 4,500-salita na inisyatibo. Kung babasahin ito, makikita ninyo na ang Prop. 11 sa tunay na katangian nito: Isang pakana upang baguhin ang Saligang-batas at ibigay ang kapangyarihan ng pagguhit ng mga distrito sa mga tao na HINDI INIHALAL at HINDI MANANAGOT.

HINDI NILA SASABIHIN SA INYO KUNG PAANO GUMAGANA ANG PROP. 11.

Hindi nila ipinaliliwanag kung bakit ang Prop. 11 ay gumagarantiya sa mga miyembro ng dalawang partidong pampulitika ng higit na desisyon kaysa atin. Hindi nila ipapaliwanag kung paano ang mga burkurata at pulitiko ay nagpasiya kung sino dapat mamahala.

HINDI NILA SASABIHIN SA INYO KUNG ANO MAGIGING GASTOS SA PROP. 11.

Ang Prop. 11 ay lilikha ng isang bagong burukrasya na guguhit ng mga distrito—bukod sa mga tao na binabayaran na natin para sa trabaho. Gagasta sila ng milyun-milyong dolyar—at walang mga pagsusuri upang malaman kung paano nila ginasta ang kanilang mga pera.

HINDI NILA SASABIHIN SA INYO KUNG ANO ANG TUNAY NA GUSTO NILA.

Ang mga pulitikong sumusuporta sa Prop. 11 ay nakakuha ng mas maraming kontribusyon mula sa mga espesyal na interes kaysa sinumang pulitiko sa kasaysayan ng California. Pero hindi nila pinagkakatiwalaan ang mga botante na ihahalal ang mga tamang tao—kaya nagtatangka silang baguhin ang mga tuntunin upang tulungan ang mga sarili.

BAGO KAYO BUMOTO

Itanong ninyo sa sarili: Tungkol saan ito? Paano ito tunay na gagana? Magkano ang gagastusin dito? *At pinakamahalaga sa lahat—sino ang tunay na nasa likod nito, at ano ang tunay na gusto nila?*

Kayo mismo ang bumasa ng Prop. 11. At bumoto ng HINDI.
*www.NoOnProp11.org*

**HENRY L."HANK" LACAYO,** Presidente sa Estado
Congress of California Seniors
**MIKE JIMENEZ,** Presidente sa Estado
California Correctional Peace Officers Association
**MARTIN HITTELMAN,** Presidente
California Federation of Teachers



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

# PAGBABAGO NG DISTRITO. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 11 ★

Humaharap sa *mga tunay na problema*—kakulangan sa badyet, tumataas na presyo ng gas, at mahinang ekonomiya—ano ang dinadala sa atin ng mga pulitiko? Prop. 11—isa pang walang-kabuluhang pakana upang palitan ang paraan na iginuguhit natin ang mga linya sa pagitan ng isang distrito at iba. *Ano ang iniisip nila?*

Ang pagbabago ng distrito ay maaaring hindi gaanong mahalaga sa inyo, pero sa ilang pulitiko, ito lamang ang mahalaga sa kanila. Limang beses, gumasta sila ng milyun-milyon sa mga abugado, tagapayo, at nagbayad ng mga tagalikom ng pirma upang ilagay ang isang bagong pakana sa balota. *Sa bawat pagkakataon, ang mga botante ay nagsabi ng "HINDI."*

Ang mga puwersang nasa likod ng Prop. 11 ay hindi gumagalang sa mga botante ng California, kaya narito na naman sila.

Ano ba ang TUNAY na gusto nila? *Kapangyarihan para sa kanilang mga sarili, sa kapinsalaan ninyo.* Alam nila na ang pagbabago ng distrito ay tungkol sa kapangyarihan. Gusto nilang palitan ang ating Saligang-batas upang iangkop sa kanilang mga sarili.

ANG PROP. 11 AY SUMISIRA SA DEMOKRASYA

Ang Prop. 11 ay nagbibigay ng pangwakas na desisyon para sa buong estado sa isang 14-miyembro na "komisyon sa pagbabago ng distrito" na hindi inihalal ng mga tao. *Hindi kayo makakapili.* Walang garantiya na kakatawanin nila kayo o ang inyong mga kapitbahay. Iyon ang dahilan kung bakit ang mga organisasyong pangkomunidad ay salungat sa Prop. 11.

Ang Prop. 11 ay naglalaan ng 10 ng 14 puwesto sa komisyon para sa *mga partidistang miyembro* ng dalawang pinakamalaking partidong pampulitika—at nagbibigay sa kanila ng *kapangyarihan ng beto sa halos lahat ng desisyon.* Kung ang mga kinatawan ng malaking partido ay hindi pumayag—*walang magagawa.*

Ano ang ibig sabihin nito? Patuloy na hahati-hatiin ng mga tagaloob na pampulitika ang estado upang paglingkuran ang kanilang mga sariling interes.

ANG PROP. 11 AY NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA MGA BURUKRATA

Ang Prop. 11 ay hindi inilalayo ang mga pulitiko sa pagbabago ng distrito—hinahayaan lamang nito na magtago sila sa likod ng sali-salimuot na habi ng mga burukrata na pinili ng kanilang mga kaugnayang pampulitika. Ito ay aktuwal na *kukuha ng mga tagasuri mula sa trabahong pag-aalis ng pag-aaksaya sa pamahalaan* upang gumugol ng oras sa pagsala ng mga aplikasyon sa komisyon.

Sino ang pipili ng komisyon? Mga burukrata. Sila ang nagpapasiya kung sino ang kuwalipikado. At saka ang apat na pinakamakapangyarihang mambabatas ay maaaring tanggihan ang sinumang gusto nila. *Iyon ay reporma?*

ANG PROP. 11 AY NANGANGAHULUGANG DALAWANG BURUKRASYA SA HALIP NG ISA

Ang Prop. 11 ay nagibigay sa bagong komisyon ng *kalahati lamang ng trabaho.* Iniiwan nito ang kalahati—pagguhit ng mga distrito ng Kongreso—sa Lehislatura ng estado.

Kaya ang Prop. 11 ay nangangahulugang *pagbabayad sa dalawa ng para sa bawat bagay:* dalawang grupo ng mga abugado, dalawang pangkat ng mga tagapayo, nagtatrabaho sa dalawang magkaibang opisina—alinman sa dalawa ay hindi nagtatrabahong kasama ng iba at nagbabahagi ng mga kakayahan.

ANG PROP. 11 AY HINDI NAGKAKALOOB NG PANANAGUTAN SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang Prop. 11 ay gumagarantiya sa bawat miyembro ng komisyon ng $300 sa isang araw, at mga gastos, nang *walang limitasyon. Walang limitasyon* din sa kung paano ang mga abugado, tagapayo, at tauhan ng komisyon ay kukuha, o magkano ang gagastahin nito para sa mga opisina, pagdinig, at pag-abot. *At walang nag-aatas sa mga tagasuri na suriin ang paggasta ng komisyon para sa pag-aaksaya at abuso.*

ANG PROP. 11 AY ISANG HUNGKAG NA PANGAKO

Kayo mismo ang bumasa nito. Ito ay gumagawa ng malalaking pangako, pero *hindi makakatupad.* Ang tinig ng mga botante ay hindi pakikinggan tungkol sa kung sino ang guguhit ng mga distrito. Sa halip, magkakaroon tayo ng *isang bagong burukrasya na walang pananagutan at walang limitasyon ang paggasta.*

Ang Prop. 11 ay tunay na nangangahulugan ng maraming tagaloob na pampulitika na *nananatili* sa kanilang kapangyarihan—ang ilan *ay nakakuha ng mas marami*—at *tayo ay nakakakuha ng mas kaunti.*

Iyon ay hindi reporma—iyon ay isang nakatagong adyenda na walang ginagawa upang tugunan ang mga tunay na problema na kinakaharap ng ating estado. Bisitahin ang *www.noonprop11.org*—at bumoto ng HINDI!

**DANIEL H. LOWENSTEIN,** Dating Tagapangulo
Fair Political Practices Commission
**ROBERT BALGENORTH,** Presidente
State Building & Construction Trades Council of California
**MARTIN HITTELMAN,** Presidente
California Federation of Teachers

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 11 ★

OO sa 11—PIGILAN ANG KASALUNGAT NA INTERES NG MGA PULITIKO.

OO sa 11 ay nagtatapos sa kasalungat na interes ng mga pulitiko na gumuguhit ng kanilang mga sariling distritong pang-eleksiyon.

Ito ay nangangahulugan ng mga patas na distrito ng eleksiyon na iginuguhit ng mga mamamayan, hindi mga pulitiko, upang *mapanagot natin sila at ihagis sila palabas ng katungkulan kung hindi nila ginagawa ang kanilang mga trabaho.*

Ang botong "hindi" ay nangangahulugang ang mga pulitiko ay patuloy na guguhit ng kanilang mga distrito at karagdagang pagbabara sa Sacramento.

ANG MGA PULITIKO ANG NASA LIKOD NG NAKAPAGLILIGAW NA KAMPANYANG "HINDI."

Narito ang sinasabi ng mga pahayagan:

" . . . Si Pansamantalang Presidente ng Senado Don Perata, D-Oakland, ay namumuno sa isang kampanya ng panlilinlang laban dito. Ang kanyang komite ay tinatawag na "Mga Mamamayan para sa Pananagutan—Hindi sa Pag-agaw ng Kapangyarihan," na isang kabalintunaan dahil ang malinaw na layunin nito ay panatilihin sa kapangyarihan ang mga nanunungkulan."

*San Jose Mercury News*, 7-7-08

" . . . siya'y [Perata] kumikilos upang patayin ang reporma—tulad ng ginagawa niya, sa isyu pagkatapos ng isang isyu, taun-taon."

*San Diego Union Tribune*, 7-7-08

OO sa 11—INUUNA ANG MGA BOTANTE.

OO sa 11 ay lumilikha ng magkakaiba, kuwalipikado, independiyenteng komisyon na guguhit ng mga patas na distrito na tunay na gumagalang sa mga komunidad at kapitbahayan ng California *sa kauna-unahang pagkakataon.*

OO sa 11—PANAHON NA PARA SA PAGBABAGO.

OO sa 11 *ay nagpapadala ng mensahe sa mga pulitiko na ang mga botante ay sawa na, at panahon na para sa pagbabago.* Ang Proposisyon 11 ay magbabalik sa mga botante sa pamamahala at pipilit sa mga pulitiko na magtrabahong magkakasama upang *lutasin ang mga tunay na problema tulad ng pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, tubig, badyet, at ang mataas na halaga ng pagkain at gas.*

Ang mga Demokratiko, Republikano, independiyente, at mga grupong pangkomunidad ay sumusuporta sa Proposisyon 11. OO sa 11.

**KATHAY FENG,** Tagapagpaganap na Direktor
California Common Cause
**JOSEPH V. KERR,** Presidente
Orange County Professional Firefighters Association
**GARY TOEBBEN,** Presidente
Los Angeles Area Chamber of Commerce

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON
# 12 BATAS SA BONO NG 2008 PARA SA MGA BETERANO.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** — **NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## BATAS SA BONO NG 2008 PARA SA MGA BETERANO.

- Ang batas na ito ay nagtatadhana ng pagpapalabas ng bono na siyam na raang milyong dolyar ($900,000,000) upang magkaloob ng mga pautang sa mga beterano sa California upang bumili ng bukid at bahay.
- Naglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado upang mabayaran ang mga bono, kung ang mga pagbabayad sa utang mula sa mga kalahok na beterano ay hindi sapat para sa layuning iyon.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Gastos na humigit-kumulang na $1.8 bilyon upang mabayaran ang pareho ng prinsipal ($900 milyon) at interes ($856 milyon) sa mga bono; gastos na babayaran ng mga kalahok na beterano.
- Pangkaraniwang pagbabayad para sa prinsipal at interes na humigit-kumulang na $59 milyon kada taon para sa 30 taon.

### MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LAHISLATURA SA SB 1572 (PROPOSISYON 12)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Oo 39 | Hindi 0 |
| Asembleya: | Oo 75 | Hindi 0 |

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## KASAYSAYAN

Mula noong 1921, ang mga botante ay nag-aproba ng pagbebenta ng kabuuang mga $8.4 bilyon ng pangkalahatang obligasyong bono upang tustusan ang programang pagbili ng mga bukid at bahay para sa mga beterano (Cal-Vet). Pagdating ng Hulyo 2008, may mga $102 milyon na natitira sa mga pondong ito na gagamitin upang suportahan ang mga bagong pautang.

Ang salapi mula sa pagbebenta ng mga bonong ito ay ginagamit ng Kagawaran ng mga Gawain ng Beterano ng Estado upang bumili ng mga bukid, bahay, at naililipat na bahay na muling ibinebenta sa mga beterano ng California. Ang bawa't kalahok na beterano ay nagbabayad buwan-buwan sa kagawaran. Ang mga pagbabayad ay para sa halagang sapat upang (1) bayaran ang kagawaran para sa mga gastos sa pagbili ng bukid, bahay, o naililipat na bahay; (2) masakop ang lahat ng gastos mula sa pagbebenta ng mga bono, kabilang ang interes; at (3) masakop ang mga gatos sa pagpapatakbo ng programa.

## MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay nag-aawtorisa sa estado na magbenta ng $900 milyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa programang Cal-Vet. Ang mga bonong ito ay magkakaloob ng sapat na pondo para sa hindi kukulangin sa 3,600 karagdagang beterano upang tumanggap ng mga pautang. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pangkalahatang obligasyong bono, mangyaring sumangguni sa seksiyon nitong pamplet ng balota na may titulong "Isang Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado."

## EPEKTO SA PANANALAPI

Ang mga bonong inawtorisa ng panukalang-batas na ito ay babayaran sa mga 30 taon. Kung ang $900 milyong bono ay naibenta sa interes na 5 porsiyento, ang halaga ay mga $1.8 bilyon upang bayaran pareho ang prinsipal ($900 milyon) at ang interes ($856 milyon). Ang pangkaraniwang pagbabayad para sa prinsipal at interes ay mga $59 milyon kada taon.

Sa kasaysayan nito, ang programang Cal-Vet ay ganap na sinusuportahan ng mga kalahok na beterano, at walang tuwirang gastos sa mambubuwis. Gayunman, dahil ang mga pangkalahatang obligasyong bono ay suportado ng estado, kung ang mga pagbabayad ng mga beteranong kalahok sa programa ay hindi lubos na masakop ang halagang inutang sa mga bono, ang mga mambubuwis ng estado ang magbabayad ng diperensiya.

*Para sa nilalaman ng Proposisyon 12, tingnan ang pahina 140.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 12 ★

Noong Nobyembre 7, 1922, ang mga tao ng California ay nag-awtorisa ng kauna-unahang Batas sa Bono ng mga Beterano para sa Programang Pautang sa Bahay ng Cal-Vet. Sa nakalipas na 85 taon may 26 na Batas sa Bono Para sa mga Beterano at ang mga taga-California ay patuloy na kumikilala sa espesyal na utang natin sa mga naglingkod sa ating bansa sa sandatahang lakas sa pamamagitan ng pag-aproba sa lahat ng mga bonong ito.

Ang Programang Pautang sa Bahay ng Cal-Vet ay nagbibigay ng kakayahan sa mga beterano na makakuha ng mababang interes na utang para bumili ng mga kombensiyonal na bahay, manupakturang bahay, at naililipat na bahay nang hindi gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng kahit isang sentimos. Higit sa 420,000 beterano ng California, kabilang ang mga naglingkod sa panahon ng Ika-I Digmaang Pandaigdig, Ika-II Digmaang Pandaigdig, Korea, Vietnam, at kamakailan, sa Iraq at Afghanistan, ay naging mga may-ari ng bahay sa ilalim ng Programang Pautang sa Bahay ng Cal-Vet.

Lahat ng gastos sa programa, kabilang ang lahat ng mga gastos sa pangangasiwa, ay binabayaran ng mga beteranong humahawak ng mga utang. Walang mga gastos sa mga nagbabayad ng buwis ng California, kaya ito ay isang mabuti sa pananalapi na paraan upang matulungan ang mga beteranong lalaki at babae sa pagbabalik nila sa buhay na sibilyan.

Ang programa ay mabuti rin para sa ekonomiya ng California dahil, bilang karagdagan sa pagtulong sa mga beterano, ang pautang sa bahay ng Cal-Vet ay lumilikha ng libu-libong trabaho na may kaugnayan sa industriya ng pabahay na may milyun-milyong dolyar na taunang pasahod.

Habang ang mga bonong ito ay binabayaran ng mga beterano, ang mga bagong bono ay dapat iawtorisa upang ipagpatuloy itong sumusuporta sa sarili na programang naglilingkod sa ating mga beterano. Iyon ang layunin ng Proposisyon 12.

Ang panukalang-batas na ito ay inilagay sa balota ng lubos na nagkakaisang boto na 75–0 sa Asembleya ng Estado at 39–0 sa Senado ng Estado.

Ang pag-aproba ng Proposisyon 12 ay magpapatunay muli na ang mga taga-California ay tinutupad ang kanilang mga pangako sa mga lalaki at babae na gumanap ng tungkulin ng pagtatanggol sa ating estado at bansa. Ito ay isang angkop na pahayag ng pasasalamat para sa kanilang serbisyo at sakripisyo.

Ang inyong Botong "Oo" sa Proposisyon 12 ay magbibigay ng kakayahan sa mga beterano na bumili ng mga bahay sa California at kasabay nito ay makakatulong sa ekonomiya, ang lahat ay walang tuwirang gastos sa mga nagbabayad ng buwis sa estado.

**SENADOR MARK WYLAND,** Tagapangulo
Senate Committee on Veterans Affairs
**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA GREG AGHAZARIAN**
**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA TONY STRICKLAND**

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 12 ★

Kung totoo, gaya ng sinasabi ng mga tagapagtaguyod, na ang pamahalaan ng estado ay makakahiram ng pera sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono at saka gagawa ng *"mga pautang na mababa ang antas ng interes . . . nang hindi gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng kahit isang sentimos"* ang pamahalaan ay makakahiram nang mura at makakapagpautang ng pera sa lahat—hindi lamang sa ilang beterano.

Ang totoo, bagaman, ay malilikom ang pera sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono ng pamahalaan na nagbabayad ng mababa sa pamilihan na interes dahil lamang sa ang interes na ibinabayad sa mga humahawak ng bono ay libre sa buwis sa ilalim ng pederal at pang-estadong batas. Sa ganyang maligoy na paraan, lahat ng pederal at pang-estadong nagbabayad ng buwis ay nakakatulong ng malaki sa pagsagot sa singil para sa lahat ng bonong ibinenta (at para sa lahat ng proyekto o programang pinopondohan).

Bilang karagdagan, kung ang tumanggap ng pautang sa Cal-Vet ay hindi makabayad at hindi maibenta ang ari-arian *sa panahon ng mga bumababang presyo ng bahay,* ang mga nagbabayad ng buwis sa estado ay mananagot sa kakulangan.

Gayon man, ang pagkakaloob ng mga pautang sa bahay na mababa ang interes sa pangunahing nangangailangan at nararapat na beterano ay maaaring makatwiran *KUNG* limitado sa pangunahing nangangailangan at nararapat na beterano—tulad ng mga beterano na napinsala sa labanan o naglingkod man lamang sa labanan o sa sona ng labanan. Sa kasalukuyan, ang Programang Pautang sa Cal-Vet ay *HINDI* ganyan kalimitado.

Bilang isang planeta at bilang isang bansa at isang estado, humaharap tayo sa maraming hamon. Kailangan natin ang mga bagong lider at mga bagong inisyatibo na seryosong hinaharap ang mga hamong ito.

Ang Programang Pautang sa Cal-Vet ay isang lumang ideya na pinakikinabangan ng ilang espesyal na interes at maliit na bilang ng mga beterano.

**GARY WESLEY**

*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 12 ★

Habang ang ating mga pambansang lider na pampulitika ay maaaring hindi laging matalino sa pamamatnugot sa paggamit ng puwersang militar ng Amerika sa buong mundo, wastong pinararangalan natin ang serbisyo ng militar—lalo na ang serbisyo ng mga nagpalista na aktuwal na inilagay ang mga buhay sa panganib sa labanan.

Ang mga nagpalista ay dapat tumanggap ng mas mataas na bayad at mga benepisyo mula sa pederal na pamahalaan. Sa konteksto ng mababang bayad at hindi sapat na mga benepisyo mula sa pederal na pamahalaan, ang mga pamahalaan ng estado ay partikular na makatwiran sa pagpasok at pagkakaloob ng karagdagang tulong.

Ang Programang Pautang sa Cal-Vet ay nagkaloob ng mababang interes na pautang sa bukid at bahay sa mga beterano sa marami nang taon. Ang panukalang ito ay mag-aawtorisa sa Estado na humiram ng karagdagang pera (sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono) upang magkaloob ng mga karagdagang pondo para sa Programa. Ang halagang hihiramin ay $900 milyon.

Dahil ang mga pondo ay limitado, ang katanungan ay:

SINO SA MGA BETERANO ANG PINAGKARAPAT-DAPAT SA TULONG?

Ang mga pautang sa Cal-Vet ay limitado sa mga beterano na naglingkod sa *panahon* ng digmaan—kabilang ang labanan sa Korea at Vietnam at kasalakuyang mga kampanya sa Afghanistan at Iraq. Walang iniaatas para sa mga beterano na dapat na naglingkod sa labanan o kahit sa isang sona ng labanan. Ang isang beterano na naglingkod sa Germany o hindi kailanman umalis ng Estados Unidos ay maaaring mag-aplay para sa pautang. Ang mga beterano na aktuwal naglingkod at nanganib ang mga buhay ay pinakakarapat-dapat sa limitadong tulong na makukuha sa ilalim ng Programang Pautang sa Cal-Vet.

Makatwirang maigigiit ng mga botante ng California na ang Programang Pautang Sa Cal-Vet ay gawing limitado sa mga beterano na naglingkod sa labanan o isang sona ng labanan bago sila mag-aproba ng karagdagdagang paghiram upang pondohan ang Programa.

**GARY WESLEY**

## ★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 12 ★

Ang mga kalaban ng Proposisyon 12 ay mali.

Ang totoo, ang Programang Pautang sa Bahay ng Cal-Vet ay tumutulong sa lahat ng beterano na marangal na naglingkod sa mga pautang sa bahay. Lahat ng beterano ay naglingkod sa ating bansa at nabigyan ng responsibilidad na ipagtanggol ang ating bansa anuman ang mga kalagayan.

Marami na kinailangang makipaglaban ay hindi alam noong pumasok sila sa serbisyo na maaari silang tawagin upang protektahan tayo sa digmaan, pero ginawa nila nang may karangalan. Ang ibang naglingkod sa ating bansa sa kapayapaan ay nagprotekta rin sa atin at handang gawin ito anuman ang halaga.

Ang pinakamababang magagawa natin upang mabayaran ang matapang na serbisyo ng mga lalaki at babae ng ating sandatahang lakas ay tulungan sila sa mga pautang sa bahay, na susi sa Amerikanong pangarap na pag-aari ng bahay.

Ang mga bono upang pondohan ang mga pautang na ito ay hindi gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis dahil ang mga pagbabayad sa pautang mula sa mga beterano ay nagbabayad sa mga bono at lahat ng ibang mga gastos upang pangasiwaan ang Programang Pautang sa Bahay ng Cal-Vet.

Sa nakalipas na 85 taon, ang Programang Pautang sa Bahay ng Cal-Vet ay nakatulong sa higit sa 420,000 beterano. Mangyaring tulungan kami na ipagpatuloy ang makabuluhang programang ito.

Hinihimok namin ang botong oo sa Proposisyon 12.

**SENADOR MARK WYLAND,** Tagapangulo
Senate Committee on Veterans Affairs
**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA GREG AGHAZARIAN**
**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA TONY STRICKLAND**

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.***

Ang seksiyong ito ay nagkakaloob ng isang pangkalahatang-tanaw sa kasalukuyang kalagayan ng estado na may kaugnayan sa utang sa bono. Ito ay tumatalakay rin sa tama ng mga panukalang-batas sa bono sa balotang ito, kung aaprobahan, sa antas ng utang ng estado at mga gastos sa pagbabayad ng mga naturang utang sa paglipas ng panahon.

## Kasaysayan

***Ano ang Pagtustos ng Bono?*** Ang pagtustos ng bono ay isang uri ng pangmatagalang pag-utang na ginagamit ng estado upang lumikom ng pera para sa iba't ibang layunin. Kinukuha ng estado ang perang ito sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono sa mga namumuhunan. Bilang kapalit, ito ay sumasang-ayon na bayaran ang perang ito, nang may interes, alinsunod sa isang tinukoy na iskedyul.

***Bakit mga Bono ang Ginagamit?*** Laging ginagamit ng estado ang mga bono upang tustusan ang malalaking proyektong kapital na paglalaan tulad ng mga daan, mga pasilidad na pang-edukasyon, bilangguan, parke, proyekto para sa tubig, at gusali ng opisina (ibig sabihin, mga proyektong may kaugnayan sa pampublikong impra-istruktura). Ito ay ginagawa pangunahin dahil sa ang mga pasilidad na ito ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa maraming taon, ang malaking dolyar na gastos sa mga ito ay maaaring mahirap bayarang lahat sa isang pagkakataon, at ang magkakaibang nagbabayad ng buwis na nagbabayad ng mga bono ay nakikinabang sa paglipas ng panahon mula sa mga pasilidad. Ang mga bono ay ginamit din upang makatulong na tustusan ang mga partikular na pribadong impra-istruktura, tulad ng pabahay.

***Anu-anong mga Uri ng Bono ang Ibinebenta ng Estado?*** Ang estado ay nagbebenta ng tatlong pangunahing uri ng mga bono upang tustusan ang mga proyekto. Ang mga ito ay:

- ***Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono.*** Karamihan sa mga ito ay tuwirang binabayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado, na pangunahing sinusuportahan ng mga kita sa buwis. Ang ilan, gayunman, ay binabayaran ng mga itinalagang pinagkukunan ng kita, at ang Pangkalahatang Pondo ay nagkakaloob ng pantulong lamang na suporta kung sakaling magkulang ang mga kita. (Ang isang halimbawa ay ang programang Cal-Vet, kung saan ang mga bono ay iniisyu upang magkaloob ng mga pautang para sa bahay ng mga beterano at binabayaran gamit ang mga pagbabayad sa pautang para sa bahay ng mga beterano.) Ang mga pangkalahatang obligasyong bono ay dapat aprobahan ng mga botante at ang pagbabayad sa mga ito ay iginagarantiya ng pangkalahatang kapangyarihan sa pagbubuwis ng estado.
- ***Mga Bonong Pag-arkila-Kita.*** Ang mga bonong ito ay binabayaran mula sa mga pagbabayad sa pag-arkila (pangunahing tinutustusan mula sa Pangkalahatang Pondo) ng mga ahensiya ng estado na ginagamit ang mga pasilidad na tinustusan ng mga bono. Ang mga bonong ito ay hindi nag-aatas ng pag-aproba ng botante at hindi ginagarantiyahan ng pangkalahatang kapangyarihan sa pagbubuwis ng estado. Bilang resulta, ang mga ito ay may mga gastos sa interes na mas mataas kaysa mga pangkalahatang obligasyong bono.
- ***Mga Tradisyunal na Bonong Kita.*** Ang mga ito ay tumutustos rin sa mga kapital na proyekto pero hindi sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo. Sa halip, ang mga ito ay binabayaran mula sa isang itinalagang daluyan ng kita na nililikha ng mga proyektong tinutustusan ng mga ito—tulad ng mga tulay na may bayad. Ang mga bonong ito ay hindi ginagarantiyahan ng pangkalahatang kapangyarihan sa pagbubuwis ng estado at hindi nangangailangan ng pag-aproba ng botante.

***Mga Bonong May Kaugnayan sa Badyet.*** Kamakailan, ang estado ay gumamit din ng pagtustos ng bono upang tulungang masarhan ang malalaking kakulangan nito sa badyet ng Pangkalahatang Pondo. Noong Marso 2004, inaprobahan ng mga botante ang Proposisyon 57, nag-awtorisa ng $15 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono upang tulungang mabayaran ang mga natipong kakulangan sa badyet at ibang mga obligasyon. Sa halagang ito, $11.3 bilyon ang nalikom sa pamamagitan ng pagbebenta ng bono noong Mayo at Hunyo ng 2004, at ang natitirang makukuhang mga awtorisasyon ay ibinenta noong Pebrero 2008. Ang mga bonong ito ay babayaran sa susunod na maraming taon. Ang mga ito ay hindi isinama sa natitira ng pagtalakay na ito, na nakapokus sa mga bonong may kaugnayan sa impra-istruktura.

***Anu-ano ang mga Tuwirang Gastos sa Pagtustos ng Bono?*** Ang gastos ng estado sa paggamit ng mga bono ay nakadepende pangunahin sa halagang naibenta, sa mga antas ng interes ng mga ito, sa panahon na binabayaran ang mga ito, at sa balangkas ng maturidad ng mga ito. Halimbawa, ang pinakahuling naibentang mga pangkalahatang obligasyong bono ay babayaran sa 30 taon nang may pantay na mga taunang pagbabayad. Kung ipapalagay na ang pag-isyu ng bono ay nagtataglay ng antas ng interes na libre sa buwis na 5 porsiyento, ang gastos sa pagbabayad dito na may mga pantay na pagbabayad sa 30 taon ay malapit sa $2 para sa bawat dolyar na inutang—$1 para sa halagang inutang at malapit sa $1 para sa interes. Ang gastos na ito, gayunman, ay ikinakalat sa buong 30 taon, kaya ang gastos pagkatapos iakma para sa implasyon ay may malaking kabawasan—humigit-kumulang na $1.30 para sa bawat $1 na inutang.

## Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Utang ng Estado

***Halaga ng Utang ng Pangkalahatang Pondo.*** Pagsapit ng Hunyo 1, 2008, ang estado ay may humigit-kumulang na $53 bilyon na utang sa bono ng Pangkalahatang Pondo na may kaugnayan sa impra-istruktura kung saan ito ay gumagawa ng mga pagbabayad sa prinsipal at interes. Ito ay binubuo ng humigit-kumulang na $45 bilyon ng mga pangkalahatang obligasyong bono at $8 bilyon ng mga bonong pag-arkila-kita. Bilang karagdagan, hindi pa naibebenta ng estado ang humigit-kumulang na $68 bilyon ng inawtorisang pangkalahatang obligasyon at mga bonong pag-arkila-kita para sa impra-istruktura. Karamihan sa mga bonong ito ay nailaan na sa mga proyekto, pero ang mga proyektong iyon ay hindi pa nasisimulan o ang progreso ng mga ito ay hindi pa nakakaabot sa malaking yugto ng konstruksiyon.

***Mga Pagbabayad ng Utang ng Pangkalahatang Pondo.*** Tinatantiya namin ang mga pagbabayad ng utang ng

Pangkalahatang Pondo para sa pangkalahatang obligasyon at mga bonong pag-arkila-kita na may kaugnayan sa impra-istruktura ay humigit-kumulang na $4.4 bilyon noong 2007-08. Habang ang naunang inawtorisa pero kasalukuyang hindi pa naibebentang mga bono ay ipinagbibili, ang mga gastos sa utang sa bono ay madaragdagan, aabot sa humigit-kumulang na $9.2 bilyon sa 2017-18.

***Proporsiyon ng Utang-Serbisyo.*** Ang isang tagapagpabatid ng kalagayan sa utang ng estado ay ang proporsiyon ng utang-serbisyo (DSR). Ang proporsiyong ito ay nagpapabatid ng bahagi ng taunang mga kita ng estado na dapat itabi para sa mga pagbabayad ng utang-serbisyo sa mga bono para sa impra-istruktura at dahil dito ay hindi magagamit para sa ibang mga programa ng estado. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, ang DSR ay tumaas sa mga unang bahagi ng mga taon ng 1990 at umabot sa 5.4 porsiyento bago bumagsak sa mas mababa sa 3 porsiyento noong 2002-03, ang bahagi ng dahilan ay ang ilang aktibidad na muling pagtustos sa kakulangan. Ang DSR ay muling tumaas simula noong 2003-04 at kasalukuyang nasa 4.4 porsiyento para sa mga bono para sa impra-istruktura. Inaasahan na ito ay tataas upang umabot ng 6.1 porsiyento sa 2011-12 habang ang mga kasalukuyang inawtorisang bono ay ibinebenta.

## Mga Epekto ng mga Bonong Proposisyon sa Balotang Ito

May apat na panukalang-batas na pangkalahatang obligasyong bono sa balotang ito, may kabuuan na $16.8 bilyon sa mga bagong awtorisasyon. Sa mga ito ay kabilang ang:


- Proposisyon 1, na mag-aawtorisa sa estado na mag-isyu ng $9.95 bilyon na mga bono upang tustusan ang isang proyektong mabilis na riles.
- Proposisyon 3, na mag-aawtorisa sa estado na mag-isyu ng $980 milyon na mga bono para mga proyektong kapital na paglalaan sa mga ospital ng mga bata.
- Proposisyon 10, na mag-aawtorisa sa estado na mag-isyu ng $5 bilyon na mga bono para sa iba't ibang layunin na nababagong enerhiya, alternatibong gatong, mahusay ng enerhiya, at pagbawas ng inilalabas sa hangin.
- Proposisyon 12, na mag-aawtorisa sa estado na mag-isyu ng $900 milyon na mga bono sa ilalim ng programang Cal-Vet na babayaran mula sa mga pagbabayad ng pautang para sa bahay.

***Mga Tama ng mga Pagbabayad sa Utang.*** Kung ang tatlong bono na sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo sa balotang ito (Mga Proposisyon 1, 3, at 10) ay inaprobahang lahat, ang mga ito ay mangangailangan ng kabuuang mga pagbabayad na utang-serbisyo sa buong buhay ng mga bono na humigit-kumulang na doble ng inawtorisang halaga ng mga ito. Ang pangkaraniwang taunang serbisyo sa utang sa mga bono ay magiging depende sa oras at mga kondisyon ng pagbebenta sa mga ito. Sa sandaling ang lahat ng mga bonong ito ay maibenta, ang tinatantiyang taunang gastos sa badyet ay humigit-kumulang na $1 bilyon.

***Tama sa Proporsiyon ng Utang-Serbisyo.*** Ang Pigura 1 ay nagpapakita ng mangyayari sa tinantiyang DSR ng estado sa paglipas ng panahon kung ang lahat ng mga bono ay inaprobahan at naibenta. Ito ay aabot sa pinakamataas na 6.2 porsiyento sa 2011-12, at bababa na pagkaraan. (Ang mga gastos na utang-serbisyo na ipinapakita sa Pigura 1 ay magiging mas mataas, halimbawa, kung ang mga botante ay mag-aaproba ng mga karagdagang bono sa mga halalan pagkaraan ng Nobyembre 2008.)

**Pigura 1**

**Proporsiyon ng Utang-Serbisyo ng Pangkalahatang Pondo[a]**




[a] Proporsiyon ng taunang mga pagbabayad na utang-serbisyo sa mga bonong may kaugnayan sa impra-istruktura sa mga kita at mga paglipat.

## PROPOSISYON 1

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang-batas ng Senado 1856 ng Regular na Sesyon ng 2001-2002 (Kabanata 697, Mga Batas ng 2002) at sinusugan ng Panukalang-batas ng Asembleya 713 ng Regular na Sesyon ng 2005-2006 (Kabanata 44, Mga Batas ng 2006) ay isinusumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa mga Kalye at Haywey; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

#### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEK. 2. Kabanata 20 (nagsisimula sa Seksiyon 2704) ay idinaragdag sa Dibisyon 3 ng Kodigo sa mga Kalye at Haywey, upang mabasang:

*Kabanata 20. Batas Sa Bono Para Sa Ligtas, Maaasahang Mabilis Na Pampasaherong Tren Para Sa Ika-21 Siglo*

*Artikulo 1. Mga Pangkalahatang Tadhana*

*2704. Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas sa Bono Para sa Ligtas, Maaasahang Mabilis na Pampasaherong Tren para sa Ika-21 Siglo.*

*2704.01. Gaya ng pagkakagamit sa kabanatang ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:*

*(a) "Komite" ay nangangahulugang Komite sa Pagtustos ng Mabilis na Pampasaherong Tren na nililikha alinsunod sa Seksiyon 2704.12.*

*(b) "Awtoridad" ay nangangahulugang ang Awtoridad ng Mabilis na Riles na nilikha alinsunod sa Seksiyon 185020 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad.*

*(c) "Pondo" ay nangangahulugang Komite sa Pagtustos ng Mabilis na Pampasaherong Tren na nililikha alinsunod sa Seksiyon 2704.05.*

*(d) "Mabilis na tren" ay nangangahulugang isang pampasaherong tren na may kakayahan ng maipagpapatuloy na tulin na hindi kukulangin sa 200 milya kada oras kung saan ipinahihintulot ng mga kondisyon ang mga tuling ito.*

*(e) "Sistema ng matuling tren" ay nangangahulugang isang sistema na may matutuling tren at kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na bahagi: karapatan-sa-daan, daang-bakal, sistema ng kuryente, gumugulong na istak, mga istasyon, at mga kaugnay na pasilidad.*

*Artikulo 2. Programa sa Pagtustos ng Mabilis na Pampasaherong Tren*

*2704.04. (a) Hangarin ng Lehislatura sa pagpapatibay ng kabanatang ito at ng mga tao ng California sa pag-aproba nitong bonong panukala alinsunod sa kabanatang ito na pasimulan ang konstruksiyon ng isang ugnayan ng mabilis na tren na kaayon ng Pangwakas na Planong Pangnegosyo ng Hunyo 2000 ng awtoridad.*

*(b) (1) Siyam na bilyong dolyar ($9,000,000,000) ng mga nalikom sa mga bono na inawtorisa alinsunod sa kabanatang ito, gayon din ang mga pederal na pondo at ibang mga kita na inihanda sa awtoridad, kung kaayon ng mga pederal na kondisyon at mga kondisyon ng ibang mga pinagkukunan ng pondo, ay dapat gamitin para sa pagpaplano at karapat-dapat na mga kapital na gastos, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c), para sa bahagi ng sistema ng mabilis na tren sa pagitan ng San Francisco Transbay Terminal at Los Angeles Union Station. Sa sandaling ang konstruksiyon ng bahagi ng San Francisco-Los Angeles ay lubos na mapondohan, lahat ng natitirang pondo na inilarawan sa subdibisyong ito ay dapat gamitin para sa pagpaplano at mga karapat-dapat na kapital na gastos, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c), para sa mga sumusunod na karagdagang bahagi ng mabilis na tren nang walang pagtatangi sa hanay:*

*(A) Oakland-San Jose.*

*(B) Sacramento-Merced.*

*(C) Los Angeles-Inland Empire.*

*(D) Inland Empire-San Diego.*

*(E) Los Angeles-Irvine.*

*(2) Ang mga kitang nilika ng mga pagpapatakbo na higit sa mga gastos sa pagpapatakbo at pagpapanatili ay dapat gamitin upang pondohan ang konstruksiyon ng sistema ng mabilis na tren.*

*(c) Ang mga kapital na gastos na karapat-dapat bayaran mula sa mga nalikom sa mga bonong inawtorisa para sa mga layunin ng mabilis na tren alinsunod sa kabanatang ito ay kabilang ang lahat ng aktibidad na kailangan para sa pagtatamo ng karapatan-sa-daan, konstruksiyon ng mga daang-bakal, mga istruktura, mga sistema ng kuryente, at mga istasyon, pagbili ng gumugulong na istak at mga kaugnay na kagamitan, at ibang mga kaugnay na kapital na pasilidad at kagamitan.*

*(d) Ang mga nalikom sa mga bonong inawtorisa alinsunod sa kabanatang ito ay hindi dapat gamitin para sa anumang mga gastos sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga tren o pasilidad.*

*(e) Ang Tagasuri ng Estado ay dapat gumawa ng pana-panahong pagsusuri ng paggamit ng awtoridad sa mga nalikom sa bono na inawtorisa alinsunod sa kabanatang ito para umayon sa mga iniaatas ng kabanatang ito.*

*2704.05. Ang mga nalikom sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat ideposito sa Pondo ng Bono Para sa Mabilis na Pampasaherong Tren, na sa pamamagitan nito ay nililikha.*

*2704.06. Siyam na bilyong dolyar ($9,000,000,000) ng pera sa pondo, pagkatapos ilaan ng Lehislatura, ay dapat makuha, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, para sa pagpaplano at konstruksiyon ng sistema ng mabilis na tren sa estadong ito, kaayon ng Pangwakas na Planong Pangnegosyo ng Hunyo 2000, gaya ng binago sa huli alinsunod sa mga pag-aaral na pangkapaligiran na isinagawa ng awtoridad.*

*2704.07. Dapat pagsikapan at kunin ng awtoridad ang ibang pribado at pampublikong pondo, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga pederal na pondo, mga pondo mula sa mga bonong kita, at mga lokal na pondo, upang dagdagan ang mga nalikom sa kabanatang ito.*

*2704.08. Ang mga nalikom sa mga bono na inawtorisa para sa mga layunin ng mabilis na tren alinsunod sa kabanatang ito ay hindi dapat gamitin para sa higit sa kalahati ng kabuuang gastos sa konstruksiyon ng mga gastos sa daang-bakal at istasyon ng bawat bahagi ng sistema ng mabilis na tren.*

*2704.09. Ang sistema ng mabilis na tren na itatayo alinsunod sa kabanatang ito ay dapat magkaroon ng mga sumusunod na katangian:*

*(a) Mga elektrikong tren na may kakayahang magpatuloy sa pinakamataas na tulin na hindi kukulangin sa 200 milya kada oras.*

*(b) Pinakamataas na tuloy-tuloy na oras ng paglalakbay para sa bawat koridor na hindi dapat humigit sa mga sumusunod:*

*(1) San Francisco-Los Angeles Union Station: dalawang oras, 42 minuto.*

*(2) Oakland-Los Angeles Union Station: dalawang oras, 42 minuto.*

*(3) San Francisco-San Jose: 31 minuto.*

*(4) San Jose-Los Angeles: dalawang oras, 14 minuto.*

*(5) San Diego-Los Angeles: isang oras.*

*(6) Inland Empire-Los Angeles: 29 minuto.*

*(7) Sacramento-Los Angeles: dalawang oras, 22 minuto.*

*(8) Sacramento-San Jose: isang oras, 12 minuto.*

*(c) Ang makakamit na pagsulong sa pagpapatakbo (oras sa pagitan ng magkakasunod na tren) ay dapat na limang minuto o mas mababa.*

*(d) Ang kabuuang bilang ng mga istasyon na paglilingkuran ng mga mabilis na tren para sa lahat ng bahagi na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 2704.04 ay hindi dapat humigit sa 24.*

*(e) Ang mga tren ay dapat magkaroon ng kapasidad na lumipat sa mga intermedyang istasyon, o lampasan ang mga istasyong ito, sa pangunahing linya ng tulin sa pagpapatakbo.*

*(f) Para sa bawat koridor na inilarawan sa subdibisyon (b), ang mga pasahero ay dapat magkaroon ng kapasidad na maglakbay mula sa isang istasyon sa koridor na iyon patungo sa ibang istasyon sa koridor na iyon nang hindi nangangailangang magpalit ng mga tren.*

*(g) Upang baguhin ang mga tama sa mga komunidad at sa kapaligiran, ang pagkakahanay para sa sistema ng mabilis na tren ay dapat sumunod sa mga kasalukuyang koridor ng transportasyon o utilidad hangga't magagawa.*

*(h) Ang mga istasyon ay dapat ilagay sa mga lugar na may mabuting daan sa paggamit ng lokal na pangmaramihang paghahatid o ibang mga paraan ng transportasyon.*

*(i) Ang sistema ng mabilis na tren ay dapat planuhin at itayo sa isang paraan na pinaliliit ang pagkakaroon ng mga bahay na malalawak ang lupa at nakakaapekto sa likas na kapaligiran.*

*(j) Ang pangangalaga ng ligaw na buhay na mga koridor at pagpapagaan ng mga tama sa paggalaw ng ligaw na buhay kung saan posible upang limitahan ang pagkakataon na ang sistema ay maaaring magharap ng karagdagang hadlang sa likas na galaw ng ligaw na buhay.*

*2704.095. (a) (1) Sa ng mga nalikom sa mga bonong inawtorisa alinsunod sa kabanatang ito, siyam na raan limampung milyong dolyar ($950,000,000) ang dapat ilaan sa mga karapat-dapat na tatanggap para sa mga kapital na pagpapahusay sa mga linya ng riles sa pagitan ng mga lungsod at para sa nagbibiyahe at mga sistema ng riles sa kalunsuran upang magkaloob ng kakayahang kumonektta sa sistema ng mabilis na tren kung paano ang sistemang iyon ay inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 2704.04 at upang magkaloob ng mga pagpapahusay ng kapasidad at mga pagpapabuti ng kaligtasan. Ang mga pondo sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat makuha pagkatapos ilaan ng Lehislatura sa batas sa Taunang Badyet para sa mga karapat-dapat na layunin na inilarawan sa subdibisyon (d).*

*(2) Dalawampung porsiyento (isang daan siyamnapung milyong dolyar ($190,000,000)) ng halagang inawtorisa ng seksiyong ito ay dapat ilaan para sa riles sa pagitan ng mga lungsod sa Kagawaran ng Transportasyon, para sa sinusuportahan ng estado na mga linya ng riles sa pagitan ng mga lungsod na nagkakaloob ng regular na nakatakdang serbisyo at gumagamit ng mga pampublikong pondo upang patakbuhin at panatilihin ang mga pasilidad ng riles, mga karapatan sa daan, at kagamitan. Ang pinakamababang 25 porsiyento ng halagang makukuha sa ilalim ng talataang ito (apatnapu't-pitong milyon limang daang libong dolyar ($47,500,000)) ay dapat ilaan sa bawat isa ng tatlong koridor ng riles sa pagitan ng mga lungsod ng estado.*

*Ang Komisyon sa Transportasyon ng California ay dapat maglaan ng makukuhang pondo sa mga karapat-dapat na tatanggap na kaayon ng seksiyong ito at dapat bumuo ng mga patnubay upang ipatupad ang mga iniaatas ng seksiyong ito. Sa mga patnubay ay dapat kabilang ang mga tadhana para sa pangangasiwa ng mga pondo, kabilang ang, pero hindi limitado sa, awtoridad ng mga tagapagpatakbo ng koridor sa pagitan ng mga lungsod upang ipautang ang mga pondong ito sa pamamagitan ng kasunduan sa mga koridor ng riles sa pagitan ng mga lungsod.*

*(3) Walumpung porsiyento (pitong daan animnapung milyong dolyar ($760,000,000)) ng halagang inawtorisa ng seksiyong ito ay dapat ilaaan sa mga karapat-dapat na tatanggap, maliban sa riles sa pagitan ng mga lungsod, gaya ng*

*inilarawan sa subdibisyon (c) batay sa persentahe ng halagang kinalkula upang isama ang lahat ng mga sumusunod:*

*(A) Isang-ikatlo ng mga karapat-dapat na persentaheng kabahagi ng tatanggap sa mga pambuong-estadong milya ng daang-bakal.*

*(B) Isang-ikatlo ng mga karapat-dapat na persentaheng kabahagi ng tatanggap sa mga taunang milya ng sasakyan.*

*(C) Isang-ikatlo ng mga karapat-dapat na persentaheng kabahagi ng tatanggap sa mga taunang biyahe ng pasahero.*

*Ang Komisyon sa Transportasyon ng California ay dapat maglaan ng makukuhang pondo sa mga karapat-dapat na tatanggap na kaayon ng seksiyong ito at dapat bumuo ng mga patnubay upang ipatupad ang mga iniaatas ng seksiyong ito.*

*(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:*

*(1) "Mga milya ng daang-bakal" ay nangangahulugang ang mga milya ng daang-bakal na ginagamit ng isang pampubikong ahensiya o awtoridad ng mga pinagsamang kapangyarihan para sa regular na serbisyo ng pampasaherong riles.*

*(2) "Mga milya ng sasakyan" ay nangangahulugang ang kabuuang milya na nilakbay, nagsisimula sa paglabas mula sa himpilan ng pagpapanatili, ng lahat ng lokomotibo at kotse na pinatatakbo sa isang tren para sa serbisyo ng pampasaherong riles ng isang pampublikong ahensiya o awtoridad ng pinagsamang kapangyarihan.*

*(3) "Mga biyahe ng pasahero" ay nangangahulugang ang taunang hindi magkakaugnay na pagsakay na iniulat ng isang pampublikong ahensiya o awtoridad ng mga pinagsamang kapangyarihan para sa regular na serbisyo ng pampasaherong riles.*

*(4) "Pambuong-estado" kapag ginagamit upang baguhin ang mga tadhana sa talataan (A), (B), at (C) ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ay nangangahulugang ang pinagsamang kabuuan ng mga halaga para sa lahat ng karapat-dapat na tatanggap.*

*(c) Ang mga karapat-dapat na tatanggap para sa pagpopondo sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ay dapat na mga pampublikong ahensiya at mga awtoridad ng pinagsamang kapangyarihan na nagpapatakbo ng regular na nakatakdang pampasaherong riles sa mga sumusunod na kategorya:*

*(1) Riles ng nagbibiyahe.*

*(2) Magaan na riles.*

*(3) Mabigat na riles.*

*(4) Sasakyang kable.*

*(d) Ang mga pondong inilalaan alinsunod sa seksiyong ito ay dapat gamitin para sa kakayahang kumonekta sa sistema ng mabilis na tren o para sa rehabilitasyon o pagsasamoderno ng, o mga pagpapabuti ng kaligtasan sa, mga daang-bakalna ginagamit sa serbisyo ng pampublikong pampasaherong riles, mga senyas, istruktura, pasilidad,at gumugulong na istak.*

*(e) Ang mga karapat-dapat na tatanggap ay maaaring gumamit ng mga pondo para sa anumang karapat-dapat na elemento ng riles na nakalagay sa subdibisyon (d).*

*(f) Upang maging karapat-dapat sa pagpopondo sa ilalim ng seksiyong ito, ang isang tatanggap sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ay dapat magkaloob ng mga panumbas na pondo sa halagang hindi kukulangin sa kabuang halagang inilalaan sa tatanggap sa ilalim ng seksiyong ito.*

*(g) Ang isang karapat-dapat na tatanggap ng pagpopondo sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ay magsertipika na ito ay nakatugon sa iniaatas na panumbas na pondo, at lahat ng ibang mga iniaatas ng seksiyong ito, sa pamamagitan ng resolusyon ng namamahalang lupon nito, napapailalim sa pagpapatotoo ng Komisyon sa Transportasyon ng California.*

*(h) Ang mga pondong inihanda sa isang karapat-dapat na tatanggap sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ay dapat magdagdag sa mga kasalukuyang lokal, pang-estado, o pederal na kita na ginagamit para sa pagpapanatili o rehabilitasyon ng sistema ng pampasaherong riles. Ang mga karapat-dapat na tatanggap ng pagpopondo sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ay dapat magpanatili ng kanilang kasalukuyang pagtatalaga ng lokal, pang-estado, o pederal na pondo para sa mga layuning ito upang manatiling karapat-dapat para sa paglalaan at paggasta ng mga karagdagang pagpopondo na inihahanda ng seksiyong ito.*

*(i) Upang makatanggap ng anumang paglalaan sa ilalim ng seksiyong ito, ang isang karapat-dapat na tatanggap sa ilalim na talataan (3) ng subdibisyon (a) ay dapat gumasta taun-taon mula sa mga kasalukuyang lokal, pang-estado, o pederal na kita na ginagamit sa pagpapanatili o rehabilitasyon ng sistema ng pampasaherong riles sa halagang hindi kukulangin sa taunang pangkaraniwang ginagasta nito mula sa mga lokal na kita para sa mga layuning ito sa mga taon ng pananalapi na 1998-99, 1999-2000, at 2000-01.*

*(j) Ang mga pondong inilalaan alinsunod sa seksiyong ito sa Panrehiyong Awtoridad sa Riles ng Timog California para sa mga karapat-dapat na proyekto sa loob ng lugar ng serbisyo nito ay dapat na muling ipamahagi sa bawat taon ng pananalapi alinsunod sa mga memorandum ng pagkakaunawaan na isasagawa sa pagitan ng Panrehiyong Awtoridad sa Riles ng Timog California at ang mga miyembrong ahensiya nito. Ang memorandum o mga memorandum ng pagkakaunawaan ay dapat magsaalang-alang sa mga pangangailangan ng serbisyo ng pasahero ng Panrehiyong Awtoridad sa Riles ng Timog California at ng mga miyembrong ahensiya, kitang bunga ng mga miyembrong ahensiya, at mga nakahiwalay na ambag sa Panrehiyong Awtoridad sa Riles ng Timog California mula sa mga miyembrong ahensiya.*

*Artikulo 3. Mga Tadhana sa Pananalapi*

*2704.10. Ang mga bono na may kabuuang halaga na siyam na bilyon siyam na raan limampung milyong dolyar ($9,950,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang mga bonong gumagawa ng pagsasauli, o halagang kailangan, ay maaaring iisyu upang magkaloob ng isang pondong gagamitin sa pagsasakatuparan ng mga layuning ipinahayag sa kabanatang ito at upang gamitin upang bayaran ang Umiikot na Pondo ng Gugulin ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga bono, kapag naibenta, ay dapat bumuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang buong pagtitiwala at kredito ng Estado ng California ay ipinangangako para sa napapanahong pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran at mababayaran.*

*2704.11. (a) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (b), ang mga bonong inawtorisa ng kabanatang ito ay dapat ihanda, isagawa, iisyu, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, at ang lahat ng tadhana ng batas na iyon ay umaaplay sa mga bono at sa kabanatang ito at isinasama sa kabanatang ito na waring nakalagay nang buo sa bahaging ito.*

*(b) Sa kabila ng anumang tadhana ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, ang bawat isyu ng mga bonong inawtorisa ng komite ay dapat magkaroon ng pangwakas na maturidad na hindi hihigit sa 30 taon.*

*2704.12. (a) Para sa layunin lamang na iawtorisa ang pag-isyu at pagbebenta, alinsunod sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, ng mga bonong inawtorisa ng kabanatang ito, ang Komite sa Pagtustos ng Mabilis na Pampasaherong Tren sa pamamagitan nito ay nililikha. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang Komite sa Pagtustos ng Mabilis na Pampasaherong Tren ay "ang komite" kung paano ang katawagang iyon ay ginagamit sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono. Ang komite ay binubuo ng Ingat-yaman, ng Direktor ng Pananalapi, ng Kontroler, ng Kalihim ng Ahensiya ng Negosyo, Transportasyon at Pabahay, at ng tagapangulo ng awtoridad, o ng kanilang mga itinalagang kinatawan. Ang Ingat-yaman ay dapat maglingkod bilang tagapangulo ng komite. Ang isang mayoriya ng komite ay maaaring umakto para sa komite.*

*(b) Para sa mga layunin ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, ang awtoridad ay itinalagang ang "lupon."*

*2704.13. Ang komite ay dapat magpasiya kung kailangan o hindi o kanais-nais o hindi na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa alinsunod sa kabanatang ito upang isakatuparan ang mga aksiyon na tinukoy sa Seksiyon 2704.06 at 2704.095 at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong dapat iisyu at ibenta. Ang mga susunod na isyu ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang isakatuparan ang mga aksiyon nang progresibo, at hindi kailangan na ang lahat ng bono ay iisyu o ibenta sa anumang isang panahon. Dapat isaalang-alang ng komite ang mga pangangailangan ng pagpopondo ng programa, mga inaasahang kita, mga kondisyon ng pamilihan ng pananalapi, at ibang mga bagay sa pagpapasiya ng pinakamaikling posibleng panahon para iisyu ang mga bono.*

*2704.14. Dapat na may singilin bawat taon at sa paraan at panahon na katulad ng pagsingil sa ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, na isang kabuuan ng halagang iniaatas upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng tungkulin na nauukol sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang lahat ng kailangan upang masingil ang karagdagang halaga.*

*2704.15. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesorerya ng Estado, para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang isang halagang kapantay ng halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito, habang ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran at mababayaran.*

*2704.16. Ang lupon ay maaaring huumiling sa Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera na gumawa ng pautang mula sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, alinsunod sa Seksiyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa mga layunin ng kabanatang ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat humigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layunin na isakatuparan ang bahaging ito, ibinawas ang anumang hiniram alinsunod sa Seksiyon 2701.17. Ang lupon ay dapat magsagawa ng anumang mga dokumento na iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at bayaran ang utang. Anumang halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo na ilalaan ng lupon alinsunod sa kabanatang ito.*

*2704.17. Para sa mga layunin na isakatuparan ang kabanatang ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring mag-awtorisa ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halaga o mga halagang hindi hihigit sa halaga o mga halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite na ibenta para sa layunin na isakatuparan ang kabanatang ito, ibinawas ang anumang halagang hiniram alinsunod sa Seksiyon 2704.16. Ang anumang halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Anumang perang inihanda sa ilalim ang seksiyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, at ang interes na dapat sanang kitain sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin na isakatuparan ang kabanatang ito.*

*2704.18. Lahat ng perang idineposito sa pondo na galing sa hulog at natipong interes ng mga bono ay dapat ireserba sa pondo at dapat ihanda para ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono.*

*2704.19. Ang mga bono ay maaaring gawan ng pagsasauli alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong*

*Bono. Ang pag-aproba ng mga manghahalal ng estado para sa pag-isyu ng mga bonong inilarawan sa bahaging ito ay kabilang ang pag-aproba ng pag-isyu ng anumang mga bonong inisyu upang gawan ng pagsasauli ang anumang mga bonong orihinal na inisyu o anumang mga naunang inisyung bono na gumagawa ng pagsasauli.*

*2704.20. Napag-alaman at ipinapahayag ng Lehislatura na, dahil ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng kabanatang ito ay hindi "mga nalikom sa buwis" gaya ng pagkakagamit sa katawagang iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, ang pamamahagi ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.*

*2704.21. Sa kabila ng anumang tadhana ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono tungkol sa mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng kabanatang ito na napapailalim sa pamumuhunan sa ilalim ng Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16470) ng Kabanata 3 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang Ingat-yaman ay maaaring magpanatili ng isang nakahiwalay na kuwenta para sa mga kinita ng pamumuhunan, mag-utos ng pagbabayad ng mga kinitang ito upang sumunod sa anumang iniaatas na rebate na angkop sa pederal na batas, at maaaring iutos ang paggamit at pamumuhunan ng mga nalikom na ito upang panatilihin ang katayuan na libre sa buwis ng mga bono at upang kumuha ng anumang ibang kabutihan sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.*

## PROPOSISYON 2

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II, ng Seksiyon 8 ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. MAIKLING TITULO

Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging na Batas sa Pagpigil sa Kalupitan sa Hayop sa Bukid.

SEKSIYON 2. LAYUNIN

Ang layunin ng batas na ito ay ipagbawal ang malupit na pagkulong sa mga hayop sa bukid sa isang paraan na hindi nagpapahintulot sa kanila na malayang umikot, humiga, tumayo, at lubos na unatin ang kanilang mga binti.

SEKSIYON 3. MGA TADHANA SA KALUPITAN SA HAYOP SA BUKID

Ang Kabanata 13.8 (nagsisimula sa Seksiyon 25990) ay idinaragdag sa Dibisyon 20 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*KABANATA 13.8. KALUPITAN SA HAYOP SA BUKID*

*25990. MGA IPINAGBABAWAL. Bilang karagdagan sa ibang mga angkop na tadhana ng batas, ang isang tao ay hindi dapat magtali o magkulong sa anumang sakop na hayop, sa isang bukid, para sa lahat ng karamihan ng anumang araw, sa isang paraan na pumipigil sa naturang hayop na:*

*(a) Humiga, tumayo, at lubos na unatin ang kanyang mga binti; at*

*(b) Malayang umikot.*

*25991. MGA PAGPAPAKAHULUGAN. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:*

*(a) "Guyang inaalagaan para sa karne" ay nangangahulugang anumang guya ng klaseng bovine na inaalagaan para sa layuning lumikha ng produktong pagkain na inilarawan bilang karne.*

*(b) "Sakop na hayop" ay nangangahulugang anumang baboy sa panahon ng pagbubuntis, guyang inaalagaan para sa karne, o umiitlog na manok na pinamamalagi sa isang bukid.*

*(c) "Umiitlong na manok" ay nangangahulugang anumang inaalagang babaing manok, pabo, pato, gansa, o guinea fowl na pinamamalagi para sa layuning lumikha ng itlog.*

*(d) "Kulungan" ay nangangahulugang anumang hawla, tiklis, o ibang istruktura (kabilang ang karaniwang inilalarawan bilang "tiklis ng pagbubuntis" para sa mga baboy; isang "tiklis ng karne ng guya" para sa mga guya; o isang "bateryang hawla" para sa mga umiitlog na manok) na ginagamit upang ikulong ang mga sakop na hayop.*

*(e) "Bukid" ay nangangahulugang ang lupa, gusali, mga pasilidad ng suporta, at ibang kagamitan na buo o bahagi lamang na ginagamit para sa pangkomersiyong paglikha ng mga hayop o mga produktong gawa sa hayop na ginagamit para sa pagkain o hibla; at hindi kabilang ang mga pamilihan ng mga buhay na hayop.*

*(f) "Lubos na unatin ang kanyang mga binti" ay nangangahulugang lubos na unatin ang lahat ng mga galamay nang hindi nasasagi ang tagiliran ng isang kulungan, kabilang, sa kaso ng mga umiitlok na manok, lubos na ibuka ang parehong pakpak nang hindi nasasagi ang tagiliran ng isang kulungan o ibang mga umiitlog na manok.*

*(g)"Tao" ay nangangahulugang sinumang indibidwal, kompanya, sosyohan, magkasamang pamumuhunan, kapisanan, limitadong liabilidad na kompanya, korporasyon, estate, ipinagkakatiwala, tagatanggap o sindikato.*

*(h) "Baboy sa panahon ng pagbubuntis" ay nangangahulugang anumang buntis na baboy na may klaseng porsine na pinamamalagi para sa pangunahing layunin ng pagpaparami.*

*(i) "Malayang umikot" ay nangangahulugang isang pag-ikot ng kumpletong bilog nang walang hadlang, kabilang ang isang tali, at hindi nasasagi ang tagiliran ng isang kulungan.*

*25992. Mga Eksepsiyon. Ang kabanatang ito ay hindi umaaplay:*

*(a) Sa panahon ng pananaliksik na pang-agham o pang-agrikultura.*

*(b) Sa panahon ng pagsusuri, pagsubok, indibidwal na paggamot o operasyon para sa mga layuning pangbeterinaryo.*

*(c) Sa panahon ng transportasyon.*

*(d) Sa panahon ng mga pagtatanghal na rodeo, mga peryang pagtatanghal ng estado o county, mga programa ng 4-H, at mga katulad na pagtatanghal.*

*(e) Sa panahon ng pagkatay ng isang sakop na hayop alinsunod sa mga tadhana ng Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksiyon 19501) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 9 ng Kodigo sa Pagkain at Agrikultura, na may kinalaman sa mga makataong paraan ng pagkatay, at ibang angkop na batas at mga regulasyon.*

*(f) Sa isang baboy sa panahon na pitong araw bago ang inaasahang panganganak ng baboy.*

*25993. Pagpapatupad. Sinumang tao na lumabag sa alinmang tadhana ng kabanatang ito ay nagkasala ng isang misdemeanor, at pagkatapos mapatunayang nagkasala ay dapat parusahan ng multang hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000) o ng pagkabilanggo sa kulungan ng county na hindi hihigit sa 180 araw o pareho ng naturang multa at pagkabilanggo.*

*25994. Konstruksiyon ng Kabanata.*

*Ang mga tadhana ng kabanatang ito ay bilang karagdagan sa, at hindi kapalit ng, anumang ibang mga batas na nagpoprotekta sa kapakanan ng hayop, kabilang ang Kodigo sa Parusa ng California. Ang kabanatang ito ay hindi dapat ipakahulugan na naglilimita sa anumang batas o mga regulasyon ng estado na nagpoprotekta sa kapakanan ng mga hayop, o anumang bagay sa kabanatang ito ay hindi dapat humadlang sa isang lokal na namamahalang lupon na magpatibay at magpatupad ng mga sariling batas at regulasyon sa kapakanan ng hayop.*

SEKSIYON 4. KAKAYAHANG IHIWALAY

Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan, ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang pagiging walang-bisa o pagiging labag sa saligang-batas ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit ng batas na ito na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisa o labag sa saligang-batas na tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay.

SEKSIYON 5. MGA PETSA NG PAGKAKABISA

Ang mga tadhana ng mga Seksiyon 25990, 25991, 25992, 25993, at 25994 dapat magkabisa sa Enero 1, 2015.

## PROPOSISYON 3

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II, ng Seksiyon 8, ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Bahagi 6.1 (nagsisimula sa Seksiyon 1179.50) ay idinaragdag sa Dibisyon 1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*BAHAGI 6.1. BATAS SA BONO NG 2008 PARA SA OSPITAL NG MGA BATA*

*KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG TADHANA*

*1179.50. (a) Ang bahaging ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas sa Bonong 2008 Para sa Ospital ng mga Bata.*

*(b) Ang ugnayan ng California ng mga panrehiyong ospital ng mga bata ay nagkakaloob ng mahahalagang serbisyong pangangalagang pangkalusugan sa mga batang humaharap sa sakit o pinsala na maaaring makamatay. Higit sa isang milyong beses sa isang taon, ang mga bata ay inaalagaan sa mga ospital na ito nang hindi isinasaalang-alang ang kakayahan ng kanilang pamilya na magbayad.*

*(c) Ang mga ospital ng mga bata ay nagkakaloob din ng natatanging paggamot at pangangalaga na nagtaas ng pagkaligtas ng mga batang dumaranas ng mga seryosong sakit at karamdaman na tulad ng leukemia, kanser, mga depekto sa puso, diyabetis, sickle cell, anemia, at cystic fibrosis ng bata.*

*(d) Ang mga ospital ng mga bata ay nagkakaloob din ng mahalagang pagsasanay para sa mga doktor ng mga bata, mga espesyalista sa mga bata at ibang gumagamot ng mga bata, at sila ay nagsasagawa ng mahalagang pananaliksik na pinakikinabangan ng lahat ng mga bata sa California.*

*(e) Gayunman, ang pasanin ng pagkakaloob ng walang-bayad na pangangalaga at ang lumalaking gastos ng pangangalagang pangkalusugan ay seryosong nakakapagpahina sa kakayahan ng mga ospital ng mga bata na isamoderno at palawakin ang kanilang mga pasilidad at bumili ng mga pinakabagong teknolohiyang medikal at espesyal na kagamitang medikal na kailangan upang alagaan ang mga batang may-sakit.*

*(f) Dahil dito, nais ng mga tao na magkaloob ng matatag at nakahandang pinagkukunan ng mga pondo para sa mga programang kapital na pagpapabuti para*

*sa mga ospital ng mga bata upang pabutihin ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng mga bata ng California.*

*1179.51. Gaya ng pagkakagamit sa bahaging ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:*

*(a) "Awtoridad" ay nangangahulugang ang Awtoridad sa Pagtustos ng mga Pasilidad na Pangkalusugan ng California na itinatag alinsunod sa Seksiyon 15431 ng Kodigo ng Pamahalaan.*

*(b) "Ospital ng mga bata" ay nangangahulugang alinman sa mga sumusunod:*

*(1) Isang pangkalahatang ospital na pangangalaga ng malubhang sakit ng Unibersidad ng California na inilarawan sa ibaba:*

*(A) University of California, Davis Children's Hospital.*

*(B) Mattel Children's Hospital sa University of California, Los Angeles.*

*(C) University Children's Hospital sa University of California, Irvine.*

*(D) University of California, San Francisco Children's Hospital.*

*(E) University of California, San Diego Children's Hospital.*

*(2) Ang isang pangkalahatang ospital ng pangangalaga ng malubhang sakit na, o isang tumatakbong entidad ng, isang di-nagtutubong korporasyon ng California na isinama sa korporasyon bago ang Enero 1, 2003, na ang misyon ay pangangalagang pangklinika, pagtuturo, pananaliksik, at pagtataguyod na nakapokus sa mga bata, at nagkakaloob ng mga komprehensibong serbisyong pambata sa maraming batang karapat-dapat sa mga programa ng pamahalaan at sa mga batang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan na karapat-dapat para sa programang Mga Serbisyo sa mga Bata ng California at nakakatugon sa lahat ng mga sumusunod:*

*(A) Ang ospital ay may hindi kukulangin sa 160 lisensiyadong kama sa mga kategorya ng malubhang sakit ng bata, matinding pangangalaga ng bata at matinding pangangalaga sa kapanganakan sa taon ng pananalapi na matatapos sa pagitan ng Hunyo 30, 2001, at Hunyo 29, 2002, gaya ng iniulat sa Opisina ng pambuong-estadong Pagpaplano at Pagpapaunlad na Pangkalusugan sa o bago ang Hulyo 1, 2003.*

*(B) Ang ospital ay nagkakaloob ng higit sa 30,000 kabuuang pasyenteng bata (sensus), hindi kasama ang mga araw ng malubhang sakit sa alagaan ng sanggol, sa taon ng pananalapi na natatapos sa pagitan ng Hunyo 30, 2001, at Hunyo 29, 2002, gaya ng iniulat sa Opisina ng Pambuong-estadong Pagpaplano at Pagpapaunlad sa o bago ang Hulyo 1, 2003.*

*(C) Ang ospital ay nagkaloob ng edukasyong medikal sa hindi kukulangin sa walo, binuo sa pinakamalit na buong integer, buong-oras na katumbas ng mga residenteng pambata o napapailalim na espesyalidad na pambata sa taon ng pananalapi na matatapos sa pagitan ng Hunyo 30, 2001, at Hunyo 29, 2002, gaya ng iniulat sa Opisina ng Pambuong-estadong Pagpaplano at Pagpapaunlad na Pangkalusugan sa o bago ang Hulyo 1, 2003.*

*(c)"Komite" ay nangangahulugang ang Komite sa Pananalapi ng Batas sa Bono sa Para sa Opsital ng mga Bata na nilikha alinsunod sa Seksiyon 1179.61.*

*(d) "Pondo" ay nangangahulugang ang Pondo ng Batas sa Bono Para sa Ospital ng mga Bata alinsunod sa Seksiyon 1179.53.*

*(e) "Gawad" ay nangangahulugang ang pamamahagi ng pera sa pondo ng awtoridad sa mga ospital ng mga bata para sa mga proyekto alinsunod sa bahaging ito.*

*(f) "Programa" ay nangangahulugang ang Programang Ospital ng mga Bata na itinatag alinsunod sa bahaging ito.*

*(g) "Proyekto" ay nangangahulugang ang pagtatayo, pagpapalawak, pagbabago ng yari, pagkukumpuni, paglalagay ng muwebles, paglalagay ng kagamitan, o muling pagtustos ng isang ospital ng mga bata na tutustusan o muling tutustusan ng mga pondong ipinagkakaloob nang buo o bahagi lamang alinsunod sa bahaging ito. "Proyekto" ay maaaring kabilang ang pagbabayad para sa mga gastos ng pagtatayo, pagpapalawak, pagbabago ng yari, pagkukumpuni, paglalagay ng muwebles, paglalagay ng kagamitan, pagtustos, o muling pagtustos ng mga ospital ng mga bata kung saan ang mga gastos na ito ay nakuha pagkaraan ng Enero 31, 2008. "Proyekto" ay maaaring kabilang ang anumang kombinasyon ng isa o higit na naunang magkasamang ginawa ng anumang kalahok na ospital ng mga bata na kuwalipikado sa ilalim ng bahaging ito.*

*Kabanata 2. Ang Programang Ospital Ng Mga Bata*

*1179.53. Ang mga nalikom sa mga bono na inisyu at ibinenta alinsunod sa bahaging ito ay dapat ideposito sa Pondo ng Batas sa Bono Para sa Ospital ng mga Bata, na sa pamamagitan nito ay nililikha.*

*1179.54. Ang layunin ng Programang Ospital ng mga Bata ay pabutihin ang kalusugan at kapakanan ng mga batang malubha ang sakit sa California, sa pamamagitan ng pagkakaloob ng matatag at nakahandang pinagkukunan ng mga pondo para sa mga proyektong kapital na pagpapahusay para sa mga ospital ng mga bata. Ang programang itinatadhana sa bahaging ito ay sa interes ng publiko, naglilingkod ng pampublikong layunin, at magtataguyod ng kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng mga mamamayan ng estado.*

*1179.55. Ang awtoridad ay inawtorisa upang magbigay ng mga gawad sa anumang ospital ng mga bata para sa mga layunin ng pagpopondo ng mga proyekto, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (g) ng Seksiyon 1179.51.*

*1179.56. (a) Dalawampung porsiyento ng mga kabuuang pondong makukuha para sa mga gawad alinsunod sa bahaging ito ay dapat igawad sa mga ospital ng mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 1179.51.*

*(b) Walumpung porsiyento ng kabuuang pondong makukuha para sa mga gawad alinsunod sa bahaging ito ay dapat igawad sa mga ospital ng mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 1179.51.*

*1179.57. (a) Ang awtoridad ay dapat bumuo ng isang nakasulat na aplikasyon para sa pagbibigay ng mga gawad sa ilalim ng bahaging ito sa loob ng 90 araw ng pagpapatibay ng batas na ito. Ang awtoridad ay dapat magbigay ng mga gawad sa mga karapat-dapat na ospital ng mga bata, napapailalim sa mga limitasyon ng bahaging ito at upang isulong ang mga layunin ng bahaging ito batay sa mga sumusunod na bagay:*

*(1) Ang gawad ay tutulong sa pagpapalawak o pagpapabuti ng mga daan sa pangangalagang pangkalusugan ng mga batang karapat-dapat sa mga programang segurong pangkalusugan ng pamahalaan at dukha, kulang sa paglilingkod, at hindi nakasegurong mga bata.*

*(2) Ang gawad ay tutulong sa pagpapabuti ng mga bunga ng pangangalagang pangkalusugan ng bata o mga bunga sa pasyente ng pangangalagang pambata.*

*(3) Ang mga ospital ng mga bata ay nagkakaloob ng walang-bayad o kulang sa bayad na pangangalaga sa mga dukha o mga pampublikong pasyente ng pambatang pangangalaga.*

*(4) Ang ospital ng mga bata ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga madaling maapektuhang bata.*

*(5) Ang ospital ng mga bata ay nagkakaloob ng mga programang pagtuturo o pananaliksik ukol sa mga bata.*

*(6) Pagpapakita ng kahandaan ng proyekto at posibilidad ng proyekto.*

*(b) (1) Ang isang aplikasyon para sa mga pondo ay dapat isumite sa awtoridad para aprobahan sa pagiging kaayon ng mga iniaatas ng bahaging ito.*

*(2) Ang awtoridad ay dapat magproseso at magbigay ng mga gawad sa isang napapanahong paraan, hindi hihigit ng 60 araw.*

*(c) Ang isang ospital ng mga bata na tinukoy sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 1179.51 ay hindi dapat mag-aplay para sa, at ang awtoridad ay hindi dapat maggawad sa ospital ng mga bata ng, isang gawad na magiging sanhi upang ang kabuuang halaga ng mga gawad na ibinigay sa ospital na ito ng mga bata ay humigit sa isang-ikalima ng kabuuang pondong makukuha para sa mga gawad sa lahat ng mga ospital ng mga bata alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 1179.56. Sa kabila ng limitasyong ito sa gawad, anumang mga pondong makukuha sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 1179.56 na hindi pa lubos na nagamit pagsapit ng Hunyo 30, 2018, ay dapat makuha para sa isang aplikasyon mula sa anumang ospital ng mga bata na tinukoy sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 1179.51.*

*(d) Ang isang ospital ng mga bata na tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 1179.51 ay hindi dapat mag-aplay para sa, at ang awtoridad ay hindi dapat magbigay sa ospital na iyon ng mga bata ng, isang gawad na magiging dahilan upang ang kabuuang halaga ng mga gawad na ibinigay sa ospital na iyon ng mga bata ay humigit sa siyamnapu't-walong milyong dolyar ($98,000,000) mula sa mga halagang makukuha para sa mga gawad sa lahat ng ospital ng mga bata alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1179.56. Sa kabila ng limitasyong ito sa gawad, anumang mga pondong makukuha sa ilalim ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 1179.56 na hindi pa lubos na nagamit pagsapit ng Hunyo 30, 2018, ay dapat makuha para sa isang aplikasyon mula sa anumang ospital ng mga bata na nilinaw sa talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 1179.51.*

*(e) Hindi kailanman nararapat na ang isang gawad upang tustusan ang isang proyekto ay humigit sa kabuuang gastos sa mga proyekto, gaya ng ipinasiya ng ospital ng mga bata at inaprobahan ng awtoridad.*

*(f) Lahat ng proyektong binigyan ng mga gawad ay dapat makumpleto sa loob ng isang makatwirang panahon. Kung ipinasiya ng awtoridad na ang ospital ng mga bata ay nabigong kumpletuhin ang proyekto sa ilalim ng mga tadhanang tinukoy sa pagbibigay ng gawad, ang awtoridad ay maaaring mag-atas ng mga remedyo, kabilang ang pagbabalik ng lahat o isang bahagi ng gawad. Ang isang ospital ng mga bata na tumanggap ng isang gawad sa ilalim ng bahaging ito ay dapat magsumite sa awtoridad ng sertipikasyon ng pagkumpleto ng proyekto.*

*(g) Ang mga gawad ay dapat makuha alinsunod sa seksiyong ito kung ipinasiya ng awtoriad na ito ay may sapat na pera sa pondo. Wala sa seksiyong ito na dapat mag-atas sa awtoridad na magbigay ng mga gawad kung ipinasiya ng awtoridad na ito ay may sapat na perang nakahanda sa pondo upang gawin ito.*

*(h) Maaaring ipasiya ng awtoridad taun-taon ang halagang makukuha para sa mga layunin ng bahaging ito. Ang mga gastos sa pangangasiwa ng programang ito ay hindi dapat humigit sa aktuwal na mga gastos o 1 porsiyento, alinman ang mas mababa.*

*1179.58. Ang Kawanihan ng mga Pagsusuri ng Estado ay maaaring magsagawa ng pana-panahong pagsusuri upang tiyakin na ang mga nalikom sa bono ay iginagawad sa tamang panahon at sa paraang kaayon ng mga iniaatas ng bahaging ito, at ang mga ginawaran ng mga nalikom sa bono ay ginagamit ang mga pondo na sumusunod sa mga angkop na tadhana ng bahaging ito.*

*Kabanata 3. Mga Tradhana Sa Pananalapi*

*1179.59. Ang mga bono na may kabuuang halaga na siyam na raan walumpung milyong dolyar ($980,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang mga gumagawa ng pagsasauli na bono, ay maaaring iisyu upang magkaloob ng isang pondong gagamitin sa pagsasakatuparan ng mga layuning ipinahayag sa bahaging ito at upang bayaran ang Umiikot na Pondo ng Gugulin ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga bono, kapag naibenta, ay dapat bumuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang buong pagtitiwala at kredito ng Estado ng California ay ipinangangako para sa napapanahong pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran at mababayaran.*

*1179.60. Ang mga bonong inawtorisa ng bahaging ito ay dapat ihanda, isagawa, iisyu, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas ng Estado sa*

*Pangkalahatang Obligasyong Bono (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), at ang lahat ng tadhana ng batas na iyo ay umaaplay sa mga bono at sa bahaging ito at isinasama sa bahaging ito na waring nakalagay nang buo sa bahaging ito.*

*1179.61. (a) Tanging para sa layunin na iawtorisa ang pag-isyu at pagbebenta alinsunod sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng mga bonong inawtorisa ng bahaging ito, ng Komite sa Pananalapi ng Batas sa Bono Para sa Ospital ng mga Bata na sa pamamagitan nito ay nililikha. Para sa mga layuning ng bahaging ito, ang Komite sa Pananalapi ng Batas sa Bono Para sa Ospital ng mga Bata ay "ang komite" kung paano ginagamit ang katawagan sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono. Ang komite ay binubuo ng Kontroler, Direktor ng Pananalapi, at ng Ingat-yaman, o ng kanilang mga itinalagang kinatawan. Ang Ingat-yaman ay dapat maglingkod bilang tagapangulo ng komite. Ang isang mayoriya ng komite ay maaaring umakto para sa komite.*

*(b) Ang awtoridad ay itinalagang ang "lupon" para sa mga layunin ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, at dapat mangasiwa ng programa alinsunod sa bahaging ito.*

*1179.62. Ang komite ay dapat magpasiya kung kailangan o hindi o kanais-nais o hindi na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa alinsunod sa bahaging ito upang isakatuparan ang mga aksiyon na tinukoy sa Seksiyon 1179.54 at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong dapat iisyu at ibenta. Ang mga susunod na isyu ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang isakatuparan ang mga aksiyon nang progresibo, at hindi kailangan na ang lahat ng bono ay iisyu o ibenta sa anumang isang panahon.*

*1179.63. Dapat na may singilin bawat taon at sa paraan at panahon na katulad ng pagsingil sa ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, isang kabuuan ng halagang iniaatas upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng tungkulin na nauukol sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang lahat ng kailangan upang masingil ang karagdagang halaga.*

*1179.64. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay inilalaan nang patuloy mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesorerya ng Estado, para sa mga layunin ng bahaging ito, isang halagang katumbas ng kabuuan ng mga sumusunod:*

*(a) Isang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa bahaging ito, kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran at mababayaran.*

*(b) Ang halagang kailangan upang isakatuparan ang Seksiyon 1179.65, inilalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.*

*1179.65. Para sa mga layunin na isakatuparan ang bahaging ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring mag-awtorisa ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halagang hindi hihigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite na ibenta para sa layunin na isakatuparan ang bahaging ito. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Anumang halagang inihanda sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo mula sa mga nalikom na natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin na isakatuparan ang bahaging ito.*

*1179.66. Lahat ng perang idineposito sa pondo na galing sa hulog at natipong interes ng mga bono ay dapat na ireserba sa pondo at dapat ihanda para ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono.*

*1179.67. Alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang gastos sa pag-isyu ng bono ay dapat bayaran mula sa mga nalikom sa bono. Ang mga gastos na ito ay dapat paghatian nang ayon sa proporsiyon ng bawat ospital ng mga bata na pinopondohan sa pamamagitan ng batas na ito sa bono..*

*1179.68. Ang awtoridad ay maaaring humiling sa Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera na umutang mula sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, kabilang ang ibang mga inawtorisang anyo ng pansamantalang pagtustos na kabilang ang, pero hindi limitado sa, pangkomersiyong papel, alinsunod sa Seksiyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa mga layunin na isakatuparan ang bahaging ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat humigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bonong inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layunin na isakatuparan ang bahaging ito. Ang awtoridad ay dapat magsagawa ng anumang mga dokumento na iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at bayaran ang utang. Anumang mga halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo na ilalaan ng lupon alinsunod sa bahaging ito.*

*1179.69. Ang mga bono ay maaaring gawan ng pagsasauli alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono. Ang pag-aproba ng mga botante ng estado para sa pag-isyu ng bonong inilarawan sa bahaging ito ay kabilang ang pag-aproba ng pag-isyu ng anumang mga bonong inisyu upang gawan ng pagsasauli ang anumang mga bonong orihinal na inisyu sa ilalim ng bahaging ito o anumang mga naunang inisyung nagsasauling bono.*

*1179.70. Sa kabila ng anumang tadhana ng bahaging ito, o ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, kung ang Ingat-yaman ay nagbenta ng mga bono alinsunod sa bahaging ito na kasama ang opinyon ng tagapayo sa bono na may epekto na ang interes sa mga bono ay hindi kasama sa kabuuang kita para sa pederal na buwis, napapailalim sa mga itinalagang kondisyon, ang Ingat-yaman ay maaaring magpanatili ng mga hiwalay na kuwenta para sa pamumuhunan ng mga nalikom sa bono at para sa pamumuhunan ng mga kinita sa mga nalikom na ito. Ang Ingat-yaman ay maaaring gumamit o magtagubilin ng paggamit ng mga kinitang ito upang bayaran ang anumang rebate, multa, o ibang pagbabayad na iniaatas sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang aksiyon tungkol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na iniaatas o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang panatilihin ang katayuan na libre sa buwis ng mga bonong ito at upang kumuha ng anumang ibang kabutihan sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.*

*1179.71. Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao na, dahil ang mga nalikom sa mga bono na inawtorisa ng bahaging ito ay hindi "mga nalikom sa buwis" gaya ng pagkakagamit sa katawagang iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, ang pamamahagi ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinataw ng bahaging iyon.*

*1179.72. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng bahaging ito, ang mga tadhana ng bahaging ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng bahaging ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit.*

## PROPOSISYON 4

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II, ng Seksiyon 8, ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay malinaw na nagsususog sa Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng isang seksiyon dito; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Titulo

Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas sa Kaligtasan ng Bata at Tinedyer at Pigilan ang mga Maninila: Batas ni Sarah.

SEK. 2. Pagpapahayag ng mga Napag-alaman at mga Layunin

Ang mga tao ng California ay may mahalagang interes sa pagprotekta sa mga menor laban sa mga alam na panganib ng mga lihim na aborsiyon, kabilang ang panganib ng hindi pagkuha ng kaagad na pangangalaga para sa mga kumplikasyon na nagbabanta sa kalusugan at buhay kapag hindi alam ng magulang o responsableng miyembro ng pamilya ng isang menor na siya ay sumailalim sa lihim na aborsiyon. Ang mga tao ay mayroon ding mahalagang interes sa pagpigil sa mga sekswal na maninila na gamitin ang mga lihim na aborsiyon upang itago ang sekswal na pagsasamantala sa mga menor.

SEK. 3. Paunawa sa Magulang

Seksiyon 32 ay idinaragdag sa Artikulo I ng Saligang-batas ng California, upang mabasang:

*SEK. 32. (a) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:*

*(1) "Aborsiyon" ay nangangahulugang ang paggamit ng anumang mga paraan upang tapusin ang pagbubuntis ng isang di-pinalayang menor na alam na buntis maliban sa layunin ng paggawa ng buhay na pagsilang. "Aborsiyon" ay hindi dapat magsama sa paggamit ng anumang kontraseptibong gamot o kagamitan.*

*(2) "Emerhensiyang medikal" ay nangangahulugang isang kondisyon na, batay sa matapat na pasiyang pangklinika ng doktor, ay nagbibigay ng kumplikasyon sa kondisyong medikal ng isang buntis na di-pinalayang menor kaya nangangailangan ng kaagad na pagputol ng kanyang pagbubuntis upang hindi siya mamatay o ang pagpapaliban ay lilikha ng seryosong panganib na magkaroon ng malaki at hindi maibabalik na pinsala sa malaking tungkulin ng katawan.*

*(3) "Magulang" ay nangangahulugang isang tao na, sa panahon ng paunawa o pagtalikdan ay inaatasan sa ilalim ng seksiyong ito, ay isang magulang kung ang parehong magulang ay may legal na pag-iingat, o ang magulang o taong may legal na pag-iingat, o ang legal na tagapangalaga ng isang di-pinalayang menor.*

*(4) "Miyembro ng pamilya na may sapat na gulang" ay nangangahulugang isang tao na hindi kukulangin sa 21 taon ang edad na isang lolo o lola, magulang na panguman, tumatangkilik na magulang, tiya, tiyo, kapatid, kalahating-kapatid, o unang-antas na kamag-anak ng menor.*

*(5) "Paunawa" ay nangangahulugang isang nakasulat na paunawa, pinirmahan at pinetsahan ng isang doktor o ng kanyang ahente, nagbibigay-alam sa magulang o miyembro ng pamilya na may sapat na gulang ng isang di-pinalayang menor na siya ay buntis at humiling ng aborsiyon.*

*(6) "Di-pinalayang menor" ay nangangahulugang isang babae wala pang 18 taong gulang na hindi pa pumapasok sa isang balidong kasal at wala sa aktibong tungkulin sa mga sandatahang serbisyo ng Estados Unidos at hindi pa naidedeklarang malaya sa ilalim ng batas ng estado. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang pagbubuntis ay hindi nagpapalaya sa babae na wala pa sa edad na 18 taon.*

*(7) "Doktor" ay nangangahulugang sinumang taong inawtorisa sa ilalim ng mga batas at regulasyon ng Estado ng California na gumawa ng aborsiyon sa isang di-pinalayang menor.*

*(b) Sa kabila ng Seksiyon 1 ng Artikulo I, o anumang ibang tadhana nitong Saligang-batas o batas na kasalungat at maliban sa isang emerhensiyang medikal na itinadhana sa subdibisyon (f), ang isang doktor ay hindi dapat gumawa ng isang aborsiyon sa isang*

*buntis na di-pinalayang menor hanggang hindi kukulangin sa 48 oras ang nakalipas pagkatapos na ang doktor o ahente ng doktor ay naghatid ng nakasulat na paunawa sa kanyang magulang nang personal o sa pamamagitan ng koreo gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (c); o hanggang ang ahente ng doktor ay makatanggap ng isang balidong pagtalikdan sa paunawa gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (d); o hanggang 48 oras pagkatapos na ang doktor ay maghatid ng paunawa sa isang miyembro ng pamilya na may sapat na gulang at gumawa ng ulat na alam o hinihinalang pang-aabuso ng bata, gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (e); o hanggang ang doktor ay tumanggap ng isang pagtalikdan sa paunawa mula sa hukuman gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (h),(i), o (j). Ang isang kopya ng anumang paunawa o pagtalikdan ay dapat panatilihin sa mga rekord na medikal ng di-pinalayang menor. Dapat ipagbigay-alam ng doktor o ahente ng doktor sa di-pinalayang menor na ang kanyang magulang ay maaaring tumanggap ng paunawa gaya ng itinatadhana sa seksiyong ito.*

*(c) Ang nakasulat na paunawa ay dapat ihatid ng doktor o ng ahente ng doktor sa magulang, nang personal o sa pamamagitan ng sertipikadong koreo na nakapangalan sa magulang sa huling alam na direksiyon ng magulang na may hiniling na resibo ng pagbabalik at ihahatid sa nakasulat na pinadadalhan lamang. Kung ang paunawa ay ibinigay sa pamamagitan ng sertipikadong koreo, ang isang kopya ng nakasulat na paunawa ay dapat ding ipadala nang kasabay sa pamamagitan ng primera klaseng koreo sa magulang. Ang paunawa sa pamamagitan ng koreo ay maaaring ipalagay na inihatid sa ilalim ng mga tadhana ng subdibisyong ito sa tanghali ng ikalawang araw pagkatapos ng nakasulat na paunawa sa pamamagitan ng sertipikadong koreo ay malagyan ng tatak-pangkoreo, hindi ibinibilang ang anumang mga araw na ang regular na paghahatid ng koreo ay hindi naganap. Ang isang pormularyo para sa paunawa ay dapat itagubilin ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado. Ang pormularyo ng paunawa ay dapat na sa dalawang wika, sa Ingles at Espanyol, at makukuha rin sa Ingles at bawat isa sa ibang mga wika kung saan ang mga Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng California ay inilalathala.*

*(d) Ang paunawa ng hangarin ng di-pinalayang menor na sumailalim sa aborsiyon ay maaaring talikdan ng kanyang magulang. Ang pagtalikdan ay dapat na nakasulat, sa isang pormularyo na itinagubilin ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado, pinirmahan ng isang magulang, pinetsahan, at pinanotaryohan. Dapat tukuyin ng magulang sa pormularyong ito na ang pagtalikdan ay magiging balido para sa 30 araw, o hanggang sa isang tinukoy na petsa, o hanggang sa ikalabingwalong kaarawan ng menor. Ang nakasulat na pagtalikdan ay hindi kailangang panotoryahan kung ito ay personal na inihatid ng magulang sa doktor o ahente ng doktor. Dapat kasama sa pormularyo ang sumusunod na pahayag:* ***"BABALA. Isang krimen na sadyang magbigay ng hindi totoong impormasyon sa isang doktor o ahente ng doktor para sa layunin na himukin ang isang doktor o ahente ng doktor na maniwala na ang isang pagtalikdan sa paunawa ay ibinigay ng magulang o tagapangalaga."*** *Ang anyo ng paunawa ay dapat na sa dalawang wika, sa Ingles at Espanyol, at makukuha rin sa Ingles at bawat isa sa ibang mga wika kung saan ang mga Opisyal na na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng California ay inilalathala. Para sa bawat aborsiyon na ginawa sa isang di-pinalayangg menor alinsunod sa subdibisyong ito, ang doktor o ahente ng doktor ay dapat tumanggap ng nakahiwalay na orihinal na nakasulat pagtalikdan na dapat panatilihin sa rekord na medikal ng di-pinalayang menor.*

*(e) Ang paunawa sa magulang ay hindi dapat iatas sa ilalim ng seksiyong ito kung, hindi kukulangin sa 48 oras bago gawin ang aborsiyon, ang nag-aasikasong doktor ay naghatid ng paunawa sa isang paraang itinagubilin at sa nasa pormularyong itinagubilin sa subdibisyon (c) sa isang may sapat na gulang na miyembro ng pamilya na itinalaga ng di-pinalayang menor at gumawa ng nakasulat na ulat ng alam o hinihinalang pang-aabuso tungkol sa di-pinalayang menor sa angkop na tagapagpatupad ng batas o pampublikong ahensiya ng proteksiyon sa bata. Ang naturang ulat ay dapat na batay sa nakasulat na pahayag ng isang menor na siya ay natatakot sa isang pisikal, sekswal, o matinding pang-aabuso ng damdamin mula sa isang magulang na bibigyan sana ng paunawa at ang kanyang takot ay batay sa isang ipinakitang pisikal, sekswal, o matinding pang-aabuso ng damdamin sa kanya ng isang magulang. Dapat isama ng doktor ang pahayag ng menor sa kanyang ulat at dapat ding magpanatili ng isang kopya ng pahayag at ulat sa mga rekord na medikal ng menor. Dapat ding isama ng doktor sa paunawa ang isang liham na nagbibigay-alam sa may sapat na gulang na miyembro ng pamilya na ang isang ulat ng alam o hinihinalang pang-aabuso ng bata ay ginawa tungkol sa menor at tinutukoy ang ahensiya na ang ulat ay ginawa. Dapat ipagbigay-alam sa menor na ang paunawa at liham ay ihahatid sa may sapat na gulang na miyembro ng pamilya na itinalaga niya.*

*(f) Ang paunawa ay hindi dapat iatas sa ilalim ng seksiyong ito kung ang nag-aasikasong doktor ay nagsertipika sa mga rekord na medikal ng di-pinalayang menor ang mga indikasyong medikal na sumusuporta sa matapat na pasiyang pangklinika ng doktor na ang aborsiyon ay kailangan dahil sa isang emerhensiyang medikal.*

*(g) Ang paunawa ay hindi dapat iatas sa ilalim ng seksiyong ito kung tinalikdan alinsunod sa subdibisyong ito at subdibisyon (h), (i), o (j). Kung ang buntis na di-pinalayang menor ay pumiling hindi ipahintulot ang paunawa na ibibigay sa isang magulang, siya ay maaaring magharap ng petisyon sa hukumang pangkabataan. Walang fee sa paghaharap na dapat iatas para sa paghaharap ng petisyon. Kung, alinsunod sa subdibisyong ito, ang isang di-pinalayang menor ay naghangad na magharap ng petisyon, ang hukuman ay dapat tumulong sa menor o taong itinalaga ng menor sa paghahanda ng mga dokumentong iniaatas alinsunod sa seksiyong ito. Ang petisyon ay dapat maglagay nang may katiyakan sa mga dahilan ng menor para sa kahilingan. Ang di-pinalayang menor ay dapat humarap nang personal sa mga pamamaraan sa hukumang pangkabataan at maaaring humarap para sa kanyang sarili o kasama ang isang abugado na pinili niya. Ang hukuman ay dapat, gayunman, na magsabi sa kanya na siya ay may karapatan sa isang itinalaga ng hukom na abugado kung hihilingin. Ang pagdinig ay dapag ganapin bago lumampas ang ika-5 ng hapon sa ikalawang araw ng hukuman pagkatapos iharap ang petisyon maliban kung pinalawig sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan ng di-pinalayang menor o ng kanyang abugado. Ang di-pinalayang menor ay dapat bigyan ng paunawa ng petsa, oras, at lugar ng pagdinig sa petisyon. Ang pasiya ay dapat ipasok sa loob ng isang araw ng pagsusumite ng bagay sa hukuman. Ang hukom ay dapat mag-utos ng isang rekord ng ebidensiya na pananatilihin, kabilang ang nakasulat na ipinasiyang katotohanan at mga legal na kongklusyon na sumusuporta sa desisyon. Dapat tiyakin ng hukuman na ang pagkakakilanlan ng menor ay pananatilihing kompidensiyal at ang lahat ng mga pamamaraan ng hukuman ay lubos na sarado.*

*(h) (1) Kung ipinasiya ng hukom, sa pamamagitan ng malinaw at nakakakumbinseng ebidensiya, na ang di-pinalayang menor ay may sapat na maturidad at kaalaman upang ipasiya kung sasailalim sa aborisiyon, dapat mag-awtorisa ang hukom ng isang pagtalikdan ng paunawa ng isang magulang.*

*(2) Kung ipinasiya ng hukom, sa pamamagitan ng isang malinaw at nakakakumbinseng ebidensiya, na ang paunawa sa isang magulang ay hindi makakabuti sa di-pinalayang menor, ang hukom ay dapat mag-awtorisa ng isang pagtalikdan sa paunawa. Kung ang pasiya na ang paunawa sa isang magulang ay hindi makakabuti sa menor ay batay sa ebidensiya ng pisikal, sekswal, o pandamdaming pang-aabuso, dapat tiyakin ng hukuman na ang naturang ebidensiya ay dinala sa atensiyon ng angkop na tagapagpatupad ng batas o pampublikong ahensiya ng proteksiyon sa bata.*

*(3) Kung ang hukom ay hindi gumawa ng pasiya na tinukoy sa talataan (1) o (2), dapat ipagkait ng hukom ang petisyon.*

*(i) Kung nabigo ang hukom na magpasiya sa loob ng takdang panahon na tinukoy sa subdibisyon (g) at walang pagpapalawig na hiniling at iginawad, ang petisyon ay dapat ituring na iginawad at ang iniaatas na paunawa ay dapat talikdan.*

*(j) Maaaring iapela ng menor ang pasiya ng hukumang pangkabataan anumang oras pagkatapos ipasok ang pasiya. Ang Konsehong Panghukuman ay dapat magtagubilin, sa pamamagitan ng pasiya, ng gawain at pamamaraan sa apela at sa panahon at paraan kung saan ang anumang rekord sa apela ay dapat ihanda at iharap at maaaring magtagubilin ng mga pormularyo para sa mga naturang pamamaraan. Ang mga pamamaraan ay dapat mag-atas na ang pagdinig ay dapat ganapin sa loob ng tatlong araw ng paghaharap sa hukuman ng paunawa ng apela. Ang di-pinalayang menor ay dapat bigyan ng paunawa ng petsa, oras, at lugar ng pagdinig. Dapat tiyakin ng hukuman ng paghahabol na ang pagkakakilanlan ng menor ay pananatilihing kompidensiyal at ang lahat ng mga pamamaraan ng hukuman ay lubos na sarado. Walang fee sa paghaharap na dapat iatas para sa paghaharap ng apela. Ang pasiya ay dapat ipasok sa loob ng isang araw ng pagsumite ng bagay sa hukuman.*

*(k) Ang Konsehong Panghukuman ay dapat magtagubilin, sa pamamagitan ng pasiya, ng gawain at pamamaraan sa mga petisyon para sa pagtalikdan sa paunawa sa magulang, mga pagdinig, at pagpasok ng pasiya na itinuring nito na kailangan at maaaring magtagubilin ng mga pormularyo para sa mga naturang pamamaraan. Ang bawat hukuman ay dapat magkaloob taun-taon sa Konsehong Panghukuman, sa isang paraan na itatagubilin ng Konsehong Panghukuman upang tiyakin ang pagkakompidensiyal ng di-pinalayang menor na nagharap ng mga petisyon, isang ulat ng bilang ng mga petisyon na iniharap, ang bilang ng mga petisyon na iginawad sa ilalim ng talataan (1) o (2) ng subdibisyon (h), itinuring na iginawad sa ilalim ng subdibisyon (i), ipinagkait sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (h), at iginawad o ipinagkait sa ilalim ng subdibisyon (j), ang mga nasabing ulat ay makukuha ng publiko maliban kung ipinasiya ng Konsehong Panghukuman na ang mga datos na nakasaad sa mga indibidwal na ulat ay dapat tipunin batay sa county bago ihanda sa publiko upang pangalagaan ang pagkakompidensial ng mga di-pinalayang menor na nagharap ng mga petisyon.*

*(l) Ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado ay dapat magtagubilin ng mga pormulayo para sa pag-uulat ng mga aborsiyon na ginawa sa mga di-pinalayang menor ng mga doktor. Ang mga pormularyo ng ulat ay hindi dapat tumukoy sa di-pinalayang menor o ng kanyang (mga) magulang sa pangalan o humiling ng ibang impormasyon na ang di-pinalayang menor o ang kanyang (mga) magulang ay maaaring tukuyin. Ang mga pormularyo ay dapat kasama ang petsa ng pamamaraan at ang buwan at taon ng kapanganakan ng di-pinalayang menor, ang tagal ng pagbubuntis, ang uri ng pamamaraan ng aborsiyon, ang bilang ng mga naunang aborsiyon ng di-pinalayang menor at mga paghahatid kung alam, at ang pasilidad kung saan ang aborsiyon ay ginawa. Ang mga pormularyo ay dapat ding magpabatid kung ang aborsiyon ay ginawa alinsunod sa subdibisyon (c), (d), (e), (f), (h), (i), o (j).*

*(m) Ang doktor na gumawa ng isang aborsiyon sa isang di-pinalayang menor ay dapat sa loob ng isang buwan na magharap ng isang pinetsahan at pinirmahang ulat ukol sa aborsiyong iyon sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado sa mga pormularyo na itinagubilin alinsunod sa subdibisyon (l). Ang pagkakakilanlan ng doktor ay dapat panatilihing kompidensiyal at hindi dapat sumailalim sa pagsisiwalat sa ilalim ng Batas sa mga Pampublikong Rekord ng California.*

*(n) Ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado ay dapat magtipon ng taunang ulat na pang-estadistika mula sa impormasyong tinukoy sa subdibisyon (l). Ang taunang ulat ay dapat magsama ng pagkakakilanlan ng sinumang doktor na nagharap ng ulat gaya ng iniaatas ng subdibisyon (m). Ang pagtitipon ay dapat magsama ng pang-estadistikang impormasyon sa mga bilang ng mga aborsiyon batay sa buwan at county kung saan ginawa, ang mga edad ng mga menor, ang tagal*

*ng mga pagbubuntis, ang mga uri ng mga pamamaraan ng aborsiyon, ang bilang ng mga naunang aborsiyon o panganganak kung alam, at ang bilang ng mga aborsiyon na ginawa alinsunod sa bawat subdibisyon (c), (d), (e), (f), (h), (i), o (j). Ang taunang ulat na pang-estadistika ay dapat makuha ng mga opisyal na pampublikong kalusugan ng county, ng mga Miyembro ng Lehislatura,ng Gobernador, at ng publiko.*

*(o) Sinumang tao na gumawa ng aborsiyon sa isang di-pinalayang menor at sa paggawa nito ay sadya o pabayang hindi sumunod sa mga tadhana ng seksiyong ito ay magkakaroon ng pananagutan para sa anumang mga pinsala sa isang aksiyong sibil na dinala ng di-pinalayang menor, ng kanyang legal na kinatawan, o ng isang magulang o tagapangalaga na maling pinagkaitan ng paunawa. Ang panahon para sa pagsisimula ng aksiyon ay dapat na sa loob ng apat na taon ng petsa na nagkaroon ng sapat na gulang ang menor o apat na taon pagkaraan ng petsa na natuklasan ng isang magulang na maling pinagkaitan ng paunawa o makatwirang dapat na natuklasan ang kabiguang sumunod sa seksiyong ito, alinman ang mas huling matatapos. Ang isang tao ay hindi dapat managot sa ilalim ng seksiyong ito kung itinatag ng tao ang isang nakasulat at dokumentong ebidensiya na ang isang taong inasahan ng ebidensiyang sapat upang makumbinse ang isang maingat at mahinahong tao na ang mga pahayag ng di-pinalayang menor o ibang mga tao tungkol sa impormasyog kailangan upang sumunod sa seksiyong ito ay tunay at totoo. Sa anumang oras bago ang pagbaba ng pangwakas na pasiya sa isang aksiyon na dinala sa ilalim ng subdibisyong ito, ang naghahabla ay maaaring pumili na kumuha, sa halip ng mga aktuwal na bayad pinsala, ng gawad na mga bayad- pinsala ayon sa batas na halagang sampung libong dolyar ($10,000). Bilang karagdagan sa anumang bayad-pinsala na iginawad sa ilalim ng subdibisyong ito, ang naghahabla ay dapat maging karapat-dapat sa isang gawad na mga makatwirang fee ng abugado. Wala sa seksiyong ito na dapat magpawalang-bisa, maglimita, o magtakda sa mga pangkaraniwang batas na mga karapatan ng mga magulang, o anumang karapatan sa kaluwagan sa ilalim ng anumang teoriya ng liabilidad ng sinumang tao o anumang pang-estado o lokal na ahensiya sa ilalim ng anumang batas o pangkaraniwang batas para sa anumang pinsala, kabilang ang anumang pambatas, makatarungan, o pampangasiwaang remedyo sa ilalim ng pederal o pang-estadong batas, laban sa anumang partido, tungkol sa pinsala sa isang di-pinalayang menor mula sa isang aborsiyon.*

*(p) Bukod sa isang di-pinalayang menor na pasyente ng isang doktor, o bukod sa doktor o ahente ng doktor, sinumang tao na sadyang nagbigay ng hindi totoong impormasyon sa isang doktor o ahente ng doktor para sa layunin na himukin ang doktor o ahente ng doktor na maniwala na alinsunod sa seksiyong ito ang paunawa ay inihatid sa isang magulang o may sapat na gulang na miyembro ng pamilya, o ang isang pagtalikdan sa paunawa ay nakuha, o ang isang di-pinalayang menor na pasyente ay hindi isang di-pinalayang menor, ay nagkasala ng isang misdemeanor na maparurusahan ng isang multa na hanggang dalawang libong dolyar ($2,000).*

*(q) Sa kabila ng anumang paunawa o mga pagtalikdan sa paunawa, maliban kung ang mga partikular na kalagayan ng emerhensiyang medikal o kawalan ng kapasidad ng kanyang sariling pag-iisip ay humahadlang sa pagkuha ng kanyang pahintulot, ang isang doktor ay hindi dapat gumawa o humimok ng aborsiyon sa isang di-pinalayang menor maliban kung may pahintulot ng mismong di-pinalayang menor.*

*(r) Sa kabila ng anumang paunawa o mga pagtalikdan sa paunawa, ang isang di-pinalayang menor na pinilit ng sinumang tao sa pamamagitan ng puwesa, banta ng puwersa, o ibinanta o aktuwal na pagkakait ng pagkain o tirahan upang pumayag na sumailalim sa aborsiyon ay maaaring mag-aplay sa hukumang pangkabataan para sa tulong. Ang hukuman ay dapat magbigay sa bagay ng pinabilis na pagsasaalang-alang at igawad ang naturang tulong na kailangan upang pigilan ang naturang pamimilit.*

*(s) Ang seksiyong ito ay hindi dapat magkabisa hanggang 90 araw pagkatapos ng eleksiyon na ito ay naaprobahan. Ang Konsehong Pangkabataan ay dapat, sa loob ng 90 araw na ito, magtagubilin ng mga tuntunin, gawain, at pamamaraan at maghanda ng anumang mga pormularyo na maaaring itagubilin nito gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (k). Ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado, sa loob ng 90 araw na ito, ay dapat maghanda ng mga pormularyong itinagubilin sa mga subdibisyon (c), (d), at (l).*

*(t) Kung may isa o higit na tadhana, subdibisyon, pangungusap, sugnay, prase o salita sa seksiyong ito o sa paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan ay ipinasiyang labag sa saligang-batas o walang-bisa, ang kapareho sa pamamagitan nito ay ipinapahayag na maihihiwalay at ang natitira sa seksiyong ito ay dapat manatiling may-bisa sa kabila ng naturang pagiging labag sa saligang-batas o pagiging walang-bisa. Ang bawat tadhana, subdibisyon, pangungusap, sugnay, prase, o salita sa seksiyong ito ay aaprobahan ng mga botante sa kabila ng katotohanan na ang may isa o higit na tadhana, subdbisyon, pangungusap, sugnay, prase, o salita na maaaring ipahayag na labag sa saligang-batas o walang-bisa.*

*(u) Maliban sa mga karapatan, tungkulin, pribilehiyo, kondisyon, at limitasyon na partikular na itinatadhana sa seksiyong ito, wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na maggagawad, kukuha, o magkakait ng anumang ibang mga karapatan, tungkulin, pribilehiyo, kondisyon, at limitasyon na may kaugnayan sa aborsiyon o ang pagpopondo dito.*

## PROPOSISYON 5

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagsusog, at nagdaragdag ng mga seksiyon sa iba't ibang kodigo, at nagpapawalang-bisa sa isang seksiyon ng hindi nakakodigong batas; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Batas ng 2008 sa Rehabilitasyon ng Hindi Marahas na Nagkasala."

SEK. 2. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag.

Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang lahat ng mga sumusunod:

I. Ang Kabiguang Magkaloob ng Mabisang Rehabilitasyon ay isang Magastos na Pagkakamali

(a) Ang sistema ng bilangguan ng California ay nabigo sa misyon nito na baguhin ang mga kriminal at protektahan ang kaligtasan ng publiko.

(b) Ang mga bilangguan ng estado ay lubhang nagsisikip at labis na hindi ligtas, sa kasalukuyan ay may 175,000 bilanggo na pinagkakasya sa mga pasilidad na idinisenyo para sa mga 100,000. Marami sa mga bilanggong ito ay pumasok sa bilangguan para sa hindi marahas na krimen at para sa hindi marahas na paglabag sa parol.

(c) Ang pagkasugapa sa droga ay ang pangunahing dahilan ng krimen sa California, na may mataas na pamamayani sa mga naaresto, bilanggo at parolado. Dagdag dito, ang mga hindi nagamot na pagkasugapa ay nakamamatay: ang sobrang paggamit ng droga ay ikalawang pangunahing dahilan ng aksidenteng pagkamatay sa Estados Unidos at hindi timbang na nakakaapekto sa mga taong pinalabas kamakailan mula sa kulungan at bilangguan.

(d) Ang parusa lamang ay nabibigo na baguhin ang asal ng hindi marahas na paggawa ng krimen, partikular kapag ang naturang gawain ay itinulak ng pagkasugapa at kawalan ng basikong edukasyon at kasanayan.

(e) Ang sistema ng pagwawasto ng California ay hindi nagkakaloob ng makabuluhang serbisyong rehabilitasyon sa karamihan ng mga bilanggo at parolado. Ang mga hindi marahas na nagkasala ay maaaring manatili ng mga taon sa likod ng rehas nang walang anumang uri ng programang edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, o rehabilitasyon. Ang mga bilanggong ito pagkaraan ay inilalabas sa ating mga komunidad nang walang daan sa mga makabuluhang serbisyo, at walang kasanayan o pagkakataon na tulungan sila na ligtas at matagumpay na muling sumama sa lipunan.

(f) Ang sistema ng hustisyang pangkrimen ng California ay nabigong mag-alay ng mabisang paggamot na may kinalaman sa droga sa sampu-sampung libong hindi marahas na nagkasala bawat taon na ang mga pagkakasala sa droga at ibang mga krimen ay itinutulak ng pang-aabuso at pagkasugapa sa substansiya. Dagdag dito, ang mga hukuman ay inaatasan na gumugol ng kakaunting kakayahan sa pagproseso ng mga pangkaraniwang kaso ng pagdadala ng marihuwana ng may sapat na gulang, isang pag-aaksaya ng mga kakayahan na maaaring maputol sa pamamagitan ng pagparusa sa pagdadala ng kaunting marihuwana bilang isang infraction.

(g) Ang California ay wala ngayong iniaalay na pinopondohan ng publiko na paggamot na may kinalaman sa droga para sa kabataan na wala pang 18 taong gulang, isang nakalulungkot at makitid na pananaw na kabiguan, dahil ang mga kabataan na may mga problema sa droga ay nasa pinakamalaking panganib na magkaroon ng buhay ng pagkasugapa at krimen bilang mga may sapat na gulang. Ang mga bagong pinagkukunan ng pagpopondo ay dapat matagpuan para sa mga programa sa kabataan. Kasabay nito, ang mga kabataan na wala pang 18 taong gulang na naaresto sa pagdadala ng marihuwana ay dapat tumanggap ng angkop, nakabase sa agham na mga programa sa edukasyon sa droga.

(h) Ang California ay gumugugol ng sobrang oras at kakayahan sa pagsubaybay ng mga hindi marahas na dating bilanggo. Maraming estado ay nag-aatas ng mas kaunting pangangasiwa para sa mga nagkasalang maliit ang panganib at mas mababa ang bilang ng mga bumalik sa masamang gawain. Ang pangangasiwa ng parol ay dapat iukol sa mas mapanganib na nagkasala, na ang mga seryoso at marahas na kriminal ay binibigyan na mas mataas na pangangasiwa sa parol.

(i) Ang mataas na bilang ng pagkulong at muling pagkulong ay resulta, sa bahagi, na kawalan ng angkop na mapipiling paggamot at rehabilitasyon para sa mga kabataan at hindi marahas na nagkasala. Dagdag dito, ang pagsisikip sa bilangguan ay ginagawa ang rehabilitasyon na halos imposible, at ang kawalan ng rehabilitasyon para sa mga hindi marahas na bilanggo at parolado ay nakakatulong nang tuwiran sa pagbabalik sa masamang gawain at muling pagkulong ng mga bilanggo na pinalabas kamakailan.

(j) Ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang pagkakaloob ng paggamot na may kinalaman sa droga at mga serbisyong rehabilitasyon sa mga kabataan, sa mga hindi marahas na nagkasala, at sa hindi marahas na bilanggo at parolado ay isang mabisang istratehiya upang bawasan sa hinaharap ang kriminalidad at pagbabalik sa masamang gawain.

(k) Dahil sa krisis sa sistema ng bilangguan sa California, kailangan at humihingi ang mga taga-California ng malaking pagbabago sa mga patakaran ng estado upang magkaloob ng mas malaking rehabilitasyon, pananagutan at paggamot sa mga kabataan, hindi marahas na nagkasala at mga hindi marahas na bilanggo at parolado.

II. Ang Paggamot at Rehabilitasyon ay Nagpapahusay ng Kaligtasan ng Publiko

(a) Ang kaligtasan ng publiko ay pinahuhusay kapag ang mga kabataan ay inaalayan ng edukasyon at paggamot na may kinalaman sa droga, kabilang ang pagpapayo sa pamilya, sa mga unang tanda ng problema sa pang-aabuso ng substansiya.

(b) Ang kaligtasan ng publiko ay pinahuhusay kapag ang isang hindi marahas, sugapang nagkasala ay tumatanggap ng mabibisang paggamot na may kinalaman sa droga at mga serbisyo sa kalusugan ng isip, sa halip ng pagkulong.

(c) Ang kaligtasan ng publiko ay pinahuhusay kapag ang mga hindi marahas na bilanggo at parolado ay lumalahok sa mabibisang programang rehabilitasyon na idinisenyo upang tulungan sila sa isang matagumpay na muling pagsama sa lipunan.

(d) Ang kaligtasan ng publiko at ang kaligtasan ng institusyon ay pinahuhusay kapag ang mga bilangguan ay hindi napipilitang maglagay ng bilang ng mga bilanggo na mas marami kaysa bilang na idinisenyong kayanin ng mga ito. Ang mga programang rehabilitasyon ay may mas matagumpay na mga bunga kapag may sapat na espasyo para sa mga programa at pinakamababang pagkandado na nakakahadlang sa mga naturang programa. Dagdag dito, ang mga programang rehabilitasyon ay nagkakamit ng mas mabubuting resulta kapag ang mga bilanggo ay may insentibo na lumahok at kumpletuhin ang mga naturang programa.

(e) Ang kaligtasan ng publiko ay pinahuhusay kapag ang probasyon at mga opisyal ng parol ay nangangasiwa sa makakayang dami ng kaso at maaaring magpokus sa mga seryoso at marahas na nagkasala.

(f) Ang California ay maaaring magprotekta sa kaligtasan ng publiko, makatipid ng daan-daang milyong dolyar, at magbawas ng mga hindi kailangang pagkulong ng mga hindi marahas na nagkasala sa pamamagitan ng:

(1) pagpapalawak ng mga pagkakataon sa paggamot para sa mga kabataan;

(2) paglipat ng mga hindi marahas na nagkasala sa paggamot at pagkakaloob ng mga insentibo sa kanila na kumpletuhin ang naturang paggamot;

(3) paglikha ng mga insentibo para sa mga hindi marahas na bilanggo na magpakabait sa bilangguan at lumahok at kumpletuhin ang makabuluhang programang rehabilitasyon; at

(4) pagpokus ng mga kakayahan sa parol sa mas mapanganib na nagkasala, at pagpapahaba ng panahon ng pangangasiwa para sa mga naturang nagkasala, habang nagkakaloob ng mabibisang programang rehabilitasyon para sa mga parolado.

III. Ang Pangangasiwa at Pananagutan Ay Mahalaga sa mga Indibidwal na Nagkasala at para sa mga Sistema

(a) Ang mga nagkasalang lumalahok sa mga programang rehabilitasyon at paggamot sa sistema ng hustisyang pangkrimen ay dapat papanagutin ng mga hukuman at awtoridad ng parol sa pamamagitan ng paggamit ng mga regular na pagdinig ng katayuan at mga nakabalangkas na pagtugon sa mga problema sa panahon ng paggamot at rehabilitasyon.

(b) Ang sistema ng hustisyang pangkrimen ay dapat kumilala na ang pagkasugapa, sa pagpapakahulugan, ay isang ayaw gumaling, umuulit na sakit, at ang pagkasugapa, mag-isa, ay hindi isang problemang pang-asal na angkop ang parusa. Ang pagparusa sa pagkasugapa ay hindi nagkakabisa at napatunayang hindi produktibo. Kaya, mahalaga na ang mga propesyonal sa hustiyang pangkrimen ay sumunod sa siyentipikong pananaliksik at mga pinakamahusay na gawaing pangklinika, bukod sa ibang mga bagay, kinikilala ang iba't-ibang yugto ng paggaling, ineendorso ang paggamit ng mga insentibo upang pabutihin ang pagkakataong magtagumpay ang paggamot, at pinuputol ang mga uri at tindi ng mga parusang ginagamit upang tugunan ang mga problema sa paggamot.

(c) Ang pangangasiwa at pagtimbang ng mga programang paggamot at rehabilitasyon ay mahalaga upang matiyak na ang mga angkop na programa ay iniaalay at ang mga pinakamahusay na gawain ay ginagamit. Sa layuning ito, dapat pag-aralan ng mga independiyenteng mananaliksik ang mga programang paggamot at rehabilitasyon para sa mga kabataan, hindi marahas na nagkasala, mga bilanggo at parolado, at dapat iulat ang mga resultang ito sa publiko. Bilang karagdagan, ang mga ahensiya ng pamahalaan na nagpapatupad ng bagong paggamot at rehabilitasyon ay dapat subaybayan at patnubayan ng mga independiyenteng komisyon at awtoridad, na may ambag ng publiko, upang panatilihin ang mga pagsisikap na ito na malinaw at matugunin sa publiko.

IV. Ang Paggamot at Rehabilitasyon Ay Napatunayan nang Isang Subok na Tagumpay; ang mga Programa Ay Dapat Pahusayin at Palawakin

(a) Ang malawak na nakabase na mga programang rehabilitasyon para sa mga hindi marahas na nagkasala sa California ay isang subok na tagumpay. Noong Nobyembre 2000, ang mga tao ay nag-aproba sa Proposisyon 36, ang Batas ng 2000 sa Pagpigil ng Pang-aabuso ng Substansiya at Krimen, na nag-aatas ng nakabase sa komunidad na paggamot sa halip ng pagkulong para sa hindi marahas na nakasala ng pagdadala ng droga.

(b) Mula noong ipasa noong 2000, ang Proposisyon 36 ay nag-alay ng paggamot sa higit sa 190,000 na hindi marahas na nagkasala ng pagdadala ng droga. Ito ay pumatnubay sa halos 36,000 tao sa paggamot bawat taon.

(c) Ang antas ng tagumpay sa paggamot para sa Proposisyon 36 ay kapantay ng tagumpay ng ilan sa mga pinakamabisang sistema ng paggamot na pinag-aralan sa California at sa buong Amerika.

(d) Ang mga independiyenteng pag-aaral ng mga mananaliksik sa Unibersidad ng California, Los Angeles, ay nagpapakita na ang Proposisyon 36 ay nakakapagtipid sa mga nagbabayad ng buwis ng nasa pagitan ng $2.50 at $4.00 para sa bawat $1.00 na ipinuhunan sa programa. Sa kabuuan, ang programa ay nakapagtipid sa mga nagbabayad ng buwis ng halos $1.8 bilyon sa unang anim na taon ng pagpapatupad ng bagong batas.

(e) Sa kabila ng tagumpay nito, ang mga programang paggamot ng Proposisyon 36 ay hindi sapat na pinopondohan. Bilang resulta, ang mga tao sa programa ay madalas na kulang ang tinatanggap na paggamot, o mali ang uri ng paggamot. Dalawang pag-aaral na inilabas noong 2006 ay nagpapabatid na ang pagpopondo ay dapat na hindi kukulangin sa $228 milyon hanggang $256 milyon, gayunman, wala pang kalahati ang inilaan para sa taon ng panalapi na 2007-08, at mga county ay nagbabawas ngayon ng uri, tindi, at kalidad ng iniaalay na paggamot. Ang California ay mas mabating mapaglilingkuran sa pamamagitan na sapat na pamumuhunan sa matipid na paggamot para sa mga hindi marahas na nagkasala.

(f) Maraming ibang estado ay matagumpay na nagbawas ng pagbabalik sa masamang gawain ng mga dating bilanggo sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga programang rehabilitasyon bago at pagkatapos palabasin mula sa bilangguan. Ang maliiit na pagsisikap sa mga nakaraang taon sa California ay hindi gaanong matagumpay, dahil sa limitadong saklaw ng mga programa at sa maraming hadlang sa pagpapatupad ng mga programang ito.

(g) Panahon na upang palawakin ang paglipat sa paggamot na may kinalaman sa droga na pinasimulan ng Proposisyon 36, at upang iugnay, pag-isahin, pangasiwaan, at, kung angkop, gawing panlahat ang maraming independiyenteng programa.

(h) Ang California ay dapat manindigan sa pagkakaloob ng mabisang paggamot sa mababang antas na nagkasala na nahuli sa sistema ng hustisyang pangkrimen at ipagpatuloy ang paninindigan nito sa rehabilitasyon para sa mga taong nakakulong, at pagkatapos silang palabasin. Ang kabiguan na samantalahin ang mga pagkakataon na harapin ang ilan sa mga ugat na dahilan ng kriminal na gawain ay naglalagay sa panganib na bumalik ang maraming nagkasala sa sistema ng hustisyang pangkrimen.

(i) Ang mga umiiral na batas na nagpapahintulot sa mga taong dumaranas ng pagkasugapa na alisin nang maaga sa paggamot at ikulong dahil sa nakikitang panunumbalik o mga problema ay dapat baguhin upang itaguyod ang patuloy na paggamot, sa kondisyon na ang isang tao ay hindi gumawa ng karagdagang krimen.

(j) Ang paggamit ng panahon sa kulungan upang parusahan ang mga panunumbalik at maling kilos sa panahon ng paggamot ay hindi naging mabisa, at dahil dito ay dapat ireserba lamang sa mga taong nanganganib na matapos sa probasyon at paggamot, at pagkatapos lamang na ang mga insentibo at tumataas na parusa ay nabigo.

(k) Ang nakabase sa komundiad na paggamot ay dapat mapili para sa maraming hindi marahas na nagkasala kaysa sakop ng Proposisyon 36, sa kondisyon na ang kilos ng nagkasala ay ipinasiyang resulta pangunahin ng nakapaloob na mga problema sa pang-aabuso ng droga. Kung ang mga naturang nagkasala ay binigyan ng paggamot sa halip ng pagkulong, ang sistema ng hustisyang pangkrimen ay dapat bigyan ng karagdagang kasangkapan at kakayahan upang magkaloob ng mabisang paggamot, tiyakin ang pananagutan ng nagkasala, at pigilan ang kriminalidad sa hinaharap.

(*l*) Noong 2006, ang Lehislaura ay nagpasa ng isang panukalang-batas na kilala bilang Panukalang-batas ng Senado 1137 (Kabanata 63, Mga Batas ng 2006) nagtatangkang susugan ang Proposisyon 36. Ang iminungkahing susog, gayunman, ay ipinasiya ng hukuman na malamang na labag sa saligang-batas dahil ang mga ito ay salungat sa orihinal na panukalang-batas. Kung ang mga susog ay ipinasiya sa huli na hindi balido, ang pagbabatas ay nananawagan na iharap ang mga ito sa mga manghahalal. Sa pagsasaalang-alang sa panukalang-batas na ito, ang mga tao ay nagsasaalang-alang ng katulad na pagbabatas, at dahil dito ay idineklarang hindi kailangan at hindi kanais-nais para sa pagbabatas ng 2006 na tinukoy sa balota.

SEK. 3. Mga Layunin at Hangarin.

Sa pamamagitan nito ay ipinahahayag ng mga tao ang mga hangarin at layunin ng panukalang-batas na ito na:

(a) Pigilan ang krimen, itaguyod ang paggaling mula sa pagkasugapa, magkaloob ng mga serbisyong rehabilitasyon at mga programang hustisyang nagbabalik, at mataas na pananagutan para sa mga kabataan at hindi marahas na nagkasala.

(b) Bawasan ang pagsisikip sa bilangguan at paggamit ng mga kama ng bilangguan para sa mga seryoso at marahas na nagkasala at mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala, na malaki ang panganib na ipinapakita sa ating mga komunidad.

(c) Lumikha ng pagpapatuloy ng pangangalaga na nagkakaloob ng paggamot na may kinalaman sa droga at mga kaugnay na serbisyo sa mga nanganganib na kabataan at para sa mga taong papasok sa paggamot sa pamamagitan ng sistema ng hukuman, na may yugto-yugtong hakbang na nakatali sa tindi ng mga problema sa substansiya ng tao at kasaysayang pangkrimen, simula sa mga programa sa ilalim ng Seksiyon 1000 ng Kodigo sa Parusa.

(d) Lumikha ng isang pagpapatuloy ng pangangalaga na nagkakaloob ng mga programang rehabilitasyon sa mga bilanggo, parolado at dating parolado, na may hangarin na bawasan ang pagbabalik masamang gawain at pagpigil sa krimen sa hinaharap sa pamamagitan ng pag-aalay ng mga angkop sa serbisyo tuwing kailangan ang mga ito.

(e) Pangalagaan ang mahahalagang kakayahan ng hukuman na kasalukuyang ginugugol sa pagproseso ng mga may sapat na gulang na nahuling may dalang marihuwana para sa personal na paggamit sa pamamagitan ng pagparusa sa pagdadala ng kaunting marihuwana para sa personal na paggamit bilang infraction na may multa, inililipat ang mga kabataan na nahuling gumagamit ng marihuwana sa angkop na nakabase sa agham na mga programang edukasyon sa droga, at pagkakaloob ng karagdagang pera para sa mga programa sa kabataan sa pamamagitan ng pagbabago ng direksiyon ng mga multa na binayaran ng mga taong nahuling may dalang marihuwana.

(f) Limitahan ang paggamit ng mga bilangguan ng estado upang parusahan ang mga maliliit na paglabag sa parol ng mga hindi marahas na parolado, sa kondisyon na ang mga naturang parolado ay hindi gumawa ng seryoso o marahas na felony, sekswal na pagkakasala na nag-aatas na pagpaparehistro, o krimen ng gang.

(g) Magkaloob ng mga angkop na insentibo at gantimpala para sa mga hindi marahas na nagkasala, mga bilanggo at parolado na lumalahok sa paggamot at rehabilitasyon, upang himukin ang paglahok at pagkumpleto ng mga naturang programa.

(h) Pahusayin ang kaayusan ng ating sistema ng hustisyang pangkrimen sa pamamagitan ng paggawa sa angkop na mga serbisyong paggamot at rehabilitasyon na pangunahing pokus sa pagproseso ng mga hindi marahas na nagkasala.

(i) Baguhin ang kultura ng sistema ng pagwawasto ng ating estado sa pagtataas ng misyon ng rehabilitasyon ng mga bilanggo at dating bilanggo at pagsasama ng misyong iyon sa parol sa pamamagitan ng paglikha ng mga katungkulan sa rehabilitasyon, kabilang ang isang bagong kalihim sa Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon.

(j) Pahabain ang pangangasiwa ng parol para sa mga seryoso at marahas na nagkasala, at bawasan ang mga kaso ng parol upang ang mga opisyal ng parol ay makapagpokus sa mga mas mapanganib na nagkasala.

(k) Palitan ang pokus ng pangangasiwa para sa mga hindi marahas na nagkasala upang unahin ang kanilang muling pagsama sa lipunan, malaya sa mga buhay ng pagkasugapa at krimen.

(*l*) Pondohan nang sapat at tiyakin ang mabisa, mataas ang uri ng mga programang paggamot at rehabilitasyon para sa lahat ng populasyon na tinukoy rito.

(m) Magkaloob ng maraming programa at insentibo para sa hindi marahas na nagkasala, mga bilanggo at parolado, nang hindi naglilimita sa mga programa o insentibo na maaaring ialay sa mga taong hindi kuwalipikado sa ilalim ng mga tadhana ng panukalang-batas na ito.

(n) Pigilan ang sobrang dosis na pagkamatay at kalalaan sa pamamagitan ng pag-aalay ng kamalayan at pagpigil na edukasyon sa mga bilanggo sa mga kulungan ng county.

(o) Tiyakin ang independiyenteng pagbabantay at patnubay sa mga ahensiya ng pamahalaan na nagpapatupad ng mga programang nakabalangkas sa batas na ito sa pamamagitan ng paghirang ng magkakaibang grupo ng mga may nakataya upang tumulong na maglingkod bilang mga mata, tainga, at tinig ng publiko sa paghubog at pagsubaybay ng pagpapatupad ng batas na ito.

(p) Palakasin ang mga hukuman sa droga sa California sa pamamagitan ng sapat na pagpopondo sa mga hukumang iyon, pagpapahintulot sa mga hukuman na hubugin ang kanilang sariling pamantayan sa pagiging karapat-dapat at mga pamamaraan sa pagpapatakbo, at papanagutin ang mga ito sa pag-aatas na ang mga hukuman, sa kauna-unahang pagkakataon, na sistematikong tipunin at iulat ang mga datos tungkol sa kanilang mga badyet, paggasta, pagpapatakbo, at mga bunga ng paggamot.

(q) Magkaloob sa mga botante ng pangwakas na desisyon sa mga bagay na ito sa panahon ng paghalal sa panukalang-batas na ito, at dahil dito ay mag-alis ng isang tadhana ng Panukalang-batas ng Senado 1137 (Kabanata 63, Mga Batas ng 2006) na maaaring mag-atas ng halalan sa hinaharap sa kaparehong paksa.

SEK. 4. Pagdagdag ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol sa Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon.

SEK. 4.1. Seksiyon 12838 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinususugan upang mabasang:

12838. (a) Sa pamamagitan nito ay nililikha sa pamahalaan ng estado ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, na pamumunuan ng ~~isang kalihim, na dapat na~~ *dalawang kalihim na dapat makilalang Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol at ang Kalihim ng mga Pagwawasto. Ang ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol ay dapat hirangin ng Gobernador hindi lalampas sa Pebrero 1, 2009, napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado, at dapat maglingkod ng anim na taong taning. Ang Kalihim ng mga Pagwawasto ay dapat* hirangin ng Gobernador, napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado, at dapat maglingkod sa kasiyahan ng Gobernador. *Ang mga kalihim ay dapat na karapat-dapat sa muling paghirang.* Ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat buuin ng Mga Pagpapatakbo sa May Sapat na Gulang, Mga Parograma sa May Sapat na Gulang, Hustisyang Pangkabataan, ng Awtoridad ng mga Pamantayan sa Pagwawasto, ~~ng Lupon ng mga Pagdinig sa Parol~~, ng Komisyon sa Hustisyang Pangkabataan ng Estado, ng Awtoridad ng Industriya ng Bilangguan, ~~at~~ ng Lupon ng Industriya ng Bilangguan~~.~~*, at Patakaran sa Parol, mga Programa at Pagdinig, upang isama ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol. Ang mga tungkulin ng dalawang kalihim ay dapat hatiin gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Ang Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol ay dapat na may pangunahing responsibilidad para sa mga patakaran ng parol at mga programang rehabilitasyon, kabilang ang mga naturang programa na pinatatakbo ng kagawaran, nasa loob man o nasa labas ng bilangguan, sa petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, at dapat gamitin ang mga tungkulin na tulad ng nakalagay sa mga Seksiyon 4056.5 at 5060 ng Kodigo sa Parusa.*

*(2) Ang Kalihim ng mga Pagwawasto ay dapat magkaroon ng pangunahing responsibilidad para sa mga institusyon at dapat gamitin ang mga tungkulin tulad ng mga nakalagay sa mga Seksiyon 5054.1, 5054.2, 5061, 5062, 5063, at 5084 ng Kodigo sa Parusa.*

*(3) Ang Lehislatura,sa pamamagitan ng boto ng mayoriya, ay dapat linawin ang mga responsiblidad ng mga kalihim na kaayon ng mga layunin at hangarin ng kanilang mga kani-kanilang katungkulan.*

(b) Ang Gobernador, sa rekomendasyon ng ~~kalihim~~ *mga kalihim*, ay maaaring maghirang ng dalawang napapailalim ng kalihim ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado. Ang mga napapailalim ng kalihim ay dapat manungkulan *para sa taning na limang taon* ~~sa kasiyahan ng Gobernador~~. Ang isang napapailalim na kalihim ay dapat mangasiwa ng suporta sa programa at ang ibang mga napapailalim na kalihim ay dapat mangasiwa sa mga pagpapatakbo ng programa para sa kagawaran. *Ang mga napapailalim na kalihim na naglilingkod sa petsa ng pagkakabisa ng batas na ito ay dapat magpatuloy na maglingkod sa kasiyahan ng Gobernador.*

(c) Ang Gobernador, sa rekomendasyon ng ~~kalihim~~ *mga kalihim*, ay dapat maghirang ng tatlong punong kinatawang kalihim, napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado, na dapat manungkulan *para sa isang taning na limang taon* ~~sa kasiyahan ng Gobernador~~. Ang isang punong kinatawang kalihim ang dapat mangasiwa sa mga pagpapatakbo ng may sapat na gulang, ang isang punong kinatawang kalihim ay dapat mangasiwa ng mga programa sa may sapat na gulang, at ang isang punong kinatawang kalihim ay dapat mangasiwa sa hustisyang pangkrimen para sa kagawaran. *Ang mga punong kinatawang kalihim na naglilingkod sa petsa ng pagkakabisa ng batas na ito ay dapat magpatuloy na maglingkod sa kasiyahan ng Gobernador.*

(d) Ang Gobernador, sa rekomendasyon ng ~~kalihim~~ *mga kalihim*, ay dapat maghirang ng katulong na kalihim, napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado, na dapat maging responsable sa patakaran sa pangangalagang pangkalusugan para sa kagawaran, at dapat maglingkod sa kasiyahan ng Gobernador.

(e) Ang Gobernador, sa rekomendasyon ng ~~kalihim~~ *mga kalihim*, ay dapat maghirang ng Katulong na Kalihim para sa mga Karapatan at Serbisyo ng Biktima at Naiwan, at isang Katulong na Kalihim para sa Kaligtasan sa Pagwawasto, na dapat maglingkod sa kasiyahan ng Gobernador.

SEK. 5. Seksiyon 12838.1 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinususugan upang mabasang:

12838.1. (a) Sa pamamagitan nito ay nililikha sa loob ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, sa ilalim ng Punong Kinatawang Kalihim Para sa mga Pagpapatakbo ng May Sapat na Gulang, ang Dibisyon ng mga Intitusyon ng May Sapat na Gulang ~~at ang Dibisyon ng mga Pagpapatakbo ng Parol ng May Sapat na Gulang~~. ~~Bawat~~ *Ang* dibisyon ay dapat pamunuan ng puno ng dibisyon, na dapat hirangin ng Gobernador, sa rekomendasyon ng ~~kalihim~~ *mga kalihim*, napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado, na dapat maglingkod sa kasiyahan ng Gobernador.

(b) Ang Gobernador, sa rekomendasyon ng ~~kalihim~~ *mga kalihim*, ay dapat maghirang ng limang opsiyal sa Puno ng Dibisyon ng mga Institusyon ng May Sapat na Gulang, napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado, na dapat manungkulan para sa isang taning na limang taon sa kasiyahan ng Gobernador. Ang bawat napapailalim na opisyal na hinirang alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat mangasiwa sa tinukoy na kategorya ng mga institusyon ng may sapat na gulang, ang isa ay dapat na mga pasilidad ng nagkasalang babae.

SEK. 6. Seksiyon 12838.2 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinususugan upang mabasang:

12838.2. *(a)* Sa pamamagitan nito ay nililikha sa loob ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, sa ilalim ng Punong Kinatawang Kalihim Para sa mga Programa sa May Sapat na Gulang, ang Dibisyon ng mga Pagtutulungan ng Komunidad, ang Dibisyon ng mga Programa sa Edukasyon, mga Bokasyon at Nagkasala, at ang Dibisyon ng mga mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan sa Pagwawasto. Ang bawat dibisyon ay dapat pamunuan ng isang puno na dapat hirangin ng Gobernador, sa rekomendasyon ng ~~kalihim~~ *mga kalihim*, napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado, na dapat maglingkod sa kasiyahan ng Gobernador.

*(b) Sa pamamagitan nito ay nililikha sa loob ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, sa ilalim ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol, ang Dibisyon ng Patakaran sa Parol, mga Programa at Pagdinig, na, sa kabila ng anumang ibang batas, ay dapat kabilang ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol at ang Awtoridad ng mga Pagpapatakbo ng Parol ng May Sapat na Gulang, at dapat panatilihin ang lahat ng kapangyarihan, responsibilidad, laibilidad, at hurisdikisyon ng dating Dibisyon ng Pagpapatakbo ng Parol ng May Sapat na Gulang. Ang dibisyon ay dapat pamunuan ng isang puno na dapat hirangin ng Gobernador, sa rekomendasyon ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol, at dapat maglingkod ng isang limang-taong taning at dapat maging karapat-dapat sa muling paghirang. Ang Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol ay dapat tumiyak na ang Dibisyon ng Patakaran sa Parol, mga Programa at Pagdinig ay lubos na nag-uugnay ng mga aktibidad, gaya ng angkop, sa ibang mga dibisyon sa ilalim ng kanyang tuwirang awtoridad, gayon din sa ibang mga dibisyon ng kagawaran, na may hangarin na matagumpay na muling pagsasama ng mga dating bilanggo sa lipunan.*

*(c) Sa pamamagitan nito ay nililikha sa loob ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, sa ilalim ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol, ang Dibisyon ng Pananaliksik Para sa Paggaling at mga Bagay sa Muling Pagpasok. Ang dibisyon ay dapat pamunuan ng isang puno na dapat hirangin ng ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol, at dapat maglingkod ng isang limang-taong taning, at dapat maging karapat-dapat sa muling paghirang. Ang dibisyon ay dapat mag-ugnay ng pagtitipon ng datos at ilathala ang impormasyon tungkol sa mga programang rehabilitasyon ng kagawaran na kaayon ng mga utos ng Lupon ng Pagbabantay sa Reporma sa Parol at Pananagutan. Wala sa seksiyong ito na humahadlang sa Lehislatura, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya, na lumikha ng mga karagdagang dibisyon sa ilalim ng ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol.*

SEK. 7. Seksiyon 12838.4 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinususugan upang mabasang:

12838.4. Ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol sa pamamagitan nito ay nililikha. Ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol ay dapat buuin ng ~~17~~ *29* komisyoner, na dapat hirangin ng Gobernador, *sa rekomendasyon ng ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol*, ~~napapailalim sa kumpirmasyon ng Senado~~, para sa tatlong-taong taning. Ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol sa pamamagitan nito ay pumapalit sa, at pinagkalooban, ng lahat ng kapangyarihan, tungkulin, responsibilidad, obligasyon, liabilidad, at hurisdiksiyon ng mga sumusunod na entidad, na mawawala na: Lupon ng mga Panahon sa Bilangguan, Awtoridad ng Pagtimbang ng Sugapa sa Narkotiko, at Lupon ng Parol

ng Kabataang Nagkasala. Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang mga entidad sa itaas ay dapat makilalang “mga pinalitang entidad.” *Sa kabila ng seksiyong ito, ang mga komisyoner na naglilingkod sa Lupon ng mga Pagdinig sa Parol sa petsa ng pagkakabisa ng batas na ito ay dapat maglingkod sa natitira sa kanilang mga taning.*

SEK. 8. Seksiyon 12838.7 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinususugan upang mabasang:

12838.7. (a) Ang ~~Kalihim~~ *mga Kalihim* ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat maglingkod bilang Punong Tagapagpaganap na ~~Opisyal~~ *mga Opisyal* ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon at dapat magkaroon ng lahat ng kapangyarihan at awtoridad *sa loob ng kanilang kani-kanyang hurisdiksiyon, gaya ng nilinaw ng Lehislatura alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 12838*, na iginagawad sa isang punto ng isang kagawaran ng estado ng Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksiyon 11150) bilang Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Nang hindi naglilimita sa anumang ibang mga kapangyarihan o tungkulin, ang ~~kalihim~~ *mga kalihim* ay dapat tumiyak ng pagsunod sa mga tadhana ng anumang plano ng estado, memorandum ng pagkakaunawaan, utos na pampangasiwaan, mga kasunduan ng mga ahensiya, mga pagtiyak, mga obligasyon ng iisang ahensiya ng estado, pederal na batas at mga regulasyon, at anumang ibang anyo ng kasunduan o obligasyon na inaasahan ng mahahalagang aktibidad ng pamahalaan, o isang kondisyon, sa patuloy na pagtanggap ng kagawaran ng estado o mga pederal na pondo o serbisyo. Kabilang dito ang, pero hindi limitado sa, pagtatalaga, paghirang, at pagkakaloob ng mga indibidwal, grupo, at kakayahan upang matupad ang mga partikular na obligasyon ng alinmang ahensiya, lupon, o kagawaran na inalis alinsunod sa Seksiyon 12838.4 o 12838.5.

SEK. 9. Seksiyon 12838.12 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinususugan upang mabasang:

12838.12. (a) Sinumang opisyal o empleyado ng mga pinalitang entidad na lumalahok sa pagganap ng isang tungkulin na tinukoy dito sa planong muling pag-aayos at naglilingkod sa serbisyo sibil ng estado, na iba sa pansamantalang empleyado, ay dapat ilipat sa Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 19050.9.

(b) Sinumang opisyal o empleyado ng patuloy na mga entidad na kalahok sa pagganap ng isang tungkulin na tinukoy dito sa planong muling pag-aayos at naglilingkod sa serbisyo sibil ng estado, na iba sa pansamantalang empleyado, ay dapat magpatuloy ng naturang katayuan sa nagpapatuloy na entidad alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 19050.9.

(c) Ang katayuan, katungkulan, at mga karapatan ng sinumang opisyal o empleyado ng mga pinalitang entidad ay hindi dapat maapektuhan ng paglipat at dapat panatilihin ng tao bilang opisyal o empleyado ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, ayon sa kaso, alinsunod sa Batas sa Serbisyo Sibil (Bahagi 2 (nagsisimula sa Seksiyon 18500) ng Dibisyon 5 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), maliban sa isang katungkulan na libre sa serbisyo sibil.

*(d) Hangarin ng mga tao na, kung ipinahihintulot ng batas, anumang mga katungkulan na nilikha alinsunod sa batas na ito sa ilalim ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol ay dapat okupahan ng katulad ng kategorya ng mga tauhan ng rehabilitasyon, nanumpang mga opisyal na pangkapayapaan at ibang mga empleyado na nagtatrabaho sa kagawaran upang magkaloob ng mga serbisyo bago ang batas na ito, at ang katayuan, katungkulan, at mga karapatan ng sinumang opisyal o empleyado ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ay hindi dapat maapektuhan ng mga pagbabago sa kayarian sa kagawaran na iniaatas ng batas na ito, ang mga opisyal at empleyado ay dapat panatilihin ng kagawaran alinsunod sa Batas sa Serbisyo Sibil ng Estado (Bahagi 2 (nagsisimula sa Seksiyon 18500) ng Dibisyon 5 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), maliban sa isang katungkulan na libre sa serbisyo sibil.*

SEK. 10. Seksiyon 12838.13 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinususugan upang mabasang:

12838.13. Ang artikulong ito, *gaya ng sinusugan,* ay dapat makabisa pagsapit ng Hulyo 1, ~~2005~~ *2009, maliban sa ang ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol ay dapat hirangin bago lumampas ang Pebrero 1, 2009, gaya ng itinatadhana.*

SEK. 11. Seksiyon 1210 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

1210. Gaya ng pagkakagamit sa mga Seksiyon *1210.01 hanggang 1210.05, inklusibo, at mga Seksiyon* 1210.1, *1210.2* at 3063.1 ng kodigong ito, ang Dibisyon 10.8 (nagsisimula sa Seksiyon 11999.4) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay umaaplay:

(a) Ang katawagang “hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga” ay nangangahulugang ang personal na paggamit, pagdadala para sa personal na paggamit, o transportasyon para sa personal na paggamit, *o pagiging nasa ilalim ng impluwensiya,* ng anumang kinokontrol ng substansiya na tinukoy sa Seksiyon 11054, 11055, 11056, 11057 o 11058 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, *o anumang kinokontrol ng substansiya na analog gaya ng nilinaw sa Seksiyon 11401 of the Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan*, o ang pagkakasala na pagiging nasa ilalim ng impluwensiya ng kinokontrol na substansiya bilang paglabag sa Seksiyon 11550 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, *o anumang parapernalya na pagkakasala gaya ng nilinaw sa Seksiyon 11364 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan o Seksiyon 4140 of the Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon.* Ang katawagang “hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga” ay hindi kabilang ang pagdadala para sa pagbebenta, *transportasyon para sa pagbebenta*, o paggawa ng anumang kinokontrol na substansiya at kabilang ang mga paglabag sa Seksiyon 4573.6 o 4573.8. *Ang pagpapasiya ng isang lupon ng mga tagahatol na ang isang nasasakdal ay nagkasala ng payak na pagdadala ay isang nagpapahayag na pasiya na ang nasasakdal ay karapat-dapat para sa probasyon sa ilalim ng batas na ito kung walang bagay na nag-aalis ng pagiging karapat-dapat nito gaya ng nakalagay sa nakahiwalay na mga seksiyon ng batas. People v. Dove, 124 Cal. App.4th 1 (2004), sa pamamagitan nito ay pinawawalang-bisa.*

(b) Ang katawagang “programang paggamot na may kinalaman sa droga,” *“pansamantalang programang paggamot,”* o “paggamot na may kinalaman sa droga” ay nangangahulugang isang lisensiyado o sertipikado ~~ng estado~~ na programang paggamot na may kinalaman sa droga sa komunidad, na maaaring kabilang ang isa o higit ng mga sumusunod: *nakabase sa agham* na edukasyon sa droga, mga serbisyo sa panlabas na pasyente, *tinutulungan ng gamot na paggamot* ~~na pamalit sa narkotiko na panlunas~~, paggamot sa tahanan, mga serbisyong ~~pag-aalis ng lason~~ *para sa kalusugan ng isip*, at ~~mga serbisyo~~ pagkatapos ng pangangalaga o patuloy na pangangalaga. Ang katawagang “programang paggamot na may kinalaman sa droga” o “paggamot na may kinalaman sa droga” ay kabilang ang isang programang paggamot na may kinalaman sa droga na pinatatakbo sa ilalim ng direksiyon ng Pangasiwaan ng Kalusugan ng mga Beterano ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano o isang programang tinukoy sa Seksiyon 8001. Ang gayong uri ng programa ay dapat na karapat-dapat na magkaloob ng mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga nang hindi isinasaalang-alang ang mga tadhana sa paglisensiya o pagsertipika na mga tadhana na iniaatas ng subdibisyong ito. *Ang mga seribisyong pag-alis ng lason sa isang hindi ukol sa tagapag-ingat na kapaligiran, at/o mga serbisyo sa kalusugan ng isip, ay maaaring ipagkaloob bilang bahagi ng paggamot na may kinalaman sa droga gaya ng nilinaw sa subdibisyong ito, pero ang alinman sa serbisyo ay dapat ituring na sapat upang magsilbing paggamot.* Ang katawagang “programang paggamot na may kinalaman sa droga” o “paggamot na may kinalaman *sa* droga” ay hindi kabilang ang mga programang paggamot na may kinalaman sa droga na iniaalay sa isang bilangguan, ~~o~~ kulungan, *o ibang* pasilidad *ng pag-iingat*.

*(c) Ang katawagang “tinululungan ng gamot na paggamot” ay nangangahulugang medikal na ipinababatid at medikal na pinamamahalaan na paggamit ng anumang inireresetang gamot, na may pahintulot ng nasasakdal, bilang bahagi ng paggamot na may kinalaman sa droga, o bilang panghusto o suplemento sa naturang paggamot. Sa mga halimbawa ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, paggamit ng antipsychotics, mga gamot sa pagpigil ng pagpapanumbalik, pampatatag ng damdamin, at opioid agonists, kabilang ang methadone at buprenorphine. Ang mga droga o gamot na ginagamit bilang bahagi ng tinutulungan ng gamot na paggamot ay ipinapalagay na lehitimo at ipinahihintulot na paggasta bilang karagdagan sa mga gastos ng mga serbisyong paggamot.*

*(d) Ang katawagang “panlunas na pagbawas ng pinsala” o “mga serbisyong pagbawas ng pinsala” ay nangangahulugang mga programa na pinapatnubayan sa isang pilosopiya ng pampublikong kalusugan na nagtataguyod ng mga paraan ng pagbawas ng pangkatawan, panlipunan, pandamdamin, at pangkabuhayang pinsala na kaugnay ng maling paggamit ng droga at ibang nakakapinsalang kilos sa mga indibidwal, kanilang mga pamilya, at kanilang mga komunidad. Ang pagbawas ng pinsala na panlunas ay kumikilala na ang mga taong gumagamit ng mga droga, kabilang ang alkohol, para sa iba’t ibang dahilan, at nagpupunyagi para sa pinagsamang paraan ng paggamot na humaharap sa masalimuot na relasyon na nabubuo sa mga taong may aktibo sa utak na substansiya sa panahon ng kanilang buhay, sa konteksto ng panlipunan at pantrabahong epekto at mga implikasyon sa isip at damdamin ng kanilang maling paggamit ng substansiya. Ang mga programang pagbawas ng pinsala ay malaya sa paghusga o sisi at tuwirang pinalalahok ang kliyente sa pagtatag ng kanyang mga sariling hangarin.*

~~(c)~~ *(e)* Ang katawagang “matagumpay na pagkumpleto ng paggamot” ay nangangahulugang ang nasasakdal na sumailalim na sa paggamot na may kinalaman sa droga na ipinataw bilang kondisyon ng probasyon ay nakakumpleto ng itinagubiling kurso ng paggamot ng droga gaya ng inirerekomenda ng tagapagkaloob ng paggamot o iniutos ng hukuman, at, bilang resulta, may makatwirang dahilan upang maniwala na ang nasasakdal ay hindi mang-aabuso ng mga kinokontrol na substansiya sa hinaharap. ~~Ang pagkumpleto~~ *Matagumpay na pagkumpleto* ng paggamot ay hindi dapat mag-atas ng ~~pagtigil ng pamalit sa narkotiko na therapy.~~ *pagtatapos o pag-alis ng lason mula sa tinutulungan ng gamot ng mga paggamot, o ibang mga gamot na maaaring beripikahin ng hukuman alinsunod sa isang balidong tagubilin o ginawa alinsunod sa batas ng batas.*

~~(d)~~ *(f)* Ang katawagang “misdemeanor na hindi kaugnay ng paggamit ng mga droga” ay nangangahulugang isang misdemeanor na hindi kaugnay ang (1) payak na pagdadala o paggamit ng droga o parapernalya ng droga, na naroroon sa lugar na ginamit ang droga, o hindi pagpaparehistro bilang nagkasala sa droga, o (2) anumang aktibidad na katulad ng nakalista sa (1).

*(g) Ang katawagang “pagtasang pangklinika” ay nangangahuluang pagtimbang na ginawa ng isang kuwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o propesyonal sa paggamot na may kinalaman sa droga na sertipikado ng Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado, alinsunod sa mga regulasyon na inaprobahan ng Komisyon sa Pangangasiwa, ginagamit ang isang ayon sa pamantayan na kasangkapan upang ipasiya ang kasaysayang panlipunan at pang-edukasyon ng isang indibidwal, kasaysayan ng paggamit ng droga, tindi ng pagkasugapa, at ibang mga bagay na nagpapabatid ng mga indibidwal na pangangailangan at ng angkop na direksiyon ng paggamot na may kinalaman sa droga, kabilang ang paggamot ng opioid agonist. Kapag angkop,sa isang pagtasang pangklinika ay maaaring kabilang ang isang hiwalay na pagtimbang ng mga pangangailangan ng kalusugan ng isip at/o mga bagay na ukol sa sakit sa isip at pangkaisipan.*

*(h) Ang katawagang "pagtimbang ng kasaysayang pangkrimen" ay nangangahulugang isang ulat ng isang kagawaran ng probasyon o ibang entidad na hinirang ng hukuman na nagdedetalye ng kasaysayan ng nasasakdal ng pag-aresto, napatunayang pagkakasala, pagkulong at pagbabalik sa masamang gawain. Ang naturang pagtimbang ay maaaring kabilang ang mga opinyon o rekomendasyon tungkol sa panganib ng pagbabalik sa masamang gawain ng nasasakdal at angkop na mga kondisyon ng pagsubaybay para sa nasasakdal.*

*(i) Ang katawagang "pagsasanay sa pagkasugapa" ay dapat kabilang ang programang pang-edukasyon tungkol sa pang-aabuso ng droga at pagkasugapa na nilalayon para sa isang madla ng mga tao na nagtatrabaho sa mga nasasakdal na inilagay sa paggamot sa ilalim ng mga tadhana ng batas na ito. Ang mga layunin at nilalaman ng mga programang pagsasanay ukol sa pagkasugapa ay dapat itatag ng Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado sa pakikipagtulungan sa pambuong-estadong kapisanan ng mga doktor na espesyalista sa pagkasugapa at sa Konsehong Panghukuman, sa kondisyon, gayunman, na ang isang iniaatas na bahagi ng bawat kurso ng pagsasanay kaugnay ng pagkasugapa ay dapat sumakop sa mga prinsipyo at gawain ng pagbawas ng pinsala. Ang mga naturang programang pagsasanay ay maaaring bayaran mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo sa Paggamot ng Pang-aabuso ng Substansiya, sa halagang inaprobahan ng Komisyon sa Pangangasiwa.*

*(j) "Mga insentibo at gantimpala" ay nangangahulugang isang pagtugon ng isang tagapagkaloob ng paggamot o ng hukuman sa progreso ng isang kliyente o nasasakdal, pagkakamit ng mga partikular na hangarin o pamantayan, o ibang mabuting asal sa panahon ng paggamot alinsunod sa seksiyong ito, o sa pangako ng mga naturang gantimpala, nilalayong himukin ang progreso sa hinaharap at mabuting asal. Ang mga county ay maaaring gumasta ng mga pondong inilaan sa ilalim ng seksiyong ito upang magkaloob ng maraming naturang benepisyo sa mga taong sumasailalim sa paggamot alinsunod sa seksiyong ito, naaayon sa mga regulasyon na inaprobahan ng Komisyon sa Pangangasiwa. Ang Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado ay dapat maglathala taun-taon ng isang listahan ng mga halimbawa ng mga angkop na insentibo at gantimpala.*

*(k) Ang katawagang "kondisyon ng probasyon na may kaugnayan sa droga" ay dapat bigyang kahulugan nang malawak at dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang partikular na pamamaraan ng paggamot na may kinalaman sa droga ng isang nasa probasyon, bokasyonal na pagsasanay, mga programang pang-edukasyon, pagpapayo pangkaisipan, at pagpapayo sa pamilya.*

*(l) "Tumataas na parusa" ay nangangahulugang isang pagtugon ng tapagkaloob ng paggamot o ng hukuman sa maling asal ng isang kliyente o nasasakdal, mga paglabag sa probasyon o pagpapanumbalik sa panahon ng paggamot, nilalayong pananagutin ang isang tao sa kanyang mga aksiyon, magkaloob ng negatibong bunga, at hadlangan ang mga problema na mangyari sa hinaharap. Ang mga parusa ay tumataas dahil ang mga ito ay nagsisimula sa kaunting negatibong bunga at nagiging mas mabigat sa karagdagang maling asal, mga paglabag, o pagpapanumbalik. Sa mga halimbawa ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, pag-aatas ng mga karagdagang pagbisita sa paggamot, nadagdagang dalas ng pagsubok sa droga, pagdalo sa mas maraming bilang ng mga sesyon ng hukuman, o serbisyo sa komunidad. Ang Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado ay dapat maglathala taun-taon ng isang listahan ng mga halimbawa ng mga angkop na parusa. Sa tumataas na parusa ay hindi kabilang ang mga parusa sa kulungan.*

*(m) "Parusa sa kulungan" ay nangangahulugang ang pagpataw ng isang taning ng pagkulong sa isang kulungan ng county bilang tugon sa maling asal ng isang nasasakdal o mga paglabag sa probasyon. Ang haba ng panahon na ipinahihintulot para sa parusang kulungan ay maaaring tukuyin ng batas; kung hindi, walang parusang kulungan na dapat humigit sa 10 araw. Ang pagpapataw ng isang parusang kulungan ay hindi nag-aatas, o nagpapahiwatid, ng pagtatapos ng paggamot na may kinalaman sa droga.*

*Kapag nagpapasiya kung magpapataw ng mga parusa sa kulungan, ang hukuman ay dapat magsaalang-alang, bukod sa ibang mga bagay, ng pagiging seryoso ng paglabag, naunang pagsunod sa paggamot, trabaho, edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, mga kondisyong medikal, kabilang ang opioid agonist na paggamot, at kabilang ang opinyon ng lisensiyado at gumagamot na doktor ng nasasakdal kung makukuha at iniharap sa pagdinig, mga obligasyon ng suporta sa bata, at mga responsibilidad ng pamilya. Dapat ding isaalang-alang ng hukuman kung ang mga bawal na droga ay makukuha sa kulungan ng county, ang pamamayani ng paggamit ng droga doon, at anumang nakadokumentong epekto ng mga pinsalang may kaugnayan sa droga na nagreresulta sa paggamit ng droga sa kulungan.*

*(n) "Mga programa sa kabataan" ay nangangahuugang hindi ukol sa pag-iingat na mga programa at serbisyo sa kabataan na wala pang 18 taong gulang na itinuturing na hindi marahas at nanganganib na gumawa ng mga pagkakasala sa droga sa hinaharap, alinsunod sa mga patnubay na itinatag ng Komisyon sa Pangangasiwa. Sa mga serbisyo ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa: mga programang paggamot na may kinalaman sa droga; panlunas sa pamilya para sa kabataan, magulang, tagapangalaga o pangunahing tagapag-alaga; pagpapayo sa kalusugan ng isip; gamot na sakit sa isip, pagpapayo at pagsangguni; mga bayad sa edukasyon para sa mga fee sa unibersidad, kolehiyo, mga paaralang teknikal o panghanapbuhay, mga bayad sa trabaho; at transportasyon sa alinman sa mga serbisyong ito.*

SEK. 12. Seksiyon 1210.01 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*1210.01. Pagtasa ng mga Nasasakdal Bago ang Pagparatang o Pagpapasiya ng Pagiging Karapat-dapat.*

*(a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang hukuman ay maaaring mag-utos ng isang pagtasang pangklinika at/o pagtimbang ng kasaysayang pangkrimen para sa sinumang taong inaresto para sa isang pagkakasala na maaaring magresulta sa paglipat at pagggamot sa ilalim ng Daan I, Daan II, o Daan III, gaya ng itinatadhana sa mga Seksiyon 1210.03 to 1210.05, inklusibo, Seksiyon 1210.1, at Seksiyon 1210.2. Ang mga gastos sa pagtasang pangklinika ay dapat na naisasauli mula sa mga pondong itinatadhana alinsunod sa batas na ito. Ang nasasakdal ay dapat magkaroon ng karapatan na magpayo at maaaring tumanggi sa pagtasang pangklinika at/o anumang panayam para sa pagtimbang ng kasaysayang pangkrimen hanggang pagkatapos ng pagsasakdal at ang isang sagot sa paratang ay ipinasok.*

*(b) Para sa sinumang nagkasala na hindi humarap sa pagtasang pangklinika o pagtimbang ng kasaysayang pangkrimen, walang pahayag na ginawa ng nasasakdal, o anumang impormasyon na inihantad sa panahon ng pagtasa o pagtimbang tungkol sa partikular na pagkakasala na ang nasasakdal ay pinaratangan na dapat tanggapin sa anumang aksiyon o pamamaraan na dinala sa huli, kabilang ang isang pagdinig sa pagsentensiya.*

SEK. 13. Seksiyon 1210.02 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*1210.02. Paglalagay ng Paggamot, Mga Kondisyon ng Pagsubaybay, Pagbabayad, Pagsasanay na Panghukuman.*

*(a) Sinumang nasasakdal na ipinasiyang karapat-dapat para sa paglipat na paggamot sa ilalim ng Daan I, Daan II, o Daan III ay dapat ilagay sa angkop na paggamot at dapat na may mga kondisyon sa pagsubaybay na ipinataw kaayon ng mga sumusunod na tadhana:*

*(1) Sa pagpapasiya ng angkop na programang paggamot, ang hukuman ay dapat umasa sa pagtasang pangklinika ng nasasakdal.*

*Bago ang pangwakas na pagpapasiya ng angkop na programang paggamot at ang kahandaan ng naturang programa para sa nasasakdal, ang hukuman ay maaaring mag-utos sa nasasakdal na dumalo sa anumang programang paggamot na sa bahagi ay naglilingkod sa mga pangangailangan ng nasasakdal bilang isang pansamantalang hakbang para sa mga layunin na mabilis na palahukin ang nasasakdal sa paggamot, sa kondisyon na ang naturang pansamantalang paglalagay ay hindi hihigit sa 60 araw. Ang mga nasasakdal na tumangging dumalo sa naturang pansamantalang programang paggamot ay hindi dapat magkaroon ng mga paglabag sa mga kondisyong may kaugnayan sa droga ng probasyon hanggang sa paglalagay sa isang angkop na programang paggamot. Ang mga nasasakdal na lumalahok sa isang pansamantalang programang paggamot ay hindi dapat magkaroon ng mga paglabag sa programa o mga paglabag sa mga kondisyon ng probasyon na may kaugnayan sa droga habang dumadalo sa pansamantalang paglalagay. Dapat ikredito ng hukuman ang panahon na ang nasasakdal ay dumadalo sa isang pansamantalang programang paggamot sa kabuuang panahon ng paggamot na iniaatas.*

*(2) Dapat irekomenda ng hukuman ang nasasakdal sa paggamot na opioid agonist o ibang tinutulungan ng gamot na mga paggamot kung saan ang pagtasang pangklinika ay nagpapabatid ng pangangailangan ng naturang paggamot.*

*(3) Sa pagpapasiya ng angkop na pagsubaybay ng mga kondisyon at iniaatas na ipinataw sa nasasakdal, ang hukuman ay dapat umasa sa pagtimbang ng kasaysayang pangkrimen at pagtasang pangklinika.*

*(4) Ang isang nasasakdal ay maaaring humiling na irekomenda sa isang programang paggamot na may kinalaman sa droga sa alinmang county.*

*(5) Sinumang nasasakdal na kalahok sa isang programang paggamot sa Daan I, Daan II, o Daan III ay maaaring atasan na sumailalim sa pagsusuri ng kanyang ihi para sa layunin na suriin ang pagkakaroon ng anumang droga bilang bahagi ng programa. Ang mga resulta ng mga naturang pagsusuri ay maaaring gamitin tangi bilang kasangkapan sa paggamot upang iakma ang pagtugon sa programang paggamot at ng hukuman sa pagpapanumbalik ng nasasakdal. Ang mga naturang resulta ay dapat bigyan na bigat na hindi hihigit sa anumang ibang bahagi ng indibidwal na programa ng nasasakdal. Ang mga resulta ng naturang pagsubok ay hindi dapat tanggapin bilang batayan para a anumang bagong pag-uusig na pangkrimen o pamamaraan, at ang mga resultang ito ay hindi dapat maging dahilan, sa loob at sa sarili, para ipasok ng hukuman ang hatol sa isang kaso kung saan ang nasasakdal ay nagkaroon ng pagpasok ng hatol na inantala sa ilalim ng paglipat ng Daan I, o para sa hukuman upang ipasiya na ang paglabag sa probasyon ay nangyari. Ang isang hukuman ay maaaring magsaalang-alang ng isang resulta ng pagsusuri bilang positibo kung ang laboratoryong gumawa ng naturang pagsusuri ay gumamit ng mga sumusunod na pamamaraan at pamantayan: pagsubok ng pagiging balido, una at pangkumpirmang pagsusuri, mga konsentrasyon ng pagputol, pamantayan sa dilusyon at adulterasyon, at magkakahiwalay na ispesmen na mga pamamaraan.*

*(6) Walang tao na karapat-dapat sa paggamot na dapat pagkaitan ng daan sa paggamot dahil sa pagkakaroon ng kasabay na nangyayaring sakit sa isip at pag-unlad o hadlang sa wika o ang isang karapat-dapat na nasasakdal ay dapat atasan na itigil ang paggamit ng tinutulungan ng gamot na mga paggamot, o ibang mga gamot na ginamit alinsunod sa isang balidong reseta ng ginamit na kaayon sa batas ng estado, napapailalim sa beripikasyon ng hukuman.*

*(7) Bilang karagdagan sa anumang multang tinasa sa ilalim ng ibang mga tadhana ng batas, ang hukom ng paglilitis ay maaaring mag-atas sa sinumang taong inilagay sa Daan I, Daan II, o Daan III na paggamot na makatwirang magagawa ito na mag-ambag sa gastos ng kanyang sariling paglalagay sa isang angkop na programang paggamot na may kinalaman sa droga, mga serbisyong pag-alis ng lason, o pagsusuri ng ihi, sa kondisyon na:*

*(A) Ang hindi pagbabayad ng mga naturang gastos ay hindi dapat maging dahilan para sa isang tagapagkaloob ng paggamot na tumangging iulat ang pagkumpleto ng kliyente sa isang programa.*

*(B) Ang hindi pagbabayad ng mga naturang gastos ay hindi dapat maging dahilan para ipagkait ng hukuman ang pagpapawalang-bisa ng mga paratang, pagsasakdal, reklamo, o napatunayang pagkakasala.*

*(C) Ang hindi pagbabayad ng mga naturang gastos ay hindi dapat maging dahilan upang tumangging sarhan ang mga rekord pagkatapos ng kasiya-siyang pagganap o matagumpay na pagkumpleto ng paggamot sa ilalim ng Daan I o II, ayon sa pagkakasunod-sunod.*

*(D) Bago o pagkatapos ng pagkumpleto ng paggamot, ang hukuman ay maaaring mag-atas ng serbisyo sa komunidad bilang alternatibong pagbabayad ng mga natitirang fee, multa, o mga gastos ng hukuman, o maaaring gumamit ng mga paraang pampangasiwaan o sibil upang iatas ang pagbabayad ng anumang hindi pa nababayarang halaga.*

*(E) Ang isang tao na hindi makabayad ng gastos ng kanyang paglalagay sa isang programang paggamot na may kinalaman sa droga ay hindi dapat pagkaitan ng angkop na paggamot na may kinalaman sa droga o pagsusuri ng ihi na iniutos ng hukuman.*

*(8) Ang hukuman ay maaari ring mag-atas ng paglahok sa mga programang pang-edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, pagpapayo sa pamilya, pangangalagang pangkalusguan, kabilang ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip, pagsasanay bumasa't sumulat at/o serbisyo sa komunidad, mga serbisyong pagbawas ng pinsala at anumang ibang mga serbisyo na maaaring matukoy na angkop ng pagtasang pangklinika ng nasasakdal o sa pamamagitan ng mga pagtimbang ng mga pangangailangan ng nasasakdal.*

*(b) Pagkatapos ng Hulyo 1, 2010, ang bawat hukom na regular na namamatnugot sa isang Daan I, Daan II, o Daan III na paglipat ng kaso pagkatapos na utusan ang nasasakdal na humarap sa isang pagtasang pangklinika ay dapat na kumumpleto taun-taon ng kurso sa pagsasanay sa pagkasugapa.*

SEK. 14. Seksiyon 1210.03 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*1210.03. Daan I. Paglipat ng paggamot sa Inantalang Pagpasok ng Hatol.*

*(a) Sa kabila ng anumang tadhana ng batas, ang paggamot na may kinalaman sa droga ay dapat ipagkaloob sa mga nasasakdal. Ang isang nasasakdal ay karapat-dapat sa mga mapipiling disposisyon, parusa, at mga programang Daan I na paglihis na paggamot kung:*

*(1) Ang nasasakdal ay inakusahan ng isa o higit na hindi marahas na mga pagkakasalang pagdadala ng droga.*

*(2) Ang nagkasala ay hindi pa napapatunayang nagkasala sa pagkakasalang nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5 bilang isang marahas na felony o anumang pagkakasalang nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7 bilang seryosong felony.*

*(3) Ang nasasakdal ay walang naunang napatunayang pagkakasala, na iba sa isang hindi marahas na pagdadala ng droga, sa loob ng limang taon bago ang paggawa umano ng ipinaratang na pagkakasala.*

*(4) Ang nasasakdal ay hindi inakusahan ng anumang ibang pagkakasala na hindi hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga.*

*(b) Ang isang nagkasala na hindi karapat-dapat dahil lamang sa isang kasabay na paratang na ibang pagkakasala na itinatadhana sa talataan (4) ng subdibisyonn (a), sa kapareho man o ibang kaso, sa kapareho o ibang hurisdiksiyon, ay maaaring ituring na karapat-dapat para sa paggamot na Daan I alinsunod sa seksiyong ito kung ipinasiya ng hukuman na makakabuti sa nasasakdal at sa pagsulong ng hustisya na ipahintulot ang inantalang pagpasok ng hatol.*

*(c) Ang isang nagkasala ay maaaring tumanggi sa Daan I na paggamot. Walang nagkasala na dapat ipasiyang hindi karapat-dapat para sa Daan I dahil lamang sa sa hindi pagkumpleto ng isang programang paglipat na iniaalay alinsunod sa Seksiyon 1000.*

*(d) Ang isang abugado ng depensa, isang tagausig na abugado, o ang hukuman sa sarili nitong mosyon, ay maaaring humiling ng Daan I na paglihis na paggamot para sa sinumang nagkasala kapag anyong ang nasasakdal ay nakakatugon sa pamantayang nakalagay sa (mga) subdibisyon (a) o ang hukuman ay gumawa ng mga pagpapasiya na tinukoy sa subdibisyon (b). Ang hukuman ay dapat mag-utos ng pagdinig ng ebidensiya sa anumang kaso kung saan may pagtatalo sa pagiging karapat-dapat ng nasasakdal para sa Daan I na paglihis na paggamot. Ang tagausig ay dapat magkaroon ng pasanin na patunayan na ang nasasakdal ay hindi karapat-dapat. Kung ang nasasakdal ay ipinasiyang hindi karapat-dapat, ang hukuman ay dapat magpahayag ng mga dahilan ng pasiyang ito sa rekord.*

*(e) Kung ipinasiya ng hukuman na ang nagkasala ay karapat-dapat para sa Daan I na paglihis na paggamot, ang hukuman ay dapat magkaloob ng sumusunod sa nasasakdal at sa kanyang abugado:*

*(1) Isang buong paglalarawan ng mga pamamaraan para sa Daan I na paglihis na paggamot, kabilang ang anumang mga pagtalikdan na iniatas sa nasasakdal, ang karapatan ng nasasakdal na tumanggi sa programa, ang mga karapatan ng nasasakdal sa panahon ng programa, ang maaaring tagal ng programa, ang mga benepisyo ng programa na maaaring asahan ng nasasakdal sa pagkumpleto ng programa, at ang mga bunga o kabiguan na makumpleto ang programa.*

*(2) Isang pangkalahatang paliwanag ng mga tungkulin at awtoridad ng kagawaran ng probasyon, ang tagausig na abugado, ang programa, at ang hukuman sa proseso. Isang paliwanag ng pagpapanatili ng rekord ng krimen at disposisyon na resulta ng paglahok sa inantalang pagpasok ng hatol at sa mga karapatan ng nasasakdal o kaugnay ng pagsagot sa mga katanungan tungkol sa pag-aresto sa kanya at inantalang pagpasok ng hatol kasunod ng matagumpay na pagkumpleto ng programa.*

*(f) Kung ang nasasakdal ay pumayag at tinalikdan ang kanyang karapatan sa isang mabilis na paglilitis o mabilis na preliminaryong pagdinig, ang hukuman ay dapat maggawad ng inantalang pagpasok ng hatol kung ang nasasakdal ay umamin ng pagkakasala sa paratang o mga paratang at tinalikdan ang panahon ng pagpapahayag ng hatol.*

*(g) Sa panahon na ang inantalang pagpasok ng hatol ay iginawad anumang piyansa o pagsisikap, o deposito sa halip nito, na nasa talaan o sa ngalan ng nasasakdal ay dapat alisin.*

*(h) Sa panahon na ang inantalang pagpasok ng hatol ay iginawad, ang hukuman ay dapat magsara mula sa paningin ng publiko ang lahat ng rekord at tala na nauukol sa kuwalipikadong pagkakasala, kabilang ang lahat ng rekord ng pag-aresto at detensiyon, para sa panahon na ang nasasakdal ay lumalahok sa programang paggamot na tinukoy sa seksiyong ito o nasa listahan ng naghihintay para sa isang programang tinukoy sa seksiyong ito.*

*(i) Dapat mag-utos ang hukuman sa nasasakdal na humarap para sa isang pagtasang pangklinika at pagtimbang ng kasaysayang pangkrimen, at dapat pagkaraan na utusan ang nasasakdal na dumalo at kumumpleto ng isang angkop na programang paggamot. Kung ang nasasakdal ay may pagtasang pangklinika na ginawa bago ang pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat, ang hukuman ay maaaring mag-utos ng isang bagong pagtasa. Ang hukuman ay dapat pagkaraan na ilagay ang nasasakdal sa paggamot at itatag ang mga kondisyon sa pagsubaybay na kaayon ng mga tadhana at iniaatas ng Seksiyon 1210.02.*

*(j) Kung ang nasasakdal ay tumangap ng inantalang pagpasok ng hatol sa ilalim ng seksiyong ito, at hindi nagsimula ng paggamot sa loob ng 30 araw ng paggawad ng inantalang pagpasok ng hatol, ang hukuman ay dapat magsagawa ng isang pagdinig upang ipasiya ang mga dahilan para sa kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot. Dapat isaalang-alang ng hukuman ang ebidensiya mula sa mga partido, kagawaran ng probasyon, at tagapagkaloob ng paggamot. Sa pagdinig, ang nasasakdal ay maaaring tumanggi sa paggamot at inantalang pagpasok ng hatol.*

*Kung ang nasasakal ay tumanggi sa paggamot, ang hukuman ay maaaring muling irekormenda ang nasasakdal sa programang paggamot at maaaring magpataw ng tumataas na parusa o maaaring magpasok ng hatol para sa kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot, sa kondisyon, na ang mga parusa ay hindi dapat ipataw o ang hatol ay ipasok kapag ang kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot ay resulta ng kawalan ng kakayahan ng county na magkaloob ng angkop na paggamot sa oras o mula sa kabiguan ng county na gumawa ng paggamot na makatwirang makukuha, tulad ng kabiguang mag-alay ng pag-aalaga ng bata para sa isang nag-aalaga ng anak na nasasakdal o kabiguang magkaloob ng transportasyon kung kailangan. Ang isang nasasakdal na ang hatol ay ipinasok dahil sa kabiguang magsimula ng paggamot ay dapat ilipat sa Daan II na paglihis na paggamot.*

*Ang hukuman ay dapat magtipon at mag-ulat ng lahat ng datos na may kaugnayan sa kabiguan ng nasasakdal na magsimula ng paggamot sa loob ng 30 araw, ang mga dahilan nito, at mga tugon ng hukuman, sa anumang anyo na iniaatas ng Komisyon sa Pangangasiwa. Ang mga naturang datos tungkol sa paggamot ay nagpapakita ng mga antas na dapat ilathala ng kagawaran, o mga mananaliksik na itinalaga ng Komisyon sa Pangangasiwa, batay sa bawat county at sa buong estado, hindi kukulangin sa minsan kada taon.*

*(k) Ang panahon na ang inantalang pagpasok ng hatol ay iginawad ay dapat na para sa hindi kukulangin sa anim na buwan o hindi mas mahaba sa 18 buwan. Ang mga ulat ng progreso ay dapat iharap sa hukuman ng tagapagkaloob ng paggamot ng kagawaran ng probasyon gaya ng iniuutos ng hukuman.*

*(l) Walang pahayag na ginagawa sa panahon ng paggamot o anumang impormasyong nakuha doon, tungkol sa partikular na pagkakasala na ipinaratang sa nasasakdal, na dapat tanggapin sa anumang aksiyon o pamamaraan na dinala sa huli, kabilang ang pagdinig sa pagsentensiya.*

*(m) Inantalang pagpasok ng hatol para sa isang paglabag ng Seksiyon 11368 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay hindi dapat magbawal sa anumang ahensiyang pampangasiwaan na gumawa ng aksiyong pandisiplina laban sa isang lisensiyado o sa pagkakait ng lisensiya. Wala sa subdibisyong ito na dapat ipakahulugan na nagpapalawak o nagbabawal sa mga tadhana ng Seksiyon 1210.05.*

*(n) Isang pahayag ng nasasakdal ng pag-amin alinsunod sa kabanatang ito ay hindi dapat bumuo ng napatunayang pagkakasala para sa anumang layunin maliban kung ang isang hatol na nagkasala ay ipinasok alinsunod sa Seksiyon 1210.04.*

*(o) Sa panahon ng pana-panahong pagdinig upang timbangin ang progreso ng nasasakdal, dapat isaalang-alang ng nasasakdal ang paggamit ng mga insentibo at gantimpala upang himukin ang patuloy na programa, at maaaring magpataw ng tumataas na parusa bilang tugon sa mga problemang iniulat ng tagapagkaloob ng paggamot o kagawaran ng probasyon, o sa pagpapasiya ng hukuman, nang walang ipinasok na hatol. Ang hukuman ay hindi maaaring magpataw ng isang parusang kulungan sa isang nasasakdal na lumalahok sa Daan I na paglihis na paggamot.*

*(p) Kung ang nasasakdal ay nakaganap ang kasiya-saiya sa panahon na ang inantalang pagpasok ng hatol ay iginawad, ang paratang o mga paratang na krimen ay dapat pawalang-saysay at ang mga rekord ng kaso at mga tala ay dapat na permanenteng sarhan, kabilang ang anumang rekord ng pag-aresto at detensiyon.*

SEK. 15. Seksiyon 1210.04 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*1210.04. Kung anyong ang tagapagkaloob ng paggamot, ang nag-uusig na abugado, ang hukuman, o ang kagawaran ng probasyon na ang nasasakdal ay hindi kasiya-siyang gumaganap sa itinalagang programa, o ang nasasakdal ay napatunayang gumawa ng isang misdemeanor na walang kaugnayan sa paggamit ng mga droga, o ang nasasakdal ay napatunayang gumawa ng isang felony na hindi*

*isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, o ang nasasakdal ay gumawa ng krimen na ginawa siyang hindi angkop para sa inantalang pagpasok ng hatol, ang umuusig na abugado o ang hukuman sa sarili nito, ay maaaring gumawa ng mosyon para sa pagpasok ng hatol.*

*Pagkatapos ng paunawa sa nasasakdal, ang hukuman ay dapat magsagawa ng isang pagdinig upang ipasiya kung ang hatol ay dapat ipasok. Kung ipinasiya ng hukom na ang nasasakdal ay hindi kasiya-siyang gumaganap sa itinalagang programa, o ang nasasakdal ay hindi nakikinabang sa edukasyon, paggamot, o rehabilitasyon, o ipinasiya ng hukuman na ang nasasakdal ay napatunayang gumawa ng isang krimen na ipinababatid sa itaas, o ang nasasakdal ay lumahok sa krimen na ginawa siyang hindi angkop sa inantalang pagpasok ng hatol, ang hukuman ay dapat gumawa ng pasiya ng pagkakasala sa paratang o mga paratang na sinagot, ipasok ang hatol, at magtakda ng pagdinig sa pagsentensiya gaya ng itinatahana ng kodigong ito.*

*Sa pagpapasiya kung ang nasasakdal ay gumaganap nang kasiya-siya o hindi kasiya-siya sa anumang programang paggamot, ang hukom ay dapat patnubayan ng pagtimbang na ipinagkakalob ng hukuman ng kuwalipikadong propesyonal sa paggamot na namamahala ng programang paggamot ng nasasakdal, at ang opinyon ng tagapagkaloob ng paggamot tungkol sa pagkakataon ng nasasakdal na bumalik sa paggamot at ipagpatuloy ang paggamot nang matagumpay na may mga pagbabago sa planong paggamot.*

*Kung ang hukuman ay hindi nagpasok ng hatol, ang planong paggamot ay maaaring baguhin, at ang mga tumataas na parusa ay maaaring ipataw, kaayon ng rekomendasyon ng tagapagkaloob ng paggamot.*

*Kung ang hukuman ay hindi nagpasok ng hatol, ang hukom ay dapat magsentensiya sa nasasakdal sa Daan II probasyon at paggamot, kung karapat-dapat. Kung ang nasasakdal ay gumawa ng isang bagong pagkakasala na isang misdemeanor na walang kaugnayan sa paggamit ng mga droga o isang felony na hindi isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, ang pagsentensiya ay hindi kinokontrol ng seksiyong ito.*

SEK. 16. Seksiyon 1210.05 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*1210.05. (a) Anumang rekord na nakatala Kagawaran ng Hustisya ay dapat magpabatid ng disposisyon sa mga kaso na inantala alinsunod sa kabanatang ito. Sa kabilang ng anumang ibang tadhana ng batas, sa matagumpay na pagkumpleto ng isang programang inantalang pagpasok ng hatol, ang pag-aresto na ang hatol ay inantala ay dapat ituring na hindi nangyari. Maaaring ipabatid ng nasasakdal bilang tugon sa anumang katanungan na nauukol sa kanyang anunang rekord ng krimen na siya ay hindi naaresto o ginawaran ng inantalang pagpasok ng hatol para sa pagkakasala, maliban kung tinukoy sa subdibisyon (b). Ang isang rekord na nauukol sa isang pag-aresto na nagresulta sa matagumpay na pagkumpleto ng isang programang inantalang pagpasok ng hatol ay hindi dapat gamitin sa anumang paraan na maaaring magresulta sa pagkakait ng anumang trabaho, benepisyo, lisensiya, o sertipiko.*

*(b) Ang nasasakdal ay dapat payuhan na, sa kabila ang kanyang matagumpay na pagkumpleto ng programang inantalang pagpasok ng hatol, ang pag-aresto na ang hatol ay inantala ay maaring isiwalat ng Kagawaran ng Hustisya bilang tugon sa alinmang kahilingang paggamit ng opisyal na pangkapayapaan at, sa kabila ng subdibisyon (a), ang seksiyong ito ay hindi nag-aalis sa kanya ng obligasyon na isiwalat ang pag-aresto biloang tugon sa anumang tuwirang katanungan na nakasaad sa anumang mga kuwestiyonaryo o aplikasyon para sa isang katungkulan ng isang opisyal na pangkapayapaan, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 830.*

SEK. 17. Seksiyon 1210.1 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

1210.1. *Daan II. Paglihis sa Paggamot Pagkatapos ng Napatunayang Pagkakasala*.

(a) Sa kabilang ng anumang ibang tadhana ng batas, at maliban kung itinatadhana sa subdibisyon ~~(b)~~ *(f)*, sinumang tao *na hindi karapat-dapat sa Daan I na inantalang pagpasok na paglihis at* napatunayang nagkasala ng hindi marahas na pagdadala ng droga ay dapat tumanggap ng probasyon. Bilang kondisyon ng probasyon ang hukuman ay dapat mag-atas ng paglahok sa at pagkumpleto ng isang angkop na programang paggamot na may kinalaman sa droga. ~~Ang hukuman ay dapat magpataw ng angkop na pagsusuri sa droga bilang kondisyon ng probasyon. Ang hukuman ay maaari ring magpataw, bilang kondisyon ng probasyon, ng paglahok sa isang bokasyonal na pagsasanay, pagpapayo sa pamilya, pagsasanay sa karunungang bumasa't sumulat at/ serbisyo sa komunidad.~~ Ang isang hukuman ay hindi maaaring magpataw ng pagkulong bilang isang karagdagang kondisyon ng probasyon. ~~Bukod sa~~ *Ang hukuman ay dapat mag-utos sa nasasakdal na humarap para sa isang pagtasang pangklinika at pagtimbang ng kasaysayang pangkrimen, at dapat pagkaraan na utusan ang nasasakdal na dumalo at magkumpleto ng isang angkop na programang paggamot. Kung ang nasasakdal ay may pagtasang pangklinika na ginawa bago ang pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat, ang hukuman ay maaaring mag-utos ng isang bagong pagtasa. Ang hukuman ay dapat pagkaraan na ilagay ang nasasakdal sa paggamot at itatag ang mga kondisyon sa pagsubaybay na kaayon ng mga tadhana at iniaatas ng Seksiyon 1210.02.*

*(b) Bukod sa* mga limitasyon na ipinataw sa subdibisyong ito, ang hukuman ng paglilitis ay hindi limitado sa uri ng mga kondisyon ng probasyon na maaari nitong ipataw. Ang probasyon ay dapat ipataw sa pamamagitan ng pagsuspinde sa pagpapataw ng sentensiya. ~~Walang tao na dapat pagkaitan ng pagkakataon na makinabang sa mga tadhana ng Batas ng 2000 sa Pagpigil ng Pang-aabuso ng Substansiya at Krimen na batay tangi sa ebidensiya ng isang kasabay na sakit sa isip o ukol sa pag-unlad. Sa~~

*(c) Pagkatapos igawad ang probasyon sa ilalim ng subdibisyon (a), dapat sarhan ng hukuman ang lahat ng rekord at tala na nauukol sa kuwalipikadong pagkakasala, kabilang ang lahat ng rekord ng pag-aresto, detensiyon, at napatunayang pagkakasala, para sa panahon na ang nagkakasala ay nasa paggamot o nasa listahan ng naghihintay sa paggamot.*

*(d) Sa* pinakamalaking magagawa, sinumang tao na napatunayang gumawa, at inilagay sa probasyon alinsunod sa seksiyong ito para sa isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga ay dapat subaybayan ng hukuman sa pamamagitan ng paggamit ng isang dedikadong kalendaryo ng hukuman at ang pagsasama ng isang tumutulong na modelo ng hukuman ng pangangasiwa na kabilang ang malapit na pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng paggamot at probasyon, pagsusuri sa droga na katugma ng mga pangangailangan ng paggamot, at pangangasiwa ng progreso sa pamamagitan ng mga pagdinig na pagrepaso.

~~Bilang karagdagan sa anumang multang tinasa sa ilalim ng ibang mga tadhana ng batas, ang hukom ng paglilitis ay maaaring mag-atas sa sinumang tao na napatunayang nagkasala ng hindi marahas na pagdadala ng droga na makatwirang magagawa ito na mag-ambag sa gastos sa kanyang sariling paglalagay sa programang paggamot sa droga.~~

*(e) Sinumang tao na inutusang kumumpleto ng isang programang paggamot na may kinalaman sa droga alinsunod sa seksiyong ito ay hindi dapat atasan na sumunod sa mga tadhana ng pagpapарehistro ng nagkasala ng Seksiyon 11590 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan sa panahon ng paggamot. Ang pagkalibreng ito ay magiging permanente pagkatapos ng matagumpay ng pagkumpleto ng programang paggamot na may kinalaman sa droga. Ang sinumang taong napatunayang gumawa ng hindi marahas na pagkakasala na kaugnay ng droga na itinuring na hindi karapat-dapat lumahok o hinadlangan na patuloy na lumahok ng batas na ito ay dapat na napapailalim sa mga tadhana ng Seksiyon 11590 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.*

~~(b)~~ *(f)* Subdibisyon (a) ay hindi umaplay sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Sinumang nagkasala na dating napatunayang nagkasala ng isang higit na marahas o seryosong felony gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5 o subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7, ayon sa pagkakasunod-sunod, maliban kung ang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga ay nangyari pagkatapos ng limang taon kung saan ang nasasakdal ay namalaging malaya sa pareho ng bilangguan at sa pagsagawa ng pagkakasala na nagreresulta sa isang napatunayang felony na iba sa isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, o isang misdemeanor na pagkakasala na kaugnay ng pisikal na pinsala o banta ng pisikal na pinsala sa ibang tao.

(2) Sinumang nasasakdal na, bilang karagdagan sa isa o higit na hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, ay napatunayan sa kaparehong pamamaraan na gumawa ng misdemeanor na hindi kaugnay ng paggamit ng mga droga o anumang felony *na hindi isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, maliban kung tungkol sa isang napatunayang misdemeanor ang hukuman ay dapat magpasiya na ideklara ang tao na karapat-dapat sa paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a) at suspendihin ang pagsentensiya habang lumalahok sa paggamot na may kinalaman sa droga.*

(3) Sinumang nasasakdal na, habang armado ng isang nakakamatay na sandata, na may hangaring gamitin ito bilang nakamamatay na sandata, na labag sa batas na nagdala o nasa impluwensiya ng anumang kinokontrol ng substansiya na tinukoy sa Seksiyon 11054, 11055, 11056, 11057, o 11058 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(4) Sinumang nasasakdal na tumanggi sa paggamot sa droga bilang isang kondisyon ng probasyon.

(5) Sinumang nagkasala na may dalawang magkahiwalay na napatunayang hindi marahas na pagkakasala ng pagdadala ng droga, ay lumahok sa dalawang magkahiwalay na kurso ng paggamot alinsunod sa subdibisyon (a), at napatunayan ng hukuman, sa pamamagitan ng malinaw at nakakakumbinseng ebidensiya, na hindi tatanggap ng anuman at lahat ng anyo ng makukuhang paggamot na may kinalaman sa droga, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1210. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang hukuman ng paglilitis ay dapat magsentensiya sa nasasakdal na iyon ng 30 araw sa hukuman.

*(6) Sinumang nagkasala na, sa 30 buwan bago ang kasalukuyang napatunayang pagkakasala, ay may lima o higit na napatunayang pagkakasa o kombinasyon ng mga pagkakasala, kabilang ang hindi marahas na mga pagkakasalang pagdadala ng droga, at hindi kabilang ang mga infraction. Ang isang nagkasala na hindi karapat-dapat para sa Daan II na paglihis na paggamot dahil lamang sa pasiyang ito ay karapat-dapat para sa Daan III na paglihis na paggamot.*

*(g) Walang nagkasala na dapat ipasiyang hindi karapat-dapat para sa Daan II na paggamot dahil lamang sa hindi pagkumpleto ng isang programang paglihis na iniaalay alinsunod sa Seksiyon 1000.*

~~(c) (1) Sinumang nasasakdal na dating napatunayang nagkasala ng hindi kukulangin sa tatlong felony na hindi kaugnay ng droga na ang nasasakdal ay nagsilbi ng tatlong magkakahiwalay na panahon sa bilangguan sa loob ng kahulugan ng (b) ng Seksiyon 667.5 ay dapat ipalagay na karapat-dapat sa ilalim ng subdibisyon (a). Ang hukuman ay maaaring hadlangan ang naturang nasasakdal na sumailalim sa paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a) kung saan ang hukuman, alinsunod sa mosyon ng tagausig o sa sariling mosyon nito, ay nagpasiya na ang nasasakdal ay panganib pa rin sa kaligtasan ng iba at hindi makikinabang mula sa isang programang paggamot na may kinalaman sa droga. Ang hukuman ay dapat, sa rekord, na magpahayag ng ipinasiya nito, ng mga dahilan para sa mga pasiyang ito.~~

~~(2) Sinumang nasasakdal na dating napatunayang gumawa ng misdemeanor o felony na hindi kukulangin sa limang beses sa loob ng naunang 30 buwan ay dapat ipalagay na karapat-dapat para sa paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a). Ang hukuman ay maaaring hadlangan ang naturang nasasakdal na sumailalim sa paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a) kung saan ang hukuman, alinsunod sa mosyon ng tagausig o sa~~

~~sariling mosyon nito, ay nagpasiya na ang nasasakdal ay panganib pa rin sa kaligtasan ng iba o hindi makikinabang mula sa isang programang paggamot na may kinalaman sa droga. Ang hukuman ay dapat, sa rekord, na magpahayag ng ipinasiya nito at ang mga dahilan para sa mga pasiyang ito.~~

~~(d)~~ *(h)* Sa loob ng pitong araw ng isang utos na nagpapataw ng probasyon sa ilalim ng subdibisyon (a), ang kagawaran ng probasyon ay dapat magbigay ng paunawa sa ang tagapagkaloob ng paggamot na itinalaga upang magkaloob ng paggamot na may kinalaman sa droga sa ilalim ng subdibisyon (a). Sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang paunawang iyon, ang tagapagkaloob ng paggamot ay dapat maghanda ng isang planong paggamot at ipadala ito sa kagawaran ng probasyon para ipamahagi sa hukuman at abugado. Ang tagapagkaloob ng paggamot ay dapat magkaloob sa kagawaran ng probasyon ng ayon sa pamantayan na mga ulat ng progreso ng paggamot, na may mga elemento ng pinakamababang datos gaya ng ipinasiya ng kagawaran, kabilang ang lahat ng resulta sa pagsusuri sa droga. Sa pinakamababa ang mga ulat ay dapat ipagkaloob sa hukuman tuwing 90 araw, o mas madalas, gaya ng itinagubilin ng hukuman.

*(1) Kung ang nasasakdal ay tumanggap ng probasyon sa ilalim ng subdibisyon (a), at hindi nagsimula ng paggamot sa loob ng 30 araw ng paggawad ng probasyon, ang hukuman ay dapat magsagawa ng isang pagdinig upang alamin ang mga dahilan para sa kabiguan ng nasasakdal na humarap sa paggamot. Dapat isaalang-alang ng hukuman ang ebidensiya mula sa mga partido, kagawaran ng probasyon at tagapagkaloob ng paggamot. Sa pagdinig, ang nasasakdal ay maaaring tumanggi sa paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a).*

*Kung ang nasasakdal ay hindi tumanggi sa paggamot, ang hukuman ay maaaring muling irekomenda ang nasasakdal sa programang paggamot at maaaring magpataw ng tumataas na parusa o maaaring pawalang-bisa ang probasyon ng nasasakdal dahil sa kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot, sa kondisyon, gayunman, na ang mga parusa ay hindi dapat ipataw o pawalang-bisa ang probasyon kapag ang kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot ay resulta ng kawalan ng kakayahan ng county na magkaloob ng angkop na paggamot sa oras o mula sa kabiguan ng county na gumawa ng paggamot na makatwirang makukuha, tulad ng kabiguang mag-alay ng pag-aalaga ng bata para sa isang nag-aalaga ng anak na nasasakdal o kabiguang magkaloob ng transportasyon kung kailangan. Ang isang nagkasala na ang probasyon ay tinapos dahil sa kabiguang simulan ang paggamot ay maaaring ilipat sa Daan III na paglihis na paggamot sa sariling pagpapasiya ng hukuman.*

*Ang hukuman ay dapat magtipon at mag-ulat ng lahat ng datos na may kaugnayan sa kabiguan ng nasasakdal na magsimula ng paggamot sa loob ng 30 araw, ang mga dahilan nito, at mga tugon ng hukuman, sa anumang anyo na iniaatas ng Komisyon sa Pagbabantay. Ang mga naturang datos tungkol sa paggamot ay nagpapakita ng mga antas na dapat ilathala ng kagawaran, o ng mga mananaliksik na itinalaga ng Komisyon sa Pagbabantay, batay sa bawat county at sa buong estado, hindi kukulangin sa minsan kada taon.*

*(2) Sa panahon ng pana-panahong pagdinig upang timbangin ang progreso ng nasasakdal, dapat isaalang-alang ng nasasakdal ang paggamit ng mga insentibo at gantimpala upang himukin ang patuloy na progreso, at maaaring magpataw ng tumataas na parusa bilang tugon sa mga problemang iniulat ng tagapagkaloob ng paggamot o kagawaran ng probasyon, o sa pagpapasiya ng hukuman, mayroon o walang pasiya na ang paglabag sa probasyon ay nangyari.*

~~(1)~~ *(3)* Kung kailanman sa panahon ng paggamot na may kinalaman sa droga ang tagapagkaloob ng paggamot ay nagbigay ng paunawa sa kagawaran ng probasyon at sa hukuman na ang nasasakdal ay hindi tatanggap ng paggamot na may kinalaman sa droga na ipinagkakaloob, ang kagawaran ng probasyon ay maaaring magbunsod sa hukuman na baguhin ang mga tadhana ng probasyon, o sa sariling mosyon nito, maaaring baguhin ng hukuman ang mga tadhana ng probasyon pagkatapos ng isang pagdinig upang matiyak na ang nasasakdal ay tatanggap ng alternatibong programang paggamot na may kinalaman sa droga.

~~(2)~~ *(4)* Kung kailanman sa panahon ng paggamot na may kinalaman sa droga ang tagapagkaloob ng paggamot ay nagbigay ng paunawa sa kagawaran ng probasyon at sa hukuman na ang nasasakdal ay hindi tatanggap ng paggamot na may kinalaman sa droga na ipinagkakaloob at ang lahat ng ibang mga anyo ng mga programang paggamot na may kinalaman sa droga alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1210, ang kagawaran ng probasyon ay maaaring magmungkahi na pawalang-bisa ang probasyon. Sa pagdinig sa pagpapawalang bisa, *ang tagausig ay dapat magpatunay na ang nasasakdal ay hindi tatanggap ng lahat ng programang paggamot na may kinalaman sa droga alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1210* ~~kung napatunayan na ang nasasakdal ay hindi tatatanggap ng lahat ng programang paggamot na may kinalaman sa droga alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1210~~, *kung saan* ang hukuman ay maaaring pawalang-bisa ang probasyon.

~~(3)~~ *(5)* Ang mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga na ipinagkakaloob ng subdibisyon (a) bilang iniaatas na kondisyon ng probasyon ay hindi maaaring humigit sa 12 buwan, maliban kung gumawa ang hukuman ng pasiyang sinusuportahan ng rekord, na ang pagpapatuloy ng mga serbisyong paggamot na lampas sa 12 buwan ay kailangan para magtagumpay ang paggamot na may kinalaman sa droga. Kung ang naturang pasiya ay ginawa, ang hukuman ay maaaring mag-utos ng hanggang dalawang anim-na-buwang pagpapahaba ng mga serbisyong paggamot. Ang pagkakaloob ng mga serbisyong paggamot sa ilalim ng *seksiyong ito* ~~ang Batas ng 2000 sa Pagpigil ng Pang-aabuso ng Substansiya at Krimen~~ ay hindi dapat humigit sa 24 buwan.

*(6) Kapag nakumpleto ng nasasakdal ang iniaatas na programang paggamot, ang tagapagkaloob ng paggamot ay dapat magbigay ng paunawa sa hukuman sa loob ng pitong araw. Dapat baguhin ng hukuman ang mga tadhana ng probasyon upang magkaloob ng hindi hihigit sa anim na buwan ng patuloy na pangangasiwa pagkaraan ng petsa ng pagkumpleto ng paggamot. Ang mga serbisyong pangangalaga pagkatapos o patuloy na pangangalaga ay maaaring iatas at ipagkaloob sa panahong ito.*

~~(e)~~ *(i)* (1) Kailanman pagkatapos makumpleto ang paggamot na may kinalaman sa droga at ang mga tadhana ng probasyon, ang hukuman ay dapat magsagawa ng pagdinig, at kung ipinasiya ng hukuman na ang nasasakdal ay matagumpay na nakakumpleto ng paggamot na may kinalaman sa droga, at lubos na sumunod sa mga kondisyon ng probasyon, kabilang ang pagtigil sa paggamit ng mga droga pagkakumpleto ng paggamot, ang napatunayang pagkakasala na pinagbatayan ng probasyon ay dapat alisin at dapat pawalang-saysay ng hukom ang pagsasakdal, reklamo, o impormasyon laban sa nasasakdal, *at ang hukuman ay dapat mag-utos na ang mga rekord ng kaso at tala ay manatiling sarado, kabilang ang anumang rekord ng pag-aresto, detensiyon, at napatunayang pagkakasala*. Bilang karagdagan, maliban kung itinatadhana sa mga talataan (2) at (3), ang pareho ng pag-aresto at napatunayang pagkakasala ay dapat ituring na hindi nangyari. Ang nasasakdal ay maaaring magpetisyon sa hukuman na pawalang-saysay ang mga paratang anumang oras na makumpleto ang itinagubiling kurso ng paggamot na may kinalaman sa droga. Maliban kung itinatadhana sa talataan (2) o (3), ang nasasakdal ay dapat pagkaraan na palayain mula sa lahat ng parusa at disabilidad na resulta ng pagkakasala na napatunayang ginawa niya.

(2) Ang pagpapawalang-saysay ng paghahabla, reklamo, impormasyon alinsunod sa talataan (1) ay hindi nagpapahintulot sa isang tao na mag-ari, magdala, o kumontrol ng anumang baril na maaaring itago sa katawan o pigilan ang kanyang napatunayang pagkakasala sa ilalim ng Seksiyon 12021.

(3) Maliban kung itinatadhana sa ibaba, pagkatapos na ang paghahabla, reklamo, o impormasyon ay pinawalang-saysay alinsunod sa talataan (1), maaaring ipabatid ng nasasakdal bilang tugon sa anumang katanungan na nauukol sa kanyang naunang rekord ng krimen na siya hindi naaresto o napatunayang gumawa ng pagkakasala. Maliban kung itinatadhana sa ibaba, ang isang rekord na nauukol sa isang pag-aresto o napatunayang pagkakasala na nagresulta sa matagumpay na pagkumpleto ng isang programa sa ilalm ng Seksiyong ito ay hindi maaari, nang walang pahintulot ng nasasakdal, na gamitin sa anumang paraan na maaaring magresulta sa pagkakait ng anumang trabaho, benepisyo, lisensiya, o sertipiko.

Sa kabila ng kanyang matagumpay na pagkumpleto ng paggamot na may kinalaman sa droga, ang pag-aresto at napatunayang pagkakasala na pinagbatayan ng probasyon ay maaaring itala ng Kagawaran ng Hustisya at isiwalat bilang tugon sa anumang kahilingan ng isang opisyal na pangkapayapaan o anumang pagtatanong ng tagapagpatupad ng batas. Ang pagpapawalang-saysay ng isang impormasyon, reklamo, o paghahabla sa ilalim ng seksiyong ito ay hindi nag-aalis sa nasasakdal sa obligasyon na isiwalat ang pag-aresto at napatunayang pagkakasala bilang tugon sa anumang tuwirang tanong na nakasaad sa anumang katanungan o aplikasyon para sa pampublikong katungkulan, para sa isang katungkulan gaya ng nilinaw sa Seksiyon 830, para sa paglisensiya ng alinmang estado o lokal na ahensiya, para sa pagkontrata sa Loterya ng Estado ng California, o para sa anumang mga layunin na paglilingkod sa isang lupon ng mga tagahatol.

~~(f)~~ *(j)* (1) Kung ang probasyon ay pinawalang-bisa alinsunod sa mga tadhana ng subdibisyong ito, *ang hukuman ay maaaring magsentensiya sa nasasakdal sa Daan III na probasyon at paggamot o ang hukuman ay dapat magsentensiya sa nasasakdal sa pagkabilanggo sa kulungan ng county ng hindi hihigit sa isang taon. Kung ang nasasakdal ay gumawa ng isang bagong pagkakasala na isang misdemeanor na walang kaugnayan sa paggamit ng mga droga o isang felony na hindi isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, ang pagsentensiya ay hindi kinokontrol ng talataang ito.* ~~ang nasasakdal ay maaaring ipakulong alinsunod sa angkop na batas nang hindi isinasaalang-alang ang mga tadhana ng seksiyong ito. Ang hukuman ay maaaing magbago o magpawalang-bisa sa probasyon kung ang paratang na paglabag ay napatunayan.~~

(2) Kung ang isang nagkasala ay tumanggap ng probasyon sa ilalim ng subdibisyon (a), at nilabag ang probasyon sa paggawa ng isang pagkakasala na hindi isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, o sa paglabag sa isang kondisyon ng probasyon na hindi kaugnay ng droga, at ang estado ay nagmungkahi na pawalang-bisa ang probasyon, *ang hukuman ay dapat gumawa ng isang pagdinig upang ipasiya kung ang probasyon ay pawawalang-bisa. Ang hukuman ay maaaring magbago o magpawalang-bisa sa probasyon, at maaaring magpataw ng tumataas na parusa at/o mga parusa sa kulungan bago ang pagpapanumbalik ng probasyon at paggamot, kung ang paratang na paglabag ay napatunayan sa kondisyon gayunman, na walang parusa sa kulungan na dapat ipataw sa isang nasasakdal na tumatanggap ng tinutulungan ng gamot na paggamot kung ang paggamot na iyon ay hindi makukuha ng nasasakdal sa kulungan.* ~~maaring ibalik ang nasasakdal sa isang panahon na hindi hihigit sa 30 araw kung kailan ang hukuman ay maaaring tumanggap ng komento mula sa paggamot, probasyon, estado at sa nasasakdal, at ang hukuman ay maaaring magsagawa ng higit pang pagdinig na itinuturing nitong angkop upang ipasiya kung ang probasyon ay dapat ibalik sa ilalim ng seksiyong ito. Kung ibinalik ng hukuman sa probasyon ang nasasakdal, ang hukuman ay maaaring magbago sa planong paggamot at anumang ibang mga tadhana ng probasyon, at ipagpatuloy ang nasasakdal sa isang programang paggamot sa ilalim ng Batas ng 2000 sa Pagpigil ng Pang-aabuso ng Substansiya at Krimen. Kung ibinalik ng hukuman sa probasyon ang nasasakdal, ang hukuman ay maaari, pagkatapos matanggap ang komento mula sa tagapagkaloob ng paggamot at probasyon, kung makukuha, patindihin o baguhin ng planong paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a), at magpataw ng mga parusa, kabilang ang mga parusa sa kulungan na hindi hihigit ng 30 araw, isang kasangkapan upang pahusayin ang pagsunod sa paggamot.~~

(3) (A) ~~Kung ang nasasakdal ay tumanggap ng probasyon sa ilalim~~ *Pagkatapos magsimula ang paggamot na may kinalaman sa droga alinsunod sa subdibisyon* (a), ~~at~~ *kung may malamang na dahilan upang maniwala na ang nasasakdal ay lumabag* ~~lumalabag~~ sa probasyon sa pamamagitan ng paggawa ng isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, o isang misdemeanor para sa simpleng pagdadala o paggamit ng mga droga o may parapernalya ng droga ~~kung saan ginamit ang mga droga, o kabiguang magparehistro bilang nagkasala kaugnay ng droga, o anumang aktibidad na katulad ng mga nakalista sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 1210~~, o sa pamamagitan ng paglabag sa isang kondisyon ng probasyon na may kaugnayan sa droga, ~~at ang estado ay nagmungkahi na pawalang-bisa ang probasyon,~~ ang hukuman ay dapat magsagawa ng pagdinig upang ipasiya kung ang probasyon ay dapat pawalang-bisa. Dapat *lamang* pawalang-bisa ng hukuman ng paglilitis ang probasyon kung ang paratang na paglabag sa probasyon ay napatunayan at napatunayan ng estado sa pamamayani ng ebidensiya na ang nasasakdal ay mapanganib sa kaligtasan ng iba. *Hindi dapat pawalang-bisa ng hukuman ang probasyon sa ilalim ng seksiyong ito para sa isang paglabag sa probasyon na may kaugnayan sa droga na nangyari habang ang nasasakdal ay nasa listahan ng naghihintay para sa isang programang paggamot, ay inilagay sa pansamantalang programang paggamot, o naghihintay na simulan ang angkop na paggamot na may kinalaman sa droga.* Kung hindi pinawalang-bisa ng hukuman ang probasyon, ito ay maaaring magpatindi o magbago ng planong paggamot na may kinalaman sa droga at ~~bilang karagdagan~~, *magpataw ng tumataas na parusa*. ~~kung ang paglabag ay hindi kaugnay ng huling paggamit ng mga droga bilang isang kalagayan ng paglabag, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga paglabag na may kaugnayan sa kabiguan na humarap sa paggamot o hukuman, hindi pagsunod sa paggamot, at kabiguang mag-ulat para sa pagsusuri sa droga, ang hukuman ay maaaring magpataw ng mga parusa kabilang ang parusa sa kulungan na hindi maaaring humigit ng 48 oras ng patuloy na pag-iingat bilang isang kasangkapan upang pahusayin ang pagsunod sa paggamot at ipataw ang ibang mga pagbabago sa mga tadhana at kondisyon ng probasyon. Ang hukuman ay dapat magsaalang-alang, bukod sa ibang mga bagay, ng kalubhaan ng paglabag, naunang pagsunod sa paggamot, trabaho, edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, mga kondisyong medikal, paggamot na medikal, kabilang ang panlunas na pagpapalit sa narkotiko, at kabilang ang opinyon ng lisensiyado at gumagamot na doktor ng nasasakdal kung kaagad makukuha at iniharap sa pagdinig, mga obligasyon na suporta sa anak, at mga responsibilidad sa pamilya. Dapat isaalang-alang ng hukuman ang mga karagdagang kondisyon ng probasyon, na maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, serbisyo sa komunidad at pinangangasiwaang programa sa trabaho. Kung ang isa sa mga kalagayan ng paglabag ay kaugnay ang huling paggamit ng droga, gayon din ang ibang mga kalagayan ng paglabag, at ang kalagayan ng huling paggamit ng droga ay ipinakita sa hukuman sa kasiya-siyang ebidensiya at pasiya na inilagay sa rekord, ang hukuman ay maaari, pagkatapos tumanggap ng komento mula sa paggamot at probasyon, kung makukuha, na mag-utos sa nasasakdal na pumasok sa isang lisensiyadong pag-alis ng lason o pasilidad ng paggamot sa bahay, kung walang kama na makukuha kaagad sa naturang pasilidad, ang hukuman ay maaaring mag-utos na ang nasasakdal ay ikulong sa isang kulungan ng county para sa pag-alis lamang ng lason, para sa isang panahon na hindi hihigit sa 10 araw. Ang mga serbisyong pag-alis ng lason ay nagkakaloob ng panlunas na pagpapalit sa narkotiko para sa mga nasasakdal na kasalukuyang tumatanggap ng panlunas na pagpapalit sa narkotiko.~~

(B) Kung ang nasasakdal ay tumanggap ng probasyon sa ilalim ng subdibisyon (a), at sa ikalawa *o ikatlong* beses *may malamang na dahilan upang maniwala na ang nasasakdal ay lumabag* ~~lumalabag sa~~ probasyon sa pamamagitan ng paggawa ng isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, o isang misdemeanor para sa simpleng pagdadala o paggamit ng mga droga o may parapernalya ~~ng droga kung saan ginamit ang mga droga, o kabiguang magparehistro bilang nagkasala kaugnay ng droga, o anumang aktibidad na katulad ng mga nakalista sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 1210~~, o sa pamamagitan ng paglabag sa isang kondisyon ng probasyon, at ang estado ay nagmungkahi na pawalang-bisa ang probasyon, ang hukuman ay dapat magsagawa ng pagdinig upang ipasiya kung ang probasyon ay dapat pawalang-bisa. Dapat *lamang* pawalang-bisa ng hukuman ng paglilitis ang probasyon kung ang paratang na paglabag sa probasyon ay napatunayan at napatunayan ng estado sa pamamayani ng ebidensiya na ang nasasakdal ay mapanganib sa kaligtasan ng iba o hindi tatanggap ng paggamot na may kinalaman sa droga. Sa pagpapasiya kung ang nasasakdal ay hindi tatanggap ng paggamot na may kinalaman sa droga, maaaring isaalang-alang ng hukuman, kung may-kaugnayan, kung ang nasasakdal (i) ay gumawa ng seryosong paglabag sa mga tuntunin ng programang paggamot na may kinalaman sa droga, (ii) ay paulit-ulit na gumawa ng mga paglabag sa mga tuntunin ng programa na pumipigil sa kakayahan ng nasasakdal na gumanap sa programa, o (iii) ay patuloy na tumangging lumahok sa programa o nagsabing tanggalin mula sa programa. Kung hindi pinawalang-bisa ng hukuman ang probasyon, ito ay maaaring magpatindi o magbago ng planong paggamot na may kinalaman sa droga *at magpataw ng tumataas na parusa*.~~, at maaari, bilang karagdagan, kung ang paglabag ay hindi kaugnay ang huling paggamit ng mga droga bilang isang kalagayan ng paglabag, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga paglabag na may kaugnayan sa kabiguan na humarap sa paggamot o hukuman, hindi pagsunod sa paggamot, at kabiguang mag-ulat para sa pagsusuri sa droga, ang hukuman ay maaaring magpataw ng mga parusa kabilang ang parusa sa kulungan na hindi maaaring humigit ng 120 oras ng patuloy na pag-iingat bilang isang kasangkapan upang pahusayin ang pagsunod sa paggamot at ipataw ang ibang mga pagbabago sa mga tadhana at kondisyon ng probasyon. Dapat isaalang-alang ng hukuman, bukod sa ibang mga bagay, ang kalubhaan ng paglabag, naunang pagsunod sa paggamot, trabaho, edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, mga kondisyong medikal, paggamot na medikal, kabilang ang panlunas na pagpapalit sa narkotiko, at kabilang ang opinyon ng lisensiyado at gumagamot na doktor ng nasasakdal kung kaagad makukuha at iniharap sa pagdinig, mga obligasyon na suporta sa anak, at mga responsibilidad sa pamilya. Dapat isaalang-alang ng hukuman ang mga karagdagang kondisyon ng probasyon, na maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, serbisyo sa komunidad at pinangangasiwaang programa sa trabaho. Kung ang isa sa mga kalagayan ng paglabag ay kaugnay ang huling paggamit ng droga, gayon din ang ibang mga kalagayan ng paglabag, at ang kalagayan ng huling paggamit ng droga ay ipinakita sa hukuman sa kasiya-siyang ebidensiya at pasiya na inilagay sa rekord, ang hukuman ay maaari, pagkatapos tumanggap ng komento mula sa paggamot at probasyon, kung makukuha, na mag-utos sa nasasakdal na pumasok sa isang lisensiyadong pag-alis ng lason o pasilidad ng paggamot sa bahay, kung walang kama na makukuha kaagad sa naturang pasilidad, ang hukuman ay maaaring mag-utos na ang nasasakdal ay ikulong sa isang kulungan ng county para sa pag-alis lamang ng lason, para sa isang panahon na hindi hihigit sa 10 araw. Ang mga serbisyong pag-alis ng lason ay nagkakaloob ng panlunas na pagpapalit sa narkotiko para sa mga nasasakdal na kasalukuyang tumatanggap ng panlunas na pagpapalit sa narkotiko.~~

(C) Kung ang isang nagkasala ay tumanggap ng probasyon sa ilalim ng subdibisyon (a), at ~~sa ikatlong magkakasunod na pagkakataon ay lumabag~~ *sa sumunod na okasyon ay may malamang na dahilan upang maniwala na ang nasasakdal ay lumabag* sa probasyon sa paggawa ng isang pagkakasala na hindi isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, o sa paglabag sa isang kondisyon ng probasyon na hindi kaugnay ng droga, ~~at ang estado ay nagmungkahi sa ikatlo o kasunod na pagkakataon na pawalang-bisa ang probasyon~~, ang hukuman ay dapat gumawa ng isang pagdinig upang ipasiya kung ang probasyon ay pawawalang-bisa. Kung ang paratang na paglabag sa probasyon ay napatunayan, ang nasasakdal ay hindi karapat-dapat sa patuloy na probasyon sa ilalim ng subdibisyon (a) *maliban kung ipinasiya ng hukuman, sa sariling pagpapasiya nito, pagkatapos isaalang-alang ang mga opinyon at rekomendasyon ng tagapagkaloob ng paggamot at ng abugado ng distrito, na ang nasasakdal ay:*

*(1) Hindi isang panganib sa komunidad, at*

*(2) Maaaring tumanggap ng paggamot.*

*Kung hindi pinawalang-bisa ng hukuman ang probasyon, ito ay maaaring magpatindi o magbago ng planong paggamot na may kinalaman sa droga, magpataw ng tumataas na parusa, at/o magpataw ng parusa sa kulungan na hindi hihigit sa 48 oras pagkatapos ng unang naturang pagpataw sa kasalukuyang kurso ng paggamot, limang araw sa ikalawang pagpataw sa kasalukuyang kurso ng paggamot, at 10 para sa anumang susunod na pagpataw, sa kondisyon, gayunman, na walang parusa sa kulungan na dapat ipataw sa isang nasasakdal na tumatanggap ng tinutulungan ng gamot na paggamot kung ang paggamot na iyon ay hindi makukuha ng nasasakdal sa kulungan*. ~~maliban kung ipinasiya ng hukuman na ang nasasakdal ay hindi isang panganib sa komunidad at makikinabang sa higit pang paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a). Ang hukuman ay maaari namang magpatindi o baguhin ang planong paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a) o ilipat ang nasasakdal sa isang lubos na nakabalangkas na hukuman ng droga. Kung ipinagpatuloy ng hukuman ang nasasakdal sa paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a), o hukuman sa droga, ang hukuman ay maaaring magpataw ng mga angkop na aksiyon kabilang ang mga parusa sa kulungan na ituturing ng hukuman na angkop.~~

(D) ~~Kung ang isang~~ *Ang Isang* nasasakdal *na* nasa probasyon *at nakaenrol sa isang programang paggamot na may kinalaman sa droga alinsunod sa mga dating tadhana ng Seksiyon 1210.1* sa petsa ng pagkakabisa ng batas na ito *ay dapat isailalim sa mga binagong tadhana ng seksiyon para sa paglabag sa probasyon sa hinaharap o para sa anumang bagong pagkakasala. Kung ang naturang nasa probasyon ay gumawa ng isa o higt na paglabag na may kaugnayan sa droga bago ang petsa ng pagkakabisa ng mga pagbabago, ang pagsasama ng bilang ng mga paglabag sa probasyon ay hindi dapat baguhin, kundi dapat ibilang pasulong mula sa bilang ng mga paglabag bago ang Hulyo 1, 2009, para sa mga layunin na itatag ng pagtugon ng hukuman sa mga naturang paglabag*. ~~para sa isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga ay lumalabag sa probasyon sa pamamagitan ng paggawa ng hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, o isang misdemeanor para sa simpleng pagdadala o paggamit ng mga droga o parapernalya ng droga na naroon kung saan ginamit ang mga droga, o kabiguang magparehisro bilang nagkasala sa droga, o anumang aktibidad na katulad ng mga nakalista sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 1210, o sa pamamagitan ng paglabag sa kondisyon ng probasyon na may kaugnayan sa droga, at ang estado ay nagmungkahi na pawalang-bisa ang probasyon, ang hukuman ay nagsagawa ng isang pagdinig upang ipasiya kung ang probasyon ay pawawalang-bisa. Dapat lamang pawalang-bisa ng hukuman ng paglilitis ang probasyon kung ang paratang na paglabag sa probasyon ay napatunayan at napatunayan ng estado sa pamamayani ng ebidensiya na ang nasasakdal ay mapanganib sa kaligtasan ng iba. Kung hindi pinawalang-bisa ng hukuman ang probasyon, ito ay maaaring magbago o magpalit ng planong paggamot na may kinalaman sa droga at bilang karagdagan, kung ang paglabag ay hindi kaugnay ang huling paggamit ng mga droga bilang isang kalagayan ng paglabag, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga paglabag na may kaugnayan sa kabiguan na humarap sa paggamot o hukuman, hindi pagsunod sa paggamot, at kabiguang mag-ulat para sa pagsusuri sa droga, ang hukuman ay maaaring magpataw ng mga parusa kabilang ang parusa sa kulungan na hindi maaaring humigit ng 48 oras ng patuloy na pag-iingat bilang isang kasangkapan upang pahusayin ang pagsunod sa paggamot at ipataw ang ibang mga pagbabago sa mga tadhana at kondisyon ng probasyon. Dapat isaalang-alang ng hukuman, bukod sa ibang mga bagay, ang kalubhaan ng paglabag, naunang pagsunod sa paggamot, trabaho, edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, mga kondisyong medikal, paggamot na medikal, kabilang ang panlunas na pagpapalit sa narkotiko, at kabilang ang opinyon ng lisensiyado at gumagamot na doktor ng nasasakdal kung kaagad makukuha at iniharap sa pagdinig, mga obligasyon na suporta sa anak, at mga responsibilidad sa pamilya. Dapat isaalang-alang ng hukuman ang mga karagdagang kondisyon ng~~

~~probasyon, na maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, serbisyo sa komunidad at pinangangasiwaang programa sa trabaho. Kung ang isa sa mga kalagayan ng paglabag ay kaugnay ang huling paggamit ng droga, gayon din ang ibang mga kalagayan ng paglabag, at ang kalagayan ng huling paggamit nd droga ay ipinakita sa hukuman sa kasiya-siyang ebidensiya at pasiya na inilagay sa rekord, ang hukuman ay maaari, pagkatapos tumanggap ng komento mula sa paggamot at probasyon, kung makukuha, mag-utos sa nasasakdal na pumasok sa isang lisensiyadong pag-alis ng lason o pasilidad ng paggamot sa bahay, kung walang kama na makukuha kaagad sa naturang pasilidad, ang hukuman ay maaaring mag-utos na ang nasasakdal ay ikulong sa isang kulungan ng county para sa pag-alis lamang ng lason, para sa isang panahon na hindi hihigit sa 10 araw. Ang mga serbisyong pag-alis ng lason ay nagkakaloob ng panlunas na pagpapalit sa narkotiko para sa mga nasasakdal na kasalukuyang tumatanggap ng panlunas na pagpapalit sa narkotiko.~~

~~(E) Kung ang isang nasasakdal na nasa probasyon sa petsa ng pagkakabisa ng batas na ito para sa isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga na lumalabag sa probasyon sa ikalawang pagkakataon sa pamamagitan ng paggawa ng isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga o parapernalya ng droga, na naroroon kung saan ginamit ang droga, o kabiguang magparehistro bilang isang nagkasala sa droga, o anumang aktibidad na katulad ng mga nakalista sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 1210, o sa pamamagitan ng paglabag sa isang kondisyon ng probasyon na may kaugnayan sa droga, at ang estado ay nagmungkahi sa ikalawang pagkakataon na pawalang-bisa ang probasyon, ang hukuman ay dapat magsagawa ng isang pagdinig upang ipasiya kung ang probasyon ay dapat pawalang-bisa. Dapat lamang pawalang-bisa ng hukuman ng paglilitis ang probasyon kung ang paratang na paglabag sa probasyon ay napatunayan at napatunayan ng estado sa pamamayani ng ebidensiya na ang nasasakdal ay mapanganib sa kaligtasan ng iba o ang nasasakdal ay hindi tatanggap ng paggamot na may kinalaman sa droga. Kung hindi pinawalang-bisa ng hukuman ang probasyon, ito ay maaaring magbago o magpalit ng planong paggamot na may kinalaman sa droga at bilang karagdagan, kung ang paglabag ay hindi kaugnay ang huling paggamit ng mga droga bilang isang kalagayan ng paglabag, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga paglabag na may kaugnayan sa kabiguan na humarap sa paggamot o hukuman, hindi pagsunod sa paggamot, at kabiguang mag-ulat para sa pagsusuri sa droga, ang hukuman ay maaaring magpataw ng mga parusa kabilang ang parusa sa kulungan na hindi maaaring humigit ng 120 oras ng patuloy na pag-iingat bilang isang kasangkapan upang pahusayin ang pagsunod sa paggamot at ipataw ang ibang mga pagbabago sa mga tadhana at kondisyon ng probasyon. Dapat isaalang-alang ng hukuman, bukod sa ibang mga bagay, ang kalubhaan ng paglabag, naunang pagsunod sa paggamot, trabaho, edukasyon, bokasyonal na pagsasanay, mga kondisyong medikal, paggamot na medikal na kabilang ang panlunas na pagpapalit sa narkotiko, at kabilang ang opinyon ng lisensiyado at gumagamot na doktor ng nasasakdal kung kaagad makukuha at iniharap sa pagdinig, mga obligasyon na suporta sa anak, at mga responsibilidad sa pamilya. Dapat isaalang-alang ng hukuman ang mga karagdagang kondisyon ng probasyon, na maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, serbisyo sa komunidad at pinangangasiwaang programa sa trabaho. Kung ang isa sa mga kalagayan ng paglabag ay kaugnay ang huling paggamit ng droga, gayon din ang ibang mga kalagayan ng paglabag, at ang kalagayan ng huling paggamit nd droga ay ipinakita sa hukuman sa kasiya-siyang ebidensiya at pasiya na inilagay sa rekord, ang hukuman ay maaari, pagkatapos tumanggap ng komento mula sa paggamot at probasyon, kung makukuha, mag-utos sa nasasakdal na pumasok sa isang lisensiyadong pag-alis ng lason o pasilidad ng paggamot sa bahay, kung walang kama na makukuha kaagad sa naturang pasilidad, ang hukuman ay maaaring mag-utos na ang nasasakdal ay ikulong sa isang kulungan ng county para sa pag-alis lamang ng lason, para sa isang panahon na hindi hihigit sa 10 araw. Ang mga serbisyong pag-alis ng lason ay nagkakaloob ng panlunas na pagpapalit sa narkotiko para sa mga nasasakdal na kasalukuyang tumatanggap ng panlunas na pagpapalit sa narkotiko.~~

~~(F) Kung ang isang nagkasala na nasa probasyon sa petsa ng pagkakabisa ng batas na ito para sa isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga na lumalabag sa probasyon na iyon sa ikatlo o magkasunod na pagkakataon sa pamamagitan ng paggawa ng isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, o sa paglabag sa isang kondisyon ng probasyon na hindi kaugnay sa droga, at ang estado ay nagmungkahi na pawalang-bisa ang probasyon, ang hukuman ay dapat gumawa ng isang pagdinig upang ipasiya kung ang probasyon ay dapat pawalang-bisa. Kung ang paratang na paglabag sa probasyon ay napatunayan, ang nasasakdal ay hindi karapat-dapat sa patuloy na probasyon sa ilalim ng subdibisyon (a), maliban kung ipinasiya ng hukuman na ang nasasakdal ay hindi isang panganib sa komunidad at makikinabang sa higit pang paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a). Ang hukuman ay maaari namang patindihin o baguhin ang planong paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a) o ilipat ang nasasakdal sa isang lubos na nakabalangkas na hukuman ng droga. Kung ipinagpatuloy ng hukuman ang nasasakdal sa paggamot sa ilalim ng subdibisyon (a), o hukuman sa droga, ang hukuman ay maaaring magpataw ng mga angkop na aksiyon kabilang ang mga parusa sa kulungan.~~

~~(g) Ang katawagang "kondisyon ng probasyon na may kaugnayan sa droga" ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang partikular na pamamaraan ng paggamot na may kinalaman sa droga ng isang nasa probasyon, bokasyonal na pagsasanay, mga programang pang-edukasyon, pagpapayong pangkaisipan, at pagpapayo sa pamilya.~~

SEK. 18. Seksiyon 1210.2 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*1210.2. Daan III. Paglihis na Paggamot Pagkatapos Mapatunayang Nagdala ng Kinokontrol na mga Substansiya; Ibang mga Hindi Marahas na Nagkasala; Pagpapasiyang Panghukuman.*

*(a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang isang nagkasala ay karapat-dapat na ilagay sa Daan III na paglihis na paggamot na mga programang kung ang nasasakdal ay:*

*(1) Hindi matagumpay na lumahok sa Daan II na paglihis na paggamot;*

*(2) Gumawa ng hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, pero hindi karapat-dapat para sa Daan II na paglihis na paggamot; o*

*(3) Gumawa ng isang hindi marahas na pagkakasala o mga pagkakasala, at ang nasasakdal ay anyong may problema sa pang-aabuso o pagkasugapa sa substansiya.*

*(b) Dapat ipasiya ng hukuman na ang paglalagay sa nasasakdal sa Daan III na paglihis na paggamot alinsunod sa subdibisyon (a) ay isang pagsulong ng hustisya. Sa kaso ng isang nasasakdal na gumawa ng isang hindi marahas na pagkakasala na hindi isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga, ang hukuman ay maaaring mag-atas sa nasasakdal na magkaloob ng restitusyon, lumahok sa isang nagbabalik na programang hustisya, at/o kumumpleto ng isang bahagi ng sentensiya para sa pagkakasala bago ang paglalagay sa Daan III na paglihis na paggamot, na ang natitira ng sentensiya ay sinuspinde sa panahon ng paglahok.*

*(c) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang isang nagkasala ay dapat ilagay sa Daan III na paglihis na paggamot na programa kung ang nasasakdal ay karapat-dapat sa Daan II na paglihis na paggamot kundi sa katotohanan na, sa 30 buwan bago ang kasalukuyang napatunayang pagkakasala, ang nasasakdal ay may lima o higit na napatunayang pagkakasala para sa anumang pagkakasala o kombinasyon ng mga pagkakasala, kabilang ang mga hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga at hindi kabilang ang mga infraction.*

*(d) Ang isang nasasakdal ay hindi karapat-dapat sa Daan III na paglihis na paggamot sa ilalim ng seksiyong ito kung ang nasasakdal ay:*

*(1) Nakagawa na ng seryosong felony, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7, o isang marahas na felony, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, maliban kung ang abugado ng distrito ay naghangad na ilagay ang nasasakdal sa Daan III na paglihis na paggamot;*

*(2) Ay karapat-dapat para sa Daan I o Daan II na paglihis na paggamot at hindi nabigyan ng anumang pagkakataon na lumahok sa mga naturang programa; o*

*(3) Tumanggi sa paglalagay sa paglihis na paggamot sa ilalim ng seksiyong ito.*

*(e) Ang isang nasasakdal na inilagay sa Daan III na paglihis na paggamot ay dapat gawaran ng probasyon. Bilang kondisyon ng probasyon ang hukuman ay dapat mag-atas ng paglahok sa at pagkumpleto ng isang angkop na programang paggamot na may kinalaman sa droga. Dapat mag-utos ang hukuman sa nasasakdal na humarap para sa isang pagtasang pangklinika at pagtimbang ng kasaysayang pangkrimen, at dapat pagkaraan na utusan ang nasasakdal na dumalo at kumumpleto ng isang angkop na programang paggamot. Kung ang nasasakdal ay may pagtasang pangklinika na ginawa bago ang pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat, ang hukuman ay maaaring mag-utos ng isang bagong pagtasa. Ang hukuman ay dapat pagkaraan na ilagay ang nasasakdal sa paggamot at itatag ang mga kondisyon sa pagsubaybay na kaayon ng mga tadhana at iniaatas ng Seksiyon 1210.02.*

*(f) Kung ang nasasakdal ay tumanggap ng probasyon sa ilalim ng seksiyong ito, at hindi pa nagsimula ng paggamot sa loob ng 30 araw ng paggawad ng probasyon, ang hukuman ay dapat magsagawa ng isang pagdinig upang alamin ang mga dahilan para sa kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot. Dapat isaalang-alang ng hukuman ang ebidensiya mula sa mga partido, kagawaran ng probasyon, at tagapagkaloob ng paggamot. Sa pagdinig, ang nasasakdal ay maaaring tumanggi sa paggamot.*

*Kung ang nasasakdal ay hindi tumanggi sa paggamot, ang hukuman ay maaaring muling irekomenda ang nasasakdal sa programang paggamot at maaaring magpataw ng tumataas na parusa at/o mga parusa sa kulungan, o maaaring pawalang-bisa ang probasyon ng nasasakdal dahil sa kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot, sa kondisyon, gayunman, na ang mga parusa ay hindi dapat ipataw o pawalang-bisa ang probasyon kapag ang kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot ay resulta ng kawalan ng kakayahan ng county na magkaloob ng angkop na paggamot sa oras o mula sa kabiguan ng county na gumawa ng paggamot na makatwirang makukuha, tulad ng kabiguang mag-alay ng pag-aalaga ng bata para sa isang nag-aalaga ng anak na nasasakdal o kabiguang magkaloob ng transportasyon kung kailangan.*

*Ang hukuman ay dapat magtipon at mag-ulat ng lahat ng datos na may kaugnayan sa kabiguan ng nasasakdal na magsimula ng paggamot sa loob ng 30 araw, ang mga dahilan nito, at mga tugon ng hukuman, sa anumang anyo na iniaatas ng Komisyon sa Pagbabantay. Ang mga naturang datos tungkol sa paggamot ay nagpapakita ng mga antas na dapat ilathala ng kagawaran, o mga mananaliksik na itinalaga ng Komisyon sa Pagbabantay, batay sa bawat county at sa buong estado, minsan sa isang taon o mas madalas.*

*(g) Ang mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga na ipinagkakaloob ng subdibisyon (e) bilang isang iniaatas na kondisyon ng probasyon ay hindi maaaring humigit sa 18 buwan, maliban kung gumawa ang hukuman ng pasiya na ang pagpapatuloy ng mga serbisyong paggamot na lampas sa 18 buwan ay kailangan para magtagumpay ang paggamot na may kinalaman sa droga. Kung ang naturang pasiya ay ginawa, ang hukuman ay maaaring mag-utos ng hanggang dalawang tatlong-buwang pagpapahaba ng mga serbisyong paggamot. Ang pagkakaloob ng mga serbisyong paggamot sa ilalim ng Seksiyong ito ay hindi dapat humigit ng 24 buwan.*

*(h) Sa pinakamalaking magagawa, sinumang tao na inilagay sa probasyon alinsunod sa seksiyong ito ay dapat subaybayan ng hukuman sa pamamagitan ng paggamit ng isang dedikadong kalendaryo ng hukuman at ang pagsasama ng isang tumutulong na modelo ng hukuman ng pangangasiwa na kabilang ang malapit na pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng paggamot at probasyon, pagsusuri ng ihi na katugma ng mga pangangailangan ng paggamot, at pangangasiwa ng progreso sa pamamagitan ng mga pagdinig na pagrepaso.*

*(i) Sa panahon ng pana-panahong pagdinig upang timbangin ang progreso ng nasasakdal, dapat isaalang-alang ng hukuman ang paggamit ng mga insentibo at gantimpala upang himukin ang patuloy na progreso, at maaaring magpataw ng tumataas na parusa bilang tugon sa mga problemang iniulat ng tagapagkaloob ng paggamot o kagawaran ng probasyon, o sa pagpapasiya ng hukuman, mayroon o walang pasiya na ang paglabag sa probasyon ay nangyari. Ang isang parusa sa kulungan ay hindi dapat humigit sa 48 oras pagkatapos ng unang naturang pagpataw sa panahon ng kasalukuyang paggamot, limang araw pagkatapos ng ikalawang naturang pagpataw sa kasalukuyang kurso ng paggamot, at 10 araw para sa anumang kasunod na pagpataw, sa kondisyon, gayunman, na walang parusa sa kulungan na dapat ipataw sa isang nasasakdal na tumatanggap ng tinutulungan ng gamot na paggamot kung ang paggamot na iyon ay hindi makukuha ng nasasakdal sa kulungan.*

*(j) Bukod sa mga limitasyon na ipinataw sa subdibisyong ito, ang hukuman ng paglilitis ay hindi limitado sa awtoridad nito na magproseso at tumugon sa mga paglabag sa probasyon. Ang hukuman ay maaaring tapusin ang paggamot at probasyon anumang oras bilang tugon sa asal ng nasasakdal. Kung ang probasyon ay tinapos, ang nasasakdal ay maaaring sentensiyahan nang hindi isinasaalang-alang ang anumang tadhana ng seksiyong ito.*

*(k) Pagkatapos ng matagumpay na pagkumpleto ng paggamot gaya ng iniaatas sa ilalim ng seksiyong ito, ang hukuman ay maaaring mag-atas ng patuloy na probasyon. Anumang oras pagkatapos makumpleto ang paggamot na may kinalaman sa droga at ang mga tadhana at kondisyon ng probasyon, ang hukuman ay dapat magsagawa ng isang pagdinig upang ipasiya ang angkop na pangwakas na disposisyon ng kaso, na maaaring kabilang ang pagpapawalang-saysay ng napatunayang pagkakasala, paghahabla, reklamo at impormasyon laban sa nasasakdal, at ang pagsasara ng mga rekord at tala ng kaso, kabilang ang anumang rekord ng pag-aresto, detensiyon at napatunayang pagkakasala. Ang nasasakdal, bilang karagdagan, ay maaaring magpetisyon sa hukuman na pawalang-saysay ang mga paratang anumang oras na makumpleto ang paggamot. Anumang oras na ipag-utos ng pagpapawalang-sayay, ang hukuman ay dapat magtatag ng mga angkop na limitasyon para sa nasasakdal tungkol sa mga paratang na pinawalang-saysay.*

SEK. 19. Seksiyon 2933 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

2933. (a) Hangarin ng Lehislatura na ang mga taong napatunayang gumawa ng isang krimen at nasentensiyahan sa bilangguan ng estado sa ilalim ng Seksiyon 1170 na magsilbi ng buong sentensiya ng hukuman, maliban sa pagbawas sa oras na ipinagsilibi sa pag-iingat ng ~~Direktor ng mga Pagwawasto~~ *Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon* para sa pagganap sa mga programang trabaho, pagsasanay, o edukasyon na itinatag ng *Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon* ~~Direktor ng mga Pagwawasto~~. Ang mga kredito sa oras ng trabaho ay dapat umaplay sa pagganap sa mga takdang-gawain at pagganap sa mga programang elementarya, mataas na paaralan, o bokasyonal na edukasyon. Ang pagpapatala sa isang dalawa-o-apat-na-taong programa sa kolehiyo na hahantong sa isang digri ay dapat magresulta sa paggamit ng mga kredito sa oras na kapantay ng itinatadhana sa Seksiyon 2931. Sa bawat anim na buwan ng buong-oras ng pagganap sa isang programang kuwalipikado sa kredito, gaya ng itinadhana ng *kagawaran*, ~~direktor,~~ ang isang bilanggo ay maaaring gawaran ng mga pagbawas na kredito sa oras ng trabaho mula sa kanyang panahon ng pagkakulong na anim na buwan. Ang isang mas kaunting bilang ng kredito na batay sa proporsiyong ito ay dapat igawad para sa anumang mas kaunting panahon ng patuloy na pagganap. Mas mababa sa pinakamataas na kredito ay dapat igawad alinsunod sa ~~direktor~~ *kagawaran* para sa mga hindi itinalagang buong-oras na programang kuwalipikado sa buong-oras na kredito. Ang bawat bilanggo na tumangging tanggapin ng isang buong-oras na takdang-gawain na kuwalipikado sa kredito o pinagkaitan ng pagkakataon na umani ng mga kredito sa oras sa trabaho alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 2932 hindi gagawan ng pagbawas sa kredito sa oras ng trabaho. Ang bawat bilanggo na boluntaryong tumanggap ng kalahating-oras na takdang-gawain na kuwalipikado sa kredito sa halip ng buong-oras ng takdang-gawain ay dapat gawaran ng mga kreditong pagbawas sa oras ng trabaho mula sa kanyang panahon ng pagkulong na tatlong buwan para sa bawat anim na buwang panahon ng patuloy na pagganap. Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 2932, bawat bilanggo na handang lumahok sa isang buong-oras na pagtatalagang kuwalipikado sa kredito pero hindi itinalaga sa isang buong-oras na takdang-gawain o itinatalaga sa isang programa para sa kulang sa buong oras, ay dapat tumanggap na hindi kukulangin sa kreditong ipinagkakaloob sa ilalim na Seksiyon 2931. Hindi kailanman na ang sinumang bilanggo ay dapat tumanggap ng higit sa anim na buwang pagbawas para sa anim na buwan sa ilalim ng *subdibisyong* ~~seksiyong~~ ito.

*(b) Hangarin ng mga tao na ang mga taong napatunayang nagkasala ng isang krimen na nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 3000 at nasentensiyahan sa bilangguan ng estado sa ilalim ng Seksiyon 1170 na ipagsilbi ang buong sentensiyang ipinataw ng hukuman, maliban sa pagbawas ng panahong ipinagsilbi sa pag-iingat ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon para sa mabuting asal at pagganap sa mga programang inaprobahan ng kagawaran. Ang mga kredito ay dapat umaplay para sa mabuting asal at pagganap sa mga programang rehabilitasyon. Para sa bawat dalawang buwan ng mabuting asal, ang isang bilanggo ay dapat gawaran ng kreditong pagbawas dahil sa mabuting panahon sa kanyang panahon ng pagkakulong o hindi kukulangin sa isang buwan. Para sa bawat dalawang buwan ng mabuting asal sa isang programang rehabilitasyon na kuwalipikado sa kredito, gaya ng itinalaga ng Kalihim ng Rehabilitasyon, ang isang bilanggo ay dapat gawaran ng kreditong pagbawas dahil sa mabuting panahon sa kanyang panahon ng pagkakulong o hindi kukulangin sa isang buwan. Sa pareho ng mga pagbawas sa mabuting oras at oras ng programa, ang isang mas kaunting dami ng kredito na batay sa proporsiyong ito ay dapat igawad para sa anumang mas kaunting panahon ng patuloy na pagganap. Ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ay maaaring maggawad ng higit sa pinakamababang bilang ng kredito na itinatadhana sa seksiyong ito alinsunod sa mga regulasyon na inaprobahan ng Lupon ng Pagbabantay at Pananagutan sa Reporma sa Parol. Ang mga kreditong iginawad alinsunod sa subdibisyong ito ay hindi dapat gamitin upang bawasan ang panahon para sa sinumang bilanggo na napatunayang gumawa ng isang seryosong felony sa loob ng kahulugan ng Seksiyon 667.5 o 1192.7, napatunayang gumawa ng pagkakasalang pagpaparehistro ng Seksiyon 290. Ang mga bilanggo ay maaaring umani ng mga kredito na itinatadhana ng subdibisyong ito nagsisilbi man ng panahon para sa kanilang orihinal na pagkakasala o nagsisibli ng panahon pagkatapos ibalik sa bilangguan ng estado mula sa parol.*

*(c) Wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na naglilimita sa paggawad ng mga kredito sa sinumang bilanggo alinsunod sa anumang batas o regulasyon na umiiral bago ang petsa ng pagkakabisa ng batas na ito.*

*(d) Ang mga bilanggo na kuwalipikado para sa mga kredito sa ilalim ng mga subdibisyon (a) at (b) ay maaaring umani ng kredito sa ilalim ng parehong subdibisyon, sa kondisyon, gayunman, na ang pinagsamang kabuuan ng lahat ng mga kredito ay hindi dapat humigit ng kalahati ng panahon ng pagkabilanggo; na ipinataw ng hukuman, maliban kung ang bilanggo ay matagumpay na nakakumpleto ng isang programang rehabilitasyon gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 3000. Ang pinakamataas na halaga ng kredito para sa mga bilanggo na matagumpay na nakakumpleto; o ang mga programang rehabilitasyon ay dapat italaga sa mga regulasyong inaprobahan ng Lupon ng Pagbabantay at Pananagutan sa Reporma sa Parol.*

~~(b)~~ *(e)* ~~Kredito sa oras sa trabaho~~ *Pag-ani ng mga kredito* ay isang pribilehiyo, hindi karapatan. ~~Ang kredito sa oras sa trabaho~~ *Ang mga kredito* ay dapat anihin at maaaring alisin alinsunod sa mga tadhana ng mga tadhana ng Seksiyon 2932. Ang paggamit ng kredito upang bawasan ang sentensiya ng isang bilanggo na gumawa ng isang krimen sa o pagkaraan ng Enero 1, 1997, ay napapailalim sa mga tadhana ng Seksiyon 3067. Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 2932, bawat bilanggo dapat magkaroon ng makatwirang pagkakataon na lumahok sa isang ~~buong-oras~~ na kuwalipikado sa kredito na *programa o serbisyo o* na takdang-gawain sa isang paraan na kaayon ng seguridad ng institusyon at mga nakahandang kakayahan.

~~(c)~~ *(f)* Sa ilalim ng mga regulasyon na pinagtibay ng Kagawaran ng mga Pagwawasto *at Rehabilitasyon*, na dapat mag-atas ng isang panahon na hindi hihigit sa isang tao na malaya sa mga infraction na pandisiplina, ang kredito ~~sa oras ng trabaho~~ na unang inalis ay maaaring ibalik ng ~~direktor~~ *kagawaran.* Ang mga regulasyon ay dapat magtadhana para sa magkakahiwalay na klasipikasyon ng mga seryosong infraction na pandisiplina kung paano iniuugnay ang mga ito sa pagbabalik ng mga kredito, ang panahon na iniaatas bago ang inalis na mga kredito o isang bahagi nito ay maaaring ibalik, at ang persentahe ng inalis na mga kredito na maaaring ibalik para sa mga panahong ito. Para sa mga kredito na inalis dahil sa paggawa ng isang felony na tinukoy sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 2932, ang Kagawaran ng mga Pagwawasto *at Rehabilitasyon* ay maaaring magkaloob ng hanggang 180 araw ng nawalang kredito ay dapat ibalik at hanggang 90 araw ng kredito ay hindi dapat ibalik para sa isang pag-alis na resulta na sabwatan o pagtatangkang gumawa ng isa sa mga aksiyong ito. Walang mga kredito na maaaring ibalik kung ang ito ay inalis para sa isang seryosong pagsuway na dinisiplina kung saan ang biktima ay namatay o permaneneng nabalda. Pagkatapos mag-aplay ang bilanggo at kasunod na pagkumpleto ng iniaatas na panahon na malaya sa mga pagkakasalang dinidisiplina, ang mga inalis na kredito na karapat-dapat sa pagbabalik sa ilalim ng mga regulasyn para sa mga pagkakasalang pandisiplina na iba sa mga pagsuway na pandisiplina na maparurusahan ng isang pagkawala ng kredito na hindi hihigit sa 90 araw ay dapat ibalik maliban kung, sa isang pagdinig, ipinasiya na ang bilanggo ay tumangging tanggapin o nabigong gampanan ang isang pagtatalagang kuwalipikado sa kredito, o may hindi pangkaraniwang kalagayan nag-aatas na ang mga kreditong iyo ay huwag ibalik. “Pambihirang kalagayan” ay dapat bigyang-kahulugan sa mga regulasyon na pinagtibay ng direktor. Gayunman, sa anumang kaso kung saan ang kredito sa oras sa trabaho ay inalis para sa isang seryosyong infraction na pandisiplina na maparurusahan ng pagkawala ng kredito na higit hihigit sa 90 araw, ang pagbabalik ng kredito ay dapat na nasa pagpapasiya ng direktor.

Ang bilanggo ay maaaring umapela sa pasiya sa pamamagitan ng pamamaraan ng pagrepaso ng Kagawaran ng mga Pagwawasto *at Rehabilitasyon* na dapat magtakda ng isang pagrepaso ng isang indibidwal na independiyente sa institusyon na may awtoridad na mangasiwa sa institusyon.

~~(d)~~ *(g)* Ang mga tadhana ng subdibisyon ~~(c)~~ *(f)* ay dapat ding umaplay sa mga kaso ng kredito na inalis sa ilalim ng Seksiyon 2931 para sa mga pagkakasala at seryosong mga infraction na pandisiplina na nangyari sa o pagkaraan ng Enero 1, 1983.

SEK. 20. Seksiyon 3000 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

3000. (a) (1) ~~Nalaman~~ *Napag-alaman* at ~~nadedeklara~~ *nagpapahayag* ang ~~Lehislatura~~ *mga tao* na ang ~~panahon~~ *mga panahon* kaagad na ~~kasunod~~ *bago at pagkaraan ng katapusan* ng pagkakulong ay mahalaga sa matagumpay na muling pagsama ng nagkasala sa lipunan at sa positibong pagkamamamayan. Makakabuti sa kaligtasan ng publiko *na ihanda ng estado at mga bilango na aalis ng bilangguan para sa muling pagsasama sa lipunan, upang* magkaloob *ng angkop* na pangangasiwa at pagsubaybay ng mga parolado, kabilang ang makatwirang paggamit ng mga aksiyon sa pagpapawalang-bisa, at upang magkaloob ng *angkop* na pagpapayo sa edukasyon, bokasyon, pamilya at personal na bagay, at *programang nagbabalik na hustisya* na kailangan upang tulungan ang mga *bilanggo at* parolado sa paglipat mula sa bilangguan.

Isang pangungusap alinsunod sa Seksiyon 1168 o 1170 ay dapat kabilang ang isang panahon ng parol, maliban kung tinalikdan, gaya ng itinatadhana sa seksiyong ito.

(2) ~~Nalaman~~ *Napag-alaman* at ~~idinedeklara~~ *ipinahahayag* ng Lehislatura mga tao na hindi hangarin ng seksiyong ito na maliitin ang mga kakayahang inilalaan sa Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon para sa mga pagganap sa parol na ang kagawaran ay responsable. Hindi rin hangarin ng seksiyong ito na maliitin ang mga kakayahang inilalaan sa Lupon ng mga Pagdinig sa Parol upang isagawa ang mga tungkulin nito tungkol sa mga pagganap ng parol na ang lupon ay responsable.

(3) ~~Nalaman~~ *Napag-alaman* at ~~idinedeklara~~ *ipinahahayag* ng Lehislatura ng mga tao na ang masikap na pagsisikap ay dapat gawin upang matiyak na ang mga parolado ay pinananagot sa kanilang kriminal na gawain, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagtugon sa restitusyon na multa at mga utos *at paglahok sa mga programang nagbabalik na hustisya, kung saan ang mga programa, kung angkop, at ang mga matiyaga ring mga pagsisikap ay dapat gawin upang pigilan ang naturang gawaing kriminal sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga angkop na serbisyo, programa at pagpapayo bago umalis sa bilangguan ang mga parolado at pagkatapos nilang lumabas, na may hangarin na matagumpay na muling pagsasama ng parolado sa lipunan.*

(4) Ang panahon ng parol ng sinumang tao na ipinasiyang marahas na sekswal na maninila ay dapat na antalahin hanggang ang tao ay ipinasiyang hindi na marahas na sekswal na maninila, kung kailangan ang panahon ng parol, o anumang natitirahang bahagi ito, ay dapat magsimulang tumakbo.

*(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, at subdibisyon (b) ng Seksiyon 2933, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay umaaplay:*

*(1) Ang katawagang "kuwalipikadong pagkakasala sa pagkabilanggo" ay nangangahulugang ang kasalukuyang pagkakasala na ang bilanggo ay binibigyan ng parol ay isang pagkakasala sa kinokontrol ng substansiya, isang hindi marahas na pagkakasala sa ari-arian, o anumang ibang pagkakasala na idinagdag ng Lehislatura sa pamamagitan ng boto ng mayoriya. Ang isang "pagkakasala sa kinokontrol na substansiya" ay anumang pagkakasala na kaugnay ang pagdadala o paggamit ng anumang kinokontrol na substansiya na nilinaw sa Seksiyon 11054, 11055, 11056, 11057, o 11058 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, o ang pagbebenta o pamamahagi ng anumang naturang substansiya sa isang dami na walang pang isang kilo, sa kondisyon na ang napatunayang pagkakasala ay hindi kaugnay ang natuklasang pagbebenta o pamamahagi sa menor. Ang isang "hindi marahas na pagkakasala sa ari-arian" isa isang krimen laban sa ari-arian kung saan walang pisikal na napinsala at hindi kaugnay ang alinman sa paggamit o pagtatangkang gamitin ang puwersa o karahasan o ang maliwanag o ipinahiwatig na banta ng paggamit ng puwersa o karahasan. Ang Lupon ng Pagbabantay at Pananagutan sa Reporma sa Parol ay dapat lumikha ng isang listahan ng nagpapayo ng kuwalipikadong pagkakasala sa pagkabilanggo na hindi nakakatugon sa pamantayan na tinukoy sa subdibisyong ito.*

*(2) Ang katawagang "Seksiyon 290 na pagpaparehistrong pagkakasala" ay nangangahulugang ang pagkakasala na ang pagpaparehistro ay iniaatas alinsunod sa Seksiyon 290.*

*(3) Ang katawagang "mga programang rehabilitasyon" ay tumutukoy sa mga programang pagsasanay at pagpapayo ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon na idinisenyo upang tulungan ang mga bilanggo at parolado sa isang matagumpay na muling pagsasama sa komunidad pagkalabas. Ang mga naturang programa at serbisyo ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga programang paggamot na may kinalaman sa droga, mga serbisyong kalusugan ng isip, paggamot sa pang-aabuso sa alkohol, mga serbisyong muling pagpasok, pagpapaunlad ng kasanayang umunawa, tulong sa pabahay, edukasyon, pagsasanay sa karunungang bumasa't sumulat, kasanayan sa pagtatrabaho, bokasyonal na pagsasanay, kamalayan sa epekto sa biktima, mga nagbabalik na programa ng hustisya, pamamahala ng galit, pagpapayo sa pamilya at relasyon, at pagkakaloob ng impormasyon na kaugnay na pinopondohan ng publiko na kalusugan, seguridad sosyal, at ibang mga benepisyo. Sa mga programang rehabilitasyon ay maaaring kabilang ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa bilangguan o pagkalabas ng bilangguan. Kapag ang mga serbisyong rehabilitasyon ay ipinagkakaloob pagkalabas mula sa bilangguan, ang transportasyon patungo at mula sa mga serbisyo ay dapat ipagkaloob ng kagawaran.*

*(4) Ang katawagang "programang paggamot na may kinalaman sa droga," o "paggamot na may kinalaman sa droga" ay nangangahulugang isang programang paggamot na may kinalaman sa droga sa komunidad na maaaring kabilang ang isa o higit ng mga sumusunod: nakabase sa agham na edukasyon sa droga, mga serbisyo sa panlabas na pasyente, tinutulungan ng gamot na paggamot na pamalit sa narkotiko na panlunas, paggamot sa tahanan, mga serbisyong pag-aalis ng lason para sa kalusugan ng isip, at mga serbisyo pagkatapos ng pangangalaga o patuloy na pangangalaga. Ang katawagang "programang paggamot na may kinalaman sa droga" o "paggamot na may kinalaman sa droga" ay kabilang ang isang programang paggamot na may kinalaman sa droga na pinatatakbo sa ilalim ng direksiyon ng Pangasiwaan ng Kalusugan ng mga Beterano ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano o isang programang tinukoy sa Seksiyon 8001; ang gayong uri ng programa ay dapat na karapat-dapat na magkaloob ng mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga nang hindi isinasaalang-alang ang mga tadhana sa paglisensiya o pagsertipika na mga tadhana na iniaatas ng subdibisyong ito.*

*(5) Ang katawagang "pinakamababang pangangasiwa" ay nangangahulugang antas ng parol na ang mga iniaatas sa mga parolado ay mag-ulat sa kanyang opisyal sa parol na hindi hihigit sa minsan sa 90 araw at sasailalim sa pagsasaliksik.*

~~(b)~~ *(c)* Sa kabila ng anumang tadhana na kasalungat sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 3040) ng kabanatang ito, ang sumusunod ay dapat umaplay:

~~(1) Sa pagtatapos ng isang panahon ng pagkabilanggo na isang taon at isang araw, o isang panahon ng pagkabilanggo na ipinataw alinsunod sa Seksiyon 1170 o sa pagtatapos ng isang panahon na binawasan alinsunod sa Seksiyon 2931 o 2933, kung angkop, ang bilanggo ay dapat palabasin sa parol para sa panahon na hindi hihigit sa tatlong taon, maliban na ang sinumang bilanggo na sinentensiyahan para sa isang pagkakasala na tinukoy sa talataan (3), (4), (5), (6), (11), (16), o (18) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5 ay dapat palabasin sa parol para sa isang panahon na hindi hihigit sa limang taon, maliban kung sa alinman ang awtoridad sa parol para sa mabuting dahilan ay tinalikdan ang parol at pinalabas ang bilanggo mula sa pag-iingat ng kagawaran.~~

*(1) Tungkol sa lahat ng bilanggo na nasentensiyahan sa bilangguan ng estado sa ilalim ng Seksiyon 1170 at nakatakdang palabasin, kabilang ang mga bilanggo na ibinalik sa bilangguan ng estado para sa paglabag sa parol, ang kagawaran ay dapat magkaloob ng mga programang rehabilitasyon na nagsisimula sa hindi kukulangin sa 90 araw bago ang kanilang nakatakdang paglabas. Bago ang pagkakaloob sa bilanggong mga programang rehabilitasyon, ang kagawaran ay dapat gumawa ng pagtasa ng kaso upang matiyak ang mga pangangailangan ng bilanggo at kung anong mga programa ang mas malamang na magresulta sa matagumpay na muling pagsasama ng bilanggo pagkalabas. Kung ang isang parolado ay ibinalik sa bilangguan ng estado para sa kulang sa 90 araw, ang kagawaran ay dapat ding magkaloob ng mga programang rehabilitasyon.*

*(2) Sa lahat ng bilanggo na pinalabas mula sa bilangguan ng estado at nasa parol, ang kagawaran ay dapat magkaloob ng mga programang rehabilitasyon na ibinagay sa mga pangangailangan ng mga parolado gaya ng nilinaw sa pagtasa ng kaso.*

*(3) Sa pagtatapos ng panahon ng pagkabilanggo ng isang taon, o isang panahon ng pagkabilanggo na ipinataw alinsunod sa Seksiyon 1170 o sa pagtatapos ng isang panahon na binawasan alinsunod sa Seksiyon 2931 o 2933, kung angkop, at maliban kung ang awtoridad sa parol para sa magandang dahilan ay tinalikdan ang parol at pinalabas ang bilanggo mula sa pag-iingat ng kagawaran, ang isang bilanggo ay dapat palabasin mula sa pag-iingat sa pangangasiwa ng parol para sa isang panahon na hindi hihigit sa anim na buhay kung ang lahat ng susunod na kondisyon ay natugunan:*

*(A) Ang pagkakasala na ang bilanggo ay isinasailalim sa parol ay isang kuwalipikadong pagkakasala sa pagkabilanggo;*

*(B) Ang bilanggo ay hindi pa napapatunayang nagkasala, o dumanas ng isang desisyong pangkabataan, ng isang seryoso o marahas na felony sa loob ng kahulugan ng Seksiyon 667.5 o 1192.7, o isang Seksiyon 290 na pagpaparehistrong pagkakasala; at*

*(C) Ang bilanggo ay hindi napapatunayang nagkasala, o dumanas ng desisyong pangkabataan, o lumahok sa isang kriminal na gang sa kalye bilang paglabag sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 186.22, o napatunayang gumawa ng isang felony para sa kapakinabangan ng, sa direksiyon na, o kaugnay ng anumang kriminal na gang sa kalye na isang paglabag sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 186.22.*

*Ang anim na buwang pangangasiwa ay maaaring palawigin para sa panahon lamang na ang parolado ay ikinulong dahil sa mga paglabag sa parol o para sa oras na ang parolado ay wala sa pangangasiwa. Sa katapusan ng panahon ng pangangasiwa, ang parolado ay dapat alisin mula sa higit na pangangasiwa sa parol. Ang awtoridad sa parol, gayunman, ay maaaring magtalaga ng isang parolado sa pinakamababang pangangasiwa para sa isang panahon na hindi hihigit sa anim na buwan kung saan ang parolado ay nabigong kumpletuhin ang angkop na programang rehabilitasyon na inialok. Sa mga parolado na pinamalagi sa pinakamababang pangangasiwa, ang pangwakas na paglabas mula sa parol ay dapat mangyari sa pagtatapos ng anim na buwang panahon o pagkakumpleto ng isang angkop na programang rehabilitasyon, alinman ang mas maaga.*

*Maliban kung itinatadhana sa mga talataan (4), (5) at (6), lahat ng ibang mga bilanggo ay dapat palabasin sa parol para sa isang panahon na hindi hihigit ng tatlong taon, maliban sa ang awtoridad sa parol para sa magandang dahilan ay tumalikdan sa parol at pinalabas ang bilanggo mula sa pag-iingat ng kagawaran.*

*(4) Sa pagtataps ng isang panahon ng pagkabilanggo ng isang taon at isang araw, o isang panahon ng pagkabilanggo na ipinataw alinsunod sa Seksiyon 1170 o sa katapusan ng panahon na binawasan alinsunod sa Seksiyon 2931 o 2933, kung angkop, sinumang bilanggo na nasentensiyahan para sa pagkakasala na isang seryoso o marahas na felony gaya ng nilinaw sa Seksiyon 667.5 o 1192.7 ay dapat ilabas sa parol para sa isang panahon na hanggang limang taon, maliban sa ang awtoridad sa parol para sa magandang dahilan ay tinalikdan ang parol at pinalabas ang bilanggo mula sa pag-iingat ng kagawaran.*

*(5)* ~~(2)~~ Sa kaso ng sinumang bilanggo na nasentensiyahan sa ilalim ng Seksiyon 1168, ang panahon ng parol ay hindi dapat humigit sa limang taon sa kaso ng bilanggong nabilanggo para sa anumang pagkakasala na iba sa una o ikawalang antas na pagpatay kung saan ang bilanggo ay tumanggap ng habambuhay na sentensiya, at hindi dapat humigit na tatlong taon sa kaso ng sinumang ibang bilanggo, maliban kung sa alinmang kaso ang awtoridad sa parol para sa magandang dahilan ay tinalikdan ang parol at pinalabas ang bilanggo mula sa pag-iingat ng kagawaran. Ang subdibisyong ito ay dapat na angkop din sa mga bilanggo na gumawa ng mga krimen bago ang Hulyo 1, 1977, kung tinutukoy sa Seksiyon 1170.2.

*(6)* ~~(3)~~ Sa kabila ng mga talataan (1) ~~at (2)~~, *(3), (4), at (5),* sa kaso ng anumang pagkakasala na ang bilanggo ay tumanggap ng habambuhay na sentensiya alinsunod sa Seksiyon 667.61 o 667.71, ang panahon ng parol ay dapat na 10 taon.

*(7)* ~~(4)~~ Ang awtoridad sa parol ay dapat isaalang-alang ang kahilingan ang sinumang bilanggo tungkol sa haba ng kanyang parol at ang kondisyon nito.

*(8)* ~~(5)~~ Sa matagumpay na pagkumpleto ng parol, o sa katapusan ng pinakamataas na panahon ng parol ayon sa batas na tinukoy para sa bilanggo sa ilalim ng talataan (1), ~~(2), o (3)~~ *(3), (4), (5), o (6)* batay sa kaso, alinman ang mas maaga, ang bilanggo ay dapat ilabas mula sa pag-iingat. Ang petsa ng pinakamataas na panahon ayon sa batas ng parol sa ilalim ng subdibisyong ito at talataan (1), ~~(2), at (3)~~ *(3), (4), (5), at (6)* ay dapat kuwentahin mula sa petsa ng unang parol at dapat na isang panahon na magkakasunod na ipinasiya. Panahon na ang parol ay sinususpinde dahil ang bilanggo ay inalis o ibinalik sa pag-iingat bilang isang lumabag sa parol ay hindi dapat ikredito sa anumang panahon ng parol maliban kung ang parolado ay ipinasiyang hindi lumabag sa parol. Gayunman, ang panahon ng parol ay napapailalim sa mga sumusunod:

(A) Maliban kung itinatadhana sa Seksiyon 3064, hindi kailanman ang isang bilanggo na napapailalim sa tatlong taon ng parol na panatilihin sa ilalim ng pangangasiwa ng parol o sa pag-iingat para sa isang panahon na mas mahaba sa apat na taon mula sa petsa ng kanyang unang parol.

(B) Maliban kung itinatadhana sa Seksiyon 3064, hindi kailanman ang isang bilanggo na napapailalim sa limang taon ng parol na dapat panatilihin sa ilalim ng pangangasiwa ng parol o sa pag-iingat para sa isang panahon na mas mahaba sa apat na taon mula sa petsa ng kanyang unang parol.

(C) Maliban kung itinatadhana sa Seksiyon 3064, hindi kailanman ang isang bilanggo na napapailalim sa 10 taon ng parol na dapat panatilihin sa ilalim ng pangangasiwa ng parol o sa pag-iingat para sa isang panahon na mas mahaba sa 15 taon mula sa petsa ng kanyang unang parol.

*(9)* ~~(6)~~ Ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat makipagpulong sa bawat bilanggo hindi kukulangin sa 30 araw bago ang kanyang mabuting panahon na petsa ng paglabas at dapat magkaloob, sa ilalim ng mga patnubay na tinukoy ng awtoridad sa parol, ng mga kondisyon ng parol at ang tagal ng parol na hanggang sa pinakamataas na panahon na itinatadhana ng batas. Ang bilanggo ay may karapatan na muling isaalang-alang ang tagal ng parol at mga kondisyon dito sa awtoridad sa parol. Ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon o ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol ay maaaring magpataw ng kondisyon ng parol bilang isang kondisyon ng parol na ang isang bilanggo ay gumawa ng mga pagbabayad sa natitirang mga multa ng bilanggo sa restitusyon o mga utos na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (a) o (c) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na may-bisa bago ang Setyembre 28, 1994, o subdibisyon (b) o (f) ng Seksiyon 1202.4.

*(10)* ~~(7)~~ Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol ay dapat ituring na awtoridad sa parol.

*(11)* ~~(8)~~ Ang tanging awtoridad na mag-isyu ng mga madamyento para sa pagbabalik sa aktuwal na pag-iingat ng sinumang bilanggo na pinalabas sa parol ay nasa Lupon ng mga Pagdinig sa Parol, maliban sa sinumang tumakas na bilanggo ng estado o sinumang bilanggo ng estado na pinalabas bago ang kanyang nakatakdang petsa ng pagpapalabas na dapat ibalik sa pag-iingat at ang Seksiyon 3060 ay dapat umaplay.

*(12)* ~~(9)~~ Hangarin ng Lahislatura na ang mga pagsisikap ay gawin tungkol sa mga tao na napapailalim sa Seksiyon 290.011 na nasa parol na palahukin sila sa paggamot.

*(d) Sa lahat ng bilanggo na pinalabas mula sa bilangguan ng estado at pinalabas sa parol, ang kagawaran ay dapat magkaloob ng mga programang rehabilitasyon pagkatapos hilingin ng dating bilango na ginawa sa loob ng isang taon ng paglabas mula sa parol. Ang mga serbisyo ay dapat ipagkaloob sa pamamagitan ng kagawaran ng probasyon ng county ng bilanggo at dapat na hindi hihigit sa 12 buwan mula sa petsa na ang mga ito ay unang ipinagkaloob. Lahat ng gastos sa pagpapatakbo ng mga naturang serbisyo ay dapat bayaran sa kagawaran.*

SEK. 21. Seksiyon 3063.01 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*3063.01. (a) Ang isang parolado na gumawa ng isang hindi marahas na pagkakasalang pagdadala ng droga gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 1210, o nasuring positibo o nasa impluwensiya ng mga kinokontrol na substansiya, at karapat-dapat sa mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga alinsunod sa Seksiyon 3063.1, ay dapat tumanggap ng mga naturang serbisyo sa gastos ng kagawaran ang mga serbisyo at pangangasiwa ay ipinagkakaloob man ng county o ng awtoridad sa parol. Ang pagtugon sa anumang higit pang paglabag ay dapat pamahalaan ng Seksiyon 3063.1 hanggang ang parolado ay namamalaging karapat-dapat para sa patuloy na paggamot sa ilalim ng seksiyong ito. Ang mga parolado na hindi na karapat-dapat para sa paggamot na may kinalaman sa droga alinsunod sa mga tadhana ng subtalataan (A) o (B) ng talataan (3) ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 3063.1, at lumalabag sa mga tadhana ng kanilang parol, ay dapat na pinamamahalaan ng mga subdibisyon (c), (d) at (e) ng seksiyong ito.*

*(b) Ang isang parolado ona tumanggap ng pagtatalaga o pagrekomenda sa isang programang inilarawan sa Seksiyon 3060.9, 3069, o 3069.5 ay dapat, sa sulat, na boluntaryo at partikular na talikdan ang paggamit ng mga karapatan na taglay alinsunod sa seksiyong ito; o Seksiyon 3063.1.*

*(c) Maliban sa mga paroladong sakop ng Seksiyon 3060.7, at mga parolado na napatunayang nagkasala ng seryoso o marahas na felony alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, o subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7, ang parolado ay hindi dapat suspendihin o pawalang-bisa, at ang isang bilanggo ay hindi dapat ibalik sa pag-iingat sa bilangguan ng estado para sa isang teknikal na paglabag sa parol. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang katawang "teknikal na paglabag sa parol" ay tumutukoy sa kilos na bagaman ito ay maaaring lumalabag sa isang kondisyon ng parol ay hindi bumubuo ng alinman sa misdemenaor o felony sa sarili nito. Kung may natagpuang teknikal na paglabag o pag-alis sa pangangasiwa ng parol, ang parolado ay maaaring ikulong sa lokal na kulungan ng hanggang 30 araw o mga opsiyon na hindi pagkulong at mga parusa ay maaaring ipataw, kabilang ang pagbabago ng mga kondisyon ng parol, paggawa ng pagtasa ng kaso upang matiyak ang mga pangangailangan, at pagkakaloob ng mga lokal na programang rehabilitasyon gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 3000. Kung saan ang anumang ibang teknikal na paglabag ay natagpuan, ang mga mapipiling hindi pagkulong at mga parusa ay maaaring ipataw. Sa ikalawang teknikal na paglabag na iba sa pag-alis, ang mga binagong kondisyon ng parol ay maaaring kabilang ang hindi pagkulong na mga parusa at mga opsiyon at/pagkulong sa lokal na kulungan ng hanggang pitong araw. Sa mga kasunod na teknikal na paglabag na iba sa pag-alis, ang mga binagong kondisyon ng parol ay maaaring kabilang ang mga hindi pagkulong na mapipili at mga parusa at mga pagkulong sa lokal na kulungan ng hanggang 14 araw. Ang mga gastos sa pagpapatakbo ng mga naturang lokal na pag-iingat, at anumang mga pagtasa o programang rehabilitasyon, ay dapat bayaran sa kagawaran. Wala sa seksiyong ito na naglalayong pawalang-bisa ang tadhana ng Seksiyon 3063.1.*

*(d) Maliban sa mga paroladong sakop ng Seksiyon 3060.7, at mga parolado na napatunayang nagkasala ng seryoso o marahas na felony alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, o subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7, ang parolado ay hindi dapat suspendihin o pawalang-bisa, at ang isang bilanggo ay ibalik sa pag-iingat sa bilangguan ng estado para sa isang misdemeanor na paglabag sa parol. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang katawagang misdemeanor na paglabag sa parol ay tumutukoy sa kilos na bagaman ito ay maaaring lumalabag sa isang kondisyon ng parol ay hindi bumubuo ng felony sa sarili nito. Kung may misdemeanor na paglabag na natagpuan ang mga hindi pagkulong na mapipili at parusa ay maaaring ipataw, kabilang ang, pagbabago ng mga kondisyon ng parol, paggawa ng pagtasa ng kaso upang matiyak ang mga pangangailangan, at pagkakaloob ng mga lokal na programang rehabilitasyon gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 3000. Panghalili, kung ang isang misdemeanor na paglabag ang natagpuan, ang parol ay maaaring pawalang-bisa at ang parolado ay maaaring ibalik sa pag-iingat sa isang lokal na kulungan ng hanggang anim na buwan. Ang mga gastos sa pagpapatakbo ng mga naturang lokal na pag-iingat, at anumang mga pagtasa o programang rehabilitasyon, ay dapat bayaran sa kagawaran. Wala sa seksiyong ito na naglalayong pawalang-bisa ang tadhana ng Seksiyon 3063.1.*

*(e) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang parol ay maaaring suspendihin o pawalang-bisa at ang sinumang bilanggo ay maaaring ibalik sa pag-iingat sa bilangguan ng estado, para sa isang felony na paglabag sa parol. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang katawagang "felony na paglabag sa parol" ay tumutukoy sa isang kilos na binubuo ng isang felony sa loob at sa sarili nito. Kapag may natagpuan felony na paglabag, ang hindi pagkulong na mga mapipili at parusa ay maaaring ipataw, kabilang ang pagbabago ng mga kondisyon ng parol, paggawa ng pagtasa ng kaso upang matiyak ang mga pangangailangan, at pagkakaloob ng mga lokal na programang rehabilitasyon gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 3000. Panghalili, kung may felony na paglabag na natagpuan, ang parol ay maaaring pawalang-bisa at ang bilanggo ay maaaring ibalik sa pag-iingat sa isang lokal na kulungan o bilangguan ng estado. Ang mga gastos sa pagpapatakbo ng mga naturang lokal na pag-iingat, at anumang mga pagtasa o programang rehabilitasyon, ay dapat bayaran sa kagawaran. Wala sa seksiyong ito na naglalayong pawalang-bisa ang tadhana ng Seksiyon 3063.1.*

*(f) Bilang karagdagan sa anumang ibang mga pamamaraan at karapatan na itinatadhana ng batas, ang isang parolado na gumawa umano ng isang paglabag sa parol ay dapat tumanggap ng paunawa ng paglabag sa isang pagdinig na ginawa sa harap ng isang kinatawang komisyoner ng Lupon ng mga Pagdinig sa Parol sa loob ng tatlong araw ng trabaho pagkatapos dalhin sa pag-iingat. Ang parolado ay dapat magkaroon ng karapatan sa abugado sa pagdinig na ito.*

*(g) Ang awtoridad sa parol ay dapat magtipon at mag-ulat ng mga datos tungkol sa lahat ng paratang na paglabag sa parol, napatunayan man ang mga ito o hindi o nagresulta sa pagbabago o pagpapawalang-bisa ng parol. Ang mga datos ay dapat tipunin sa anyo na inirerekomenda ng Lupon ng Pagbabantay at Pananagutan sa Reporma sa Parol at dapat kabilang ang impormasyon tungkol sa kalikasan ng paglabag at ang mga demograpiko ng pinaratangang lumabag. Dapat ilathala ng kagawaran ang mga datos na ito sa paraang elektronikal nang hindi kukulangin sa dalawang beses sa isang taon sa Web site nito.*

SEK. 22. Seksiyon 3063.02 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*3063.02. Mula sa mga pondong inilaan sa Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon sa taunang Batas sa Badyet o ibang batas na naglalaan ng mga pondo sa kagawaran, at napapailalim sa mga limitasyon na nakasaad dito, ang kagawaran ay dapat maglaan ng mga pondo para sa limang taon, simula sa Hulyo 1, 2009, para sa isang pagsubok ng proyekto sa hindi kukulangin sa limang rehiyon ng kalunsuran at rural na mga lugar upang ipatupad ang mga programang inilarawan sa mga Seksiyon 3060.9, 3069, at 3069.5.*

SEK. 23. Seksiyon 3063.03 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*3063.03. (a) Sa pamamagitan nito ay nililikha ang Lupon ng Pagbabantay at Pananagutan sa Reporma sa Parol na dapat magrepaso, mamatnugot, at mag-aproba ng pagpatupad, ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, ng mga programa at patakaran na itinatadhana sa ilalim ng batas na ito. Ang mga regulasyon na magagamit sa pangkalahatan na ipinapahayag ng kagawaran na nauukol sa mga patakaran ng parol at mga programang rehabilitasyon para sa mga bilanggo at parolado ay hindi dapat magkabisa nang walang pag-aproba ng isang boto ng mayoriya ng lupon. Ang mga regulasyon na napapailalim sa pag-aproba ng lupon ay hindi dapat na napapailalim sa Batas sa mga Pamamaraang Pampangasiwaan o upang repasuhin at aprobahan ng Opisina ng Batas na Pampangasiwaan. Ang lupon ay hindi dapat magkaroon ng tungkulin sa pagpapasiya ng mga petsa ng pagpapalabas o ng*

*partikular na tugon sa anumang paratang na paglabag sa parol para sa sa sinumang partikular na bilanggo o parolado. Dapat gawin ng lupon ang mga sumusunod:*

*(1) Repasuhin at aprobahan sa pamamagitan boto ng mayoriya ang lahat ng regulasyon na mamahala sa patakaran sa parol at mga programang rehabilitasyon;*

*(2) Repasuhin ang lahat ng iminumungkahing paglalaan ng pagpopondo para sa mga programang rehabilitasyon, at aktuwal na paggasta sa mga naunang taon, at ilathala ang mga komento nito sa mga paglalaan at paggasta;*

*(3) Repasuhin at aprobahan, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya, ang mga regulasyon na tumutukoy sa anumang halaga ng kredito na igagawad para sa mabuting asal at paglahok sa programa na higit sa mga pinakamababang halaga na tinukoy sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 2933, batay sa mga naturang bagay na tulad ng mga pamantayan sa progreso, kabilang ang pagkumpleto ng programa. Ang mga regulasyon ay dapat humarap sa kung ang mga parolado ay bumalik sa bilangguan ng estado ay dapat tratuhin nang katulad ng ibang mga bilanggo tungkol sa mga kredito;*

*(4) Lumikha at mag-aproba, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya, ng isang listahan ng pagpapayo ng kuwalipikadong pagkakasala sa pagkabilanggo na gagamitin sa pag-aplay ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 2933, at talataan (1) ng subdibisyon (b), at talataan (3) ng subdibisyon (c), ng Seksiyon 3000;*

*(5) Atasan ang kagawaran na magkaloob ng partikular na datos sa sistema ng parol, at suriin ang mga datos upang tasahin ang mga kasalukuyang batas na nagreregula sa lahat ng aspeto ng sistema ng parol;*

*(6) Atasan ang kagawaran na magkaloob ng partikular na datos sa mga programang rehabilitasyon na titipunin ng Dibisyon ng Pananaliksik Para sa Paggaling at mga Bagay sa Muling Pagpasok, at suriin ang mga datos na iyon upang tasahin ang mga kasalukuyang programa at patakaran sa rehabilitasyon;*

*(7) Tiyakin at aprobahan, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya, ang angkop na anyo ng pagtitipon ng datos para sa mga layuin ng subdibisyon (e) ng Seksiyon 3063.01 tungkol sa mga paglabag sa parol;*

*(8) Mag-utos ng pananaliksik sa patakaran at mga gawain sa parol, sa loob at labas ng California, na babayaran, pagkatapos ng boto ng mayoriya ng lupon, mula sa mga pondong inilaan sa kagawaran sa taunang Batas sa Badyet, at napapailalim sa mga limitasyon na nakasaad dito. Ang naturang pananaliksik ay dapat isagawa ng isang pampublikong unibersidad sa California;*

*(9) Subaybayan ang pagbuo at pagpapatupad, ng kagawaran, ng isang sistema ng mga insentibo at gantimpala upang himukin ang pagsunod sa mga tadhana ng parol ng lahat ng dating bilanggo sa ilalim ng pangangasiwa ng parol;*

*(10) Magkaloob ng isang balanseng talakayan para sa pagbuo ng patakaran sa buong estado, pagpapaunlad ng impormasyon, pananaliksik, at pagpaplano na nauukol sa proseso ng parol;*

*(11) Tipunin at kumuha sa mga tagapagdulot ng kaalaman, karanasan at mga pinahahalagahan ng komunidad mula sa lahat ng sektor ng sistema ng hustisyang pangkrimen, mula sa publiko sa kalahatan at mula sa ibang mga hurisdiksiyon;*

*(12) Pag-aralan ang mga karanasan ng ibang mga hurisdiksiyon na kaugnay ng parol;*

*(13) Gumawa ng mga rekomendasyon sa Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol at sa Lehislatura sa isang ulat na inilalathala nang minsan tuwing dalawang taon;*

*(14) Tiyakin na ang lahat ng mga pagsisikap ay permanente at patuloy, na umaasa na ang sistema ng parol at mga programang rehabilitasyon na ipinagkakaloob ng kagawaran ay dapat magsikap nang pagpapatuloy upang timbangin ang mga sarili, sumulong, at bumuti;*

*(15) Bumuo at mag-aproba, sa pagsangguni sa kagawaran, ng programa at adyenda, listahan ng imbitasyon, at badyet para sa taunang pandaigdig na komperensiya sa paksa ng rehabilitasyon ng bilanggo at parolado;*

*(16) Tukuyin ang itaguyod ang mga malikhaing programang rehabilitasyon at mga pinakamahusay na gawain na ipinatutupad sa mga bilangguan at sa parol, at parangalan sa publiko ang mga empleyado ng kagarawan nagpapakita ng kahusayan sa rehabitasyon;*

*(17) Alamin ang mga pangangailangan sa tauhan ng lupon na sapat upang isakatuparan ang mga responsibilidad ng lupon;*

*(18) Magsagawa ng mga pampublikong pulong at imbitahan at isaalang-alang ang komento ng publiko. Ang lupon ay dapat magpatupad ng mga regulasyon na nagtatadhana ng pagrepaso at komento ng publiko sa lahat ng iminungkahing regulasyon na napapailalim sa pag-aproba ng lupon, sa kondisyon, gayunman, na ang lupon ay kailangang tumugon sa lahat ng komento bago ibigay ang pag-aproba sa mga regulasyon o paggawa ng ibang mga aksiyon.*

*(b) Ang lupon ay dapat makakilos nang hindi lalampas sa Marso 31, 2009. Ito ay dapat na binubuo ng 19 na bumobotong miyembro at dalawang hindi bumobotong miyembro. Ang dalawang hindi bumobotong miyembro ay dapat na ang Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol o ang kanyang itinalaga at ang Pangkalahatang Inspektor. Sa 19 na bumobotong miyembro, dalawang miyembro ay dapat na mga eksperto na akademikong eksperto sa patakaran ng parol, hinirang ng Ispiker ng Asembleya. Ang isang miyembro ay dapat na iskolar ng batas na dalubhasa sa patakaran sa parol, hinirang ng Komite ng Senado sa mga Tuntunin. Ang isang miyembro ay dapat na isang siyerip ng county mula sa isang county na may populasyon na mas malaki kaysa 100,000, hinirang ng Gobernador. Ang isang miyembro ay dapat na isang dating miyembro ng sangay na panghukuman, hinirang ng Gobernador. Ang isang miyembro ay dapat na isang tao na dating nakulong sa bilangguan ng estado, hinirang ng Ispiker ng Asembleya. Ang isang miyembro ay dapat na isang siyerip ng county na may populasyon na hindi kukulangin sa 100,000, hinirang ng Gobernador. Ang isang miyembro ay dapat na isang abugado ng distrito ng California, hinirang ng Gobernador. Ang isang miyembro ay dapat na isang pampublikong manananggol, hinirang ng Gobernador. Ang isang miyembro ay dapat na isang pribadong abugado sa pagtatanggol na pangkrimen na may karanasan sa mga kaso ng parol sa ngalan ng mga bilanggo, hinirang ng Ispiker ng Asembleya. Ang isang miyembro ay dapat na isang dating miyembro ng grupo ng mga biktima ng krimen, hinirang ng Gobernador. Ang isang miyembro ay dapat na isang opisyal ng parol na may pinakamababang karanasan na limang taon, hinirang ng Gobernador. Tatlong miyembro ay dapat na mga tagapagkaloob ng paggamot na may kinalaman sa droga, mga serbisyong rehabilitasyon at muling pagpasok gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 3000, na may isang hinirang ng Ispiker ng Asembleya, isang hinirang ng Komite sa mga Tuntunin ng Senado, at isang hinirang ng Gobernador. Ang isang miyembro ay dapat na iskolar ng batas na dalubhasa sa patakaran sa parol, hinirang ng Komite ng Senado sa mga Tuntunin. Ang isang miyembro ay dapat na isang dating miyembro ng isang kapisanan ng mga pamahalaan ng county, hinirang ng Gobernador. Dalawang miyembro ay dapat na mga kinatawan ng dalawang pinakamalaking yunit ng pakikipagkasundo sa loob ng kagawaran, ang kinatawan ng pinakamalaking yunit ng pakikipagkasundo na hinirang ng Ispiker ng Asembleya at ang ibang kinatawan na hinirang ng Gobernador.*

*(c) Sa Enero 1, 2012, ang mga taning ng siyerip ng county mula sa mas malilit na county, ang dating miyembro ng hukuman, ang opisyal ng parol, ang abugado ng distrito, kinatawan ng pamahalaan ng county, kinatawan ng pinakamalaking yunit ng pakikipagkasundo sa loob ng kagawaran, at ang pribadong abugado ng depensa ay dapat matapos. Sa Enero 1, 2013, ang mga taning ng kinatawan ng biktima ng krimen, pampublikong manananggol, siyerip mula sa mas malaking county, ang kinatawan ng ikalawang pinakamalaking yunit ng pakikipagkasundo sa loob ng kagawaran, at ang tagapagkaloob ng mga nakabase sa komunidad na serbisyo ay dapat matapos. Sa Enero 1, 2014, ang mga taning ng dalawang akademikong eksperto, ang iskolar ng batas, ang dating nakakulong na tao, at ang tatlong tagapagkaloob ng serbisyong muling pagpasok ay dapat matapos. Ang mga kapalit na miyembro ay dapat hirangin sa paraang katulad, at humawak ng katungkulan para sa mga taning na tatlong taon, ang bawat taning ay magsisimula sa petsa ng pagtatapos ng pinalitan. Anumang paghirang sa isang bakante na nangyari sa anumang dahilan na iba sa pagtatatapos ng taning ay dapat na para sa natitira ng hindi pa natatapos ng taning. Ang mga miyembro ay karapat-dapat para sa muling paghirang.*

*(d) Ang mga miyembro ng lupon na iba sa mga empleyado ng pamahalaan ay dapat tumanggap ng kada araw na panggastos na ipapasiya ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, pero hindi kukulangin sa karaniwang kada araw na panggastos na ipinahihintulot sa mga empleyado ng kagawaran sa paglalakbay palabas na estado. Lahat ng miyembro ay dapat bayaran ng kagawaran para sa lahat ng kailangang gugulin sa paglalakbay na talagang nagamit sa pagdalo sa mga pulong ng lupon at sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Lahat ng gastos ay dapat bayaran ng kagawaran, at ang kagawaran ay dapat ding magkaloob ng mga tauhan para sa lupon na sapat upang suportahan at padaliin ang mga pagpapatakbo nito. Ang pananaliksik na iniutos ng lupon ay dapat isagawa ng isang pampublikong unibersidad sa California at dapat bayaran ng kagawaran mula sa mga pondong inilaan sa kagawaran sa taunang Batas sa Badyet, napapailalim sa mga limitasyon na nakasaad dito. Para sa mga layunin ng pagbabayad, ang pagdalo sa mga pulong ng lupon ng isang empleyado ng estado o lokal na pamahalaan ay dapat ituring na pagganap ng kanyang tungkulin sa estado at lokal na pamahalaan.*

SEK. 24. Seksiyon 3063.2 ng Kodigo sa Parusa ay sinusususgan upang mabasang:

3063.2. Sa isang kaso kung saan ang parolado ay inutusan na sumailalim sa paggamot na may kinalaman sa droga bilang isang kondisyon ng parol alinsunod sa Seksiyon 3063.1, anumang pagsusuri sa droga ng parolado ay dapat gamitin *lamang* bilang kasangkapan sa paggamot *upang ibagay ang tugon sa programang pagggamot sa atworidad na nangangasiwa sa pagpapanumbalik ng gawi ng parolado*. Sa pagtimbang ng programang paggamot ng parolado, ang mga resulta ng anumang pagsusuri sa droga ay hindi dapat bigyan ng bigat na mas malaki kaysa ibang mga aspeto ng indibidwal ng programang paggamot ng parolado. *Ang mga resulta ng naturang pagsusuri ay hindi dapat tanggapin na batayan ng anumang bagong pag-uusig o pamamaraang pangkrimen, o ang mga resulta ay hindi dapat na maging dahilan, sa loob at sarili ng mga ito, ng pagpapasiya na ang paglabag sa parol ay nangyari. Ang county o awtoridad sa parol ay maaaring magsaalang-alang ng isang resulta ng pagsusuri bilang positibo para sa mga layunin na baguhin ang mga kondisyon ng parol kung ang laboratoryong gumawa ng naturang pasusuri ay gumamit ng mga sumusunod na pamamaraan at pamantayan: pagsubok ng pagiging balido, una at pangkumpirmang pagsusuri, mga konsentrasyon ng pagputol, pamantayan sa dilusyon at adulterasyon, at magkakahiwalay na ispesimen na mga pamamaraan.*

SEK. 25. Seksiyon 5050 ng Kodigo sa Parusa ay sinusususgan upang mabasang:

5050. *Pagtukoy sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Direktor ng mga Pagwawasto; Paglikha ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol.*

*Nagsisimula sa Hulyo 1, 2009, anumang pagtukoy sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon o sa Direktor ng mga Pagwawasto ay tumatalakay sa Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol o sa Kalihim ng mga Pagwawasto, gaya ng tinukoy ng batay o ang paksa ng tadhana.* ~~Nagsisimula sa Hulyo 1, 2005, anumang pagtukoy sa Direktor ng mga Pagwawasto dito o sa ibang kodigo ay tumutukoy sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon. Pagsapit ng petsang iyon, ang opisina ng Direktor ng mga Pagwawasto ay inaalis.~~

SEK. 26. Seksiyon 6026.01 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*6026.01. Ang Awtoridad sa mga Pamantayan sa Pagwawasto ay dapat maglathala taun-taon ng isang ulat na nagdedetalye ng bilang ng mga tao sa mga institusyon sa bawat kalendaryong taon na ang pangunahing nagkukulong na pagkakasala ay isang kinokontrol na pagkakasala sa substansiya. Ang ulat ay dapat na malinaw na tumukoy sa bilang ng pumapasok sa mga institusyon sa pinakahuling taon dahil sa mga bagong sentensiya mula sa mga hukuman dahil sa mga paglabag sa parol. Para sa lahat ng taong pumapasok sa mga institusyon para sa simpleng pagdadala ng mga kinokontrol na substansiya, ang ulat ay dapat, hangga't magagawa, magkaloob ng detalye tungkol sa mga naunang rekord ng mga naturang tao, ang kaugnay na kinokontrol na substansiya, ang mga dahilan para sa pagrekomenda sa mga institusyon, ang dami ng mga haba ng sentensiya, at ang pangkaraniwang haba ng sentensiya na ipinapataw sa mga naturang tao. Sa ulat ay dapat kabilang ang isang pahayag o inaasahan na taunang gastos ng pagkulong sa lahat ng mga taong ito para sa mga pagkakasala sa kinokontrol na substansiya. Ang unang naturang taunang ulat ay dapat iisyu nang hindi lalampas sa Hulyo 1, 2010.*

SEK. 27. Seksiyon 6026.02 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*6026.02. Ang Awtoridad sa mga Pamantayan sa Pagwawasto ay dapat na maglathala taun-taon ng isang ulat na nauukol sa populasyon sa parol, ang paglahok sa programa ng parolado, mga paglabag sa parol, at sa mga pagtugon sa mga naturang paglabag. Ang bawat ulat ay dapat sumakop sa isang kalendaryong taon at dapat magdetalye ng bilang ng mga taong inilagay sa pangangasiwa ng parol at sa antas ng pangangasiwa; ang bilang ng parolado na lumalahok sa mga programang rehabilitasyon at ang mga partikular na uri ng mga programa kung saan ang mga parolado ay nakaenrol; ang bilang ng mga nakaenrol; ang bilang ng mga paratang na paglabag sa parol at ang bilang ng mga paglabag sa parol na ipinasiyang nangyari; ang pagtugon sa mga paglabag sa parol kabilang ang mga pagbabago sa parol, mga parusa, mga pagrekomenda at pagpapawalang-bisa ng parol; at ang bilang ng mga araw sa kulungan o bilangguan ng mga lumabag sa parol. Ang bawat ulat ay dapat magtaglay ng isang seksiyon na may datos sa paggamot na itinatadhana alinsunod sa Seksiyon 3063.1, at kabilang ang datos na may kaugnayan sa pagiging karapat-dapat, paglahok, at pagkumpleto. Ang bawat ulat ay dapat magkaloob ng impormasyon tungkol sa kasarian, lahi o etnisidad, at county ng pagkulong sa lahat ng parolado, kung ang naturang impormasyon ay makukuha, para sa bawat kategorya ng impormasyon na iniaatas para sa ulat. Ang unang naturang taunang ulat ay dapat iisyu nang hindi lalampas sa Hulyo 1, 2011.*

SEK. 28. Seksiyon 6032 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*6032. Ang Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat magsagawa taun-taon ng isang pandaigdid na komperensiya sa paksa ng rehabilitasyon ng bilanggo at parolado na may layunin na suriiin ang mga programa at datos ng rehabiliasyon ng California at ihambing ang mga pagsisikap ng California sa mga pinakamahusay na gawain at pagbabago ng ibang mga hurisdiksiyon. Ang komperensiya ay dapat magsama ng mga kinatawan mula sa mga kagawaran ng pagwawasto at rehabilitasyon ng ibang mga estado at bansa. Ang kumpletong programa at adyenda, listahan ng imbitasyon at badyet ay dapat buuin ng kagawaran sa pakikipagsangguni sa, at napapailalim sa pangwakas na pag-aproba ng, Lupon ng Pagbabantay at Pananagutan sa Reporma sa Parol. Ang mga gastos sa komperensiya, kaayon ng isang badyet na inaprobahan ng Lupon ng Pagbabantay at Pananagutan sa Reporma sa Parol, ay dapat bayaran ng kagawaran mula sa mga pondong inilaan sa kagawaran sa taunang Batas sa Badyet, napapailalim sa mga limitasyon na nakasaad dito. Ang unang naturang taunang komperensiya ay dapat ganapin nang hindi lalampas sa Hulyo 1, 2010.*

SEK. 29. Seksiyon 6050.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*6050.1. (a) Ang Gobernador, sa rekomendasyon ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol, ay dapat maghirang ng Punong Kinatawang Warden sa Rehabilitasyon upang maglingkod sa bawat isa ng mga bilangguan ng estado, at kung angkop, sa mga karagdagang pasilidad ng kagawaran tulad ng mga sentro ng muling pagpasok, na dapat makilala bilang Warden ng Rehabilitasyon. Ang Warden ng Rehabilitasyon ay dapat na responsable sa pagpapatupad at pagbabantay sa mga programang rehabilitasyon sa bawat bilangguan ng estado at/o pasilidad at nagkakaloob ng mga datos sa Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol sa mga uri ng programang iniaalay, ang demograpiko ng mga bilanggong dumadalo sa mga programa, at ang pagiging mabisa ng, at mga hadlang sa, mga naturang programa sa bawat bilangguan at/o pasilidad, at anumang mga karagdagang datos na iniaatas ng Kalihim ng Rehabilitasyon at Parol at ng Lupon ng Pagbabantay at Pananagutan sa Reporma sa Parol. Ang mga datos na ito ay dapat ipagkaloob sa kalihim sa pamamagitan ng Dibisyon ng Pananaliksik Para sa Paggaling at mga Bagay sa Muling Pagpasok nang minsan sa isang taon o mas madalas. Ang bawat Warden ng Rehabilitasyon ay dapat na napapailalim sa pagtanggal ng kalihim. Kung siya ay tinanggal ng kalihim, ang aksiyon ay dapat na pangwakas.*

*(b) Ang Kagawaran ng Pangangasiwa ng mga Tauhan ay dapat magtatag ng kabayaran ng mga Warden ng Rehabilitasyon sa isang antas na kapantay ng ibang punong kinatawang warden sa sistema ng bilangguan.*

SEK. 30. Seksiyon 6126.01 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*6126.01. Ang Pangkalahatang Inspektor ay dapat maglathala taun-taon ng isang ulat na nagdedetalye ng pamamayani at mga uri ng mga programang rehabilitasyon na makukuha sa bawat bilangguan ng California, at sa bawat pasilidad na pinamamahalan ng o kinokontrata ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon. Ang ulat na ay dapat magranggo at magmarka sa mga bilangguan at pasilidad batay sa kahandaan ng programa na kaugnay ng pangangailangan, mga antas ng paggamit, at mga panukat ng paggamot, sinusuri ang pareho ng antas ng tagumpay ng bawat bilangguan o pasilidad sa pagpapatupad ng mga naturang programa at ang antas ng tagumpay ng mga kalahok na bilanggo. Ang ulat ay dapat gumamit ng sistema ng letrang marka, at dapat gumawa ng mga partikular na rekomendasyon para sa pagpapabuti. Ang isang preliminaryong ulat ay dapat iisyu nang hindi lalampas ang Oktubre 1, 2009. Lahat ng kasunod na ulat ay dapat iisyu bago lumampas ang Oktubre 1 ng bawat taon.*

SEK. 31. Marihuwana. Paglihis ng mga Taong Wala pang 18 Taong Gulang. Mga Multa.

SEK. 31.1. Seksiyon 11357 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11357. (a) Maliban kung inaawtorisa ng batas, ang bawat tao na nagtataglay ng anumang konsentradong kanabis ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa kulungan ng county para sa isang panahon na hindi hihigit sa isang taon o ng multa na hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o ng pareho ng naturang multa at pagkabilanggo, o dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado.

*(b) Maliban kung inawtorisa ng batas, ang bawat tao na 18 taong gulang o mas matanda na nagtataglay na hindi hihigit sa 28.5 gramo ng marihuwana, na iba sa konsentradong kanabis, ay nagkasala ng infraction at dapat parusahan ng isang multa o hindi hihigit sa isang daang dolyar ($100). Anumang uri ng mga karagdagang fee, kabilang ang mga pagtasa, fee, at parusa, ay hindi dapat humigit sa halaga ng ipinataw na multa. Ang bawat tao na wala pang 18 taong gulang na nagdala ng hindi hihigit sa 28.5 gramo ng marihuwana, na iba sa mga konsentradong kanabis, ay nagkasala ng infraction at dapat atasan na magkumpleto ng isang nakabase sa agham na programang edukasyon na sertipikado ng tagapangasiwa ng programa sa alkohol at droga ng county.* ~~Maliban kung inawtorisa ng batas, ang bawat tao na nagtaglay na hindi hihigit sa 28.5 gramo ng marihuwana, na iba sa konsentradong kanabis, ay nagkasala ng misdemeanor at dapat parusahan ng isang multa o hindi hihigit sa isang daang dolyar ($100). Sa kabila ng ibang mga tadhana ng batas, kung ang naturang tao ay dati nang napatunayang gumawa ng tatlo o higit na beses ng pagkakasalang inilarawan sa subdibisyong ito sa dalawang-taong panahon kaagad bago ang petsa ng paggawa ng paglabag na ikakaso, ang mga naunang napatunayang pagkakasala ay dapat ding isama sa nag-aakusang pahayag, kung ipinasiyang totoo ng lupon ng mga tagahatol sa isang paglililits ng lupon ng mga tagahatol o ng hukuman sa isang paglilitis ng hukuman o kung inamin ng tao, ang mga tadhana ng mga Seksiyon 1000.1 at 1000.2 ng Kodigo sa Parusa ay dapat na angkop sa kanya, at ang hukuman ay dapat maglihis at magrekomenda sa kanya para sa edukasyon, paggamot, o rehabilitasyon, nang walang pagdinig ng hukuman o pagpapasiya o ang pagsang-ayon ng abugado ng distrito, sa isang angkop na programang pangkomunidad na tatanggap sa kanya. Kung ang tao ay inilihis at inirekomenda siya hindi dapat na sumailalim sa multa na tinukoy sa subdibisyong ito. Kung walang programang pangkomunidad na tatanggap sa kanya, ang tao ay dapat isailalim sa multa na tinukoy sa subdibisyong ito. Sa anumang kaso na ang tao ay inaresto para sa isang paglabag sa subdibisyong ito at hindi humingi na dalhin sa harap ng isang mahistrado, ang naturang tao ay dapat palabasin sa umarestong opisyal pagkatapos iharap ang kasiya-siyang ebidensiya ng pagkakakilanlan at pagbibigay ng kanyang nakasulat na pangako na haharap sa hukuman, gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 853.6 ng Kodigo sa Parusa, at hindi dapat sumailalim sa pagkulong.~~

(c) Maliban kung inaawtorisa ng batas, ang bawat tao na nagtataglay ng higit sa 28.5 na gramo ng marihuwana, na iba sa konsentradong kanabis, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa kulungan ng county para sa isang panahon na hindi hihigit sa anim na buwan o ng multa na hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o ng pareho ng naturang multa at pagkabilanggo.

(d) Maliban kung inaawtorisa ng batas, ang bawat tao na 18 taong gulang o mas matanda na nagdala ng higit sa 28.5 gramo ng marihuwana, na iba sa konsentradong kanabis, sa mga lupa, o sa loob ng, anumang paaralan na nagkakaloob ng pagtuturo sa kindergarten o anumang mga grado 1 hanggang 12 sa mga oras na bukas ang paaralan sa mga klase o mga programang may kaugnayan sa paaralan ay nagkasala ng misdemeanor at dapat parusahan ng isang multa na hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o ng pagkabilanggo sa kulungan ng county ng higit sa 10 araw, o pareho.

(e) Maliban kung inaawtorisa ng batas, ang bawat tao na wala pang 18 taong gulang na nagdala ng higit sa 28.5 gramo ng marihuwana, na iba sa konsentradong kanabis, sa mga lupa, o sa loob ng, anumang paaralan na nagkakaloob ng pagtuturo sa kindergarten o anumang mga grado 1 hanggang 12 sa mga oras na bukas ang paaralan sa mga klase o mga programang may kaugnayan sa paaralan ay nagkasala ng misdemeanor at dapat sumailalim sa mga sumusunod na disposisyon:

(1) Isang multa na hindi hihigit sa dalawang daan limampung dolyar ($250), pagkatapos ipasiya na ang isang unang pagkakasala ay ginawa~~.~~, *at inatasan ng pagkumpleto ng nakabase sa agham na programang edukasyon sa droga na sinertipikahan ng tagapangasiwa sa programang alkohol at droga ng estado*.

(2) Isang multa na hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o pagkakulong sa isang lugar, rantso, kampo, kampo sa gubat, o protektadong tahanan ng kabataan para sa isang panahon na hindi hihigit sa 10 araw, o pareho, pagkatapos ipasiya na ang isang ikalawang o kasunod na pagkakasala ay ginawa.

*(f) Ang mga multang siningil alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ideposito sa ipinagkakatiwalang pondo ng county na itinalaga para sa mga programa sa kabataan na itinatag alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 11999.6.2.*

SEK. 32. Pagbabantay ng mga Programa ng Hukuman sa Droga para sa mga May Sapat na Gulang na Nakagawa ng Felony sa Daan III na Paglihis.

SEK. 32.1. Seksiyon 11970.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11970.1. (a) Ang artikulong ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas ng 1999 sa Komprehensibong Pagpapatupad ng Hukuman ng Droga.

*(b) Hangad ng mga tao na ang lahat ng may sapat na gulang na nakagawa ng felony na kuwalipikado sa Daan III na paglihis na paggamot na programa pagkaraan ng Hulyo 1, 2009, ay dapat ienrol sa mga programang iyon, at ang lahat ng hukuman sa droga na nagtatrabaho sa mga nasasakdal na kuwalipikado sa Daan III ay dapat na kinokontrol at pinamamahalaan ng Daan III na batas, Seksiyon 1210.2 ng Kodigo sa Parusa, at mga Seksiyon 11999.5 hanggang 11999.13, inklusibo, ng kodigong ito. Hangga't magagawa, ang mga nasasakdal na lumalahok sa mga hukuman sa droga bago ang Hulyo 1, 2009, at karapat-dapat para sa Daan III, ay dapat ilipat sa mga programang Daan III.*

~~(b)~~ *(c)* Ang artikulong ito ay dapat pangasiwaan ng Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado, *na ang lahat ng regulasyong kaugnay ng mga programa para sa may sapat na gulang na nakagawa ng felony ay nakaenrol sa Daan III na paglihis na paggamot na programa na napapailalim sa pagrepaso at pag-aproba ng Komisyon sa Pagbabantay, gaya ng inilarawan sa Seksiyon 11999.5.2.*

~~(c)~~ *(d)* Ang kagawaran at ng Konsehong Panghukuman ay dapat magdisenyo at magpatupad ng artikulong ito sa pamamagitan ng Tapagpaganap na Namamatnugot na Komite sa Pakikipagtulungan ng Hukuman sa Droga na itinatag sa ilalim ng Batas ng 1998 sa Pakikipagtulungan ng Hukuman sa Droga alinsunod sa Seksiyon 11970, para sa layunin ng pagpopondo ng mabisang paggasta na lokal na mga sistema ng hukuman sa droga para sa mga may sapat na gulang, kabataan, at mga magulang ng mga bata na ikinulong ng, o mga nakadepende sa, hukumang pangkabataan.

SEK. 33. Pagtimbang ng mga Programa ng Hukuman sa Droga para sa mga May Sapat na Gulang na Nakagawa ng Felony.

SEK. 33.1. Seksiyon 11970.2.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*11970.2.1. Sa kabilang ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 11970.2, ang pagtimbang ng lahat ng mga programa para sa mga may sapat na gulang na nagkasala ng felony na ipinagkakaloob alinsunod sa mga Seksiyon 11970.1 hanggang 11970.35, inklusibo, ay dapat isama sa programa, pagtimbang na iniaatas alinsunod sa Seksiyon 11999.10. Ang Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado ay hindi dapat maglathala ng mga karagdagang ulat tungkol sa mga may sapat na gulang na nakagawa ng felony na ginagamit ang anumang disenyo na itinatag bago ang Oktubre 31, 2007; gayunman, lahat ng datos at impormasyon na natipon ng kagawaran na may kaugnayan sa mga programang hukuman sa droga para sa mga may sapat na gulang na nakagawa ng feony ay dapat na pampublikong impormasyon, napapailalim lamang sa redaksiyon gaya ng iniaatas ng pederal na batas ng Saligang-batas ng California. Ang kagawaran, sa pakikipatulungan sa Konsehong Panghukuman, ay maaaring lumikha ng disenyo ng pagtimbang para sa Batas ng 1999 sa Komprehensibong Pagpapatupad ng Hukuman sa Droga upang hiwalay na magtasa ng pagiging mabisa ng mga programa para sa mga tao na hindi mga may sapat na gulang na nakagawa ng felony.*

SEK. 34. Pagpopondo sa mga Programa ng Hukuman sa Droga para sa mga May Sapat na Gulang na Nakagawa ng Felony sa Pamamagitan ng Daan III.

SEK. 34.1. Seksiyon 11970.3 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinusususgan upang mabasang:

11970.3. (a) Hangarin ng ~~Lehislatura~~ *mga tao* na ang *lahat ng programa para sa mga may sapat na gulang na nakagawa ng felony na kuwalipikado sa Daan III na paglihis na paggamot, kabilang ang mga programa na gumaganap bago ang pagpapatibay ng Seksiyon 1210.2 ng Kodigo sa Parusa, ay dapat, simula sa Hulyo 1, 2009,* ~~na kabanatang ito na~~ pondohan *pangunahin sa pamamagitan ng taunang paglalaan para sa Daan III na paglihis na mga programa na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 11999.6, kasama ng lahat ng ibang mga programa para sa mga taong hindi kuwalipikado para sa Daan III na paglihis na paggamot na popondohan sa pamamagitan* ~~ng paglalaan~~ *mga paglalaan* sa taunang Batas sa Badyet.

(b) Hanggang 5 porsiyento ng halagang inilaan ng taunang Batas sa Badyet *para sa mga programang inawtorisa ng seksiyong ito, at hindi naglilingkod sa mga may sapat na gulang na nakagawa ng felony na kuwalipikado sa Daan III na paglihis na mga programa,* ay makukuha ng kagawaran at ng Konsehong Panghukuman upang pangasiwaan ang programa, kabilang ang teknikal na tulong sa mga county at pagbuo ng isang bahagi ng pagtimbang.

SEK. 35. Pagpapawalang-saysay ng Programang Paggamot sa Nagkasala ng Pang-aabuso ng Substansiya.

SEK. 35.1. Seksiyon 11999.30 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinusususgan upang mabasang:

11999.30. ~~(a)~~ *Ang mga to ay nagpasiya na pag-uulit at hindi kailangan na panatilihin ang nakahiwalay na daloy ng pagpopondo para sa kaparehong grupo ng mga nagkasala kaugnay ng droga na karapat-dapat sa paggamot. Ang seksiyong ito sa pamamagitan nito ay pinawawalang-saysay, simula sa Hulyo 1, 2009. Anumang pondong ibinahagi o inilaan alinsunod sa seksiyong ito ay maaaring ibahagi at gamitin gaya ng ipinagkakaloob ng mga tadhana nito; gayunman, anumang mga naturang pondo na hinahawakan ng estado o isang county pagkaraan ng Enero 1, 2010, ay dapat ilipat sa pondo ng county para sa mga programa sa kabataan na itinatag alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 11999.6.2.* ~~Ang dibisyong ito ay dapat makilalang Programa sa Paggamot sa Nagkasala ng Pang-aabuso ng Substansiya. Ang mga pondong ipinamamahagi sa ilalim ng dibisyong ito ay dapat gamitin upang maglingkod sa mga nagkasala na kuwalipikado sa mga serbisyo sa ilalim ng Batas ng 2000 sa Pagpigil ng Pang-aabuso ng Substansiya at Krimen, kabilang ang anumang susog dito. Ang pagpapatupad ng dibisyong ito ay napapailalim sa paglalaan sa taunang Batas sa Badyet.~~

~~(b) Ang kagawaran ay dapat mamahagi ng mga pondo para sa Programa sa Paggamot sa Nagkasala ng Pang-aabuso ng Substansiya sa mga county na nagpapakita ng pagiging karapat-dapat sa programa, kabilang ang isang pagtatalaga ng mga pangkalatahang pondo ng county o mga pondo mula sa isang pinagkukunan na iba sa estado, na nagpapakita ng pagiging karapat-dapat sa programa. Ang kagawaran ay dapat magtatag ng isang paraan para sa paglalaan ng mga pondo sa ilalim ng programa na batay sa mga sumusunod na bagay:~~

~~(1) Ang persentahe ng mga nagkasala na inutusan sa paggamot na may kinalaman sa droga na talagang nagsimula ng paggamot.~~

~~(2) Ang persentahe ng mga nagkasala na inutusan sa paggamot na nakakumpleto ng itinagubiling kurso ng paggamot.~~

~~(3) Anumang ibang impormasyon na ipinasiya ng kagawaran.~~

~~(c) Ang pamamahagi ng mga pondo para sa programang ito sa bawat karapat-dapat na county ay dapat na nasa proporsiyon na siyam na dolyar ($9) para sa bawat isang dolyar ($1) ng mga mga panumbas na pondo ng karapat-dapat na county.~~

~~(d) Ang pagiging karapat-dapat ng county para sa mga pondo sa ilalim ng dibisyong ito ay dapat ipasiya ng kagawaran alinsunod sa tinukoy na pamantayan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod:~~

~~(1) Ang pagtatatag at pagpapanatili ng mga dedikadong kalendaryo ng hukuman na may regular na nakatakdang pagrepaso ng progreso ng paggamot para sa mga taong inutusan sa paggamot na may kinalaman sa droga.~~

~~(2) Ang pagkakaroon o pagtatatag ng isang hukuman sa droga, o katulad na pagharap, at kahandaan na tanggapin ang mga nasasakdal na malamang na ikulong sa bilangguan ng estado.~~

~~(3) Ang pagtatatag at pagpapanatili ng mga protokol sa paggamit ng pagsusuri sa droga upang subaybayan ang progreso sa paggamot ng nagkasala.~~

~~(4) Ang pagtatatag at pagpapanatili ng mga protokol sa paggamit ng pagtasa ng mga pangangailangan sa paggamot ng nagkasala at paglalagay sa mga nagkasala sa angkop na antas ng paggamot.~~

~~(5) Ang pagtatatag at pagpapanatili ng mga protokol para sa mabisang pangangasiwa ng mga nagkasala na nasa probasyon.~~

~~(6) Ang pagtatatag at pagpapanatili ng mga protokol para sa pagpapahusay ng kabuuang pagigiging mabisa ng mga serbisyo sa mga karapat-dapat na parolado.~~

~~(e) Ang kagawaran, sa pagpapasiya nito, ay maaaring maglimita sa mga gastos sa pangangasiwa sa pagpapasiya ng halaga ng panumbas ng karapat-dapat na county, at maaaring maglimita sa paggasta ng mga pondong ipinagkakaloob sa ilalim ng dibisyong ito para sa mga gastos sa pangangasiwa. Ang kagawaran ay maaari ring mag-atas ng limitasyon sa paggasta ng mga pondo na itinatadhana sa ilalim ng dibisyong ito para sa mga serbisyo na iba sa mga tuwirang gastos sa paggamot, bilang isang kondisyon ng pagtanggap ng mga pondo sa programa.~~

~~(f) Upang tumanggap ng mga pondo sa ilalim ng dibisyong ito, ang isang county ay dapat magsumite ng aplikasyon sa kagawaran na nagdodokumento ng lahat ng mga sumusunod:~~

~~(1) Ang pagtatalaga ng county sa mga pondo, gaya ng iniaatas sa subdibisyon (b).~~

~~(2) Ang pagiging karapat-dapat na county, gaya ng ipinasiya ng pamantayang nakalagay sa subdibisyon (d).~~

~~(3) Ang plano ng county at paninindigan na gamitin ang mga pondo para sa mga layunin ng programa, na maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod:~~

~~(A) Pagpapahusay ng mga serbisyong paggamot para sa mga nagkasala na tinasa sa kanila, kabilang ang paggamot sa bahay at panlunas na pagpapalit sa narkotiko.~~

~~(B) Pagtataas ng proporsiyon ng mga sinentensiyahang nagkasala na pumapasok, nananatili, at kumukumpleto ng paggamot, sa pamamagitan ng mga aktibidad at pagharap ng tulad ng pagsasama ng lugar ng mga serbisyo, pinahusay na pangangasiwa ng mga nagkasala, at mga pinahusay na serbisyo na ipinasiyang kailangan sa pamamagitan ng paggamit ng mga resulta ng pagsusuri sa droga.~~

~~(C) Pagbawas ng mga pagkaantala sa kahandaan ng mga angkop na serbisyong paggamot.~~

~~(D) Paggamit ng hukuman sa droga o mga katulad na modelo, kabilang ang mga dedikadong kalendaryo ng hukuman na may regular na nakatakdang pagrepaso ng progreso ng paggamot, at malakas na pagtutulungan ng mga hukuman, probasyon, at paggamot.~~

~~(E) Pagbuo ng mga serbisyong paggamot na kailangan pero hindi makukuha.~~

~~(F) Ibang mga aktibidad, pagharap, at serbisyo na inaprobahan ng kagawaran, pagkatapos sumangguni sa mga may nakataya.~~

~~(g) Ang kagawaran ay dapat magsuri ng mga paggasta ng county ng mga pondong ipinamamahagi alinsunod sa dibisyong ito. Ang mga paggasta na hindi ginawa alinsunod sa dibisyong ito ay dapat bayaran sa estado.~~

~~(h) Ang kagawaran ay dapat sumangguni sa mga may nakataya at mag-ulat sa mga taunang pagdinig sa badyet tungkol sa mga karagdagang rekomendasyon para sa pagpapabuti ng mga programa at serbisyo, paglalaan at mga mekanismo ng pagpopondo, kabilang ang, pero hindi limitado sa, paligsahang pagharap, mga paglalaang batay sa pagganap, at mga pinagkukunan ng mga datos para sa pagsukat.~~

~~(i) (1)Para sa taon ng pananalapi na 2006-07 at 2007-08, ang kagawaran ay maaaring magpatupad ng dibisyong ito sa pamamagitan ng mga liham ng lahat ng county o ibang mga katulad na tagubilin, at hindi kailangang sumusunod sa mga iniaatas na paggawa ng tuntunin ng Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan. Nagsisimula sa taon ng pananalapi 2008-09, maaaring ipatupad ng kagawaran ang seksiyong ito sa pamamagitan ng mga emerhensiyang regulasyon, pinagtibay alinsunod sa talataan (2).~~

~~(2) Ang mga regulasyon na pinagtibay ng kagawaran alinsunod sa dibisyong ito ay dapat pagtibayin bilang mga emerhensiyang regulasyon alinsunod sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, at para sa mga layunin ng kabanatang ito, kabilang ang Seksiyon 11349.6 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang pagpapatibay ng mga regulasyong ito ay isang emerhensiya at dapat ituring ng Opisina ng Batas na Pampangasiwaan na kailangan para sa kaagad na pangangalaga ng pampublikong kapayapaan, kalusugan at kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan. Nagsisimula sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, kabilang ang subdibisyon (e) ng Seksiyon 11346.1 ng Kodigo ng Pamahalaan, anumang emerhensiyang regulasyon na pinagtibay alinsunod sa dibisyong ito ay dapat iharap sa, pero hindi dapat pawalang-saysay, ng Opisina ng Batas na Pampangasiwaan at dapat manatiling may epekto hanggang baguhin ng kagawaran. Wala sa talataang ito na dapat ipakahulugan na nagbabawal sa kagawaran na pagtibayin ang mga susunod na susog sa isang hindi emerhensiya o sa emerhensiyang mga regulasyon alinsunod sa mga pamantayang nakalagay sa Seksiyon 11346.1 ng Kodigo ng Pamahalaan.~~

SEK. 36. Seksiyon 11999.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.5. Paglalaan ng Pagpopondo.

~~Sa pagpasa ng batas na ito, $60,000,000 ay dapat na patuloy na ilaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya para sa taon ng pananalapi na 2000-01. Sa pamamagitan nito ay patuloy na inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ang isang karagdagang $120,000,000 para sa taon ng pananalapi na 2001-02, at isang karagdagang halaga na $120,000,000 para sa bawat kasunod na taon ng pananalapi na matatapos sa taon ng pananalapi na 2005-06. Ang mga pondong ito ay dapat ilipat sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya sa Hulyo 1 ng bawat isa ng mga tinukoy na taon ng pananalapi. Mga Pondo~~

*(a) Sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ang halagang isang daan limampung milyong dolyar ($150,000,000), para sa panahon na mula sa Enero 1, 2009, hanggang Hunyo 30, 2009, at sa halagang apat na raan animnapung milyong dolyar ($460,000,000), taun-taon para sa bawat taon ng pananalapi pagkaraan, nagsisimula sa taon ng pananalapi na 2009-10, na may taunang pag-aakma para sa implasyon ng presyo, at mga pag-aakma minsan sa bawat limang taon para sa mga pagbabago sa populasyon ng estado, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (c).*

*(b) Ang Kagawaran ng Pananalapi ay dapat taun-taon, sa buwan ng Mayo, kalkulahin at ipahayag sa publiko ang inaakmang antas ng pagpopondo para sa bawat darating na taon ng pananalapi. Ang Kontroler ay dapat maglipat ng mga pondo sa halagang kinalkula ng Kagawaran ng Pananalapi mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya sa unang araw ng bawat taon ng pananalapi.*

*(c) Ang Kagawaran ng Pananalapi ay dapat kumalkula ng mga taunang antas ng pagpopondo sa pamamagitan ng paggawa ng taunang pag-aakma sa batayang pigura na inalaan para sa taon ng pananalapi na 2009-10 upang maipakita ang implasyon ng presyo, sa taong 2009 na gagamitin bilang batayang taon, at sa paggawa ng pag-aakma, minsan sa limang taon, upang maipakita ang mga pagbabago sa populasyon ng estado sa naunang limang taon, na ang ang unang naturang pag-aakma na gagawin para sa taon ng pananalapi na 2016-17.*

*Ang pag-aakma para sa implasyon ng presyo ay dapat gawin sa Pahiwatig ng Tagababa ng Presyo para sa mga pagbili ng estado at lokal na pamahalaan, gaya ng inilathala ng Kagawaran ng Komersiyo ng Estados Unidos, Kawanihan ng Pagsusuri ng Ekonomiya, o isang maihahambing na kasangkapan na inilathala ng isang katulad o kapalit na ahensiya kung ang pinagkunang iyon ng mga datos ay makukuha bago ang simula ng taon ng pananalapi. Ang mga pag-aakma para sa mga pagbabago sa populasyon ng estado ay dapat gumamit ng mga datos na inilathala ng Kawanihan ng Sensus ng Estados Unidos.*

*(d) Ang mga pondong* inilipat sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ay hindi napapailalim sa taunang paglalaan ng Lehislatura at maaaring gamitin nang walang limitasyon sa oras. Wala sa seksiyong ito na humahadlang sa mga karagdagang paglalaan ng Lehislatura sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya.

SEK. 37. Seksiyon 11999.5.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*11999.5.1. Pangangasiwa ng estado at lokal na ahensiya.*

*"Kagawaran" ay tumutukoy sa Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado kapag ginagamit sa konteksto ng Daan I, Daan II, Daan III, at mga programa ng kabataan, maliban kung iba ang ipinahayag, at itinalagang ang ahensiyang responsable para sa pamamahagi ng lahat ng pera ipinagkakaloob alinsunod sa mga Seksiyon 11999.4 hanggang 11999.14, inklusibo. Ang bawat county ay dapat maghirang isang lokal na namumunong ahensiya ang tagapangsiwa ng mga programa sa alkohol at droga, maliban kung ang Komisyon sa Pagbabantay ay nag-proba sa kahilingan ng county na maghirang ng ibang lokal na ahensiya.*

SEK. 38. Seksiyon 11999.5.2 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*11999.5.2. Komisyon sa Pagbabantay.*

*(a) Sa pamamagitan nito ay nililikha ang paglihis na paggamot Komisyon sa Pagbabantay ng Pananagutan (Komisyon sa Pagbabantay), na dapat magrepaso, mamatnugot, at mag-aproba ng pagpatupad, ng Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado,, ng mga programa at patakaran na itinatadhana sa Daan I, Daan II, Daan III, at mga programa sa kabataan. Ang mga regulasyon na angkop sa pangkalahatan na pinalalaganap ng kagawaran na nauukol sa mga programang iniaatas sa ilalim ng mga Seksiyon 1210.01 hanggang 1210.05, inklusibo, at mga Seksiyon 1210.1 at 1210.2 ng Kodigo sa Parusa, at pinopondohan alinsunod sa mga Seksiyon 11999.4 hanggang 11999.14, inklusibo, ng kodigong ito, ay hindi dapat magkabisa nang walang pag-aproba ng Komisyon sa Pagbabantay. Ang komisyon ay dapat magkaroon ng mga kapangyarihan at responsibilidad na tinukoy sa subdibisyon (b) para sa mga bagay na ukol sa regulasyon at pananalapi. Ang mga regulasyon na napapailalim sa pag-aproba ng lupon ay hindi dapat na napapailalim sa Batas sa mga Pamamaraang Pampangasiwaan o upang repasuhin at aprobahan ng Opisina ng Batas na Pampangasiwaan.*

*(b) Dapat gawin ng Komisyon sa Pagbabantay ang mga sumusunod:*

*(1) Repasuhin at aproahan ng boto ng mayoriya ang:*

*(A) Lahat ng regulasyon tungkol sa mga isyu sa pagpapatupad sa antas ng county na may kaugnayan sa mga programang iniaatas sa ilalim ng batas na ito, at ang paggamit ng mga pondong ipinagkakaloob para sa Daan I, Daan II, Daan III, at mga programa sa kabataan;*

*(B) Isang pormula ng pamamahagi para sa pagpopondong ipinagkakaloob alinsunod sa Seksiyon 11999.6. Ang komisyon ay maaaring mag-aproba ng isang pormula para sa pamamahagi ng pagpopondo para sa mga programa sa kabataan na malaki ang pagkakaiba mula sa pormula para sa pagpopondo para sa mga may sapat na gulang;*

*(C) Anumang regulasyon na naglalagay ng mga kondisyon na hanggang 10 porsiyento ng paglalaan ng county, gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 11999.6;*

*(D) Mga regulasyon na nauukol sa paggamit ng mga county sa pagpopondong ipinagkakaloob sa ilalim ng batas na ito upang magkaloob ng mga sumusuportang serbisyo na iba sa mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga, gaya ng inilirawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 11999.6;*

*(E) Mga regulasyon na nauukol sa paggamit ng mga pondo para sa mga programa ng kabataan, kabilang ang pagtatatag ng mga patnubay ng Komisyon sa Pagbabantay upang linawin ang mga inaasintang populasyon ng mga kabataan na wala pang 18 taong gulang na hindi marahas at nanganganib na gumawa ng mga pagkakasalang kaugnay ng droga sa hinaharap;*

*(F) Ang kahilingan ng alinmang county na maghirang, bilang namumunong ahensiya na responsable sa pamamahagi ng mga perang ipinagkakalob sa batas na ito, isang ahensiya na iba sa tagapangasiwa ng mga programa sa alkohol at droga ng county;*

*(G) Anumang mungkahi na mag-utos sa mga mananaliksik na pag-aralan ang anumang isyu na higit sa saklaw ng mga pag-aaral na inaprobahan na;*

*(H) Ang taunang halagang iminungkahi ng kagawaran na itabi para sa mga programang pagsasanay sa pagkasugapa, mga pagsasanay sa pagpapatupad, at mga komperensiya;*

*(I) Ang taunang halagang iminumungkahi ng kagawaran na itabi para gamitin para sa tuwirang mga kontrata sa mga tagapagkaloob ng serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga sa mga county kung saan ang pangangailangan ng mga serbisyong paggamot sa droga, kabilang ang paggamot na opioid agonist, ay hindi sapat na natutugunan ng mga kasalukuyang programa;*

*(J) Ang taunang halagang iminumungkahi ng kagawaran na itabi para sa mga pag-aaral ng mga pampublikong unibersidad gaya ng itinatadhana ng Seksiyon 11999.10;*

*(K) Mga regulasyon na nauukol sa mga pagtasang pangklinika, kabilang ang mga patnubay at mga iniaatas sa mga taong gumawa ng mga pagtasa at ang pagpili ng ayon sa pamantayan na kasangkapan o mga kasangkapan ng pagtasa;*

*(L) Lahat ng iniaatas para sa mga plano ng county, kabilang ang dalas na ang mga naturang plano ay dapat isumite, at anumang mga limitasyon sa mga halaga ng pera na makukuha para gamitin para sa mga insentibo at gantimpala, mga limitasyon sa taunan maililipat na pondo o reserba, mga iniaatas upang harapin ang pagkakaloob ng mga serbisyong angkop sa kultura at wika na makukuha ng mga may-kaugnayan komunidad, ang pamamahagi ng mga materyal sa kamalayan sa sobrang dosis at pagpigil at mga istratehiya sa mga kulungan ng county, at sa pagkakaloob ng pagsasanay sa pagbawas ng pinsala na mga gawain at pagpatupad ng panlunas at serbisyong pagbawas ng pinsala;*

*(M) Lahat ng mga plano ng county, pagkatapos ng pagrepaso ng mga kagawaran;*

*(N) Anumang petisyon ng isang county na may populasyon na hindi kukulangin sa 100,000 na maging libre sa mga regulasyon tungkol sa mga gastos sa paggamot at hindi paggamot. Anumang naturang pag-aproba ay dapat na balido sa apat na taon;*

*(O) Anumang pangwastong aksiyon na iminungkahi sa halip ng muling pagbabayad ng isang county na ipinasiyang hindi ginasta ang mga pondo alinsunod sa mga iniaatas ng batas na ito;*

*(P) Ang dami ng mga datos na titipunin sa bawat pormularyo ng taunang ulat ng county;*

*(Q) Ang dami ng mga datos na iaatas tipunin ng hukuman tungkol sa kabiguan ng nasasakdal na simulan ang paggamot sa loob ng 30 araw, gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (j) ng Seksiyon 1210.03, talataan (1) ng subdibisyon (h) ng Seksiyon 1210.1, at subdibisyon (f) ng Seksiyon 1210.2 ng Kodigo sa Parusa;*

*(R) Ang mga isyu at dami ng mga datos na haharapin sa isang taunang ulat ng kagawaran tungkol sa mga programang isinasagawa alinsunod sa batas na ito; at*

*(S) Lahat ng planong pananaliksik para sa panlabas na pagtimbang alinsunod sa Seksiyon 11999.10.*

*(2) Atasan ang kagawaran na magkaloob ng mga datos na may kaugnayan sa Daan I, Daan II, Daan III, at mga programa sa kabataan;*

*(3) Atasan ang mga county na magkaloob ng mga datos na may kaugnayan sa Daan I, Daan II, Daan III, at mga programa sa kabataan;*

*(4) Bumuo ng mga mekanismo sa pagbabantay at pagpapatupad upang matiyak ang pagkakaloob ng paggamot na opioid agonist na kaayon ng batas na ito;*

*(5) Bumuo at mag-aproba, sa pagsangguni sa Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado, ng programa at adyenda, listahan ng imbitasyon, at badyet para sa taunang pambuong-estadong komperensiya sa paglihis na paggamot na may kaugnayan sa droga alinsunod sa batas na ito; at*

*(6) Magsagawa ng mga pampublikong pulong at imbitahan at isaalang-alang ang komento ng publiko, sa kondisyon, gayunman, ang ang Komisyon sa Pagbabantay ay hindi kailangang sumagot sa lahat ng komento bago magbigay ng pag-aproba sa mga regulasyon o paggawa ng anumang ibang mga aksiyon.*

*(c) Ang Komisyon sa Pagbabantay ay dapat mabuto nang hindi lalampas sa Hulyo 1, 2009. Ito ay binubuo rin ng mga sumusunod na 23 bumobotong miyembro: limang tagapagkaloob ng paggamot, kabilang ang tatlong hihirangin ng Ispiker ng Asembleya, na kahit isa ay dapat na isang doktor na espesyalista sa pagkasugapa, at kahit isa ay dapat na tagapagkaloob na espesyalista sa paggamot ng kabataan na wala pang 18 tagong gulang, at may dalawang naturang paghirang na ginawa ng Presidente ng Senado, na ang isang tao ay dapat na miyembro ng isang pambuong-estadong kapisanan ng mga tagapagkaloob ng paggamot; dalawang tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng isip na nagtatrabaho sa mga programang nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga tao na may dobleng pagsusuri ng sakit sa isip at pang-aabuso ng substansiya, na ang isa tao ay dapat isang miyembro ng pambuong-estadong kapisanan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng isip, na ang parehong paghirang ay dapat gawin ng Gobernador; dalawang tagapangasiwa ng programa sa alkohol at droga ng county, na ang parehong paghirang ay dapat gawin ng Presidente ng Senador; dalawang tagapayo sa programang paggamot na may kinalaman sa droga, kabilang ang isa na miyembro ng isang pambuong-estadong kapisanan ng mga tagapayo, na ang parehong paghirang ay dapat gawin ng Gobernador; dalawang tagapagpaganap o opisyal ng kagawaran ng probasyon, na ang parehong paghirang ay dapat gawin ng Gobernador; isang taong dating kalahok sa programang paggamot na itinatag alinsunod sa Batas ng 2000 sa Pagpigil ng Pang-aabuso ng Substansiya at Krimen, o Daan I o Daan II ng batas na ito, hinirang ng Gobernador; dalawang abugado ng depensang pangkrimen, kabilang ang isang pampublikong manananggol at isang abugadong nasa pribadong depensa, na ang parehong paghirang ay ginawa ng Ispiker ng Asembleya; dalawang mananaliksik ng patakaran mula sa pampubliko o pribadong unibersidad sa California, na ang parehong paghirang ay ginawa ng Presidente ng Senado; dalawang miyembro ng mga organisasyon na aktibo sa mga karapatang sibil, mga batas sa droga at/o mga patakaran sa droga, na hihirangin ng Presidente ng Senado; tatlong propesyonal a pagpapatupad ng batas at/o miyembro ng hukuman, na dapat na nasa aktibong serbisyo o retirado mula sa aktibong serbisyo, na hihirangin ng Gobernador at kukumpirmahin ng Senado.*

*(d) Sa Hulyo 1, 2011, ang mga taning ng mga sumusunod na miyembro ay dapat matapos: ang dalawang kinatawan ng tagapagkaloob ng paggamot na hinirang ng Ispiker, isang kinatawan ng tagapagkaloob ng paggamot na hinirang ng Presidente ng Senado, isang mananaliksik sa pampublikong patakaran, isang abugado ng depensang pangkrimen, isang kinatawan ng pagpapatupad ng batas o ng hukuman, isang tagapangasiwa ng programa sa alkohol at droga ng county, isang tagapayo sa programang paggamot na may kinalaman sa droga, isang tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng isip, isang taong kumakatawan sa mga organisasyon na aktibo sa mga karapatang sibil, mga batas sa droga at/mga patakaran sa droga, isang kinatawan ng kagawaran ng probasyon, mga tagapagpaganap o opisyal, at ang dating kalahok sa programang paggamot. Sa Hulyo 1, 2012, ang mga taning ng mga sumusunod na miyembro ay dapat matapos: isang kinatawan ng tagapagkaloob ng paggamot na hinirang ng Ispiker, isang kinatawan ng tagapagkaloob ng paggamot na hinirang ng Presidente ng Senado, isang tagapayo sa programang paggamot na may kinalaman sa droga, isang tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng isip, isang tagapangasiwa ng programa sa alkohol at droga ng county, isang kinatawan ng kagawaran ng probasyon, mga tagapagpatupad o opisyal, isang abugado sa depensang pangkrimen, isang taong kumakatawan sa mga organisasyon na aktibo sa mga karapatang sibil, mga batas sa droga at/mga patakaran sa droga, isang mananaliksik sa pampublikong patakaran, at dalawang kinatawan ng pagpapatupad ng batas o ng hukuman. Para sa mga paghirang na gagawin sa unang komisyon na bubuuin nang lalampas ang Hulyo 1, 2009, ang Ispiker, ang Presidente ng Senado, at ng Gobernador ay dapat magpabatid sa mga tinukoy na petsa ang bawat taning ng bawat indibidwal na kinatawan na hinirang nila ay dapat magtapos kapag wala nang isang posibleng petsa ng pagtatapos para sa kategoryang iyon ng paghirang. Ang mga kapalit na miyembro ay dapat hirangin sa paraang katulad, at humawak ng katungkulan para sa mga taning na apat na taon, ang bawat taning ay magsisimula sa petsa ng pagtatapos ng pinalitan. Anumang paghirang sa isang bakante na nangyari sa anumang dahilan na iba sa pagtatatapos ng taning ay dapat na para sa natitira ng hindi pa natatapos ng taning. Ang mga miyembro ay karapat-dapat para sa muling paghirang.*

*(e) Ang mga miyembro ng Komisyon sa Pagbabantay na iba sa mga empleyado ng pamahalaan ay dapat tumanggap ng kada araw na panggastos na ipapasiya ng Direktor ng Kagawaran, pero hindi kukulangin sa karaniwang kada araw na panggastos na ipinahihintulot sa mga empleyado ng kagawaran sa paglalakbay palabas na estado. Lahat ng miyembro ay dapat bayaran ng kagawaran para sa lahat ng kailangang gugulin sa paglalakbay na talagang nagamit sa pagdalo sa mga pulong ng lupon at sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Lahat ng gastos ay dapat bayaran ng kagawaran, at ang kagawaran ay dapat ding magkaloob ng mga tauhan para sa lupon na sapat upang suportahan at padaliin ang mga pagpapatakbo nito. Para sa mga layunin ng pagbabayad, ang pagdalo sa mga pulong ng komisyon ng isang empleyado ng estado o lokal na pamahalaan ay dapat ituring ng pagganap ng kanyang tungkulin sa estado at lokal na pamahalaan.*

SEK. 39. Seksiyon 11999.6 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.6. *(a)* Ang mga perang idineposito sa Ipinagkakatiwalang Pondo sa Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ay dapat ipamahagi taun-taon ng Kalihim ng Ahensiya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao sa pamamagitan ng Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado sa mga county na sakop ng mga *gastos ng mga programa sa kabataan at* inilalagay ang mga tao sa at nagkakaloob ng mga programang paggamot na may kinalaman sa droga sa ilalim ng *Daan I, Daan II, at Daan III gaya ng itinatadhana* sa batas na ito, at bokasyonal na pagsasanay, pagpapayo sa pamilya, *mga serbisyong kalusugan ng isip, panlunas at mga serbisyo sa pagbawas ng pinsala at pagsasanay sa* karunungang bumasa't sumulat, *at, kung saan ipinahihintulot ng mga regulasyon na inaprobahan ng Komisyon sa Pagbabantay, para sa tulong sa pabahay, pag-aalaga ng bata, at transportasyon sa at mula sa pagtasang pangklinika, mga pagharap sa hukuman, paggamot na may kinalaman sa droga, mga serbisyo sa kalusugan ng sip, at ibang ipinag-uutos ng hukuman na mga serbisyo at pantulong na serbisyo tulad ng bokasyonal na pagsasanay, pagpapayo sa pamilya, panlunas at serbisyo sa pagbawas ng pinsala, at pagsasanay sa karunungang bumasa't sumulat na nagagamit alinsunod* ~~sa ilalim n~~g sa batas na ito. Ang mga karagdagang gastos na maaaring ibalik mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ay kabilang ang mga gastos ng kagawaran ng probasyon, mga gastos sa pagsubaybay ng hukuman, at anumang sari-saring gastos na ginawang kailangan ng mga tadhana ng batas na ito, ~~na iba sa~~ , *maliban* sa mga serbisyo sa pagsusuri *sa droga sa mga programa sa kabataan o para sa mga nasasakdal na kalahok sa Daan I o Daan II. Ang kagawaran ay maaaring gumamit ng mga pondong inilaan ng batas na ito upang ihanda at iharap ang taunang kalkulasyon ng pangangailangan para sa pagpopondo para sa mga serbisyong pagsusuri ng droga.* Ang mga gastos sa pagkulong ay hindi maaaring ibalik mula sa pondo. Ang mga perang ito ay dapat ilaan sa mga county sa pamamagian ng isang patas na paraan ng pamamahagi na *pormulang itinatag ng Komisyon sa Pagbabantay*. ~~na kabilang ang, pero hindi limitado sa, kada tao na pag-aresto sa paglabag na pagdadala ng kinokontrol na substansiya at dami ng kaso sa paggamot ng pang-aabuso ng substansiya, gaya ng ipinasiya na kailangan upang isakatuparan ang mga layunin ng batas na ito.~~ Ang kagawaran ay ~~maaari~~ *dapa*t magreserba ng isang bahagi ng pondo upang bayaran ang mga tuwirang kontrata sa mga tagapagkaloob ng serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga sa mga county o lugar kung saan ang direktor ng kagawaran *o ang Komisyon sa Pagbabantay ay nagpasiya na ang pangangailangan para sa mga serbisyong paggamot na may kinalaman sa droga, kabilang ang paggamot na opioid agonist,* ay hindi sapat na natutugunan ng mga kasalukuyang programa. Gayunman, wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na nagpapahintulot sa anumang entidad *na kabilang ang kagawaran o anumang county*, na gamitin ang mga pondo mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya upang palitan ang mga pondo mula sa anumang ~~kasalukuyang~~ *ibang* pinagkukunan o mekanismo ng pondo na ~~kasalukuyang~~ ginagamit upang magkaloob ng paggamot sa pang-aabuso ng substansiya, *maliban sa mga gawad na ibinigay alinsunod sa Batas sa Pakikipagtulungan ng Hukuman sa Droga o Batas sa Komprehensibong Pagpapatupad ng Hukuman sa Droga, na maaaring palitan ng mga pondo ng Daan III. Ang pagpopondong ipinagkakaloob ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ay dapat sumakop sa mga bahagi ng pangangalaga na hindi nababayaran ng ibang mga paraan, tulad ng pampubliko o pribadong seguro, pagpopondo sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip mula sa Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip, programang paggamot mula sa Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, isang indibidwal na kontribusyon ng nasasakdal, o ibang mga pinagkukunan ng pagpopondo na ang nasasakdal ay karapat-dapat.* ~~Bilang karagdagan, ang mga pondo mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ay hindi dapat gamitin upang pondohan sa anumang paraan ang mga hukuman ng paggamot sa droga na itinatag alinsunod sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 11970.1) o Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 11970.4) ng Kabanata 2 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 10.5, kabilang ang paggamot na may kinalaman sa droga o pangangasiwa ng probasyon na kaugnay ng mga gastos sa paggamot na may kinalaman sa droga.~~

*(b) Bago ang pagkalkula ng taunang paglalaan para sa pamamahagi sa mga county, ang kagawaran ay dapat kumuha ng mga pondo, sa mga halagang inaprobahan ng Komisyon sa Pagbabantay, mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya na sapat upang:*

*(1) Magkaloob para sa tuwirang kontrata sa pagitan ng kagawaran at mga tagapagkaloob ng paggamot sa droga sa mga county na ipinasiya, ng direktor o ng Komisyon sa Pagbabantay, na nagkakaloob ng hindi sapat na daan sa mga serbisyong paggamot sa droga, kabilang ang paggamot na opioid agonist at ibang tinutulungan ng gamot na mga paggamot;*

*(2) Magkaloob ng mga programa sa pagsasanay sa pagkasugapa para sa mga taong iniaatasang tumanggap ng naturang pagsasanay sa ilalim ng batas na ito o para sa mga taong inawtorisang tumanggap ng naturang pagsasanay ng Komisyon sa Pagbabantay na kaayon ng batas na ito;*

*(3) Gumawa ng mga programang pagsasanay sa pagpapatupad at/o komperensiya para sa mga lokal na may nakataya; at*

*(4) Magbayad para sa mga pag-aaral ng mga pampublikong unibersidad gaya ng itinatadhana ng Seksiyon 11999.10.*

*(c) Napapailalim sa pagbabago na itinatadhana sa subdibisyon (d), ang mga natitirang pondo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ay dapat ilaan taun-taon gaya ng mga sumusunod, sa mga subkuwenta ng ipinagkakatiwalang pondo:*

*(1) Labinlimang porsiyento para sa mga programa sa kabataan, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (n) ng Seksiyon 1210 ng Kodigo sa Parusa.*

*(2) Labinlimang porsiyento para sa paggamot at mga kaugnay na gastos para sa Daan I na paglihis na mga programa, na ipinagkakaloob alinsunod sa Seksiyon 1210.03 ng Kodigo sa Parusa.*

*(3) Animnapung porsiyento para sa paggamot at mga kaugnay na gastos para sa Daan II na paglihis na mga programa, na ipinagkakaloob alinsunod sa Seksiyon 1210.1 ng Kodigo sa Parusa.*

*(4) Sampung porsiyento para sa paggamot at mga kaugnay na gastos para sa Daan III na paglihis na mga programa, na ipinagkakaloob alinsunod sa Seksiyon 1210.2 ng Kodigo sa Parusa.*

*(d) Sa pagpapatibay ng mga regulasyon na pinalalaganap ng kagawaran at inaprobahan ng Komisyon sa Pagbabantay, pamamahagi na hanggang 10 porsiyento ng paglalaan para sa mga county para sa Daan I, Daan II, at/o Daan III na mga programa ay maaaring batay sa mga partikular na iniaatas na gamitin ang mga pinakamahusay na gawain, lumikha ng mga programang malikhain, at/o itatag ang mga programa sa mga populasyon sa mga kulang ang paglilingkod, at maaaring napapailalim sa isang iniaatas na panumbas ng county. Anumang regulasyon na ibinabatay ang isang bahagi ng mga paglalaan ng county sa paraang ito ay dapat tukuyin ang pamamahagi ng mga pondo na hindi nagamit ng mga county dahil sa kabiguang tugunan ang mga partikular na iniaatas. Kung wala ang naturang mga regulasyon, ang kagawaran ay hindi dapat maglagay ng anumang kondisyon na kaugnay ng iniaatas na panumbas ng county sa mga paglalaan para sa Daan I, Daan II, o Daan III na mga programa.*

*(e) Sa kabila ng paglikha ng Daan III na paglihis na mga programa sa batas na ito, at sa iniaatas para sa 10 porsiyento ng pagpopondo mula sa ipinagkakatiwalang pondo na pumupunta sa mga naturang programa, walang tadhana ng batas na ito na dapat ipakahulugan na humahadlang:*

*(1) Paglikha o pagpapanatili ng mga programang malikhain na nagkakaloob ng paggamot na pinangangasiwaan ng hukuman sa mga tao o nasasakdal na hindi karapat-dapat sa paggamot sa ilalim ng mga tadhana ng batas na ito;*

*(2) Ang paglalaan, ng Lehislatura, ng hiwalay na pagpopondo para sa mga programa para sa pinangangasiwaan ng hukuman na paggamot sa mga tao o nasasakdal na hindi karapat-dapat sa paggamot sa ilalim ng mga tadhana ng batas na ito; o*

*(3) Ang paggamit, ng lokal na pinangangasiwaan ng hukuman na mga programang paggamot, ng mga pondong ipinagkakaloob ng isang county, ng pederal na pamahalaan, o pribadong pinagkukunan.*

SEK. 40. Seksiyon 11999.6.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.6.1. *Pagbabayad ng mga Gastos sa Paggamot Para sa mga Parolado.*

*Sa kabila ng Seksiyon 11999.6, ang mga gastos ng paggamot sa droga at mga kaungay na serbisyo, kabilang ang mga serbisyong kalusugan ng isip, para sa mga parolado na inilagay sa paggamot sa ilalim ng mga taning ng batas na ito ay dapat bayaran ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon at hindi ng mga pondo mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo sa Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya.*

~~(a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, kapag ang kagawaran ay naglalaan ng mga pondong ibinahagi sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya, dapat nitong kunin mula sa naunang paglalaan sa isang county ang halaga ng mga pondo na naunang inilaan sa county na iyon mula sa pondo na inaasahang mananatiling hindi naitatalaga, hanggang sa halaga na ilalaan sana sa county na iyon. Ang kagawaran ay dapag magpahintulot sa isang county na may hindi naitatalagang pondo na panatilihin ang isang reserba na 5 porsiyento ng halagang inilaan sa county na iyon para sa pinakahuling taon ng pananalapi na ang county ay tumanggap ng paglalaan mula sa pondo nang walang pagbawas alinsunod sa subdibisyong ito.~~

~~(b) Ang kagawaran ay dapat maglaan ng 75 porsiyento ng halaga alinsunod sa subdibisyon (a) alinsunod sa Seksiyon 11999.6 at anumang mga regulasyon na pinagtibay alinsunod sa seksiyong iyon, pero isinasaalang-alang ang anumang halaga na kinuha alinsunod sa subdibisyon (a).~~

~~(c) Ang kagawaran ay dapat magreserba ng 25 porsiyento ng halagang kinuha alinsunod sa subdibisyon (a) hanggang ang lahat ng county ay nakapagsumite na ng pangwakas na aktuwal na paggasta para sa pinakahuling taon ng pananalapi. Ang kagawaran ay dapat na maglaan ng mga pondong inireserba upang iakma ang aktuwal sa halip na inaasahang hindi naitatalagang mga pondo, kung ang halagang inireserba ay sapat na gawin iyon. Anumang balanse ng mga pondong hindi muling nailalaan alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat ilaan alinsunod sa subdibisyon (e).~~

~~(d) Kung ipinasiya ng kagawaran na ang mula sa mga aktuwal na paggasta na mas maraming pondo ang dapat na nakuha mula sa alinmang county kaysa kinuha alinsunod sa subdibisyon (a), dapat nitong iakma ang anumang mga paglalaan alinsunod sa subdibisyon (e) nang angkop, hangga't magagawa. Kung isa o higit na county ay nabigong iulat ang aktuwal na mga paggasta sa oras, ang kagawaran ay maaari, sa pagpapasiya nito, na magpatuloy sa makukuhang impormasyon, at maaaring hindi isama ang anumang hindi nag-ulat na county sa anumang mga paglalaan alinsunod sa seksiyong ito.~~

~~(e) Kung ang mga kita, pondo, o ibang mga resibo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya ay sapat upang lumikha ng karagdagang mga paglalaan sa mga county, sa pamamagitan ng muling pagsasaalang-alang sa mga hindi naitatalagang mga pondo, mga pagbawi sa pagsusuri, o ibang paraan, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring mag-awtorisa ng mga paggasta para sa kagawaran ng sobra sa halagang inilaan nang hindi mas maaga sa 30 araw pagkatapos ng paunawa sa sulat ng pangangailangan nito ay ipinagkaloob sa mga tagapangulo ng mga komite sa pananalapi sa bawat kapulungan at ng Tagapangulo ng Pinagsamang Komite sa Pambatasang Badyet, o sa mas maagang panahon na ang Tagapangulo ng Pinagsamang Komite sa Pambatasang Badyet, o ang kanyang itinalaga, ay maaaring ipasiya sa bawat pagkakataon.~~

~~(f) Ang kagawaran ay maaaring magpatupad ng seksiyong ito sa pamamagitan ng mga liham ng Pangunahing Ahensiya ng Lahat ng County o ibang mga katulad na tagubilin, at hindi kailangang sumunod sa mga iniaatas na paggawa ng tuntunin ng Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.~~

SEK. 41. Seksiyon 11999.6.2 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*11999.6.2. Pamamahala ng mga Pondo ng County.*

*(a) Mga plano ng county. Ang mga county ay dapat magsumite sa kagawaran at sa Komisyon sa Pagbabantay ng kanilang mga plano para sa pagpapatupad at paggasta para sa mga programa alinsunod sa batas na ito minsan sa tatlong taon, o mas madalas gaya ng itinatadhana sa mga regulasyon na inaprobahan ng Komisyon sa Pagbabantay. Ang isang county na may populasyon na hindi kukulangin sa 100,000 ay maaaring magpetisyon sa Komisyon sa Pagbabantay na lumikha at magsumite ng mga plano na kasama ang isa o higit na mga karagdagang county..*

*(b) Paghihiwalay ng mga Pondo. Ang mga county na tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa Seksiyon 11999.6 ay dapat magtatag ng tatlong magkakahiwalay na ipinagkakatiwalang pondo: isa para sa Daan I at Daan II na mga programa isa para sa Daan III na mga programa, at isa para sa mga programa sa kabataan. Ang mga county ay dapat maghiwalay ng lahat ng pondong natanggap mula sa estado nang angkop. Sa kabila ng mga iniaatas na ito, ang isang county na may populasyon na wala pang 100,000 ay maaaring magpetisyon sa Komisyon sa Pagbabantay para sa pagkalibre mula sa mga kabawalang ito.*

*(c) Regulasyon sa mga Gastos sa Paggamot at Hindi Paggamot. Ang mga county ay dapat gumasta ng pinakamababang 80 porsiyento ng mga pondong ipinagkakaloob alinsunod sa Seksiyon 11999.6 para sa Daan I at Daan II na paglihis na paggamot na mga programa sa paghahatid ng mga serbisyong paggamot at suporta, na may hanggang 20 porsiyento ng ipinahihintulot na gastos sa hindi paggamot kabilang ang mga gastos sa kagawaran ng probasyon, mga gastos sa pagsubaybay ng hukuman, at ibang mga gastos na ginawang pangangailangan ng batas na ito. Ang Komisyon sa Pagbabantay ay dapat mag-aproba ng mga regulasyon upang ikategorya ang mga gastos bilang mga gastos sa paggamot o mga gastos na hindi paggamot, upang tukuyin ang mga ipinahihintulot na persentahe ng mga gastos na hindi paggamot para sa Daan III na mga programa, at upang ilarawan ang mga ipinahihintulot na paggamit ng mga pondo na ipinagkakaloob para sa mga programa sa kabataan. Sa kabila ng mga iniaatas na ito, ang isang county na may populasyon na wala pang 100,000 ay maaaring magpetisyon sa Komisyon sa Pagbabantay para sa pagkalibre mula sa mga kabawalang ito.*

*(d) Mga Sobrang Pondo. Paggamot sa Kabataan. Para sa taon ng pananalapi na 2008-09, 2009-10, 2010-11, at 2011-12, ang isang county ay maaaring magpanatili ng mga hindi pa nagagastang pondo na natanggap mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya upang gamitin ang mga pondong ito sa isang taon sa hinaharap. Pagkaraan, lahat ng hindi nagagastang pondo ay napapailalim sa mga regulasyon na inaprobahan ng Komisyon sa Pagbabantay tungkol sa mga reserbang pondo. Bukod sa mga pondong inilagay sa isang reserba alinsunod sa isang inaprobahang plano ng county, anumang mga pondong inilaan sa isang county na hindi pa nagagasta para sa kanilang hindi awtorisadong layunin sa loob ng tatlong taon ay dapat ilipat sa pondo ng county para sa mga programa sa kabataan.*

*(e) Lokal na Pananaliksik. Ang isang county ay maaaring gumamit ng isang bahagi ng mga pondong ipinagkakaloob alinsunod sa Seksiyon 11999.6 upang magbayad para sa independiyenteng pag-aaral na pananaliksik, sa kondisyon na ang county ay tumanggap ng naunang pag-aproba sa kontrata para sa naturang pananaliksik mula sa kagawaran at Komisyon sa Pagbabantay.*

SEK. 42. Seksiyon 11999.8 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.8. Mga Sobrang Pondo.

Anumang mga pondo na natitira sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya sa katapusan ng isang taon ng pananalapi ay ~~maaaring~~ gamitin upang bayaran ang *mga programa sa kabataan o* mga programang paggamot sa droga *na ipinagkakaloob sa mga nasasakdal sa Daan I, II,* o III upang isakatuparan sa susunod na taon ng pananalapi.

SEK. 43. Seksiyon 11999.9 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.9. *Ang kagawaran ay dapat maglathala taun-taon ng mga datos tungkol sa mga programang isinasagawa alinsunod sa batas na ito. Ang paglalathala ng taunang datos ay dapat mangyari ng hindi hihigit sa limang buwan pagkatapos ng taon ng pananalapi. Ang Komisyon sa Pagbabantay ay dapat magtatag ng dami ng datos na ilalathala sa mga naturang taunang ulat, na dapat kabilang ang lahat ng dami ng*

*kaso at datos sa pananalapi na iniaatas para sa mga ulat na iniaatas ng Opisina na Pambatasang Manunuri alinsunod sa Seksiyon 11999.9.1. Ang mga ulat ay maaaring ilathala nang elektronikal. Ang kagawaran ay dapat magbigay ng lahat ng datos sa Opisina na Pambatasang Manunuri, kapag hiniling, sa pinakamaagang panahon na ito ay magagawa.* ~~(a) Ang kagawaran ang dapat gumawa ng tatlong dalawang-taon na pansunod sa mga pag-aaral upang timbangin ang pagiging mabisa at tama sa pananalapi ng mga programa na pinopondohan alinsunod sa mga iniaatas ng batas na ito, at isumite ang mga pag-aaral na ito sa Lehislatura nang hindi lalampas ang Enero 1, 2009, Enero 1, 2011, at Enero 1, 2013, ayon sa pagkakasunod-sunod. Ang pagtimbang ng mga pag-aaral ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang pag-aaral ng proseso ng pagpapatupad, isang pagrepaso ng mga mas mababang gastos sa pagkulong, mga pagbawas sa krimen, nabawasang konstruksiyon ng bilangguan at kulungan, nabawasang gastos sa kawanggawa, at kasapatan ng mga pondong inilalaan, at ibang mga tama o isyu na maaaring matukoy ng kagawaran, bilang karagdagan sa lahat ng mga sumusunod:~~

~~(1) Mga sukat ng hustisyang pangkrimen sa mga muling pag-aresto, mga araw na naiiwas sa kulungan at bilangguan, at mga kalakaran ng krimen.~~

~~(2) Isang klasipikasyon, sa anyong buod, ng mga muling pag-aresto na nangyari bilang resulta ng:~~

~~(A) Paglabag sa parol.~~

~~(B) Pagpapawalang-bisa sa parol.~~

~~(C) Paglabag sa probasyon.~~

~~(D) Pagpapawalang-bisa sa probasyon.~~

~~(3) Isang klasipikasyon, sa anyong buod, ng mga disposisyon ng mga krimen ginawa batay sa kung ang tao ay:~~

~~(A) Pinamalagi sa probasyon.~~

~~(B) Sinentensiyahan sa kulungan.~~

~~(C) Sinentensiyahan sa bilangguan.~~

~~(4) Mga sukat ng paggamot sa mga antas ng pagkumpleto at kalidad ng buhay na mga tagapagpabatid, tulad ng alkohol at droga na ginamit, trabaho, kalusugan, kalusugan ng isip, at suporta ng pamilya at lipunan.~~

~~(5) Isang nakahiwalay na talakayan ng impormasyon na inilarawan sa mga talataan (1) hanggang (3), inklusibo, para sa mga nagkasala na ang pangunahing drogang inaabuso ay methamphetamine o naaresto sa pagdadala o paggamit ng methamphetamine at nagsisimula sa ulat na dapat matanggap sa o bago ang Enero 1, 2009, ang ulat ay dapat isama ang isang nakahiwalay na pagsusuri ng mga gastos at benepisyo ng paggamot na partikular sa mga nagkasala sa methamphetamine.~~

~~(b) Bilang karagdagan sa mga pag-aaral upang timbangin ang pagiging mabisa at tama sa pananalapi ng mga programang pinopondohan alinsunod sa mga iniaatas ng batas na ito, ang kagawaran ay dapat gumawa ng taunang ulat na nagdedetalye ng bilang at mga katangian ng mga kalahok na pinaglingkuran bilang resulta ng batas na ito ang mga kaugnay na gastos.~~

SEK. 44. Seksiyon 11999.9.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*11999.9.1. Mga Rekomendasyon sa Pagpapaondo.*

*Sa bawat isa ng taon ng pananalapi na 2010-11, 2012-13, at 2013-14, at pana-panahon pagkaraan, ang Opisina ng Pambatasang Manunuri ay dapat maglathala ng kasapatan ng pagpopondo na ipinagkakaloob para sa mga programa alinsunod sa mga Seksiyon 1210.01 hanggang 1210.04, inklusibo, at mga Seksiyon 1210.1 at 1210.2 ng Kodigo sa Parusa, sa naunang taon. Ang ulat ay dapat magkaloob ng mga rekomendasyon sa Lehislatura para sa anumang karagdagang pagpopondo na maaaring kailangan para sa paggamot sa droga, mga serbisyong suporta, o mga kaugnay na programa, kung ang mga naturang pangangailangan ay makakalkula o matatantiya, na may angkop na pagsasaalang-alang sa mga antas ng serbisyong inirerekomenda para sa kalahok na nasasakdal ng mga mananaliksik, mga tagapagkaloob ng paggamot, doktor, tagapangasiwa ng programa sa alkohol at droga ng county, at ibang mga may nakataya. Ang ulat ay maaaring gumawa ng nakahiwalay na mga rekomendasyon para sa pagpopondo na isinasaalang-alang ang kalagayan sa pananalapi ng estado at ng mga county.*

SEK. 45. Seksiyon 11999.10 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.10. Ang kagawaran ay dapat maglaan ng *kahit 1 porsiyento ng kabuuang pera ng pondo sa mga taon ng pananalapi na 2009-10 hanggang 2014-15, inklusibo, at* hanggang ~~0.5~~ *2 porsiyento ng kabuuang pera ng pondo bawat taon sa mga kasunod na taon ng pananalapi, para sa mga pag-aaral na isasagawa ng dalawang pampublikong unibersidad sa California, isa sa hilagang kalahati ng estado at isa sa timog na kalahati ng estado, naglalayong timbangin ang pagiging mabisa at tama sa pananalapi ng Daan I, Daan II, at Daan III na paglihis na paggamot na mga programa at mga programa sa kabataan. Ang mga ulat at pag-aaral na ibinayad sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat na ilathala nang magkasama ng dalawang unibersidad, at hindi dapat sumailalim sa pag-aproba ng kagawaran.*

*Isang pag-aaral na ilalathala kahit minsan sa tatlong taon ay dapat buuiin ng pagsusuri ng gastos-benepisyo sa estado at mga lokal na patakaran sa pagpapatupad ukol sa droga at interdiksiyon, kabilang ang mga pananaw sa ekonomiya, kalusugan ng publiko, pampublikong patakaran, at sa batas. Ang pag-aaral na ito, sa bahagi, ay dapat humarap sa mga tama ng mga pagsisikap sa pagpapatupad ng batas sa droga sa mga indibidwal, pamilya, at komunidad, at dapat suriin, sa pamamagitan ng pagsusuri ng dami at kalidad, (a) anumang hindi magkakaparehong tama batay sa lahi, kasarian, at kalagayang panlipunan at pangkabuhayan, (b) ang relasyon sa anumang hindi magkakaparehong tama at ang desisyon, istratehiya, gawain ng mga lokal at pang-estadong opisyal na nagpapatupad ng batas sa droga, at (c) ang mga kolateral na bunga ng mga batas, patakaran, pagpapatupad sa droga.*

*Ang Komisyon sa Pagbabantay ay maaaring mag-utos ng mga pag-aaral ng mga partikular na karagdagang isyu, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya.* ~~upang pondohan ang mga gastos ng pa-aaral na iniaatas sa Seksiyon 11999.9 ng isang pampubliko o pribadong unibersidad.~~

SEK. 46. Seksiyon 11999.11 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.11. Mga Ulat ng County.

~~Ang mga county~~ *Bawat County* ay dapat magsumite ng isang ulat taun-taon sa kagawaran na nagdedetalye ng mga bilang at katangian ng mga kliyente-indibidwal na pinaglilingkuran bilang resulta ng pagpopondong ipinagkakaloob ng batas na ito, *at anumang ibang datos na maaaring iatas*. Ang kagawaran ay dapat magpalaganap ng isang pormularyo, *na aaprobahan ng Komisyon sa Pagbabantay*, na dapat gamitin ng mga county sa pag-uulat ng impormasyong ito, gayon din ang anumang ibang impormasyon na maaaring iatas ~~ng kagawaran~~. *Ang pormularyo ay dapat mag-atas sa mga county na mag-ulat ng halagang ginasta para sa mga serbisyong paggamot at pagsusuri para sa mga nasasakdal na lumalahok sa Daan III na mga programa, at dapat mag-atas sa mga county na magkaloob ng mga datos tungkol sa kasapatan ng pagpopondo.* Ang kagawaran ay dapat magtatag ng isang huling araw na ang mga county ay dapat magsumite ng kanilang mga ulat. *Ang kagawaran ay dapat na magkaloob kaagad ng mga ulat sa anyong elektronikal para sa publiko, sa kondisyon na ang kagawaran ay dapat gumawa ng redaksiyon ng naturang impormasyon sa kung aling pederal na batas o Saligang-batas na California ang nagbabawal ng pagsisiwalat.*

SEK. 47. Seksiyon 11999.12 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.12. Ang kagawaran ay dapat magsagawa ng pana-panahong pagsusuri ng mga paggasta na ginagawa ng anumang county na pinopondohan, sa kabuuan o sa bahagi, ng mga pondong ipinagkakaloob ng batas. Ang mga county ay dapat magbayad sa kagawaran ng anumang mga pondo na hindi nagasta alinsunod sa mga iniaatas ng batas an ito. *May pag-aproba ng isang mayoriya ng Komisyon sa Pagbabantay*, ~~Ang~~ *ang* kagawaran ay maaaring mag-atas ng isang pangwastong aksiyon ng county sa lugar ng muling pagbabayad~~, gaya ng ipinasiya ng kagawaran~~.

SEK. 48. Seksiyon 11999.13 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11999.13. ~~Mga Sobrang Pondo~~ Pagkakaiba-iba ng Paggamot.

~~Sa katapusan ng bawat taon ng pananalapi, ang isang county may maaaring magpanatili ng mga hindi nagastang pondo na natanggap mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Paggamot sa Pang-aabuso ng Substansiya at maaaring gastahin ang mga pondong ito, kung aaprobahan ng kagawaran sa mga programang paggamot na may kinalaman sa droga na higit na nagsusulong sa mga layunin ng batas na ito.~~ *Ang kagawaran ay dapat magpalaganap ng mga regulasyon, na may pag-aproba ng isang mayoriya ng Komisyon sa Pagbabantay, na nag-aatas ng mga plano ng county upang harapin ang tadhana ng mga serbisyong angkop sa kultura at wika na makukuha ng mga may-kaugnayang komunidad.*

SEK. 49. Seksiyon 11999.14 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*11999.14. Pagpigil sa Sobrang Dosis ng Droga.*

*Sinumang nasa probasyon o parolado ng kulungan ng county alinsunod sa Daan II o III ng batas na ito, o Seksiyon 3063.01 ng Kodigo sa Parusa, ay dapat magkaloob ng mga materyal sa kamalayan sa sobrang dosis at pagpigil at mga istratehiya sa lahat ng bilanggo bago ang paglabas nila. Ang mga materyal at istratehiya ay dapat buuin ng bawat kagawaran ng county sa mga programa sa alkohol at droga sa pagsangguni sa mga doktor na espesyalista sa pagkasugapa at mga nanggagamot na espesyalista sa pagbawas ng pinsala, at dapat idisenyo at ipakalat sa isang paraan na kinalkula upang pinakamabisang maabot ang mga bilanggo sa kulungan at dapat ilarawan sa mga plano ng county. Ang Kagawaran ng mga Programa sa Alkohol at Droga ng Estado ay dapat magrepaso ng mga materyal sa sobrang dosis at istratehiya para sa mga pinakamabuting gawain na batay sa ebidensiya.*

SEK. 50. Ang Pagiging Karapat-dapat sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip Para sa mga Taong Dobleng Nasuri at sa mga Programa sa Ilalim ng mga Paglihis na Paggamot na Daan I, II at III.

SEK. 50.1. Seksiyon 5600.33 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, upang mabasang:

*5600.33. Para sa mga layunin ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 5600.3, ang mga may sapat na gulang na may seryosong sakit sa isip ay dapat kabilang ang mga may sapat na gulang na nasa mga programang paggamot sa droga alinsunod sa mga tadhana ng Mga Seksiyon 1210.01 hanggang 1210.05, inklusibo, at mga Seksiyon 1210.1 at 1210.2, ng Kodigo sa Parusa, at nasuring may sakit sa isip kasabay na pagsusuri ng pang-aabuso o pagkasugapa sa substansiya, at nakakatugon sa mga iniaatas ng talataan (2) at (3) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 5600.3. Ang mga naturang may sapat na gulang ay dapat ituring na may malubhang sakit sa isip at karapat-dapat sa mga serbisyo alinsunod sa Seksiyon 5813.5, ginagamit ang mga pondo alinsunod sa talataan (5) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 5892. Dagdag dito, ang bawat pagsasapanahon ng plano ng county alinsunod sa Seksiyon 5847 ay dapat kabilang ang mga tadhana na nagdodokumento ng mga pagsisikap na county na maglingkod sa mga kuwalipikadong may sapat na gulang sa mga programang paggamot sa droga alinsunod sa mga Seksiyon 1210.01 hanggang 1210.05, inklusibo, at mga Seksiyon 1210.1 at 1210.2,*

*ng Kodigo sa Parusa, at nasuri na may sakit sa isip kasabay ng pagsusuri ng pang-aabuso o pagkasugapa sa substansiya. Gayunman, wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na nag-aatas ng pagbabayad para sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga parolado mula sa Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.*

SEK. 51. Pagsasama ng mga May Nakataya sa Paggamot sa Droga sa Pagpaplano sa Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.

SEK. 51.1. Seksiyon 5848 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon ay sinususugan upang mabasang:

5848. (a) Bawat plano at pagsasapanahon ay dapat buuin kasama ng mga lokal na may nakataya kabilang ang mga may sapat na gulang at mga nakatatanda na may malubhang sakit sa isip, mga pamilya ng mga bata, may sapat na gulang at nakatatanda na may malubhang sakit sa isip, mga tagapagkaloob ng mga serbisyo, *mga tagapagkaloob ng paggamot sa droga, mga ahensiya ng programa sa alkohol at droga ng county, mga miyembro ng hukuman*, mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas, edukasyon, mga ahensiya ng mga serbisyong panlipunan at ibang mahahalagang interes. Isang burador na plano at pagsasapanahon ay dapat ihanda at ikalat para sa pagrepaso at komento para sa hindi kukulangin sa 30 araw sa mga kinatawan ng mga interes na may nakataya at sinumang interesadong partido na humiling ng isang kopya ng mga naturang plano.

(b) Ang lupon ng kalusugan ng isip na itinatag alinsunod sa Seksiyon 5604 ay dapat magsagawa ng isang pampublikong pagdinig sa burador na plano at mga taunang pagsasapanahon sa pagtatapos ng 30-araw ng komento na iniaatas ng subdibisyon (a). Ang bawat pinagtibay na plano at pagsasapanahon ay kabilang ang anumang mahalagang nakasulat na mga rekomendasyon para sa mga pagbabago. Ang pinagtibay na plano o pagsasapanahon ay dapat isabuod at suriin ang mga inirerekomendang pagbabago. Ang lupon ng kalusugan ng isip ay dapat magrepaso ng pinagtibay na plano o pagsasapanahon at gumawa ng mga rekomendasyon sa kagawaran ng kalusugan ng isip ng county para sa mga pagbabago.

(c) Ang kagawaran ay dapat magtatag ng mga iniaatas sa nilalaman ng mga plano. Ang mga plano ay dapat kabilang ang mga ulat sa pagkakamit ng mga bunga ng pagganap para sa mga serbisyo alinsunod sa Bahagi 3 (nagsisimula sa Seksiyon 5800), Bahagi 3.6 (nagsisimula sa Seksiyon 5840), at Bahagi 4 (nagsisimula sa Seksiyon 5850) ng dibisyong ito na pinopondohan ng Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip at itinatag ng kagawaran.

(d) Ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ipinagkakaloob alinsunod sa Bahagi 3 (nagsisimula sa Seksiyon 5800), at Bahagi 4 (nagsisimula sa Seksiyon 5850) ng dibisyong ito, at dapat isama sa pagrepaso ng pagganap ng programa ng Konseho sa Pagpaplano ng Kalusugan ng Isip ng California na iniaatas ng talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 5772 at sa pagrepaso at komento ng lokal na lupon sa kalusugan ng isip sa mga datos ng bunga ng pagganap na iniaatas ng talataan (7) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 5604.2.

SEK. 52. Pagpapawalang-bisa ng Tadhana sa Pagtukoy sa Balota.

SEK. 52.1. Seksiyon 9 ng Kabanata 63 ng mga Batas ng 2006 sa pamamagitan nito ay pinawawalang-bisa:

~~SEK. 9. Ang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay iaplay nang ayon sa inaasahan. Kung ang anumang tadhana ng panukalang-batas na ito ay walang-bisa, ang buong panukalang-batas na pambatasan ay dapat isumite sa mga botante sa susunod na pambuong-estadong eleksiyon~~

SEK. 53. Petsa ng Pagkakabisa.

Maliban kung iba ang itinatadhana, ang mga tadhana ng batas na ito ay dapat magkabisa simula sa Hulyo 1, 2009, at ang mga tadhana nito ay dapat iaplay nang ayon sa inaasahan.

SEK. 54. Susog.

Maliban kung itinatadhana dito, ang batas na ito ay maaari lamang susugan ng isang batas na inaprobahan ng mga manghahalal, o ng isang batas na inaprobahan ng apat ng ikalimang bahagi ng mayoriya ng lahat ng miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura at nagsusulong ng mga layunin ng batas na ito. Gayunman, ang mga bahagi ng Kodigo sa Parusa at Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan na pinagtibay bilang bahagi ng Batas ng 2000 sa Pagpigil ng Pang-aabuso ng Substansiya at Krimen na hindi tinukoy o binago dito ay maaaring baguhin alinsunod sa mga tadhana ng panukalang-batas na iyon.

Sa anumang litigasyon na kaugnay ang pagiging ayon sa saligang-batas ng anumang pinagtibay na batas, ang partido o mga partidong naniniwala na ang batas ay ayon sa saligang-batas ay dapat na may tungkulin na patunayan ang pagsunod nito sa mga naunang iniaatas.

SEK. 55. Garantiya ng Pagpopondo sa Edukasyon.

Walang tadhana sa loob ng batas na ito na dapat ipakahulugan na babago sa kalkulasyon ng pinakamababang mga obligasyon ng estado sa Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California, o bawasan ang aktuwal ng pang-estado at lokal na suporta para sa mga paaralan ng K-14 na iniaatas ng batas, maliban sa inawtorisa ng Saligang-batas.

SEK. 56. Magkakasalungat na mga Panukalang-batas sa Balota.

Kung ang panukalang-batas na ito na may kaugnayan sa pagprotekta sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga programang rehabilitasyon at paggamot na may kinalaman sa droga para sa mga kabataan at hindi marahas na nagkasala, at sa anumang ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas na hustisyang pangkrimen na hindi nagkakaloob ng rehabilitasyon sa mga bilanggo na pinalabas sa lipunan, ay inaprobahan ng isang mayoriya ng mga botante sa iisang eleksiyon, at ang panukalang-batas na ito tungkol sa rehabilitasyon ng mga hindi marahas na nagkasala ay nakatanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto kaysa ibang naturang panukalang-batas o mga panukalang-batas, ang panukalang-batas na ito ay dapat kumontrol sa kabuuan nito at ang mga kasalungat na tadhana sa ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas ay dapat na walang-bisa at epekto sa batas. Kung ang panukalang-batas na ito tungkol sa rehabilitasyon ng mga kabataan at hindi marahas na nagkasala ay inaprobahan pero hindi nakatanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto kaysa nasabing ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas, ang panukalang-batas na ito ay dapat magkabisa sa abot ng ipinahihintulot ng batas.

SEK. 57. Kakayahang Ihiwalay.

Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang pagiging walang-bisa o pagiging labag sa saligang-batas ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit ng inisyatibong ito na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisa o labag sa saligang-batas na tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng inisyatibong ito ay maaaring ihiwalay.

## PROPOSISYON 6

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagsususog at nagdaragdag ng mga seksiyon sa iba't ibang kodigo; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. TITULO

Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Batas sa mga Ligtas na Kapitbahayan: Patigilin ang Gang, Baril, at Krimen sa Kalye."

SEK. 2. MGA NAPAG-ALAMAN AT PAGPAPAHAYAG

(a) Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California na ang pamahalaan ng estado ay walang mas mataas na hangarin o mas mapanghamong utos kaysa sa proteksiyon ng ating mga pamilya at ating mga kapitbahayan laban sa krimen.

(b) Halos lahat ng mamamayan ay nabiktima, o may kakilalang nabiktima ng krimen.

(c) Bagaman ang dami ng krimen ay bumaba nang malaki mula noong unang bahagi ng mga taon ng 1990, may nakakabahalang mga pagtaas sa nakalipas na ilang taon sa maraming kategorya ng krimen. Alinsunod sa Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon, may 477 karagdagang pagpatay sa California noong 2006 kaysa noong 1999, isang panahon na ang mga pagpatay ay bumaba sa maraming ibang mga estado. Bilang karagdagan, ang Kagawaran ng Hustisya ng California ay nag-ulat na may 74,000 karagdagang pagnanakaw ng sasakyan noong 2006 kaysa noong 1999 at ang bilang ng mga pagnanakaw sa ating estado ay tumaas ng higit sa 7,500 sa pagitan ng 2005 at 2006. Mas marami pang kailangang gawin upang bawasan ang krimen at panatilihin ang ating mga komunidad na ligtas.

(d) Ang mga gang ay malaking bahagi ng dahilan kung bakit ang California ay hindi nakaganap nang mahusay tulad ng maraming ibang mga estado sa mga huling taon sa pagbawas ng bilang ng mga krimen. Ang mga gang sa kalye ay pangunahing responsable sa mga pagtaas sa mga pagpatay sa California sa mga huling taon. Maraming gang na ang mga kasapi ay mga kabataan.

(e) Ang mga dating napatunayang nakagawa ng felony at mga miyembro ng gang ay gumagawa ng karamihan sa mga krimen ng baril, kabilang ang pagpatay sa mga opisyal na pangkapayapaan. Ang mga gang ay nagkompromiso sa ating sistema ng hustisyang pangkrimen, pangkaraniwang nagbabanta at umaatake sa mga biktima, testigo, at maging sa mga hukom. Mahalaga na ang mga batas ng estado at mga tagatulong ay asintahin ang mga ganitong uri ng nagkasala.

(f) Ang paglaganap ng methamphetamine ay lumikha ng maraming problema sa krimen, nagtulak ng mga huling pagtaas sa pagnanakaw ng sasakyan at pagkakakilanlan. Ngayon ang paboritong ilegal na droga, methamphetamine ay madalas na ibinebenta ng mga gang sa kalye at, hindi tulad ng ibang mga droga, ay nililikha rito sa California. Ang mga epekto ng mga droga ay mapaminsala sa mga gumagamit at mga komunidad kung saan ang paggamit nito ay laganap.

(g) Ang ating estado ay nagdaragdag ng maraming daang libong tao sa populasyon bawat taon at dapat maglaan ng mga tagatulong na kailangan upang suportahan ang lumalaking pangangailangan ng mga tauhan at impra-istruktura ng hustisyang pangkrimen. Ang mga tauhang tagapagpatupad ng batas, mga programa, teknolohiya, at impra-istruktura ng California ay hindi nakakaagapay. Ang totoo, ang mga tagatulong na makukuha ng mga ahensiyang tagapagpatupad ng batas sa California ay pangkaraniwang hindi kasinghusay ng mga natatagpuan sa mga komunidad sa ibang mga estado. Alinsunod sa Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos, noong 2004, 35 estado ang nagtataglay ng mas maraming opisyal kada 100,000 residente kaysa California.

(h) Sa kasamaang-palad, ang ating Lehislatura ay nabigong harapin ang mga problemang ito sa isang komprehensibong paraan. Ang mga programa upang pigilan ang krimen at baguhin ang mga nagkasala ay hindi sapat at hindi nananagot sa publiko. Ang mga parusa para sa mga partikular na krimen ay hindi sapat ang tindi upang humadlang. Ang mga pagsisikap na magpatupad at mga programang paghadlang na mabisa ay madalas na hindi

maayos na pinopondohan kaya hindi maipagpapatuloy. Ang mga biktima ng krimen ay hindi binibigyan ng sapat na impormasyon, proteksiyon, at suporta sa sistema ng hustisyang pangkrimen. Noong 2007, lubos na iniwan ng Senado ng Estado ang responsibilidad nito, tumangging ipasa ang batas na nagpapahusay sa mga parusa sa krimen.

(i) Ang mga kalagayang ito ay hindi katanggap-tanggap. Ginamit ng mga taga-California ang kanilang kapangyarihan ng inisyatibo ayon sa saligang-batas upang magpatibay ng komprehensibong reporma sa hustisyang pangkrimen sa nakalipas at panahon na para muli nating gawin ito. Ang maagang pamamagitan ay nagbabawas ng krimen at gawain ng gang. Ang mga mas mabigat na parusa ay nagbabawas sa bilang ng mga biktima ng krimen.

SEK. 3. PAHAYAG NG LAYUNIN

Upang gawin ang ating mga kapitbahayan na ligtas at bawasan ang bilang ng mga biktima ng krimen, ang mga estado ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay nagpapatibay ng isang komprehensibong reporma ng ating mga batas sa hustisyang pangkrimen upang:

(a) Pahusayin ang mga programa upang pigilan ang mga krimen;

(b) Pahusayin ang paglahok ng publiko at pananagutan ng publiko;

(c) Itaas ang parusa upang pigilan ang mga kriminal at hadlangan ang krimen;

(d) Protektahan ang mga biktima ng krimen laban sa pang-aabuso at tiyakin na sila ay tinatrato nang may dignidad sa lahat ng yugto ng proseso ng hustisyang pangkrimen; at

(e) Magkaloob ng suplemento at maipagpapatuloy na pagpopondo para sa pagpapatupad ng batas, pagpigil sa krimen, at mga programa sa biktima.

SEK. 4. PAMAMAGITAN

SEK. 4.1. Titulo 12.6 (nagsisimula sa Seksiyon 14260) ay idinaragdag sa Bahagi 4 ng Kodigo sa Parusa upang mabasang:

*TITULO 12.6. OPISINA NG EDUKASYON AT IMPORMASYON SA KALIGTASAN NG PUBLIKO*

*14260. (a) Sa pamamagitan nito ay itinatatag ang Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko.*

*(b) Ang mga pangunahing layunin ng opisina ay hadlangan ang krimen, suportahan ang mga biktima ng krimen, himukin ang pakikipagtulungan ng publiko sa tagapagpatupad ng batas, at pangasiwaan ang mga programang gawad na pinagsisikapan ang mga hangaring ito. Ang mga layuning ito ay dapat tugunan sa bahagi sa pamamagitan ng mga pahayag ng serbisyo sa publiko na pinamamahagi na pinakamabisang paraan kabilang ang telebisyon, radyo, Internet, at sariling Web site ng opisina.*

*(c) Sa mga pagsisiwalat sa publiko ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, impormasyon tungkol sa mga sumusunod na tema at mga batas ng estado: "Gumamit ng Baril at Tapos Ka na," "Tatlong Tama," at "Batas ni Jessica." Bilang karagdagan, ang mga pagsisiwalat ay magsasama ng mga pinaghambing na bilang ng mga krimen batay sa partikular na pagkakasala, kabilang ang pagpatay, panggagahasa, pagnanakaw, panloloob, at pagnanakaw ng sasakyan; dami ng nakukulong; at mga demograpiko ng bilangguan na nagpapaliwanag batay sa pagkakasala ng mga nasa bilangguan. Ang naghahambing na impormasyon tungkol sa krimen at mga tagatulong sa hustisyang pangkrimen ay maaaring kabilang ang taun-taon o estado-sa-estado na mga paghahambing. Ang mga pagsisiwalat sa publiko ay dapat kabilang ang kahusayan ng mga programa na hadlangan, edukahan, at baguhin, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagsisiwalat ng dami ng pagbabalik sa dati at mga kasunod na pag-aresto at napatunayang pagkakasala.*

*(d) Ang opisina ay dapat magpanatili ng isang Web site na mabibisita ng publiko na dapat kabilang ang hindi kukulangin sa tatlong katangian:*

*(1) Isang pahina para sa impormasyon tungkol sa kaligtasan ng publiko na dapat kabilang ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sistema ng hustisyang pangkrimen, kasalukuyang gawaing krimen, payong pangkaligtasan, mga estadistika, mga pagbabago sa batas, at mga link na may kaugnayan sa mga Web site, kabilang ang Kagawaran ng Hustisya ng California at ng Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon.*

*(2) Isang pambuong-estadong pahina para sa pagbabantay ng kapitbahayan, kilala bilang "Cal Watch," na nagkakaloob ng suportang pang-impormasyon para at nag-uugnay sa mga lokal na programang pagbabantay ng kapitbahayan at tumutulong sa mga komunidad, siyerip, at mga kagawaran ng pulisya na nagnanais lumikha ng mga bagong programang pagbabantay ng kapitbahayan.*

*(3) Ang isang pahina ng impormasyon at suporta sa biktima ay dapat mag-ugnay sa mga pang-estado at lokal na programa na tumutulong sa mga biktima sa pamamagitan ng proseso ng hustisyang pangkrimen at nagkakaloob ng mga serbisyo at pagbabayad, kabilang ang mga guguling medikal, pagpapayo ukol sa panggagahasa, mga nawalang sahod, at mga gantimpalang binabayaran ng biktima.*

*(e) Ang halagang labindalawang milyon limang daang libong dolyar ($12,500,000) sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko para sa taon ng pananalapi na 2009-10 at taun-taon pagkaraan, iniakma para sa mga pagbabago sa gastos sa pamumuhay alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili sa California, para sa layunin na dagdagan ang mga tagatulong ng mga abugado ng distrito at mga ahensiyang nagpapatupad ng batas na kinuha upang tumulong sa mga biktima o sumunod sa mga iniaatas na paunawa sa biktima sa ilalim ng Saligang-batas ng California o mga kaayon na batas.*

*(1) Dalawampung porsiyento ng halaga na inilalaan taun-taon ay dapat ipamahagi ayon sa proporsiyon sa mga kalahok na kagawaran ng mga siyerip ng county na nagpapanatili ng programang Araw-araw ng Impormasyon at Paunawa sa Biktima (VINE).*

*(2) Walumpung porsiyento ng halagang inilalaan taun-taon ay dapat sumuporta sa mga programang gawad na ibinibigay sa mga abugado ng distrito ng county, siyerip, at kagawaran ng pulisya upang ipamahagi ang impormasyon sa mga karapatan ng biktima at upang tulungan ang mga biktima sa pagkuha ng mga serbisyong nangangalaga, pagpapayo, at pagbabayad ng pinsala. Ang partikular na programa at mga iniaatas sa aplikasyon sa gawad ay dapat pangasiwaan ng opisina nang hindi lalampas sa Marso 30, 2009, at maaaring susugan pana-panahon. Ang mga ahensiya ng aplikante ay maaaring mag-aplay nang hindi lalampas sa Hunyo 15 kasunod ng taon ng pananalapi na ang mga pondong gawad ay hinangad.*

*(f) Ang Gobernador ay dapat maghirang ng isang tagapagpatupad na opisyal at mga tauhan, gaya ng makatwirang kailangan upang ipatupad ang gawain ng opisina.*

*(g) Ang opisina ay dapat makipagtulungan sa pang-estado, lokal, at pederal na ahensiya upang isagad ang mga kakayahan ng kaligtasan ng publiko, kumuha ng mga panumbas na pondo, alisin ang mga magkakatulad na pagsisikap, at tulungang gumawa ng mas mabubuting patakaran at gawain sa kaligtasan ng publiko.*

SEK. 4.2. Seksiyon 13921 ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

*13921. (a) Sa pamamagitan nito ay itinatatag ang Komisyon sa Maagang Pamamagitan, Rehabilitasyon, at Pananagutan ng California para sa layunin na timbangin ang mga pinopondohan ng publiko na mga programang idinisenyo upang hadlangan ang krimen sa pamamagitan ng maagang pamamagitan, o bawasan ang pagbabalik sa dati sa pamamagitan ng rehabilitasyon, at upang isiwalat ang mga natuklasang ito sa publiko. Ang komisyon ay dapat sumunod sa prinsipyo na ang mga limitadong kakayahan ng publiko ay pinakamabuting iukol sa mga programang nakakatulong na limitahan ang pagkulong sa pamamagitan ng panghadlang at nakapokus na rehabilitasyon sa halip na maagang pagpapalabas nang walang makabuluhang pananagutan.*

*(b) Ang pangmatagalang hangarin ng komisyon ay tumulong na matukoy at mabisang mamagitan sa mga nanganganib na populasyon bago ang pagkulong, at, para sa mga ipapakulong, upang tukuyin ang mga programa at mga nagkasala na may pinakamalaking pag-asang magbago, upang ang mga pinakamatagumpay na programa ay maaaring tularan.*

*(c) Ang komisyon ay inaawtorisahan na magmungkahi ng mga pamantayan ng pananagutan para sa mga tagapagkaloob at kalahok ng pinopondohan ng publiko na programa, at gumawa ng mga rekomendasyon upang ipagpatuloy, suplementuhan, o bawasan ang pagpopondo, at bigyang-diin ang pabor o hindi pabor na mga elemento ng mga programang nirepaso.*

*(d) Ang komisyon ay dapat mag-ulat taun-taon sa Pinagsamang Komite sa Pambatasang Pagsusuri at sa Gobernador tungkol sa mga paggasta at kahusayan ng mga programang pinopondohan ng publiko.*

*(e) Lahat ng programang maagang pamamagitan na pinopondohan ng publiko ay dapat na may malinaw na inaasintang nanganganib na populasyon at tukuyin ang mga kalahok upang ang kasunod na krimen ng kalahok, kung mayroon, ay maihambing sa mga grupo ng pagkontrol na may katulad na kalagayan.*

*(f) Lahat ng programang rehabilitasyon na pinopondohan ng publiko na kaugnay ng mga nakagawa ng krimen, kabilang ang mga kabataan, ay dapat idisenyo upang makatulong na lumikha ng isang plano para sa matagumpay ng pagsasama ng mga nagkasala o muling pagsasama sa komunidad. Kaya, lahat ng mga naturang programa ay dapat na may malinaw na mga hangarin at nag-aatas sa nagkasala na bumuo ng kasanayan upang makakuha ng trabaho, makahanap ng pabahay, magapi ang pagkasugapa, at/o bumuo ng isang plano na maaaring maging matagumpay sa muling pagsasama.*

*(g) Lahat ng programang tumatanggap, kabilang ang mga nakaukol sa maagang pamamagitan at edukasyon, ay dapat magharap ng taunang pahayag sa komisyon na nagdedetalye ng paglalagay ng tauhan, kurikulum, at paglahok sa programa. Ang mga kompanya ng mga taunang pahayag sa ibang mga awtoridad na naggagawad ay magiging sapat maliban kung ang komisyon ay nag-aatas ng karagdagang impormasyon.*

*(h) Ang komisyon ay dapat buuin ng siyam na miyembro, binubuo ng tatlong hinirang ng Gobernador, kabilang ang tagapangulo; dalawang Miyembro ng Senado, isang hinirang ng Komite sa mga Tuntunin at isa ng Lider ng Minoriya; dalawang Miyembro ng Asembleya ng Estado, isang hinirang ng Ispiker at isa ng Lider ng Minoriya; isang retiradong hukom na hinirang ng Punong Mahistrado ng Korte Suprema ng California; at ng Pangkalahatang Abugado o kanyang itinalaga. Ang mga miyembro ng komisyon ay hindi dapat tumanggap ng kabayaran, pero dapat bayaran lamang para sa mga makatwirang gugulin na may kaugnayan sa komisyon.*

*(i) Ang Gobernador ay dapat maghirang ng isang tagapagpaganap na opisyal, na dapat kumuha ng mga kailangang tauhan upang magsagawa ng pananaliksik at pangasiwaan ang komisyon, kabilang ang mga tauhan upang magsagawa ng mga pana-panahon o sapalarang pagsusuri ng lahat ng programang pinopondohan ng publiko, napapailalim sa mga limitasyon sa badyet ng komisyon.*

*(j) Dapat ihanda ng bawat programang maagang pamamagitan o rehabilitasyon na pinopondohan sa kabuuan o sa bahagi ng mga pondo ng publiko ang mga pisikal na pasilidad at rekord ng pananalapi nito para makuha ng komisyon bilang kondisyon ng pagpopondo ng publiko.*

*(k) Ang komisyon ay maaaring tumimbang ng anumang programang maagang pamamagitan, edukasyon, o rehabilitasyon, pangkabataan o para sa may sapat na gulang, pampubliko o pribado, para sa mga layunin ng naghahambing na pag-aaral.*

SEK. 4.3. Seksiyon 749.22 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon ay sinususugan upang mabasang:

749.22. Upang maging karapat-dapat sa gawad na ito, ang bawat county ay dapat atasan na magtatag ng isang konsehong nag-uugnay ng hustisyang pangkrimen sa maraming ahensiya na dapat bumuo at magpatupad ng isang patuloy na mga tugon na batay sa county sa krimeng pangkabataan. Ang mga konsehong nag-uugnay ay dapat, ~~sa pinakamababa~~, kabilang ang punong opisyal sa probasyon, bilang tagapangulo, at isang kinatawan mula sa bawat isa ng opisina ng abugado ng distrito, opisina ng pampublikong tagapagtanggol, kagawaran ng siyerip, lupon ng mga superbisor, kagawaran ng mga serbisyong panlipunan, kagawaran ng kalusugan ng isip, ~~isang programa sa droga at alkohol na nakabase sa komunidad~~, isang kagawaran ng pulisya ng lungsod, opisina ng edukasyon ng county o isang distrito ng paaralan, ~~at isang pangkalahatang kinatawan ng komunidad. Upang isakatuparan ang mga tungkulin nito alinsunod sa seksiyong ito, dapat ding isama sa nag-uugnay na konseho ang mga kinatawan mula sa mga di-nagtutubong organisasyon na nakabase sa komunidad na nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga menor. Ang lupon ng mga superbisor ay dapat bigyan ng kaalaman ng mga organisasyong nakabase sa komunidad na lumalahok sa isang nag-uugnay na konseho~~. Ang mga nag-uugnay na konseho ay dapat bumuo ng isang komprehensibo, maraming-ahensiyang plano na tumutukoy sa mga tagatulong at istratehiya sa pagkakaloob ng isang mabisang pagpapatuloy ng mga tugon para sa pagpigil, pamamagitan, pangangasiwa, paggamot, at pagkulong ng babae at lalaking nagkasalang kabataan, kabilang ang mga istratehiya upang bumuo at ipatupad ang mga lokal na nakabase o nakabase sa rehiyon na mga mapipiling paglalagay sa labas ng bahay para sa mga kabataan na mga taong inilarawan sa Seksiyon 602. ~~Ang mga county ay maaaring gumamit ng planong parusa ng komunidad na binuo alinsunod sa mga gawad na ibinigay mula sa mga pondong kabilang ang Batas sa Badyet ng 1995 kung ang mga plano ay humaharap sa krimen ng kabataan at ang sistema ng hustisyang pangkabataan o lokal na mga planong aksiyon na naunang binuo para sa programang ito.~~ Ang plano ay dapat kabilang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na bahagi:

(a) Ang pagtaya ng pagpapatupad ng umiiral na batas, probasyon, edukasyon, kalusugan ng isip, kalusugan, mga serbisyong panlipunan, mga tagatulong sa mga serbisyo sa droga at alkohol at kabataan na partikular na umaasinta sa mga nanganganib na kabataan, mga nagkasalang kabataan, at ang kanilang mga pamilya.

(b) Isang pagtukoy at pag-uuna sa mga kapitbahayan, paaralan, at ibang mga lugar sa komunidad na humaharap sa malaking panganib sa kaligtasan ng publiko mula sa krimen ng kabataan, tulad ng gawain ng gang, panloloob ~~sa araw~~, pagnanakaw ~~sa kalaliman ng gabi~~, bandalismo, paglalakwatsa, pagbebenta ng mga kinokontrol na substansiya, karahasang may kaugnayan sa baril, at paggamit ng alkohol *at droga* ng kabataan sa loob ng hurisdiksiyon ng konseho.

(c) Ang isang lokal na planong aksiyon (LAP) para sa pagpapabuti at pangangasiwa ng mga kakayahang nakalagay sa subdibisyon (a) upang bawasan ang krimen ng kabataan at pagkadelinkwente sa mga lugar na inaasinta alinsunod sa subdibisyon (b) at sa mas malaking komunidad. Ang mga konseho ay dapat maghanda ng kanilang mga plano upang isagad ang pagkakaloob ng mga nakikipagtulungan at nakapaloob na mga serbisyo ng lahat ng kakayahan na nakalagay sa subdibisyon (a), at dapat magkaloob ng tinukoy na mga istratehiya para sa lahat ng elemento ng pagtugon, kabilang ang pagpigil, pamamagitan, pagsugpo, at pag-aalis ng kakayahan, upang magkaloob ng pagpapatuloy para sa pagharap sa natukoy na problema sa krimen ng lalaki at babaing kabataan, at mga istratehiya upang bumuo at magpatupad ng lokal na nakabase o nakabase sa rehiyon na mga mapipiling paglalagay sa labas ng bahay para sa mga kabataan na mga taong inilarawan sa Seksiyon 602.

(d) Bumuo ng mga sistema ng impormasyon at pagbabahagi ng impormasyon upang tiyakin na ang mga aksiyon ng county ay lubos na pinag-ugnay, at upang magkaloob ng mga datos para sa pagsukat ng tagumpay ng ginawaran sa pagkakamit ng mga hangaring ito. Ang plano ay dapat bumuo ng mga hangaring may kaugnayan sa mga sukat na bunga na dapat gamitin upang ipasiya ang pagiging mabisa ng programa.

(e) Tukuyin ang mga sukat ng bunga na dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

(1) Ang dami ng mga pag-aresto sa kabataan *na may kaugnayan sa bilang ng mga krimen.*

(2) Ang bilang ng mga matagumpay na pagkumpleto ng probasyon.

(3) Ang bilang ng matagumpay na pagkumpleto ng restitusyon at ipinag-utos ng hukuman na mga responsibilidad na serbisyo sa komunidad.

*(f) Walang tao na kinuha ng o kumakatawan sa interes ng anumang pribadong entidad, kabilang ang isang pangkawanggawang di-nagtutubong organisasyon na tumanggap o maaaring tumanggap ng gawad na pagpopondo para sa pagkakaloob ng mga serbisyo para sa kabataan o may sapat na gulang na nagkasala o mga nanganganib na populasyon, na maaaring maglingkod sa isang nag-uugnay na konseho.*

SEK. 4.4. Seksiyon 1951 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon ay sinususugan upang mabasang:

1951. (a) Sa pamamagitan nito ay itinatatag ang Pondo ng Blokeng Gawad sa Nagkasalang Kabataan.

(b) Ang mga paglalaan mula sa Pondo ng Blokeng Gawad sa Nagkasalang Kabataan ay dapat gamitin upang pahusayin ang kapasidad ng probasyon ng county, ~~kalusugan ng isip, droga at alkohol, at ibang mga kagawaran ng county~~ upang magkaloob *o kumuha* ng angkop na nagbabagong-tatag at pangangasiwa na mga serbisyo sa mga nagkasalang kabataan na napapailalim sa mga Seksiyon 731.1, 733, 1766, at 1767.35. ~~Ang mga county, sa pagpapalawak sa paglalaan ng Blokeng Gawad sa Nagkasalang Kabataan, ay dapat magkaloob ng lahat ng kailangang serbisyo na may kaugnayan sa pag-iingat at parol ng mga nagkasala.~~

(c) Ang county ng pagtatalaga ay inaalisan ng obligasyon para sa anumang pagbabayad sa estado alinsunod sa Seksiyon 912, 912.1, o 912.5 para sa bawat nagkasala na hindi dinala sa pag-iingat ng estado tangi alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 733, at para sa bawat nagkasala na pinangangasiwaan ng county ng pagtatalaga alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1766 o subdibisyon (b) ng Seksiyon 1767.35. *Ang mga matitipid mula sa tadhanang ito ay dapat idagdag sa Pondo ng Blokeng Gawad sa Nagkasalang Kabataan at dalhin sa kagawaran ng probasyon gaya ng tinukoy sa subdibisyon (b).*

*(d) Sa pamamagitan nito ay patuloy na inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo ang siyamnapu't-dalawang milyon limang daang libong dolyar ($92,500,000) o ang halaga sa Seksiyon 1953, 1954, o 1955, alinman ang mas malaki, para sa taon ng pananalapi na 2009-10 at bawat taon pagkaraan na iniakma para sa mga pagbabago sa gastos ng pamumuhay taun-taon alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili sa California. Ang halagang ito ay dapat ipamahagi alinsunod sa pormula sa Seksiyon 1955 upang tulungan ang mga county para sa gugulin sa paglalagyan ng mga nagkasalang kabataan.*

SEK. 4.5. Seksiyon 30062.2 ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

*30062.2. (a) Sa pamamagitan nito ay itinatag ang Pondo ng Pasilidad at Pangangasiwa ng Probasyon ng Kabataan.*

*(b) Ang halagang limampung milyong dolyar ($50,000,000) sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo ng Pasilidad at Pangangasiwa ng Probasyon ng Kabataan para sa taon ng pananalapi na 2009-10 at taun-taon bawat taon pagkaraan, iniakma para sa mga pagbabago sa gastos sa pamumuhunan alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili sa California, upang ilaan ng Kontroler sa mga county at ideposito sa bawat SLESF ng county sa mga kaparehong proporsiyon na inawtorisa sa ilalim ng talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 30061 para sa pagkukumpuni at pagbabago ng pasilidad ng kabataan, mga programang inantalang pagpasok ng hatol sa kabataan, at matinding pangangasiwa sa probasyon ng kabataan o may sapat na gulang na kabataan (wala pang 25).*

SEK. 5. PROTEKSIYON AT SUPORTA SA MGA BIKTIMA.

SEK. 5.1. Seksiyon 240 ng Kodigo sa Ebidensiya ay sinususugan upang mabasang:

240. (a) Maliban kung iba ang itinatadhana sa subdibisyon (b), "hindi makukuha bilang testigo" ay nangangahulugang ang nagpahayag ay alinman sa mga sumusunod:

(1) Hindi kasama o pinipigilan dahilan sa pribilehiyo na tumestigo tungkol sa bagay na mahalaga ang kanyang pahayag.

(2) Hindi kuwalipikadong tumestigo sa bagay.

(3) Patay o hindi makadalo o makatestigo sa pagdinig dahil sa kasalukuyang sakit o kapansanan ng katawan o isip.

(4) Lumiban sa pagdinig at hindi napilit ng hukuman ang kanyang pagdalo sa proseso nito.

(5) Lumiban sa pagdinig at ang tagapagtaguyod ng kanyang pahayag ay gumamit ng makatwirang pagsisikap pero hindi nakuha ang pagdalo niya sa proseso ng hukuman.

*(6) Ang nagpahayag ay nakarating sa pagdinig at tumangging tumestigo ukol sa pahayag ng nagpahayag sa kabila ng utos mula sa hukuman na gawin ito.*

(b) Ang isang nagpahayag ay hindi makukuha bilang testigo kung ang pagkalibre, hindi pagsasama, pag-aalis ng karapatan, kamatayan, kawalan ng kakayahan, o pagliban ng nagpahayag ay dahil sa pagkuha o maling ginawa ng tagapagtaguyod ng kanyang pahayag para sa layunin na pigilan ang nagpahayag na dumalo o tumestigo.

(c) Ang ekspertong testimonya ~~na~~ *na siyang* magtatatag na ang trauma ng katawan o isip na bunga ng kimen umano ay nagdulot ng pinsala sa isang testigo na may sapat na tindi na ang testigo ay hindi pisikal na makatestigo o walang kakayahang tumestigo nang hindi magdaranas ng malaking trauma na maaaring bumuo ng sapat na pagpapakita ng kawalan ng kahandaan alinsunod sa talataan (3) ng subdibisyon (a). Gaya ng pagkakagamit sa seksiyong ito, ang katawagang "eksperto" ay nangangahulugang isang doktor at siruhano, kabilang ang isang doktor ng isip, o sinumang taong inilarawan ng subdibisyon (b), (c), o (e) ng Seksiyon 1010.

Ang pagpasok ng ebidensiya upang itatag na hindi makakarating ang isang testigo sa ilalim ng subdibisyong ito ay hindi dapat ituring na pagkuha ng kawalan ng kakayahang dumalo, dahil sa kawalan ng katunayan sa kasalungat.

SEK. 5.2. Seksiyon 1390 ay idinaragdag sa Kodigo sa Ebidensiya, upang mabasang:

*1390. (a) Ang ebidensiya ng isang pahayag ay hindi ginagawang hindi matatanggap ng tuntunin sa sabi-sabi kung ang pahayag ay iniaalay laban sa isang partido na gumawa o pumayag sa sadyang krimen na nagdulot ng hindi pagdalo ng nagpahayag bilang isang testigo.*

*(b) (1) Ang partidong naghahangad ipasok ang isang pahayag alinsunod sa subdibisyon (a) ay dapat magtatag, sa pamamayani ng ebidensiya, na ang mga elemento ng subdibisyon (a) ay natugunan sa isang pagdinig ukol sa pundasyon.*

*(2) Ang sabi-sabing ebidensiya, kabilang ang sabi-sabing ebidensiya na napapailalim sa pagdinig ukol sa pundasyon, ay tinatanggap sa pagdinig ukol sa pundasyon. Gayunman, ang pasiya na ang mga elemento ng subdibisyon (a) ay natugunan ay dapat ibatay tangi sa hindi maharap na sabi-sabing pahayag ng hindi nakadalong nagpahayag, at dapat suportahan ng independiyenteng tumutulong na ebidensiya.*

*(3) Ang pagdinig ukol sa pundasyon ay dapat isagawa sa labas ng lupon ng mga tagahatol. Gayunman, kung ang pagdinig ay isinagawa pagkatapos magsimula ang isang paglilitis ng lupon ng mga tagahatol, ang hukom na namamatnugot sa pagdinig ay maaaring magsaalang-alang ng ebidensiya na naiharap na sa lupon ng mga tagahatol sa pagpapasiya kung ang mga elemento ng subdibisyon (a) ay natugunan.*

*(c) Kung ang isang pahayag na tatanggapin alinsunod sa seksiyong ito ay may sabi-sabing pahayag na ginawa ng sinuman na iba sa nagpahayag na hindi nakadalo alinsunod sa subdibisyon (a), at ibang sabi-sabing pahayag ay hindi tinatanggap maliban kung ito ay nakakatugon sa mga iniaatas ng isang eksepsiyon sa tuntunin ng sabi-sabi.*

SEK. 5.3. Seksiyon 13921.5 ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

*13921.5. (a) Sa pamamagitan nito ay itinatatag ang Pondo ng Pagbabayad ng Gantimpala sa Tagahadlang ng Krimen, na pangangasiwaan ng lupon.*

*(b) Ang mga paglalaan mula sa Pondo ng Pagbabayad ng Gantimpala sa Tagahadlang ng Krimen ay dapat gamitin upang magkaloob ng pagbabayad para sa mga gantimpalang inialay at binayaran para sa impormasyon sa mga kasong felony.*

*(c) Ang pagbabayad sa mga halagang hindi hihigit sa limang libong dolyar ($5,000) kada kahilingan ay maaaring bayaran sa mga karapat-dapat na may-hiling pero hindi dapat humigit sa aktuwal na gantimpalang ibinayad.*

*(d) Ang mga kahilingan sa pagbabayad ng gantimpala ay dapat bayaran kung mapatunayan na ang napapaloob na gantimpala ay inialay at binayaran para sa ebidensiya na aktuwal na humantong sa pagkaaresto o napatunayang pagkakasala na pinatotohanan ng pag-aresto ng nag-uusig na ahensiya.*

*(e) Ang mga kuwalipikadong may-hiling ng pagbabayad ay kabilang ang biktima ng napapaloob na felony o ang kanyang pamilya, o pangkawanggawa o di-nagtutubong organisasyon.*

*(f) Ang lupon ay maaaring magtatag ng mga limitasyon sa gantimpala na mas mababa sa pinakamataas, maaring magtatag ng mga mahinahong limitasyon para sa magkakaibang klasipikasyon ng krimen, maaaring magtaas ng uri ng mga karapat-dapat na may-hiling, at dapat ilagay ang mga pamamaraan nito sa kahilingan at mga pormularyo sa Web site nito.*

*(g) Ang Kontroler ay dapat maglipat ng sampung milyong dolyar ($10,000,000) mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo ng Pagbabayad ng Gantimpala sa Tagahadlang ng Krimen para sa taon ng pananalapi na 2009-10.*

*(h) Ang Pondo ng Pagbabayad ng Gantimpala sa Tagahadlang ng Krimen ay dapat lagyan ng laman taun-taon ng Kontroler upang ang pondo ay may nakahandang halaga na sampung milyong dolyar ($10,000,000), iniakma para sa gastos sa pamumuhay taun-taon alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili sa California.*

*(i) Wala sa seksiyong ito na dapat ituring na pumipigil o nanghihimasok sa kapangyarihan ng Gobernador na mag-alok ng mga gantimpala alinsunod sa Seksiyon 1547 ng Kodigo sa Parusa.*

SEK. 5.4. Seksiyon 13974.6 ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

*13974.6. (a) Sa pamamagitan nito ay nililikha ang Pondo ng Paggaling sa Trauma ng Biktima para sa layunin na suportahan ang paggaling ng biktima, tagatulong, at mga programang paggamot upang magkaloob ng mga komprehensibong serbisyong paggaling sa mga biktima ng krimen.*

*(b) Ang lupon ay dapat pumili ng hanggang limang lugar upang magbigay ng mga gawad alinsunod sa seksiyong ito. Ang mga lugar ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod na bahagi na nauukol sa programa:*

*(1) Pagtatatag ng sentro ng paggaling, tagatulong, at paggamot ng biktima.*

*(2) Pagpapatupad ng isang mabilis na pangkat ng pag-abot sa pinangyarihan ng krimen upang magkaloob ng komprehensibong pamamagitan at pagpapayo sa mga bata at pamilya.*

*(3) Pag-abot na nakabase sa komunidad.*

*(4) Mga serbisyo sa mga miyembro ng pamilya at mga mahal sa buhay ng mga biktima ng pagpatay.*

*(c) Ang mga programang paggaling ng biktima, tagatulong, at paggamot na pinili ng lupon ay dapat maglingkod sa mga populasyon ng mga biktima ng krimen na ang mga pangangailangan ay hindi natutugunan sa kasalukuyan, ay dapat ipamahagi ayon sa heograpiya upang maglingkod sa populasyon ng estado, at dapat kabilang ang mga serbisyo sa lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Ang mga indibidwal na hindi alam ang lalim at abot ng mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga biktima ng krimen.*

*(2) Mga indidbiwal na naninirahan sa mga komunidad na may mga limitadong serbisyo.*

*(3) Mga indibidwal na hindi makagamit ng mga serbisyo dahil sa kapansanan.*

*(4) Mga miyembro ng pamilya at mga mahal sa buhay ng mga biktima ng pagpatay.*

*(d) Ang lupon ay dapat magbigay ng mga gawad na ito simula sa Hulyo 1, 2009.*

*(e) Ang lupon ay maaaring magpanatili ng hanggang 5 porsiyento ng mga pondong ito para sa mga layunin na pangasiwaan ang mga gawad na ito.*

SEK. 5.5. Seksiyon 136.1 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

136.1. (a) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (c), sinumang tao na gumawa ng alinman sa mga sumusunod ay nagkasala ng isang pagkakasala sa publiko at dapat parusahan sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county ng hindi hihigit sa isang taon o sa bilangguan ng estado:

(1) Sadya at malisyosong pinigilan o pinahina ang loob ng sinumang testigo o biktima na dumalo o magbigay ng testimonya sa anumang paglilitis, pamamaraan, o pagtatanong na inawtorisa ng batas.

(2) Sadya at malisyosong nagtangkang pigilan o pahinain ang loob ng sinumang testigo o biktima na dumalo o magbigay ng testimonya sa anumang paglilitis, pamamaraan, o pagtatanong na inawtorisa ng batas.

(3) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang ebidensiya na ang nasasakdal ay isang miyembro ng pamilya na nanghimasok sa pagsisikap na protektahan ang testigo o biktima ay dapat lumikha ng pagpapalagay na ang aksiyon ay walang malisya.

(b) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (c), bawat tao na nagtangkang pigilan o pahinain ang loob ng ibang tao na naging biktima ng isang krimen o isang testigo sa isang krimen na gawin ang alinman sa mga sumusunod ay nagkasala ng isang pagkakasala sa publiko at dapat parusahan sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county ng hindi hihigit sa isang taon o sa bilangguan ng estado:

(1) Ang paggawa ng anumang ulat na ang pagkabiktimang iyon sa sinumang opisyal na pangkapayapaan o pang-estado o lokal na opisyal na tagapagpatupad na batas o probasyon o parol o pagwawasto o nag-uusig na ahensiya o sa sinumang hukom.

(2) Naging dahilan upang ang isang reklamo, pagsasakdal, impormasyon, probasyon o paglabag sa parol ay hangarin at usigin, at tumulong sa pag-uusig nito.

(3) Pag-aresto o naging dahilan o naghangad ng pag-aresto ng sinumang tao na kaugnay ng pagkabiktimang iyon.

(c) Sinumang tao na gumawa ng alinman sa mga aksiyon na inilarawan sa subdibisyon (a) o (b) na sadya at malisyoso sa ilalim ng isa o higit sa mga sumusunod na kalagayan, ay nagkasala ng isang felony na mapaparusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng dalawa, tatlo, apat na taon sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kalagayan:

(1) Kung saan ang aksiyon ay may kasamang puwersa o ng malinaw o ipinahiwatig na banta ng puwersa o karahasan, sa isang testigo o biktima o sinumang ikatlong tao o sa ari-arian ng sinumang biktima, testigo, o sinumang ikatlong tao.

(2) Kung saan ang aksiyon ay upang isulong ang isang sabwatan.

(3) Kung saan ang aksiyon ay ginawa ng sinumang tao na napatunayang lumabag sa seksiyong ito, anumang naunang batas o anumang pederal na batas o batas ng alinmang ibang estado na, kung ang aksiyong inusig ay ginawa sa estadong ito, ay magiging isang paglabag sa seksiyong ito.

(4) Kung saan ang aksiyon ay ginawa ng sinumang tao para kumita ng pera o para sa anumang isinasaalang-alang na umakto sa kahilingan ng sinumang ibang tao. Lahat ng partido sa naturang transaksiyon ay nagkasala ng isang felony.

*(d) Sinumang tao na, sa pamamagitan ng puwersa, o malinaw o ipinahiwatig na banta ng puwersa o karahasan, ay nagtangkang pigilan o pahinain ang loob ng isang hukom, tagahatol, tagausig, pampublikong manananggol, o opisyal na pangkapayapaan na lumahok sa pag-aresto, pag-uusig, paglilitis, o walang-kinikilingang paghatol sa sinumang hinihinalang kriminal ay nagkasala ng isang felony na maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng dalawa, tatlo, o apat na taon.*

*(e) Sinumang tao na, sa pamamagitan ng puwersa o malinaw o ipinahiwatig na banta ng puwersa o karahasan, ay nagtangkang pigilan o pahinain ang loob ng sinumang tao na magsampa, mag-awtorisa, o magpatupad ng utos ng hukuman sa gang o proseso ng pagpapagaan sa panggugulo bilang tugon sa gawain na kaugnay ng gang, droga, o ibang organisasyong gawaing kriminal, o sa pagsisiyasat ng mga lugar kung saan ang mga gawain ay nangyari, ay dapat na nagkasala ng isang felony na maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng dalawa, tatlo, o apat na taon.*

*(f) Sinumang tao na, sa pamamagitan ng puwersa o malinaw o ipinahiwatig na banta ng puwersa o karahasan, ay nagtangkang gantihan ang isang tao na ayon sa batas na lumahok sa anumang prosesong pangkrimen o sibil na pinoprotektahan alinsunod sa subdibisyon (a), (b), (d), o (e) ay dapat na nagkasala ng isang felony na maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng dalawa, tatlo, o apat na taon.*

~~(d)~~ *(g)* Bawat taong nagtangkang gumawa ng anumang aksiyon na inilarawan sa mga subdibisyon (a), (b), ~~at~~ (c), *at (d)* ay nagkasala ng pagkakasalang tinangka nang hindi isinasaalang-alang ang tagumpay o kabiguan ng pagtatangka. Ang katotohanan na walang taong nasaktan, o natakot, ay hindi dapat maging depensa sa anumang pag-uusig sa ilalim ng seksiyong ito.

~~(e)~~ *(h)* Wala sa seksiyong ito na pumipigil sa pagpataw ng isang pagpapahusay para sa malaking pinsala ng katawan kung saan ang pinsalang ibinigay ay malaki.

~~(f)~~ *(i)* Ang paggamit ng puwersa sa paggawa ng anumang pagkakasalang inilarawan sa subdibisyon (c) ay dapat ituring na isang kalagayan na nagpapalubha ng krimen sa pagpapataw ng panahon sa bilangguan sa ilalim ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 1170.

SEK. 5.6. Seksiyon 11166.6 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*11166.6. (a) Ang bawat county ay maaaring magtatag ng mga sentro sa pagtataguyod ng bata upang iugnay ang mga aktibidad ng iba't ibang ahensiya na kalahok sa imbestigasyon at pag-uusig ng pang-aabuso umano ng bata, kabilang ang mga nagkakaloob ng mga serbisyong medikal at pansubaybay na paggamot sa mga biktima ng pang-aabuso sa bata. Ang layunin ng mga sentrong ito ay protektahan ang mga biktima ng pang-aabuso sa bata sa pamamagitan ng pagbawas sa mga nagdudulot ng trauma na panayam sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga pagsisikap ng mga abugado ng distrito, mga manggagawang panlipunan sa kapakanan ng bata, tagapagpatupad ng batas, at mga tauhang medikal, bukod sa iba, at upang tulungan ang pag-uusig sa pamamagitan ng pagbawas sa mga pagkakataon ng mga magkakasalungat o hindi tumpak na impormasyon sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga katanungang angkop sa edad upang tumulong na makakuha ng impormasyon na tinatanggap ng hukuman.*

*(b) (1) Ang mga miyembrong ahensiya ng sentro sa pagtataguyod ng bata ay dapat, sa pinakamababa, buuin ng isang kinatawan mula sa opisina ng abugado ng distrito, kagawaran ng siyerip, kagawaran ng pulisya, at mga serbisyong nangangalaga ng bata, at maaaring kabilang ang mga propesyonal na medikal at sa kalusugan ng isip.*

*(2) Ang mga miyembro ng lokal na sentro ng pagtataguyod ng bata ay dapat sanayin na magsagawa ng mga panayam na porensiko sa bata. Ang pagsasanay ay dapat kabilang ang tagubilin sa pagtaya ng panganib, ang mga dinamiko ng pang-aabuso ng bata, kabilang ang pang-aabuso ng mga batang may mga espesyal na*

*pangangailangan, sekswal na pang-aabuso ng bata at panggagahasa sa mga bata, at ayon sa batas at angkop sa edad na mga paraan ng panayam at imbestigasyon.*

*(c) Sa pamamagitan nito ang Pondo ng Sentro sa Pagtataguyod ng Bata ay nililikha para sa layunin na suportahan ang mga sentro ng pagtataguyod sa bata. Ang perang inilaan mula sa pondo ay dapat ihanda sa pamamagitan ng Opisina ng mga Emerhensiyang Serbisyo sa sinumang pampubliko o pribadong di-nagtutubong ahensiya para sa pagtatatag o pagpapanatili, o pareho, ng mga sentro sa pagtataguyod ng bata na nagkakaloob ng mga komprehensibong serbisyong pagtataguyod sa bata, gaya ng tinukoy sa seksiyong ito.*

SEK. 5.7. Seksiyon 1464 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

1464. (a) (1) *Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California na ang krimen sa kalye, sa pagiging laganap at malupit nito, ay lumilikha ng maraming biktima na nangangailangan ng suporta at serbisyo na pinakamahusay na kunin mula sa mga makaranasang tagapagkaloob. Dagdag dito, dahil ang mga pondong inilaan sa Pondo ng Pagtasa ng Parusang Pagsasanay ng Drayber ay hindi na ginagamit para sa kanilang orihinal na layunin, angkop na dalhin ang mga pondong ito, na nililikha ng mga pagtasa sa parusa sa krimen, sa mga mga serbisyo sa biktima at mga programang pagsasanay ng tapapagpatupad na batas.*

*(2)* Napapailalim sa Kabanata 12 (nagsisimula sa Seksiyon 76000) ng Titulo 8 ng Kodigo ng Pamahalaan, at maliban kung iba ang itinatadhana sa seksiyong ito, dapat na may ipataw na multa ng estado sa halagang sampung dolyar ($10) sa bawat sampung dolyar ($10), o bahagi ng sampung dolyar ($10), sa bawat multa, o pagkuha na ipinataw at siningil ng mga hukuman para sa lahat ng krimen, kabilang ang lahat ng pagkakasala, maliban sa mga pagkakasala sa pagparada gaya ng nilinaw sa subdibisyon (i) ng Seksiyon 1463, kaugnay ng isang paglabag sa isang seksiyon ng Kodigo sa Sasakyan o anumang lokal na ordinansa na pinagtibay alinsunod sa Kodigo sa Sasakyan.

~~(2)~~ *(3)* Anumang iskedyul ng piyansa na pinagtibay alinsunod sa Seksiyon 1269b o iskedyul ng piyansa na pinagtibay ng Konsehong Panghukuman alinsunod sa Seksiyon 40310 ng Kodigo sa Sasakyan ay maaaring kabilang ang kailangang halaga upang bayaran ang mga parusang itinatag ng seksiyong ito at Kabanata 12 (nagsisimula sa Seksiyon 76000) ng Titulo 8 ng Kodigo ng Pamahalaan, at ng dagdag na singil na inawtorisa ng Seksiyon 1465.7, para sa lahat ng bagay kung saan ang personal na pagharap ay hindi sapilitan at ang piyansa ay pangunahin para igarantiya ang pagbabayad ng multa.

~~(3)~~ *(4)* Ang parusang ipinataw ng seksiyong ito ay hindi umaaplay sa mga sumusunod:

(A) Anumang restitusyon na multa.

(B) Anumang parusang inawtorisa ng Kabanata 12 (nagsisimula sa Seksiyon 76000) ng Titulo 8 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(C) Anumang pagkakasala sa pagparada na napapailalim sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 40200) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 17 ng Kodigo sa Sasakyan.

(D) Ang dagdag na singil ng estado na inawtorisa ng Seksiyon 1465.7.

(b) Kung saan kasangkot ang maraming pagkakasala, ang parusa ng estado ay dapat ibatay sa kabuuang multa o piyansa para sa bawat kaso. Kapag ang isang multa ay sinuspinde, sa kabuuan o bahagi, ang parusa ng estado ay dapat bawasan ayon sa proporsiyon ng pagsuspinde.

(c) Kapag ang anumang idinepositong piyansa ay ginawa para sa isang pagkakasala na iniaaplay ng seksiyong ito, at ang pagharap sa hukuman ay sapilitan, ang taong gumawa ng pagdeposito ay dapat ding magdeposito ng sapat na halaga upang isama ang parusa ng estado na itinagubilin ng seksiyong ito para sa kinuha o hindi na ibabalik na piyansa. Kung ang piyansa ay ibinalik, ang parusa ng estado na binayaran alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ibalik.

(d) Sa kaso kung saan ang isang taong napatunayang nagkasala, na ang seksiyong ito ay umaaplay, ay nasa bilangguan hanggang ang multa ay mabayaran, ang hukom ay maaaring tumalikdan sa lahat o anumang bahagi ng parusa ng estado, ang pagbabayad nito ay magpapahirap sa taong napatunayang nagkasala o ang kanyang pamilya.

(e) Pagkatapos ng pagpapasiya ng hukuman ng halagang dapat bayaran, ang klerk ng hukuman ay dapat sumingil ng parusa at ihatid ito sa tesorerya ng county. Ang bahagi nito na bunga ng Kabanata 12 (nagsisimula sa Seksiyon 76000) ng Titulo 8 ng Kodigo ng Pamahalaan ay dapat ideposito sa angkop na pondo ng county at 70 porsiyento ng balanse ay dapat ihatid sa Tesorerya ng Estado, upang ideposito sa Pondo ng Parusa ng Estado, na sa pamamagitan nito ay nililikha, at 30 porsiyento upang manatiling nakadeposito sa pangkalahatang pondo ng county. Ang paghahatid sa Tesorerya ng Estado ay dapat isakatuparan sa paraang katulad ng pagsingil sa mga multa para sa estado ng isang county.

(f) Ang mga perang dapat ideposito sa Pondo ng Parusa ng Estado ay dapat ipamahagi gaya ng mga sumusunod:

(1) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo ng Pangangalaga ng Isda at Ligaw na Hayop ang isang halagang kapantay ng 0.33 porsiyento ng mga pondo ng parusa ng Estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa naunang buwan, maliban sa ang kabuuang halaga ay hindi dapat na mas mababa sa parusa ng estado na ipinataw sa mga multa o pagkuha para sa paglabag sa mga batas ng estado na may kaugnayan sa proteksiyon o pagpaparami ng isda at ligaw na hayop. Ang mga perang ito ay dapat gamitin para sa edukasyon o pagsasanay ng mga empleyado ng kagawaran na tumutupad ng isang pangangailangan na kaayon ng mga layunin ng Kagawaran ng Isda at Ligaw na Hayop.

(2) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo ng Restitusyon ang isang halagang kapantay ng ~~32.02~~ *30.21* porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan. Ang mga pondong ito ay dapat ihanda alinsunod sa Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(3) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo sa Pagsasanay ng mga Opisyal na Pangkapayapaan ang isang halagang kapantay ng ~~23.99~~ *32.44* porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan.

(4) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo sa Pagtasa ng Parusa sa Pagsasanay ng Drayber ang isang halagang kapantay ng ~~25.70~~ *0.67* porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan.

(5) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo ng Pagsasanay Para sa Pagwawasto ang isang halagang kapantay ng ~~7.88~~ *13.80* porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan. Ang pera sa Pondo sa Pagsasanay sa Pagwawasto ay hindi patuloy na inilalaan at dapat ilaan sa Batas sa Badyet.

(6) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo ng Pagsasanay sa mga Lokal na Pampublikong Tagausig at Pampublikong Manananggol na itinatag alinsunod sa Seksiyon 11503 ang isang halagang kapantay ng ~~0.78~~ *1.25* porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan. ~~Ang halagang inilipat ay hindi dapat humigit sa halagang walong daan limampung libong dolyar ($850,000) sa alinmang taon ng pananalapi. Ang natitirang sobra sa walong daang limampung libong dolyar ($850,000) ay dapat ilipat sa Pondo ng Restitusyon.~~

(7) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo ng Tulong sa Biktima-Testigo ang isang halagang kapantay ng ~~8.64~~ *16.94* porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan.

(8) (A) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo ng Traumatikong Pinsala sa Utak na nilikha alinsunod sa Seksiyon 4358 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, ang isang halagang kapantay ng 0.66 porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan. Gayunman, ang halaga ng mga pondong inilipat sa Pondo ng Traumatikong Pinsala sa Utak para sa taon ng pananalapi na 1996-97 ay hindi dapat humigit sa halagang limang daang libong dolyar ($500,000). Pagkaraan, ang mga pondo ay dapat ilipat alinsunod sa mga iniaatas ng seksiyong ito. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang mga pondong inilipat sa Pondo ng Traumatikong Pinsala sa Utak para sa taon ng pananalapi ng 1997-98, 1998-99, at 1999-2000, ay maaaring gastahin ng Kagawaran ng Kalusugan ng Isip ng Estado, sa kasalukuyang taon ng pananalapi o kasunod na taon ng pananalapi, upang magkaloob ng karagdagang pagpopondo sa mga kasalukuyang proyektong pinopondohan ng Pondo ng Traumatikong Pinsala sa Utak, upang suportahan ang mga bagong proyekto, o gawin ang pareho.

(B) Anumang perang idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado na bunga ng mga pagtasang ginawa alinsunod sa subdibisyon (i) ng Seksiyon 27315 ng Kodigo sa Sasakyan sa o pagkaraan ng petsa na ang Kabanata 6.6 (nagsisimula sa Seksiyon 5564) ng Bayagi 1 ng Dibisyon 5 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon ay pinawalang-bisa ay dapat gamitin alinsunod sa mga talataan (1) hanggang (8), inklusibo, ng subdibisyong ito.

*(9) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo ng Paggaling sa Trauma ng Biktima na nilikha alinsunod sa subdibisyong (a) ng Seksiyon 13974.6 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang isang halagang kapantay ng 1.81 porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan.*

*(10) Minsan sa isang buwan dapat ilipat sa Pondo ng Sentro sa Pagtataguyod ng Bata na nilikha alinsunod sa subdibisyong (c) ng Seksiyon 11166.6 ang isang halagang kapantay ng 1.89 porsiyento ng mga pondo ng parusa ng estado na idineposito sa Pondo ng Parusa ng Estado sa sinundang buwan.*

SEK. 5.8. Seksiyon 14027 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

14027. Ang Pangkalahatang Abugado ay dapat mag-isyu ng mga angkop na patnubay at maaaring magpatibay ng mga regulasyon upang ipatupad ang titulong ito. Sa mga patnubay na ito ay dapat kabilang ang:

(a) Isang proseso kung saan ang mga pang-estado at lokal na ahensiya ay dapat gumamit ng pagbabayad ng mga gastos sa pagkakaloob ng mga serbisyong proteksiyon ng testigo.

(b) ~~Isang 25-porsiyento~~ *Isang angkop na antas para* sa panumbas na dapat ~~iaatas ng~~ *gamitin ng* mga lokal na ahensiya. Ang Pangkalahatang Abugado ay maaari ring magtatag ng isang proseso na maaaring pagtalikdan ng iniaatas na lokal na panumbas kapag angkop.

SEK. 6. MGA PARUSA SA KRIMEN NG GANG AT KALYE

SEK. 6.1. Seksiyon 594 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

594. (a) Bawat tao na malisyosong gumawa ng alinman sa mga sumusunod na aksiyon na nauukol sa anumang tunay o personal na ari-arian na hindi niya pag-aari, sa mga kaso na iba sa mga tinukoy ng batas ng estado, ay nagkasala ng bandalismo:

(1) Nagdungis sa pamamagitan ng grapiti o ibang itinatak na materyal.

(2) Mga Pinsala.

(3) Nakakasira.

Tuwing ang isang taong lumabag sa subdibisyong ito na nauukol sa tunay na ari-arian, mga sasakyan, tanda, ikinakabit, muwebles, o ari-arian ng alinmang pampublikong entidad, gaya ng nilinaw ng Seksiyon 811.2 ng Kodigo ng Pamahalaan, o ng pederal na pamahalaan, dapat na ipinahihintulot na ipalagay na ang tao ay hindi nag-aari ng ari-arian o walang pahintulot ng may-ari na dungisan, pinsalain, o sirain ang ari-arian.

(b) (l) Kung ang halaga ng pagdungis, pinsala, o pagsira ay apat na raang dolyar ($400) o higit, ang bandalismo ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado o sa kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, o ng multa na hindi hihigit sa sampung libong dolyar ($10,000), o kung ang halaga ng pagdungis, pinsala, o pagsira ay sampung libong dolyar ($10,000) o higit, ng isang multa na hindi hihigit sa limampung libong dolyar ($50,000), o ng pareho ng multa at pagkabilanggo.

(2) (A) Kung ang halaga ng pagdungis, pinsala, o pagsira ay kulang sa apat na raang dolyar ($400), ang bandalismo ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county ng hindi hihigit sa isang taon, o ng isang multa na hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000), o pareho ng multa at pagkabilanggo.

(B) Kung ang halaga ng pagdungis, pinsala, o pagsira ay kulang sa apat na raang dolyar ($400), at ang nasasakdal ay dati nang napatunayang nagkasala ng bandalismo o pagkakabit ng grapiti o ibang itinatatak na materyal sa ilalim ng Seksiyon 594, 594.3, 594.4, 640.5, 640.6, o 640.7, ang bandalismo ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county ng hindi hihigit sa isang taon, o ng isang multa na hindi hihigit sa limang libong dolyar ($5,000), o pareho ng multa at pagkabilanggo.

*(3) Ang higit sa isang aksiyon na bandalismo na ginawa sa anumang magkasunod na 12 buwan ay maaaring pagsamahin para sa mga layunin ng mga talataan (1) at (2), kung ang bandalismo ay resulta ng kaparehong pakana, layunin, o plano.*

(c) Pagkatapos mapatunayang nagkasala ang sinumang tao sa ilalim ng seksiyong ito para sa mga aksiyon na bandalismo na binubuo ng pagdungis sa ari-arian ng grapiti o ibang itinatatak na materyal, ang hukuman ay maaari, bilang karagdagan sa anumang parusang ipinataw sa ilalim ng subdibisyon (b), utusan ang nasasakdal na linisin, kumpunihin, o palitan niya ang napinsalang ari-arian, o utusan ang nasasakdal, at ang kanyang mga magulang o tagapangalaga kung ang nasasakdal ay isang menor, na panatilihin ang nasirang ari-arian o ibang tinukoy na ari-arian sa komunidad na walang grapiti ng hanggang isang taon. Ang paglahok ng isang magulang o tagapangalaga ay hindi iniaatas sa ilalim ng subdibisyong ito kung itinuturing ng hukuman na ang paglahok na ito ay makakasama sa nasasakdal, o kung ang magulang o tagapangalaga ay isang nag-iisang magulang na dapat mag-alaga ng mga batang anak.

(d) Kung ang isang menor ay hindi personal na makabayad ng isang multang ipinataw para sa mga aksiyon na ipinagbabawal sa seksiyong ito, ang magulang ng menor na iyon ay dapat managot sa pagbabayad ng multa. Ang isang hukuman ay maaaring tumalikdan sa pagbabayad ng multa, o anumang bahagi nito, ng magulang pagkatapos ipinasiya na may magandang dahilan.

(e) Gaya ng pagkakagamit sa seksiyong ito, ang katawagang "grapiti o ibang itinatatak na materyal" ay kabilang ang anumang hindi inawtorisang inskripsiyon, salita, pigura, marka, o disenyo, na isinulat, iminarka, iniukit, iginasgas, iginuhit, o ipininta sa tunay o personal na ari-arian.

(f) Ang hukuman ay maaaring mag-utos sa sinumang tao na inutusang gumanap ng serbisyo sa komunidad o pagtanggal ng grapiti alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (c) na sumailalim sa pagpapayo.

~~(g) Ang seksiyong ito ay dapat magkabisa sa Enero 1, 2002.~~

SEK. 6.2. Seksiyon 10851 ng Kodigo sa Sasakyan ay sinususugan upang mabasang:

10851. (a) Sinumang tao na nagmaneho o dinala ang isang sasakyan na hindi niya pag-aari, nang walang pahintulot ng may-ari, at naghahangad na permanente o pansamantalang pagkaitan ang may-ari ng kanyang titulo o pag-aari ng sasakyan, mayroon man o walang hangarin na nakawin ang sasakyan, o sinumang tao na kasama o katulong sa o isang kasabwat sa pagmamaneho o hindi inawtorisang pagkuha o pagnanakaw, ay nagkasala ng pagkakasala sa publiko at, kapag napatunayang nagkasala, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county ng hindi hihigit sa isang taon o sa bilangguan ng estado o ng isang multa na hindi hihigit sa limang libong dolyar ($5,000), o ng pareho ng multa at pagkabilanggo.

(b) Kung ang sasakyan ay (1) isang ambulansiya, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 165, (2) ang isang natatanging minarkahang sasakyan ng isang ahensiya ng tagapagpatupad ng batas o kagawaran ng bumbero, ~~kinuha habang ang ambulansiya o sasakyan ay nasa isang emerhensiyang tawag at ang katotohanang ito ay alam ng taong nagmaneho o kumuha, o sinumang tao na kasama o katulong o kasabwat sa pagmamaneho o hindi inawtorisang pagkuha o pagnanakaw,~~ o (3) isang sasakyan na ginawan ng pagbabago para sa paggamit ng beteranong may kapansanan o sinumang ibang taong may kapansanan at nagpapakita ng natatanging plaka o plakard na inisyu alinsunod sa Seksiyon 22511.5 o 22511.9 at ang katotohanang ito ay alam o dapat na makatwirang malaman ng taong nagmaneho o kumuha, o sinumang tao na kasama o katulong sa pagmamaneho o hindi inawtorisang pagkuha o pagnanakaw, ang pagkakasala ay isang felony na maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng dalawa, tatlo, o apat na taon o ng isang multa na hindi hihigit sa sampung libong dolyar ($10,000), o pareho ng multa at pagkabilanggo.

(c) Sa anumang pag-uusig para sa paglabag ng subdibisyon (a) o (b), ang pahintulot ng may-ari ng isang sasakyan sa pagkuha o pagmamaneho rito ay hindi dapat sa anumang kaso na ipalagay o ipinahiwatig dahil sa pahintulot ng may-ari sa naunang okasyon sa pagkuha o pagmamaneho ng sasakyan ng kapareho o ibang tao.

(d) Ang pagkakaroon ng katotohanan na ginagawa ang subdibisyon (b) na angkop ay dapat iparatang sa pahayag na nag-aakusa, at tanggapin ng nasasakdal sa bukas na hukuman, o ipinasiyang totoo ng *tagalitis ng katotohanan* ~~na lupon ng mga tagahatol na nagsisikap na mag-isyu ng pagkakasala o ng hukuman kung saan ang pagkakasala ay itinatag ng pag-amin ng pagkakasala o hindi sinalungat o ng paglilitis ng hukuman na walang lupon ng mga tagahatol~~.

(e) Sinumang taong napatunayang nagkasala ng isa o higit na naunang felony na paglabag sa seksiyong ito, o felony na malaking pagnanakaw ng isang sasakyan bilang paglabag sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 487 ng Kodigo sa Parusa, dating subdibisyon (3) ng Seksiyon 487 ng Kodigo sa Parusa, kung paano mababasa ang seksiyon bago sinusugan ng Seksiyon 4 ng Kabanata 1125 ng mga Batas ng 1993, o Seksiyon 487h ng Kodigo sa Parusa, ay maparurusahan gaya ng nakalagay sa Seksiyon 666.5 ng Kodigo sa Parusa. Ang pagkakaroon ng anumang katotohanan na magdadala sa isang tao sa ilalim ng *subdibisyon (f), (g), (h), (i), o (j), o* Seksiyon 666.5 ng Kodigo sa Parusa ay dapat iparatang sa ~~impormasyon o pagsasakdal~~ *pahayag sa sakdal* at tinanggap ng nasasakdal sa isang bukas na hukuman, o ipinasiyang totoo ng *tagalitis ng katotohanan* ~~na lupon ng mga tagahatol na nagsisikap na mag-isyu ng pagkakasala o ng hukuman kung saan ang pagkakasala ay itinatag ng pag-amin sa pagkakasala o hindi sumasalungat, o ng paglilitis ng hukuman na walang lupon ng mga tagahatol.~~

~~(f) Ang seksiyong ito ay dapat magkabisa sa Enero 1, 1997~~.

*(f) Ang isang taong lumabag sa subdibisyon (a) bilang isang prinsipal o katulong sa pagkuha ng isang sasakyan bilang kapalit ng pagsasaalang-alang o para sa layunin ng pagbebenta o paglilipat ng sasakyan o mga bahagi nito, bilang karagdagan sa ibang mga parusang itinatagubilin ng batas, ay napapailalim sa karagdagang isang taon ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado.*

*(g) Ang isang taong lumabag sa subdibisyon (a) bilang isang prinsipal o katulong sa pagkuha ng isang sasakyan, na bago ito nabawi, ay ginamit sa paggawa ng isang pagkakasala na isang felony, bilang karagdagan sa ibang mga parusang itinatagubilin ng batas ay napapailalim sa karagdagang isang taon ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado.*

*(h) Ang isang taong lumabag sa subdibisyon (a) bilang isang prinsipal o katulong sa pagkuha ng isang sasakyan na may hangaring gamitin ang sasakyan sa paggawa ng isang pagkakasala na isang felony, bilang karagdagan sa ibang mga parusang itinatagubilin ng batas ay napapailalim sa karagdagang isang taon ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado.*

*(i) Ang isang taong gumawa ng isang felony na paglabag sa subdibisyon (a) bilang isang prinsipal o katulong sa pagkuha ng isang sasakyan na, bago ang pagbawi dito, ay hinabol dahil sa paglabag sa mga Seksiyon 2800.1, 2800.2, 2800.3, o 2800.4, bilang karagdagan sa ibang mga parusa na itinatugilin ng batas ay napapailalim sa karagdagang isang taong pagkabilanggo sa bilangguan ng estado.*

*(j) Ang isang taong lumabag sa subdibisyon (a) bilang isang prinsipal o katulong sa pagkuha ng isang sasakyan, na bago ito nabawi, ay nasangkot sa isang banggaan, bilang karagdagan sa ibang mga parusang itinatagubilin ng batas, ay napapailalim sa karagdagang isang taon ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado at karagdagan at kasunod na isang taong pagkabilanggo sa bilangguan ng estado para sa bawat tao, iba sa katulong, na dumanas ng personal na pinsala bilang bunga ng banggaang iyon.*

SEK. 6.3. Seksiyon 666.5 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

666.5. (a) ~~Bawat~~ *Isang* tao na, nauna nang napatunayang gumawa ng isang ~~felony na~~ paglabag sa Seksiyon 10851 ng Kodigo sa Sasakyan, o ~~felony na~~ malaking pagnanakaw na may kaugnayan sa awto na isang paglabag sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 487 o dating subdibisyon (3) ng Seksiyon 487, kung paano ang seksiyong ito ay mababasa bago sinusugan ng Seksiyon 4 ng Kabanata 1125 ng mga Batas ng 1993, o ~~felony na~~ malaking pagnanakaw na kaugnay ang isang sasakyang de-motor, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 415 ng Kodigo sa Sasakyan, isang trailer, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 630 ng Kodigo sa Sasakyan, anumang espesyal na kagamitan sa konstruksiyon, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 565 ng Kodigo sa Sasakyan, o isang sasakyang-dagat, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 21 ng Kodigo sa mga Panganlungan at Nabigasyon na paglabag sa dating Seksiyon 487h, o isang ~~felony na~~ paglabag sa Seksiyon 496d gumugol man o hindi ang tao ng panahon sa bilangguan para sa mga pagkakasalang iyon, ay napatunayan sa huli ng alinman sa mga pagkakasalang ito ay dapat parusahan ng pagkabilanggo ng dalawa, tatlo, o apat ng taon, o isang multa na sampung libong dolyar ($10,000), o pareho ng multa at pagkabilanggo.

(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang mga katawagang "espesyal na kagamitan sa konstruksiyon" at "sasakyang-dagat" ay limitado sa mga sasakyan at sasakyang-dagat na may motor.

(c) Ang pagkakaroon ng katotohanan ng anumang bagay na magdadala ng isang tao sa ilalim ng subdibisyon (a) ay dapat iparatang *sa pahayag sa sakdal* ~~impormasyon o pagsasakdal~~ at tinanggap ng nasasakdal sa bukas na hukuman, o ipinasiyang totoo ng *tagalitis ng katotohanan* ~~na lupon ng mga tagahatol na nagsisikap na mag-isyu ng pagkakasala o ng hukuman kung saan ang pagkakasala ay itinatag ng pag-amin sa pagkakasala o hindi sumasalungat o ng paglilitis ng hukuman na walang lupon ng mga tagahatol~~.

*(d) Ang isang tao na napapailalim sa parusa sa ilalim ng seksiyong ito, dahil dati nang napatunayang nakagawa ng dalawa o higit ng mga pagkakasalang inihanay sa subdibisyon (a), ay maaari lamang gawaran ng probasyon sa hindi pangkaraniwang kaso na ang mga interes ng hustisya ay pinakamahusay na mapaglilingkuran. Kapag ang probasyon ay iginawad sa ilalim ng subdibisyong ito, ang hukuman ay dapat tumukoy sa rekord at dapat ipasok sa mga katitikan ang mga kalagayan na nagpapabatid na ang mga interes ng hustisya ay pinakamahusay na mapaglilingkuran ng pagpapasiyang iyon.*

SEK. 6.4. Seksiyon 707.005 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, upang mabasang:

*707.005. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito (b) ng Seksiyon 707, tungkol sa isang menor, sa anumang kaso kung saan ang menor ay isang tao umano na inilarawan sa Seksiyon 602, kapag siya ay 14 taon ang edad o mas matanda, dahil sa isang felony na paglabag sa Seksiyon 186.22 ng Kodigo sa Parusa, ang menor ay dapat ipalagay na hindi angkop at wastong ipailalim sa batas ng hukumang pangkabataan maliban kung ang hukumang pangkabataan ay nagpasiya, batay sa ebidensiya, na ang menor ay papayag sa pangangalaga, paggamot, at pagsasanay na programang makukuha sa pamamagitan ng mga pasilidad ng hukumang pangkabataan, ginagamit ang pamantayan at napapailalim sa mga pamamaraan na inilarawan sa subdibisyon (b) ng*

*Seksiyon 707. Kung ang menor ay isinailalim sa batas ng hukumang pangkabataan, siya ay karapat-dapat ipasok sa Dibisyon ng mga Pasilidad ng Kabataan ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, sa kabila ng mga Seksiyon 731 at 731.1.*

SEK. 6.5. Seksiyon 32 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

32. *(a)* Bawat tao na, pagkatapos gawin ang isang felony, ay nagkanlong, nagtago o tumulong sa isang prinsipal sa naturang felony, na may hangarin na ang nasabing prinsipal ay makaiwas o makatakas sa pagkaaresto, paglilitis, napatunayang pagkakasala o parusa, may nalalaman na ang nasabing prinsipal ay gumawa ng naturang felony o inakusahan ng naturang felony o napatunayang nagkasala, ay isang katulong sa naturang felony.

*(b) Sinumang tao na sadyang gumawa ng isang hindi totoong pahayag sa isang opisyal na pangkapayapaan o tagausig tungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa imbestigasyon ng isang felony na ginawa para sa kapakinabangan ng, sa direksiyon ng, o kasama ang isang kriminal na gang sa kalye gaya ng inilarawan sa Seksiyon 186.22, o isang marahas ng felony gaya ng inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, ay dapat na isang katulong sa felony na iyon kung ang lahat ng mga sumusunod ay totoo:*

*(1) Bago gawin ang hindi totoong pahayag ang tao ay hindi isang prinsipal o katulong sa felony.*

*(2) Ang pahayag ay ginawa na may hangarin na ang prinsipal ay makaiwas o makatakas sa pag-aresto, paglilitis, napatunayang pagkakasala, o parusa.*

*(3) Ang tao ay may kaalaman na ang nasabing prinsipal ay gumawa ng naturang felony o ang prinsipal ay napatunayang nagkasala sa napapaloob na felony.*

*(c) Ang mga tadhana ng subdibisyon (b) ay hindi dapat ipakahulugan na maglilimita sa pag-uusig para sa paggawa ng mga hindi totoong pahayag sa ilalim ng anumang tadhana ng batas.*

SEK. 6.6. Seksiyon 186.22 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

186.22. (a) Sinumang tao na aktibong lumahok sa anumang kriminal na gang sa kalye na may kaalaman na ang mga miyembro ay gumagawa o gumawa ng gawain ng kriminal na gang sa kalye, at sadyang nagtaguyod, nagsulong, o tumulong sa anumang felony na krimen ng mga miyembro ng gang na iyon, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county ng hindi hihigit sa isang taon, o ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 16 buwan, o dalawa o tatlong taon.

(b) (1) Maliban kung itinatadhana sa mga talataan (4) at (5), sinumang tao na ~~napatunayang~~ *gumawa* ng isang felony o *tangkang felony* ~~na ginawa~~ para sa kapakinabangan ng, sa direksiyon ng, o kaugnay ng kriminal na gang sa kalye, na may partikular na hangarin na itaguyod, isulong, o tulungan ang anumang kriminal na gawain ng mga miyembro ng gang, ay dapat~~, kapag napatunayan ang felony na iyon, bilang karagdagan at kasunod sa parusa para sa felony o tinangkang felony na napatunayang ginawa niya,~~ na parusahan *ng karagdagan at kasunod na panahon ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado* gaya ng mga sumusunod:

(A) Maliban kung itinatadhana sa mga subtalataan (B) at (C), ang tao ay dapat parusahan ng karagdagang panahon na dalawa, tatlo, o apat na taon sa pagpapasiya ng hukuman.

(B) Kung ang felony ay isang seryosong felony, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7, ang tao ay dapat parusahan ng karagdagang panahon na limang taon.

(C) Kung ang felony ay isang marahas na felony, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, ang tao ay dapat parusahan ng karagdagang panahon na 10 taon.

(2) Kung ang napapaloob na felony na inilarawan sa talataan (1) ay ginawa dahil sa, o sa loob ng 1,000 talampakan ng, isang pampubliko o pribadong elementarya, bokasyonal, dyunyor na mataas, o mataas na paaralan, sa mga oras na ang pasilidad ay bukas sa mga klase o mga programang may kaugnayan sa paaralan o kapag ang mga menor ay gumagamit ng pasilidad, ang katotohanang iyon ay dapat na isang kalagayan na nagpapalubha sa krimen sa pagpataw ng isang panahon sa ilalim ng talataan (1).

(3) ~~Ang hukuman ay dapat mag-utos ng pagpataw ng gitnang pagpapahusay ng panahon ng sentensiya maliban kung may mga kalagayan na nagpapalubha o nagpapagaan.~~ Dapat ipahayag ng hukuman ang mga dahilan sa pagpili nito ng mga pagpapahusay sa pagsentensiya sa rekord sa oras ng pagsentensiya.

(4) Sinumang tao na ~~napatunayang~~ *gumawa* ng felony na inihanay sa talataang ito na ~~gumawa~~ para sa kapakinabangan ng, sa direksiyon ng, o kaugnay ng anumang kriminal na gang ng kalye, na may partikular na hangarin na itaguyod, isulong, tumulong sa anumang kriminal na kilos ng mga miyembro ng gang, ay dapat, ~~kapag napatunayang ginawa ang felony na iyon, sentensiyahan ng isang hindi tiyak na habambuhay na pagkabilanggo na may pinakamababang panahon ng hindi tiyak na sentensiya na kinalkula bilang mas malaki~~ *bilang karagdagan sa anumang ibang mga karagdagan o mga tadhanang parusa na maaaring umaplay, ay parusahan gaya ng mga sumusunod:*

(A) ~~Ang panahong ipinasiya ng hukuman alinsunod sa Seksiyon 1170 para sa napapapaloob na napatunayang pagkakasala, kabilang ang anumang karagdagan na angkop sa ilalim ng Kabanata 4.5 (nagsisimula sa Seksiyon 1170) ng Titulo 7 ng Bahagi 2, o anumang panahong itinagubilin ng Seksiyon 3046, kung ang felony ay alinman sa mga pagkakasalang inihanay sa subtalataan (B) o (C) ng talataang ito.~~

~~(B) Pagkabilanggo~~ *Ng pagkabilanggo* sa bilangguan ng estado ng 15 taon *hanggang habambuhay*, kung ang felony ay isang pagnanakaw na pumasok sa bahay, isang paglabag sa subtalataan (A) ng talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 213; pang-aagaw ng awto, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 215; isang felony na paglabag sa Seksiyon 246; o isang *felony na* paglabag sa Seksiyon ~~12022.55~~ *12034*.

~~(C) Pagkabilanggo~~ *(B) Ng pagkabilanggo* sa bilangguan ng estado ng ~~pitong taon~~ hanggang *habambuhay*, kung ang felony ay pangingikil, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 519; o mga banta sa mga biktima, ~~at~~ mga testigo, *mga hukom, tagahatol, tagausig, mga pampublikong manananggol, o mga opisyal na pangkapayapaan*, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 136.1.

(5) *(A)* Maliban kung itinatadhana sa talataan (4) *at subtalataan (B)*, sinumang tao na lumabag sa subdibisyong ito sa paggawa ng isang felony na maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng habambuhay ay hindi dapat maparol hanggang sa pinakamababang 15 taon ng kalendaryo ay naipagsilbi.

*(B) Para sa anumang felony na inilarawan sa subtalataan (A), kung ang parusang itinatadhana sa talataan (1) ng subdibisyon ay magreresulta sa mas matagal na panahon ng pagkabilanggo, at saka ito ay dapat iaplay sa halip ng parusang itinatadhana sa subtalataan (A).*

(c) Kung ang hukuman ay naggawad ng probasyon o nagsuspinde ng pagsasagawa ng sentensiyang ipinataw sa nasasakdal dahil sa paglabag sa subdibisyon (a), o sa mga kasong kaugnay ng tunay na pasiya ng pagpapahusay na inihanay sa subdibisyon (b), ang hukuman ay dapat mag-atas na ang nasasakdal ay magsilbi ng pinakamababang 180 araw sa isang kulungan ng county bilang kondisyon nito.

(d) Sinumang tao na ~~napatunayang~~ *gumawa* ng pagkakasala sa publiko na maparurusahan bilang isang felony o isang misdemeanor~~, na ginawa~~ para sa kapakibangan ng, sa direksiyon ng o kaugnay ng, anumang kriminal na gang sa kalye na may partikular na hangarin na itaguyod, isulong, o tulungan ang anumang kriminal na gawain ng mga miyembro ng gang, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa kulungan ng county na hindi hihigit sa isang taon, o ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng isa, dalawa, o tatlong taon, sa kondisyon na ang sinumang taong nasentensiyahan ng pagkabilanggo sa kulungan ng county ay dapat ibilanggo ng hindi hihigit sa isang taon, pero hindi kukulangin sa 180 araw, at hindi karapat-dapat ilabas pagkakumpleto ng sentensiya, parol, o anumang ibang batayan, hanggang siya ay nakapagsilbi ng 180 araw. Kung ang hukuman ay naggawad ng probasyon o nagsuspinde ng pagsasagawa ng sentensiya na ipinataw sa nasasakdal, ito ay dapat mag-atas bilang kondisyon nito na ang nasasakdal ay magsilbi ng 180 araw sa isang kulungan ng county.

(e) Gaya ng pagkakagamit sa kabanatang ito, ang "kriminal na gawain ng gang" ay nangangahulugang ang paggawa ng, pagtatangkang gumawa ng, sabwatan upang gumawa ng, o panghihimok na gumawa ng, patuloy na petisyong pangkabataan para sa, o napatunayang dalawa o higit sa mga sumusunod na pagkakasala, sa kondisyon na isa o higit sa mga pagkakasalang ito ay nangyari pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng kabanatang ito at ang huli sa mga pagkakasalang ito ay nangyari tatlong taon pagkatapos ng naunang pagkakasala, at ang mga pagkakasala ay ginawa sa magkakahiwalay na okasyon, o ng dalawa o higit na tao:

(1) Pag-atake na may nakakamatay na sandata o sa pamamagitan ng puwersang malamang na lumikha ng malaking pinsala sa katawan, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 245.

(2) Pagnanakaw, gaya ng nilinaw sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 211) ng Titulo 8 ng Bahagi 1.

(3) Labag sa batas na pagpatay o pagpaslang, gaya ng nilinaw sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 187) ng Titulo 8 ng Bahagi 1.

(4) Ang pagdadala, pagdadala para ibenta, transportasyon, paggawa, pag-aalok na ibenta, o pag-aalok na gumawa ng mga kinokontrol na substansiya gaya ng nilinaw sa mga Seksiyon 11054, 11055, 11056, 11057, at 11058 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(5) Pamamaril sa isang tirahan o okupadong sasakyang de-motor, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 246.

(6) Pagpapaputok o pagpapahintulot sa pagpapaputok ng isang baril mula sa sasakyang de-motor, gaya ng nilinaw sa mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksiyon 12034.

(7) Panunuog, gaya ng nilinaw sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 450) ng Titulo 13.

(8) Ang pananakot *o pagbabanta* sa mga testigo, ~~at~~ mga biktima, *hukom, tagahatol, tagausig, pampublikong manananggol, o opisyal na pangkapayapaan*, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 136.1.

(9) Malaking pagnanakaw, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) o (c) ng Seksiyon 487.

(10) Malaking pagnanakaw ng anumang baril, sasakyan, trailer, o sasakyang-dagat.

(11) Panloloob, gaya na nilinaw sa Seksiyon 459.

(12) Panggagahasa, gaya na nilinaw sa Seksiyon 261.

(13) Pandarambong, gaya na nilinaw sa Seksiyon 463.

(14) Paglilinis ng perang galing sa krimen, gaya na nilinaw sa Seksiyon 186.10.

(15) Pagkidnap, gaya na nilinaw sa Seksiyon 207.

(16) Marahas na pananakit, gaya na nilinaw sa Seksiyon 203.

(17) Labis na marahas pananakit, gaya na nilinaw sa Seksiyon 205.

(18) Pagpapahirap, gaya na nilinaw sa Seksiyon 206.

(19) Felony na pangingikil, gaya ng nilinaw sa mga Seksiyon 518 at 520.

(20) Felony na bandalismo, gaya ng nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 594.

(21) Pang-aagaw ng awto, gaya na nilinaw sa Seksiyon 215.

(22) Ang pagbebenta, paghahatid, o paglipat ng isang baril, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 12072.

(23) Pagdadala ng pistola, rebolber, o ibang baril na maaaring itago ng tao na isang paglabag sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 12101.

(24) Mga banta na gumawa ng mga krimen na nagresulta sa kamatayan o malaking pinsala sa katawan, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 422.

(25) Pagnanakaw at labag sa batas na pagkuha o pamamaneho ng sasakyan, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 10851 ng Kodigo sa Sasakyan.

(26) Felony na pagnanakaw ng access card o impormasyon tungkol sa kuwenta, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 484e.

(27) Panghuhuwad, pagdisenyo, paggamit, pagtatangkang gumamit ng access card, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 484f.

(28) Felony na madayang paggamit ng access card o impormasyon tungkol sa kuwenta, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 484g.

(29) Labag sa batas na paggamit personal na impormasyong nagpapakilala upang makakuha ng kredito, mga paninda, mga serbisyo, o impormasyong medikal, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 530.5.

(30) Maling pagkuha ng dokumentasyon ng Kagawaran ng mga Sasakyang Demotor, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 529.7.

(31) Bawal na pagdadala ng isang baril na paglabag sa Seksiyon 12021.

(32) Pagdadala ng nakatagong baril na paglabag sa Seksiyon 12025.

(33) Pagdadala ng may-balang baril na paglabag sa Seksiyon 12031.

(f) Gaya ng pagkakagamit sa kabanatang ito, ang "kriminal na gang sa kalye" ay nangangahulugang anumang patuloy na organisasyon, kapisanan, o grupo ng tatlo o higit na tao, pormal man o di-pormal, may isa sa mga pangunahing gawain na gumawa ng isa o higit na krimen na inihanay sa mga talataan (1) hanggang (25), inklusibo, o (31) hanggang (33), inklusibo, ng subdibisyon (e), may panlahat na pangalan o panlahat na nagpapakilalang tanda o simbolo, at ang mga miyembro ay indibidwal o magkakasamang gumagawa o gumawa ng kriminal na gawain ng gang.

(g) ~~Sa kabila ng anumang ibang batas, ang hukuman ay maaaring mag-alis ng karagdagang parusa para sa mga pagpapahusay na itinatadhana sa seksiyong ito o~~ *Ang hukuman ay maaaring* tumanggi na magpataw ng pinakamababang sentensiya sa kulungan para sa mga misdemeanor sa isang hindi pangkaraniwang kaso kung saan ang mga interes ng hustisya ay pinakamahusay na mapaglilingkuran, kung ang tinukoy ng hukuman sa rekord at ipinasok sa mga katitikan ang mga kalagayan na nagpapabatid na ang mga interes ng hustisya ay pinakamahusay na mapaglilingkuran ng pasiyang iyon.

(h) Sa kabila ng anumang tadhana ng batas, para sa bawat taong ipinasok sa Mga Pasilidad ng Dibisyon ng Kabataan para sa isang pagkakasala alinsunod sa subdibisyon (a) o (b) ng seksiyong ito, ang pagkakasala ay dapat ituring na isa na ang estado ay dapat magbayad ng antas na 100 porsiyento ng kada tao na gastos ng institusyon ng Dibisyon ng mga Pasilidad na Pangkabataan, alinsunod sa Seksiyon 912.5 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(i) Upang makapagpatunay ng pagkakasala o ipagpatuloy ang petisyong pangkabataan, alinsunod sa subdibisyon (a) hindi kailangang patunayan ng tagausig na ang tao ay naglaan ng lahat, o malaking bahagi, ng kanyang panahon o pagsisikap sa kriminal na gang sa kalye, at hindi rin kailangan na patunayan na ang tao ay isang miyembro ng kriminal na gang sa kalye. Ang aktibong paglahok sa kriminal na gang sa kalye ay ang tanging iniaatas.

(j) Ang gawain ng gang ay maaaring ipakita sa paggawa ng isa o higit ng mga pagkakasalang inihanay sa mga talataan (26) hanggang (30), inklusibo, ng subdibisyon (e), at ang paggawa ng isa o higit na mga pagkakasala na inihanay sa mga talataan (1) hanggang (25), inklusibo, o (31) hanggang (33), inklusibo ng subdibisyon (e). Ang gawain ng gang ay hindi maaring itatag ng katunayan lamang ng paggawa ng mga pagkakasalang inihanay sa mga talataan (26) hanggang (30), inklusibo, ng subdibisyon (e). Ang isang disenyo ng gawain ng gang ay hindi maaaring itatag sa pamamagitan lamang ng katunayan ng paggawa ng mga pagkakasala na inihanay sa mga talataan (26) hanggang (30), inklusibo, ng subdibisyon (e), na walang ibang suporta.

*(k) (1) Sa kabila ng talataan (4) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 166, anumang sadya at alam na paglabag ng anumang utos ng hukuman na inisyu alinsunod sa Seksiyon 3479 ng Kodigo Sibil laban sa kriminal na gang sa kalye, gaya ng nilinaw sa seksiyong ito, o sa mga indibidwal na miyembro nito, ay dapat bumuo ng pagsuway sa hukuman, isang misdemeanor, maparurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county para sa hindi hihigit sa isang taon, ng isang multa na hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000), o ng pareho ng pagkabilanggo at multa.*

*(2) Ang ikalawang paglabag ng anumang utos na inilarawan sa talataan (1) na nangyari sa loob ng pitong taon ng naunang paglabag ng alinman sa mga utos na ito ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county para sa hindi kukulangin sa 90 araw at hindi hihigit sa isang taon.*

*(3) Ang ikatlo o kasunod na paglabag ng alinmang utos na inilarawan sa talataan (1) nangyari sa loob ng pitong taon pagkaraan ng paglabag ng alinman sa mga utos na ito ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa kulungan ng county ng hindi kukulangin sa isang taon, o pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng isa, dalawa, o tatlong taon, sa kondisyon na ang sinumang taong nasentensiyahan ng pagkabilanggo sa kulungan ng county ay dapat ibilanggo para sa isang panahon na hindi hihigit sa isang taon, pero hindi kukulangin sa 180 araw. Kung ang hukuman ay naggawad ng probasyon o nagsuspinde ng pagsasagawa ng sentensiya na ipinataw sa nasasakdal, ito ay dapat mag-atas bilang kondisyon nito na ang nasasakdal ay magsilbi ng 180 araw sa isang kulungan ng county.*

*(4) Ang mga parusa sa subdibisyong ito ay dapat umaplay maliban kung ang isang mas malaking parusa ay inawtorisa ng subdibisyon (d) o anumang ibang tadhana o mga tadhana ng batas.*

*(l) Sinumang taong ipinasiyang nagkasala bilang katulong sa isang felony, sa loob ng kahulugan ng Seksiyon 32, ay dapat na napapailalim sa kalahati ng parusang itinagubilin para sa isang prinsipal sa naturang felony kung ito ay ipinahayag at napatunayan na ang felony ay ginawa para sa kapakinabangan ng, sa direksiyon ng, o kaugnay ng anumang kriminal na gang sa kalye maliban kung ang isang mas malaking parusa ay inawtorisa ng anumang ibang tadhana o mga tadhana ng batas.*

SEK. 6.7. Seksiyon 186.22a ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

186.22a. (a) Bawat gusali o lugar na ginagamit ng mga miyembro ng kriminal na gang sa kalye para sa layunin na gumawa ng mga pagkakasala na nakalista sa subdibisyon (e) ng Seksiyon 186.22 o anumang pagkakasala na kaugnay na mapanganib o nakakamatay na sandata, panloloob, o panggagahasa, at bawat gusali o lugar kung saan naganap ang kriminal na gawain ~~na iyon~~ ng mga miyembro ng gang, ay isang panggugulo na dapat tumanggap ng tagubilin, pagaanin, at pigilan, at kung saan ang mga pinsala ay maaaring mabawi, ito man ay pampubliko or pribadong panggugulo.

(b) Anumang aksiyon para sa utos o pagpapakalma na iniharap alinsunod sa subdibisyon (a), kabilang ang isang aksiyon na iniharap ng Pangkalahatang Abugado, ay dapat magpatuloy alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 11570) ng Kabanata 10 ng Dibisyon 10 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan~~, maliban sa ang lahat ng mga sumusunod ay dapat umaplay:~~

~~(1) Ang hukuman ay hindi dapat magtasa ng sibil na parusa laban sa sinumang tao maliban kung alam ng taong iyon o dapat nalaman ang mga labag sa batas na aksiyon~~.

~~(2) Walang utos na pagpapalayas o pagsasara na maaaring ipasok~~.

~~(3) Lahat ng utos na inisyu ay dapat na limitado sa mga kailangan upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ang mga residente o ng publiko o mga kailangan upang pigilan ang iba pang kriminal na gawain~~.

~~(4) Ang habla ay hindi maaaring isampa hanggang 30-araw na paunawa ng labag sa batas na paggamit ng kriminal na gawain ay ipinagkaloob sa may-ari ng koreo, hiniling ang pagbabalik ng resibo, bayad na ang selyo, sa huling alam na tirahan~~.

(c) Tuwing ang utos ay iniisyu alinsunod sa subdibisyon (a), o Seksiyon 3479 ng Kodigo Sibil, upang pigilan ang gawain ng gang na bumubuo ng isang panggugulo, ang Pangkalahatang Abugado o sinumang abugado ng distrito o sinumang nag-uusig ng abugado ng lungsod ay maaaring magpanatili ng aksiyon para sa perang bayad pinsala sa ngalan ng komunidad o kapitbahayan na napinsala ng panggugulo na iyon. Anumang mga perang bayad pinsala na iginawad ay dapat bayaran o singilin mula sa mga yaman ng kriminal na gang sa kalye o mga miyembro nito. Ang mga miyembro lamang ng kriminal na gang sa kalye na lumikha, nagpanatili, o tumulong sa paglikha o pagpapanatili ng panggugulo ang dapat na personal na managot sa pagbabayad ng mga bayad-pinsalang iginawad. Sa isang aksiyong sibil para sa mga bayad-pinsala na dinala alinsunod sa subdibisyong ito, ang Pangkalahatang Abugado, abugado ng distrito, o abugado ng lungsod ay maaaring gumamit, pero hindi limitado sa paggamit ng, testimonya ng mga eksperto upang itatag ang mga pinsalang dinanas ng komunidad o kapitbahayan na napinsala ng panggugulo. Ang mga bayad-pinsalang nabawi alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat ideposito sa isang nakahiwalay na pondo para sa pagbabayad sa namamahalang lupon ng lungsod o county kung saan ang subdibisyong pampulitika ang komunidad o kapitbahayan ay matatagpuan, at ang namamahalang lupon na iyon ay dapat gumamit ng mga yamang ito tangi para mapakinabangan ng komunidad o kapitbahayan na napinsala sa panggugulo.

(d) Walang di-nagtutubo o pangkawanggawang organisasyon na nagsasagawa ng mga gawain nito na may pangkaraniwang pag-iingat o kasanayan, at walang entidad ng pamahalaan, ay dapat na mapigilan alinsunod sa mga subdibisyon (a) at (b).

(e) Wala sa kabanatang ito na dapat humadlang sa isang naagrabyadong tao na maghangad ng anumang ibang remedyo na itinatadhana ng batas.

(f) (1) Anumang baril, bala na maaaring gamitin sa baril, o anumang nakakamatay o mapanganib na sandata na pag-aari o dala ng isang miyembro ng isang kriminal na gang sa kalye para sa layunin na gumawa ng alinman sa mga pagkakasalang nakalista sa subdibisyon (e) ng Seksiyon 186.22, o paggawa ng anumang panloloob o pangagahasa, ay maaaring kumpiskahin ng anumang ahensiyang tagapagpatupad ng batas o opisyal na pangkapayapaan.

(2) Sa mga kaso kung saan ang ahensiyang nagpapatupad ng batas ay naniniwala na ang pagbabalik ng baril, bala, o nakakamatay na sandata na kinumpiska alinsunod sa subdibisyong ito, ay ginagamit o gagamitn sa gawain ng kriminal na gang sa kalye o ang pagbabalik ng bagay ay malamang na magresulta ng paglalagay sa panganib sa kaligtasan ng iba, ang ahensiyang tagapagpatupad ng batas ay dapat magpasimula ng isang petisyon sa hukumang superyor upang maipasiya kung ang bagay na kinumpiska ay dapat ibalik o ideklarang panggugulo.

(3) Walang baril, bala, o nakakamatay na sandata na dapat ibenta o sirain maliban kung ang makatwirang paunawa ay ibinigay sa tunay na may-ari kung ang kanyang pagkakakilanlan at direksiyon ay makatwirang matitiyak. Dapat ipagbigay-alam ng ahensiyang tagapagpatupad ng batas sa tunay na may-ari, sa huling alam na direksiyon ng taong iyon sa pamamagitan ng nakarehistrong koreo, na siya ay may 30 araw mula sa petsa na natanggap ang paunawa na sumagot sa klerk ng hukuman upang kumpirmahin ang kanyang hangad na pagdinig at ang hindi pagsagot ay dapat magresulta sa isang utos na di-pagtupad na nag-aalis ng karapatan sa kinumpiskang baril, bala, o nakakamatay na sandata bilang isang panggugulo.

(4) Kung ang tao ay humiling ng pagdinig, ang klerk ng hukuman ay dapat magtakda ng isang pagdinig nang hindi lalampas sa 30 araw mula nang matanggap ang kahilingang iyon. Ang klerk ng hukuman ay dapat magbigay ng paunawa sa tao, ahensiyang tagapagpatupad ng batas, at sa abugado ng distrito ng petsa, oras, at lugar ng pagdinig.

(5) Sa pagdinig, ang pasanin ng pagpapatunay ay nasa ahensiyang tagapagpatupad ng batas o opisyal na pangkapayapaan upang ipakita ang pamamayani ng ebidensiya na ang ang kinumpiskang bagay ay ginagamit o gagamitin sa gawain ng kriminal na gang sa kalye o ang pagbabalik ng bagay ay malamang na magresulta sa pagpapalagay sa panganib sa iba. Lahat ng pagbabalik ng mga baril ay dapat na napapailalim sa Seksiyon 12021.3.

(6) Kung ang tao ay hindi humiling ng pagdinig sa loob ng 30 araw ng paunawa o ang tunay na may-ari ay hindi matiyak, ang ahensiyang tagapagpatupad na batas ay maaaring magharap ng petisyon na ang kinumpiskang baril, bala, o nakakamatay na sandata ay idedeklarang isang panggugulo. Kung ang mga aytem ay idineklarang isang panggugulo, dapat alisin ng ahensiyang tagapagpatupad ng batas ang mga bagay

gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 12028.

SEK. 6.8. Seksiyon 186.22b ay idinagdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*186.22b. (a) Ang isang kriminal na gang sa kalye ay maaaring ihabla sa pangalan nito o sa anumang ito ay kilala.*

*(b) Ang kamay na paghahatid ng isang kopya ng anumang proseso laban sa kriminal na gang sa kalye sa sinumang natural na taong itinalaga nito bilang ahente para sa paghahain ng proseso ay dapat bumuo ng balidong serbisyo sa kriminal na gang sa kalye. Kung ang pagtatalaga ng isang ahente para sa layunin ng paghahain ay hindi nagawa, o kung ang ahente ay hindi matagpuan sa makatwirang pagsisikap, ang hukuman o hukom ay dapat gumawa ng utos na ang paghahain ay gawin sa kriminal na gang sa kalye sa pamamagitan ng kamay na paghahatid ng isang kopya ng proseso sa tatlo o higit na miyembro ng kriminal na gang sa kalye na itinalaga sa utos na aktibong lumalahok sa kriminal na gang sa kalye. Ang hukuman ay maaari, sa pagpapasiya nito, na mag-utos, bilang karagdagan sa nauna, na ang isang tawag ay ihain sa anumang paraan na makatwirang kinalkula upang magbigay ng aktuwal na paunawa sa kriminal na gang sa kalye. Ang paghahain sa paraang iniutos alinsunod sa seksiyong ito ay dapat bumuo ng balidong serbisyo sa kriminal na gang sa kalye.*

SEK. 6.9. Seksiyon 186.26 ng Kodigo sa Parusa ay sinusususugan upang mabasang:

186.26. (a) Sinumang tao na nangilak o kumalap ng iba upang aktibong lumahok sa isang kriminal na gang sa kalye, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 186.22, na may hangarin na ang taong nangilak o kumalap ay *aktibong lumalahok sa kriminal na gang sa kalye* ~~lumalahok sa gawain ng kriminal na gang sa kalye, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (e) ng Seksiyon 186.22~~, o may hangarin na ang taong hinimok o kinalap ay magtaguyod, nang higit, o tumulong sa anumang felony na kilos ng mga miyembro ng kriminal na gang sa kalye, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 16 buwan, o dalawa o tatlong taon.

(b) Sinumang tao na nagbabanta sa ibang tao ng pisikal na karahasan sa dalawa o higit na magkahiwalay na okasyon sa loob ng anumang 30 araw na may hangarin na pumilit, umakit, o mangilak sa sinumang tao na aktibong lumahok sa isang kriminal na gang sa kalye, gaya ng ninilaw sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 186.22, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng dalawa, tatlo, o apat na taon.

(c) Sinumang tao na gumagamit ng pisikal na karahasan upang pumilit, umakit, o mangilak ng ibang tao na aktibong lumahok sa anumang kriminal na gang sa kalye, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 186.22, o upang pigilan ang tao na iwan ang isang kriminal na gang sa kalye, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng tatlo, apat, o limang taon.

(d) Kung ang taong hinimok, kinalap, pinilit, o binantaan alinsunod sa subdibisyon (a), (b), o (c) ay isang menor, ang isang karagdagang panahon na tatlong taon ay dapat ipataw bilang karagdagan sa kasunod ng parusang itinagubilin para sa paglabag sa alinman sa mga subdibisyong ito.

*(e) Kung ang taong hinimok, kinalap, pinilit, o binantaan alinsunod sa subdibisyon (a), (b), o (c) ay isang menor, na wala pang 14 ang edad, ang isang karagdagang panahon na limang taon ay dapat ipataw bilang karagdagan at kasunod ng parusang itinagubilin para sa paglabag sa alinman sa mga subdibisyong ito.*

*(f) Sinumang tao na lumabag sa subdibisyon (b) o (c) ay dapat na isang prinsipal sa anumang kasunod na felony na ginawa sa taong hinimok, kinalap, pinilit, o binantaan kung:*

*(1) Ang tao ay gumawa ng felony para sa kapakinabangan ng, sa direksiyon ng, o kaugnay ng kriminal na gang sa kalye, at*

*(2) Ang felony ay nangyari sa loob ng isang taon ng huling aksiyon na bumubuo ng paglabag sa seksiyong ito.*

~~(e)~~ *(g)* Wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na naglilimita sa pag-uusig sa ilalim ng anumang ibang tadhana ng batas.

SEK. 6.10. Seksiyon 186.30 ng Kodigo sa Parusa ay sinusususugan upang mabasang:

186.30. (a) *(1)* Sinumang tao na inilarawan sa subdibisyon (b) ay dapat magparehistro sa hepe ng pulisya ng lungsod kung saan siya naninirahan, o sa siyerip ng county kung siya ay naninirahan sa isang lugar na hindi kasama sa korporasyon *o sa isang lungsod na walang kagawaran ng pulisya,* sa loob ng 10 araw ng paglabas sa kulungan o sa loob ng 10 araw ng kanyang pagdating sa alinmang lungsod, county, o lungsod at county upang manirahan doon, alinman ang unang mangyari, *at taun-taon pagkaraan, at kapag nagbago ng tirahan.*

*(2) Kung ang taong nagpaparehistro ay may higit sa isang tirahan kung saan siya ay regular na naninirahan, siya ay dapat magparehistro sa bawat isa ng hurisdiksiyon kung saan siya ay regular na nananirahan, alinsunod sa talataan (1), anuman ang bilang ng mga araw o gabi na ginugol doon. Kung ang lahat ng tirahan ay nasa loob ng iisang hurisdiskiyon, ang tao ay dapat magkaloob sa nagrerehistrong awtoridad ng lahat ng tirahan kung saan siya ay regular na naninirahan.*

(b) Subdibisyon (a) ay dapat umaplay sa sinumang tao na napatunayang nagkasala ng isang hukumang pangkrimen o may petisyong tinanggap sa isang hukumang pangkabataan sa estadong ito para sa alinman ng mga sumusunod na pagkakasala:

(1) Subdibisyon (a) ng Seksiyon 186.22.

(2) Anumang krimen kung ang karagdagan na tinukoy sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 186.22 ay ipinasiyang totoo.

(3) Anumang krimen na ipinasiya ng hukuman na may kaugnayan sa gang sa panahon ng pagsentensiya o disposisyon.

*(c) (1) Sinumang tao na inaatasan na magparehistro sa ilalim ng seksiyong ito batay sa isang napatunayang misdemeanor o desisyong pangkabataan na sadyang lumabag sa anumang iniaatas ng seksiyong ito ay nagkasala ng misdemeanor na maparurusahan sa isang kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon.*

*(2) Sinumang tao na inaatasan na magparehistro sa ilalim ng seksiyong ito batay sa isang felony na pagkakasala o desisyong pangkabataan sa sadyang lumabag sa anumang iniaatas ng seksiyong ito o may naunang desisyong pagkabataan para sa pagkakasala o hindi nagparehistro sa ilalim ng seksiyong ito at sa huli ay sadyang lumabag sa anumang iniaatas ng seksiyong ito ay nagkasala ng felony at dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 16 na buwan, o dalawa o tatlong taon. Kung ang probasyon ay iginawad o kung ang pagpataw o pagsasagawa ng sentensiya ay sinuspinde, ito ay dapat na isang kondisyon ng probasyon o pagsuspinde na ang tao ay gumugol ng hindi kukulangin sa 90 araw sa kulungan ng county. Ang parusang inilarawan sa talataang ito ay dapat umaplay inalabas man o hindi ang tao sa parol o inalis mula sa parol.*

*(d) Para sa mga layunin ng seksiyong ito at Seksiyon 186.32, ang pagpataw ng iniaatas upang magparehistro ay dapat na magkabisa sa araw na ang nagparehistro ay sinentensiyahan o sa araw ng disposisyon sa hukumang pangkabataan maliban kung siya ay nasa pag-iingat, kung saan ang iniaatas na magparehistro ay dapat magkabisa pagkalabas ng nagparehistro mula sa pag-iingat.*

*(e) Ang iniaatas na pagpaparehistro ay dapat matapos limang taon pagkatapos ng petsa na ito ay nagkabisa maliban kung ang nagparehistro ay nakulong sa huli kung saan ang hukuman ay maaaring suspendihin ang iniaatas na pagpaparehistro o muling magpataw ng pagpaparehistro ng gang bilang isang kondisyon pagkalabas sa pag-iingat.*

SEK. 6.11. Seksiyon 186.34 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*186.34. Magsisimula nang hindi lalampas sa Hulyo 1, 2009, ang Kagawaran ng Hustisya ay dapat, buwan-buwan, maghanap ng lahat ng datos ng disposisyon na isinumite ng mga ahensiya ng hustisyang pangkrimen ng California para sa lahat ng tao na napatunayang nagkasala o sumailalim sa desisyon sa isang paglabag sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 186.22 o kung saan ang alegasyon ng pagsentensiya ay ipinasiyang totoo alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 186.22. Dapat gawin ng kagawaran ang impormasyon tungkol sa mga taong ito na makukuha sa paraang elektroniko na makukuha lamang sa mga ahensiya ng hustisyang pangkrimen ng California sa isang ligtas na lugar ng kagawaran ng Pagpaparehistro ng Gang. Ang impormasyon ay dapat kasama ang buong pangalan, petsa ng kapanganakan ng tao, at, sa bawat napatunayang pagkakasala o desisyon, ang pumigil na ahensiya, nag-aresto, o ahensiyang nagtala, kung ang impormasyong ito ay makukuha mula sa mga datos ng disposisyon na isinumite sa kagawaran.*

SEK. 6.12. Seksiyon 11377 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinusususugan upang mabasang:

11377. (a) Maliban kung inawtorisa ng batas at kung iba ang itinatadhana sa subdibisyon (b) o Seksiyon 11375, o sa Artikulo 7 (nagsisimula sa Seksiyon 4211) ng Kabanata 9 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon, ang bawat tao na nagdala ng anumang kinokontrol na substansiya na (1) klasipikado sa Iskedyul III, IV o V, at hindi isang narkotikong droga, (2) tinukoy sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 11054, maliban sa mga talataan (13), (14), (15), at (20) ng subdibisyon (d), (3) tinukoy sa talataan (11) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 11056, (4) tinukoy sa talataan (2) o (3) ng subdibisyon (f) ng Seksiyon 11054, o (5) tinukoy sa subdibisyon (d), (e), o (f) ng Seksiyon 11055, maliban kung inireseta ng isang doktor, dentista, doktor ng paa, o beterinaryo, lisensiyadong magpraktis sa estadong ito, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county para sa panahon na hindi hihigit sa isang taon o sa bilangguan ng estado *sa kondisyong gayunman, na ang bawat taong nagdala ng anumang kinokontrol na substansiya na tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 11055 ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado.*

(b) (l) Sinumang tao na lumabag sa subdibisyon (a) sa pamamagitan ng labag sa batas na pagdadala ng isang kinokontrol na substansiya na tinukoy sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 11056, at hindi napapatunayang nagkasala ng isang paglabag na may kaugnayan sa isang kinokontrol na substansiya na tinukoy sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 11056, ay nagkasala ng isang misdemeanor.

(2) Sinumang tao na lumabag sa subdibisyon (a) sa pamamagitan ng labag sa batas na pagdadala ng isang kinokontrol na substansiya na tinukoy sa subdibisyon (g) ng Seksiyon 11056 ay nagkasala ng misdemeanor.

(c) Bilang karagdagan sa anumang multang tinasa sa ilalim ng subdibisyon (b), ang hukom ay maaaring magtasa ng multang hindi hihigit sa pitumpung dolyar ($70) laban sa sinumang taong lumabag sa subdibisyon (a), ang mga nalikom sa multang ito ay gagamitin alinsunod sa Seksiyon 1463.23 ng Kodigo sa Parusa. Ang hukuman ay dapat, gayunman, magsaalang-alang ng kakayahan ng nasasakdal na magbayad, at walang nasasakdal na dapat pagkaitan ng probasyon dahil sa kanyang kawalan ng kakayahan na bayaran ang multa na ipinahihintulot sa ilalim sa subdibisyong ito.

SEK. 6.13. Seksiyon 11378 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinusususugan upang mabasang:

11378. Maliban kung iba ang itinatadhana sa Artikulo 7 (nagsisimula sa Seksiyon 4211) ng Kabanata 9 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon, ang bawat taong nagdala para ibenta ang anumang kinokontrol sa substansiya na ~~(1)~~ *(a)* klasipikado sa Iskedyul III, IV, o V at hindi isang narkotikong droga, maliban sa ang subdibisyon (g) ng Seksiyon 11056, ~~(2)~~ *(b)* tinukoy sa subdibisyon (d) ng Seksiyon11054, maliban sa mga talataan (13), (14), (15), (20), (21), (22), at (23) ng subdibisyon (d), ~~(3)~~ *(c)* tinukoy sa talataan (11) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 11056, ~~(4)~~ *(d)* tinukoy sa talataan (2) o (3) ng subdibisyon (f) ng Seksiyon 11054, o ~~(5)~~ *(e)* tinukoy sa subdibisyon (d), (e), o (f), maliban sa talataan (3) ng subdibisyon (e) at mga subtalataan (A) at (B) ng talataan (2) ng subdibisyon (f), ng Seksiyon 11055, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado, *sa kondisyon gayunman, na ang taong nagdala para ibenta ng anumang kinokontrol sa substansiya na tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 11055 ay dapat parusahan ng pagkabilanggo ng dalawa, tatlo, o apat na taon.*

SEK. 6.14. Seksiyon 11379 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11379. (a) Maliban kung iba ang itinatadhana sa subdibisyon (b) at sa Artikulo 7 (nagsisimula sa Seksiyon 4211) ng Kabanata 9 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon, bawat tao na naghatid, nag-angkat sa estadong ito, nagbenta, nagkaloob, nangasiwa, o nagbigay, o nag-alok na maghatid, mag-angkat sa estadong ito, magbenta, magkaloob, mangasiwa, o magbigay, o nagtangkang mag-angkat sa estadong ito o maghatid ng anumang kinokontrol na substansiya na (1) klasipikado sa Iskedyul III, IV, o V at hindi isang narkotikong droga, maliban sa subdibisyon (g) ng Seksiyon 11056, (2) tinukoy sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 11054, maliban sa mga talataan (13), (14), (15), (20), (21), (22), at (23) ng subdibisyon (d), (3) tinukoy sa talataan (11) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 11056, (4) tinukoy sa talataan (2) o (3) ng subdibisyon (f) ng Seksiyon 11054, o (5) tinukoy sa subdibisyon (d) o (e), maliban sa talataan (3) ng subdibisyon (e), o tinukoy sa subtalataan (A) ng talataan (1) ng subdibisyon (f), ng Seksiyon 11055, maliban kung inireseta ng isang doktor, dentista, doktor ng paa, o beterinaryo, lisensiyadong magpraktis sa estadong ito, ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado para sa panahon na dalawa, tatlo, o apat na taon, *sa kondisyon, gayunman, na ang bawat taong naghatid, umangkat sa estado, nagbenta, nagkaloob, nangasiwa, o nagbigay, o nag-alok sa maghatid, mag-angkat sa estadong ito, magbenta, magkaloob, mangasiwa, o magbigay, o nagtangkang mag-angkat sa estadong ito o maghatid ng anumang kinokontrol na substansiya na tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 11055 ay dapat parusahan ng tatlo, apat, o limang taon.*

(b) Sa kabila ng mga parusang tadhana ng subdibisyon (a), sinumang tao na naghatid para ibenta ang anumang kinokontrol na substansiya na tinukoy sa subdibisyon (a) sa loob ng estadong ito mula sa isang county patungo sa hindi karatig na county ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng tatlo, anim, o siyam na taon.

SEK. 6.15. Seksiyon 12022.52 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*12022.52. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, sinumang tao na pinagbawalan na magdala ng baril dahil sa naunang felony na pagkakasala o desisyong pangkabataan, pagkatapos mapatunayan ng paglabag sa Seksiyon 12025 o 12031, ay dapat parusahan ng karagdagang 10 taon sa bilangguan kung ang alinman sa mga sumusunod na kalagayan ay ipinahayag at napatunayan:*

*(1) Ang nagkasala ay dating napatunayan, o sumailalim sa desisyon na gumawa, ng alinman sa mga sumusunod:*

*(A) Isang felony na paglabag na kaugnay ng pagdadala ng baril, gaya ng inilarawan sa Seksiyon 12021 o 12021.1.*

*(B) Gumawa, nagbenta, nagdala para ibenta, o naghatid ng isang kinokontrol na substansiya na katumbas ng isang felony, gaya ng inilarawan sa Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 11000) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.*

*(C) Isang felony na paglabag na kaugnay sa pag-atake o paggulpi ng isang opisyal na pangkapayapaan, gaya ng inilarawan sa Seksiyon 243 o 245.*

*(D) Isang marahas na felony, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5.*

*(E) Isang felony na pagkakasala ng gang na bumubuo ng paglabag sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksiyon 186.22.*

*(F) Anumang felony kung saan ito ay ipinahayag at napatunayan na ang nagkasala ay personal na gumamit ng isang baril.*

*(2) Kung, sa oras ng pagkakasala na nagresulta sa pagpapatunay dahil sa paglabag sa Seksiyon 12025 o 12031, alinman sa mga sumusunod ay umaaplay:*

*(A) Ang nagkasala ay nasa isang felony na probasyon, parol, malaya sa piyansa, naghihintay ng sentensiya, o napapailalim sa isang utos na pag-aresto dahil sa felony.*

*(B) Ang nagkasala ay nakagawa ng felony sa pagdadala ng isang kinokontrol na substansiya.*

*(C) Ang nagkasala ay gumawa ng felony na pag-atake o paggulpi sa isang opisyal na pangkapayapaan.*

*(b) Ang seksiyong ito ay hindi dapat ipakahulugan na nagpapahintulot ng pagpataw ng dalawang parusa batay sa iisang kalagayan na sumusuporta sa pagpapahusay ng parusa para sa pag-atake sa isang opisyal na pangkabataan sa pamamagitan ng isang baril na ipinataw alinsunod sa Seksiyon 12022.53.*

SEK. 6.16. Seksiyon 12022.53 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

12022.53. (a) Ang seksiyong ito ay umaaplay sa mga sumusunod na felony:

(1) Seksiyon 187 (pagpatay).

(2) Seksiyon 203 o 205 (marahas na pananakit).

(3) Seksiyon 207, 209, o 209.5 (pagkidnap).

(4) Seksiyon 211 (pagnanakaw).

(5) Seksiyon 215 (pang-aagaw ng awto).

(6) Seksiyon 220 (pag-atake na may hangaring gumawa ng tinukoy na felony).

(7) Subdibisyon (d) ng Seksiyon 245 (pag-atake na may baril sa isang opisyal na pangkapayapaan o bumbero).

(8) Seksiyon 261 o 262 (panggagahasa).

(9) Seksiyon 264.1 (panggagahasa o sekswal na penetrasyon na may kasama).

(10) Seksiyon 286 (sodomi).

(11) Seksiyon 288 o 288.5 (mahalay sa kilos sa isang bata).

(12) Seksiyon 288a (oral na kopulasyon).

(13) Seksiyon 289 (sekswal na penetrasyon).

(14) *Subdibisyon (a) ng Seksiyon 460 (unang-antas na pagnanakaw).*

(15) Seksiyon 4500 (pag-atake ng isang habambuhay na bilanggo).

~~(15)~~ *(16)* Seksiyon 4501 (pag-atake ng isang bilanggo).

~~(16)~~ *(17)* Seksiyon 4503 (pambibihag bilang prenda ng isang bilanggo).

~~(17)~~ *(18)* Anumang felony na maparurusahan ng kamatayan o pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang habambuhay.

~~(18)~~ *(19)* Anumang pagtatangkang gumawa ng krimen na nakalista sa subdibisyong ito na iba sa pag-atake.

(b) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, sinumang tao na, sa paggawa ng isang felony sa subdibisyon (a), personal na gumagamit ng baril, ay dapat parusahan ng karagdagan at kasunod na panahon ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 10 taon. Ang baril ay hindi kailangang nagagamit o may bala para umaplay ang pagpapapahusay na ito.

(c) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, sinumang tao na, sa paggawa ng isang felony na tinukoy sa subdibisyon (a), personal at sadyang gumagamit ng baril, ay dapat parusahan ng karagdagan at kasunod na panahon ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 20 taon.

(d) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, sinumang tao, sa paggawa ng isang felony na tinukoy sa subdibisyon (a), Seksiyon 246, o ng subdibisyon (c) o (d) ng Seksiyon 12034, personal at sadyang ginamit ang isang baril at nagdulot ng malaking pinsala sa katawan, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 12022.7, o kamatayan, sa sinumang tao na iba sa katulong, ay dapat parusahan ng karagdagan at kasunod na panahon ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 25 taon hanggang habambuhay.

(e) ~~(1)~~ Ang mga pagpapahusay na itinatadhana sa seksiyong ito ay dapat umaplay sa sinumang tao na *inakusahan bilang* ~~na~~ isang prinsipal sa paggawa ng pagkakasala *na kabilang ang paratang alinsunod sa seksiyong ito*, ~~kung ang pareho ng sumusunod ay ipinahayag at napatunayan:~~

~~(A) Ang tao ay lumabag sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 186.22.~~

~~(B) Sinumang prinsipal sa pagkakasala na gumawa ng anumang aksiyon na tinukoy sa subdibisyon (b), (c), o (d).~~

~~(2) Ang pagpapahusay para sa paglahok sa isang kriminal na gang sa kalye alinsunod sa Kabanata 11 (nagsisimula sa Seksiyon 186.20) ng Titulo 7 ng Bahagi 1 ay hindi dapat ipataw sa isang tao bilang karagdagan sa isang pagpapahusay na ipinataw sa subdibisyong ito, maliban kung ang tao ay personal na gumamit o personal na pinaputok ang isang baril sa paggawa ng pagkakasala~~.

(f) Isa lamang karagdagang panahon ng pagkabilanggo sa ilalim ng seksiyong ito ang dapat ipataw kada tao para sa bawat krimen. Kung higit sa isang pagpapahusay kada tao ay ipinasiyang totoo sa ilalim ng seksiyong ito, ang hukuman ay dapat magpataw sa taong iyon ng pagpapahusay na nagkakaloob ng pinakamatagal na panahon ng pagkabilanggo. Ang isang pagpapahusay na kaugnay ang isang baril na tinukoy sa Seksiyon 12021.5, 12022, 12022.3, 12022.4, 12022.5, o 12022.55 ay hindi dapat ipataw sa isang tao bilang karagdagan sa isang pagpapahusay na ipinataw alinsunod sa seksiyong ito. Ang isang pagpapahusay para sa malaking pinsala sa katawan gaya ng nilinaw sa Seksiyon 12022.7, 12022.8, o 12022.9 ay hindi dapat ipataw sa isang tao bilang karagdagan sa isang pagpapahusay na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (d).

(g) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, probasyon ay hindi dapat igawad sa, o ang pagsasagawa o pagpataw ng sentensiya ay suspendihin para sa, sinumang taong ipinasiyang nasa loob ng mga tadhana ng seksiyong ito.

(h) Sa kabila ng Seksiyon 1385 o anumang ibang tadhana ng batas, hindi dapat pawalang-saysay ng hukuman ang isang paratang sa ilalim sa seksiyong ito o isang pasiya na dalhin ang isang tao sa loob ng mga tadhana ng seksiyong ito.

(i) Ang kabuuang halaga ng mga kredito na iginawad alinsunod sa Artikulo 2.5 (nagsisimula sa Seksiyon 2930) ng Kabanata 7 ng Titulo I ng Bahagi 3 o alinsunod sa Seksiyon 4019 o anumang ibang tadhana ng batas ay hindi dapat humigit sa 15 porsiyento ng kabuuang panahon ng pagkabilanggo na ipinataw sa isang nasasakdal na ang sentensiya ay ipinataw alinsunod sa seksiyong ito.

(j) Para iaplay ang mga parusa sa seksiyong ito, ang pagkakaroon ng anumang katotohanan na iniaatas sa ilalim ng subdibisyon (b), (c), o (d) ay dapat iparatang sa pahayag ng sakdal at tinanggap ng nasasakdal sa isang bukas na hukuman o ipinasiyang totoo ng tagalitis ng katotohanan. Kapag ang isang pagpapahusay na tinukoy sa seksiyong ito ay tinanggap o ipinasiyang totoo, ang hukuman ay dapat magpataw ng parusa para sa pagpapahusay na iyon alinsunod sa seksiyong ito sa halip na ipataw ang parusa na inawtorisa sa ilalim ng anumang ibang tadhana ng batas, maliban sa ibang pagpapahusay na nagtatadhana ng mas malaking parusa o isang mas matagal na panahon ng pagkabilanggo.

(k) Kapag ang isang tao ay ipinasiyang gumamit o nagpaputok ng isang baril sa paggawa ng pagkakasala na kabilang ang isang paratang alinsunod sa seksiyong ito at ang baril ay pag-aari ng taong iyon, isang kasamang kalahok, o isang kasabwat, ang hukom ay dapat mag-utos na ang baril ay ituring na isang panggugulo at alisin sa paraang itinatadhana sa Seksiyon 12028.

*(l)* Ang mga pagpapahusay na tinukoy sa seksiyong ito ay hindi dapat umaplay sa ayon sa batas na paggamit o pagpapaputok ng baril ng isang pampublikong opisyal, gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 196, o ng sinumang tao ayon sa batas na pagtatanggol sa sarili, ayon sa batas na pagtatanggol sa iba, o ayon sa batas na pagtatanggol sa ari-arian, gaya ng itinatadhana sa mga Seksiyon 197, 198, at 198.5.

SEK. 6.17. Seksiyon 12022.57 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*12022.57. (a) Sa anumang kaso na ang tao ay lumabag sa Seksiyon 12022.52 o gumawa ng felony na kaugnay ng paggamit ng baril at ang pagkakasala ay nangyari sa kabuuan o bahagi sa loob ng isang sasakyang de-motor, o ang baril o ang tao at ang baril ay ipinasiyang nasa loob ng isang sasakyang de-motor, ang mga sumusunod na kondisyon ay dapat umaplay:*

*(1) Kung ang sasakyang de-motor ay pag-aari, pinatakbo, o kinontrol ng nagkasala, bilang karagdagan sa anumang ibang angkop na parusa, ang Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor ay dapat magpawalang-bisa sa pribilehiyo ng nagkasala upang patakbuhin ang isang sasakyang de-motor alinsunod sa mga pamamaraang inilarawan sa Seksiyon 13350 ng Kodigo sa Sasakyan.*

*(2) Kung ang nagkasala ay ikinulong o napapailalim sa pagtrato ng pag-iingat o pagkulong sa bahay bunga ng napapaloob na pagkakasala, ang pagpapawalang-bisa ng pribilehiyo na magpatakbo ng sasakyang de-motor na inilarawan sa talataan (1) ay dapat suspendihin hanggang sa kanyang paglabas mula sa pag-iingat.*

*(3) Kung ang sasakyan ay nakarehistro sa nagkasala o ibang prinsipal sa pagkakasala ito ay maaaring samsamin ng hanggang 60 araw.*

*(b) Ang nakarehistro at legal na may-ari ng isang sasakyan na inalis at kinuha sa ilalim ng subdibisyon (a), o ang kanilang mga ahente, ay dapat bigyan ng pagkakataon para sa isang pagdinig ukol sa pag-iimbak upang ipasiya ang pagiging balido ng, o isaalang-alang ang anumang nagpapagaan na kalagayan na kasama sa pag-iimbak, alinsunod sa Seksiyon 22852 ng Kodigo sa Sasakyan.*

SEK. 6.18. Seksiyon 2933.25 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*2933.25. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, sinumang tao na napatunayang gumawa ng felony na pagkakasala na maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ay dapat na walang karapatang tumanggap ng anumang kreditong pagbawas sa kanyang panahon ng pagkabilanggo alinsunod sa kabanatang ito, Seksiyon 4019, o anumang ibang batas na nagtatadhana ng kreditong pagbawas dahil sa kilos.*

*(b) Gaya ng pagkakagamit sa seksiyong ito, ang habambuhay na pagkabilanggo ay kabilang ang lahat ng sentensiya para sa anumang krimen o pagpapahusay na may pinakamataas na panahon na habambuhay, mayroon man o walang posibilidad ng parol, at mayroon man o walang partikular na pinakamababang panahon o pinakamababang panahon ng pagkulong bago maging karapat-dapat sa parol.*

*(c) Ang seksiyong ito ay dapat umaplay sa mga pagkakasala lamang na ginawa sa o pagkaraan ng petsa na ang seksiyong ito ay nagkabisa.*

SEK. 6.19. Seksiyon 653.75 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

653.75. Sinumang tao na gumawa ng anumang pagkakasala sa publiko habang nasa pag-iingat sa alinmang lokal na pasilidad ng detensiyon, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 6031.4, o alinmang bilangguan ng estado, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 4504, ay nagkasala ng isang krimen. Ang krimeng iyon ay dapat parusahan gaya ng itinatadhana sa seksiyon na nagtatagubilin ng parusa para sa pagkakasala sa publiko, *o sa Seksiyon 4505.*

SEK. 6.20. Seksiyon 653.77 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*653.77. (a) Sinumang tao na sadyang nagtanggal o nag-alis ng kakayahan ng elektroniko, sistema ng pandaigdig na pagposisyon (GPS), o ibang kagamitan sa pagsubaybay na dala niya, o ng iba, alam na ang kagamitan ay naroroon bilang kondisyon ng sentensiya sa krimen, disposisyon ng hukumang pangkabataan, parol, o probasyon, ay nagkasala ng isang pagkakasala sa publiko.*

*(b) (1) Sinumang tao na napapailalim sa elektroniko, GPS, o ibang kagamitan sa pagsubaybay batay sa isang napatunayang misdemeanor, o batay sa isang desisyong pangkabataan sa isang misdemeanor, na sadyang lumabag sa subdibisyon (a) ay nagkasala ng misdemeanor, maparurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county ng hanggang isang taon, ng isang multa na hanggang isang libong dolyar ($1,000), o ng pareho ng multa at pagkabilanggo.*

*(2) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (e), sinumang tao na sadyang nagtanggal o inalisan ng kakayahan ang isang elektroniko, GPS, o ibang kagamitan sa pagsubaybay na nakalagay sa ibang tao kung saan ang kagamitan ay nakalagay sa ibang tao batay sa isang napatunayang misdemeanor, o batay sa desisyong pangkabataan para sa isang misdemeanor na pagkakasala, ay nagkasala ng misdemeanor, maparurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county ng hanggang isang taon, ng isang multa na hanggang isang libong dolyar ($1,000), o ng pareho ng multa at pagkabilanggo.*

*(c) (1) Sinumang tao na napapailalim sa elektroniko, GPS, o ibang kagamitan sa pagsubaybay na batay sa isang napatunayang felony, desisyong pangkabataan para sa isang felony na pagkakasala, o nasa parol para sa isang felony, na sadyang lumabag sa subdibisyon (a) ay nagkasala ng isang felony, maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 16 buwan, o dalawa o tatlong taon.*

*(2) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (e), sinumang tao na sadyang nagtanggal o nagsara ng isang elektroniko, GPS, o ibang kagamitan sa pagsubaybay na nakalagay sa ibang tao kung saan ang kagamitang iyon ay nakalagay sa ibang tao batay sa isang napatunayang felony, o batay sa isang napatunayang pagkakasala ng kabataan para sa isang felony, ay nagkasala ng isang felony, maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 16 buwan, o dalawa o tatlong taon.*

*(d) Wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na pipigil sa parusa alinsunod sa anumang ibang tadhana ng batas na nagpapataw ng mas malaki o mas mabigat na parusa, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Seksiyon 594.*

*(e) Ang seksiyong ito ay hindi dapat umaplay sa pagtanggal o pagsara ng isang elektroniko, GPS, o ibang kagamitan sa pagsubaybay ng isang doktor, tekniko ng mga emerhensiyang serbisyong medikal, o anumang ibang emerhensiyang pagtugon o medikal na tauhan kapag ang paggawa nito ay kailangan sa panahon ng paggamot na medikal ng taong napapailalim sa elektroniko, GPS, o ibang kagamitang pagsubaybay. Ang seksiyong ito ay hindi rin dapat umaplay kung saan ang pagtanggal o pagsara ng elektroniko, GPS, o ibang kagamitang pansubaybay ay inawtorisa, o iniaatas, ng isang hukuman ng batas o ng tagapagpatupad ng batas, probasyon, o awtoridad sa parol o ibang entidad na responsable sa paglalagay ng elektroniko, GPS, o ibang kagamitan sa pagsubaybay sa tao o, sa panahon, ay may awtoridad at responsibilidad na subaybayan ang elektroniko, GPS, o ibang kagamitan sa pagsubaybay.*

SEK. 6.21. Seksiyon 4504 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

4504. Para sa mga layunin ng kabanatang ito:

(a) Ang isang tao ay itinuturing na nakakulong sa isang "bilangguan ng estado" kung *siya* ay nakakulong, *sa utos na ginawa alinsunod sa batas*, sa alinman sa mga bilangguan at institusyon ~~na tinukoy sa Seksiyon 5003 ng utos na ginawa alinsunod sa batas, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga pagkulong~~ *sa ilalim ng hurisdikisyon ng* Kagawaran ng mga Pagwawasto ~~o sa Kagawaran ng Awtoridad ng Kabataan~~ *at Rehabilitasyon*, anuman ang layunin ng ~~naturang~~ pagkulong at anuman ang pagiging balido ng utos na isinasantabi ~~naturang~~ *ang* utos ay naging pangwakas.

(b) Ang isang taong itinuturing na "nakakulong" sa isang bilangguan bagaman, sa oras ng pagkakasala, *siya* ay pansamantalang nasa labas ng mga dingding o harang para sa layunin ng paglilingkod sa isang gawain o para sa layunin ng pagkulong sa isang lokal na institusyon ng pagwawasto habang naghihintay ng paglilitis o para sa anumang ibang layunin na ang bilanggo ay maaaring pahintulutan sa labas sa mga dingding o harang ng bilangguan, pero ang isang bilanggo na hindi inilabas sa parol ay hindi itinuturing na "nakakulong" sa isang bilangguan para sa mga layunin ng kabanatang ito.

SEK. 6.22. Seksiyon 4505 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*4505. (a) Sinumang bilanggo na gumawa ng felony para sa kapakinabangan ng, at sa direksiyon ng, o kaugnay ng, isang kriminal na gang sa kalye, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 186.22, ay dapat sentensiyahan ng doble na itinatagubilin para sa felony, maliban kung ang ibang tadhana ng batas ay magtatagubilin ng mas malaking parusa.*

*(b) Sinumang tao na nagkaloob sa isang bilanggo ng sandata, selular na telepono, o ibang bagay na kontrabando na ginagamit sa isang felony na inilarawan sa subdibisyon (a) ay dapat ituring na prinsipal, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 31, at napapailalim sa mga katulad na parusa na katulad ng bilanggong iyon, kahit na ang tao ay hindi partikular na hinahangad para sa sandata, selular na telepono, o ibang bagay na kontrabando na gagamitin sa paggawa ng krimen.*

SEK. 7. HANGARIN TUNGKOL SA MGA MAGKASALUNGAT NA PARUSA

Hangarin ng mga tao ng Estado ng California sa pagpapatibay ng panukalang-batas na ito na palakasin at pabutihin ang mga batas na nagpaparusa at kumokontrol sa mga gumawa ng mga pagkakasala ng gang, mga pagkakasala sa baril, at ibang mga tinukoy na krimen. Hangarin ng mga tao ng Estado ng California na kung ang anumang tadhana ng aksiyong ito ay kasalungat ng anumang ibang tadhana ng batas na nagtatadhana ng mas malaking parusa o mas matagal na panahon ng pagkabilanggo na ang huling tadhana ay dapat umaplay.

SEK. 8. HANGARIN TUNGKOL SA MGA PAGBABAGO SA BATAS NA STEP

(a) Ang mga susog sa talataan (4) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 186.22 ng Kodigo sa Parusa, upang tanggalin ang alternatibong pinakamababang kuwenta ng panahon at upang isama ang mga pagpapahusay sa kuwenta ng panahon, ay naglalayong pabutihin ang batas na iyon sa pamamagitan ng pagpapasimple ng pamamaraan ng pagkuwenta para sa pinakamababang panahon ng habambuhay na sentensiya. Ang mga susog na nagpapawalang-bisa sa alternatibong pinakamababang panahon na mga pagkuwenta sa batas ay hindi dapat ibigay sa anumang retroaktibong aplikasyon, at hindi dapat ipakahulugan na pakinabangan ang sinumang tao na gumawa ng krimen o tumanggap ng parusa habang ang mga tadhanang ito ay may-bisa.

(b) Ang mga susog sa subtalataan (B) ng talataan (4) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 186.22, upang tanggalin ang pagtukoy sa Seksiyon 12022.55 at ang pagtukoy upang idagdag ang Seksiyon 12034, ay nilalayong itaas ang parusa para sa mga pagkakasala ng gang kaugnay ng pamamaril mula sa isang sasakyan. Ang mga susog na ito ay hindi dapat ibigay sa anumang retroaktibong aplikasyon, at hindi dapat ipakahulugan upang pakinabangan ng sinumang tao na gumawa ng krimen o tumanggap ng parusa habang ang dating bersiyon ng tadhanang ito ay may-bisa.

(c) Ang susog sa subdibisyon (g) ng Seksiyon 186.22, upang tanggalin ang tadhana tungkol sa hukuman na nagpawalang-saysay sa parusa para sa pagpapahusay, ay hindi nilalayong makaapekto sa awtoridad ng hukuman sa ilalim ng Seksiyon 1385.

SEK. 9. MAY-KONDISYONG PAGPAPALABAS AT MULING PAGPASOK

SEK. 9.1. Seksiyon 667.21 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*667.21. (a) Sa kabila ng anumang ibang batas, walang taong inakusahan ng marahas na felony na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5 o isang felony na may kaugnayan sa gang na lumalabag sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksiyon 186.22 na karapat-dapat sa piyansa o palabasin sa kanyang sariling paggarantiya habang naghihintay ng paglilitis, kung, sa oras ng sinasabing pagkakasala, siya ay ilegal na nasa loob ng Estados Unidos. Ang siyerip ng county kung saan ang tao ay nakakulong ay dapat magbigay kaagad ng paunawa sa pederal na Pagpapatupad na Pangkrimen ng Imigrasyon (ICE) ng pag-aresto at mga paratang sa tao.*

*(b) Ang seksiyong ito ay hindi dapat ipakahulugan na nag-aawtorisa ng pag-aresto sa sinumang tao batay lamang sa kanyang katayuan bilang dayuhan o sa paglabag sa pederal na mga batas sa imigrasyon.*

*(c) Ang siyerip, abugado ng distrito, at mga hukuman ng paglilitis ng bawat county ay dapat magrekord ng katayuan ng sinumang ilegal na dayuhan na kinasuhan, ikinulong, o napatunayang gumawa ng felony, upang iulat sa Kagawaran ng Hustisya para isama sa kasaysayang pangkrimen ng tao (CLETS) upang ang pagbabayad ay maaaring mahingi mula sa pederal na pamahalaan para sa gastos sa pagkulong.*

SEK. 9.2. Seksiyon 1319 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

1319. (a) Walang tao na inaresto para sa marahas na felony, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, *o isang seryosong felony, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7,* na maaaring palabasin sa kanyang sariling paggarantiya hanggang ang isang pagdinig ay ganapin sa bukas na hukuman sa harap ng mahistrado o hukom, at hanggang ang umuusig na abugado ay binigyan ng paunawa at isang makatwirang pagkakataon na dinggin sa bagay. Sa lahat ng kaso, ang mga tadhanang ito ay dapat ipatupad sa paraan na kaayon ng karapatan ng nasasakdal na dalhin sa harap ng isang mahistrado o hukom nang walang hindi makatwirang pagkaantala alinsunod sa Seksiyon 825.

(b) Isang nasasakdal na kinasuhan ng isang marahas na felony, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, ay hindi dapat ilabas sa kanyang sariling paggarantiya kung saan ito lumitaw, ng malinaw at nakakumbinseng ebidensiya, na siya ay dating kinasuhan ng felony at sadya at walang pahintulot mula sa hukuman na hindi humarap sa hukuman gaya ng iniaatas habang ang paratang ay nakabinbin. Sa lahat ng ibang mga kaso, sa paggawa ng pasiya kung igagawad o hindi ang paglabas sa ilalim ng seksiyong ito, ang hukumang ito ay dapat isaalang-alang ang mga sumusunod:

(1) Ang pagkakaroon ng anumang mga felony mandamyento sa nasasakdal.

(2) Anumang ibang impormasyon na iniharap sa ulat na inihanda alinsunod sa Seksiyon 1318.1. Ang katotohanan na ang hukuman ay hindi nakatanggap ng ulat na iniaatas ng Seksiyon 1318.1, sa oras ng pagdinig upang ipasiya kung papalabasin ang nasasakdal sa kanyang sariling paggarantiya, ay hindi dapat pumigil sa paglabas na iyon.

(3) Anumang ibang impormasyong iniharap ng umuusig na abugado.

(c) Ang hukom o mahistrado na, alinsunod sa seksiyong ito, ang mga gawad o nagkait sa sariling paggarantiya ng tao, sa loob ng panahon na inilarawan sa Seksiyon 825, ay dapat ilahad ang mga dahilan para sa desisyong iyon sa rekord. Ang pahayag na ito ay dapat isama sa mga katitikan ng hukuman. Ang ulat na inihanda ng nagsisiyasat na tauhan alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1318.1 ay dapat ilagay sa file ng hukuman para sa partikular na bagay.

SEK. 9.3. Seksiyon 1319.5 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

1319.5. (a) Walang tao na inilarawan sa subdibisyon (b) na inaresto para sa isang bagong pagkakasala na maaaring ilabas sa kanyang sariling paggarantiya hanggang ang isang pagdinig ay ganapin sa isang bukas na hukuman sa harap ng mahistrado o hukom.

(b) Subdibisyon (a) ay dapat umaplay sa mga sumusunod:

(1) Sinumang tao na sa kasalukuyan sa felony na probasyon o felony na parol.

(2) Sinumang tao na hindi humarap sa hukuman gaya ng iniutos, nagresulta sa isang mandamyento, ~~tatlo~~ *dalawa* o higit na beses sa tatlong taon na nauna sa kasalukuyang pag-aresto, maliban sa mga infraction na bunga ng mga paglabag sa Kodigo sa Sasakyan, at inaresto para sa alinman sa mga sumusunod na pagkakasala:

(A) Anumang felony na pagkakasala.

(B) Anumang paglabag sa Batas sa Pagpapatupad Pagpigil ng Terorismo sa Kalye ng California (Kabanata 11 (nagsisimula sa Seksiyon 186.20) ng Titulo 7 ng Bahagi 1).

(C) Anumang paglabag sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksiyon 240) ng Titulo 8 ng Bahagi 1 (pag-atake at paggulpi).

(D) Isang paglabag sa Seksiyon 484 (pagnanakaw).

(E) Isang paglabag sa Seksiyon 459 (panloloob).

(F) Anumang pagkakasala kung saan ang nasasakdal ay armado umano o personal na ginamit ang isang baril.

SEK. 9.4. Seksiyon 3044.5 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*3044.5. (a) Ang mga tauhan ng Dibisyon ng mga Pagpapatakbo ng Parol ay dapat mag-ulat sa Lupon ng mga Pagdinig ng anumang parolado na makatwirang naniniwala na kalahok sa mga sumusunod na uri ng pagkilos:*

*(1) Anumang kilos na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, anumang kilos na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7, o anumang umaatakeng kilos na nagresulta sa seryosong pinsala sa biktima.*

*(2) Pagdadala, kontrol, paggamit ng, o daan sa paggamit ng anumang mga baril, pampasabog, o crossbow o pagdadala o anumang paggamit ng isang sandata gaya ng tinukoy sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 12020, o anumang kutsilyo na may talim na mas mahaba sa dalawang pulgada, maliban kung itinatadhana sa Seksiyon 2512 ng Titulo 15 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California.*

*(3) Paglahok sa madayang pakana na kaugnay ng higit sa isang libong dolyar ($1,000).*

*(4) Pagbebenta, transportasyon, o pamamahagi ng anumang narkotiko o ibang kinokontrol na substansiya gaya ng nilinaw sa Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 11000) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.*

*(5) Isang parolado na ang kinaroroonan ay hindi alam at hindi makontak ng 30 araw.*

*(6) Anumang ibang kilos o disenyo ng kilos na lumalabag sa mga kondisyon ng parol na itinuring na sapat ang pagkeseryoso ng mga tauhan ng Dibisyon ng mga Pagpapatakbo ng Parol ng May Sapat na Gulang, kabilang ang paulit-ulit na paglabag sa parol at lumalalang kilos na kriminal.*

*(7) Ang pagtangging pumirma sa anumang pormularyo na iniaatas ng Kagawaran ng Hustisya na nagpapaliwag ang tungkulin ng tao upang magparehistro sa ilalim ng Seksiyon 290.*

*(8) Ang kabiguang magkaloob ng dalawang ispesimen ng dugo, isang sampol ng laway, mga impresyon ng kanang hinlalaki, at impresyon ng buong tatak ng palad ng bawat kamay gaya ng itinatadhana sa mga Seksiyon 295 hanggang 300.3, nag-aatas ng mga tinukoy na nagkasala upang magbigay ng mga sampol bago ilabas.*

*(9) Ang hindi pagpaparehistro gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 290, kung ang parolado ay iniaatasang magparehistro.*

*(10) Ang hindi pagpirma sa mga kondisyon ng parol.*

*(11) Paglabag sa espesyal na kondisyon na nagbabawal sa anumang kapisanan na may miyembro ng isang gang sa bilangguan, nakakagambalang grupo, o gawain ng kriminal na gang sa kalye, gaya ng inihanay sa subdibisyon (e) ng Seksiyon l86.22, kung ang kondisyong iyon ay ipinataw.*

*(12) Paglabag sa espesyal na kondisyon na nagbabawal sa anumang pagsama sa sinumang miyembro ng isang gang sa bilangguan, nakakagambalang grupo, kriminal na gang sa kalye, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (e) ng Seksiyon 2513 ng Titulo 15 ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California, o ang pagsusuot o pagpapakita ng anumang kulay, tanda, simbolo, o parapernalya ng gang na kaugnay sa gawain ng gang, kung ang kondisyong iyon ay ipinataw.*

*(13) Paglabag sa espesyal na kondisyon na nag-aatas ng pagsunod sa anumang utos sa pagpapahina sa gang, ordinansa, o utos ng hukuman, kung ang kondisyong iyon ay ipinataw.*

*(14) Kilos na nagpapabatid na ang kondisyon ng isip ng parolado ay lumalala kaya ang parolado ay malamang na gumawa ng krimen sa hinaharap.*

*(15) Paglabag sa mga kabawalan sa paninirahan na nakalagay sa Seksiyon 3003.5 para sa mga parolado na iniaatas na magparehistro gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 290.*

*(b) Para sa sinumang parolado ang pagkakasala ay inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5, o subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7, ng Dibisyon ng mga Pagpapatakbo sa Parol ng May Sapat na Gulang ay dapat mag-ulat sa lupon ng sinumang parolado na ang kilos ay makatwirang pinaniniwalaan na kabilang ang mga sumusunod na uri ng kilos:*

*(1) Anumang kilos na nakalista sa subdibisyon (a).*

*(2) Anumang marahas, umaatake, at o kriminal na kilos na kaugnay ang mga baril.*

*(3) Anumang paglabag sa isang kondisyon na hindi uminom ng inuming may alkohol.*

*(c) Ang sapilitang pag-uulat na iniaatas na inihanay sa mga subdibisyon (a) at (b) ay hindi pigilan ang pag-uulat ng anumang kilos na nadarama ng ahente ng parol, superbisor ng yunit, o tagapangasiwa ng distrito na sapat ang pagiging seryoso upang iulat, kahit na ang kilos ay inuusig sa hukuman.*

*(d) Ang lupon, sa pinakamaagang panahong magagawa, ay dapat mag-atas na ang lahat ng ulat na iniaatas ng seksiyong ito ay ihatid sa paraang elekroniko at ang mga ulat na kaugnay ang gang, baril, at mararahas na felony ay binibigyan ng angkop na priyoridad.*

SEK. 9.5. Seksiyon 5072 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*5072. (a) Sa pamamagitan nito ay itinatag sa Tesorerya ng Estado ang Pondo sa Muling Pagpasok ng Parolado para sa layunin ng pagpopondo ng mga kontrata para sa pagtuturo sa parolado at mga programang paghahanda sa lakas paggawa na igagawad ng Kalihim ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon. Ang mga tumatanggap ay dapat atasan na magkaroon ng malawak na kadalubhasaan sa pagdisenyo, pamamahala, pagsubaybay, at pagtimbang ng pagtuturo, lakas paggawa, at mga komprehensibong programang partikular sa mga parolado, kabilang ang mga ipinakitang ebidensiya ng mabisang programang modelo ng muling pagpasok ng bilanggo. Para sa mga layunin na maggawad ng mga kontrata, ang mga tumatanggap ng konrata ay inaatasan na magkaroon ng malawak na kaugnay na karanasan sa pagtatrabaho sa pederal, pang-estado, o lokal na mga ahensiya ng pamahalaan.*

*(b) Ang layunin ng mga programang ito ay asintahin ang mahalagang pagpopondo upang tulungan at ihanda ang mga nagkasala para sa pagbabalik sa kanilang mga komunidad sa isang pagsisikap na bawasan ang pagbabalik sa dati at malaking gastos at banta sa kaligtasan ng publiko na kaugnay sa namamayaning inog ng pagkulong, paglabas, at pagbabalik sa bilangguan. Ang mga programa ay nilalayon din na magkaloob ng suporta, mga pagkakataon, pagtuturo, edukasyon, at pagsasanay sa mga nagkasala sa parol. Mga parametro ng mga programa ay dapat na gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Ang mga programa ay dapat magpokus sa pagtulong sa mga parolado na gumawa at magpatuloy ng pangmatagalang mga kaugnayan sa lakas paggawa.*

*(2) Ang mga programa ay dapat mag-alay sa mga parolado ng mahalagang suportang serbisyo at pagrekomenda para sa pabahay, pagkasugapa, at ibang mga serbisyo sa pamamagitan ng isang bahagi ng pamamahala ng kaso. Ang programa ay mag-aalay rin ng mga pagkakataon para sa positibong suportang panlipunan sa pamamagitan ng bahaging pagtuturo.*

*(3) Ang kalihim ay maaaring mag-awtorisa ng mga programa na gumagamit ng mga pasilidad sa araw-araw na pagpasok, GPS na mga kagamitan, mga limbag na tinig, o ibang mga teknolohiya upang subaybayan ang mga gawain sa araw-araw ng mga kalahok na parolado, lalo na ang mga hindi aktibong nagtatrabaho o lumalahok sa mga klase.*

*(c) Ang halagang dalawampung milyong dolyar ($20,000,000) sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo sa Muling Pagpasok ng Parolado para sa taon ng pananalapi na 2009-10 at taun-taon pagkaraan, iniakma para sa gastos sa pamumuhay alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili sa California.*

*(d) Hangarin ng mga tao na ang diin ay ilagay sa mga programa na nagkakaloob ng kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng agresibong pangangasiwa ng mga parolado. Ang kilos ng isang nagkasala sa mga buwan na kasunod ng paglabas mula sa bilangguan ay mahalaga at pangkaraniwang nagpapasiya kung siya ay babalik sa pag-iingat. Ang mga parolado ay dapat sumailim sa mga kondisyon na kabilang, sa pinakamababa, ang karapatan ng estado na gumawa ng mga pagsasaliksik na walang mandamyento. Mga programang tumutulong sumubaybay o tulungan ang mga parolado, kabilang ang GPS, pagsasanay para sa trabaho, pagtuturo, at mga programang edukasyon na nag-aalay ng malaking pangako pero hindi mabisang maipatutupad ng mga ahente ng parol na karaniwang nabibigatan sa dami ng kaso na 100 o higit na parolado kada ahente.*

*(e) Ang kagawaran ay dapat, sa loob ng anim na buwan ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, magpatibay ng isang pampublikong plano na idinisenyo upang kumalap at magsanay ng sapat na mga ahente ng parol upang bawasan ang pangkaraniwang dami ng kaso sa mas mababa sa 50 parolado kada ahente na may mas mababang proporsiyon para sa mga gumawa ng sekswal na pagkakasala, mga nagkasalang kaugnay ng gang, at ibang mga grupo na mataas ang pagkontrol. Ang kabuuang proporsiyon sa dami ng kaso ay dapat kalkulahin batay sa kabuuang parolado at kabuuang ahente ng parol na gumagamit ng kaparehong mga pagpapakahulugan at mga panahon ng parol na nasa lugar noong basehang taon na 2006-07. Ang plano ay dapat na lubos na ipatupad nang hindi lalampas sa Disyembre 31, 2010.*

SEK. 10. MGA TAGATULONG NG TAGAPAGPATUPAD NG BATAS

SEK. 10.1. Seksiyon 30061.1 ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

*30061.1. (a) Sa pamamagitan nito ay nililikha sa Tesorerya ng Estado ng Pondo ng Mapipili ng Mamamayan para Kaligtasan ng Publiko (COPS), na maaaring ilaan lamang para sa mga layuning tinukoy sa seksiyong ito.*

*(b) Ang halagang limang daang milyong dolyar ($500,000,000) sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo ng COPS para sa taon ng pananalapi na 2009-10, at taun-taon bawat taon ng pananalapi pagkaraan, iniakma para sa gastos sa pamumuhay alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili sa California para sa layunin ng pagsuporta sa lokal na kaligtasan ng publiko, laban sa gang, at hustisyang pangkabataan na mga programa.*

*(c) Sa halagang inilaan sa Pondo ng COPS, kalahati ay dapat ilipat ng Kontroler sa mga lokal na hurisdiksiyon sa pamamagitan sa Pondo ng mga Suplementong Serbisyo ng Tagapagpatupad ng Batas (SLESF) ng bawat county para sa suporta sa mga programang inawtorisa ng Seksiyon 30061 pagsapit ng Hulyo 1, 2007, para sa taon ng pananalapi na 2009-10, at taun-taon bawat taon ng pananalapi pagkaraan.*

*(d) Sa halagang inilaan sa Pondong COPS, kalahati ay dapat ilipat sa Kontroler sa Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan para sa taon ng pananalapi na 2009-10, at taun-taon bawat taon ng pananalapi pagkaraan, para sa mga programa sa kaligtasan ng publiko, laban sa gang, at ibang mga programa na bagong inawtorisa na inawtorisa alinsunod sa Seksiyon 30061.15. Ang mga pondong ito ay dapat ipamahagi alinsunod sa mga tadhana ng batas na nagdaragdag ng seksiyong ito.*

SEK. 10.2. Seksiyon 30061.15 ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

*30061.15. (a) Sa pamamagitan nito ay nilikha sa Tesorerya ng Estado ng Pondo ng Ligtas ng Kapitbahayan. Ang mga pondo ay maaari lamang ipamahagi para sa mga layunin na tinukoy sa seksiyong ito. Lahat ng pagpopondo sa seksiyong ito ay dapat ipamahagi alinsunod sa ayon sa proporsiyon na kabahagi ng populasyon gaya ng itinatatag taun-taon ng Kagawaran ng Pananalapi, maliban kung iba ang nakasaad.*

*(b) Ang Komprehensibong Plano sa Ligtas na Kapitbahayan sa pamamagitan nito ay itinatag upang tulungan ang lokal na tagapagpatupad ng batas at mga komunidad sa buong estado na may kombinasyon ng mga programa na tumutulong sa kapasidad ng lokal na tagapagpatupad at maagang pamamagitan at lumikha ng panrehiyon at pambuong-estadong ugnayan na laban sa gang upang hadlangan ang krimen, at ipatupad ang batas, gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Labindalawang porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahaynay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa mga ahensiya ng nakaunipormeng tagapagpatupad ng batas ng lungsod upang gamitin na inaasinta ang mga marahas na krimen, kaugnay ng gang, baril, at ibang mga krimen sa kalye. Ang mga pondo ay dapat ipamahagi ayon sa proporsiyon batay sa populasyon ng bawat lungsod gaya ng ipinasiya ng Kagawaran ng Pananalapi. Ang mga pondong inilaan sa bawat lungsod ay dapat gamitin upang pahusayin ang nakaunipormeng tagapagpatupad ng batas sa loob ng tumatanggap na lungsod.*

*(2) Sampung porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahay ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa mga abugado ng distrito ng county upang suportahan ang marahas na gumawa ng felony, gang, at bertikal na pag-uusig sa pagnanakaw ng awto, upang ideposito sa SLESF ng bawat county. Ang mga tumatanggap ay hinihimok na gumasta ng isang bahagi ng pagpopondong natanggap alinsunod sa subdibisyong ito, hindi hihigit sa 2 porsiyento ng paglalaan sa tumatanggap, para sa pagsasanay sa mga tagausig sa mabisang paggamit ng Batas sa Pagpapatupad at Pagpigil ng Terorismo sa Kalye (STEP) sa mga pag-uusig ng gang.*

*(3) Anim na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko upang suportahan ang maraming ahensiya, panrehiyong mga puwersang tagakilos sa gang at para sa pambuong-estadong pagpapatupad sa gang na mga programang pagsasanay para sa mga nakaunipormeng pulis at siyerip.*

*(4) Walong porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat ilaan taun-taon sa mga siyerip ng county, at katamtaman ang sukat na mga lungsod na may mga populasyon na kulang sa 300,000 na sa kasalukuyan ay hindi karapat-dapat para sa pinakamababang gawad na isang daang libong dolyar ($100,000) sa ilalim ng Seksiyon 30061, upang tugunan ang mga problema sa pagpapatupad na karaniwan sa maliit, katamtaman ang laki, at mabilis na lumalaking mga komunidad upang ang mga ito ay mas aktibong makalahok sa mga aktibidad na pagpapatupad sa county, rehiyon, at buong estado na ipapamahagi gaya ng mga sumusunod:*

*(A) Dalawa at tatlumpu't-dalawa ng isang daan na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat ipamahagi sa magkakapantay na halaga sa mga siyerip ng county.*

*(B) Lima at animnapu't-walo ng isang daan na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan sa mga katamtaman ang laki na mga lungsod, gaya ng nilinaw sa talataang ito, sa mga ayon sa proporsiyon ng kabahagi batay sa populasyon ng bawat lungsod gaya ng ipinasiya ng Kagawaran ng Pananalapi.*

*(5) Isang porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat ilaan taun-taon ng Kontroler sa Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko para sa layunin na ipamahagi ang mga lungsod na aktibong nagpapatupad ng sibil na mga utos sa gang.*

*(6) Dalawampu't-anim na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa bawat kalahok na kagawaran sa probasyon ng county alinsunod sa ayon sa proporsiyon na kabahagi nito ng populasyon gaya ng mga sumusunod:*

*(A) Dalawampung porsiyento ng Pondo ng Kapitbahay ay dapat magpondo sa mga programang probasyon ng county upang pagaanin ang mga kasalukuyang dami ng kaso sa probasyon at magkaloob ng matinding pangangasiwa para sa may sapat na gulang na nagkasala sa probasyon.*

*(B) Anim na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat magpondo sa mga puwersang tagakilos upang gumawa ng mga pagsasaliksik na mga malaki ang panganib na mga nasa probasyon upang tiyakin ang pagsunod sa kanilang mga kondisyon ng probasyon. Ang bawat kalahok na county ay dapat magtatag ng isang Pangkat ng Pagbuo ng Mas Mataas na Kaligtasan sa Pamamagitan ng Pamamahala ng Pagbawi ng mga Armast (DISARM) na binubuo ng siyerip ng county, isa o mahigit ng hepe ng pulisya mula sa isang lungsod sa loob ng county, ang abugado ng distrito, at ang punong opisyal ng probasyon, at dapat magtatag ng mga istratehiya, pamantayan, at mga pamamaraan upang tulungan ang mga opisyal ng probasyon sa pagtanggal sa mga baril mula sa mga nasa probasyon na malaki ang panganib sa pamamagitan ng pagtiyak ng pagsunod sa kanilang mga kondisyon ng probasyon. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang mga nasa probasyon na malaki ang panganib ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga taong may isa o higit na napatunayang pagkakasala para sa alinman sa mga sumusunod na krimen:*

*(i) Pag-atake sa pamamagitan ng nakakamatay na sandata, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 245 ng Kodigo sa Parusa.*

*(ii) Pagtatangkang pagpatay, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 664 ng Kodigo sa Parusa.*

*(iii) Pagpatay, gaya ng itinatadhana sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 187) ng Titulo 8 ng Bahagi 1 ng Kodigo sa Parusa.*

*(iv) Pagnanakaw, gaya ng itinatadhana sa mga Seksiyon 211, 212, 213, at 214 ng Kodigo sa Parusa.*

*(v) Mga krimen ng kriminal na gang sa kalye na inilarawan sa Seksiyon 186.22 ng Kodigo sa Parusa.*

*(7) Isang porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat ilaan taun-taon ng Kontroler upang suportahan ang Komisyon sa Maagang Pamamagitan, Rehabilitasyon, at Pananagutan ng California na inawtorisa alinsunod sa Seksiyon 13921.*

*(8) Sampung porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa mga siyerip ng county upang suportahan ang konstruksiyon at pagpapatakbo ng mga kulungan upang ideposito sa SLESF ng bawat county.*

*(9) Apat na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa Kagawaran ng Hustisya upang suportahan ang Kagawaran ng Hustisya upang suportahan ang Programang Proteksiyon ng Testigo sa California, o anumang kapalit na programa, nilikha alinsunod sa Seksiyon 14020 ng Kodigo sa Parusa.*

*(10) Dalawang porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko, na dapat makipagkontrata sa Kagawaran ng Hustisya o ibang ahensiya sa pagpapatupad ng California upang bumuo at magpatupad ng isang ligtas na sistema ng bodega ng datos ng gang sa buong estado na dapat makipag-ugnayan sa kasalukuyang tipunan ng datos ng Cal-Gang upang magkaloob ng impormasyon tungkol sa gang na nagbabahaging sistema ng tipunan ng datos na makukuha sa lokal, pang-estado, pederal na mga ahensiya sa pagpapatupad ng batas upang mas mabuting asintahin at usigin ang krimen ng gang. Pagkatapos ng unang taon, ang Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko ay dapat maglaan ng dalawang milyong dolyar ($2,000,000) bawat taon upang suportahan at panatilihin ang sistemang ito at tatlong milyong dolyar ($3,000,000) bawat taon sa panrehiyong mga sentro ng tagatulong sa impormasyon tungkol sa gang upang makatulong na mabawasan ang mga gastos ng mga tauhan ng mga sentrong ito ng tagatulong.*

*(11) (A) Anim na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa mga county para sa pagbili ng Sistema ng Pangdaigdig na Pagposisyon (GPS) na kagamitan sa pagtunton na gagamitin sa pagsubaybay ng mga indibidwal na malaki ang panganib, kabilang ang mga nagkasalang kaugnay ng gang, marahas na nagkasala, at mga gumawa ng sekswal na pagkakasala.*

*(i) Ang mga kalahok na county ay dapat magsumite sa Kontroler, nang hindi lalampas sa Mayo 1 bago ang taon ng pananalapi kung saan ang pagpopondo ay hinangad, isang resolusyon na pinagtibay ng lupon ng mga superbisor ng county na humihiling ng halagang hinangad na gamitin ng siyerip ng county o kagawaran ng probasyon upang bumli at sumubaybay sa kagamitn sa pagtunton na GPS.*

*(ii) Ang mga pondo ay dapat ilaan sa bawat kalahok ng county batay sa halagang hiniling ng county na iyon o ng ayon sa proporsiyon na kabahagi ng county na iyon ng kabuuang populasyon ng lahat ng kalahok na county, alinman ang mas mababa.*

*(iii) Kung ang kabuuang pondong ipinamahagi ay kulang sa taunang paglalaan, ang natitira ay dapat ipamahagi sa mga kalahok na county na naghangad ng mas*

*maling halaga sa batayang katulad ng unang pamamahagi hanggang ang paglalaan ay naubos na o ang lahat ng kahilingan sa county ay naibigay na.*

*(B) Ang halaga ng pagsubaybay sa sinumang nagkasala na napapailalim sa pagtunton sa GPS sa ilalim ng mga kondisyon na ipinataw ng awtoridad sa parol ng estado ay dapat para sa panahon ng pagsubaybay ng GPS, ay sa gastos ng estado. Anumang iniaatas na ang county o lokal na pamahalaan ay sumubaybay sa naturang nagkasala ay dapat bumuo ng buong mababayarang utos ng estado.*

*(12) Apat na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa maraming ahensiya na mga puwersang tagakilos sa narkotiko na may diin sa mga puwersang tagakilos na ito na nakapokus sa interdiksiyon ng hangganan. Ang mga karapat-dapat na puwersang tagakilos (mga pulis at siyerip) ay maaaring buuin alinsunod sa subdibisyong ito o maaaring naroroon na, sa kondisyon na ang mga puwersang tagakilos lamang na maraming hurisdiksiyon na hindi nagbabawal sa paglahok ng ahensiya o pamumuno ang dapat tumanggap ng pagpopondo.*

*(13) Anim na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat ilaan taun-taon ng Kontroler sa Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko para sa layunin ng pagpapalaganap ng impormasyon sa hustisyang pangkrimen sa publiko at pangangasiwa ng mga programang kaligtasan ng publiko alinsunod sa Seksiyon 14260 ng Kodigo sa Parusa.*

*(14) Apat na porsiyento ng Pondo ng Ligtas na Kapitbahayan ay dapat na ilaan taun-taon ng Kontroler sa Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko para sa layunin na tumbasan ang mga lokal na paggasta upang pondohan ang mga programang pinatatakbo ng tagapagpatupad ng batas na panlibangan ng kabataan at serbisyo sa komunidad. Alinmang kagawaran ng siyerip, kagawaran ng pulisya, o panrehiyong kapisanan ng mga naturang ahensiya ay maaaring mag-aplay para sa gawad na pagpopondo upang pangasiwaan ang isang programang panlibangan ng kabataan na may diin sa palakasan, edukasyon, at serbsiyo sa komunidad. Ang mga karapat-dapat na programa ay dapat pangasiwaan ng mga opisyal na pangkapayapaan at nag-aatas ng kapantay na panumbas na lokal na pagpopondo o mga serbisyong hindi pera. Ang iniaatas na lokal na panumbas ay maaaring matugunan ng halaga ng lokal na inilaang mga pasilidad o mga serbisyo ng opisyal o sa pamamagitan ng mga pangkawanggawang ambag. Ang priyoridad ay dapat ibigay sa mga programang nagkakaloob ng mga serbisyo para sa nanganganib na populasyon ng kabataan, lumikha ng mga alternatibo sa paglahok sa kriminal na gang sa kalye, at tiyakin ang pangmatagalang lokal na pagtatalaga. Ang mga gawad ay maaaring gawin ng hanggang 10 taon.*

SEK. 10.3. Seksiyon 30062.1 ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

*30062.1. (a) Sa pamamagitan nito ay itinatatag ang Pondo ng Pagpapatupad ng Pagsunod sa mga Ligtas na Kapitbahayan sa Tesorerya ng Estado upang matulungan ang mga pagsisikap ng lokal na pamahalaan na matiyak na ang mga umookupa sa mga yunit na pantahanan na binabayaran ng mga butser na inisyu alinsunod sa Seksiyon 8 ng Batas sa 1937 sa Pabahay ng Estados Unidos (Seksiyon 1437f ng Titulo 42 ng Kodigo ng Estados Unidos) sumusunod sa mga regulasyon na inisyu alinsunod dito at sa mga kondisyon ng kanilang mga paninirahan na pinopondohan ng publiko.*

*(b) Ang pondo ay dapat pangasiwaan ng Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko (OPSE), na dapat maging katumbas ng mga kuwalipikadong pagtaas sa mga paggasta ng lokal na ahensiya upang pahusayin ang kapasidad sa pagkontrol. Ang layunin ang pagpopondong ito ay alisin ang pagpopondo ng publiko ng mga paninirahan na inookupahan ng mga indibidwal na kaugnay sa ilegal na gang, droga, o ibang gawaing kriminal upang ang limitadong kakayahan ng publiko ay magamit upang tulungan ang mga pamilyang masunurin sa batas na nangangailangan ng ligtas na pabahay.*

*(c) Sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo ng Pagpapatupad sa Pagsunod sa mga Ligtas na Kapitbahayan ang sampung milyong dolyar ($10,000,000) para sa taon ng pananalapi na 2009-10 at taun-taon pagkaraan, iniaakma para sa mga pagbabago sa gastos sa pamumuhay alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili sa California.*

*(d) Ang bawat ahensiya ng pamahalaan na inawtorisa upang ipatupad ang pagsunod sa mga iniaatas na pag-okupa ng mga butser alinsunod sa Seksiyon 8 ng Batas ng 1937 sa Pabahay ng Estados Unidosay maaaring iaplay para sa panumbas na pondo mula sa Pondo ng Pagpapatupad sa Pagsunod ng mga Ligtas na Kapitbahayan gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Hindi lalampas sa Marso 30, 2009, at bawat taon pagkaraan, ang bawat aplikante ay dapat magsumite sa Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko ng isang kahilingan para sa pagpopondo na nagdodokumento ng sumusunod upang maging karapat-dapat:*

*(A) Ang pinagkunan ng nagkokontrol na awtoridad ng ahensiya.*

*(B) Ang halaga at pinagkunan ng bagong pagpopondo ng lokal na ahensiya o karagdagang hindi perang mga serbsiyo, na dapat maging katumbas sa kapantay na dolyar na halaga ng gawad na hinangad mula sa Pondo ng Pagpapatupad ng Pagsunod sa mga Ligtas na Kapitbahayan.*

*(C) Ang karagdagang mga tauhan, kagamitan, o mga pamamaraan sa pagpapatupad ng pagsunod, na tutustusan ng mga pondo ng gawad.*

*(D) Ang bilang ng mga butser alinsunod sa Seksiyon 8 ng Batas ng 1937 sa Pabahay ng Estados Unidos na inisyu sa loob ng hurisdiksiyon ng ahensiya.*

*(E) Ang proseso ng ahensiya para sa pagtiyak na ang lahat ng umookupa ng mga Seksiyon 8 na paninirahan sa loob ng hurisdiksiyon ng ahensiya ay napapailalim sa isang pagsisiyasat ng kasaysayang pangkrimen isang beses o mas madalas bawat taon.*

*(2) Walang mga pondo na dapat igawad maliban kung ang pamantayan sa talataan (1) ay natugunan.*

*(e) (1) Ang Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko ay dapat, sa o bago ang Hunyo 30, 2009, at bawat taon pagkaraan, kasunod ng huling araw para sa mga aplikasyon sa gawad ay bumilang ng kabuuang bilang ng mga butser alinsunod sa Seksiyon 8 ng Batas ng 1937 sa Pabahay ng Estados Unidos na inisyu ng lahat ng mga ahensiyang aplikante at dapat italaga sa bawat ahensiya ang isang bilang (persentahe) na kumakatawan sa Seksiyon 8 Batas ng 1937 sa Pabahay ng Estados Unidos na inisyu ng lahat ng aplikanteng ahensiya.*

*(2) Ang bawat ahensiya na sumusunod sa oras sa mga kondisyon ng pagiging karapat-dapat at proseso ng aplikasyon ay dapat isyuhan ng 50-porsiyentong panumbas na gawad na hanggang sa persentahe ng taunang inilalaang pondo, na kapantay ng ayon sa proporsiyon na kabahagi (numerical factor) sa hurisdiksiyon ng ahensiya ng lahat ng butser alinsunod sa Seksiyon 8 ng Batas ng 1937 sa Pabahay ng Estados Unidos na kinalkula alinsunod sa subdibisyon (d).*

*(3) Kung ang nakahandang pagpopondo ay hindi naubos alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (d) ang proseso ay dapat ulitin upang ang bawat ahensiya na naghangad ng gawad na mas malaki sa proporsiyon sa persentahe nito ng kabuuang mga butser na kinalkula alinsunod sa talataan (1) ay dapat lumahok sa isang ikalawa o kasunod na pagsasama-sama.*

*(f) Ang Opisina ng Edukasyon at Impormasyon sa Kaligtasan ng Publiko ay maaaring gumamit ng hanggang 3 porsiyento ng kabuuang pagpopondo para sa kailangang pangangasiwa ng pondo at pagbabantay ng mga programa sa tumatanggap.*

SEK. 10.4. Seksiyon 4004.6 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*4004.6. (a) Ang seksiyong ito ay umaaplay sa alinmang county kung saan ang alinman sa mga sumusunod ay totoo:*

*(1) Ang county ay napapailalim sa mga utos ng pederal na hukuman na nagpapataw ng mga hangganan sa populasyon, o napapailalim sa hangganan ng populasyon na ipinataw sa sarili.*

*(2) Ang county ay nagpapalabas ng mga bilanggo nang maaga upang maiwasan ang pagsisikip na humihigit sa 90 porsiyento ng kapasidad ng kulungan.*

*(3) Ang county ay humigit sa 90 porsiyento ng kapasidad ng kulungan sa isa o higit na pagkakataon sa panahon ng bawat isa sa anim na magkakasunod na buwan.*

*(b) Ang siyerip ng alinmang county na inilarawan sa subdibisyon (a) o, sa kaso ng mga County ng Madera, Napa, and Santa Clara, ang lupon ng mga superbisor o ang Direktor ng mga Pagwawasto ay dapat, kasunod ng isang resolusyon na pinagtibay pagkatapos ng paunawa at pampublikong pagdinig ng lupon ng mga superbisor ng county, ay awtorisahan na gamtin ang magpatakbo ng mga pasilidad na pabahay na nakakatugon sa mga lokal na kodigo sa kalusugan at kaligtasan para sa paninirahan, at itinuturing na ligtas, bilang mga pansamantalang kulungan o mga pasilidad ng paggamot. Wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na nag-aawtorisa ng paggamit ng mga empleyado na hindi bahagi ng county upang lagyan ng tauhan ang mga pansamantalang kulungan o mga pasilidad ng paggamot. Ang mga pasilidad na matatagpuan sa loob ng mga lugar na kasama sa korporasyon ay dapat bilang karagdagan na mag-atas ng isang resolusyon na pinagtibay ng konseho ng lungsod.*

*(1) Walang bilanggo na dapat ilagay sa isang pansamantalang kulungan o pasilidad ng paggamot ng isang panahong hihigit sa 90 araw batay sa isang pangungusap.*

*(2) Ang mga pagpapasiya tungkol sa paglalagay ng mga bilanggo at seguridad ng mga pasilidad ng kulungan ay dapat gawin lamang ng siyerip ng county pagkatapos sumangguni sa lupon ng mga superbisor.*

*(3) Ang mga tadhana ng batas na ito ay hindi dapat ipakahulugan na naglilimita o pumipigil sa sinumang siyerip o, sa kaso ng mga County ng Madera, Napa, at Santa Clara, sa lupon ng mga superbisor o ang Direktor ng mga Pagwawasto, sa paggamit ng mga ayon sa batas na inawtorisang maagang pagpapalabas, elektronikong pagsubaybay, o mga programang pagpapalabas sa trabaho gaya ng kailangan.*

*(4) Sa kabila ng anumang ibang batas o regulasyon, ang paggamit ng emerhensiyang pasilidad ng kulungan na inawtorisa sa ilalim ng seksiyong ito ay isang ayon sa pagpapasiya na aksiyon at hindi dapat bumuo ng batayan para sa liabilidad na sibil sa bahagi ng siyerip, sa kagawaran ng siyerip, o sa county o munisipalidad na matatagpuan ang pasilidad.*

*(5) Sinumang bilanggo na tumakas mula sa pansamantalang pasilidad na kulungan o ibang alternatibong pasilidad ay dapat, alinsunod sa kasalukuyang batas, ay nasa felony na paglabag sa Seksiyon 4532.*

*(c) Kung ang kondisyon na bumubuo ng emerhensiya sa ilalim ng seksiyong ito ay niremedyuhan at ang kabuuang populasyon ng mga bilanggo sa kulungan sa loob ng county ay namamalaging mas mababa sa 80 porsiyento ng permanenteng inawtorisang kapasidad para sa 12 magkakasunod na buwan, ang siyerip o, sa kaso ng mga County ng Madera, Napa, at Santa Clara, ang lupon ng mga superbisor o ang Direktor ng mga Pagwawasto, ay dapat, sa loob ng makatwirang panahon, tumigil na tanggapin ang mga bilanggo sa mga emerhensiyang pasilidad o pasunurin ang mga naturang pasilidad sa lahat ng angkop na batas at regulasyon para sa permanenteng tirahan ng bilanggo.*

*(d) Ang populasyon ng mga bilanggo sa kulungan ay dapat, para sa mga layunin ng seksiyong ito, na kabilang ang anuang lumabag sa parol na nakakulong sa mga pasilidad na kulungan ng county sa ilalim ng kontrata sa Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon.*

SEK. 10.5. Seksiyon 14175 ng Kodigo sa Parusa ay pinawawalang-bisa.

~~14175. Ang titulong ito ay dapat mawalan ng bisa sa Hulyo 1, 2009, at pinawalang-bisa pagsapit ng Enero 1, 2010, maliban kung ang isang batas na pinagtibay sa bandang huli, na pinagtibay bago ang Enero 1, 2010, ay nagtatanggal o nagpapalawig ng petsa.~~

SEK. 10.6. Seksiyon 14183 ng Kodigo sa Parusa ay pinawawalang-bisa.

~~14183. Ang titulong ito ay dapat mawalan ng bisa sa Hulyo 1, 2010, at pinawalang-bisa pagsapit ng Enero 1, 2011, maliban kung ang isang batas na pinagtibay sa bandang huli na pinagtibay bago ang Enero 1, 2011, nagtatanggal o nagpapalawig ng mga petsang ito.~~

SEK. 11. PAGPOPONDO NG MGA KASALUKUYANG PROGRAMA

Ang mga sumusunod na kasalukuyang programa ay dapat pondohan sa o higit sa antas ng pagpopondo na natanggap nila sa Batas sa Badyet ng 2007:

(1) Pondo ng Pagiging Episyente ng Kulungan gaya ng itinatag sa ilalim ng Aytem 9210-105-0001.

(2) Programang Maraming–Hurisdiksiyon na Pangkat na Pagpapatupad sa Methamphetamine (CAL-MMET) sa ilalim ng Aytem 0690-101-0001.

(3) Programang Pagpigil ng Rural na Krimen sa Central Valley na itinatag sa Kabanata 497 ng mga Batas ng 2005.

(4) Programang Pagpigil sa Rural na Krimen sa Central Coast na itinatag sa Kabanata 18 ng mga Batas ng 2003.

(5) Pagpopondo sa Kampo ng Probasyon ng Kabataan sa ilalim ng Aytem 5225-101-0001, Iskedyul 1.

SEK. 12. HANGARIN TUNGKOL SA MGA KASALUKUYANG PROGRAMA

Hangarin ng mga tao na ang pagpapatibay ng Batas sa Ligtas na Kapitbahayan ay dapat magtaas ng kaligtasan ng publiko bilang isang pambuong-estadong priyoridad at naglilimita sa kawalan ng katiyakan sa pagpopondo ng tagapagtupad ng batas at mga programang naghuhusto na paghadlang sa krimen at rehabilitasyon ng nagkasala. Madalas, ang mga panandaliang problemang pangkabuhayan at maraming nagtatagisang interes ay nagiging dahilan upang ang mga may ipinangangakong programa sa paghadlang at pagpapatupad ng batas ay matapos o pilitin ang mga ahensiya ng kaligtasan ng publiko na magtrabaho nang walang sapat na tauhan o kagamitan. Sa ilalim ng mga pinakamahusay na kalagayan, ang pulisya, siyerip, at opisyal sa pagwawasto ng California ay humaharap sa mas maraming kaso kaysa kanilang mga katulad sa ibang mga bahagi ng bansa. Ang pagkakaloob sa ating mga ahensiya ng kaligtasan ng publiko ng awtorisasyon na ipatupad ang batas at hadlangan ang krimen ay walang kabuluhan kung ang mga ahensiyang ito ay hindi pinagkalooban ng mga tagatulong na katapat ng kanilang awtoridad. Ang pag-aawtorisa ng mga karagdagang tagatulong upang labanan ang interdiksiyon sa methamphetamine ay mapapatunayang hindi makatotohanan kung ang mga tumatanggap na ahensiya ay magkasabay na nawalan ng pagpopondo upang labanan ang mga gang sa kalye at mga paglabag sa baril. Kaya, ang batas na ito ay idinisenyo upang protektahan pareho ang bago at mga kasalukuyang programa at tagatulong at napapailalim sa lahat ng mga inihanay na programa sa mas mas malaking pagsusuri ng publiko. Ang layunin ay itatag ang mas mataas na paninindigan sa pareho ng paghadlang sa krimen at pagpapatupad at ipagpatuloy ang antas na iyon ng paninindigan.

SEK. 13. GARANTIYA NG PAGPOPONDO SA EDUKASYON

Walang tadhana sa loob ng batas na ito na dapat ipakahulugan na babago sa kalkulasyon ng pinakamababang mga obligasyon ng estado sa Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California, o bawasan ang aktuwal ng pang-estado at lokal na suporta para sa mga paaralan ng K-14 na iniaatas ng batas maliban sa inawtorisa ng Saligang-batas.

SEK. 14. HANGARIN TUNGKOL SA PAGGAMOT NA MAY KINALAMAN SA DROGA NA INAPROBAHAN NG BOTANTE

Walang tadhana ng batas na ito na dapat ipakahulugan na magbabago sa pagiging karapat-dapat ng sinumang tao na lumahok sa isang inaprobahan ng mga botante na programa sa paggamot na may kinalaman sa droga.

SEK. 15. SUGNAY NA HINDI PAGPAPALIT

Ang pagpopondong inawtorisa at/o ginawang permanente sa ilalim ng batas na ito ay dapat tumulong at magpahusay sa mga tagatulong at kapasidad ng mga ahensiya ng kaligtasan ng publiko sa buong California at, kaya, ang estado, o anumang lungsod, county, lungsod at county, o ibang subdibisyong pampulitika ay pinagbabawalang bumawas sa antas ng pagpopondong natanggap ng alinmang tumatanggap ng ahensiya o programa na mas mababa sa halagang natanggap sa panahon ng mas mataas sa taon ng pananalapi na 2007-08 o ng 2008-09 upang palitan o bawasan sa kabuuan o bahagi ang pinahusay na antas ng pagpopondo na inawtorisa ng batas na ito.

SEK. 16. LAPAG HINDI HANGGANAN NG PAGPOPONDO

Wala sa batas na ito na dapat pumigil sa Lehislatura na itaas o iawtorisa ang mga paglalaan sa kaligtasan ng publiko na mas malaki kaysa, o bilang karagdagan sa, sa mga inaprobahan sa ilalim ng batas na ito.

SEK. 17. SUGNAY NA PAGPOPONDO SA HINAHARAP

Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, anumang pera na inilaan sa ilalim ng batas na ito na hindi naitalaga o ginasta sa loob ng anumang angkop na panahon na itinagubilin ng batas ay dapat, kasama ng natipong interes sa halaga, ibalik at manatili sa kaparehong kuwenta para sa pagtatalaga at paggasta para sa susunod na panahon ng pananalapi. Kung ang anumang programa sa tumatanggap ay tumigil na mag-atas na pagpopondong inawtorisa sa ilalim ng batas na ito o kung ang mga naturang pondo ay hindi naipamahagi sa mga karapat-dapat na ahensiya para sa dalawang taon ng pananalapi pagkatapos ng awtorisasyon, ang mga pondong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo.

SEK. 18. MAGKAKASALUNGAT NA PANUKALANG-BATAS SA BALOTA

Kung ang panukalang-batas na may kaugnayan sa pagpapalakas ng ating mga komunidad sa pagtataas sa mga sentensiya ng bilangguan sa mga marahas na nagkasala at mga miyembro ng kriminal na gang sa kalye, o anumang ibang panukalang-batas na nagbabawas ng mga parusang pangkrimen o nag-aawtorisa ng maagang pagpapalabas ng mga bilanggo, ay aprobahan ng isang mayoriya ng mga botante sa iisang halalan, at panukalang-batas ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto kaysa anumang ibang naturang panukalang-batas o mga panukalang-batas, ang panukalang-batas na ito ay dapat kumontrol sa kabuuan at ang mga kasalungat na tadhana sa nasabing ibang panukala o mga panukala ay dapat pawalang-bisa at ituring na walang anumang legal na epekto. Kung ang panukalang-batas na ito ay inaprobahan pero hindi nakatanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto kaysa nasabing ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas, ang panukalang-batas na ito ay dapat magkabisa kung ipinahihintulot ng batas.

SEK. 19. MGA PAGTUKOY SA BATAS

Maliban kung iba ang ipinabatid, lahat ng pagtukoy sa loob ng batas na ito sa isang batas ay dapat ipakahulugan na tumutukoy sa batas na umiiral noong Enero 1, 2008.

SEK. 20. SUGNAY NG KAKAYAHANG IHIWALAY

Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o bahagi nito, sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang mga natitirang tadhana ay hindi dapat maapektuhan, kundi dapat manatili na may buong puwersa at epekto, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay.

SEK. 21. SUGNAY NG SUSOG

Ang mga tadhana ng batas na ito ay hindi dapat susugan ng Lehislatura maliban kung sa pamamagitan ng batas na ipinasa ng bawat kapulungan sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, tatlong-ikaapat ng mga miyembro ng bawat kapulungan ay sumang-ayon, o sa pamamagitan ng batas na nagkabisa lamang noong aprobahan ng mga botante. Gayunman, ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa mga tadhana ng batas na ito upang palawakin ang saklaw ng paggamit sa mga ito upang itaas ang mga parusa o multang itinatadhana rito ng isang batas na ipinasa ng boto ng nakararami sa bawat kapulungan.

## PROPOSISYON 7

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagsususog sa mga seksiyon sa Kodigo sa Pampublikong Utilidad at nagsususog at nagdaragdag sa mga seksiyon ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago

### IMINUMUNGKAHING BATAS

ANG BATAS NG 2008 SA ENERHIYA NG ARAW AT MALINIS NA ENERHIYA

SEKSIYON 1. TITULO

Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilalang "Ang Batas ng 2008 sa Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya."

SEK. 2. MGA NAPAG-ALAMAN AT PAGPAPAHAYAG

Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng California ang mga sumusunod:

A. Ang pandaigdig na pag-init at pagbabago ng klima ay tunay na krisis ngayon. Ang mga saklob na polar na yelo na patuloy na natutunaw, ang mga temperatura ay tumataas sa buong mundo, nagdaragdag ng nakakulong na gas, at nangyayari ang malalaking pagbabago sa klima, tayo ay mabilis na nakakarating sa punto ng labis na mapuwersang pagbabago. Ang California ay humaharap sa isang seryosong banta mula sa tumataas na antas ng dagat, nadagdagang pagkatuyo, at pagkatunaw ng pakete ng niyebe ng Sierra na tagapagkaloob ng ating panustos na tubig. Kailangan ng California ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya upang atakehin ang mga pagbabago sa klima na nagbabanta sa ating estado.

B. Ang California ay nagdaranas ng pagkatuyo, pagdumi ng hangin, mahinang kalidad ng tubig, at maraming iba pang problema sa kapaligiran. Kakaunti pa ang nagawa dahil ang mga espesyal na interes sa enerhiya ay humahadlang sa pagbabago. Dapat ilagay ng taga-California sa kanilang mga kamay ang reporma. Ang alternatibo sa maruming enerhiya ay enerhiya ng araw at malinis na enerhiya.

C. Ang California ay maaaring magkaloob ng pamumuno na kailangan upang atakehin ang pandaigdig na pag-init at pagbabago sa klima.

D. Ang Batas sa Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya ay tutulong na bawasan ang pagdumi ng hangin sa California. Sa inisyatibong ito, makakatulong tayo na linisin ang ating hangin at magtayo ng mas malusog, mas malinis na kapaligiran para sa ating mga anak.

E. Ang ating mga tradisyunal na pinagkukunan ng enerhiya ay labis na umaasa sa mga gatong na galing sa labi ng halaman at hayop at enerhiya ng ibang bansa na nagiging mas mahal at mas hindi maaasahan. Ang inisyatibong ito ay hihimok ng pamumuhunan sa mga pinagkukunan ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya na sa pangmatagalan ay mas mura at matatagpuan dito sa California, at sa panandalian, ang pamumuhunan ng California sa enerhiya ng araw at malinis na enerhiya ay magreresulta sa hindi hihigit sa 3 porsiyentong pagtaas sa mga presyo ng kuryente – maliit na presyo para sa isang mas malusog at mas malinis na kapaligiran.

F. Ang Batas sa Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya ay maglalagay sa California sa landas ng kalayaan sa enerhiya sa pamamagitan ng pag-aatas sa lahat ng utilidad ng kuryente na lumikha ng 50 porsiyento ng kanilang kuryente mula sa mga pinagkukunan ng malinis na enerhiya na tulad ng araw at hangin bago lumampas ang 2025. Sa ngayon, higit sa 22 porsiyento ng nakakulong na gas ng California ay nanggagaling mula sa paglikha ng kuryente pero mga 10 porsiyento ng kuryente ng California ay nanggagaling sa mga pinagkukunan na araw at malinis na enerhiya, iniiwan ang California na madaling maapektuhan ng mataas na gastos sa enerhiya, sa kawalan ng katatagang pampulitika sa Gitnang Silangan, at sa pagiging bihag na panagot ng malalaking kompanya ng langis.

G. Ang Batas sa Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya ay humihimok ng bagong teknolohiya upang lumikha ng kuryente. Maraming tao na pamilyar sa enerhiya ng araw na nanggagaling mula sa mga panel na maaaring ilagay sa bubong, pero may dramatikong bagong teknolohiya na nagpapahintulot sa enerhiya ng araw na likhain mula sa mga konsentrasyon ng mga salamin ng araw sa disyerto. Ang mga salaming ito ay napakabisa na ang isang malaking kuwadradong kaayusan, labing-isang milya sa isang panig, ay maaaring makalikha ng sapat na kuryente upang matugunan ang lahat ng pangangailangan ng California at sa mas mababang halaga kaysa ibinabayad natin ngayon. Ang disyerto ay maaaring magdala sa atin sa kalayaan sa enerhiya.

H. Ang kasalukuyang batas ay nagsasabi na tayo ay dapat magkaroon ng 20 porsiyentong enerhiya ng araw at malinis na enerhiya pero tayo ay nasa mga 10 porsiyento pa rin at maging ang malalaking utilidad na pag-aari ng pamahalaan na tulad na mga nasa Los Angeles at Sacramento ay naglobi nang matagumpay upang ilibre ang kanilang mga sarili sa batas. Ang Batas sa Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya ay nagkakaloob ng mga insentibo, mahihigpit na pamantayan, at mga parusa sa mga hindi sumusunod.

I. Ang Batas sa Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya ay pakikinabangan ng ekonomiya ng California. Ang pagtatayo ng mga pasilidad para sa mga pinagkukunan ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga linya ng paghahatid upang dalhin ang kuryente ay lilikha ng mabubuting trabaho na magbabayad ng namamayaning sahod. Ang mga trabahong ito ay magdadala ng mga bagong pamumuhunan at mga bagong trabaho sa California at magpapalakas ng ekonomiya ng California.

J. Ang pandaigdig na pag-init at pag-asa ng California sa mga gatong na galing sa labi ng hayop at halaman at enerhiya mula sa ibang bansa ay isang bagay na inaalala ng buong estado, tulad ng pagpapatupad ng mga pamantayan sa buong estado para sa mga pinagkukunan ng kuryente at pagpapahintulot sa mga planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad ng paghahatid. Kaya, napagalaman ng mga tao na ang mga bagay na ito ay hindi mga munisipal na gawain, kung paano ginamit ang katawagang ito sa Seksiyon 5 ng Artikulo XI ng Saligang-batas ng California, kundi mga bagay na para sa buong estado.

SEK. 3. LAYUNIN AT HANGARIN

Hangarin ng mga tao ng California sa pagpapatibay ng panukalang-batas na ito na:

A. Harapin ang pandaigdig na pag-init at pagbabago ng klima, at protektahan ang mga nanganganib na pakete ng niyebe ng Sierra sa pamamagitan ng pagbawas sa emisyon ng nakakulong na gas na nakabase sa karbon sa California;

B. Gamitin ang mga subok na teknolohiya na tulad ng araw, geothermal, hangin, biomass, at maliit na hydroelectric upang lumikha ng malinis na enerhiya sa buong California at tugunan ang mga inaasintang nababagong enerhiya nang hindi magtataas ng mga buwis sa sinumang nagbabayad ng buwis sa California;

C. Nag-aatas sa lahat ng utilidad sa California – kabilang ang mga utilidad na pag-aari ng pamahalaan tulad Kagawaran ng Tubig at Enerhiya ng Los Angeles – upang kumuha ng kuryente mula sa mga pinagkukunan ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya, sa mga sumusunod na takdang panahon:

1. 20 porsiyento bago lumampas ng 2010;
2. 40 porsiyento bago lumampas ng 2020; at,
3. 50 porsiyento bago lumampas ng 2025;

D. Pabilisin ang lahat ng pag-aproba para sa pagbuo ng mga planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad ng paghahatid habang iginagarantiya ang lahat ng proteksiyon – kabilangang Batas sa Proteksiyon ng Disyerto;

E. Lumikha ng mga insentibo sa paglikha para sa pagbuo at konstruksiyon ng mga planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad ng paghahatid;

F. Magtasa ng mga parusa sa lahat ng utilidad na nabigong matugunan ang mga inaasintang tagapagdulot ng nababago, at nagbabawal sa mga utilidad na ipasa ang mga parusang ito sa mga mamimili;

G. Ipahintulot ang pangmatagalang 20 taong kontrata para sa enerhiya ng araw at malinis na enerhiya upang matiyak na maibebenta at pagtustos ng mga planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya;

H. Ang hangganan sa presyo ay nakakaepekto sa mga singil sa kuryente ng mga mamimili sa mas mababa sa 3 porsiyento. Sa pangmatagalan, ang mga pag-aaral ay nagpakita na ang mga gastos sa kuryente ng mamimili ay magiging mas mababa;

I. Gawaran ang Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng kapangyarihan na ipatupad ang pagsunod sa pamantayan sa porpolyo ng mga nababago sa mga pribadong utilidad, magtasa ng mga parusa para sa hindi pagsunod, at pagbawalan ang mga utilidad na ipasa ang mga parusa sa mga mamimili;

J. Gawaran ang Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado ng California (ang Komisyon sa Enerhiya) ng kapangyarihan sa:

1. Ipatupad ang pagsunod sa pamantayan sa porpolyo ng mga nababago sa mga utilidad na pag-aari ng pamahalaan, magtasa ng mga parusa sa mga utilidad para sa hindi pagtupad, at pagbawalan ang mga utilidad na ipasa ang mga parusa sa mga mamimili;

2. Magpatibay ng mga tuntunin upang padaliin ang lahat ng pag-aproba para sa pagpapaunlad ng mga tagapagdulot at planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya habang iginagarantiya ang lahat ng proteksiyon sa kapaligiran – kabilang ang Batas sa Proteksiyon sa Disyerto;

3. Maglaan ng mga pondo upang bumili, magbenta, o umarkila ng tunay na ari-arian, personal na ari-arian o mga karapatan sa daan para sa pagbuo at paggamit ng ari-arian at mga karapatan sa daan para sa paglikha at/o paghahatid ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya, at upang pahusayin ang mga kasalukuyang linya ng paghahatid; at,

4. Tukuyin at italaga ang Mga Sona ng Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya – pangunahin sa disyerto.

SEK. 4. Seksiyon 387 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay sinususugan upang mabasang:

387. (a) Ang bawat namamahalang lupon ng isang lokal na utilidad ng kuryente na pag-aari ng publiko, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 9604, ay dapatna ~~responsable sa pagpapatupad ng~~ ~~isang~~ *ipatupad ang* mga pamantayan ng porpolyo ng mga nababago *gaya ng itinatag at nilinaw sa artikulong ito* ~~na kumikilala ng hangarin ng Lehislatura na himukin ang mga tagapagdulot ng nababago, habang isinasaalang-alang ang epekto ng pamantayan sa mga presyo, pagiging maaasahan, at mga tagapagdulot ng pananalapi at ang hangarin na pagpapabuti ng kapaligiran~~.

(b) Ang bawat lokal na utilidad ng kuryente na pag-aari ng publiko ay dapat magulat, taun-taon, sa mga parokyano nito sa Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado, ng mga sumusunod:

(1) Mga paggasta ng mga pondo sa pampublikong paninda na siningil alinsunod sa Seksiyon 385 para sa pagbuo ng karapat-dapat na tagapagtulot ng nababagong enerhiya. Ang mga ulat ay dapat magtaglay ng paglalarawan ng mga programa, paggasta, at inaasahan o aktuwal na resulta.

(2) Ang paghahalo ng tagapagdulot na ginagamit upang paglingkuran ang mga parokyano batay sa uri ng gatong. Ang mga ulat ay dapat magtaglay ng ambag ng bawat uri ng tagapagdulot ng nababagong enerhiya na may nakahiwalay na mga kategorya para sa mga gatong na mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya gaya ng nilinaw sa Seksiyon 399.12~~, maliban sa ang kuryente ay inihahatid sa lokal na utilidad ng kuryente na pag-aari ng publiko at hindi isang tagabenta ng tingi~~. Ang kuryente ay dapat iulat na naihatid na sa lokal na utilidad ng kuryente na pag-aari ng publiko mula sa isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya kapag ang kuryente ay magiging kuwalipikado para sa pagsunod sa pamantayan sa porpolyo ng mga nababago ~~kung ito ay inihatid sa isang tagabenta ng tingi~~.

(3) Ang katayuan ng utilidad sa pagpapatupad sa pamantayan sa porpolyo ng mga nababago alinsunod sa subdibisyon (a) at ang progreso ng utilidad sa pagkakamit ng pamantayan kasunod ng pagpapatupad.

SEK. 5. Seksiyon 399.25 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay sinususugan upang mabasang:

399.25. ~~(a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana sa mga Seksiyon 1001 hanggang 1013, inklusibo, ang isang aplikasyon ng isang korporasyon ng kuryente para sa isang sertipiko na nag-aawtorisa ng konstruksiyon ng mga bagong pasilidad ng paghahatid ay dapat ituring na kailangan sa paghahatid ng serbisyong kuryente para sa mga layunin ng anumang pagpapasiyang ginawa sa ilalim ng Seksiyon 1003 kung ipinasiya ng komisyon na ang bagong pasilidad ay kailangan upang pabilisin ang pagkakamit ng mga hangarin ng nababagong enerhiya na tinatag sa Artikulo 16 (nagsisimula sa Seksiyon 399.11).~~

~~(b)~~ *(a)* Tungkol sa ~~isang pasilidad ng paghahatid na inilarawan sa subdibisyon (a)~~ *anumang mga pasilidad ng paghahatid na itinuring na kailangan ng Komisyon sa Enerhiya upang pabilisin ang pagkakamit ng pamantayan sa porpolyo ng mga nababago na itinatag ng Artikulo 16 (nagsisimula sa Seksiyon 399.11) ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad*, ang komisyon ay dapat gumawa ng lahat ng posibleng aksiyon upang tiyakin na ang mga presyo ng paghahatid na itinatag ng Pederal na Komisyon sa Pangangasiwa ng Enerhiya ay lubos na ipinapakita sa anumang mga presyo sa tingi na itinatag ng komisyon.Ang mga aksiyong ito ay kabilang ang, pero hindi limitado sa:

(1) Paggawa ng mga pasiya, kung sinusuportahan ng nakarekord na ebidensiya, na ang mga pasilidad ng paghahatid ay nagkakaloob ng pakinabang sa ugnayan ng paghahatid at kailangan upang padaliin ang pagkakamit ng pamantayan sa porpolyo ng mga nababago na itinatag sa Artikulo 16 (nagsisimula sa Seksiyon 399.11).

(2) Pag-uutos sa utilidad na ang tagalikha ay magiging magkakaugnay, kung saan ang direksiyon ay hindi pinangingibabawan ng pederal na batas, upang maghangad ng pagbawi sa pamamagitan ng mga pangkalahatang presyo ng paghahatid sa mga gastos na kaugnay sa mga pasilidad ng paghahatid.

(3) Paggiit sa mga posisyon na inilarawan sa mga talataan (1) at (2) sa Pederal na Komisyon sa Pangangasiwa ng Enerhiya sa mga angkop na pamamaraan.

(4) Pagpapahintulot sa pagbawi sa mga presyo sa tingi ng anumang pagtaas sa mga gastos sa paghahatid ng ~~isang korporasyon ng kuryente~~ *isang tagabenta sa tingi* na nagresulta mula sa konstruksiyon ng mga pasilidad ng paghahatid na hindi inaprobahan para sa pagbawi ng mga presyo ng paghahatid ng Pederal na Komisyon sa Pangangasiwa ng Enerhiya pagkatapos ipasiya ng komisyon na ang mga gastos ay maingat na kinuha alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 454.

*(b) Sa kabila ng subdibisyon (a), ang isang tagabenta ng tingi ay hindi dapat bumawi ng anumang mga gastos na binayaran sa pamamagitan ng Kuwenta ng Paghahatid ng Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya upang padaliin ang konstruksiyon ng anumang mga pasilidad ng paghahatid.*

SEK. 6. Seksiyon 399.11 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay sinususugan upang mabasang:

399.11.Ang ~~Lehislatura~~ *mga tao* ay ~~nagpapasiya~~ *nagpasiya* at ~~nagpapahayag~~ *nagpahayag* ng lahat ng mga sumusunod:

(a) Upang matamo ang ~~isang~~ *ang* ~~inaasinta~~ *mga inaasinta* sa paglikha ng 20 porsiyento ng kabuuang pagbebenta sa tingi ng kuryente sa California mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya bago lumampas ang Disyembre 31, 2010, *40 porsiyento ng kabuuang pagbebenta sa tingi sa California mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya bago ang Disyembre 31, 2020, at 50 porsiyento ng kabuuang pagbebenta sa tingi ng kuryente mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya bago lumampas ang Disyembre 31, 2025*, at para sa mga layunin na itaas ang pagkakaiba-iba, pagiging maaasahan, mga pakinabang sa kalusugan ng publiko at kapaligiran ng paghahalo ng enerhiya upang *harapin ang pandaigdig na pag-init at pagbabago ng klima, at upang protektahan ang nanganganib na pakete ng niyebe ng Sierra*, hangarin ng ~~Lehislatura~~ *mga tao* na ang komisyon at ang Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado ay ipatupad ang Programa sa Pamantayan sa Porpolyo ng mga Nababababo ng California na inilarawan sa artikulong ito.

(b) Ang pagtataas ng pag-asa ng California sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya ay maaaring magtaguyod ng mga matatag na presyo ng kuryente, protektahan ang kalusugan ng publiko, pabutihin ang kalidad ng kapaligiran, pasiglahin ang maipagpapatuloy na pagpapaunlad ng ekonomiya, lumikha ng bagong mga pagkakataon sa trabaho, at bawasan ang pag-asa sa mga inaangkat na gatong.

(c) Ang pagbuo ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya at paghahatid ng kuryenteng nilikha ng mga tagapagdulot na ito sa mga parokyano sa California ay maaaring magpagaan sa mga problema sa kalidad ng hangin sa buong estado, *harapin ang pandaigdig na pag-init at pagbabago ng klima, protektahan ang nanganganib na pakete ng niyebe ng Sierra*, at pabutihin ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagbawas sa pagsunog ng mga gatong na galing sa labi ng hayop at halaman at kaugnay na mga tama sa kapaligiran at sa pagbawas ng paggamit sa loob ng estado ng gatong na galing sa labi ng hayop at halaman.

(d) Ang Programa sa Pamantayan sa Porpolyo ng mga Nababababo ng California ay nilalayong tulungan ang Programa sa mga Tagapagdulot ng Nababagong Enerhiya na pinangangasiwaan ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado at itinatag alinsunod sa Kabanata 8.6 (nagsisimula sa Seksiyon 25740) ng Dibisyon 15 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(e) Ang bago at binagong mga pasilidad ng paghahatid ng kuryente ay maaaring kailangan upang padaliin ang pagkakamit ng estado sa mga inaasintang pamantayan sa porpolyo ng mga nababago.

SEK. 7. Seksiyon 399.12 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay sinusugan upang mabasang:

399.12. Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) "Padaluyan na pasilidadad ng hydroelectric" ay nangangahulugang isang pasilidad para sa paglikha ng kuryente na ang tanging ginagamit ay hydroelectric na potensiyal ng mga kasalukuyang tubo, bambang, flume, panghithit, tunel, kanal, o ibang gawa ng tao na padaluyan na pinatatakbo ng tubig para sa kapaki-pakinabang na paggamit.

(b) "Naghatid" at "paghahatid" ay may kahulugang katulad ng itinatadhana sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 25741 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(c) "Mga Karapat-dapat na tagapagdulot na nababagong enerhiya" ay nangangahulugang isang pasilidad na ~~lumilikha ng kuryente~~ *ng paglikha ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya* na nakakatugon sa pagpapakahulugan ng "pasilidad ng paglikha ng nababagong kuryente sa loob ng estado" sa Seksiyon 25741 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, napapailalim sa mga sumusunod na limitasyon:

(1) (A) Isang kasalukuyang maliit na pasilidad ng paglikha ng hydroelectric na 30 megawatt o mas mababa ay karapat-dapat lamang kung ang tagabenta ng tingi ay may-ari o kumuha ng kuryente mula sa pasilidad pagsapit ng Disyembre 31, 2005. Ang isang bagong pasilidad ng hydroelectric ay hindi isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya kung ito ay magdudulot ng masamang tama sa panloob na daloy na mga kapaki-pakinabang na paggamit o nagdudulot ng pagbabago sa dami o panahon ng daloy.

(B) Sa kabila ng subtalataan (A), isang padaluyan na pasilidad ng hydroelectric ng 30 megawatt o mas mababa na nagsimula ng pagpapatakbo bago ang Enero 1, 2006, ay isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya. Ang isang padaluyan na pasilidad ng hydroelectric ng 30 megawatt o mas mababa ay nagsimula ng pagpapatakbo pagkaraan ng Disyembre 31, 2005, ay isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya hanggang ito ay hindi nagiging dahilan ng masamang epekto sa panloob na daloy na kapaki-pakinabang na mga paggamit o nagdudulot ng pagbabago sa dami o panahon ng daloy.

(2) Isang pasilidad na kalahok sa pagniningas ng munisipal na solidong basura ay hindi dapat ituring na karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong *enerhiya* maliban kung ito ay matatagpuan sa County ng Stanislaus at tumatakbo bago ang Setyembre 26, 1996.

(d) "Komisyon sa Enerhiya" ay nangangahulugang Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado.

(e) "Lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko" ay may kahulugang katulad ng itinatadhana sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 9604.

(f) "Kumuha" ay nangangahulugang ang tagabenta ng tingi ay tumanggap ng inihatid na kuryente na nilikha ng isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na pag-aari nito o kung saan ito ay pumasok sa isang kasunduan sa pagbili ng kuryente. Wala sa artikulong ito na nilalayong magpahiwatig na ang pagbili ng kuryente mula sa ikatlong partido sa isang pakyawang transaksiyon sa mas pinipiling paraan ng pagtupad sa obligasyon ng tagabenta ng tingi upang sumunod sa artikulong ito.

(g) "Pamantayan sa porpolyo ng mga nababago" ay nangangahulugang ang tinukoy na persentahe na nilikha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na ang tagabenta ng tingi ay inaatasan na kunin alinsunod sa artikulong ito.

(h) (1) "Kredito sa nababagong enerhiya" ay nangangahulugang isang sertipiko ng katunayan, inisyu sa pamamagitan ng sistema ng pagtutuos na itinatag ng Komisyon sa Enerhiya alinsunod sa Seksiyon 399.13, ang isang yunit na iyon ng kuryente ay nilikha at inihatid ng isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya.

(2) "Kredito sa nababagong enerhiya" ay kabilang ang lahat ng katangian na nababago at pangkapaligiran na may kaugnayan sa paglikha ng kuryente mula sa karapat-dapat na nababagong enerhiya, maliban sa pagbawas ng emisyon na inisyu alinsunod sa Seksiyon 40709 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at anumang mga kredito o pagbabayad na kaugnay ng pagbawas ng mga pakinabang sa solidong basura at paggamot na nilikha ng paggamit ng mga gatong na biomass o biogas.

(3) Walang kuryente na nilikha ng isang karapat-dapat na tagapagdulot na nababagong enerhiya na bunga ng paggamit ng mga gatong na hindi nababago, higit sa hindi mahalagang dami, gaya ng ipinasiya ng Komisyon sa Enerhiya, ay dapat magresulta sa paglikha ng kredito sa nababagong enerhiya.

(i) "Tagabenta ng tingi" ay nangangahulugang isang entidad na kalahok sa pagbebenta ng tingi ng kuryente sa mga huling gumagamit na mga parokyano na matatagpuan sa loob ng estado, kabilang ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang korporasyon ng kuryente, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 218.

(2) Isang tagabuo ng pinili ng komunidad. Ang komisyon ay dapat magtatag ng isang paggawa ng tuntunin upang ipasiya ang paraan na ang tagabuo ng pinili ng komunidad ay lalahok sa pamantayan sa porpolyo ng mga nababago na napapailalim sa mga tadhana at kondisyon na katulad ng angkop sa isang korporasyon ng kuryente.

(3) Isang tagapagkaloob ng serbisyong kuryente, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 218.3, para sa lahat ng pagbebenta ng kuryente sa mga parokyano simula sa Enero 1, 2006. Ang komisyon ay dapat magtatag ng isang paggawa ng tuntunin upang ipasiya ang paraan na ang mga tagapagkaloob ng serbisyong kuryente ay lalahok sa programang pamantayan sa porpolyo ng mga nababago. Ang tagapagkaloob ng serbisyong kuryente ay dapat na napapailalim sa mga tadhana at kondisyon na katulad ng angkop sa isang korporasyon ng kuryente alinsunod sa artikulong ito. Wala sa talataang ito na dapat makapagpahina sa isang kontratang pinasok ng isang tagapagkaloob ng serbisyong kuryente at ng isang parokyano ng tingi bago ang pagsuspinde ng tuwirang daan sa paggamit ng komisyon alinsunod sa Seksiyon 80110 ng Kodigo sa Tubig.

(4) "Tagabenta ng tingi" ay hindi kabilang ang alinman sa mga sumusunod:

(A) Isang korporasyon o taong gumagamit ng teknolohiyang magkasamang paglikha o lumilikha ng kuryente na kaayon ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 218.

(B) Ang Kagawaran ng mga Tagapagdulot ng Tubig na umaakto sa kapasidad nito alinsunod sa Dibisyon 27 (nagsisimula sa Seksiyon 80000) ng Kodigo sa Tubig.

~~(C) Isang lokal na kuryenteng utilidad ng pag-aari ng publiko.~~

SEK. 8. Seksiyon 399.13 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay sinusugan upang mabasang:

399.13. Ang Komisyon sa Enerhiya ay dapat gumawa ng lahat ng mga sumusunod:

(a) Sertipikahan ang mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na ipinasiya nito na nakakatugon sa pamantayang inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 399.12.

(b) Idisenyo at ipatupad ang isang sistema ng pagtutuos upang patotohanan ang pagsunod sa pamantayan sa porpolyo ng mga nababago ng mga tagabenta ng tingi, upang tiyakin na ang kuryenteng nilikha ng isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya ay ibinibilang lang minsan para sa layunin na matugunan ang pamantayan sa porpolyo ng mga nababago ng estadong ito o anumang ibang estado, upang sertipikahan ang mga kredito sa nababagong enerhiya na nilikha ng karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya, at upang patotohanan ang mga paghahabol sa produktong tingi sa estadong ito o sa alinmang ibang estado. Sa pagtatag ng mga patnubay na namamahala sa sistemang ito ng pagtutuos, ang Komisyon sa Enerhiya ay dapat magtipon ng mga datos mula sa mga kalahok sa pamilihan ng kuryente na itinuturing nitong kailangan upang patotohanan ang pagsunod ng mga tagabenta ng tingi, alinsunod sa mga iniaatas ng artikulong ito at ng Batas sa mga Pampublikong Rekord ng California (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 6250) ng Dibisyon 7 ng Titulo 1 ng Kodigo sa Pamahalaan). Sa paghahanap ng mga datos mula sa ~~mga korporasyon ng kuryente~~ *mga tagabenta ng tingi*, ang Komisyon sa Enerhiya ay dapat humiling ng mga datos mula sa komisyon. Ang komisyon ay dapat magtipon ng mga datos mula sa ~~mga korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* at ipadala ang mga datos sa Komisyon sa Enerhiya sa loob ng 90 araw ng kahilingan.

(c) Magtatag ng isang sistema ng pagtunton at pagpapatotoo ng mga kredito sa nababagong enerhiya na, sa pamamagitan ng paggamit ng mga datos na independiyenteng sinuri, nagpapatotoo ng paglikha at paghahatid ng kuryenteng kaugnay ng bawat kredito sa nababagong enerhiya at nagpoprotekta laban sa maraming pagbilang ng iisang kredito sa nababagong enerhiya. Ang Komisyon sa Enerhiya ay dapat sumangguni sa ibang mga kanlurang estado at sa Konseho ng Pag-uugnay ng Kuryente sa Kanluran sa pagbuo ng sistemang ito.

(d) Sertipikahan, para sa mga layunin ng pagsunod sa mga iniaatas na pamantayan sa porpolyo ng ~~nababago~~ *mga nababago* ng isang tagabenta ng tingi, ang pagiging karapat-dapat ng mga kredito ng nababagong enerhiya na kaugnay ng mga paghahatid ng kuryente ng isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya sa isang

lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko, kung ang Komisyon sa Enerhiya ay nagpasiya na ang mga sumusunod na kondisyon ay natugunan:

(1) Ang lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko na kumukuha ng kuryente ay sumusunod sa mga iniaatas ng Seksiyon 387.

(2) Ang lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko ay nagtatag ~~nitong isang~~ *ng* taunang mga *inaasintang* ~~inaasintang pamantayan sa porpolyo ng mga nababago na maihahambing sa mga angkop sa isang korporasyon ng kuryente~~ *iniaatas ng Seksiyon 399.15*, ay kumukuha ng sapat na mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya upang matugunan ang mga inaasinta, at hindi mabibigong tugunan ang mga inaasinta kung ang kredito sa nababagong enerhiya ay ibinenta sa ibang tagabenta sa tingi.

*(e) Magtatag ng pamamaraan sa paggawa ng tuntunin upang ipasiya ang paraan kung saan ang isang lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko ay susunod sa Seksiyon 387 at ipatupad ang programang pamantayan sa porpolyo ng mga nababago. Ang Komisyon sa Enerhiya ay dapat gumamit ng mga katulad na proseso at may mga katulad na kapangyarihan na ipatupad ang programang pamantayan sa porpolyo ng mga nababago tungkol sa mga lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko na katulad ng taglay ng komisyon tungkol sa mga tagabenta ng tingi, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga proseso at kapangyarihang tinukoy sa mga Seksiyon 399.14 at 399.15 na may kaugnayan sa pagrepaso at pagpapatibay ng isang plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya, pagtatatag ng mga naiaagpang na tuntunin para sa pagsunod, at pagpataw ng mga taunang parusa para sa kabiguan na sumunod sa plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya ng isang lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko. Ang Komisyon sa Enerhiya ay hindi dapat magkaroon ng anumang awtoridad na aprobahan o hindi aprobahan ang mga tadhana, kondisyon o presyo ng anumang mga tagapagdulot ng nababagong enerhiya na pinasok ng isang lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko, o awtoridad alinsunod sa Seksiyon 2113.*

SEK. 9. Seksiyon 399.14 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay sinususugan upang mabasang:

399.14. (a) (1) Ang komisyon ay dapat mag-utos sa bawat ~~korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* na maghanda ng isang plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya na kabilang ang bagay sa talataan (3), upang tugunan ang mga obligasyon nito sa ilalim ng pamantayan sa porpolyo ng mga nababago. Kung magagawa, ang planong ito sa pagkuha ay dapat imungkahi, repasuhin, at pagtibayin ng komisyon bilang bahagi ng, at alinsunod sa, isang proseso ng pangkalahatang plano sa pagkuha. Ang komisyon ay dapat mag-atas sa bawat ~~korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* na repasuhin at isapanahon ang plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya gaya ng ipinasiya nito na kailangan.

(2) Ang komisyon ay dapat magpatibay, sa pamamagitan ng paggawa ng tuntunin, ng lahat ng mga sumusunod:

~~(A) Isang proseso sa pagpapasiya ng mga presyo sa pamilihan alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 399.15. Ang komisyon ay dapat gumawa ng mga partikular na pagpapasiya ng mga presyo sa pamilihan pagkatapos ng petsa ng pagsasara ng isang paligsahang pangingilak na isinagawa ng isang korporasyon ng kuryente para sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya.~~

~~(B)~~*(A)* Isang proseso na nagkakaloob ng mga pamantayan para sa paghahanay ng ranggo at pagpili ng pinakamura at pinakaangkop na mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya upang sumunod sa taunang mga obligasyon ng Programa sa Pamantayan sa Porpolyo ng mga Nababababago ng California batay sa kabuuang halaga. Ang prosesong ito ay dapat magsaalang-alang ng mga tantiya ng hindi tuwirang gastos na kaugnay ng mga kailangang pamumuhunan sa paghahatid at patuloy na gugulin ng utilidad na nagresulta sa pagsasama at pagpapatakbo ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya.

~~(C)~~*(B)* (i) Ang mga naiaagpang na tuntunin para sa pagsunod, kabilang ang mga tuntunin na nagpapahintulot sa mga tagabenta ng tingi na iaplay ang sobrang pagkuha sa isang taon sa mga susunod na taon o hindi sapat na pagkuha sa isang taon sa hindi hihigit sa susunod na tatlong taon. Ang mga naiaagpang na tuntunin para sa pagsunod ay dapat iaplay sa lahat ng taon, kabilang ang mga taon bago at pagkaraan na ang isang tagabenta ng tingi ay kumuha ng hindi kukulangin sa ~~20~~ *50* porsiyento ng kabuuang pagbebenta sa tingi ng kuryente mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya.

(ii) Ang mga naiaagpang na tuntunin para sa pagsunod ay dapat humarap sa mga kalagayan kung saan, bilang resulta ng hindi sapat na paghahatid, ang tagabenta ng tingi ay hindi nakakuha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na sapat upang tugunan ang mga iniaatas ng artikulong ito. Anumang tuntunin na humaharap sa hindi sapat na paghahatid ay dapat mag-atas ng pasiya ng komisyon na ang tagabenta ng tingi ay gumawa ng lahat ng makatwirang pagsisikap na gawin ang lahat ng mga sumusunod:

(I) Gumamit ng naiaagpang na puntos ng paghahatid..

(II) Tiyakin ang kahandaan ng anumang kailangang kapasidad ng paghahatid.

(III) Kung ang tagabenta ng tingi ay isang korporasyon ng kuryente, upang magtayo ng mga kailangang pasilidad ng paghahatid.

(IV) Wala sa subtalataang ito na dapat ipakahulugan na nagbabago sa anumang bahagi ng Seksiyon 454.5.

~~(D)~~*(C)* Ang mga pangkaraniwang tadhana at kondisyon na gagamitin ng lahat ng ~~korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* sa pagkontrata para sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya, kabilang ang mga iniaatas na pagganap para sa mga tagalikha ng nababago. Sa isang kontrata para sa pagbili ng kuryenteng nilikha ng isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya ay dapat, sa pinakamababa, kabilang ang mga kredito sa nababagong enerhiya na kaugnay ng lahat ng paglikha ng kuryente na tinukoy sa ilalim ng kontrata. Ang pangkaraniwang tadhana at kondisyon ay dapat isama ang iniaatas na, hindi lalampas sa anim na buwan pagkatapos ng pag-aproba ng komisyon sa isang kasunduan na pagbili ng kuryente na pinasok alinsunod sa artikulong ito, ang sumusunod na impormasyon tungkol sa kasunduan ay dapat isiwalat ng komisyon: mga pangalan ng partido, uri ng tagapagdulot, lokasyon ng proyekto, at kapasidad ng proyekto.

(3) Kaayon ng hangarin na kumuha ng pinakamura at pinakamahusay na mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya, ang plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya na isinumite ng ~~isang korporasyon ng kuryente~~ *isang tagabenta ng tingi* ay dapat kabilang ang lahat ng mga sumusunod:

(A) Isang pagtasa ng taunang o maraming taon na porpolyo na panustos at pangangailangan na ipasiya ang pinakamataas na paghahalo ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na may mga katangian na maihahatid na maaaring kabilang ang pagsusukdol, mailalabas, pinakamababang dami, pirmihan, ang kung makukuha na kapasidad.

(B) Mga tadhana para sa paggamit ng nakahandang pagsunod sa mga mekanismo ng kakayahang iagpang na itinatag ng komisyon.

(C) Pangingilak ng alok na naglalagay ng pangangailangan ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya ng bawat katangian na maihahatid, iniaatas na mga petsa online, at mga pinipiling lokasyon, kung mayroon.

(4) Sa pangingilak at pagkuha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya, ang bawat ~~korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* ay dapat mag-alay ng mga kontrata ng hindi kukulangin sa ~~10~~ *20* taon ang tagal, maliban kung ang komisyon ay nag-aproba ng isang kontrata ng mas maikling panahon.

(5) Sa pangingilak at pagkuha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya, ang bawat ~~korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* ay maaaring magtangi sa mga proyektong nagkakaloob ng mga mahahawakan at maipapakitang benepisyo sa mga komunidad na may pluralidad o minoriya o mga populasyon ng maliit ang kita.

(b) Ang komisyon ay maaaring mag-awtorisa sa isang tagabenta ng tingi na pumasok sa isang kontrata na hindi kukulangin sa ~~10~~ *20* taon ang tagal sa isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya, kung ang komisyon ay nagtatag, para sa bawat tagabenta ng tingi, ng mga pinakamababang bilang ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na kukunin sa pamamagitan ng mga kontrata ng hindi kukulangin sa ~~10~~ *20* taon o mula sa mga bagong pasilidad na nagsisimula sa mga pangkomersiyong pagpapatakbo sa o pagkaraan ng Enero 1, 2005.

(c) Ang komisyon ay dapat magrepaso at tumanggap, magbago, o tumanggi sa plano ng pagkuha sa nababagong enerhiya ng bawat ~~korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* bago ang pagsisimula ng pagkuha ng nababago alinsunod sa artikulong ito ng isang ~~korporasyon ng kuryente~~ *isang tagabenta ng tingi*.

(d) Ang komisyon ay dapat magrepaso ng mga resulta ng isang pangingilak ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na isinumite para aprobahan ng ~~isang korporasyon ng kuryente~~ *isang tagabenta ng tingi* at tanggapin o tanggihan ang mga iminungkahing kontrata sa mga karapat-dapat na nababagong enerhiha batay sa pagkaayon sa inaprobahang plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya. Kung ang komisyon ay nagpasiya na ang mga presyo sa alok ay itinaas dahil sa kawalan ng mabisang kompetisyon sa mga nag-alok, ang komisyon ay dapat mag-utos sa ~~korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* na muling makipag-ayos sa mga kontrata o gumawa ng isang bagong pangingilak.

(e) Kung ang korporasyon ng kuryente ay nabigong sumunod sa isang utos ng komisyon na nagpapatibay ng plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya, ang komisyon ay dapat gumamit ng awtoridad alinsunod sa Seksiyon 2113 upang mag-atas ng pagsunod. ~~Ang komisyon ay dapat magpatupad ng mga maihahambing na parusa sa alinmang ibang tagabenta ng tingi na nabigong matugunan ang mga taunang inaasinta sa pagkuha na itinatag alinsunod sa Seksiyon 399.15.~~

(f) (1) Ang komisyon ay maaaring mag-awtorisa ng entidad ng pagkuha upang pumasok sa mga kontrata sa ngalan ng mga parokyano ng isang tagabenta ng tingi para sa mga paghahatid ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya upang tugunan ang mga taunang obligasyon na pamantayan sa porpolyo ng mga nababago. Ang komisyon ay hindi maaaring mag-atas sa sinumang tao o korporasyon na umakto bilang entidad sa pagkuha o mag-atas sa alinmang partido na bumili ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya mula sa isang entidad ng pagkuha.

(2) Napapailalim sa pagrepaso at pag-aproba ng komisyon, ang entidad ng pagkuha ay dapat pahintulutang mabawi ang makatwirang mga gastos sa pangangasiwa at pagkuha sa pamamagitan ng mga presyo sa tingi ng mga parokyano ng huling gumagamit na pinaglilingkuran ng entidad ng pagkuha at tuwirang nakikinabang sa pagkuha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya.

(g) Ang paggastos sa pagkuha at pangangasiwa na kaugnay ng mga pangmatagalang kontrata na pinasok ng ~~isang korporasyon ng kuryente~~ *isang tagabenta ng tingi* para sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya alinsunod sa artikulong ito, ~~at inaprobahan ng komisyon~~ *ng hindi hihigit sa 10 porsiyento na higit sa presyo sa pamilihan na ipinasiya ng Komisyon sa Enerhiya alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 399.15*, ay dapat ituring na talagang makatwiran *para sa kuryenteng inihatid sa o bago ang Enero 1, 2030*, at dapat mabawi sa mga presyo.

(h) Ang konstruksiyon, pagbabago, paggiba, instalasyon, at pagkukumpuni sa isang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na tumatanggap ng mga insentibo sa paglikha *o pagpopondo* alinsunod sa ~~Seksiyon~~ *mga Seksiyon* 25742, *25743 o 25751.5* ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, kabilang ang trabahong ginawa upang maging kuwalipikado, tumanggap, o panatilihin ang mga insentibo

sa paglikha ay "mga pampublikong gawain" para sa mga layunin ng Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 1720) ng Bahagi 7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Paggawa.

*(i) Ang komisyon ay dapat magpataw ng mga taunang parusa na hanggang sa halaga ng kakulangan sa kilowatt na mga oras na iminultiplika sa isang sentimos ($0.01) kada kilowatt na oras sa sinumang tagabenta ng tingi na hindi nakatugon sa mga taunang inaasintang pagkuha na itinatag alinsunod sa Seksiyon 399.15. Ang komisyon ay hindi dapat maglagay ng hangganan sa parusa na maaaring ipataw sa isang tagabenta ng tingi sa ilalim ng seksiyong ito. Lahat ng parusang tinasa at siningil alinsunod sa seksiyong ito ay dapat bayaran o ilipat taun-taon sa Kuwenta ng Paghahatid ng Malinis na Enerhiya na pinangangasiwaan ng Komisyon sa Enerhiya alinsunod sa Seksiyon 25751.5 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot at dapat gamitin para sa mga programang idinisenyo upang itaguyod ang pagbuo ng mga bagong pasilidad sa paghahatid at paglikha ng nababagong kuryente sa loob ng estado. Ang mga parusang ibinayad o inilipat ng sinumang tagabenta ng tingi alinsunod sa seksiyong ito ay hindi dapat mabawi ng tagabenta ng tingi nang tuwiran o hindi tuwiran sa mga presyo.*

*(j) Ang mga parusang tinasa alinsunod sa subdibisyon (i) ay maaaring talikdan kapag ipinasiya ng komisyon na may magandang dahilan para sa kabiguan ng tagabenta ng tingi na sumunod sa utos ng komisyon na nagpapatibay ng isang plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya. Isang pasiya ng komisyon na may magandang dahilan sa kabiguang sumunod sa isang utos ng komisyon na nagpapatibay ng isang plano sa pagkuha ng nababagong enerhiya ay dapat gawin kung ipinasiya ng komisyon na alinman sa mga sumusunod na kondisyon ay natutugunan:*

*(1) Ang huling araw o mahalagang pangyayari na binago dahil sa mga kalagayan na wala sa kontrol ng tagabenta ng tingi, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga apelang pampangasiwaan at pambatas, ang hindi pagganap ng tagabenta, hindi sapat na tugon sa isang paligsahang pangingilak para sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng enerhiya, at kawalan ng mabisang kompetisyon.*

*(2) Ang tagabenta ng tingi ay nagpapakita ng matapat na pagsisikap na matugunan ang inaasinta kabilang ang, pero hindi limitado sa, isinagawang kontrata na nagkakaloob ng mga paghahatid sa hinaharap na sapat upang tugunan ang mga kakulangan sakasalukuyang taon.*

*(3) Ang inaasinta ay hindi nakamit dahil sa mga hindi inaasahang likas na malaking kapahamakan o mga aksiyon ng Diyos na pumipigil sa nasa oras na pagkumpleto ng huling araw o mahalagang pangyayari ng proyekto.*

*(4) Ang tagabenta ng tingi ay hindi makatanggap ng enerhiya mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya dahil sa hindi sapat na mga linya ng paghahatid ng kuryente.*

*(5) Para sa anumang taon na hanggang at kabilang ang Disyembre 31, 2013, ang isang lokal na kuryenteng utilidad na pag-aari ng publiko ay nagpakita na, sa kabila ng matapat na pagsisikap, ito ay hindi nagkaroon ng sapat na oras upang matugunan ang mga taunang inaasinta sa pagkuha na itinatag sa Seksiyon 399.15.*

SEK. 10. Seksiyon 399.15 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay sinususugan upang mabasang:

399.15. (a) Upang matupad ang hindi pa natutugnan na mga pangmatagalang pangangailangan ng tagapagdulot, *bawasan ang mga emisyon ng nakakulong na gas, harapin ang pandaigdig ng pag-init at pagbabago ng klima, protektahan ang nananganib na pakete ng niyebe ng Sierra, at bawasan ang pagkadepende ng California sa pabagu-bagong presyo ng gatong,* ang komisyon ay dapat magtatag ng pamantayan sa porpolyo ng mga nababago na nag-aatas sa lahat ng ~~korporasyon ng kuryente~~ *tagabenta ng tingi* na kumuha ng pinakamababang bilang ng kuryenteng nilikha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya bilang tinukoy na persentahe ng kabuuang kilowatt na oras na ibinebenta sa kanilang mga huling gumagamit na parokyano ng tingi sa bawat kalendaryong taon~~, napapailalim sa mga limitasyon sa kabuuang halaga ng mga gastos na ginasta na higit sa mga presyo sa pamilihan na ipinasiya sa subdibisyon (c), upang makamit ang mga inaasinta na itinatag sa ilalim ng artikulong ito~~.

(b) Ang komisyon ay dapat magpatupad ng mga taunang inaasinta sa pagkuha para sa bawat tagabenta ng tingi gaya ng mga sumusunod:

(1) *Sa kabila ng Seksiyon 454.5, bawat* ~~Bawat~~ tagabenta ng tingi ay dapat, alinsunod sa subdibisyon (a), itaas ang kabuuang pagkuha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya ng hindi kukulangin sa karagdagan ~~1~~ *2* porsiyento ng pagbebenta ng tingi kada taon upang ang 20 porsiyento ng mga pagbebenta sa tingi ay nakuha mula sa mga karapat-dapat na nababagong enerhiya nang hindi lalampas sa Disyembre 31, 2010, *40 porsiyento ng mga pagbebenta sa tingi ay kinuha mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya nang hindi lalampas sa Disyembre 31, 2020, at 50 porsiyento ng mga pagbebenta sa tingi ay kinuha mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya nang hindi lalampas sa Disyembre 31, 2025.* ~~Ang tagabenta ng tingi na may 20 porsiyento porsiyento ng mga pagbebenta sa tingi na kinuha mula sa mga karapat-dapat na nababagong tagapagdulot ng enerhiya sa anumang taon ay hindi dapat iatas upang itaas ang pagkuha nito ng mga tagapagdulot ng nababagong enerhiyasa susuunod na taon.~~

(2) Para sa mga layunin ng pagtatatag ng mga taunang inaasinta sa pagkuha, ang komisyon ay dapat magtatag ng unang pamantayan para sa bawat tagabenta ng tingi batay sa aktuwal na persentahe ng mga pagbebenta sa tingi na kinuha mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya noong 2001, at kung angkop, iniakma sa pagsulong alinsunod sa Seksiyon 399.12.

(3) Tanging para sa mga layunin ng pagtatag ng mga inaasintang ito, dapat isama ng komisyon ang lahat ng kuryenteng ibinenta sa mga parokyano ng tingi ng Kagawaran ng mga Tagapagdulot ng Tubig alinsunod sa Seksiyon 80100 ng Kodigo sa Tubig sa pagkalkula ng mga pagbebenta sa tingi ng ~~isang korporasyon ng kuryente~~ *isang tagabenta ng tingi*.

(4) *Ang isang tagabenta ng tingi ay inaatasan na tanggapin ang lahat ng dalawang panig na alok para sa kuryenteng nilikha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na kulang sa o kapantay ng mga presyo sa pamilihan na itinatag alinsunod sa subdibisyon (c), maliban sa ang isang tagabenta ng tingi ay hindi inuubliga na tumanggap ng isang dalawang panig na alok anumang taon kung saan ang tagabenta ng tingi ay kumuha ng sapat na mga tagapagdulot ng nababagong enerhiya upang matugunan ang taunang inaasinta nito na itinatag alinsunod sa subdibisyong ito.* ~~Kung ang isang tagabenta ng tingi ay nabigong kumuha ng sapat na mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya sa isang taon upang matugunan ang anumang taunang inaasinta na itinatag alinsunod sa subdibisyong ito, ang tagabenta ng tingi ay dapat kumuha ng sapat na mga karagdagang karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya sa mga susunod na taon upang magbayad para sa kakulangan, napapailalim sa limitasyon sa mga gastos para sa mga korporasyon ng kuryente na itinatag alinsunod sa subdibisyon (d).~~

(c) Ang *Komisyon sa Enerhiya* ~~komisyon~~ ay dapat *ipasiya sa pamamagitan ng pamamaraan sa paggawa ng tuntunin* ~~magtatag ng paraan upang ipasiya~~ ang presyo sa pamilihan ng kuryente para sa mga tadhana na katugma ng tagal ng mga kontrata sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya, *at ang paraan sa paggawa ng pagpapasiya na isinasaalang-alang* ~~bilang pagsasaalang-alang~~ sa ang mga sumusunod:

(1) Ang pangmatagalang presyo sa pamilihan ng kuryente para sa pirmihang presyo na mga kontrata, ipinasiya alinsunod sa mga pangkalahatang gawain sa pagkuha ng ~~korporasyon ng kuryente~~ *isang tagabenta ng tingi* gaya ng inawtorisa ng komisyon.

(2) Ang pangmataglaang pag-aari, pagpapatakbo, at pirmihang presyo na mga gastos sa gatong na kaugnay ng pirmihang presyo na kuryente mula sa mga bagong pasilidad ng paglikha.

(3) Ang halaga ng magkakaibang produkto kabilang ang pinakamababang dami, pagpapasukdol, at kung makukuha na kuryente.

*(4) Ang hinulaang presyo ng natural na gas na kaayon ng mga hulang ginamit sa pagkuha ng ibang mga tagapagdulot, kabilang ang mga tagapagdulot ng hanay ng pagkarga.*

*(5) Ang halaga at mga benepisyo ng mga tagapagdulot ng nababago, kabilang ang, pero hindi limitado sa, halaga ng pagpimpin at mga pagbawas sa emisyon ng karbon.*

*(6) Ang halaga at mga benepisyo ng paglikha ng pinakamababang dami.*

(d) *Ang isang tagabenta ng tingi ay hindi dapat atasan na pumasok sa pangmatagalang kontrata sa mga nagpapatakbo ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na humihigit ng higit sa 10 porsiyento ng mga presyo ng pamilihan na itinatag alinsunod sa subdibisyon (c) para sa kuryenteng inihatid sa o bago ang Enero 1, 2030. Ang komisyon ay dapat magpahintulot sa isang tagabenta ng tingi na limitahan ang taunang obligasyon sa pagkuha sa bilang ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng mga nababagong enerhiya na maaaring makuha sa hindi hihigit sa 10 porsiyento na higit sa presyo sa pamilihan na itinatag alinsunod sa subdibisyon (c). Ang mga hindi tuwirang gastos na kaugnay ng pagbili ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya ng isang tagabenta ng tingi, kabilang ang hindi timbang na mga singil sa enerhiya, pagbebenta ng sobrang enerhiya, nabawasang paglikha mula sa mga kasalukuyang tagapagdulot, o mga pagpapahusay ng paghahatid, ay mababawi sa mga presyo, gaya ng inawtorisa ng komisyon.* ~~Ang komisyon ay dapat magtatag, para sa bawat korporasyon ng kuryente, ng isang limitasyon sa kabuuang gastos na ginasta na higit sa mga presyo sa pamilihan na ipinasiya sa subdibisyon (c) para sa pagkuha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya upang makamit ang taunang mga inaasinta sa pagkuha na itinatag sa ilalim ng artikulong ito.~~

~~(1) Ang limitasyon sa gastos ay dapat na kapantay ng halaga ng mga pondong inilipat sa bawat korporasyon ng kuryente ng Komisyon sa Enerhiya alinsunod sa ng Seksiyon 25743 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot at ng 51.5 porsiyento ng mga pondo na masisingil sa Enero 1, 2012, mula sa mga parokyano ng korporasyon ng kuryente batay sa singil sa mga pampublikong paninda sa nababagong enerhiya na may-bisa pagsapit ng Enero 1, 2007.~~

~~(2) Ang mga halagang mas mataas sa pamilihan ng isang kontrata na pinili ng isang korporasyon ng kuryente ay maaaring ibilang sa limitasyon sa gastos kung ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay natugunan:~~

~~(A) Ang kontrata ay inaprobahan ng komisyon at pinili sa pamamagitan ng paligsahang pangingilak alinsunod sa mga iniaatas ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 399.14.~~

~~(B) Ang kontrata ay sumasakop sa tagal na hindi kukulangin sa 10 taon.~~

~~(C) Ang kinontratang proyekto ay isang bago o binago ang enerhiya na pasilidad na nagsisimula ng mga pagpapatakbong pangkomersiyo sa o pagkaraan ng Enero 1, 2005.~~

~~(D) Walang mga pagbili ng mga kredito sa nababagong enerhiya na maaaring karapat-dapat isaalang-alang bilang halaga na mas mataas na pamilihan.~~

~~(E) Ang mga halaga na mas mataas sa pamilihan ng isang kontrata ay hindi kabilang ang anumang hindi tuwirang mga gugulin kabilang ang hindi timbang na mga singil sa enerhiya, pagbebenta ng sobrang enerhiya, nabawasang paglikha mula sa mga kasalukuyang tagapagdulot, o mga pagpapahusay ng paghahatid.~~

~~(3) Kung ang limitasyon sa gastos para sa korporasyon ng kuryente ay hindi sapat upang suportahan ang kabuuang mga gastos na ginasta na higit sa mga presyo sa pamilihan na ipinasiya sa subdibisyon (c) para sa pagkuha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na nakakatugon sa mga kondisyon ng talataan (2), ang komisyon ay dapat magpahintulot sa korporasyon ng kuryente na limitahan ang pagkuha ng bilang ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya na maaring makuha sa o mas mababa sa mga presyo sa pamilihan sa subdibisyon (c).~~

~~(4) Wala sa seksiyong ito na pumipigil sa isang korporasyon ng kuryente na boluntaryong magmungkahi na kumuha ng mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya sa mga presyong mas mataas sa pamilihan na hindi ibinibilang sa limitasyon sa gastos. Anumang boluntaryong pagkuha na kaugnay ang mga gastos na mas mataas na pamilihan ay dapat na napapailalim sa pag-aproba ng komisyon bago mabawi ang gugulin sa mga presyo.~~

(e) Ang pagtatag ng pamantayan sa porpolyo ng mga nababago ay hindi dapat bumuo ng pagpapatupad ng komisyon sa pederal na Batas ng 1978 sa Mga Patakaran sa Pangangasiwa ng Pampublikong Utilidad (Publikong Batas 95-617).

(f) Ang *Komisyon sa Enerhiya* ~~komisyon~~ ay dapat sumangguni sa ~~Komisyon sa Enerhiya~~ *komisyon* sa pagkalkula ng mga presyo sa pamilihan sa ilalim ng subdibisyon (c). ~~at~~ *Ang Komisyon sa Enerhiya at ang komisyon ay dapat sumangguni sa isa't-isa sa* pagtatag ng ~~ibang~~ mga patakaran ng pamantayan sa porpolyo sa mga nababago.

SEK. 11. Seksiyon 1001 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay sinususugan upang mabasang:

1001. *Maliban kung iba ang itinatadhana sa Dibisyon 15 (nagsisimula sa Seksiyon 25000) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, walang* ~~Walang~~ korporasyon ng daang-riles na ang daang-riles ay pinatatakbo pangunahin ng kuryenteng enerhiya, korporasyon ng kalye daang-riles, korporasyon ng gas, korporasyon ng kuryente, korporasyon ng telegrapo, korporasyon ng telepono, korporasyon ng tubig, o korporasyon ng sistema ng alkantarilya ay dapat magsimula ng kontruksiyon ng daang-riles sa kalye, o ng isang linya, planta, o sistema, o anumang pagpapahaba nito, nang hindi muna kukuha mula sa komisyon ng isang sertipiko na ang pangkasalukuyan o panghinaharap na kaginhawahanat pangangailangan ng publiko ay nangangailangan o mangangailangan ng naturang konstruksiyon.

Ang artikulong ito ay hindi dapat ipakahulugan na nag-aatas sa anumang naturang korporasyon na kumuha ng naturang sertipiko para sa isang pagpapahaba sa loob ng lungsod o lungsod at county kung saan ito ay ayon sa batas na nagsimula ng mga pagpapatakbo, o para sa pagpapahaba sa loob ng teritoryo sa loob o labas ng isang lungsod o lungsod at county na karatig ng kalye daang-riles nito, o linya, planta, o sistema, at hindi pinaglilingkuran ng isang pampublikong utilidad na katulad ng katangian, o para sa pagpapahaba sa loob o sa teritoryo na pinaglilingkuran na nito, kailangan sa pangkaraniwang takbo ng negosyo nito. Kung ang anumang pampublikong utilidad, sa pagtatayo o pagpapahaba ng linya, planta, o sistema, ay nakakagambala o malapit nang makagambala sa pagpapatakbo ng linya, planta, o sistema ng anumang ibang pampublikong utilidad o sa sistema ng tubig ng pampublikong ahensiya, naitayo na, ang komisyon, sa reklamo ng pampublikong utilidad o pampublikong ahensiya na nagsasabi na naapektuhan nang may pinsala, ay maaari, pagkatapos ng pagdinig, na gumawa ng naturang utos at magtagubilin ng mga naturang tadhana at kondisyon para sa lokasyon ng mga linya, planta, o sistema na apektado tungkol sa kung ito ay maaaring makatarungan at makatwiran.

SEK. 12. Seksiyon 25107 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinusususgan upang mabasang:

25107. "Linya ng paghahatid ng kuryente" ay nangangahulugang anumang linya ng kuryente na nagdadala ng kuryente mula sa thermal na planta *o planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya* na matatagpunan sa loob ng estado patungo sa isang punto sa anumang magkakaugnay na sistema ng paghahatid. "Linya ng paghahatid ng kuryente" ay hindi kabilang ang anumang kapalit sa kasalukuyang lugar ng mga kasalukuyang linya ng kuryente sa mga linya ng kuryente na katumbas ng mga naturang kasalukuyang linya ng kuryente o paglalagay ng bago o karagdaang conductor, insulator, o aksesorya na may kaugnayan sa mga naturang linya ng kuryente sa pagsuporta sa mga istruktura sa petsa ng pagkakabisa ng dibisyong ito o sertipikado alinsunod sa dibisyong ito.

SEK. 13. Seksiyon 25110 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinusususgan upang mabasang:

25110. "Pasilidad" ay nangangahulugang anumang linya ng paghahatid ng kuryente, ~~o~~ thermal na planta ng enerhiya, *o planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya,* o pareho ng linya ng paghahatid ng kuryente at thermal na planta ng enerhiya *o planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya, at mga pagpapahaba, pagbabago, pagpapahusay ng mga kasalukuyang linya ng paghahatid ng kuryente,* kinokontrol alinsunod sa mga tadhana ng dibisyong ito.

SEK. 14. Seksiyon 25137 ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*25137. "Planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya" ay nangangahulugang anumang pasilidad na lumilikha ng kuryente na gumagamit ng hangin, araw, photovoltaic, solar thermal, biomass, biogas, geothermal, fuel cells na gumagamit ng mga nababagong gatong, digester gas, pagbabago ng munisipal na solidong basura, gas ng tambakan, alon ng dagat, thermal ng dagat, o tidal current na mga teknolohiya, na kapasidad ng paglikha ng 30 megawatt o higit, o maliit na hydroelectric na paglikha ng 30 megawatt o mas mababa, at anumang mga pasilidad na kaugnay nito. Pagsubok, pagbuo, at paglikha na mga balon, tagapagdulot na mga linya ng paghahatid, at ibang mga kaugnay na pasilidad na ginagamit na kaugnay ng nababagong proyekto o isang proyekto ng nababago ay hindi kaugnay ng mga pasilidad para sa mga layunin n dibisyong ito.*

SEK. 15. Seksiyon 25502 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinusususgan upang mabasang:

25502. Bawat taong nagmumungkahing magtayo ng thermal na planta ng enerhiya, *planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya,* o linya ng paghahatid ng kuryente sa isang lugar ay dapat magsumite sa komisyon ng isang paunawa ng hangarin na magharap ng aplikasyon para sa sertipikasyon ng lugar at kaugnay na pasilidad o mga pasilidad. Ang paunawa ay dapat na isang pagtatangka pangunahin upang ipasiya ang kaangkupan ng mga iminungkahing lugar upang bigyang daan ang mga pasilidad at ipasiya ang pangkalahatang pag-ayon sa iminungkahing mga lugar at kaugnay na pasilidad sa mga pamantayan ng komisyon at mga pagtasa ng pangangailangan na pinagtibay alinsunod sa mga Seksiyon 25305 hanggang 25308, inklusibo. Ang paunawa ay dapat na sa anyo na itinagubilin ng komisyon at dapat na sinusuportahan ng naturang impormasyon na maaaring iatas ng komisyon.

Anumang lugar at kaugnay na pasilidad na minsang ipinasiyang katanggap-tanggap alinsunod sa Seksiyon 25516 ay, at dapat magpatuloy na maging, karapat-dapat isaalang-alang sa isang aplikasyon para sa sertipikasyon nang walang iba pang mga pamamaraan na iniaatas para sa isang paunawa sa ilalim ng kabanatang ito.

SEK. 16. Seksiyon 25517 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinusususgan upang mabasang:

25517. Maliban kung itinatadhana sa Seksiyon 25501, walang konstruksiyon ng anumang thermal na planta ng enerhiya, *planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya,* o linya ng paghahatid ng kuryente na dapat simulan ng anumang kuryenteng utilidad nang hindi muna kumukuha ng sertipikasyon gaya ng itinagubilin sa dibisyong ito. Anumang mga pagpapabuti sa lugar na hindi kuwalipikado bilang konstruksiyon ay maaaring iatas upang ibalik gaya ng ipinasiya ng komisyon na kailangan upang protektahan ang kapaligiran, kung ang sertipikasyon ay ipinagkait.

SEK. 17. Seksiyon 25522 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinusususgan upang mabasang:

25522. (a) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 25520.5 *at Seksiyon 25550,* sa loob ng 18 buwan ng paghaharap ng isang aplikasyon para sa sertipikasyon, o sa loob ng 12 buwan kung iniharap sa loob ng isang taon ng pag-aproba ng komisyon ng paunawa ng hangarin, o sa anumang oras sa huli na pinagkasunduan ng komisyon at ng aplikante, ang komisyon ay dapat mag-isyu ng nakasulat na desisyon to aplikasyon.

(b) Ang komisyon ay dapat magpasiya, sa loob ng 45 araw pagkatapos matanggap nito ang aplikasyon, kung ang aplikasyon ay kumpleto. Kung ipinasiya ng komisyon na ang aplikasyon ay kumpleto, ang aplikasyon ay dapat ituring na iniharap para sa mga layunin ng seksiyong ito sa petsa na ginawa ng pagpapasiyang ito. Kung ipinasiya ng komisyon na ang aplikasyon ay hindi kumpleto, dapat tukuyin ng komisyon sa sulat ang mga bahagi ng aplikasyon na hindi kumpleto at dapat ipabatid ang paraan kung paano ito magagawang kumpleto. Kung ang aplikante ay magsumite ng mga karagdagang datos upang kumpletuhin ang aplikasyon, ang komisyon ay dapat magpasiya, sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang mga datos na iyon, kung ang mga datos ay sapat upang gawing kumpleto ang aplikasyon. Ang aplikasyon ay dapat ituring na iniharap sa petsa na ipinasiya ng komisyon na ang aplikasyon ay kumpleto kung ang komisyon ay nagpatibay ng mga regulasyon na tumutukoy sa mga iniaatas na impormasyon para sa isang kumpletong aplikasyon, pero kung ang komisyon ay hindi nagpatibay ng mga regulasyon, ang aplikasyon ay dapat ituring na iniharap sa huling petsa na natanggap ng komisyon ang anumang karagdagang mga datos na nagkukumpleto ng aplikasyon.

SEK. 18. Seksiyon 25531 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinusususgan upang mabasang:

25531. (a) Ang mga desisyon ng komisyon sa anumang aplikasyon para sa sertipikasyon ng isang lugar at kaugnay na pasilidad ay napapailalim sa pagrepasong panghukuman ng Korte Suprema ng California.

(b) Walang bago o karagdagang ebidensiya na maaaring ipasok pagkatapos repasuhin at ang dahilan ay dapat marinig sa rekord ng komisyon gaya ng sinertipikahan nito. Ang pagrepaso ay hindi dapat pahahabain nang higit pa sa upang ipasiya kung ang komisyon ay regular na pinagsikapan ang awtoridad nito, kabilang ang pagpapasiya kung ang utos o desisyon sa ilalim ng pagrepaso ay lumabag sa anumang karapatan ng nagpetisyon sa ilalim ng Saligang-batas ng Estados Unidos o ng Saligang-batas ng California. Ang mga pasiya at kongklusyon ng komisyon sa mga katanungan tungkol sa katotohanan ay pangwakas at hindi napapailalim sa pagrepaso, maliban kung itinatadhana sa artikulong ito. Ang mga katanungang ito sa katotohanan ay dapat kabilang ang mga pinakahuling katotohanan at pasiya at kongklusyon ng komisyon. Isang ulat na inihanda ng, isang pag-aproba ng, komisyon alinsunod sa Seksiyon 25510, 25514, 25516, o 25516.5, o subdibisyon (b) ng Seksiyon 25520.5, ay hindi dapat bumuo ng isang desisyon ng komisyon na napapailalim sa pagrepasong panghukuman.

(c) Napapailalim sa karapatan sa pagrepasong panghukuman ng mga desisyon ng komisyon, walang hukuman sa estadong ito na may hurisdiksiyon na dinggin o pagpasiyahan ang anumang kaso o kontrobersiya ukol sa anumang bagay na ipinasiya, o maaaring ipasiya, sa isang pamamaraan sa harap ng komisyon, o upang patigilin o antalahin ang konstruksiyon o pagpapatakbo ng anumang thermal na planta ng enerhiya *o planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya* maliban sa pagpapatupad ng pagsunod sa mga tadhana ng isang desisyon ng komisyon.

(d) Sa kabila ng Seksiyon 1250.370 ng Kodigo sa Pamamaraang Sibil:

(1) Kung ang komisyon ay nag-aatas, alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 25528, bilang kondisyon ng sertipikasyon ng anumang lugar at kaugnay na pasilidad, na ang aplikante ay kumuha ng mga karapatan sa pagtatayo, ang iniaatas na iyon ay nagtatag ng mga bagay na tinukoy sa mga Seksiyon 1240.030 at 1240.220 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil sa anumang pamamaraan ng kapangyarihan ng pamahalaan na gumamit ng pribadong ari-arian na dinala ng aplikante upang kumuha ng mga karapatan sa pagtatayo.

(2) Kung ang komisyon ay nagsertipika at kaugnay na pasilidad, ang sertipikasyong ito ay nagtatag ng mga bagay na tinukoy sa mga Seksiyon 1240.030 at 1240.220 ng Kodigo ng Pamamaraang Sibil sa anumang karapatan ng pamahalaan na gumamit ng pribadong ari-arian na pamamaraan na dinala upang kumuha ng lugar at kaugnay na pasilidad.

(e) Walang desisyon ng komisyon alinsunod sa Seksiyon 25516, 25522, o 25523 na dapat ipasiyang mag-uutos ng isang partikular na planong panustos para sa anumang utilidad gaya ng ipinagbabawal ng Seksiyon 25323.

SEK. 19. Seksiyon 25540.6 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinususugan upang mabasang:

25540.6.(a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, walang paunawa ng hangarin na iniaatas, at ang komisyon ay dapat mag-isyu ng pangwakas na desisyon sa aplikasyon, gaya ng tinukoy sa Seksiyon 25523, sa loob ng 12 buwan pagkatapos iharap ang aplikasyon para sa sertipikasyon ng planta ng enerhiya at kaugnay na pasilidad o pasilidad, o sa anumang oras sa huli na pinagkasunduan ng komisyon at ng aplikante, para sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang thermal na planta ng enerhiya na gagamit ng teknolohiya ng magkasamang paglikha, isang thermal na planta ng enerhiya na gagamit ng teknolohiya na pinatatakbo ng natural na gas, o isang *planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya* ~~thermal na planta ng enerhiya ng araw~~.

(2) Isang pagbabago ng kasalukuyang pasilidad.

(3) Isang thermal na planta ng enerhiya *o planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya* na batay sa teknolohiya at ekonomiya ay maaari lamang sa lugar na nasa o malapit sa pinagkukunan ng enerhiya.

(4) Isang thermal na planta ng enerhiya na may kapasidad sa paglikha na hanggang 100 megawatt.

(5) Isang thermal na planta ng enerhiya *o planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya* na idinisenyo upang bumuo o magpakita ng mga teknolohiya na hindi pa nagagawa o pinatatakbo sa antas na pangkomersiyo. Ang naturang pananaliksik, pagbuo, o proyektong pangkomersiyong pagpapakita ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, paggamit ng mga nababago o alternatibong gatong, mga pagpapabuti sa kahusayan ng pagbabago ng enerhiya, o ang paggamit ng mga maagang sistema ng pagkontrol ng polusyon. Ang naturang pasilidad ay hindi maaring humigit 300 megawatt maliban kung ang komisyon, sa pamamagitan ng regulasyon, ay nag-awtorisa ng mas malaking kapasidad. Seksiyon 25524 ay hindi umaaplay sa naturang planta ng enerhiya at mga kaugnay na pasilidad o mga pasilidad.

(b) Ang mga proyektong hindi kasama sa iniaatas na paunawa ng hangarin alinsunod sa talataan (1), (4), o (5) ng subdibisyon (a) ay dapat kabilang, sa aplikasyon para sa sertipikasyon, isang talakayan ng pamantayan sa pagpili ng lugar ng aplikante, anumang mga alternatibong lugar na isinasaalang-alang ng aplikante para sa proyekto, at ang mga dahilan kung bakit ang aplikante ay pinili ang iminungkahing lugar. Ang talakayang iyo ay hindi dapat iatas para sa mga proyektong magkasamang paglikha sa mga kasalukuyang lugar ng industriya. Ang komisyon ay maaari ring tumanggap ng aplikasyon para sa isang proyektong hindi magkasamang paglikha sa kasalukuyang lugar ng industriya nang hindi nag-aatas ng talakayan ng mga alternatibong lugar kung ipinasiya ng komisyon na ang proyekto ay may malakas na relasyon sa mga kasalukuyang lugar ng industriya at dahil dito ay makatwiran na huwag suriin ang mga alternatibong lugar para sa proyekto.

SEK. 20. Seksiyon 25541 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinususugan upang mabasang:

25541. Ang komisyon ay maaaring hindi isama sa kabanatang ito ang mga thermal na planta ng enerhiya sa kapasidad sa paglikha na hanggang 100 megawatt ~~at~~ mga pagbabago sa mga kasalukuyang pasilidad sa paglikha na hindi nagdaragdag ng kapasidad na sobra sa 100 megawatt, *at mga planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya,* kung ipinasiya ng komisyon na walang malaking masamang epekto sa kapaligiran o mga tagapagdulot ng enerhiya ns magreresulta sa konstruksiyon o pagpapatakbo ng iminungkahing pasilidad o mula sa mga pagbabago.

SEK. 21. Seksiyon 25541.1 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinususugan upang mabasang:

25541.1. Hangarin ng ~~Lehislatura~~ *ng mga tao* na himukin ang pagbuo ng mga thermal na planta ng enerhiya *o mga planta ng enerhiya ng araw o malinis na enerhiya* na ginagamit ang pagbawi ng tagapagdulot (basura-patungo-sa-enerhiya) na teknolohiya. Ang mga naunang pinagtibay na insentibo para sa paglikha ng kuryenteng enerhiya mula sa mga gatong na hindi galing sa labi ng hayop at halaman sa mga proyektong pangkomersiyo na nabigong lumikha ng nais na resulta. Kasabay nito, ang estado ay humaharap sa lumalaking problema sa pagtatapon ng ligtas sa kapaligiran na solidong basura. Ang paglikha ng kuryente ng isang thermal na planta ng enerhiya *o planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya* na gumagamit ng pagbawi ng tagapagdulot na teknolohiya na humaharap sa parehong problema sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng mga sumusunod:

(a) Paglikha ng kuryente na mula sa gatong na hindi galing sa labi ng hayop o halaman ng isang sapat, lumalaking panustos.

(b) Pagkonserba ng espasyo ng tambakan, kaya nagbabawas ng mga gastos sa pagtapon ng basura.

(c) Pag-iwas sa mga panganib sa kalusugan ng pagbabaon ng basura.

Dagdag dito, ang pagbuo ng mga pasilidad sa pagbawi ng tagapagdulot ay lumilikha ng mga bagong trabaho sa konstruksiyon gayon din ng patuloy na tumatakbong mga trabaho, sa mga komunidad kung saan matatagpuan ang mga ito.

SEK. 22. Seksiyon 25542.5 ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*25542.5. Ang Komisyon sa Enerhiya ay dapat, taun-taon, maglathala ng isang ulat na tumutukoy at nagtatalaga sa Mga Sona ng Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya sa estado ng California batay sa mga heograpikong lugar na tinukoy ng Programang Pananaliksik sa Enerhiya sa Kabutihan ng Publiko ng Komisyon sa Enerhiya na may potensiyal para sa mga tagapagdulot ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya.*

SEK. 23. Seksiyon 25550 ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*25550. (a) Sa kabila ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 25522, at Seksiyon 25540.6, ang komisyon ay dapat magtatag ng isang proseso upang mag-isyu ng pangwakas na sertipikasyon para sa anumang planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad sa loob ng anim na buwan pagkatapos iharap ang aplikasyon para sa sertipikasyon na, batay sa unang pagrepaso, ay nagpapakita na may malakas na ebidensiya na ang proyekto ay hindi magiging dahilan ng malaking masamang epekto sa kapaligiran o paghahatid ng kuryente at sistema ng pamamahagi at susunod sa lahat ng angkop na pamantayan, ordinansa, o batas. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang paghaharap ay may kahulugan na katulad ng nasa Seksiyon 25522.*

*(b) Ang mga planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad na nirepaso sa ilalim ng prosesong ito ay dapat makatugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 25520 at ibang kailangang impormasyon na iniaatas ng komisyon, sa pamamagitan ng regulasyon, kabilang ang impormasyon na iniaatas sa pagpapahintulot ng bawat lokal, pang-estado, at panrehiyong ahensiya na magkakaroon ng hurisdiksiyon sa iminungkahing planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad kundi sa eksklusibong hurisdiksiyon ng komisyon at ang impormasyong iniaatas para sa pagpapahintulot ng bawat pederal na ahensiya na has hurisdiksiyon sa iminungkahing planta ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad.*

*(c) Pagkatapos tanggapin ang aplikasyon sa ilalim ng seksiyong ito, ang komisyon ay hindi dapat atasan na mag-isyu ng anim na buwan na pangwakas na desisyon sa aplikasyon kung ipinasiya nito na may malaking ebidensiya sa rekord na ang planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad ay malamang na magresulta sa isang malaking masamang epekto sa kapaligiran o sistema ng kuryente o hindi sumusunod sa isang angkop na pamantayan, ordinansa, o batas. Sa ilalim ng kalagayang ito, ang komisyon ay dapat gumawa ng desisyon nito alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 25522 at Seksiyon 25540.6, at ang isang bagong aplikasyon ay hindi dapat iatas.*

*(d) Para sa isang aplikasyon na tinanggap ng komisyon sa ilalim ng seksiyong ito, lahat ng lokal, panrehiyon, at pang-estadong ahensiya na magkakaroon ng hurisdiksiyon sa iminungkahing planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad, kung hindi sa eksklusibong hurisdiksiyon ng komisyon, at dapat magkaloob ng kanilang mga pangwakas na komento, pagpapasiya, o opinyon sa loob ng 100 araw pagkatapos iharap ang aplikasyon. Ang panrehiyong lupon ng pagkontrol ng kalidad ng tubig, gaya ng itinatag alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 13200) ng Dibisyon 7 ng Kodigo sa Tubig, ay dapat magpanatili ang huridiksiyon sa anumang angkop na pamantayan sa kalidad ng tubig na isinama sa anumang pangwakas na sertipikasyon na inisyu alinsunod sa kabanatang ito.*

*(e) Ang mga aplikante ng mga planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad na nagpapakita ng mahusay na pagganap na pangkapaligiran o pagiging episyente ay dapat tumanggap ng priyoridad sa pagrepaso.*

*(f) Tungkol sa planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad na nirepaso sa ilalim ng prosesong itinatag ng seksiyong ito, dapat ipakita na ang aplikante ay may kontrata sa isang pangkalahatang kontratista at nakipagkontrata para sa sapat na sanay na paggawa upang magtayo, magpatakbo, at magpanatili ng planta.*

*(g) Tungkol sa isang planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad na nirepaso sa ilalim ng prosesong itinatag ng seksiyong ito, dapat ipakita na ang planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya at mga kaugnay na pasilidad ay sumusunod sa lahat ng regulasyon na pinagtibay ng komisyon na tumitiyak na ang isang aplikasyon ay humaharap sa mga epektong wala sa proporsiyon sa isang paraang kaayon ng Seksiyon 65040.12 ng Kodigo ng Pamahalaan.*

*(h) Ang seksiyong ito ay hindi dapat umaplay sa isang aplikasyon na iniharap sa komisyon sa o bago ang Enero 1, 2009.*

*(i) Upang ipatupad ang seksiyong ito, ang komisyon ay maaaring magpatibay ng mga emerhensiyang regulasyon alinsunod sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan. Para sa mga layunin ng kabanatang iyon, kabilang nang walang limitasyon, ang Seksiyon 11349.6 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang pagpapatibay ng mga regulasyon ay dapat isaalang-alang ng Opisina ng Batas na Pampangasiwaan na kailangan para sa kaagad na pangangalaga ng kapayapaan, kalusugan, kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan ng publiko.*

*(j) Lahat ng planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya na tumatanggap ng sertipikasyon alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ituring na proyekto ng mga pampublikong gawain na napapailalim sa mga tadhana ng Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 1720) ng Bahagi 7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Paggawa, at ang Kagawaran ng mga Relasyong Pang-industriya ay dapat magkaroon ng katulad ng awtoridad at responsibilidad upang ipatupad ang mga tadhanang ito na tulad na nasa Kodigo sa Paggawa.*

SEK. 24. Kabanata 6.6 (nagsisimula sa Seksiyon 25560) ay idinaragdag sa Dibisyon 15 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*25560. Walang korporasyon ng kuryente gaya ng nilinaw sa Seksiyon 218 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad na dapat magpasimula ng konstruksiyon ng isang linya ng paghahatid o anumang pagpapahaba, pagbabago, pagpapahusay dito, nang hindi muna kukuha mula sa komisyon ng sertipiko na ang pangkasalukuyan at panghinaharap na kaginhawahan at pangangailangan ng publiko ay nangangailangan o mangangailangan ng naturang konstruksiyon.*

*Ang kabanatang ito ay hindi dapat ipakahulugan na nag-aatas sa anumang naturang korporasyon na kumuha ng naturang sertipiko para sa isang pagpapahaba sa loob ng lungsod o lungsod at county kung saan ito ay ayon sa batas na nagsimula ng mga*

*pagpapatakbo, o para sa pagpapahaba sa loob ng teritoryo sa loob o labas ng isang lungsod o lungsod at county na karatig ng linya o sistema ng paghahatid, at hindi pinaglilingkuran ng isang pampublikong utilidad na may katulad ng katangian, o para sa pagpapahaba sa loob o sa teritoryo na pinaglilingkuran na nito, kailangan sa pangkaraniwang takbo ng negosyo nito. Kung ang anumang pampublikong utilidad, sa pagtatayo o pagpapahaba ng linya o sistema, planta, o sistema, ay nakakagambala o malapit nang makagambala sa pagpapatakbo ng linya o sistema ng anumang ibang pampublikong utilidad o sa sistema ng tubig ng pampublikong ahensiya, naitayo na, ang komisyon, sa reklamo ng pampublikong utilidad o pampublikong ahensiya na nagsasabi na naapektuhan nang may pinsala, ay maaari, pagkatapos ng pagdinig, na gumawa ng naturang utos at magtagubilin ng mga naturang tadhana at kondisyon para sa lokasyon ng mga linya o sistema na apektado tungkol sa kung ito ay makatarungan at makatwiran.*

*25561. (a) Ang komisyon ay dapat na ilibre ang konstruksiyon ng anumang linya o sistema o pagpapahaba nito, matatagpuan sa labas ng mga hangganan ng estado mula sa mga iniaatas ng Seksiyon 25560, pagkatapos ng aplikasyon ng pampublikong utilidad na nagtatayo ng linya o sistemang iyon, o pagpapahaba nito, kung ang pampublikong utilidad ay kumuha ng 75 porsiyento o higit ng mga kita nito sa pagpapatakbo mula sa labas ng estado, gaya ng nakarekord sa panahon ng pananalapi bago ang pagharap ng aplikasyon, maliban kung ipinasiya ng komisyon na ang interes ng publiko ay nangangailangan na ang konstruksiyong iyon ay hindi dapat ilibre mula sa Seksiyon 25560.*

*(b) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (c), ang komisyon ay dapat gumawa ng pagpapasiya na nagkakait ng pagkalibre, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (a), sa loob ng 90 araw pagkatapos magharap ang pampublikong utilidad ng aplikasyon para sa pagkalibre sa komisyon. Kung ang komisyon ay nabigong gumawa ng pagpapasiyang ito sa loob ng 90 araw, ang konstruksiyon ng linya o sistemang iyon, o pagpapahaba nito, ay libre sa mga iniaatas ng Seksiyon 25560.*

*(c) Ang komisyon at ang pampublikong utilidad na nagharap ng aplikasyon para sa pagkalibre ay maaari, kung pareho ay sumang-ayon, palawigin ang panahon kung saan ang komisyon ay iniaatasan na gumawa ng pagpapasiya na nagkaakit ng pagkalibre, ng hindi hihigit sa karagdagang 60 araw pagkaraan ng pagtatapos ng 90 araw na tinukoy sa subdibisyon (b).*

*25562. (a) Ang komisyon, bilang batayan ng paggawad ng anumang sertipiko alinsunod sa Seksiyon 25560, ay dapat magsaalang-alang sa mga sumusunod na bagay:*

*(1) Mga pinahahalagahan ng komunidad.*

*(2) Mga lugar nga libangan at parke.*

*(3) Mga pinahahalagahang kaugnay ng kasaysayan at sining.*

*(4) Impluwensiya sa kapaligiran, maliban sa kaso ng anumang linya o sistema o pagpapahaba dito na matatagpuan sa ibang estado na sasailailim sa pagrepasong pangkapaligiran alinsunod sa Batas ng 1969 sa Pambansang Patakaran sa Kapaligiran (Kabanata 55 (nagsisimula sa Seksiyon 4321) ng Titulo 42 ng Kodigo ng Estados Unidos) o mga katulad na batas ng estado sa ibang estado, hindi dapat isaalang-alang ng komisyon ang impluwensiya sa kapaligiran maliban kung ang mga emisyon o paglabas dito ay magkakaroon ng malaking impluwensiya sa kapaligiran ng estadong ito.*

*(5) Kalapitan sa at kaugnay na epekto sa mga lugar na may mga tao at kung ang mga alternatibong lokasyon ay makatwirang makukuha at angkop.*

*(6) Ang halaga at mga benepisyo ng paglikha sa pinakamababang dami.*

*(b) Tungkol sa anumang linya ng paghahatid ng kuryente na iniaatas na itayo, baguhin, o pahusayin upang magkaloob ng paghahatid mula sa isang thermal na planta ng enerhiya o planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya, at kung saan ang sertipiko ay iniaatas alinsunod sa mga tadhana ng Dibisyon 15 (nagsisimula sa Seksiyon 25000), ang desisyon na naggagawad ng naturang ibang sertipiko ay dapat na kongklusibo sa lahat ng bagay na ipinasiya at dapat pumalit sa iniaatas na isaalang-alang ng komisyon ng anim na bagay na tinukoy sa subdibisyon (a) ng seksiyong ito.*

*(c) Bilang kondisyon ng paggawad ng anumang sertipiko alinsunod sa Seksiyon 25560, ang komisyon ay dapat mag-atas ng pagsunod sa Batas ng 1994 sa Proteksiyon sa Disyerto ng California (nagsisimula sa Seksiyon 410aaa ng Titulo 16 ng Kodigo ng Estados Unidos).*

*25563. Sa pagsasaalahg-alang sa isang aplikasyon para sa isang sertipiko para sa pasilidad sa paghahatid ng kuryente alinsunod sa Seksiyon 25560, dapat isaalang-alang ng komisyon ang matitipid na alternatibo sa mga pasilidad ng paghahatid na nakakatugon sa pangangailangan ng episyente, maaasaan, at abot-kayang panustos na kuryente, kabilang ang, pero hindi limitado sa, ukol sa pangangailangan na mga alternatibo tulad ng pagiging episyente ng inaasintang enerhiya, napakalinis na ipinamamahaging paglikha, gaya ng nilinaw sa Seksiyon 353.2 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, at ibang mga tagapagdulot ng pagbawas ng pangangailangan. Ang mga tadhana ng seksiyong ito ay hindi dapat umaplay sa anumang linya ng paghahatid ng kuryente na iniaatas na itayo, baguhin, o pahusayin upang magkaloob ng paghahatid mula sa isang planta ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya.*

*25564. Ang bawat korporasyon ng kuryente na nagsumite ng aplikasyon sa komisyon para sa isang sertipiko na nag-aawtorisa ng bagong konstruksiyon ng anumang linya o pagpapahaba ng paghahatid ng kuryente, hindi napapailalim sa mga tadhana ng Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksiyon 25500), ay dapat isama ang lahat ng mga sumusunod na impormasyon bilang karagdagan sa anumang ibang iniaatas na impormasyon:*

*(a) Preliminaryong impormasyon sa inhinyeriya at disenyo sa proyekto. Ang impormasyon sa disenyo na ipinagkaloob ay dapat kabilang ang preliminaryong mga datos tungkol sa nagpapatakbong mga katangian ng linya o pagpapahaba.*

*(b) Isang plano sa pagpapatupad ng proyekto na nagpapakita na ang proyekto ay kokontratahin at itatayo. Ang planong ito ay dapat magpakita kung paano ang lahat ng pangunahing gawain ay isasama at dapat kabilang ang takdang panahon na tumutukoy sa disenyo, konstruksiyon, pagkumpleto, at mga petsa ng pagpapatakbo para sa bawat pangunahing bahagi ng linya o pagpapahaba.*

*(c) Isang angkop na tantiya ng gastos, kabilang ang mga preliminaryong tantiya ng mga gastos ng pagtustos, konstruksiyon, at pagpapatakbo ng linya o pagpapahaba.*

*(d) Ang korporasyon ay dapat magpakita ng tama sa pananalapi ng konstruksiyon ng linya o pagpapahabasa mga nagbabayad ng presyo ng korporasyon, may sapi, at sa gastos ng hiniram na kapital ng korporasyon. Ang mga pagsusuri ng gastos ay dapat gawin para sa inaasahang kapaki-pakinabang na buhay ng linya o pagpapahaba.*

*(e) Isang pamamahala ng disenyo at konstruksiyon at plano sa pagkontrol ng gastos na nagpapabatid ng mga responsibilidad sa kontrata at pagtatrabaho at mga pagkakaugnay sa pagitan ng pamamahala ng korporasyon at ibang mga pangunahing partido na kalahok sa proyekto. Ang planong ito ay dapat magsama ng isang sistema ng impormasyon sa progreso ng konstruksiyon at partikular sa mga pagkontrol ng gastos.*

*25565. Ang bawat korporasyon ng kuryente na nagsumite ng aplikasyon sa komisyon para sa isang sertipiko na nag-aawtorisa ng bagong konstruksiyon ng anumang linya o pagpapahaba ng paghahatid ng kuryente, hindi napapailalim sa mga tadhana ng Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksiyon 25500), ay dapat isama sa aplikasyon ang impormasyon na tinukoy sa mga subdibisyon (b), (c), at (e) ng Seksiyon 25564, bilang karagdagan sa anumang ibang iniaatas na impormasyon. Ang korporasyon ay maaari ring magsama sa aplikasyon ng anumang ibang impormasyon na tinukoy sa Seksiyon 25564.*

*25566. Bago maaaring iisyu ang anumang sertipiko sa ilalim ng kabanatang ito, ang bawat aplikante para sa isang sertipiko ay dapat iharap sa opisina ng komisyon ang isang sertipikadong kopya ng mga artikulo ng aplikante ng pagsasama o saligang-batas. Ang bawat aplikante para sa isang sertipiko ay dapat magharap sa opisina ng komisyon ng naturang ebidensiya gaya ng iniaatas ng komisyon upang ipakita na ang aplikante ay tumanggap ng iniaatas na pahintulot, prangkisya, o permiso ng wastong county, lungsod at county, lungsod, o ibang pampublikong awtoridad.*

*25567. (a) Ang komisyon ay maaari, mayroon mang pagdinig o wala, na mag-isyu ng sertipiko gaya ng hiniling, o tumangging iisyu ito, o iisyu ito para sa konstruksiyon ng isang bahagi lamang ng nagbabalak ng linya o pagpapahaba ng paghahatid ng kuryente, o para sa bahagi lamang na paggamit ng karapatan o pribilehiyo, at maaaring ikabit sa paggamit ng mga karapatan na iginawad ng sertipiko ang mga naturang tadhana at kondisyon, kabilang ang mga tadhana para sa pagtatamo ng publiko ng prangkisya o permiso at lahat ng karapatan na nakuha sa ilalim nito at lahat ng gawain na ginawa o pinananatili ng awtoridad, na sa pasiya nito ay kinakailangan ng publiko; sa kondisyon, gayunman, na bago iisyu o tumangging iisyu ang sertipiko, ang komisyon ay dapat magsagawa ng isa o higit na pagdinig na humaharap sa anumang mga isyu na lumitaw sa isang napapanahong aplikasyon para sa isang pagdinig ng sinumang tao na karapat-dapat na dinggin.*

*(b) Kapag ang komisyon ay nag-isyu ng isang sertipiko para sa bagong konstruksiyon ng linya o pagpapahaba ng paghahatid ng kuryente, ang sertipiko ay dapat tumukoy sa mga katangian sa pagpapatakbo at gastos ng linya o pagpapahaba ng paghahatid, kabilang ang, pero hindi limitado sa, sukat, kapasidad, gastos, at lahat ng ibang mga katangian ng linya o pagpapahaba ng paghahatid na tinukoy sa impormasyon na iniaatas sa mga korporasyon ng kuryente na tinukoy sa impormasyon na iniaatas isumite ng mga korporasyon ng kuryente, alinsunod sa Seksiyon 25564 o 25565.*

*(c) Sa kabila ng anumang ibang tadhana sa kabanatang ito, ang isang aplikasyon para sa isang sertipiko na nag-aawtorisa ng konstruksiyon ng bagong mga pasilidad ng paghahatid ay dapat ituring na kailangan sa pagkakaloob ng serbisyong kuryente para sa mga layunin ng anumang pagpapasiyang ginawa sa ilalim ng Seksiyon 25564 kung ipinasiya ng komisyon na ang bagong pasilidad ay kailangan upang padaliin ang pagkakamit ng pamantayan sa porpolyo ng mga nababago gaya ng itinatag sa Artikulo 16 (nagsisimula sa Seksiyon 399.11) ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad at ang iniaatas na mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya gaya ng itinatag sa Kabanata 8.6 (nagsisimula sa Seksiyon 25740) ng dibisyong ito.*

*25568. (a) Tuwing ang komisyon ay nag-iisyu sa isang korporasyon ng kuryente ng isang sertipiko na nag-aawtorisa ng bagong konstruksiyon ng isang linya ng paghahatid, o anumang pagpapahaba, pagbabago, o pagpapahusay nito na tinantiya na gagastusan ng mas malaki sa limampung milyong dolyar ($50,000,000), dapat tukuyin ng komisyon sa sertipiko ang pinakamataas na gastos na ipinasiyang makatwiran at angkop sa pasilidad. Ang komisyon ay dapat magpasiya ng pinakamataas na gastos ginagamit ang isang tantiya ng inaasahang gastos sa konstruksiyon, isinasaalang-alang ang disenyo ng proyekto, ang inaasahang tagal ng konstruksiyon, isang tantiya ng mga epekto sa implasyong pangkabuhayan, at anumang alam na paghihirap sa inhinyeriya na kaugnay ng proyekto.*

*(b) Pagkatapos na iisyu ang sertipiko, ang korporasyon ay maaaring mag-aplay sa komisyon ng pagtataas ng pinakamataas na gastos na tinukoy sa sertipiko. Ang komisyon ay maaaring mag-awtorisa ng pagtaas sa tinukoy na pinakamataas na gastos kung ipinasiya nito na ang gastos ay tunay na nagtaas at ang pangkasalukuyan o panghinaharap ng kaginhawahan at pangangailangan ng publiko ay nangangailangan ng konstruksiyon ng proyekto sa mas mataas na gastos; kung hindi, dapat nitong tanggihan ang aplikasyon.*

*(c) Pagkatapos simulan ang konstruksiyon, ang korporasyon ay maaaring mag-aplay sa komisyon para sa awtorisasyon na itigil ang konstruksiyon. Pagkatapos ipakita sa kasiyahan ng komisyon na ang pangkasalukuyan o panghinaharap na kaginhawahan at pangangailangan ng publiko ay hindi na nangangailangan ng pagkumpleto ng*

*konstruksiyon ng proyekto, at ang mga gastos ng konstruksiyon ay makatwiran at angkop, ang komisyon ay maaaring mag-awtorisa ng pagtigil ng konstruksion at ang Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ay maaaring mag-awtorisa ng pagbawi ng mga gastos sa konstruksiyon na ipinasiya ng komisyon na makatwiran at angkop.*

*(d) Sa anumang desisyon ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad na nagtatatag ng mga presyo para sa korporasyon ng kuryente na nagpapakita ng makatwiran at angkop na gastos ng bagong konstruksiyon ng anumang linya ng paghahatid, o anumang pagpapahaba, pagbabago, o pagpapahusay nito, kapag ipinasiya ng komisyon na ang dagdag o pagpapahaba ay ginagamit at kapaki-pakinabang, dapat isaalang-alang ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad kung ang mga aktuwal na gastos ng konstruksiyon ay nasa loob o hindi ng pinakamataas na gastos na tinukoy ng komisyon.*

SEK. 25. Seksiyon 25740 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinusugan upang mabasang:

25740. Hangarin ng ~~Lehislatura~~ *ng mga tao* sa pagtatag ng programang ito, na *harapin ang pandaigdig na pag-init at pagbabago ng klima, at protektahan ang nanganganib na mga saklop na niyebe ng Sierra sa pamamagitan ng pagtataas* ~~nagtataas~~ ng dami ng kuryenteng nililikha mula sa mga karapat-dapat na tagapagdulot ng nababagong enerhiya kada taon, upang ito maging kapantay ng hindi kukulangin sa 20 porsiyento ng kabuuang pagbebenta sa tingi ng kuryente sa California kada taon bago lumampas ng Disyembre 31, 2010~~.~~*, hindi kukulangin sa 40 porsiyento ng mga kabuuang pagbebenta sa tingi ng kuryente sa California kada taon bago lumampas ang Disyembre 31, 2020, at hindi kukulangin sa 50 porsiyento ng kabuuang pagbebenta sa tingi ng kuryente sa California kada taon bago lumampas ang Disyembre 31, 2025.*

SEK. 26. Seksiyon 25740.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*25740.1. Ipinasiya ng mga tao na ang konstruksiyon ng mga pasilidad ng paghahatid ng kuryente na kailangan upang padaliin ang pagkakamit ng mga inaasintang pamantayan sa porpolyo ng mga nababago sa California ay magkakaloob ng pinakamataas na benepisyong pangkabuhayan sa lahat ng uri ng parokyano na pinopondoan ng Kuwenta ng mga Bagong Tagapagdulot ng Nababago.*

SEK. 27. Seksiyon 25743 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ay sinusugan upang mabasang:

25743. (a) Dapat tapusin ng komisyon ang lahat ng insentibo sa paglikha na iginawad mula sa Kuwenta ng mga Bagong Tagapagdulot ng Nababago bago ang Enero 1, 2002, maliban kung ang proyekto ay nagsimulang lumikha ng kuryente bago lumampas ang Enero 1, 2007.

(b) (1) Ang komisyon ay dapat, bago lumampas ang Marso 1, 2008, maglipat sa mga korporasyon ng kuryente na naglilingkod sa mga parokyanong napapailaim sa singil sa mga pampublikong paninda na nababagong enerhiya ang mga natitirang hindi naitalagang pondo sa Kuwenta ng mga Bagong Tagapagdulot ng Nababago.

(2) Dapat tiyakin ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad na ang bawat korporasyon ng kuryente ay naglalaan ng mga pondong natanggap mula sa komisyon alinsunod sa talataan (1) sa isang paraan na isinasagad ang benepisyong pangkabuhayan sa lahat ng uri ng parokyano na pinopondohan ng Kuwenta ng mga Bagong Tagapagdulot ng Nababago. *Sa pagsasaalang-alang at pag-aproba ng bawat iminungkahing paglalaan ng korporasyon ng kuryente, at kaayon ng Seksiyon 25740.1, ang Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ay dapat humimok at magbigay ng pinakamataas na priyoridad sa mga paglalaan para sa konstruksiyon ng, o pagbabayad upang suplementuhan ang konstruksiyon ng, anumang bago o binagong mga pasilidad na paghahatid ng kuryente na kailangan upang padaliin ang pagkakamit ng estado ng mga inaasintang pamantayan sa porpolyo ng mga nababago.*

*(c) Lahat ng proyektong tumatanggap ng pagpopondo, sa kabuuan o bahagi, alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ituring na proyekto ng mga pampublikong gawain na napapailalim sa mga tadhana ng Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 1720) ng Bahagi 7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Paggawa, at ang Kagawaran ng mga Relasyong Pang-industriya ay dapat magkaroon ng katulad na awtoridad at responsibilidad upang ipatupad ang mga tadhanang ito na tulad na nasa Kodigo sa Paggawa.*

SEK. 28. Seksiyon 25745 ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*25745. Dapat gamitin ng Komisyon sa Enerhiya ang pinakamahusay na pagsisikap na umakit at humimok ng pamumuhunan sa mga tagapagdulot ng enerhiya ng araw at malinis na enerhiya, pananaliksik at pagbuo mula sa mga kompanyang nakabase sa Estados Unidos upang tuparin ang layunin ng kabanatang ito.*

SEK. 29. Seksiyon 25751.5 ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*25751.5. (a) Ang Kuwenta ng Paghahatid ng Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya sa pamamagitan nito ay itinatatag sa loob ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng mga Tagapagdulot ng Nababago.*

*(b) Simula sa Enero 1, 2009, ang kabuuang taunang pag-aakma na pinagtibay alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 399.8 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad ay dapat ilaan sa Kuwenta ng Paghahatid ng Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya.*

*(c) Ang mga pondo sa Kuwenta ng Paghahatid ng Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya ay dapat gamitin, sa kabuuan o bahagi, para sa mga sumusunod na layunin:*

*(1) Ang pagbili ng ari-arian o karapatan sa daan alinsunod sa awtoridad ng komisyon sa ilalim ng Kabanata 8.9 (nagsisimula sa Seksiyon 25790).*

*(2) Ang konstruksiyon ng, o pagbabayad upang suplementuhan ang konstruksiyon ng, anumang bago o binagong mga pasilidad ng paghahatid ng kuryente na kailangan upang padaliin ang pagkakamit ng estado ng mga inaasinta nito na pamantayan sa porpolyo ng mga nababago.*

*(d) Ang titulo sa anumang ari-arian o proyektong binayaran sa kabuuan alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ibigay sa komisyon. Ang titulo sa anumang ari-arian o proyektong binayaran sa bahagi alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ibigay sa komisyon sa bahaging ayon sa proporsiyon ng kabahagi ng komisyon sa kabuuang gastos ng ari-arian o proyekto.*

*(e) Ang mga pondong idineposito sa Kuwenta ng Paghahatid ng Enerhiya ng Araw at Malinis na Enerhiya ay dapat gamitin upang suplementuhan, at hindi palitan, ang mga kasalukuyang pagpopondo ng estado para sa mga layuning inawtorisa ng subdibisyon (c).*

*(f) Lahat ng proyektong tumatanggap ng pagpopondo, sa kabuuan o bahagi, alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ituring na proyekto ng mga pampublikong gawain na napapailalim sa mga tadhana ng Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 1720) ng Bahagi 7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Paggawa, at ang Kagawaran ng mga Relasyong Pang-industriya ay dapat magkaroon ng katulad na awtoridad at responsibilidad upang ipatupad ang mga tadhanang ito na tulad na nasa Kodigo sa Paggawa.*

SEK. 30. Kabanata 8.9 (nagsisimula sa Seksiyon 25790) ay idinaragdag sa Dibisyon 15 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*25790. Ang Komisyon sa Enerhiya ay maaari, para sa mga layunin ng kabanatang ito, na bumili at kasunod ay magbenta, ipaarkila sa ibang partido para sa panahon na hindi hihigit sa 99 taon, ipagpalit, hatiin, ilipat, italaga, ipangako, pigilin, o alisin ang anumang tunay o personal na ari-arian o anumang interes sa ari-arian. Anumang naturang pag-arkila o pagbebenta ay dapat ayon sa kondisyon na pagpapaunlad at paggamit ng ari-arian para sa paglikha at/o paghahatid ng nababagong enerhiya.*

*25791. Anumang pag-arkila o pagbebenta na ginawa alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring gawin nang walang pampublikong subasta pero pagkatapos lamang ng pampublikong pagdinig.*

SEK. 31. Kakayahang Ihiwalay

Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o bahagi nito, sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa sa ilalim ng pang-estado o pederal na batas, ang mga natitirang tadhana ay hindi dapat maapektuhan, kundi dapat manatili na may buong puwersa at epekto.

SEK. 32. Susog

Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring susugan upang isakatuparan ang layunin at hangarin nito sa pamamagitan ng mga batas na inaprobahan ng dalawang-ikatlong boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador.

SEK. 33. Magkakasalungat ng Panukalang-batas

(a) Ang panukalang-batas na ito ay nilalayong maging komprensibo. Hangarin ng mga tao na kung ang panukalang-batas na ito at ibang inisyatibong panukalang-batas na may kaugnayan sa kaparehong paksa ay lumitaw sa kaparehong balota ng pambuong-estadong eleksiyon, ang mga tadhana ng ibang panukalang-batas o mga panukalang-baas ay itinuturing na kasalungat ng panukalang-batas na ito. Kung ang panukalang-batas na ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang bawat at lahat ng tadhana ng ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas ay dapat na walang-bisa.

(b) Kung ang panukalang-batas na ito ay inaprobahan ng mga botante pero napaibabawan ng batas sa pamamagitan ng ibang kasalungat na panukalang-batas na inaprobahan ng mga botante sa kaparehong eleksiyon, at ang kasalungat na panukalang-batas sa balota sa huli ay ipinasiyang walang-bisa, ang panukalang-batas na ito ay dapat na nagpapatupad sa sarili at dapat bigyan ng buong puwersa ng batas.

SEK. 34. Ang Pagsalungat na Pambatas

Anumang pagsalungat sa pagkakaroon ng bisa ng batas na ito ay dapat iharap sa loob ng anim na buwan ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito.

## PROPOSISYON 8

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II, ng Seksiyon 8, ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay malinaw na nagsususog sa isang Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng isang seksiyon dito; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

SEKSIYON 1. Titulo

Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Batas sa Proteksiyon ng Kasal sa California."

SEKSIYON 2. Seksiyon 7.5 ay idinaragdag sa Artikulo I ng Saligang-batas ng California, upang mabasang:

*Sek. 7.5. Tanging ang pagpapakasal ng isang lalaki at isang babae ang balido o kinikilala sa California.*

## PROPOSISYON 9

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas ay nagsususog sa isang seksiyon ng Saligang-batas ng California at nagsususog at nagdaragdag sa isang seksiyon ng Kodigo sa Parusa; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

**IMINUMUNGKAHING BATAS**

BATAS NG 2008 SA MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA: BATAS NI MARSY

SEKSIYON 1. TITULO

Ang batas na ito ay dapat makilala, at maaaring tawagin na, "Batas ng 2008 sa mga Karapatan ng mga Biktima: Batas ni Marsy."

SEKSIYON 2. MGA NAPAG-ALAMAN AT PAGPAPAHAYAG

Napag-alaman at ipinapahayag ng mga Tao ng Estado ng California ang lahat ng mga sumusunod:

1. Ang mga biktima ng krimen ay karapat-dapat sa hustisya at nararapat na proseso. Ang kanilang mga karapatan ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, karapatan sa paunawa at upang dingin sa mahahalagang yugto ng hustisyang pangkrimen; karapatang tumanggap ng restitusyon mula sa gumawa ng krimen; karapatan na makatwirang maging ligtas sa buong proseso ng hustisya; karapatang asahan ang pamahalaan na wastong pondohan ang sistema ng hustisyang pangkrimen, upang ang mga karapatan ng mga biktima ng krimen na nakasaad sa mga Napag-alaman at Pagpapahayag at hustisyang ito ay hindi masira ng hindi sapat na mga tagapagdulot; at higit sa lahat, karapatan sa isang mabilis at makatarungang parusa sa gumawa ng masama.

2. Ang mga Tao ng Estado ng California ay nagpapahayag na ang "Batas ng 2008 sa mga Karapatan ng mga Biktima: Batas ni Marsy" ay kailangan upang remedyuhan ang isang sistema ng hustiya na nabigong lubos na kilalanin at sapat na ipatupad ang mga karapatan ang mga biktima ng krimen. Ito ay ipinangalan kay Marsy, isang 21-taong-gulang na sinyor sa kolehiyo sa U.C. Santa Barbara na naghahandang pagsikapan ang isang karera sa espesyal na edukasyon para sa mga batang may kapansanan at ang kabuuan ng kanyang buhay ay darating pa lamang. Siya ay pinatay noong Nobyembre 30, 1983. Ang batas ni Marsy ay isinulat sa ngalan ng kanyang ina, ama, at kapatid na lalaki, na madalas na tinatrato na waring sila ay walang mga karapatan, at nagbigay ng inspirasyon sa daan-daang libong biktima ng krimen na nakaranas ng karagdagang kirot at pagkadismaya sa sistema ng hustisyang pangkrimen na napakadalas na nabibigong bigyan ang mga biktima ng kahit ng mga pinakabasikong karapatan.

3. Napag-alaman ng mga Tao ng Estado ng California na ang "malawak na reporma" ng sistema ng hustisyang pangkrimen na nilalayong maggawad ng mga basikong karapatang ito na ipinag-uutos sa inisyatibong panukalang-batas na Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima na ipinasa ng mga manghahalal bilang Proposisyon 8 noong 1982 ay hindi naganap gaya ng hinangad ng mga tao. Ang mga biktima ng krimen ay patuloy na pinagkakaitan ng mga karapatan sa hustisya at nararapat na proseso.

4. Ang isang hindi mahusay, nagsisikip, at lumang sistema ng hustisyang pangkrimen ay nabigong magtayo ng mga sapat na kulungan at bilangguan, nabigong mahusay na magsagawa ng mga pamamaraan ng hukuman, at nabigong mabilis na gawing pangwakas ang mga sentensiya at parusa ng mga gumawa ng krimen. Ang mga gumawa ng krimen ay pinalalabas mula sa pag-iingat pagkatapos magsilbi ng 10 porsiyento lamang ng mga sentensiyang ipinataw at ipinasiyang angkop ng mga hukom.

5. Bawat taon daan-daang napatunayang pumatay na sinentensiyahang magsilbi ng habambubhay sa bilangguan ay naghangad na makalabas sa parol mula sa mga bilangguan ng ating estado. Ang "mga pamamaraan ng parol sa pagpapalabas mula sa bilangguan" ay labis na nagpapahirap sa mga pamilya ng mga pinatay na biktima at nag-aaksaya ng milyun-milyong dolyar bawat taon. Sa California ang mga napatunayang pumatay ay binibigyan ng mga abugado na binabayaran ng mga dolyar na buwis ng mga mamamayan nito, at ang mga napatunayang pumatay na ito ay madalas na binibigyan ng pagdinig para sa parol taun-taon. Ang mga pamilya ng mga pinatay na biktima ay hindi makatakas sa anyong walang katapusang labis na pagpapahirap at takot na ang pumatay sa kanilang mahal sa buhay ay muling lalaya upang pumatay.

6. Ang mga "Helter Skelter" na bilanggo na si Bruce Davis at Leslie Van Houghton, dalawang tagasunod ni Charles Manson na napatunayang gumawa ng maraming malupit na pagpatay, ay nagkaroon na ng 38 pagdinig para sa parol sa nakalipas na 30 taon.

7. Tulad sa karamihan sa mga biktima ng pagpatay, si Marsy ay hindi mayaman o sikat nang siya ay patayin ng isang dating kasintahan na umakit sa kanya mula sa bahay ng kanyang mga magulang sa pamamagitan ng pagbabanta na magpapakamatay. Sa halip ginamit nito ang isang shotgun upang malupit na tapusin ang kanyang buhay nang siya ay pumasok sa bahay nito sa pagsisikap na pigilan siya na magpakamatay. Kasunod ng pag-aresto sa pumatay sa kanya, ang ina ni Marsy ay nagimbal nang makita ito sa lokal na supermarket, nalaman na ito ay pinalaya sa pamamagitan ng piyansa nang walang paunawa sa pamilya ni Marsy at walang anumang pagkakataon para sa kanyang pamilya na ipahayag ang kanilang pagtutol sa pagpapalaya dito.

8. Maraming taon pagkatapos na mapatunayan ang pagkakasala nito at sentensiyahan ng "habambuhay sa bilangguan," ang mga pagdinig para sa parol para ilabas siya ay nagsimula. Sa unang pagdinig para sa parol, ang ina ni Marsy ay inatake sa puso sa paglaban sa pagpapalabas sa pumatay sa kanyang anak. Mula noon ang pamilya ni Marsy ay dumanas ng trauma ng madalas na mga pagdinig para sa parol at patuloy na pagkabalisa na ang pumatay kay Marsy ay palalabasin.

9. Ang mga karanasan ng pamilya ni Marsy ay hindi natatangi. Libu-libong ibang mga biktima ng krimen ay may mga karanasan na tulad ng pamilya ni Marsy, bunga ng kabiguan ng ating sistema ng hustisyang pangkrimen na bigyan sila ng paunawa ng kanilang mga karapatan, kabiguang bigyan sila ng paunawa ng mahahalagang pagdinig sa mga pag-uusig ng mga gumawa ng krimen, kabiguang bigyan sila ng pagkakataong magsalita at lumahok, kabiguang magpataw ng aktuwal at makatarungang parusa sa mga gumawa ng masama sa kanila, at kabiguang bigyan sila ng pangwakas na pagtingin sa traumang idinulot sa kanila ng mga gumawa ng masama sa kanila.

SEKSIYON 3. PAHAYAG NG MGA LAYUNIN AT HANGARIN

Layunin ng mga Tao ng Estado ng California sa pagpapatibay sa inisyatibong ito na:

1. Magkaloob sa mga biktima ng mga karapatan sa hustisya at nararapat na proseso.

2. Gamitin ang mga karapatan ng mga pamilya ng mga biktima ng pagpatay na makalibre sa pahirap ng matagal at hindi kailangang pagdurusa, at tapusin ang pag-aaksaya ng milyun-milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis, sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga pagdinig para sa parol kung saan malamang na mabigyan ng parol ang isang pumatay, at itadhana na ang isang napatunayang pumatay ay maaaring makatanggap ng pagdinig para sa parol na hindi mas madalas sa tuwing tatlong taon, at maaaring ipagkait ang pansunod na pagdinig para sa parol, ng hanggang 15 taon.

SEKSIYON 4. BATAS SA MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA

SEKSIYON 4.1. Seksiyon 28 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 28. (a) Napag-alaman at ipinapahayag ng mga Tao ng Estado ng California ang *lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Ang gawaing kriminal ay may seryosong epekto sa mga mamamayan ng California. Ang mga karapatan ng mga biktima ng krimen at ng kanilang mga pamilya sa mga pag-uusig na pangkrimen ay lubhang inaalala sa buong estado.*

*(2) Ang mga biktima ng krimen ay karapat-dapat ipatanaw sa sistema ng hustisyang pangkrimen ang mga krimen bilang mga seryosong banta sa kaligtasan at kapakanan ng mga tao sa California.* ~~na ang~~ *Ang* pagpapatibay ng mga komprehensibong tadhana at batas na tumitiyak ng isang batas sa mga karapatan para sa mga biktima ng krimen, kabilang ang mga pananggalang sa sistema ng hustisyang pangkrimen ~~upang~~ lubos na ~~protektahan~~ *nagpoprotekta* sa mga karapatang ito *at tinitiyak na ang mga biktima ng krimen ay tinatrato nang may paggalang at dignidad,* ay isang bagay na ~~lubhang inaalala sa buong estado~~ *may mataas na kahalagahan sa publiko. Ang mga biktima ng krimen sa California ay nakadepende nang malaki sa wastong pagganap ng pamahalaan, sa sistema ng hustisyang pangkrimen at sa mabilis na pagpapatupad ng mga karapatan ng mga biktima ng krimen na inilarawan dito, upang protektahan ang kaligtasan ng publiko kapag ang kaligtasan ng publiko ay nakompromiso ng gawaing kriminal.*

*(3)* Ang mga karapatan ng mga biktima ay namamayani sa sistema ng hustisyang pangkrimen, ~~samasakop hindi lamang sa karapatan sa restitusyon mula sa mga gumawa ng masama para sa mga pinansiyal na kawalan na dinanas bilang resulta ng mga krimen, kundi gayon din ang mga mas basikong inaasahan.~~ *Ang mga karapatang ito ay kabilang ang personal na taglay at maipatutupad na mga karapatan na inilarawan sa mga talataan (1) hanggang (17) ng subdibisyon (b).*

*(4) Sa mga karapatan ng mga biktima ay kabilang din ang mas malawak na mga kolektibong karapatan na na taglay ng lahat ng mga Tao ng Estado ng California at maipatutupad sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga batas at sa pamamagitan ng mga matapat na pagsisikap at aksiyon ng mga inihalal, hinirang, at pampublikong opisyal ng California. Ang mga karapatang ito ay sumasakop sa inasahan ng lahat ng mga tao ng California* na ang mga taong gumawa ng mga felony na naging sanhi ng pinsala sa mga inosenteng biktima ay angkop *at lubos na inimbistigahan, angkop* na ikinulong, *dinala sa harap ng mga hukuman ng California kahit na inaresto sa labas ng Estado,* nilitis ng mga hukuman *sa tamang panahon, sinentensiyahan,* at sapat na pinarusahan upang ang kaligtasan ng publiko ay maprotektahan at himukin bilang pinakamahalagang hangarin.

*(5) Ang mga biktima ng krimen ay may magkakasamang karapatan na umasa na ang mga taong napatunayang gumawa ng krimen ay sapat na pinarusahan sa paraan at tagal ng mga sentensiyang ipinataw ng mga hukuman ng Estado ng California. Kabilang sa karapatang ito ang karapatang umasa na ang epektong nagpaparusa o humadlang ng mga sentensiyang pagpapakulong na ipinapataw ng mga hukuman ay hindi mapapahina o mababawasan ng paggawad ng mga karapatan at pribilehiyo sa mga bilanggo na hindi iniaatas ng anumang tadhana ng Saligang-batas ng Estados Unidos o ng mga batas ng Estado na igagawad sa sinumang taong ikinulong sa isang pasilidad ng parusa o ibang kulungan sa Estadong ito bilang parusa o pagwawasto sa paggawa ng isang krimen.*

*(6) Ang mga biktima ng krimen ay karapat-dapat sa pagkakaroon ng lubos na pagtatapos sa mga krimen sa kanila. Ang matatagal na apela at ibang mga pamamaraan pagkatapos ng hatol na sumasalungat sa mga pagpapatunay ng krimen, madadalas at mahihirap na pagdinig para sa parol na nagbabanta na palabasin ang mga gumawa ng krimen, at ang patuloy na banta na ang mga sentensiya ng mga gumawa ng krimen ay babawasan, ay nagpapatagal ng pagdurusa ng mga biktima ng krimen ng maraming taon pagkatapos na ang krimen ay gawin. Ang matagal na pagdurusang ito ng mga biktima ng krimen at ng kanilang mga pamilya ay dapat nang matapos.*

*(7)* ~~Ang naturang~~ *Pangwakas, napag-alaman at ipinapahayag ng mga Tao na ang karapatan sa* kaligtasan ng publiko ay ibinibigay sa mga kampus ng pampubliko *at pribadong* primarya, elementarya, dyunyor na mataas, at sinyor na mataas na paaralan, *at kolehiyong pangkomunidad, Unibersidad ng Estado ng California, Unibersidad ng California, at pribadong kolehiyo at unibersidad,* kung saan ang mga estudyante at tauhan ay may karapatan na maging ligtas at protektado.

*(8)* Upang makamit ~~itong~~ *ang* mga hangaring ito *kailangan na ang mga batas ng California na may kaugnayan sa proseso ng hustisyang pangkrimen ay susugan upang maprotektahan ang mga lehitimong karapatan ng mga biktima ng krimen.* ~~, malalawak na reporma sa pagtrato sa mga inakusahang tao at sa pagpapasiya at pagsentensiya sa mga napatunayang nagkasala ay kailangan at wasto bilang mga panghadlang sa gawaing kriminal at sa seryosong paggambala sa mga buhay ng mga tao.~~

(b) *Upang mapangalagaan at maprotektahan ang mga karapatan ng biktima sa hustisya at nararapat na proseso, ang isang biktima ay karapat-dapat sa mga sumusunod na karapatan:*

*(1) Upang tratuhin nang patas at igalang ang kanyang pagkapribado at dignidad, at upang maging malaya sa pananakot, panlilingalig, at pang-aabuso, sa buong proseso ng hustisyang pangkrimen o pangkabataan.*

*(2) Upang makatwirang maprotektahan laban sa nasasakdal at mga taong umaakto para sa nasasakdal.*

*(3) Upang ipasaalang-alang ang kaligtasan ng biktima at ng pamilya ng biktima sa pagtatatag ng halaga ng piyansa at mga kondisyon ng pagpapalabas sa nasasakdal.*

*(4) Upang pigilan ang pagsisiwalat ng kompidensiyal na impormasyon o mga rekord sa abugado ng nasasakdal, o sinumang ibang tao na umaakto para sa nasasakdal, na maaaring gamitin upang mahanap o magulo ang biktima o pamilya ng biktima o nagsisiwala ng mga kompidensiyal na komunikasyon na ginawa sa panahon ng paggamot na medikal o pagpapayo, o pribiliheyo o kompidensiyal ayon sa batas.*

*(5) Upang tanggihan ang paghiling na panayam, pahayag, o pagtuklas ng nasasakdal, ng abugado ng nasasakdal, o sinumang ibang taong umaakto para sa nasasakdal at upang magtatag ng mga makatwirang kondisyon sa pagsasagawa ng anumang naturang panayam na pumayag ang biktima.*

*(6) Ang makatwirang paunawa ng at upang makatwirang makipagpulong sa umuusig na ahensiya, pagkatapos hilingin, tungkol sa pag-aresto sa nasasakdal kung alam ng tagausig, ang mga paratang na iniharap, ang pagpapasiya kung kukunin sa ibang lugar ang nasasakdal, at, pagkatapos hilingin, upang bigyan ng paunawa at kaalaman bago ang anumang pagpapasiya sa kaso bago ang paglilitis.*

*(7) Sa makatwirang paunawa ng lahat ng mga pampublikong pamamaraan, kabilang ang mga pamamaraan sa pagkadelinkwente, pagkatapos hilingin, kung saan ang nasasakdal at ang tagausig ay karapat-dapat na dumalo at lahat ng mga pamamaraan sa parol o ibang pagpapabas pagkatapos na mapatunayang nagkasala, at upang dumalo sa lahat ng mga naturang pamamaraan.*

*(8) Upang marinig, pagkatapos hilingin, sa anumang pamamaraan, kabilang ang anumang pagdinig sa pagkadelinkwente, na nauukol sa desisyon na pagpapalabas pagkatapos maaresto, sagot sa paratang, sentensiya, desisyon sa pagpapalabas pagkatapos mapatunayang nagkasala, o anumang pamamaraan kung saan ang karapatan ng biktima ay isyu.*

*(9) Sa isang mabilis na paglilits at kaagad na pangwakas na kongklusyon ng kaso at anumang kaugnay na mga pamamaraan pagkatapos ng hatol.*

*(10) Upang magbigay ng impormasyon sa isang opisyal ng kagawaran ng probasyon na nagsasagawa ng imbestigasyon bago ang sentensiya na nauukol sa epekto ng pagkakasala sa biktima at sa pamilya ng biktima at anumang mga inirerekomendang pagsentensiya bago ang pasentensiya sa nasasakdal.*

*(11) Upang tumanggap, pagkatapos hilingin, ng ulat bago ang sentensiya kapag makukuha ng nasasakdal, maliban sa mga bahagi na ginawang kompidensiyal ng batas.*

*(12) Upang bigyan ng kaalaman, pagkatapos hilingin, ng napatunayang pagkakasala, sentensiya, lugar at panahon ng pagkulong, o ibang pagpapasiya sa nasasakdal, ang nakatakdang petsa ng pagpapalabas sa nasasakdal, at pagpapalabas o pagtakas ng nasasakdal mula sa kulungan.*

*(13) Sa* ~~Restitusyon~~ *restitusyon*.

*(A)* Matatag na hangarin ng mga Tao ng Estado ng California na ang lahat ng taong dumanas ng pinsala bilang resulta ng krimen ay dapat magkaroon ng karapatan na *maghangad at kumuha* ng restitusyon mula sa mga taong napatunayang gumawa ng mga krimen ~~dahil s~~a *nagdudulot ng* mga pinsala na dinaranas nila.

*(B)* Ang restitusyon ay dapat iutos mula sa mga taong napatunayang *gumawa ng masama* sa bawat kaso, anuman ang sentensiya o pagpapasiyang ipinataw, ~~kung saan ang isang biktima ng krimen ay dumanas ng pinsala, maliban kung may mahalaga at hindi pangkaraniwang dahilan na kasalungat nito. Ang Lehislatura ay dapat magpatibay ng mga tadhana upang ipatupad ang seksiyong ito sa panahon ng kalendaryong taon kasunod ng pagpapatibay ng seksiyong ito.~~

*(C) Lahat ng pagbabayad, pera, at ari-ariang nasingil mula sa sinumang tao na inutusan na gumawa ng restitusyon ay dapat na iaplay muna upang bayaran ang mga halagang iniutos bilang restitusyon sa biktima.*

*(14) Sa kaagad na pagbabalik ng ari-arian kapag hindi na kailangan bilang ebidensiya.*

*(15) Upang bigyan ng kaalaman ng lahat ng pamamaraan ng parol, upang lumahok sa proseso ng parol, upang magbigay ng impormasyon sa awtoridad sa parol na isasaalang-alang bago ang parol ng nagkasala, at upang bigyan ng paunawa, pagkatapos hilingin, ng parol o ibang pagpapalabas sa nagkasala.*

*(16) Upang ipasaalang-alang ang kaligtasan ng biktima, ng pamilya ng biktima, at ang publiko sa pangkahatan bago gawin ang anumang parol o ibang desisyon na pagpapalabas pagkatapos ng hatol.*

*(17) Upang bigyan ng kaalaman ng mga karapatan na inihanay sa mga talataan (1) hanggang (16).*

(c) *(1) Ang isang biktima, ang pinananatiling abugado ng biktima, isang ayon sa batas na kinatawan ng biktima, o umuusig na abugado pagkatapos hilingin ng biktima, ay maaaring magpatupad ng mga karapatang inihanay sa subdibisyonn (b) sa anumang paglilits o hukuman ng paghahabol na may hurisdiksiyon sa kaso bilang karapatan. Ang hukuman ay dapat umakto kaagad sa naturang kahilingan.*

*(2) Ang seksiyong ito ay hindi lumilikha ng anumang dahilan ng aksiyon para sa pagbabayad o mga bayad pinsala laban sa Estado, anumang subdibisyong pampulitika ng Estado, sinumang opisyal, empleyado, o ahente ng Estado o anumang subdibisyong pampulitika nito, o sinumang opisyal o empleyado ng hukuman.*

*(d) Ang paggawad ng mga karapatang ito sa mga biktima ay hindi dapat ipakahulugan na nagkakait o nagpapahina sa ibang mga karapatang taglay ng mga biktima. Ang hukuman sa pagpapasiya nito ay maaaring magbigay ng karapatang marinig sa pagsentensiya sa sinumang taong napinsala ng nasasakdal. Ang awtoridad sa parol ay dapat magbigay ng karapatang marinig sa isang pagdinig para sa parol sa sinumang taong napinsala ng nagkasala.*

*(e) Gaya ng pagkakagamit sa seksiyong ito, ang isang "biktima" ay isang tao na dumanas ng tuwiran o ibinantang pisikal, pangkaisipan, o pinansiyal na pinsala bilang resulta ng paggawa o pagtatangkang gumawa ng isang krimen o delinkwenteng aksiyon. Kabilang din sa "biktima" ang asawa, mga magulang, mga anak, mga kapatid, o tagapangalaga ng tao at kabilang ang isang ayon sa batas na kinatawan ng isang biktima ng krimen na namatay, isang menor, o walang kakayahang pisikal o pangkaisipan. Hindi kabilang sa katawagang "biktima" ang isang taong nakakulong dahil sa isang pagkakasala, ang akusado, o isang taong ipinasiya ng hukuman na hindi aakto ng makakabuti sa biktima.*

*(f) Bilang karagdagan sa mga inihanay na karapatang itinatadhana sa subdibisyon (b) na personal na maipatutupad ng mga biktima gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (c), ang mga biktima ng krimen ay may mga karagdagang karapatan na taglay ng lahat ng mga Tao ng Estado ng California. Ang mga karapatang ito ng mga tao ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:*

*(1)* Karapatan sa mga Ligtas na Paaralan. Lahat ng estudyante at tauhan ng pampublikong primarya, elementarya, dyunyor na mataas, at sinyor na mataas na paaralan, *at mga kolehiyong pangkomunidad* ay may katutubong karapatan na pumasok sa mga kampus na ligtas, protektado at mapayapa.

~~(d)~~ *(2)* Karapatan sa Katotohanan-sa-Ebidensiya. Maliban kung itinatadhana ng batas na pinagtibay ng dalawang-ikatlong boto ng mga miyembro sa bawat kapulungan ng Lehislatura, ang mga kaugnay na ebidensiya ay hindi dapat ihiwalay sa anumang pamamaraang pangkrimen, kabilang ang mga mosyon at pagdinig bago ang paglilitis at pagkatapos ng pagpapatunay ng pagkakasala, o sa anumang paglilitis o pagdinig ng isang krimen ng isang kabataan, dininig man sa hukumang pangkabataan o para sa may sapat na gulang. Wala sa seksiyong ito na dapat makaapekto sa anumang tuntunin sa ebidensiya ng batas na may kaugnayan sa pribilehiyo o sabi-sabi, o Kodigo sa Ebidensiya, mga Seksiyon 352, 782 o 1103. Wala sa seksiyong ito na dapat makaapekto sa anumang umiiral na karapatan ng mga mamamahayag ayon sa batas o saligang-batas.

~~(e)~~ *(3)* Piyansa na Kaugnay ng Kaligtasan ng Publiko. Ang isang tao ay maaaring palabasin sa pamamagitan ng piyansa ng sapat na seguridad, maliban sa mga kapital na krimen na ang mga katotohanan ay malinaw o ang pagpapalagay ng pagkakasala ay malaki. Ang sobrang piyansa ay hindi maaaring iatas. Sa pagtatatag, pagbawas o pagkakait ng piyansa, dapat isaalang-alang ng hukom o mahistrado ng proteksiyon ng publiko, *ang kaligtasan ng biktima*, ang kalubhaaan ng pagkakasalang ipinaratang, ang dating rekord ng krimen ng nasasakdal, at ang kalamangan ng kanyang pagharap sa paglilitis o pagdinig ng kaso. Ang kaligtasan ng publiko *at ang kaligtasan ng biktima* ay dapat na pangunahing ~~isinasaalang-alang~~ *mga isinasaalang-alang.*

Ang isang tao ay maaaring palabasin sa sarili niyang paggarantiya sa pagpapasiya ng hukuman, napapailalim sa mga katulad na bagay na isinasaalang-alang sa pagtatatag ng piyansa. ~~Gayunman, walang taong inakusahan ng paggawa ng anumang seryosong felony na dapat palabasin sa kanyang sariling paggarantiya.~~

Bago maaaring palabasin sa pamamagitan ng piyansa ang isang taong inaresto dahil sa isang seryosong felony, ang isang pagdinig ay maaring ganapin sa harap ng isang mahistrado o hukom, at ang umuusig na abugado *at ang biktima* ay dapat bigyan ng paunawa at makatwirang pagkakataon na dinggin sa bagay.

Kapag ang isang hukom o mahistrado ay naggawad o nagkait ng piyansa o pagpapalabas sa sariling paggarantiya ng isang tao, ang mga dahilan para sa desisyong iyon ay dapat isaad sa rekord at kabilang sa mga katitikan ng hukuman.

~~(f)~~ *(4)* Paggamit ng mga Naunang Napatunayang Pagkakasala. Anumang naunang napatunayang felony ng sinumang tao sa anumang pamamaraang pangkrimen, may sapat na gulang man o kabataan, ay dapat gamitin sa huli nang walang limitasyon para sa mga layunin ng pagpapawalang-saysay o pagpapahusay ng sentensiya sa isang pamamaraang pangkrimen. Kapag ang isang naunang napatunayang felony ay isang elemento ng anumang felony, ito ay dapat patunayan sa tagalitis ng katotohanan sa isang bukas na hukuman.

*(5) Katotohanan sa Pagsentensiya. Ang mga sentensiya na indibidwal na ipinataw sa mga napatunayang gumawa ng masama batay sa mga katotohanan at kalagayan na nakapaligid sa kanilang mga kaso ay dapat isakatuparan bilang pagsunod sa mga utos ng pagsentensiya ng mga hukuman, at hindi dapat mabawasan ng malaki ng mga patakaran sa maagang pagpapalabas upang pagaanin ang pagsisikip sa mga pasilidad ng pagkulong. Dapat tiyakin ng pambatasang sangay ang sapat na pagpopondo upang sapat na paglagyan ng mga bilanggo para sa mga buong panahon ng kanilang mga sentensiya, maliban sa inawtorisa ng batas ng mga kredito na nagbabawas ng mga sentensiyang ito.*

*(6) Reporma ng proseso ng parol. Ang kasalukuyang proseso para sa mga pagdinig para sa parol ay sobra, lalo na sa mga kaso na ang nasasakdal ay napatunayang pumatay. Ang proseso ng pagdinig para sa parol ay dapat repormahin para sa kapakinabangan ng mga biktima ng krimen.*

(g) Gaya ng pagkakagamit sa artikulong ito, ang katawagang "seryosong felony" ay anumang krimen na nilinaw sa *subdibisyon (c) ng* ~~Kodigo sa Parusa~~, Seksiyon 1192.7~~(c)~~ *ng Kodigo sa Parusa, o anumang kapalit na batas.*

SEKSIYON 5. MGA KARAPATAN NG BIKTIMA SA MGA PAMAMARAAN PARA SA PAROL

SEKSIYON 5.1. Seksiyon 3041.5 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

3041.5. (a) Sa lahat ng pagdinig para sa layunin na repasuhin ang kung angkop ang isang bilanggo sa parol, o ang pagtatakda, pagpapaliban, o pagpapawalang-bisa sa mga petsa ng parol, ang mga sumusunod ay dapat umaplay:

(1) Hindi kukulangin sa 10 araw bago ang anumang pagdinig ng Lupon ng mga ~~Panahon sa Bilangguan~~ *Mga Pagdinig Para sa Parol*, ang bilanggo ay dapat pahintulutan na repasuhin ang kanyang file na susuriin ng lupon at dapat magkaroon ng pagkakataon na pumasok sa isang nakasulat ng tugon sa anumang materyal na nakasaad sa file.

(2) Ang bilanggo ay dapat pahintulutan na dumalo, magtanong at sumagot sa mga katanungan, at magsalita para sa sarili. *Ang bilanggo o ang abugado para sa bilanggo ay dapat na karapat-dapat na magtanong sa sinumang tao na humaharap sa pagdinig alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 3043.*

(3) Maliban kung ang isang abugado ay iniaatas ng ibang tadhana ng batas, ang isang taong itinalaga ng Kagawaran ng mga Pagwawasto ay dapat na naroon upang tiyakin na ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa desisyon ay naiharap, kabilang, kung kailangan, ang mga magkakasalungat ng paggiit tungkol sa mga bagay na hindi pa nalulutas ng mga pamamaraan ng kagawaran o ibang mga pamamaraan.

(4) Ang bilanggo *at sinumang taong inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 3043* ay dapat pahintulutan na humiling at tumanggap ng isang a istenograpikong rekord ng lahat ng pamamaraan.

(5) Kung ang pagdinig ay para sa layunin na ipagpaliban o pawalang-bisa ang mga petsa ng parol, ang bilanggo ay dapat magkaroon ng mga karapatang nakalagay sa mga talataan (3) at (4) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 2932.

*(6) Ang lupon ay dapat magtakda ng isang petsa upang isaalang-alang kung ang isang bilanggo ay dapat palabasin sa parol na tumitiyak na isang makabuluhang pagsasaalang-alang kung ang bilanggo ay angkop na ilabas sa parol.*

(b) (l) Sa loob ng 10 araw kasunod ng anumang pulong kung saan ang petsa ng parol ay itinakda, ang lupon ay dapat magpadala sa bilanggo ng isang nakasulat na pahayag na nakalagay sa kanyang petsa ng parol, ang mga kondisyon na dapat niyang tugunan upang palabasin sa nakatakdang petsa, at ang mga bunga ng kabiguan na matugunan ang mga kondisyong ito.

(2) Sa loob ng 20 araw kasunod ng anumang pulong kung saan ang isang petsa ng parol ay hindi itinakda ~~para sa mga dahilang nakasaad sa mga subdibisyon (b) ng Seksiyon 3041~~, ang lupon ay dapat magpadala sa bilanggo ng nakasulat ng pahayag na naglalagay ng dahilan o mga dahilan para sa pagtangging itakda ang petsa ng parol, at magmungkahi ng mga aktibidad kung saan siya ay maaaring lumahok na pakikinabangan niya habang siya ay nakakulong.

*(3)* Ang lupon ay dapat ~~duminig sa bawat kaso taun-taon pagkaraan, maliban sa ang lupon ay maaaring~~ magtakda ng susunod na pagdinig ~~nang hindi lalampas sa sumusunod~~, *pagkatapos isaalang-alang ang mga pananaw at interes ng biktima, gaya ng mga sumusunod:*

(A) ~~Dalawang taon pagkatapos ng anumang pagdinig kung saan ang parol ay ipinagkait kung ipinasiya ng lupon na hindit makatwirang umasa na ang parol ay igagawad sa isang pagdinig sa susunod na taon at nagsasaad ng mga batayan ng pasiya.~~ *Labinlimang taon pagkaraan ng anumang pagdinig kung saan ang parol ay ipinagkait, maliban kung ipinasiya ng lupon sa pamamagitan ng malinaw at nakakakumbinseng ebidensiya na ang pamantayang may kaugnayan sa pagtatakda ng mga petsa ng pagpapalabas sa parol na inihanay sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 3041 ay may katangian na ang pagsasaalang-alang ng kaligtasan ng publiko at biktima ay hindi nangangailangan ng mas mahabang panahon ng pagkakulong para sa bilanggo ng higit sa 10 karagdagang taon.*

(B) ~~Hanggang limang taon pagkatapos ng anumang pagdinig kung saan ang parol ay ipinagkait kung ang bilanggo ay napatunayang pumatay, at ipinasiya ng lupon na hindi makatwiran na umasa na ang parol ay igagawad sa pagdinig sa mga susunod na taon at nagsasaad ng mga batayan ng pasiya sa paraang nakasulat. Kung ipinagpaliban ng lupon ang pagdinig ng limang taon, ang sentral na file ng bilanggo ay dapat repasuhin ng isang kinatawang komisyoner sa loob ng tatlong taon kung kailan ang kinatawang komisyoner ay maaaring magtagubilin na ang isang pagdinig ay ganapin sa loob ng isang taon. Ang bilanggo ay dapat bigyan ng paunawa sa sulat ng desisyon ng kinatawang komisyoner. Ang lupon ay dapat magpatibay ng mga pamamaraang may kaugnayan sa pamantayan sa pagtatakda ng pagdinig sa pagitan ng dalawa at limang taon.~~ *Sampung taon pagkaraan ng anumang pagdinig kung saan ang parol ay ipinagkait, maliban kung ipinasiya ng lupon sa pamamagitan ng malinaw at nakakakumbinseng ebidensiya na ang pamantayang may kaugnayan sa pagtatakda ng mga petsa ng pagpapalabas sa parol na inihanay sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 3041 ay may katangian na ang pagsasaalang-alang ng kaligtasan ng publiko at biktima ay hindi nangangailangan ng mas mahabang panahon ng pagkakulong para sa bilanggo ng higit sa pitong karagdagang taon.*

*(C) Tatlong taon, limang taon, o pitong taon pagkaraan ng anumang pagdinig kung saan ang parol ay ipinagkait, dahil ang pamantayang may kaugnayan sa pagtatakda ng mga petsa ng pagpapalabas sa parol na inihanay sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 3041 ay may katangian na ang pagsasaalang-alang ng kaligtasan ng publiko at biktima ay nangangailangan ng mas mahabang panahon ng pagkakulong ng bilanggo, pero hindi nangangailangan ng mas mahabang panahon ng pagkakulong ng bilanggo ng higit sa pitong karagdagang taon.*

*(4) Ang lupon ay maaari sa pagpapasiya nito, pagkatapos isaalang-alang ang mga pananaw at interes ng biktima, paagahin ang pagdinig na itinakda sa talataan (3) sa isang mas maagang petsa, kapag ang pagbabago sa mga kalagayan o bagong impormasyon ay nagtatag ng makatwirang kalamangan na ang kaligtasan ng publiko at biktima ay hindi nangangailangan ng karagdagang panahon ng pagkakulong ng bilanggo gaya ng itinatadhana sa talataan (3).*

~~(3)~~ *(5)* Sa loob ng 10 araw ng anumang aksiyon ng lupon na nagresulta sa pagpapaliban ng naunang itinakdang petsa ng parol, ang lupon ay dapat magpadala sa bilanggo ng nakasulat na pahayag na nakalagay ang bagong petsa at dahilan o mga dahilan ng aksiyong iyon at dapat mag-alay sa bilanggo ng pagkakataon na repasuhin ang aksiyong iyon.

~~(4)~~ *(6)* Sa loob ng 10 araw ng anumang aksiyon ng lupon na nagresulta sa pagpapawalang-bisa ng dating nakatakdang petsa ng parol, ang lupon ay dapat magpadala sa bilanggo ng isang nakasulat na pahayag na naglalagay ng dahilan o mga dahilan para sa aksiyong iyon, at dapat itakda ang susunod na pagdinig ~~sa loob ng 12 buwan at~~ alinsunod sa talataan ~~(2)~~ *(3)*.

*(c) Ang lupon ay dapat magsagawa ng isang pagdinig para sa parol alinsunod sa seksiyong ito bilang pagdinig na waring bago. Ang mga pasiya at kongklusyong ginawa sa isang naunang pagdinig para sa parol ay dapat isaalang-alang pero hindi dapat ituring na may-bisa sa mga susunod na pagdinig para sa para sa parol para sa isang bilanggo, pero dapat na napapailalim sa muling pagsasalang-alang batay sa mga nabagong bagay at kalagayan. Kapag nagsasagawa ng isang pagdinig ang lupon, ang lupon ay dapat tumanggap ng naunang nakarekord o pinamalaging testimonya o pahayag ng isang biktima o testigo, pagkatapos hilingin ng biktima o kung ang biktima o testigo ay namatay o o hindi na makaugnayan. Sa bawat pagdinig ang lupon ay dapat magpasiya ng angkop na aksiyon na gagawin batay sa pamantayang nakalagay sa talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 3041.*

*(d) (1) Ang isang bilanggo ay maaaring humiling sa lupon na gamitin ang pagpapasiya nito upang paagahin ang pagdinig na itinakda alinsunod sa talataan (3) ng subdibisyon (b) sa mas maagang petsa, sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa lupon, na may paunawa, pagkatapos hilingin, at isang kopya sa biktima na dapat maglagay ng pagbabago sa mga pangyayari o bagong impormasyon na nagtatatag ng makatwirang kalamangan na ang pagsasaalang-alang ng kaligtasan ng publiko ay hindi nangangailangan ng karagdagang panahon ng pagkakulong ng bilanggo.*

*(2) Ang lupon ay dapat magkaroon ng tanging pagpapasiya, pagkatapos isaalang-alang ang mga pananaw at interes ng biktima na ipasiya kung igagawad o ipagkakait ang isang nakasulat na kahilingan na ginawa alinsunod sa talataan (1), at ang desisyon nito ay dapat na napapailalim sa pagrepaso ng isang hukuman o mahistrado para lamang sa isang malinaw na pang-aabuso ng pagpapasiya ng lupon. Ang lupon ay dapat magkaroon ng kapangyarihan na ipagkait kaagad ang isang kahilingan na hindi sumusunod sa mga tadhana ng subdibisyong ito o hindi naglalagay ng pagbabago sa mga kalagayan o bagong impormasyon gaya ng iniaatas ng talataan (1) na sa pagpapasiya ng lupon ay sapat upang bigyang-katwiran ang aksiyong inilarawan sa talataan (4) ng subdibisyonn (b).*

*(3) Ang isang bilanggo ay maaaring gumawa ng isa lamang nakasulat na kahilingan gaya ng itinatadhana sa talataan (1) sa bawat taong taon. Kasunod ng alinman sa isang kaagad na pagkakait ng isang kahilingan na ginawa alinsunod sa talataan (1), o sa desisyon ng lupon pagkatapos ng isang pagdinig na inilarawan sa subdibisyon (a) upang huwag magtakda ng petsa sa parol, ang bilanggo ay karapat-dapat magsumite ng ibang kahilingan para sa isang pagdinig alinsunod sa subdibisyon (a) hanggang ang tatlong taon ay lumipas mula sa kaagad na pagkakait o desisyon ng lupon.*

SEKSIYON 5.2. Seksiyon 3043 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

3043. (a) *(1)* Pagkatapos hilingin, ang paunawa ng anumang pagdinig upang repasuhin o isaalang ang ang pagiging angkop sa parol o ang pagtatakda ng petsa ng parol para s sa sinumang bilanggo sa isang bilangguan ng estado ay dapat ipadala sa Lupon ng ~~mga Panahon sa Bilangguan~~ *mga Pagdinig Para sa Parol* hindi kukulangin sa ~~30~~ *90* araw bago ang pagdinig sa sinumang biktima ng *anumang* krimeng ginawa ng bilanggo, o sa pinakamalapit na kamag-anak ng biktima kung ang biktima ay namatay, *upang isama ang paggawa ng mga krimen, tiyak na panahon sa mga krimen na ang bilanggo ay binigyan ng parol, at anumang ibang mga felony o mga krimen laban sa tao na napatunayang ginawa ng bilanggo.* Dapat ipagbigay-alam ng humiling na partido sa lupon ang kanyang kasalukuyang direksiyong pangkoreo.

*(2) Hindi lalampas sa 30 araw bago ang petsang pinili para sa pagdinig, sinumang tao, na iba sa biktima, karapat-dapat dumalo sa pagdinig ay dapat ipagbigay-alam sa lupon ang kanyang hangarin na dumalo sa pagdinig at ang pangalan at nagpapakilalang impormasyon ng sinumang ibang tao na karapat-dapat dumalo sa pagdinig na sasamahan siya.*

*(3) Hindi lalampas sa 14 na araw bago ang petsang pinili para sa pagdinig, ang lupon ay dapat magbigay ng paunawa sa bawat taong karapat-dapat dumalo sa pagdinig na nagkukumpirma ng petsa, oras, at lugar ng pagdinig.*

(b) *(1)* Ang biktima, pinakamalapit na kamag-anak, ~~dalawang~~ mga miyembro ng ~~kaagad~~ na pamilya ng biktima, ~~o~~ *at* dalawang kinatawang itinalaga ~~para sa isang~~

~~partikular na pagdinig ng biktima o, kung ang biktima ay namatay o nawalan ng kakayahan, ang pinakamalapit na kamag-anak sa sulat bago ang pagdinig~~ *gaya ng itinatadhana sa talataan (2) ng subdibisyong ito* ay may karapatang humarap, nang personal o sa pamamagitan ng tagapayo, sa pagdinig at upang sapat at makatwirang ipahayag ang kanya, o kanilang mga pananaw tungkol sa *bilanggo at sa kaso, kabilang ang, pero hindi limitado sa paggawa ng mga krimen, tiyak na panahon sa mga krimen na ang bilanggo ay nabigyan ng parol, anunang ibang felony o mga krimen laban sa tao na napatunayang ginawa ng bilanggo, ang epekto ng mga inihanay na krimen sa biktima at sa pamilya ng biktima,* ~~krimen at~~ ang taong responsable *para sa mga inihanay na krimen, at pagiging angkop ng bilanggo sa parol.* ~~, maliban sa~~

*(2)* ~~anumang~~ *Anumang* pahayag na ibinigay ng isang kinatawan na idinalaga ng biktima o pinakamalapit na kamag-anak *ay maaaring sumakop sa anumang paksa na ang biktima o pinakamalapit na kamag-anak ay may karapatang dinggin kabilang ang anumang rekomendasyon tungkol sa paggawad ng parol.* ~~ay dapat na limitado sa mga komento tungkol sa epekto ng krimen sa biktima.~~ *Ang mga kinatawan ay dapat itinalaga ng biktima o, kung ang biktima ay namatay o nawalan ng kapasidad, ng pinakamalapit na kamag-anak. Sila ay dapat na italaga sa sulat para sa partikular na pagdinig bago ang pagdinig.*

(c) Isang kinatawan na itinalaga ng biktima o ng pinakamalapit na kamag-anak ng biktima para sa mga layunin ng seksiyong ito *ay maaaring sinumang may sapat na gulang na tao na pinili ng biktima o ng biktima ng pamilya* ~~ay dapat na isang miyembro ng pamilya o sambahayan ng biktima~~. Ang lupon ay ~~hindi maaaring~~ *dapat* magpahintulot sa isang kinatawan na itinalaga ng biktima o ng pinakamalapit na kamag-anak ng biktima na *dumalo sa isang partikular na pagdinig, upang* magbigay ng testimonya sa isang pagdinig, ~~o~~ *at* magsumite ng pahayag na isama sa pagdinig gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 3043.2, *kahit na* ~~kung~~ ang biktima, pinakamalapit na kamag-anak, o isang miyembro ng pamilya ng biktima ay naroroon sa pagdinig, ~~o kung~~ *at kahit na* ang biktima, pinakamalapit na kamag-anak, o isang miyembro ng pamilya ng biktima ay nagsumite ng pahayag gaya ng inilarawan sa Seksiyon 3043.2.

(d) ~~Wala sa seksiyong ito na naghahangad na payagan ang lupon na pahintulutan ang kinatawan ng biktima na dumalo sa isang partikular na pagdinig kung ang biktima, pinakamalapit na kamag-anak, o miyembro ng pamilya ng biktima ay naroroon sa anumang pagdinig na sakop ng seksiyong ito, o kung ang biktima, pinakamalapit na kamag-anak, o miyembro ng pamilya ng biktima ay nagsumite ng isang pahayag na nakasulat, nakateyp sa audio, o video.~~

~~(e)~~ Ang lupon, sa pagpapasiya kung ang pagpapalabas ng tao sa parol, ay dapat isaalang ang *buo at walang-putol* na mga pahayag ng biktima o mga biktima, pinakamalapit na kamag-anak, mga miyembro ng pamilya ng biktima, at ang itinalagang kinatawan ng biktima o pinakamalapit na kamag-anak, kung angkop, ginawa alinsunod sa seksiyong ito at dapat isama sa ulat nito ang isang pahayag ng kung ang tao ay magiging banta sa kaligtasan ng publiko kung palabasin sa parol.

~~Sa~~

*(e) Sa* mga kaso kung saan may higit sa dalawang miyembro ng pamilya ng biktima na nais dumalo sa anumang pagdinig na sakop ng seksiyong ito, ang lupon ay ~~maaari, sa pagpapasiya nito, ay~~ *dapat* magpahintulot ng pagdalo ng karagdagang mga miyembro ng pamilya ~~o limitahan ang~~ ~~pagdalo sa sumusunod na hanay ng mas gusto~~ *upang isama ang mga sumsusunod:* asawa, mga anak, mga magulang, mga kapatid, mga apo, at mga lolo o lola.

~~Ang mga tadhana ng seksiyong ito ay hindi dapat susugan ng Lehislatura maliban sa batas na ipinasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng boto sa pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ay sumang-ayon, o sa pamamagitan ng isang batas na nagkabisa lamang noong aprobahan ng mga manghahalal.~~

SEKSIYON 5.3. Seksiyon 3044 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*3044. (a) Sa kabila ng anumang ibang batas, ang Lupon ng mga Pagdinig Para sa Parol o ang kapalit nito sa interes ay dapat na ang awtoridad sa parol ng estado at dapat na responsable sa pagprotekta sa mga karapatan ng mga biktima sa proseso ng parol. Upang protektahan ang isang biktima laban sa panliligalig at pang-aabuso sa proseso ng parol, walang taong nabigyan ng parol mula sa isang pasilidad ng pagwawasto sa California kasunod ng pagkakulong dahil sa isang pagkakasalang ginawa sa o pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, kung ang kanyang parol ay pawalang-bisa, na karapat-dapat sa mga karapatan sa pamamaraan na iba sa mga sumusunod:*

*(1) Ang isang parolado ay karapat-dapat sa isang pagdinig ukol sa malamang na dahilan nang hindi lalampas sa 15 araw kasunod ng pag-aresto sa kanya dahil sa paglabag ng parolado.*

*(2) Ang isang parolado ay karapat-dapat sa isang pagdinig ukol sa pagpapawalang-bisa ayon sa ebidensiya nang hindi lalampas sa 45 araw kasunod ng pag-aresto a kanya dahil sa paglabag ng parolado.*

*(3) Ang isang parolado, pagkatapos hilingin, ay karapat-dapat sa tagapayo sa gastos ng estado tangi kung, isinaalang-alang ang kahilingan batay sa kaso, ang lupon o ang mga opisyal nito sa pagdinig ay nagpasiya:*

*(A) Ang parolado ay dukha; at*

*(B) Isinasaalang-alang ang pagiging masalimuot ng mga paratang, ang depensa, o dahil sa kapasidad ng isip at edukasyon ng parolado, siya ay anyong walang kakayahang magsalita nang mabisa sa kanyang sariling depensa.*

*(4) Kung ang kahilingan ng parolado para sa tagapayo, na dapat isaalang-alang batay sa kaso, ay ipinagkait, ang mga dahilan para sa pagkakait ay dapata isaad nang maikli at malinaw sa rekord.*

*(5) Ang mga pagpapasiya ng pagpapawalang-bisa ng parol ay dapat ibatay sa ebidensiya na tinanggap sa mga pagdinig kabilang ang mga dokumentong ebidensiya, tuwirang testimonya, o sabi-sabing ebidensiya na ibinigay ng mga ahente ng parol, mga opisyal na pangkapayapaan, o isang biktima.*

*(6) Ang pagtanggap ng nakarekord o sabi-sabing pahayag ng isang biktima o matalas ang pandama na testigo ay hindi dapat ipakahulugan na lilikha ng isang karapatan na harapin ang testigo sa pagdinig.*

*(b) Ang lupon ay pinagkakatiwalaan ng kaligtasan ng mga biktima at ng publiko at dapat gumawa ng pagpapasiya nito nang patas, independiyente, at walang-kinikilingan at hindi dapat maimpluwensiyahan ng o timbangin ang gastos ng estado o pasanin na kaugnay ng mga makatarungang desisyon. Ang lupon ay dapat magkaroon ng sapat na kalayaan na magsagawa ng mga walang-kinikilingang pagdinig, at panatilihin ang mga independiyenteng tauhang pambatas at pampangasiwaan. Ang ulat ay dapat mag-ulat sa Gobernador.*

SEKSIYON 6. BATAS SA MGA KARAPATAN NG MGA BITKIMA

SEKSIYON 6.1. Seksiyon 679.026 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*679.026. (a) Hangarin ng mga tao ng Estado ng California sa pagpapatibay ng seksiyong ito na ipatupad ang mga karapatan ng mga biktima na itinatag sa Seksiyon 28 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California na bigyan ng kaalaman ng mga karapatan ng mga bikttima ng krimen na inihanay sa Saligang-batas at sa mga batas ng estadong ito.*

*(b) Ang bawat biktima ng krimen ay may karapatang tumanggap ng walang gastos o singil ng isang listahan ng mga karapatan ng mga biktima ng krimen na kinilala sa Seksiyon 28 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California. Ang mga karapatang ito ay dapat makilalang "Mga Karapatan na Marsy."*

*(c) (1) Ang bawat ahensiya na tagapagpatupad ng batas na nag-iimbistiga ng isang krimen at bawat ahensiyang umuusig sa krimen, gaya ng itinatadhana dito, sa panahon ng unang kontak sa isang biktima ng krimen, sa kasunod na imbestigayon, o sa kaagad pagkaraan na itinuring na angkop ng nag-iimbistigang opisyal o mga umuusig na abugado, ibigay o ihanda sa bawat biktima ng krimen nang walang singil o gastos ang isang kard ng "Mga Karapatan na Marsy"na inilarawan sa mga talataan (3) at (4).*

*(2) Ang mga pagsisiwalat sa biktima na iniaatas sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat makuha ng publiko sa isang pinopondohan at pinananatili ng publiko na Web site na inawtorisa alinsunod sa Seksiyon 14260 ng Kodigo sa Parusa na makikila bilang "Marsy's Page."*

*(3) Ang Pangkalahatang Abugado ay dapat magdisenyo at ihanda sa ".pdf" o ibang porma ng paglalarawan sa bawat ahensiyang nakalista sa talataan (1) ang kard na "Mga Karapatan na Marsy," na dapat magtaglay ng mga karapatan ng mga biktima ng krimen na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 28 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California, impormasyon sa mga paraan na ang isang biktima ng krimen ay maaaring magamit ang pahina ng web na inilarawan sa talataan (2), at walang bayad na numero ng telepono upang bigyan ng kakayahan ng biktima ng krimen upang makipag-ugnayan sa isang lokal na opisina ng tulong sa biktima.*

*(4) Ang bawat ahensiyang tagapagpatupad ng batas na nag-iimbistiga ng krimen ay dapat, kung ipinagkaloob nang walang gastos sa ahensiya ng anumang organisasyon na klasipikado bilang di-nagtutubong organisasyon sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (c) ng Seksyion 501 ng Kodigo sa Rentas Internas, na ihanda at ibigay sa bawat biktima ng krimen ang isang pamplet ng "Patnubay sa Pagkaligtas ng mga Biktima at mga Tagatulong" at/o video na inaprobahan ng Pangkalahatang Abugado. Ang "Patnubay sa Pagkaligtas ng mga Biktima at Tagatulong" at video ay dapat kabilang ang isang inaprobahang kard ng "Mga Karapatan na Marsy", isang listahan ng mga ahensiya ng pamahalaan, mga di-nagtutubong grupo sa mga karapatan ng mga biktima, mga grupong sumusuporta, at mga lokal na tagatulong na tumutulong sa mga biktima ng krimen, at anumang ibang impormasyon na ipinasiya ng Pangkalahatang Abugado ay maaaring makatulong sa mga biktima ng krimen.*

*(5) Anumang ahensiyang inilarawan sa talataan (1) ay maaari sa pagpapasiya nito na magdisenyo at mamahagi sa bawat biktima ng isang krimen ng sarili nitong Patnubay sa Pagkaligtas ng mga Biktima at Tagatulong at video, ang mga nilalaman nito ay inaprobahan ng Pangkalahatang Abugado, bilang karagdagan sa o sa halip ng mga materyal na inilarawan sa talataan (4).*

SEKSIYON 7. MGA PAGSALUNGAT SA UMIIRAL NA BATAS

Hangarin ng mga Tao ng Estado ng California sa pagpapatibay ng batas na ito na kung ang anumang tadhana ng batas na ito na kasalungat ng umiiral na tadhana ng batas na nagtatadhana ng mas malalaking karapatan ng mga biktima ng krimen, ang huling tadhana ay dapat umaplay.

SEKSIYON 8. KAKAYAHANG IHIWALAY

Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o bahagi nito, o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang mga natitirang tadhana na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisa o labag sa saligang-batas na tadhana o paggamit o hindi dapat maapektuhan, kundi dapat manatiling may buong puwersa at epekto, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay.

SEKSIYON 9. MGA SUSOG

Ang mga tadhana ng batas na ito ay hindi dapat susugan ng Lehislatura maliban kung sa pamamagitan ng batas na ipinasa ng bawat kapulungan sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, tatlong-ikaapat ng mga miyembro ng bawat kapulungan ay sumang-ayon, o sa pamamagitan ng batas na nagkabisa lamang noong aprobahan ng mga botante. Gayunman, ang maaaring susugan ng Lehislatura

ang mga tadhana ng batas na ito upang palawakin ang saklaw ng paggamit sa mga ito, upang kilalanin ang mga karagdagang karapatan ng mga biktima ng krimen, o upang isulong ang mga karapatan ng mga biktima ng krimen sa pamamagitan ng batas na ipinasiya ng boto ng karamihan ng mga miyembro ng bawat kapulungan.

SEKSIYON 10. PAGKAKAROON NG BISA SA NAKARAAN

Ang mga tadhana ng batas na ito ay dapat umaplay sa lahat ng bagay na lumitaw at sa lahat ng mga pamamaraan na isinagawa pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito.

## PROPOSISYON 10

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II, ng Seksiyon 8, ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

ANG BATAS SA NABABAGONG ENERHIYA AT MALINIS NA ALTERNATIBONG GATONG NG CALIFORNIA.

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "ANG Batas sa Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California."

SEKSIYON 2. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag.

Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng California ang mga sumusunod:

A. Ang sobrang pagkadepende ng California sa mga produktong petrolyo ay nagbabanta sa ating kalusugan, ating kapaligiran, ating ekonomiya at ating pambansang seguridad.

B. Ang transportasyon ang nagdudulot ng 40 porsiyento ng emisyon ng nakakulong na gas, at umaasa tayo sa mga gatong na nakabase sa petrolyo para sa 96 porsiyento ng ating mga pangangailangan ng transportasyon. Ang pagkadependeng ito sa petrolyo ay nakakatulong sa pagbabago ng klima at nag-iiwan sa mga manggagawa, mamimili at mga negosyo na madaling maaapektuhan ng mga pagtaas ng presyo mula sa hindi matatag na pamilihan ng enerhiya.

C. Ang makasaysayang Batas ng 2006 sa mga Solusyon sa Pandaigdig ng Pag-init ng California ay nag-aatas sa California na bawasan ang pambuong-estadong emisyon ng nakakulong na gas sa mga antas ng 1990 bago lumampas ang 2020.

D. Si Gobernador Schwarzenegger ay nag-isyu ng isang ehekutibong utos na nagtatatag ng isang nagpapasimulang mababang karbon na gatong na pamantayan na magbabawas sa paggamit ng mga gatong sa sasakyan ng pasahero ng California ng hindi kukulangin sa 10 porsiyento bago lumampas ang 2020. Ang pamantayang ito ay inaasahang magtitriple sa pamilihan ng mga nababagong gatong sa estado at maglalagay ng 20 beses ng bilang ng mga sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong o hybrid sa ating mga daan.

E. Ang pamahalaan ay dapat magkaloob ng mga pampublikong pondo upang matugunan ang mga hangaring ito sa patakaran sa pamamagitan ng paglikha ng mga insentibo para sa mga negosyo at mamimili na magkonserba ng enerhiya at gumamit ng mga pinagkukunan ng alternatibong enerhiya.

F. Ang isang komprehensibong istratehiya sa alternatibong enerhiya ay dapat ipatupad. Ang istratehiyang ito ay dapat magkonsentra sa tatlong lugar: paglikha ng nababagong kuryente, malinis na mga alternatibong gatong para sa transportasyon, at kahusayan at konserbasyon ng enerhiya.

G. Ang iba't ibang malinis na mga domestikong gatong ay makukuha upang patakbuhin ang mga awto, kabilangang natural na gas, cellulosic ethanol, biodiesel at hydrogen.

H. Ang malinis at nababagong mga pinagkukunan ng domestikong enerhiya ay makukuha para sa paglikha ng kuryente, kabilang ang enerhiya ng araw, hangin, geothermal at tidal.

I. Isang mabisang istratehiya sa enerhiya na dapat buuin ng panandalian at pangmatagalang layunin. Ang istratehiya ay dapat gumamit ng mga teknolohiya ng malinis na enerhiya at malinis na mga alternatibong gatong na pangkomersiyo habang namumuhunan sa mga teknolohiya ng malinis na enerhiya at mga gatong para sa hinaharap. Ang pagbawas ng emisyon at kahusayan ng enerhiya ay mahalagang bahagi ng istratehiyang ito.

J. Ang konserbasyon ng enerhiya ay tataas habang ang publiko ay tinuturuan ng paggamit ng bago, malinis na enerhiya na mga alternatibo, tulad ng pinabuting nakakompyuter na mga sistema ng pagsubaybay at pagkontrol, mga kasangkapan na episyente sa enerhiya at mas episyenteng mga makina para sa mga sasakyan.

K. Ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring gumanap ng mahalagang papel sa pagtuturo sa publiko sa paggamit ng alternatibong enerhiya sa pamamagitan ng paglikha ng mga proyektong pagpapakita ng alternatibong enerhiya sa mga komunidad sa buong California.

L. Ang kasaysayan ng California ng inobasyon ng teknolohiya at pamumuhunan, pandaigdig na pamumuno sa pagtataguyod ng kahusayan ng enerhiya, maraming nangunguna sa mundo na institusyong akademiko, at pambansang pamumuno sa pangangalaga ng kapaligiran ay nagbibigay ng karapatan sa California na manguna sa isang panahon ng nababagong enerhiya at mga malinis na alternatibong gatong.

SEKSIYON 3. Layunin at hangarin.

Hangarin ng mga Tao ng Estado ng California sa pagpapatibay ng batas na ito na:

A. Mamumuhunan ng limang bilyong dolyar ($5,000,000,000) sa mga proyekto at programang idinisenyo upang pahusayin ang kalayaan sa enerhiya ng California at upang bawasan ang ating pagkadepende sa langis ng ibang bansa, bawasan ang mga emisyon ng nakakulong na gas, ipatupad ang Batas ng 2006 sa mga Solusyon sa Pandaigdig na Pag-init ng California at pabutihin ang kalidad ng hangin.

B. Magkaloob ng mga insentibo para sa inhinyeriya, disenyo at konstruksiyon ng mga pasilidad at mga kaugnay na impra-istruktura para sa malakihang paglikha ng kuryente na gumagamit ng mga teknolohiya ng nababagong enerhiya, tulad ng enerhiya ng araw, hangin, geothermal, at tidal.

C. Magkaloob ng mga insentibo para sa mga indibdiwal at negosyo upang bumili o umarkila at mag-instala ng kagamitan sa California para sa paglikha ng kuryente na gumagamit ng mga teknolohiya ng nababagong enerhiya.

D. Magkaloob ng mga rebate para sa mga indibidwal at negosyo upang bumili ng mga sasakyang gumagamit ng malinis na alternatibong enerhiya, kabilang ang hybrid, plug-in hybrid at mga sasakyang pinatatakbo ng natural na gas. Ang mga pondo ay ipagkakaloob din para sa pagsubok at sertipikasyon ng mga sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong at pananaliksik at pagpapaunlad ng mga gatong na mababa ang karbon.

E. Magkaloob ng mga pondo para sa mga lokal na pamahalaan upang lumikha ng mga proyektong pagpapakita ng nababagong enerhiya at mga proyektong pang-edukasyon sa kanilang mga komunidad.

F. Magkaloob ng mga gawad sa mga pampublikong unibersidad, kolehiyo at mga kolehiyong pangkomunidad ng California para sa layunin na sanayin ang mga estudyante na magtrabaho sa mga teknolohiya ng malinis at nababagong enerhiya.

G. Magkaloob ng edukasyon sa gumagamit sa kahandaan at paggamit ng mga produkto at serbisyo ng malinis at nababagong enerhiya.

H. Lubos na gamitin ang mga tagapagdulot ng California at ang kakayahan nito para sa inobasyon upang bumuo ng mga bagong paraan upang makamit ang mga pangmatagalang hangarin ng estado: ang Pamantayan sa Porpolyo ng Nababago, Pagkontrol ng mga Emisyon ng Nakakulong na Gas at Pamantayan na mga Nagpaparumi ng Hangin mula sa mga Sasakyang De-motor at ang mga hangarin ng Estado na bawasan ang paggamit ng petrolyo na nakalagay sa batas.

I. Tiyakin na ang mga kita mula sa panukalang-batas na ito ay matalinong ipinupuhunan sa maikokomersiyong teknolohiya na nagkakamit ng panandalian at pangmatagalang masusukat na mga resulta habang sumusuporta sa pananaliksik at bagong mga bagong teknolohiya, at nag-aatas ng mga sapilitang independiyenteng pagsusuri at mga taunang ulat ng progreso upang ang mga tagapangasiwa ng proyekto ay managot sa mga tao ng California.

SEKSIYON 4. Pagdaragdag ng Dibisyon 16.6, na nagsisimula sa Seksiyon 26410, sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot. Dibisyon 16.6 (nagsisimula sa Seksiyon 26410) ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Pampubilikong Tagapagdulot, upang mabasang:

*DIBISYON 16.6. ANG BATAS SA NABABAGONG ENERHIYA AT MALINIS NA ALTERNATIBONG GATONG NG CALIFORNIA*

*Kabanata 1. Mga Pangkalahatang Tadhana*

*26410. Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Ang Batas sa Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California."*

*26411. Ang bawat ahensiya ng estado na itinalaga ng dibisyong ito na pangasiwaan o gastahin ang perang inilaan mula sa mga kuwenta ng Pondo ng Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California na itinatag alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 26416 ay dapat gumanap ng mga sumusunod na tungkulin bilang karagdagan sa ibang mga kapangyarihan, tungkulin at responsibilidad nito:*

*(a) Pangsiwaan at gastahin ang pera sa mga kuwentang inilaan mula sa pondo sa loob ng 10 taon ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito upang makamit ang mga layunin ng batas mula sa mga nalikom sa mga bono o ibang mga tagapagdulot ng ahensiya o mga kuwenta ng pondo. Sa kabila ng nauna, sa pinakamataas na ipinahihintulot, ang mga makatwirang pagsisikap ay dapat gamitin upang maggawad ng mga rebate na itinatadhana ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 26419 sa loob ng limang taon ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito. Ang ahensiya ay dapat gumasta ng anumang mga karagdagang halagang natitira sa pondo at inilaan sa ahensiya upang isulong ang mga layunin ng batas na ito.*

*(b) Gumamit ng mahahalagang pangyayari upang sukatin ang tagumpay ng ahensiya sa pagtugon sa mga hangarin ng batas na ito. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang "mahahalagang pangyayari" ay nangangahulugang mga pansamantalang hangarin na itinagubilin ng ahensiya na nagpapabatid ng kalikasan, antas, at panahon ng progresong inaasahan mula sa pagpapatupad ng batas na ito.*

*(c) Tiyakin ang pagkumpleto ng taunang independiyenteng pagsusuri ng pananalapi ng mga gawain ng ahensiya at mag-isyu ng mga pampublikong ulat tungkol sa mga aktibidad ng ahensiya, kabilang nang walang limitasyon ang mga paggasta at programang inawtorisa alinsunod sa batas na ito.*

*(d) Sa kabila ng Seksiyon 11005 ng Kodigo ng Pamahalaan, tumanggap ng karagdagang kita at tunay at personal na ari-arian, kabilang ang, pero hindi limitado, sa mga regalo, kaloob, royalti, interes, at mga paglalaan upang dagdagan ang pagpopondo ng ahensiya. Sa kabila ng Kabanata 5 (nagsisimula sa Seksiyon 26426), ang mga tagaambag ay maaaring maglaan ng mga regalo para sa anumang partikular na layunin na inawtorisa ng batas na ito.*

*(e) Mag-aplay para sa pederal na panumbas na pondo kung saan posible.*

*(f) Magtatag ng mga pamantayan na nag-aatas na ang lahat ng gawad sa pananaliksik na ginawa alinsunod sa batas na ito ay napapailalim sa mga kasunduan sa intelektuwal na ari-arian na nagbabalanse ng pagkakatoon ng Estado ng California upang makinabang mula sa mga patente, royalti, at lisensiya na nagreresulta mula sa pananaliksik na nangangailangang tiyakin ang naturang pananaliksik ay hindi hinahadlangan nang walang katwiran ng mga kasunduang ito sa intelektuwal na ari-arian.*

*(g) Magtatag ng mga pamamaraan, pamantayan, at anyo para sa pangangasiwa ng gawad ng ahensiya ng mga insentibo kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga gawad, pautang, mga garantiya sa pautang, kredito, buydown, at rebate na ginawa sa ilalim ng batas na ito upang tiyakin ang pagsunod sa lahat ng angkop na tadhana at iniaatas. Ang mga pamantayan ay dapat kabilang ang pana-panahong pag-uulat, kabilang ang mga pagsusuri ng pananalapi at pagganap, upang tiyakin ang mga layunin ng batas na ito ay natutugunan.*

*(h) Magpatibay ng mga regulasyon alinsunod sa Batas sa Pamamaraan sa Pangangasiwa (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan) gaya ng kailangan upang ipatupad ang batas na ito.*

*KABANATA 2. MGA PAGPAPAKAHULUGAN*

*26412. Gaya ng pagkakagamit sa batas na ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:*

*(a) "Buydown" ay nangangahulugang isang pagbabayad ng cash sa mga indibidwal na gumagamit at mga entidad para sa pagbili ng kagamitan para sa paglikha ng kuryente na gumagamit ng mga teknolohiya ng nababagong enerhiya.*

*(b) "Malinis na alternatibong gatong" ay nangangahulugang natural na gas at anumang gatong na nagkakamit ng Kabawasan na hindi kukulangin sa 10 porsiyento ng intensidad ng karbon gaya ng nakasaad sa Ehekutibong Utos S-01-07 ni Gobernador Schwarzenegger.*

*(c) "Sasakyang gumagamit ng malinis na alterntibong gatong" ay nangangahulugang isang sasakyan na ginawa ng isang orihinal na tagagawa ng kagamitan o isang tagagawa ng kaunting kagamitan na pinatatakbo ng malinis na alternatibong gatong at may kakayahan na matugunan ang mga pamantayan sa emisyon ng sasakyan, na, kaugnay ng paggamit ng petrolyo, ay hindi lumilikha ng netong materyal na pagtaas sa polusyon ng hangin (kabilang ang mga emisyon na nagpapainit ng mundo at mga nagpapasama sa kalidad ng hangin) polusyon ng tubig, o anumang ibang mga bagay na kilalang nakakapinsala sa kalusugan ng tao, at nakakatugon sa lahat ng angkop na sertipikasyon ng kaligtasan at mga pamantayang kailangan upang patakbuhin sa California.*

*(d) "Sasakyang ang tanging ginagamit ay malinis na alternatibong gatong" ay nangangahulugang isang sasakyang gumagamit ng malinis na alternatibong gatong, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c), na ang tanging nagpapatakbo ay biomethane, kuryente, hydrogen, natural na gas, o propane, o anumang kombinasyon nito, pero maaaring gumamit na hindi hihigit sa 10 porsiyento ng diesel para sa pangunahing layunin ng pagningas sa isang makina na may inog na kompresyon ng diesel.*

*(e) "Mga teknolohiya ng Pagiging Episyente sa Enerhiya" ay nangangahulugang mga paraan ng pagkuha ng mas malalaking benepisyo na gumagamit ng mas kaunting enerhiya, kumpara sa pangkaraniwang kasalukuyang mga gawain sa California.*

*(f) "Pagtaya ng buong inog ng gatong," tinatawag din na "kabutihan-sa-mga gulong na pagsusuri," ay nangangahulugang isang pagtimbang at paghahambing ng buong mga tama sa kapaligiran at kalusugan ng bawat hakbang sa buhay ng isang gatong, kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Paglikha ng hilaw na materyal, pagkuha, transportasyon, at pag-iimbak.*

*(2) Paglikha ng gatong, pamamahagi, transportasyon, at pag-iimbak.*

*(3) Pagpapatakbo ng sasakyan, kabilang ang muling paglalagay ng gatong, kombustiyon, kombersiyonn, at ebaporasyon.*

*(g) "Pondo" ay nangangahulugang ang Pondo ng Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California na itinatag ng Seksiyon 26413.*

*(h) "Mabigat ang pagganap na sasakyan" ay nangangahulugang isang sasakyan na may 25,000 o higit na libra sa kabuuang timbang ng sasakyan.*

*(i) "Mabigat-Katamtaman ng pagganap na sasakyan" ay nangangahulugang isang sasakyan na may 14,000 libra o higit sa kabuuang timbang ng sasakyan at kulang sa 25,000 libra sa kabuuang timbang ng sasakyan.*

*(j) "Sasakyang malaki ang natitipid sa gatong" ay nangangahulugang isang magaan ang pagganap ng sasakyan na nilikha ng isang orihinal na tagagawa ng kagamitan o isang tagagawa ng kaunting sasakyan na maaaring magkamit ng pinagsamang ekonomiya ng gatong na hindi kukulangin sa 45 milya kada galon para sa paggamit sa haywey gaya ng ipinasiya ng Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos at nakakatugon sa mga pamantayan sa emisyon ng hangin ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado.*

*(k) "Magaan ang pagganap na sasakyan" ay nangangahulugang isang sasakyan na kulang sa 8,500 libra sa kabuuang timbang ng sasakyan na inawtorisang patakbuhin sa lahat ng daan at haywey sa California.*

*(l) "Magaan-Katamtaman ang pagganap na sasakyan" ay nangangahulugang isang sasakyan na may 8,500 libra o higit sa kabuuang timbang ng sasakyan at kulang sa 14,000 libra sa kabuuang timbang ng sasakyan.*

*(m) "Orihinal na bumili" ay nangangahulugang isang indibidwal o entidad na bumili ng isang bagong sistema ng muling paglalagay ng gatong na malinis na alternatibong gatong sa bahay o isang indibidwal na gumagamit o pribado (hindi sa pamahalaan) na entidad na bumili ng isang bago o isang sasakyang binago upang magamit ang malinis na alternatibong sasakyan na nililikha ng isang orihinal na tagagawa ng kagamitan o isang tagagawa ng kaunting kagamitan na sertipikado ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado. Isang orihinal na bumili para sa mga layunin ng isang rebate na kaugnay ng isang bago o binagong sasakyan upang magamit ang malinis na alternatibong gatong sa ilalim ng Seksiyon 26419 ay dapat kabilang ang isang umaarkila sa isang sasakyan na may panahon ng pag-arkila na hindi kukulangin sa 24 buwan.*

*(n) "Pagbawas ng petrolyo" ay nangangahulugang mga paraan ng pagbawas ng kabuuang paggamit ng petrolyo sa California sa pamamagitan ng nadagdagang kahusayan ng enerhiya, malinis na alternatibong gatong, o kombinasyon ng pareho.*

*(o) "Rebate" ay nangangahulugang pagbabayad ng cash sa isang orihinal na bumili ng isang sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong, isang sasakyan na ang tanging ginagamit ay malinis na alternatibong gatong, isang sasakyan na malaki ang natitipid sa gatong, isang sasakyan na napakalaki ng natitipid sa gatong, o isang sistema ng muling paglalagay ng gatong sa bahay alinsunod sa Seksiyon 26419.*

*(p) "Mga teknolohiya ng nababagong enerhiya" ay nangangahulugang mga paraan, produkto, or sitema ng paglikha ng enerhiya, mga paraan, produkto, o sistema ng pamamahagi at mga makina, produkto, o sistema ng transportasyon, ang tanging ginagamit ng lahat ng mga ito ay mga tagapagdulot ng enerhiya na likas na muling nalilikha sa maikling panahon at naihahatid nang tuwiran mula sa araw (tulad ng thermal, photochemical, at photoelectric), hindi tuwiran mula sa araw (tulad ng mga pasilidad ng enerhiya ng hangin, tubig at enerhiya na photosintetiko na nakatago sa biomass), o mula sa ibang mga lika na kilos o mga makanismo ng kapaligiran, tulad ng enerhiyang geothermal, alon, at tida.*

*(q) "Binago" ay nangangahulugang isang bago o gamit nang sasakyan na ginawan ng pagbabago upang tumakbo sa isang sistema na sertipikado ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado at pintatakbo ng isang dedikadong malinis na alternatibong gatong at nililikha ng isang orihinal na tagagawa ng kagamitan o isang tagagawa ng kaunting kagamitan na sertipikado ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado.*

*(r) "Sasakyang napakalaki ang natitipid sa gatong" ay nangangahulugang isang magaan ang pagganap na sasakyan na nilikha ng isang orihinal na tagagawa ng kagamitan o isang tagagawa ng kaunting sasakyan na nagagawang magkamit ng pinagsamang pagtitipid sa gatong na hindi kukulangain sa 60 milya kada galon para sa paggamit sa haywey gaya ng ipinasiya ng Ahensiya sa Protekstiyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos at nakakatugon sa pamantayan sa emisyon sa hangin ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado.*

*KABANATA 3. PONDO NG NABABAGONG ENERHIYA AT*
*MALINIS NA ALTERNATIBONG GATONG NG CALIFORNIA*

*26413. Ang Pondo ng Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California sa pamamagitan nito ay nililikha.*

*26414. Lahat ng perang idineposito sa pondo ay dapat gamitin para lamang sa mga layunin at sa mga daming nakalagay sa dibisyong ito at hindi para ibang layunin.*

*26415. Maliban kung iba ang malinaw na itinatadhana sa dibisyong ito, pagkatapos ipasiya ng ahensiya ng estado na itinalaga ng dibisyong ito upang pangasiwaan o gastahin ang perang inilaan mula sa pondo na ang isang partikular ng proyekto o programa na pinaglaanan o ginawaran ng pera ay hindi makukumpleto, o ang halagang inilaan, ibinahagi, o iginawad ay sobra sa kabuuang halagang kailangan, ang bawat naturang ahensiya ay maaaring muling ilaan ang pera para sa ibang mga pangunahing pangangailangan na kaayon ng dibisyong ito.*

*KABANATA 4. PAGLALAAN NG MGA PONDO*

*26416.(a) Ang mga pondo sa Pondo ng Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California ay dapat ilaan gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Isang bilyon dalawang daan limampung milyong dolyar ($1,250,000,000) ay dapat ilaan sa Kuwenta ng Enerhiya ng Araw, Hangin, at Nababagong Enerhiya, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa pondo.*

*(2) Tatlong bilyon apat na raan dalawampu't-limang milyong dolyar ($3,425,000,000) ay dapat ilaan sa Kuwenta ng mga Malinis na Alternatibong Gatong, na sa pamamagitan nito ay nililikha.*

*(3) Dalawang daang milyong dolyar ($200,000,000) ay dapat ilaan sa Kuwenta ng mga Proyektong Pagpapakita at Edukasyon ng Publiko, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa pondo.*

*(4) Isang daan dalawampu't-limang milyong dolyar ($125,000,000) ay dapat ilaan sa Kuwenta ng Edukasyon, Pagsasanay, at Pag-abot, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa pondo.*

*(b) Anumang mga pondong inilaan sa mga kuwentang itinatag ng subdibisyon (a) na hindi nailaan o nagasta sa anumang taon ng pananalapi ay dapat manatili sa kaparehong kuwenta para sa susunod na taon ng pananalapi.*

*(c) Ang perang idineposito sa mga kuwenta ng pondong nilikha sa subdibisyon (a) ay dapat, sa pinakamataas na ipinahihintulot, ay gamitin upang suplementuhan, at hindi upang palitan, ang kasalukuyang pagpopondo para sa pananaliksik, pagpapaunlad ng teknolohiya, bokasyonal na pagsasanay at paglalagay na kaugnay ng nababagong enerhiya, mga malinis na alternatibong gatong, at pagiging episyente ng enerhiya.*

*(d) Hindi hihigit sa 1 porsiyento ng mga pondo sa bawat kuwenta ang maaaring gastahin para sa layunin na pangasiwaan ang pagpapatupad ng batas.*

*26417. Batay sa mga pamantayang nakalagay sa Seksiyon 26418, ang mga pondo sa Kuwenta ng Enerhiya ng Araw, Hangin at Nababagong Enerhiya ay dapat ilaan at gastahin ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado para sa pangunahing layunin na bumuo ng paraan ng paglikha ng enerhiya na gumagamit ng araw, hangin, at ibang paraan na gumagamit ng mga*

*nababagong pinagkukunan upang palitan ang mga tradisyunal na pingkukunan ng paglikha, para sa mga sumusunod na kategorya ng mga paggasta:*

*(a) Ang halagang dalawang daan limampung milyong dolyar ($250,000,000) ay dapat igawad para sa mga insentibong batay sa pamilihan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, kombensiyonal, mababa at walang interes na mga pautang,mga garantiya sa pautang, mga kredito, mga buydown at gawad, para sa pagbili o pag-arkila at instalasyon ng kagaitan sa California para sa paglikha ng kuryente na gumagamit ng mga teknolohiya ng nababagong enerhiya, tulad ng enerhiya ng araw, hangin, geothermal, alon, at tidal.*

*(b) Ang halagang isang bilyong dolyar ($1,000,000,000) ay dapat igawad para sa mga gawad at ibang mga insentibo para sa pananaliksik, pagbuo, kontruksiyon, at paglikha ng nauunang teknolohiya ng paglikha ng nababagong enerhiya para sa layunin na bawasan ang gastos at nilalamang nakakulong na gas ng California sa mga pinagkukunan ng paglikha ng kuryente sa sa loob ng estado at upang tumulong sa mga inaasintang kabawasan sa nakakulong na gas ng estado. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang "mga nauunang teknolohiya" ay nangangahulugang ang pagsulong ng teknolohiya sa paglikha ng kuryente o mga kapasidad sa pag-imbak na may potensiyal na makababawas ng malaki sa emisyon ng nakakulong na gas sa isang matipid na paraan, kumpara sa mga kasalukuyang teknolohiya. "Mga nauunang teknolohiya" ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, malakihang pag-iimbak ng enerhiya ng araw, thermal, solar voltaic, biogas, alon, at tidal. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang "pag-iimbak ng enerhiya" at "mga teknolohiya ng pag-iimbak" ay nangangahulugang mga teknolohiya na nagpapahintulot sa kuryenteng nililikha ng mga nababagong tagapagdulot sa mga oras na hindi mataas ang pangangailangan at ginagamit sa mga oras na pinakamataas ang pangangailangan ng kuryente.*

*26418. Mga Pamantayan Para sa mga Paggasta sa Kuwenta ng Enerhiya ng Araw, Hangin, at Nababagong Enerhiya.*

*(a) Ang Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado ay dapat gumawa ng mga paggasta alinsunod sa Seksiyon 26417 na kaayon ng hangarin na pabutihin ang kabuhayan at pabilisin ang pagkomersiyo ng ng mga tagapagdulot ng nababagong enerhiya, tulad ng enerhiya ng araw, hangin, geothermal, alon, at tidal.*

*(b) Ang priyoridad sa pagpopondo ay dapat ibigay sa mga mungkahi na gumagamit ng teknolohiya ng araw para sa paglikha ng kuryenteng enerhiya, at kulang sa 80 porsiyento ng kabuuang halagang idineposito sa kuwentang ito ay dapat gamitin para sa naturang teknolohiya ng araw. Pagkaraan, ang priyoridad ay dapat ibigay sa mga mungkahi na gumagamit ng mas maraming tagapagdulot ng nababagong enerhiya, na nag-aalay ng pinakamalaking pag-asa para sa mga malaking pagsulong sa teknolohiya, at binabawasan ang nag-iiba at nakapirming antas na mga gastos.*

*(c) Lahat ng paggastang ginawa alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 26417 ay dapat ibatay sa proseso ng paligsahang pagpili na itinatag ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado. Ang komisyon ay dapat, sa pinakamababa na:*

*(1) Tiyakin na ang paggasta ay para sa pananaliksik sa mga teknolohiya ng nababagong kuryenteng enerhiya o mga teknolohiya sa pagiging episyente ng kuryenteng enerhiya.*

*(2) Tiyakin, sa pinakamataas na ipinahihintulot, na ang paggasta ay hindi nagpapalit sa mga pondong inawtorisa o inilaan ng Lehislatura alinsunod sa Artikulo 11 (nagsisimula sa Seksiyon 44125) ng Kabanata 5 ng, at Kabanata 8.9 (nagsisimula sa Seksiyon 44270) ng Bahagi 5 ng Dibisyon 26 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.*

*(3) Timbangin ang kalidad ng mungkahing pananaliksik, ang potensiyal ng pagkakamit ng mahahalagang resulta, kabilang ang pagsasaalang-alang kung paano ang paggasta ay tutulong o magreresulta sa pagkomersiyo, o malaki at permanenteng paglalagay, ng mga teknolohiya at tagapadulot ng nababagong kuryenteng enerhiya, at ang takdang panahon para sa pagkakamit ng hangaring iyon.*

*(4) Tiyakin na ang paggasta ay kaayon ng anumang angkop na istratehikong plano na pinagtibay ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado.*

*(d) Lahat ng paggastang ginawa alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 26417 ay dapat na alinsunod sa mga pamamaraan, pamantayan at mga anyong pinagtibay ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng Enerhiya ng Estado upang patibayan at patotohanan ang paggawad ng mga insentibo.*

*26419. Batay sa mga pamantayang nakalagay sa Seksiyon 26420, ang mga pondo sa Kuwenta ng mga Malinis na Alternatibong Gatong ay dapat ilaam at gastahin para sa mga pangunahing layunin na pabutihin ang kalidad ng hangin, bawasan ang paglabas ng nakakulong na gas, at bawasan ang pagkadepende sa langis ng ibang bansa, para sa mga sumusunod na kategorya ng mga paggasta:*

*(a) Dalawang bilyon walong daan pitumpu't-limang milyong dolyar ($2,875,000,000) ay dapat ilaan sa Subkuwenta ng Rebate sa Sasakyang Gumagamit ng Alternatibong Gatong sa pamamagitan nito ay itinatatag sa Kuwenta ng Mga Malinis na Alternatibong Gatong, at gastahin bilang mga rebate alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 26420, gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Ang halagang dalawang libong dolyar ($2,000) sa orihinal na bumili ng anumang bagong sasakyan na malaki ang natitipid sa gatong. Isang daan sampung milyong dolyar ($110,000,000) ay dapat ilaan para sa layuning ito.*

*(2) Ang halagang apat na libong dolyar ($4,000) sa orihinal na bumili ng anumang bagong sasakyan na napakalaki ang natitipid sa gatong. Dalawang daan tatlumpung milyong dolyar ($230,000,000) ay dapat ilaan para sa layuning ito.*

*(3) Ang halagang sampung libong dolyar ($10,000) sa orihinal na bumili ng anumang bago o binago na magaan ang pagganap na sasakyang ang tanging ginagamit ay malinis na alternatibong gatong. Limang daan limampung milyong dolyar ($550,000,000) ay dapat ilaan para sa layuning ito.*

*(4) Ang halagang dalawampu't-limang libong dolyar ($25,000) sa unang 5,000 orihinal na bumili ng anumang bago o binagong magaan-katamtaman ang pagganap na sasakyang gumagamit ng malinis na alternatibong gatong, at halagang labinlimang libong dolyar ($15,000) sa mga susunod na orihinal na bumili ng mga naturang sasakyan. Ang unang 5,000 orihinal na bumili ay dapat ipasiya ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado batay sa petsa at oras ng pagtanggap ng mga kahilingan para sa mga rebate. Tatlong daan sampung milyong dolyar ($310,000,000) ay dapat ilaan para sa layuning ito.*

*(5) Ang halagang tatlumpu't-limang libong dolyar ($35,000) sa unang 10,000 orihinal na bumili ng anumang bago o binagong mabigat-katamtaman ang pagganap na sasakyang ang tanging ginagamit ay malinis na alternatibong gatong, at halagang dalawampu't-limang libong dolyar ($25,000) sa mga susunod na orihinal na bumili ng mga naturang sasakyan. Ang unang 10,000 orihinal na bumili ay dapat ipasiya ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado batay sa petsa at oras ng pagtanggap ng mga kahilingan para sa mga rebate. Anim na raan limampung sampung milyong dolyar ($650,000,000) ay dapat ilaan para sa layuning ito.*

*(6) Ang halagang limampung libong dolyar ($50,000) sa unang 5,000 orihinal na bumili ng anumang bago o binagong mabigat ang pagganap na sasakyang ang tanging ginagamit ay malinis na alternatibong gatong, ang halagang apatnapung libong dolyar ($40,000) sa susunod na 5,000 orihinal na bumili ng mga naturang sasakyan, at halagang tatlumpung libong dolyar ($30,000) sa bawat susunod na orihinal na bumili ng mga naturang sasakyan. Ang unang 5,000 orihinal na bumili at susunod na 5,000 orihinal na bumili ay dapat ipasiya ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado batay sa petsa at oras ng pagtanggap nito ng mga kahilingan para sa mga rebate. Isang bilyong dolyar ($1,000,000,000) ay dapat ilaan para sa layuning ito.*

*(7) Ang halagang dalawang libong dolyar ($2,000) sa orihinal na bumili ng anumang bagong kasangkapan sa muling paglalagay ng malinis na alternatibong gatong sa bahay. Ang bawat bumili ay dapat magpakita ng pagiging may-ari ng isang sasakyang gumagamit ng malinis na alternatibong gatong na gumagamit ng naturang kasangkapan. Dalawampu't limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat ilaan sa kategoryang ito.*

*(b) Limang daan limampung milyong dolyar ($550,000,000) ay dapat ilaan sa isang Subkuwenta ng Programang Pananaliksik, Pagbuo, at Pagpapakita ng Malinis na Alternatibong Gatong, sa pamamagitan nito ay itinatatag sa Programang Pananaliksik, Pagbuo, at Pagpapakia ng Malinis na Alternatibong Gatong, upang pangasiwaan at gastahin ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Ang halagang isang daang milyong dolyar ($100,000,000) ay dapat ihanda para sa mga insentibo, kabilang ang, pero limitado sa, kombensiyonal, mababa at walang interes na mga pautang, mga garantiya ng pautang, mga kredito at gawad, para sa pagbuo o pagpapakita, o pareho, ng mga sasakyang ang tanging ginagamit ay malinis na alternatibong gatong sa California at, bilang karagdagan, ang mga sasakyang ito na pinagsasama ang mga malinis na alternatibong gatong at teknolohiya ng sasakyang mataas ang pagiging episyente.*

*(2) Ang halagang apat na raang milyong dolyar ($400,000,000) ay dapat ihanda bilang mga insentibo upang suportahan ang pananaliksik at paguto para sa mga teknolohiya ng episyente at matipid na paglikha ng mga gatong na likido at gas na mababa ang karbon at walang karbon na mga gatong. Sa halagang ito, dalawang daang milyong dolyar ($200,000,000) ay dapat ihanda para sa pagbuo ng likidong mababa ang karbon at walang karbon na gatong, at dalawang daang milyong dolyar ($200,000,000) ay dapat ihanda para sa pagbuo ng gas na mabang karbon at walang karbon na gatong.*

*(3) Ang halagang limampung milyong dolyar ($50,000,000) ay dapat ihanda para sa mga insentibo, kabilang ang, pero hindi limitado sa, kombensiyonal, mababa at walang interes na mga pautang, mga garantiya sa pautang, mga kredito, at mga gawad para sa mga makatwirang gastos na kaugnay ng pagsubok at sertipikasyo ng mga sasakyang ang tanging ginagamit ang malinis na alternatibong gatong.*

*26420. Mga Pamantayan Para sa Paggasta ng Kuwenta ng mga Malinis na Alternatibong Gatong.*

*(a) Ang mga rebate na inawtorisa alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 26419 ay dapat ipatupad sa sumusunod na paraan:*

*(1) Ang mga rebate ay dapat bayaran tangi pagkaraan na ang mga pondo ay inilaan sa Subkuwenta ng Rebate sa Sasakyang Gumagamit ng Alternatibong Gatong. Sa kabila ng nauna, ang mga kuwalipikadong pagbili o pag-arkila mula at pagkaraan ng Enero 1, 2009, ay karapat-dapat tumanggap ng mga rebate kaagad pagkatapos ilaan ang mga pondo sa Subkuwenta ng Rebate ng Sasakyang Gumagamit ng Alternatibong Gatong.*

*(2) Ang lisensiyadong tagabenta ng isang sasakyang karapat-dapat para sa isang rebate ay inaatasan, bago ang oras ng pagbili o pag-arkila, na magkaloob ng nakasulat na paunawa sa orihinal na bumili ng naturang pagiging karapat-dapat at mga opsiyon, mga hakbang, at iniaatas upang makuha ang rebate.*

*(3) Ang isang orihinal na bumili na karapat-dapat sa isang rebate ay maaaring kumuha ng buong halaga ng rebate mula sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado o, may nakasulat na pahintulot ng lisensiyadong tagabenta ng sasakyan sa panahon ng pagbili o pag-arkila, italaga ang karapatang tumanggap ng rebate sa tagabenta.*

*(4) Isang orihinal na bumili o itinalaga ng orihinal na bumili na pumiling kumuha ng rebate mula sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado ay dapat magsumite ng katunayan ng paninirahan, katunayan ng pagbili o pag-arkila, katunayan na ang sasakyan ay karapat-dapat sa rebate at katunayan ng pagpapareshistro ng sasakyan sa California. Ang Lupon*

*ng Pagbabantay ng Estado ay dapat magpatibay ng mga naturang regulasyon at mga anyo na itinuring na kailangan upang pangasiwaan ang tadhanang ito.*

*(5) Kung ang isang lisensiyadong tagabenta ay sumang-ayon sa panahon ng pagbili o pag-arkila na tanggapin ang pagtatalaga ng orihinal na bumili ng karapatang tumanggap ng rebate, ang tagabenta ay dapat magbigay ng paunawa sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado kasabay ng pag-uulat ng tagabenta ng pagbebenta o pag-arkila sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado para sa layunin ng paghahatid ng mga pagbebenta o paggamit ng buwis na dapat bayaran ng orihinal na bumili. Sa loob ng limang araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang ulat ng pagbebenta o pag-arkila, ang Lupon ng Pagpapantay ng Estado ay dapat magpadala ng halaga ng rebate sa tagabenta o bigyan ng kredito ang kuwenta sa maagang pagbabayad ng buwis ng tagabenta. Ang Lupon ng Pagpapantay ng Estado ay dapat magpatibay ng mga naturang anyo gaya ng kailangan upang pangasiwaan at higit na ipatupad ang tadhanang ito.*

*(6) Ang Lupon ng Pagpapantay ng Estado ay dapat kumalkula ng buwis sa pagbebenta o paggamit na angkop sa pagbebenta o pag-arkila ng isang sasakyan sa buong presyo ng pagbili o pag-arkila ng sasakyan na hindi isinasaalang-alang ang anumang posibleng rebate sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 26419.*

*(7) Isa lamang rebate alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 26419 ay dapat ipahintulot para sa isang partikular na sasakyan.*

*(b) Para sa mga paggasta alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 26419, ang Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado ay dapat gumawa ng mga paggastang kaayon ng hangarin na bawasan ang paggamit ng petrolyo, at maging dahilan ng permanente at pangmatagalang pagbawas sa paggamit ng petrolyo sa California ng hindi kukulangin sa 20 porsiyento bago lumampas ang 2020 at hindi kukulangin sa 30 porsiyento bago lumampas ang 2030. Bilang karagdagan, ang mga naturang paggasta ay dapat ibatay sa isang proseso ng paligsahang pagpili ng itinatag ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado. Ang lupon ay dapat, sa pinakamababa:*

*(1) Tiyakin, sa pinakamataas na ipinahihintulot, na ang paggasta ay hindi pumapalit, kundi nagsusuplemento, sa kasalukuyang pagpopondo ng estado para sa pagbawas ng paggamit ng petrolyo sa California.*

*(2) Tiyakin, sa pinakamataas na ipinahihintulot, na ang paggasta ay hindi nagpapalit sa mga pondong inawtorisa o inilaan ng Lehislatura alinsunod sa Artikulo 11 (nagsisimula sa Seksiyon 44125) ng Kabanata 5 ng, at Kabanata 8.9 (nagsisimula sa Seksiyon 44270) ng, Bahagi 5 ng Dibisyon 26 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.*

*(3) Timbangin ang kalidad ng mungkahi para sa pagpopondo, kabilang ang kahandaan ng mga pribadong panumbas na pondo, at ang potensiyal ng pagkakamit ng mga mahalagang resulta, kabilang ang antas ng pagbawas ng petrolyo sa loob ng estado na iniaasahang makamit bilang resulta ng paggasta. Ang mga mungkahi na may malaking pagpapatibay ng negosyo at tulong mula sa pribadong pagpopondo o napapailalim ng pagpopondo ng utang mula sa mga pribadong pinagkukunan ay dapat unahin at bigyan ng pagtatangi upang itatag ang kakayahang umunlad sa pamilihan ng mga mungkahi.*

*(4) Timbangin ang kalamangan na ang mungkahi ay magreresulta sa isang patuloy, hindi tinutustusang teknolohiya na maipanlalaban sa pamilihan o mga teknolohiya na maaaring magkamit ng malaking pagtanggap ng gumagamit o negosyo na higit sa panahon ng pagtustos o insentibo.*

*(5) Tiyakin na ang paggasta ay kaayon ng anumang angkop na istratehikong planong pinagtibay ng Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado.*

*26421. Batay sa mga pamantayan sa Seksiyon 26422, ang mga pondo sa Kuwenta ng mga Proyektong Pagpapakita at Edukasyon ng Publiko ay dapat pangasiwaan ant gastahin ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado para sa mga gawad sa mga sumusunod na halaga sa mga sumusunod na lokal na pamahalaan para sa layunin ng mga kapital na proyekto at mga gugulin sa pagpapatakbo na nagtataguyod at nagpapakita ng aktuwal na paggamit ng mga alternatibo at nababagong enerhiya sa parke, libangan, at mga lugar na pangkultura, kabilang ang edukasyon ng mga estudyante, residente, at ng bumibisitang publiko tungkol sa mga teknolohiya at mga gawaing ito.*

*(a) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat makuha ng Lungsod ng Los Angeles.*

*(b) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat makuha ng Lungsod ng San Diego.*

*(c) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat makuha ng Lungsod ng Long Beach.*

*(d) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat makuha ng Lungsod ng Irvine.*

*(e) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat makuha ng Lungsod at County ng San Francisco.*

*(f) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat makuha ng Lungsod ng Oakland.*

*(g) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat makuha ng Lungsod ng Fresno.*

*(h) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat makuha ng Lungsod ng Sacramento.*

*26422. Mga Pamantayan Para sa mga Paggasta ng Kuwenta ng mga Proyektong Pagpapakita at Edukasyon ng Publiko:*

*(a) Ang Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado ay dapat malaan ng mga pondo sa bawat pampublikong entidad na tinukoy sa Seksiyon 26421 pagkatapos ng pagsusumite ng entidad at pag-aproba ng komisyon sa iminungkahing kapital na proyekto at/o programang gugulin sa pagpapatakbo na sumusunod at umaayos sa layuning tinukoy sa Seksiyon 26421.*

*(b) Lahat ng proyekto at programang iminungkahi ng bawat isa ng pampublikong entidad na tinukoy sa Seksiyon 26421 ay dapat sumunod sa mga pamantayan ng estado sa nilalaman para sa mga programang pang-edukasyon na naglilingkod sa mga bata sa kindergarten at mga grado 1 hanggang 12, inklusibo.*

*26423. Batay sa mga pamantayan sa Seksiyon 26424, ang mga pondo sa Kuwenta ng Edukasyon, Pagsasanay, at Pag-abot ay dapat ilaan at gastahin ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado para sa mga sumusunod na layunin:*

*(a) Gumawa ng mga gawad sa mga pampublikong unibersidad, kolehiyo, at kolehiyong pangkomundiad ng California para sa:*

*(1) Pagbuo ng mga tauhan, mga gawad sa pagsasanay, at pananaliksik upang sanayin ang mga estudyante na magtrabaho at pabutihin pag-unlad na pangkabuhayan at pabilisin ang pagkomersiyo ng mga teknolohiya ng nababagong enerhiya, mga teknolohiya sa pagiging episyente ng enerhiya, at mga malinis na alternatibong gatong sa mga gusali, kagamitan, paglikha ng kuryente, at mga sasakyan.*

*(2) Pagtulong sa matrikula para sa mga estudyanteng mula sa pamilyang maliit ang kita at mga dating manggagawa ng enerhiya ng gatong mula sa labi ng halaman at hayop at mga sertipikdaong mekaniko ng sasakyan upang kumuha ng pagsasanay upang magtrabaho sa mga teknolohiya ng nababagong enerhiya, tulad ng mga teknolohiya ng araw, geothermal, hangin, alon, at tidal, mga malinis na alternatibong gatong, at mga teknolohiya ng pagiging episyente ng enerhiya, sa mga gusali, kagamitan, paglikha ng kuryente, at mga sasakyan.*

*(b) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) ay dapat ihanda para sa pag-abot upang magkaloob ng pampublikong impormasyon na nauukol sa kahalagahan, kahandaan, at daan sa paggamit ng mga malinis na alternatibong gatong at mga sasakyang gumagamit ng alternatibong gatong, mga kagamitan at teknolohiya ng pagiging episyente ng enerhiya, at mga teknolohiya ng nababagong enerhiya.*

*(c) Ibang mga programa na maaaring ipasiya ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado upang isulong ang layunin ang hangarin ng batas na ito na kaayon ng ipinahayag na mga hangarin at layunin.*

*26424. Mga Pamantayan sa Paggasta ng Kuwenta ng Edukasyon, Pagsasanay, at Pag-abot.*

*(a) Ang Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado ay dapat gumawa ng mga paggasta alinsunod sa Seksiyon 26423 kaayon ng mga hangarin ng pagsasanay ng mga estudyante upang magtrabaho sa mga teknolohiya ng nababagong enerhiya, tulad ng mga teknolohiya ng enerhiya ng araw, geothermal, hangin, alon, at tidal, o mga teknolohiya ng pagiging episyente ng enerhiya, sa mga gusali, kagamitan, paglikha ng kuryente, mga malinis na alternatibong gatong, at mga sasakyang gumagamit ng malinis na alternatibong gatong.*

*(b) Lahat ng paggasta na ginawa alinsunod sa Seksiyon 26423 ay dapat, kung itinuring na kailangan o angkop ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado, na ibatay sa proseso ng palighasang pagpili ng Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado.*

*26425. Ang Lehislatura ay dapat magpatibay ng naturang pagbabatas na kailangan, kung mayroon, upang ipatupad ng kabanatang ito.*

*Kabanata 5. Mga Tadhana sa Pananalapi*

*26426. Ang mga bono na may kabuuang halaga na limang bilyong dolyar ($5,000,000,000), hindi kabilang ang halaga ng anumang gumagawa ng pagsasauli na bono na inisyu alinsunod sa Seksiyon 26435, o anumang kailangan, ay maaaring iisyu at ibenta upang gamitin para sa pagsasakatuparan ng mga layuning nakalagay sa dibisyong ito at upang gamitin upang bayaran ang Umiikot na Pondo ng Gugulin ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.*

*26427. Ang mga bonong nalikom ay dapat ideposito sa Pondo ng Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California na nilikha ng Seksiyon 26413. Ang mga bono ay dapat, kapag naibenta, na bumuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang buong pagtitiwala at kredito ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay ipinapangako para sa nasa oras na pagbabayad ng prinsipal at interes sa mga bono kapag dapat nang bayaran at mababayaran.*

*26428. Ang mga bonong inawtorisa ng dibisyong ito ay dapat ihanda, isagawa, iisyu, ibenta, bayaran at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), at ang lahat ng tadhana ng batas na iyon ay dapat umaplay sa mga bono at sa dibisyong ito; sa kondisyon, gayunman, na ang mga limitasyonng nakalagay sa Seksiyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi dapat umaplay sa mga bono at sa dibisyong ito.*

*26429.(a) Tanging para sa layunin na iawtorisa ang pag-isyu at pagbebenta,alinsunod sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, ang mga bonong inawtorisa ng dibisyong ito, ang Komite sa Pananalapi ng Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California sa pamamagitan nito ay nililikha. Para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang, ang Komite sa Pananalapi ng Nababagong Enerhiya at Malinis na Alternatibong Gatong ng California ay "ang komite" kung paano nilinaw at ginagamit ng katawagang iyon ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono. Ang komite ay dapat buuin ng Kontroler, Direktor ng Pananalapi, at ng Ingat-yaman, o ng kanilang mga itinalagang kinatawan. Ang Ingat-yaman ay dapat maglingkod bilang tagapangulo ng komite. Ang isang mayoriya ng komite ay maaaring umakto para sa komite.*

*(b) Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang Kalihim ng Ahensiya ng mga Tagapagdulot ay dapat na "ang lupon" kung paano nilinaw at ginagamit ang katawagan ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono.*

*26430. Ang komite ay dapat magpasiya kung kailangan o hindi o kanais-nais o hindi na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa alinsunod sa dibisyong ito upang isakatuparan ang mga aksiyon na tinukoy sa dibisyong ito at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong dapat iisyu at ibenta. Ang mga susunod na isyu ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang isakatuparan ang mga aksiyon nang progresibo, at hindi kailangan na ang lahat ng bonong inawtorisa ay iisyu o ibenta sa anumang isang panahon. Ang komite ay dapat, sa pinakamataas na ipinahihintulot, magbigay ng priyoridad sa pag-isyu at pagbebenta ng mga bonong kailangan upang ilaan ang mga pondo sa Subkuwenta ng Rebate sa Sasakyang Gumagamit ng Alternatibong Gatong na itinatag sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 26419.*

*26431. Dapat na may singilin taun-taon sa paraan at panahon na katulad ng pasingil sa kita ng estado, bilang karagdagan sa mga pangkaraniwang kita ng estado, isang halagang iniaatas na bayaran ang prinsipal ng, interes sa, mga bonong umaabot sa maturidad bawat taon, at tungkulin ng lahat ng opisyal na pinagtalagahan ng batas ng anumang tungkulin na singilin ang kita na gawin at gampanan ang bawat aksiyon na kailangan upang masingil ang karagdagang halagang iyon.*

*26432. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo, para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang isang halaga na magiging kapantay ng kabuuan ng (a) halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa dibisyong ito, kapag ang prinsipal at interes at dapat nang bayaran at mababayaran, at (b) isang halaga na kailangan upang isakatuparan ang mga tadhana ng Seksiyon 26433, inilaan nang hindi isinasalang-alang ang mga taon ng pananalapi.*

*26433. Para sa mga layunin na isakatuparan ang dibisyong ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring mag-awtorisa ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halaga o mga halaga na hindi hihigit sa halaga ng mga hindi naibentang bono na inawtorisang ibenta para sa mga layunin na isakatuparan ang dibisyong ito. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Anumang perang inihanda sa ilalim ang seksiyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, at ang interes na dapat sanang kitain ng interes sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, mula sa perang natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono na idedeposito sa pondong ito.*

*26434. Lahat ng perang galing sa hulog at natipong interes ng mga bono ay dapat na ireserba sa pondo at dapat ihanda para ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono.*

*26435. Anumang mga bono o ibinenta alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring gawan ng pagsasauli sa pamamagitan ng pag-isyu ng gumagawa ng pagsasauli na bono alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang pag-aproba ng mga manghahalal ng estado para sa pag-isyu ng bonong inilarawan sa bahaging ito ay kabilang ang pag-aproba ng pag-isyu ng anumang mga bonong inisyu upang gawan ng pagsasauli ang anumang mga bonong orihinal na inisyu o anumang mga naunang inisyung gumagawa ng pagsasauli na bono.*

*26436. Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng California dahil ang mga nalikom sa mga bono na inawtorisa ng bahaging ito ay hindi "mga nalikom sa buwis" gaya ng pagkakagamit sa katawagng iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, ang pamamahagi ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.*

*Kabanata 6. Mga Pananagutan*

*26437. Bilang karagdagan sa anumang ibang mga iniaatas na ulat, ang Komisyon sa Konserbasyon at Pagbuo ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado, ang Lupon ng mga Tapagdulot ng Hangin ng Estado, at ang Kontroler ay dapat gumamit ng bawat pag-isyu ng taunang ulat sa Gobernador, sa Lehislatura, at publiko na naglalagay ng kanilang mga aktibidad at nakamit na may kaugnayan sa batas na ito at mga direksiyon ng programa sa hinaharap. Ang bawat taunang ulat ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, sumusunod na impormasyon: ang bilang at ang dolyar na mga halaga ng mga insentibo, kabilang ang pero hindi limitado sa mga gawad, pautang, mga garantiya ng pautang, mga kredito, buydown, at rebate; ang mga tumanggap ng mga insentibo para sa naunang taon; ang mga gastos sa pangangasiwa na may kaugnayan sa batas; isang kabuuran ng mga natuklasan sa pananaliksik, kabilang ang may ipinangangakong bagong mga lugar ng pananaliksik at mga inobasyon sa teknolohiya; at isang pagtaya ng relasyon sa pagitan ng gawad ng mga insentibo at anumang angkop na istratehikong plano.*

SEKSIYON 5. Kakumpitensiya, ukol sa pangangasiwa na alternatibo.

A. Kung may ibang panukalang-batas ("kakumpitensiyang panukalang-batas") na lumitaw sa kaparehong balota na tulad ng batas na ito na naghahangad na magpatibay o magpataw ng mga tadhana o iniaatas na iba, o nagsusumplemento, sa mga tadhana o iniaatas na nakasaad sa batas na ito, ang mga botante ay malinaw na nagpapahayag ng kanilang hangarin na kung ang pareho ng magkakumpitensiyang panukalang-batas at ang batas na ito ay tumanggap ng karamihan ng mga botok at ang batas na ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga boto kaysa sa kakumpitensiyang panukalang-batas, ang batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuan nito sa kakumpitensiyang panukala nang hindi isinasaalang-alang kung ang mga partkular na tadhana ng bawat panukala ay tuwirang kasalungat ng isa't-isa.

B. Kung ang pareho ng magkakumpitensiyang panukalang-batas at ang batas na ito ay tumanggap ng karamihan ng mga boto, at ang kakumpitensiyang panukala ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga boto kaysa sa batas na ito, ang batas na ito ay dapat ituring na pampuno sa kakumpitensiyang panukalang-batas. Sa layuning ito, at sa pinakamataas na ipinahihintulot ng batas, ang mga tadhana ng batas na ito ay dapat na lubos na pagtibayin maliban kung ang mga partikular na tadhana na nakasaad sa bawat panukalang-batas ay itinuring na tuwirang kasalungat ng isa't-isa batay sa "tadhana-sa-tadhana" alinsunod sa *Yoshisato v. Korte Suprema* (1992) 2 Cal.4th 978.

SEKSIYON 6. Susog. Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring susugan upang isakatuparan ang layunin at hangarin nito sa pamamagitan ng mga batas na inaprobahan ng dalawang-ikatlong boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador.

SEKSIYON 7. Kakayahang Ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan, ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit ng batas na ito na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay.

## PROPOSISYON 11

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagsususog at nagdaragdag ng mga seksiyon sa Saligang-batas ng California at nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo ng Pamahalaan; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Batas na mga Botante MUNA."

SEK. 2. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag.

Napag-alaman ng mga Tao ng Estado ng California at ipinapahayag ang kanilang layunin sa pagpapatibay ng batas na ito gaya ng mga sumusunod:

(a) Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga mambabatas ng California ay gumuguhit ng kanilang sariling mga distritong pampulitika. Ang pagpapahintulot sa mga pulitiko na gumuhit ng kanilang sariling mga distrito ay isang seryosong kasalungat na interes na nakakapinsala sa mga botante. Iyon ang dahilan kung bakit 99 porsiyento ng mga nanunungkulang pulitiko ay muling nahalal sa mga distrito na iginuhit nila para sa mga sarili sa mga huling eleksiyon.

(b) Ang mga pulitiko ay gumuguhit ng mga distrito na naglilingkod sa kanilang mga interes, hindi ng ating mga komunidad. Halimbawa, ang mga lungsod na tulad ng Long Beach, San Jose at Fresno ay hinahati sa maraming kakaiba ang hubog na mga distrito upang protektahan ang mga nanunungkulang mambabatas. Ang mga botante sa maraming komunidad ay walang tinig na pampulitika dahil sila ay hinati sa hanggang apat na magkakaibang distrito upang protektahan ang mga mambabatas. Kailangan natin ng reporma upang panatilihing magkakasama ang ating mga komunidad upang ang bawat isa ay may pagkatawan.

(c) Gagawin ng repormang ito ang proseso ng pagbabago ng distrito na bukas upang hindi ito makontrol ng partidong nasa kapangyarihan. Ito ay magbibigay sa atin ng magkapantay na bilang ng mga Demokratiko at Republikano sa komisyon, at titiyak ng buong paglahok ng mga independiyenteng botante—na ang mga tinig ay lubos na nasarhan ng kasalukuyang proseso. Bilang karagdagan, ang repormang ito ay nag-aatas ng suporta mula sa mga Demokratiko, Republikano, at independiyente para aprobahan ang mga bagong planong pagbabago ng distrito.

(d) Ang independiyenteng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ay guguhit ng mga distrito batay sa mahigpit na di-partidistang tuntunin na idinisenyo upang tiyakin ang patas na pagkatawan. Inaalis ng reporma ang pagbabago ng distrito sa mga partidistang labanan ng Lehislatura at iginagarantiya na ang pagbabago ng distrito ay tatalakayin nang bukas sa mga pampublikong pulong, at lahat ng katitikan ay ilalagay sa Internet. Ang bawat aspeto ng prosesong ito ay magiging bukas sa pagsusuri ng publiko at mga mamamahayag.

(e) Sa kasalukuyang proseso, ang mga pulitiko ay pumipili ng kanilang mga botante sa halip na ang mga botante ang may tunay na pagpili. Ang repormang ito ay magbabalik sa kapangyarihan ng mga botante.

SEK. 3. Susog sa Artikulo XXI ng Saligang-batas ng California.

SEK. 3.1. Ang ulo ng Artikulo XXI ng Saligang-batas ng California ay sinusugan upang mabasang:

ARTIKULO XXI.
~~MULING PAGHAHATI~~ *PAGBABAGO DISTRITO* NG SENADO,
ASEMBLEYA, KONGRESO AT LUPON NG PAGPAPANTAY.

SEK. 3.2. Seksiyon 1 ng Artikulo XXI ng Saligang-batas ng California ay sinususugan upang mabasang:

Seksiyon 1. Sa taon na kasunod ng taon kung saan ang pambansang sensus ay kinukuha sa ilalim ng direksiyon ng Kongreso sa simula ng bawat dekada, dapat iakma ng Lehislatura ang mga linyang hanggahan ng mga distrito ~~ng Senado, Asembleya, Kongreso, at Lupon ng Pagpapantay~~ *ng kongreso* alinsunod sa mga sumusunod na pamantayan *at proseso*:

(a) Ang bawat miyembro ng ~~Senado, Asembleya~~, Kongreso, ~~at ng Lupon ng Pagpapantay~~ ay dapat ihalal mula sa isang-miyembrong distrito.

(b) Ang populasyon ng lahat ng distrito ng *kongreso* ~~na may partikular na uri~~ ay dapat na partikular na magkapantay. *Pagkatapos sundin ang pamantayang ito, dapat iakma ng Lehislatura ang mga linyang hanggahan alinsunod sa mga pamantayang nakalagay at inuuna sa mga talataan (2), (3), (4), at (5) ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 2. Ang Lehislatura ay dapat mag-isyu ng isang pangwakas na mapa, isang ulat na nagpapaliwanag ng batayan kung saan gumawa ito ng mga desisyon sa pagkakamit ng pagsunod sa mga pamantayang ito at dapat kabilang ang mga pagpapakahulugan ng mga tadhana at pamantayang ginagamit sa pagguhit ng pangwakas na mapa.*

~~(c) Ang bawat distrito ay dapat na magkakaratig~~.

~~(d)~~ *(c)* ~~Ang mga distrito ng bawat uri ng~~ *Ang mga distrito ng Kongreso* ay dapat na lagyan ng numero nang magkakasunod na nagsisimula sa hilagang hanggahan ng Estado at natatapos sa timog na hanggahan.

~~(e) Ang integridad ng heograpiya ng anumang lungsod, county, o lungsod at county, o ng anumang rehiyon ng heograpiya ay dapat igalang kung posible nang hindi nilalabag ang mga iniaatas ng anumang ibang subdibisyon ng seksiyong ito.~~

*(d) Ang Lehislatura ay dapat makipag-ugnayan sa Komisyon sa Pagbabago ng Distrito ng mga Mamamayan na itinatag alinsunod sa Seksiyon 2 upang gumawa ng magkasabay na mga pagdinig, magkaloob ng daan sa mga datos at programa ng kompyuter sa pagbabago ng distrito, at tiyakin ang buong paglahok ng publiko sa proseso ng pagbabago ng distrito. Ang Lehislatura ay dapat sumunod sa mga iniaatas na bukas na pagdinig ng mga talataan (1), (2), (3), at (7) ng subdibisyon (a) ng, at subdibisyon (b) ng, Seksiyon 8253 ng Kodigo ng Pamahalaan, o ng kapalit na mga tadhana ng batas.*

SEK. 3.3. Seksiyon 2 ay idinaragdag sa Artikulo XXI ng Saligang-batas ng California, upang mabasang:

*0. 2. (a) Ang Komisyon mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ay dapat gumuhit sa mga bagong linya ng distrito (tinatawag din na "pagbabago ng distrito") para sa Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Ang komisyong ito ay dapat likhain nang hindi lalampas sa Disyembre 31 sa 2010, at sa bawat taon na matatapos sa numerong zero pagkaraan.*

*(b) Ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito (mula ngayon ang "komisyon") ay dapat na: (1) magsagawa ng isang bukas at malinaw na proseso na nagbibigay-daan para sa buong pagsasaalang-alang ng publiko at komento sa pagguhit ng mga linya ng distrito; (2) gumuhit ng mga linya ng distrito alinsunod sa mga pamantayan sa pagbabago ng distrito na tinukoy sa artikulong ito; at (3) kumilos nang may integridad at pagiging patas.*

*(c) (1) Ang proseso ng pagpili ay idinisenyo upang lumikha ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito na independiyente sa negatibong impluwensiya at makatwirang kumakatawan sa pagkakaiba-iba sa Estadong ito.*

*(2) Ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ay dapat buuin ng 14 na miyembro, gaya ng mga sumusunod: lima na nakarehistro sa pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro, lima na nakarehistro sa ikalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro, at apat na hindi nakarehistro sa alinman sa dalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro.*

*(3) Ang bawat miyembro ng komisyon ay dapat na isang botante na patuloy na nakarehistro sa California sa katulad na partidong pampulitika o hindi kasapi sa isang partidong pampulitika at hindi nagpalit ng kinasasapiang partidong pampulitika sa lima o higit na taon pagkatapos ng petsa ng paghirang sa kanya. Ang bawat miyembro ng komisyon ay dapat na nakaboto sa dalawang pinakahuling pambuong-estadong pangkalahatang eleksiyon pagkatapos ng kanyang aplikasyon.*

*(4) Ang panahon ng panunungkulan ng bawat miyembro ng komisyon ay matatapos pagkatapos ng paghirang sa unang miyembro ng papalit na komisyon.*

*(5) Ang siyam na miyembro ng komisyon ay dapat bumuo ng isang korum. Siyam o higit na sumasang-ayong boto ay dapat iatas para sa isang opisyal na aksiyon. Ang tatlong pangwakas na mapa ay dapat aprobahan ng hindi kukulangin sa siyam na sumasang-ayong boto na dapat kabilang ang hindi kukulangin sa tatlong boto ng mga miyembrong nakarehistro mula sa bawat isa ng dalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro at tatlong boto mula sa mga miyembro na hindi nakarehistro sa alinman sa dalawang partidong pampulitika na ito.*

*(6) Ang bawat miyembro ng komisyon ay dapat gamitin ang artikulong ito sa isang paraan na walang-kinikilingan at nagpapatatag ng tiwala ng publiko sa integridad ng proseso ng pagbabago ng distrito. Ang isang miyembro ng komisyon ay hindi karapat-dapat sa isang panahon na 10 taon simula sa petsa ng paghirang upang humawak ng inihahalal na pampublikong katungkulan sa pederal, pang-estado, pang-county, o panglungsod na antas sa Estado. Ang isang miyembro ng komisyon ay hindi karapat-dapat sa isang panahon na limang taon simula sa petsa ng paghirang na humawak ng hinihirang na pederal, pang-estado, o lokal na pampublikong katungkulan, upang maglingkod bilang binabayarang tauhan para sa Lehislatura o sinumang indibidwal na mambabatas o magparehistro bilang isang pederal, pang-estado, o lokal na tagalobi sa Estadong ito.*

*(d) Ang komisyon ay dapat magtatag ng isang-miyembrong mga distrito para sa Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado alinsunod sa isang proseso ng pagmapa na ginagamit ang mga sumusunod na pamantayan gaya ng nakalagay sa sumusunod na hanay ng priyoridad:*

*(1) Ang mga distrito ay dapat sumunod sa Saligang-batas ng Estados Unidos. Ang mga distrito ng Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado ay dapat magkaroon ng populasyon na makatwirang kapantay ng ibang mga distrito para sa katulad ng katungkulan, maliban kung ang pag-iba ay iniaatas upang sumunod sa pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto o ipinahihintulot ng batas.*

*(2) Ang mga distrito ay dapat sumunod sa pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto (42 U.S.C. Sek. 1971 at kasunod).*

*(3) Ang bawat distrito ay dapat na magkakaratig.*

*(4) Ang integridad ng heograpiya ng anumang lungsod, county, lungsod at county, kapitbahayan, o komunidad ng interes ay dapat igalang kung posible nang hindi nilalabag ang mga iniaatas ng anumang ibang mga naunang subdibisyon. Sa mga komunidad ng interes ay hindi dapat kabilang ang mga relasyon sa mga partidong pampulitika, mga nanunungkulan, o mga kandidatong pampulitika.*

*(5) Kung magagawa, at kung hindi kasalungat ng pamantayan sa itaas, ang mga distrito ay dapat iguhit upang himukin ang pagiging masinsin sa heograpiya upang ang mga katabing lugar ng populasyon ay hindi malaktawan para sa mas malayong populasyon.*

*(6) Kung magagawa, at hindi kasalungat ng pamantayan sa itaas, ang bawat distrito ng Senado ay dapat buuin ng dalawang buo, kumpleto, at magkaratig ng distrito ng Asembleya, at ang bawat distrito ng Lupon ng Pagpapantay ay dapat buuin ng 10 buo, kumpleto, at magkakaratig na distrito ng Senado.*

*(e) Ang lugar na naninirahan ang sinumang nanunungkulan o kandidatong pampulitika ay hindi dapat isaalang-alang sa paglikha ng isang mapa. Ang mga distrito ay hindi dapat iguhit para sa layunin ng pagpabor o pagdiskrimina laban sa isang nanunungkulan, kandidatong pampulitika, o partidong pampulitika.*

*(f) Ang mga distrito para sa Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado ay dapat na may numerong magkakasunod na nagsisimula sa hilagang hanggahan ng Estado. at matatapos sa timog na hanggahan.*

*(g) Bago lumampas ang Setyembre 15 sa 2011, at bawat taon na natatapos sa numerong isa pagkaraan, ang komisyon ay dapat mag-aproba ng tatlong pangwakas na mapa na magkahiwalay na naglalagay ng mga linya ng haggahan ng distrito para sa mga distrito ng Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Pagkaaproba, ang komisyon ay dapat magsertipika ng tatlong pangwakas na mapa sa Kalihim ng Estado.*

*(h) Ang komisyon ay dapat mag-isyu, sa bawat isa ng tatlong pangwakas na mapa, ng isang ulat na nagpapaliwanag ng batayan ng mga desisyong ginawa ng komisyon sa pagkakamit ng pagsunod sa mga pamantayang nakalista sa subdibisyon (d) at dapat kabilang ang mga pagpapakahulugan sa mga katawagan at mga pamantayang ginagamit sa pagguhit ng bawat pangwakas na mapa.*

*(i) Ang bawat sertipikadong pangwakas na mapa ay dapat na isailalim sa reperendum sa paraang katulad ng pagpapailalim sa batas sa reperendum alinsunod sa Seksiyon 9 ng Artikulo II. Ang petsa ng sertipikasyon ng isang pangwakas na mapa sa Kalihim ng Estado ay dapat ituring na petsa ng pagpapatibay para sa mga layunin ng Seksiyon 9 ng Artikulo II.*

*(j) Kung hindi inaprobahan ng komisyon ang isang pangwakas na mapa ng hindi kukulangin sa mga kinakailangang boto o kung ang mga botante ay hindi nag-aprobasa isang sertipikadong pangwakas na mapa sa isang reperendum, ang Kalihim ng Estado ay dapat na kaagad magpetisyon sa Korte Suprema para sa isang utos na nagtatagubilin ng paghirang ng mga espesyal na master upang iakma at ng mga linya ng hanggahan ng mapang iyon alinsunod sa pamantayan sa pagbabago ng distrito at mga iniaatas na nakalagay sa mga subdibisyon (d), (e), at (f). Pagkaaproba ng mapa ng mga master, ang hukuman ay dapat magsertipika sa resultang mapa sa Kalihim ng Estado, kung aling mapa ang dapat bumuo ng sertipikadong pangwakas na mapa para sa uri ng distrito.*

SEK. 3.4. Seksiyon 3 ay idinaragdag sa Artikulo XXI ng Saligang-batas ng California, upang mabasang:

*Sek. 3. (a) Ang komisyon ay may tanging ayon sa batas na katayuan upang ipagtanggol ang anumang aksiyon tungkol sa isang sertipikadong pangwakas na mapa, at dapat ipagbigay-alam sa Lehislatura kung ipinasiya nito na ang mga pondo o ibang mga kakayahan na ipinagkaloob para sa pagpapatakbo ng komisyon ay hindi sapat. Ang Lehislatura ay dapat magkaloob ng sapat na pagpopondo upang ipagtanggol ang anumang aksiyon tungkol sa isang sertipikadong mapa. Ang komisyon ay may tanging awtoridad na alamin kung ang Pangkalahatang Abugado o ibang tagapayong pambatas na kinuha ng komisyon ay dapat tumulong sa depensa ng isang sertipikadong pangwakas na mapa.*

*(b) (1) Ang Korte Suprema ay may orihinal at eksklusibong hurisdiksiyon sa lahat ng pamamaraan kung saan ang isang sertipikadong pangwakas na mapa ay sinasalungat.*

*(2) Sinumang nakarehistrong botante sa estadong ito ay maaaring magharap ng petisyon para sa isang kasulatan ng kautusan o kasulatan ng pagbabawal, na sa loob ng 45 araw pagkatapos sertipikahan ng komisyon ang isang pangwakas na mapa sa Kalihim ng Estado, upang hadlangan ang Kalihim ng Estado na ipatupad ang plano dahilan sa ang iniharap na plano ay lumalabag sa Saligang-batas na ito, sa Saligang-batas ng Estados Unidos, o anumang pederal o pang-estadong batas.*

*(3) Ang Korte Suprema ay dapat magbigay ng priyoridad sa pasiya sa isang petisyon para sa isang kasulatan ng kautusan o kasulatan ng pagbabawal na iniharap alinsunod sa talataan (2). Kung ipinasiya ng hukuman na ang isang pangwakas na sertipikadong mapa ay lumabag sa Saligang-batas na ito, sa Saligang-batas ng Estados Unidos, o sa anumang pederal o pang-estadong batas, ang hukuman ay dapat gumawa ng kaluwagan na itinuturing nitong angkop.*

SEK. 4. Susog sa Kodigo ng Pamahalaan.

SEK. 4.1. Kabanata 3.2 (nagsisimula sa Seksiyon 8251) ay idinaragdag sa Dibisyon 1 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

*Kabanata 3.2. Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito*

*8251. Mga Pangkalahatang Tadhana ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*

*(a) Ang kabanatang ito ay nagpapatupad sa Artikulo XXI ng Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pagtatatag ng proseso para sa pagpili at pamamahala ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*

*(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang mga sumusunod na katawagan ay binigyan ng kahulugan:*

*(1) "Komisyon" ay nangangahulugang ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*

*(2) "Araw" ay nangangahulugang isang araw ng kalendaryo, maliban kung ang pangwakas na araw ng isang panahon na ang isang aksiyon ay gagawin sa isang Sabado, Linggo, o piyesta opisyal, ang panahon ay pinalalawig sa susunod na araw na hindi Sabado, Linggo, o piyesta opisyal.*

*(3) "Panel" ay nangangahulugang Panel ng Pagrepaso ng Aplikante.*

*(4) "Kuwalipikadong Independiyenteng Tagasuri" ay nangangahulugang isang tagasuri na kasalukuyang lisensiyado ng Lupon sa Pagtutuos ng California at naglilingkod na independiyenteng tagasuri ng hindi kukulangin sa 10 taon bago ang pagtatalaga sa Panel ng Pagrepaso ng Aplikante.*

*(c) Ang Lehislatura ay hindi maaaring magsusog sa kabanatang ito maliban kung ang lahat ng mga sumusunod ay natugunan:*

*(1) Sa pamamagitan ng katulad na botong iniaatas para sa pagpapatibay ng pangwakas na set ng mga mapa, ang komisyon ay nagrerekomenda ng mga susog sa kabanatang ito upang isakatuparan ang layunin at hangarin nito.*

*(2) Ang eksaktong pananalita ng mga susog na ipinagkaloob ng komisyon ay pinagtitibay bilang isang batas na inaprobahan ng dalawang-ikatlong boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador.*

*(3) Ang panukalang-batas na nagtataglay ng mga susog na ipinagkaloob ng komisyon ay nakalimbag para sa 10 araw bago ang pangwakas na pagpasa ng Lehislatura.*

*(4) Ang mga susog ay nagsusulong ng mga layunin ng batas na ito.*

*(5) Ang mga susog ay hindi maaaring ipasa ng Lehislatura sa isang taon na natatapos sa 0 o 1.*

*8252. Proseso ng Pagpili ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*

*(a) (1) Bago lumampas ang Enero 1 sa 2010, at bawat taon na natatapos sa numerong zero pagkaraan, ang Tagasuri ng Estado ay dapat magpasimula ng proseso ng aplikasyon, bukas sa lahat ng narehistrong botante ng California sa isang paraan na nagtataguyod ng magkakaiba at kuwalipikadong listahan ng aplikante.*

*(2) Dapat tanggalin ng Tagasuri ng Estado mula sa listahan ng aplikante ang mga indibidwal na may kasalungat na interes kabilang ang:*

*(A) Sa loob ng 10 taon pagkaraan ng petsa ng aplikasyon, ang aplikante, o ang isang miyembro ng kanyang pamilya, ay nakagawa ng alinman sa mga sumusunod:*

*(i) Hinirang, inihalal, o naging kandidato para sa isang pederal o pang-estadong katungkulan.*

*(ii) Naglingkod bilang isang opisyal, empleyado, o binabayarang tagapayo ng isang partidong pampulitika o komite sa kampanya ng isang kandidato para sa isang inihahalal na pederal o pang-estadong opisina.*

*(iii) Naglingkod bilang inihalal o hinirang na miyembro ng komite sentral ng isang partidong pampulitika.*

*(iv) Isang nakarehistrong pederal, pang-estado, o lokal na tagalobi.*

*(v) Naglingkod bilang binabayarang tauhan ng kongreso, batasan, o Lupon ng Pagpapantay.*

*(vi) Nag-ambag ng dalawang libong dolyar ($2,000) o higit sa sinumang pangkongreso, pang-estado, o lokal na kandidato para sa inihahalal na pampublikong katungkulan sa anumang taon, na apat iakma tuwing 10 taon sa pamamagitan ng naiipong pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California, o sa kapalit nito.*

*(B) Ang mga tauhan at tagapayo sa, mga taong nasa ilalim ng kontrata sa, at sinumang tao na kapamilya ng Gobernador, isang Miyembro ng Lehislatura, isang miyembro ng Kongreso, o isang miyembro ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado, ay hindi karapat-dapat maglingkod bilang miyembro ng komisyon. Gaya ng pagkagamit sa subdibisyong ito, ang isang miyembro ng "kaagad na pamilya" ng isang tao ay isa na ang tao ay may tunay na relasyon na itinatag sa pamamagitan ng dugo o legal na relasyon, kabilang ang mga magulang, anak, kapatid, at kamag-anak bunga ng pag-aasawa.*

*(b) Ang Tagasuri ng Estado ay dapat magtatag ng isang Panel ng Pagrepaso ng Aplikante, ng binubuo ng tatlong kuwalipikadong independiyenteng tagasuri, upang salain ang mga aplikante. Ang Tagasuri ng Estado ay dapat na sapalarang bumunot ng mga pangalan ng tatlong kuwalipikadong independiyenteng tagasuri mula sa isang listahan na binubuo ng lahat ng tagasuring nagtatrabaho para sa estado at lisensiyado ng Lupon ng Pagtutuos ng California sa oras ng pagguhit. Ang Tagasuri ng Estado ay dapat bumunot hanggang ang mga pangalan ng tatlong tagasuri ay nabunot kabilang ang isa na nakarehistro sa pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay pagpaparehistro sa partido, isa na nakarehistro sa alnman sa ikalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro sa partido, at isa na hindi nakarehistro sa alinman sa dalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California. Pagkatapos ng pagbunot, ang Tagasuri ng Estado ay dapat magbigay ng paunawa sa tatlong kuwalipikadong independiyenteng tagasuri na ang mga pangalan ay binunot na sila ay pinili upang maglingkod sa panel. Kung ang sinuman sa tatlong kuwalipikadong independiyenteng tagasuri ay tumangging maglingkod sa panel, dapat ipagpagtuloy ng Tagasuri ng Estado ang pagbunot hanggang ang tatlong kuwalipikadong independiyenteng tagasuri na nakakatugon sa mga iniaatas ng subdibisyong ito ay sumang-ayon na maglingkod sa panel. Ang isang miyembro ng panel ay dapat na napapailalim sa mga tadhana ukol sa kasalungat na interes na nakalagay sa talataan (2) ng subdibisyon (a).*

*(c) Pagkatanggal sa mga indibidwal na may mga kasalungat na interes mula sa listahan ng aplikante, dapat magpalathala ang Tagasuri ng Estado nang hindi lalampas sa Agosto 1 sa 2010, at sa bawat taon na natatapos sa numerong zero pagkaraan, ng mga pangalan sa listahan ng aplikante at magbigay ng mga kopya ng kanilang mga aplikasyon sa Panel ng Pagrepaso ng Aplikante.*

*(d) Mula sa listahan ng aplikante, ang Panel ng Pagrepaso ng Aplikante ay dapat pumili ng 60 pinakakuwalipikadong aplikante, kabilang ang 20 na nakarehistro sa pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro, 20 na nakarehistro sa ikalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro, at 20 na hindi nakarehistro sa alinman sa dalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro. Ang mga napapailalim na listahang ito ay dapat likhain batay sa mga kaugnay na kasanayan sa pagsusuri, kakayahang maging walang-kinikilingan, at pag-unawa sa magkakaibang demograpiko at heograpiya ng California. Hindi dapat ipabatid ng mga miyembro ng panel sa sinumang miyembro ng Lupon ng Pagpapantay, Senador, Miyembro ng Asembleya, miyembro ng kongreso, o ang kanilang mga kinatawan, ang tungkol sa anumang bagay na may kaugnayan sa proseso ng nominasyon o mga aplikante bago ang paghaharap ng panel sa listahan ng mga inirerekomendang aplikante sa Kalihim ng Senado at sa Punong Klerk ng Asembleya.*

*(e) Bago lumampas ang Oktubre 1 sa 2010, at bawat taon na natatapos sa numerong zero pagkaraan, ang Panel ng Pagrepaso ng Aplikante ay dapat magharap ng listahan nito ng mga inirerekomendang aplikante sa Kalihim ng Senado at sa Punong Klerk ng Asembleya. Hindi lalampas sa Nobyembre 15 sa 2010, at bawat taon na natatapos sa numerong zero pagkaraan, ang Pansamantalang Presidente ng Senado, ang Lider ng Minoriya sa Kapulungan ng Senado, ang Ispiker ng Asembleya, at ang Lider ng Minoriya sa Kapulungan ng Asembleya ay maaaring magtanggal ng hanggang dalawang aplikante mula sa napapailalim na listahan ng 20 para sa kabuuang walong posibleng pagtanggal kada napapailalim na listahan. Pagkatapos gamitin ng lahat ng mga lider na pambatasan ang kanilang mga pagtanggal, ang Kalihim ng Senado at ang Punong Klerk ng Asembleya ay dapat na magkasamang magharap ng listahan ng mga natitirang pangalan sa Tagasuri ng Estado.*

*(f) Hindi lalampas sa Nobyembre 20 sa 2010, at bawat taon na natatapos sa numerong zero pagkaraan, ang Tagasuri ng Estado ay dapat na sapalarang bumunot ng walong pangalan mula sa natitirang listahan ng mga aplikante gaya ng mga sumusunod: tatlo mula sa natitirang napapailalim na listahan ng mga aplikante na nakarehistro sa pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro, tatlo mula sa natitirang napapailalim na listahan ng mga aplikanteng nakarehistro sa ikalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro, at dalawa mula sa natitirang napapailalim na listahan ng mga aplikante na hindi nakarehistro sa alinman sa dalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California na batay sa pagpaparehistro. Ang walong indibidwal na ito ay dapat maglingkod sa Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Disrito.*

*(g) Balo lumampas ang Disyembre 31 sa 2010, at bawat taon na natatapos sa numerong zero pagkaraan, ang walong komisyoner ay dapat magrepaso ng mga natitirang pangalan sa listahan ng mga aplikante at maghirang ng anim na aplikante sa komisyon gaya ng mga sumusunod: dalawa mula sa natitirang napapailalim na listahan ng mga aplikante na nakarehistro sa pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro, dalawa mula sa natitirang napapailalim na listahan ng mga aplikanteng nakarehistro sa ikalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California batay sa pagpaparehistro, at dalawa mula sa natitirang napapailalim na listahan ng mga aplikante na hindi nakarehistro sa alinman sa dalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California na batay sa pagpaparehistro. Ang anim na hinirang ay dapat aprobahan ng hindi kukulangin sa limang sumasang-ayong boto na dapat kabilang ang hindi kukulangin sa dalawang boto ng mga komisyoner na nakarehistro mula sa bawat isa ng dalawang pinakamalaking partidong pampulitika at isang boto mula sa isang komisyoner na hindi kasapi ng alinman sa dalawang pinakamalaking partidong pampulitika. Ang anim na hinirang ay dapat piliin upang tiyakin na ang komisyon ay sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng estado, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkakaiba-iba sa lahi, etniko, heograpiya, at kasarian. Gayunman, hindi hinahangad na ang mga pormula o mga partikular na proporsiyon ay gamitin para sa layuning ito. Ang mga aplikante ay dapat ding piliin batay sa mga kaugnay na kasanayan sa pagsusuri at kakayahang maging walang-kinikilingan.*

*8252.5. Pagkabakante, Pagtanggal, Pagbibitiw, Pagliban sa Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*

*(a) Kung magkaroon ng malaking kapabayaan sa tungkulin, lubhang masamang pagkilos sa katungkulan, o kawalan ng kakayahang gampanan ang mga tungkulin, ang isang miyembro ng komisyon ay maaaring tanggalin ng Gobernador kung may pagsang-ayon ng dalawang-ikatlo ng mga Miyembro ng Senador pagkatapos hainan ng nakasulat ng paunawa at bigyan ng pagkakataon na sumagot. A pasiya ng pagkakaroon ng malaking kapabayaan sa tungkulin o lubhang masamang kilos sa katungkulan ay maaaring magresulta sa pagrekomenda sa Pangkalahatang Abugado para sa pag-uusig na pangkrimen o angkop na ahensiyang pampangasiwaan para sa imbestigasyon.*

*(b) Anumang pagkabakante, nilikha man ng pagtanggal, pagbibitiw, o pagliban, sa 14 na posisyon sa komisyon ay dapat punuan sa loob ng 30 araw pagkatapos mangyari ang pagkabakante, mula sa listahan ng mga aplikante ng ng pagpaparehistro na kapareho ng aalis na nominado na nananatili pagsapit ng Nobyembre 20 sa taon*

*kung saan ang listahan ay itinatag. Kung wala sa mga natitirang aplikante ito na nakahanda para sa serbisyo, dapat punuan ng Tagasuri ng Estado ang pagkabakante mula sa isang bagong listahan na nilikha para sa katulad na kategorya ng pagpaparehistro alinsunod sa Seksiyon 8252.*

*8253. Iba't-ibang Tadhana ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*

*(a) Ang mga aktibidad ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ay napapailalim sa lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Ang komisyon ay dapat sumunod sa Batas na Bagley-Keene sa Bukas na Pulong (Artikulo 9 (nagsisimula sa Seksiyon 11120) ng Kabanata 1 ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2), o ang kapalit nito. Ang komisyon ay dapat magkaloob ng hindi kukulangin sa 14 na araw ng paunawa sa publiko para sa bawat pulong, maliban sa ang pulong na ginaganap sa buwan ng Setyembre sa taon na natatapos sa numerong isa ay maaaring ganapin sa tatlong araw na paunawa.*

*(2) Ang mga rekord ng komisyon tungkol sa pagbabago ng distrito at lahat ng datos na isinasaalang-alang ng komisyon ay mga pampublikong rekord na ilalagay sa isang paraan na tumitiyak ng kaagad at laganap na pampublikong paggamit.*

*(3) Ang mga miyembro ng komisyon at mga tauhan ay hindi maaaring makipag-ugnayan o tumanggap ng mga komunikasyon tungkol sa mga bagay na pagbabago ng distrito mula sa sinuman sa labas ng isang pampublikong pagdinig. Ang talataang ito ay hindi nagbabawal ng komunikasyon sa pagitan ng mga miyembro ng komisyon, mga tauhan, tagapayong pambatas, at mga tagapayong kinuha ng komisyon na ipinahihintulot ng Batas na Bagley-Keene sa Bukas na Pulong o ng kapalit nito sa labas ng isang pampublikong pagdinig.*

*(4) Ang komisyon ay dapat pumili sa pamamagitan ng proseso ng pagboto na itinagibilin sa talataan (5) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 2 ng Artikulo XXI ng Saligang-batas ng California ng isa sa kanilang mga miyembro upang maglingkod bilang tagapangulo at isa upang maglingkod bilang pangalawang tagapangulo. Ang tagapangulo at pangalawang tagapangulo ay hindi dapat mula sa iisang partido.*

*(5) Ang komisyon ay dapat kumuha ng mga tauhan ng komisyon, tagapayong pambatas, at mga tagapayo gaya ng kailangan. Ang komisyon ay dapat magtatag ng malinaw na pamantayan para sa pagkuha at pagtanggal ng mga indibidwal na ito, mga protokol ng komunikasyon, at isang kodigo sa pagkilos. Dapat gamitin ng komisyon ang mga kasalungat na interes na nakalista sa talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 8252 sa pagkuha ng mga tauhan hangga't angkop. Ang Kalihim ng Estado ay dapat magkaloob ng sumusuporatang pagganap sa komisyon hanggang ang mga tauhan at opisina nito ay lubos na nakakaganap. Sinumang indibidwal na kinuha ng komisyon ay dapat na libre mula sa mga iniaatas ng serbisyo sibil ng Artikulo VII ng Saligang-batas ng California. Ang komisyon ay dapat mag-atas na hindi kukulangin sa isa sa mga tagapayong pambatas na kinuha ng komisyon na nagpakita ng malawak na karanasan at kadalubhasaan sa pagpapatupad ng pederal na Batas ng 1965 sa mga Karapatan sa Pagboto (42 U.S.C. Sek. 1971 at kasunod). Ang komisyon ay dapat gumawa ng mga desisyon sa pagkuha, pagtanggal, o pagkontrata ng mga tauhan, abugado, at mga tagapayo sa pamamagitan ng siyam o higit na sumasang-ayong boto kabilang ang hindi kukulangin sa tatlong boto ng mga miyembrong nakarehistro mula sa bawat isa ng dalawang pinakamalaking partido at tatlong boto mula sa mga miyembro na hindi nakarehistro sa alinman sa dalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa California.*

*(6) Sa kabila ang anumang ibang tadhana ng batas, walang tagapag-empleyo na dapat magtanggal, magbanta na magtatangal, mananakot, mamimilit, o gaganti sa isang empleyado dahilan sa pagdalo o nakatakdang pagdalo ng naturang empleyado sa anumang pulong ng komisyon.*

*(7) Ang komisyon ay dapat magtatag at magpatupad ng isang bukas na proseso ng pagdinig para sa ambag ng publiko at pagtalakay na dapat isailalim sa paunawa ng publiko at isulong sa pamamagitan ng isang masusing programang pag-abot upang humimok ng malawak na paglahok ng publiko sa proseso ng pagrepaso ng publiko sa pagbabago ng distrito. Ang proseso ng pagdinig ay dapat kabilang ang mga pagdinig upang tumanggap ng ambag ng publiko bago gumuhit ang komisyon ng anumang mapa at mga pagdinig kasunod ng pagguhit at pagpapakita ng anumang mapa ng komisyon. Bilang karagdagan, ang mga pagdinig ay dapat suplementuhan ng ibang mga aktibidad na angkop upang higit na itaas ang mga pagkakataon para sa publiko na mag-obserba at lumahok sa proseso ng pagrepaso. Ang komisyon ay dapat magpakita ng mga mapa para sa komento ng publiko sa isang paraan na idinisenyo upang makamit ang pinakamalawak na paggamit ng publiko na makatwirang posible. Ang komento ng publiko ay dapat kunin ng hindi kukulangin sa 14 araw mula sa petsa ng pagpapakita sa publiko ng anumang mapa.*

*(b) Ang Lehislatura ay dapat gumawa ng lahat ng hakbang na kailangan upang tiyakin na ang isang kumpleto at tumpak na nakakompyuter na tipunan ng datos ay naitatag upang magkaloob ng daan sa paggamit ng publiko sa mga datos ng pagbabago ng distrito at programa ng kompyuter para sa pagguhit ng mga mapa. Pagkatapos ng pagbuto ng komisyon at hanggang sa pagbuwag dito, dapat iugnay ng Lehislatura ang mga pagsisikap na ito sa komisyon.*

*8253.5. Kabayaran sa Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*

*Ang mga miyembro ng komisyon ay dapat bayaran ng tatlong daang dolyar ($300) para sa bawat araw na ang miyembro ay gumagawa ng gawain ng komisyon. Para sa bawat susunod na komisyon, ang kabayaran ay dapat iakma sa bawat taon na natatapos sa naiipong pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California, o sa kapalit nito. Ang mga miyembro ng panel at ng komisyon ay karapat-dapat para sa pagbabayad ng mga personal na gugulin na kaugnay ng mga tungkuling ginampanan alinsunod sa batas na ito. Ang tirahan ng isang miyembro ay itinuturing na istasyon ng tungkulin ng miyembro para sa mga layunin ng pagbabayad ng mga gugulin.*

*8253.6. Badyet, Pangangasiwa ng Pananalapi ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*

*(a) Noong 2009, at bawat taon na natatapos sa siyam pagkaraan, dapat isama ng Gobernador sa Badyet ng Gobernador na isinusumite sa Lehislatura alinsunod sa Seksiyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California ang mga halaga ng pagpopondo para sa Tagasuri ng Estado, Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito, at sa Kalihim ng Estado na sapat upang matugunan ang mga tinatantiyang gugulin ng bawat isa sa mga opisyal o entidad sa pagpapatupad ng proseso ng pagbabago ng distrito na iniaatas ng batas na ito para sa tatlong taon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, hindi sapat na pagpopondo para sa pambuong-estadong programang pag-abot upang humimok ng malawak na paglahok ng publiko sa proseso ng pagbabago ng distrito. Ang Gobernador ay dapat ding gumawa ng sapat na espasyo ng opsina na makukuha para sa pagpapatakbo ng komisyon. Ang Lehislatura ay dapat gumawa ng kailangang paglalaan sa Batas sa Badyet, at ang paglalaan ay dapat makuha sa buong tatlong taon. Ang ginawang paglalaan ay dapat na kapantay ng mas malaki sa tatlong milyong dolyar ($3,000,000), o ang halagang ginasta alinsunod sa subdibisyong ito sa kaagad na kasunod na proseso ng pagbabago ng disrito, habang ang bawat halaga ay iniaakma ng naiipong pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California, o ang kapalit nito, mula sa petsa ng kaagad na sumusunod sa paglalaang ginawa alinsunod sa subdibisyong ito. Ang Lehislatura ay maaaring gumawa ng mga karagdagang paglalaan sa anumang taon kung saan ipinasiya nito na ang komisyon ay nangangailangan ng karagdagang pagpopondo upang matupad ang mga tungkulin nito.*

*(b) Ang komisyon, na may pangangasiwa ng pananalapi mula sa Kagawaran ng Pananalapi o ang kapalit nito, ay dapat magkaroon ng awtoridad sa pagkuha at pagkontrata at maaaring kumuha ng tauhan at mga tagapayo, libre sa mga iniaatas na serbisyo sibil ng Artikulo VII ng Saligang-batas ng California, para sa mga layunin ng batas na ito, kabilang ang legal na pagkatawan.*

SEK. 5. Mga Magkasalungat na Proposisyon sa Balota.

(a) Kung ang panukalang-batas na ito at ang ibang (mga) panukalang-batas na may kaugnayan sa pagbabago ng distrito ng Senado, Asembleya, kongreso, o Lupon ng Pagpapantay ay inaprobahan ng karamihan ng mga botante sa iisang eleksiyon, at ang panukalang-batas na ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto kaysa anumang ibang naturang (mga) panukalang-batas, ang panukalang-batas na ito ay dapat kumontrol sa kabuuan nito at ang ibang (mga) panukalang-batas ay dapat ipasiyang walang-bisa at walang anumang legal na epekto. Kung ang panukalang-batas na ito ay inaprobahan ng isang mayoriya ng mga botante pero hindi tumanggap ng maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto kaysa ibang (mga) panukalang-batas, ang panukalang-batas na ito ay dapat magkabisa sa abot ng ipinahihintulot ng batas.

(b) Kung ang anumang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay pinawalang-saysay ng mga tadhana ng anumang ibang kasalungat na panukalang-batas na inaprobahan ng mga botante at tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto sa iisang eleksiyon, at ang kasalungat na panukalang-batas sa huli ay ipinasiyang walang-bisa, ang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay dapat na nagpapatupad sa sarili at dapat bigyan ng buong puwersa ng batas.

SEK. 6. Kakayahang Ihiwalay.

Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit.

## PROPOSISYON 12

Ang batas na itong iminumungkahi ng Panukalang-batas ng Senado 1572 ng Regular na Sesyon ng 2007-2008 (Kabanata 122, Mga Batas ng 2008) ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Militar at mga Beterano; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Ang Artikulo 5x (nagsisimula sa Seksiyon 998.400) ay idinaragdag sa Kabanata 6 ng Dibisyon 4 ng Kodigo sa Militar at mga Beterano, upang mabasang:

*Artikulo 5x. Batas sa Bono ng 2008 Para sa mga Beterano*

*998.400. Ang artikulong ito ay maaaring tawaging Batas sa Bono ng 2008 Para sa mga Beterano.*

*998.401. (a) Ang Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), maliban kung itinatadhana rito, ay pinagtibay para sa layuning pag-isyu, pagbebenta, at muling pagbabayad ng, at nagtatadhana ng tungkol sa, mga bonong inawtorisang ipalabas ng artikulong ito, at ang mga tadhana ng batas na ito ay kasama sa artikulong ito na waring buong nakalagay sa artikulong ito. Lahat ng pagtukoy sa artikulong ito sa "dito" ay tumutukoy pareho sa artikulo at sa batas na iyon.*

*(b) Para sa mga layunin ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, ang Kagawaran ng mga Gawain ng Beterano ay itinalagang ang lupon.*

*998.402. Gaya ng pagkakagamit dito, ang mga sumusunod na salita ay may mga sumusunod na kahulugan:*

*(a) "Lupon" ay nangangahalugang Kagawaran ng mga Gawain ng Beterano.*

*(b) "Bono" ay nangangahulugang bono para sa mga beterano, isang pangkalahatang obligasyong bono ng estado, inisyu alinsunod sa artikulong ito na ginagamit ang Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono.*

*(c) "Batas sa bono" ay nangangahulugang ang artikulong ito na nag-aawtorisa ng pag-isyu ng mga pangkalahatang obligasyong bono at ginagamit ang Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono sa pamamagitan ng reperensiya.*

*(d) "Komite" ay nangangahulugang ang Komite ng 1943 sa Pananalapi ng mga Beterano, itinatag ng Seksiyon 991.*

*(e) "Pondo" ay nangangahulugang ang Pondo ng 1943 ng Pagtatayo ng Bukid at Bahay ng Beterano, itinatag ng Seksiyon 988.*

*998.403. Para sa layuning lumikha ng pondo upang magkaloob ng tulong na bukid at bahay para sa mga beterano alinsunod sa Batas ng 1974 para sa Pagbili ng Bukid at Bahay ng mga Beterano (Artikulo 3.1 (nagsisimula sa Seksiyon 987.50)), at sa lahat ng batas na pansusog at pantulong dito, ang komite ay maaaring lumikha ng utang o mga utang, liabilidad o mga liabilidad, ng Estado ng California, sa kabuuang halagang hindi lalampas sa siyam na raang milyong dolyar ($900,000,000), hindi kasama ang mga muling binabayarang bono, sa paraang itinatadhana rito.*

*998.404. (a) Lahat ng bonong inawtorisa ng artikulong ito, kapag naibenta at inihatid gaya ng nakatadhana rito, ay bumubuo ng may-bisa at legal na mga pangkalahatang obligasyon ng Estado ng California, at ang buong katapatan at kredito ng Estado ng California ay ipinapangako para sa napapanahong pagbabayad pareho ng prinsipal at interes nito.*

*(b) Mayroong dapat kulektahin taun-taon, sa katulad na paraan at kasabay ng pagkulekta sa ibang kita ng estado, na isang halaga, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, sapat upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong ito gaya ng itinatadhana rito, at lahat ng opisyal na inaatasan ng batas na gampanan ang anumang tungkulin tungkol sa pagkulekta ng mga kita ng estado ay dapat kulektahin ang karagdagang halagang ito.*

*(c) Sa mga petsang ang mga pondo ay ipadadala alinsunod sa Seksiyon 16676 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa pagbabayad sa dumarating ng serbisyo sa utang sa mga bono sa bawa't piskal na taon, dapat ilipat sa Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang serbisyo sa utang ang lahat ng pera sa pondo, hindi lalampas sa halaga ng serbisyo sa utang na dapat na at makakayang bayaran. Kung ang perang inilipat sa mga petsa ng pagpapadala ay kulang sa serbisyo sa utang na dapat na at makakayang bayaran, ang balanseng hindi pa nababayaran ay dapat ilipat sa Pangkalahatang Pondo mula sa pondo kapag makukuha na ito, kasama ng interes sa mga ito mula sa mga petsa ng pagpapadala hanggang sa pagbabayad, sa interes na katulad ng tinaglay ng mga bono, kinuwenta tuwing kalahating taon. Sa kabila ng anumang kasalungat na tadhana ng batas, ang subdibisyong ito ay dapat umaplay sa lahat ng batas sa bono sa pagbili ng bukid at bahay ng mga beterano alinsunod sa kabanatang ito. Ang subdibisyong ito ay hindi naggagawad ng anumang lien sa pondo o mga pera rito sa mga humahawak ng anumang mga bonong inisyu sa ilalim ng artikulong ito. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang "pagseserbisyo ng utang" ay nangangahulugang ang prinsipal (dapat mang bayaran sa maturidad, sa pamamagitan ng pagtubos, o pagpapabilis), na hulog, kung mayroon, o interes na babayaran sa anumang petsa tungkol sa anumang serye ng mga bono. Ang subdibisyong ito ay hindi dapat umaplay, gayunman, sa kaso ng anumang pagseserbisyo ng utang na babayaran mula sa mga nalikom sa anumang muling nagbabayad na mga bono.*

*998.405. Mayroong inilaan mula sa Pangkalahatang Pondo, para sa mga layunin ng artikulong ito, na isang halagang magiging kapantay pareho ng mga sumusunod:*

*(a) Ang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inisyu at ibinenta gaya ng itinatadhana rito, kapag ang prinsipal at interes ay dapat na at makakayang bayaran.*

*(b) Ang halagang kailangan upang isakatuparan ang Seksiyon 998.406, inilaan nang walang pagsasaalang-alang sa mga taong piskal.*

*998.406. Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang Direktor ng Pananalapi, sa pamamagitan ng utos ng tagapagpaganap, ay maaaring mag-awtorisa ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng halagang hindi lalampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite upang ibenta alinsunod sa artikulong ito. Anumang halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Lahat ng perang makukuha ng lupon sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat ibalik ng lupon sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang interes na dapat sanang kitain ng mga halaga sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi, mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito.*

*998.407. Maaaring humiling ang lupon sa Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi upang magpautang mula sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi, alinsunod sa Seksiyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa mga layuning isakatuparan ng artikulong ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat lumampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito. Ang lupon ay dapat magsagawa ng anumang dokoumentong iniaatas ng Lupon sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi upang makuha at mabayaran ang utang. Anumang halagang ipinautang ay dapat ideposito sa pondo upang ilaan ng lupon alinsunod sa artikulong ito.*

*998.408. Sa kahilingan ng lupon, suportado ng isang pahayag ng mga plano at proyekto nito na inaprobahan ng Gobernador, ang komite ay dapat magpasiya kung mag-iisyu ng anumang mga bonong inawtorisa sa ilalim ng artikulong ito upang isakatuparan ang mga plano at proyekto ng lupon, at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong ipalalabas at ibebenta. Ang mga kasunod na pag-isyu ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang isakatuparan ang mga plano at proyekto nang pasulong, at hindi kailangang ipalabas at ibenta ang lahat ng bono sa isang panahon.*

*998.409. Habang ang anumang mga bonong inawtorisa sa ilalim ng artikulong ito ay hindi pa nababayaran, ang Kalihim ng mga Gawain ng mga Beterano ay dapat, sa pagtatapos ng bawat piskal na taon, na mag-atas ng isang pag-aaral ng kalagayan ng pananalapi ng Dibisyon ng mga Pagbili ng Bukid at Bahay, kasama ng mga inaasahan sa mga operasyon ng dibisyon, upang gawin ng isang independiyenteng pampublikong tagapagtuos na may magandang reputasyon. Ang mga resulta ng bawa't pag-aaral at inaasahan ay dapat iulat sa sulat ng kontador publiko sa Kalihim ng mga Gawain ng mga Beterano, sa Lupon ng mga Beterano ng California, sa angkop na mga komite sa patakaran na humaharap sa mga gawain ng mga beterano sa Senado at Asembleya, at sa komite.*

*Dapat bayaran ng Dibisyon ng mga Pagbili ng Bukid at Bahay ang pampublikong tagapagtuos sa mga serbisyong ito ng salaping makukuha ng dibisyon sa nakadeposito sa Ingat-yaman.*

*998.410. Ang komite ay maaaring mag-awtorisa sa Ingat-yaman na ibenta ang lahat o bahagi ng mga bonong inawtorisa ng artikulong ito sa oras o mga oras na itinatag ng Ingat-yaman.*

*Tuwing ipapalagay ng komite na kailangan para sa isang epektibong pagbebenta ng mga bono, ang komite ay maaaring mag-awtorisa sa Ingat-yaman na magbenta ng anumang isyu ng mga bono sa mas mababa sa kanilang pangkaraniwang halaga, sa kabila ng Seksiyon 16754 ng Kodigo ng Pamahalaan. Gayunman, ang diskuwento sa mga bono ay hindi dapat lumampas sa 3 porsiyento ng pangkaraniwang halaga nito.*

*998.411. Mula sa unang salaping nakuha sa pagbebenta ng mga bono gaya ng itinatadhana rito, kailangang ideposito sa Umiinog na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono, na itinatag ng Seksiyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang halaga ng lahat ng paggastang ginawa para sa mga layuning tinukoy sa seksiyong iyon, at ang salaping ito ay maaaring gamitin para sa katulad na layunin at bayaran sa katulad na paraan tuwing gagawin ang mga karagdagang pagbebenta ng bono.*

*998.412. Anumang mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa artikulong ito ay maaaring muling bayaran alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang pag-aproba ng mga botante sa pag-isyu ng mga bono sa ilalim ng artikulong ito ay kasama ang pag-aproba ng pag-isyu ng mga bonong inisyu upang muling bayaran ang mga bonong orihinal na inisyu o anumang dating inisyung mga bonong muling nagbabayad.*

*998.413. Sa kabila ng anumang tadhana ng batas sa bono, kung ang Ingat-yaman ay magbenta ng mga bono sa ilalim ng artikulong ito kung saan ang tagapayo sa bono ay naglabas ng opinyon na ang interes sa mga bono ay hindi isasama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa kita, napapailalim sa anumang mga kondisyon na maaaring italaga, ang Ingat-yaman ay maaaring magtatag ng magkakahiwalay na kuwenta para sa pamumuhunan ng mga nalikom sa bono at para sa mga kita sa mga nalikom na ito, at maaaring gamitin ang mga nalikom o kinitang ito upang bayaran ang anumang pagsasauli, multa, o iba pang kabayarang iniaatas ng pederal na batas o gumawa ng anumang ibang aksiyon tungkol sa pamumuhunan at gamitin ng mga nalikom sa bono na iniatas o ipinahihintulot sa ilalim ng pederal na batas na kailangan upang mapanatili ang kalagayang di-saklaw ng buwis ng mga bono o upang kumuha ng anumang ibang pakinabang sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.*

*998.414. Pinagpasiyahan at ipinahahayag ng Lehislatura na, sa dahilang ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng artikulong ito ay hindi "mga nalikom sa mga buwis" kung paano ginamit ang katawagang ito sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, ang pamamahagi ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyonng ipinataw ng Artikulo XIII B.*

## Mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na Nasa Malalaking Letra at Audio

Ang Sekretarya ng Estado ay nagkakaloob ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante sa malalaking-letra at pormang audio para sa mga may kapansanan sa paningin sa Ingles, Tsino, Hapon, Koreano, Espanyol, Tagalog, at Biyetnamis.

Upang makahiling ng bersiyon sa malalaking letra o audio-cassette ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_vig_altformats.htm* o tawagan ang walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957.

Para sa maaaring i-download na bersiyong audio ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante, pumunta sa *www.voterguide.sos.ca.gov/audio/*.

---

## Kumita ng Pera at Gumawa ng Pagkakaiba . . . Maglingkod Bilang Manggagawa sa Botohan sa Araw ng Eleksiyon!

Bilang karagdagan sa pagkuha ng aktuwal na karanasan sa mga kasangkapan ng ating demokrasya, ang mga manggagawa sa botohan ay maaaring kumita ng ekstrang pera para sa kanilang mahalagang serbisyo sa Araw ng Eleksiyon.

Maaari kang maglingkod bilang isang manggagawa sa botohan kung ikaw ay:

- Isang nakarehistrong botante, o
- Isang estudyante sa mataas na paaralan na:
  - isang mamamayan ng Estados Unidos;
  - hindi kukulangin sa 16 na taong gulang sa panahon na ikaw ay maglilingkod;
  - may pangkalahatang marka na hindi kukulangin sa 2.5; at
  - isang estudyanteng may magandang katayuan sa isang pampubliko o pribadong paaralan.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisyal sa mga eleksiyon o tumawag sa 1-800-339-2957 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging isang manggagawa sa botohan.

Kung ikaw ay isang empleyado ng pamahalaan ng estado, maaari kang magbakasyon sa trabaho, nang hindi mawawalan ng suweldo, upang maglingkod bilang manggagawa sa lugar ng botohan kung magbibigay ka ng sapat na paunawa sa iyong departamento at inaprobahan ng iyong superbisor ang kahilingan.

---

## Impormasyon Tungkol sa Pagpaparehistro ng Botante

Ang pagpaparehistro upang makaboto ay umaabot ng ilang minuto lamang at, salamat sa Pambansang Batas sa Pagpaparehistro ng Botante (NVRA), madali kang makakakuha ng mga porma ng pagpaparehistro sa maraming lugar sa buong estado. Ang NVRA ay ipinasa ng Kongreso at pinirmahan upang maging batas ni Presidente Clinton noong 1993. Tinatawag din na batas na "Motor na Botante," ang NVRA ay nag-aatas sa Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor at maraming ahensiya ng pamahalaan na magbigay sa mga tao ng pagkakataon na magparehistro upang makaboto. Upang magparehistro upang makaboto ikaw ay dapat na isang mamamayan ng Estados Unidos, isang residente ng California, hindi kukulangin sa 18 taong gulang sa Araw ng Eleksiyon, at wala sa bilangguan o wala sa parol para sa napatunayang felony.

Upang humiling ng isang porma ng pagpaparehistro ng botante o upang malaman kung ikaw ay nakarehistro na para makaboto, tawagan lamang ang opisina sa mga eleksiyon ng inyong county o ang walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957, o bisitahin ang *www.sos.ca.gov*. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa NVRA at mga pagsisikap ng Sekretarya ng Estado na tulungan ang mga ahensiya at mga opisyal sa mga eleksiyon ng county sa pagsunod dito, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/*.

# BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

1. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay isang balidong rehistradong botante.

   Ang kahulugan ng isang rehistradong botante ay isang mamamayan ng Estados Unidos na nakatira sa estadong ito, na may edad na hindi kukulangin sa 18 taon at wala sa bilangguan o nasa paglayang may-pasubali para sa napatunayang krimen, at nakarehistro na bumoto sa kaniyang kasalukuyang tirahan.
2. Ikaw ay may karapatang bumoto ng isang probisyonal na balota kung ang iyong pangalan ay hindi nakalista sa mga talaan ng bumoboto.
3. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay nasa lugar at nakapila sa lugar ng pagbobotohan bago magsara ang botohan.
4. Ikaw ay may karapatang bumoto ng sekretong balota na malaya sa pananakot.
5. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng isang bagong balota kung, bago ka bumoto, naniniwala ka na ikaw ay nagkamali.

   Kung sa anumang oras bago ka bumoto, naniniwala ka na ikaw ay nagkamali, ikaw ay may karapatang magpalit ng iyong nasirang balota para sa isang bagong balota. Ang mga botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo ay maaari ring humiling at tumanggap ng bagong balota kung ibinalik nila ang kanilang nasirang balota sa isang opisyal ng mga eleksiyon bago magsara ang botohan sa araw ng eleksiyon.
6. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng tulong sa pagboto, kung ikaw ay hindi makaboto nang walang tulong.
7. Ikaw ay may karapatang magsauli ng isang nakumpletong balota ng bumoboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang presinto sa county.
8. Ikaw ay may karapatan sa mga materyal ng eleksiyon sa ibang lengguwahe, kung may sapat na mga residente sa iyong presinto upang magarantiyahan ang paggawa.
9. Ikaw ay may karapatang magtanong tungkol sa mga pamamaraan ng eleksiyon at magmanman sa proseso ng eleksiyon.

   Ikaw ay may karapatang magtanong sa lupon ng presinto at mga opisyal ng mga eleksiyon tungkol sa mga pamamaraan ng eleksiyon at tumanggap ng kasagutan o idirekta sa naaangkop na opisyal para sa sagot. Gayunman, kung ang walang-tigil na pagtatanong ay nakakaistorbo sa pagsagawa ng kanilang tungkulin, ang lupon o mga opisyal ng mga eleksiyon ay maaaring huminto sa pagsagot sa mga tanong.
10. Ikaw ay may karapatang mag-ulat ng anumang hindi legal o may-panlilinlang na aktibidad sa isang lokal na opisyal ng mga eleksiyon o sa Tanggapan ng Sekretarya ng Estado.

---

**Kung sa paniniwala mo ay tinanggihan ka ng anuman sa mga karapatang ito, o kung may nalalaman kang pandaraya o maling kilos sa eleksiyon, mangyaring tumawag sa kompidensiyal na walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957.**

---

Ang impormasyon sa iyong sinumpaang pahayag na rehistrasyon ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng mga eleksiyon upang padalhan ka ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, kagaya ng lokasyon ng iyong lugar ng pagbobotohan at ang mga isyu at kandidato na makikita sa balota. Ang pang-komersiyong paggamit ng impormasyon ng rehistrasyon ng botante ay ipinagbabawal ng batas at ito ay pagkakasala. Ang impormasyon ng botante ay maaaring ibigay sa isang kandidato para sa katungkulan, isang komite ng panukalang-batas sa balota, o iba pang mga tao para sa mga layuning nauukol sa eleksiyon, pag-aaral, pamamahayag, pampulitika, o pamahalaan, na pinagpasiyahan ng Sekretarya ng Estado. Ang lisensiya sa pagmamaneho at numero sa panlipunang seguridad, o ang iyong pirma na makikita sa iyong kard ng rehistrasyon ng botante, ay hindi maaaring ipamigay para sa mga layuning ito. Kung ikaw ay may anumang mga tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o nais mong iulat ang pinaghihinalaaang maling paggamit ng ganitong impormasyon, mangyaring tumawag sa Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957.

Ang mga partikular na botanteng humaharap sa mga sitwasyon na may panganib sa buhay ay maaaring kuwalipikado para sa kompidensiyal na katayuan ng botante. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang programang Safe at Home ng Sekretarya ng Estado na walang-bayad sa 1-877-322-5227 o bisitahin ang Web site ng Sekretarya ng Estado sa *www.sos.ca.gov*.

**California Secretary of State**
**Election Division**
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY OF STATE

# CALIFORNIA PANGKALAHATANG ELEKSIYON

www.voterguide.sos.ca.gov

## OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Tandaang Bumoto!
**Martes, Nobyembre 4, 2008**
Ang mga pagbobotohan ay bukas mula
7:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi.

**Oktubre 6**
Unang Araw upang mag-aplay para bumoto sa pamamagitan ng balota ng bumoboto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 20**
Huling araw upang magparehistro para bumoto.

**Oktubre 28**
Huling araw na ang mga opisyal ng mga eleksiyon ng county ay tatanggap ng anumang aplikasyon para bumoto sa pamamagitan ng balota ng bumoboto sa pamamagitan ng koreo.

**Nobyembre 4**
Huling araw upang mag-aplay para sa isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo nang personal sa opisina ng opisyal sa mga eleksiyon ng inyong county.

Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa alinman sa mga sumusunod na lengguwahe, mangyaring tumawag:

**English:** 1-800-345-VOTE (8683)
**Español/Spanish:** 1-800-232-VOTA (8682)
日本語 **/Japanese:** 1-800-339-2865
Việt ngữ **/Vietnamese:** 1-800-339-8163
**Tagalog:** 1-800-339-2957
中文**/Chinese:** 1-800-339-2857
한국어**/Korean:** 1-866-575-1558
**TDD:** 1-800-833-8683

Sa pagsisikap na mabawasan ang gastos sa eleksiyon, inawtorisa ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala sa koreo ng isang patnubay lamang sa mga tirahan kung saan mahigit na isang botante na may parehong apelyido ay nakatira. Maaari kayong kumuha ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal sa mga eleksiyon ng inyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-339-2957.

OSP 08 109507 T